??1 : ????, ????, ????? (?x?)

by Mastah_K

Completed

MASTAH_K
Live Love Laugh
A WATTPAD NOVEL

Table of Contents

1. ?
2. CHAPTER 1
3. CHAPTER 2
4. CHAPTER 3
5. CHAPTER 4
6. CHAPTER 5
7. CHAPTER 6
8. CHAPTER 7
9. CHAPTER 8
10. CHAPTER 9
11. CHAPTER 10
12. CHAPTER 11
13. CHAPTER 12
14. CHAPTER 13
15. CHAPTER 14
16. CHAPTER 15
17. CHAPTER 16
18. CHAPTER 17
19. CHAPTER 18
20. CHAPTER 19
21. CHAPTER 20
22. CHAPTER 21
23. CHAPTER 22
24. CHAPTER 23
25. CHAPTER 24
26. CHAPTER 24.1
27. CHAPTER 25
28. CHAPTER 26 (HOLY CHAPTER)
29. CHAPTER 27
30. CHAPTER 28

31. CHAPTER 29
32. CHAPTER 30
33. CHAPTER 31
34. CHAPTER 32
35. CHAPTER 33
36. CHAPTER 34
37. CHAPTER 35
38. CHAPTER 36
39. CHAPTER 37
40. CHAPTER 38
41. EPILOGUE

?

KINDLY READ FIRST:
Favorite Girl (Completed)

-

This is a fictional work. All names, events, and locations were created entirely by author Shrek's mind. Any similarity to people, locations, or events is entirely coincidental.

Expect grammatical errors, misspellings, typos, and so on. Please correct me if I'm wrong.

Rochelle Love Vequezo

Ziallyn Blianc Ponferrada
RED : XiongZaiOK

CHAPTER 1

A/N: New version.

ROCHELLE LOVE

-

"Why? Bakit kailangan ko ulit masaktan at masaksihan to? Ang sakit makita si J kayakap ng iba. That should be me, R, ako dapat ang kasama nya at hindi pinsan ko." puno ng pait at sakit ang boses ni Pixie habang tinatanaw ang pinsan ko mula sa madilim na bahagi ng lugar.

Watching the woman she loves crying and hugging someone else. Kahit ako nasasaktan sa nakikita ngunit hindi ko rin ito masisisi dahil alam kong napamahal na sa kanya si Ziallyn,

"Pie" mahina kong bulong at pilit pinapatahan ang babaeng kanina pa umiiyak habang nakamasid sa dalawa. Matagal din n'yang hinanap si SJ tapos malalaman n'ya na lang may gusto na itong iba at ang pinsan pa nya..

"I-It feels like someone's stabbing me, ang sikip sa dibdib. I don't know kung kakayanin ko pa tiisin ang lahat." marahan ko syang hinila at niyakap. Gusto ko tuloy sugurin ang pinsan ko at suntukin. Gusto ko sabihin na nandito ang totoo nyang mahal.

"It's okay pie, may dahilan ang lahat. Umalis na tayo kesa manatili at pinapatay ang sarili mo dahil sa mga masasakit na nakikita." hinawakan ko sya sa kamay, pilit hinihila palayo ngunit walang lakas ang mga paa nitong humakbang.

I heaved a sigh. "Pie," sambit ko. As much as possible ayaw ko makitang may nasasaktan sa kanila. Bakit ba kasi nagkaganito ang lahat?

"Let's go to sekong." She sounds so broken. Tumango nalang ako bilang tugon sa kanya at inalalayan papasok ng sasakyan.

"Sekong what? anong lugar yan? Pagkain?" I'm baffled.

"My cousin's place. I'll tell you the direction, just drive." wala sa gana nyang sagot bago pinaandar ang stereo.

Akala ko malapit lang ang sekong na tinukoy nya pero inabot kami ng isang oras sa byahe para lang marating ang lugar. Hindi man lang ako hinintay ni Pie at nauna pumasok bago ko pa man na park ang sasakyan.

Pagpasok ko ay nakita kong may kausao si Pixie, isang magandang babae na kasing tangkad lang nya. Ang ingay naman sa lugar na to, I didn't expect na mahilig sya sa club?

"Pie" tawag ko sa kanya kaya napalingon silang dalawa.

"Oh? Sino tong magandang kasama mo Pixie?" tanong ng kasama nyang babae.

"Introduce yourself." lihim ko sya inikutan ng mga mata. Pareho sila ng babaeng mahal nya, sarap nila

pag untugin dalawa.

"Good evening, miss, my name is Rochelle," pakilala ko sa sarili at inabot ang kamay sa kanya

"I'm Niks, pie's cousin." sagot nya at nakipagkamay sa akin.

"Nice to meet you. I'll excuse myself first, may tatawagan ako." paalam ko sa kanila at kaagad lumabas kasi sobrang ingay sa loob.

Dinukot ko ang phone sa bulsa at kaagad tinawagan ang magaling kong pinsan. Wala akong balak maging babysitter ng isang lasing tonight! Tagal naman sumagot nitong gaga na to! Di pa ba sila tapos ni Ziallyn?!

"**Sj, asan ka ba?**" Agad kong tanong sa kanya, sana nga lang nasa bahay na to.

"**House**." sagot nya, buti nalang at nakauwi na.

"**Punta ka rito sa sekong, alam mo ba tong lugar na to?**"diretso kong sabi sa kanya.

"**Yes I know, why?**"

"**Punta ka, hindi ko alam ang gagawin kay pie, may balak yata mag lasing dahil nakita ka kayakap si Ziallyn kanina**." sagot ko.

"**Nandyan ba si Nik?**"

"**Yes, magkausap sila ni pie.**"sa tingin ko naman mabilis na lang siya makakarating dahil wala na masyadong mga sasakyan bumabyahe sa oras na to.

"**Okay, pupunta na ako."** di ko pa man nasasagot ay pinatayan na ako ng tawag.

Pagbalik ko sa loob nag-iisa na lang si pie sa table at nilulunod ang sarili sa alak. May balak nga talaga siya maglasing.

"Pie," tawag ko at umupo sa kanyang tabi.

"I just wanna ask, why, R? sa daming tao bakit ako pa nakalimutan nya?" ayan na naman sya at lumuluha.

I can't imagine na si Pixie tong kasama ko. Sobrang lamig at wala syang pakialam sa ibang tao pero pagdating sa pinsan ko daig pa ang natunaw na ice cream. Kumuha na rin ako ng maiinom, hindi naman pwede sya lang mag-isa nagpapakasarap sa alak.

"Bakit ako tinatanong mo Pie? Ako ba si Sj para masagot ang tanong mo?" sagot ko sa kanya. Kaagad nya ako tinapunan ng masamang tingin, tingin na nakakamatay.

"Pareho lang kayo." iritado nyang salita.

"Ou naman, kambal din kaya kami hindi mo ba alam?" pagbibiro ko at taas baba ng mga kilay upang gumaan naman kahit konti pakiramdam.

"Twin my ass." suplada talaga, hindi na nagbago pagdating sa akin.

Magsasalita pa sana ako nang biglang mahagip ng mata ko ang isang pamilyar na babae. Hindi ako nagkakamali sa nakita ko, alam kong sya yun at anong ginagawa nya rito?

"I think I saw your cousin, pie," sabi ko sa katabi ko.

"Who?"

"Ziallyn," tumingin sya sa paligid at hinanap ang babaeng binanggit ko ngunit wala na ito.

"I thought she's with your cousin?" pati sya nagtataka kung bakit nandito pinsan nya.

"Wait, tignan ko kung sya ba talaga nakita ko." sabi ko at nagmamadaling lumabas. Palabas na kasi ata s'ya nong makita ko s'ya.

Pagdating ko sa labas ay wala kahit anino ni Ziallyn akong nakita. Umuwi na siguro pero nanatili muna ako ng ilang minuto baka kasi nandito pa sya sa paligid pero lumipas ang 20 minutes ay walang Ziallyn akong nakita. Bumalik nalang ako sa loob at baka may mga unggoy ang umaaligid kay Pixie, lapitin pa naman ng mga aswang yun.

Liliko na sana ako nang bigla ko nakita si Ziallyn sa kabilang side, umiinom at mag-isa. Bakit nandito sya at wala ba syang kasama? di ba nya alam na sobrang delikado sa lugar na to na puro lalaki ang customers?

Kumunot ang noo ko nang makita ang ibang kalalakihan na sinusubukan kunin ang kanyang atensyon. Too bad for them, hindi sila nito pinansin. Mabilis ko syang nilapitan, mahirap na at maraming masasamang tao ngayon sa mundo.

"Kitten." tawag ko na may malawak na ngiti sa aking labi ngunit blangko lang ako nitong tinitigan. Literal na blangko. Wala kahit anumang ekspresyon akong nakikita!

Hinarap ko ang tatlong lalaki na kanina pa pilit kinakausap si Ziallyn.

"May kailangan kayo sa girlfriend ko?" aminin ma natin na lumagpas pero para rin naman sa kanya tong ginagawa kong pambabakod. I crossed my arms and tilted my head.

"Nothing sorry." sagot ng isa sa kanila at dali-dali hinatak palayo ang dalawang kasama.

Sinulyapan ko naman ang babaeng nakaupo lang dito sa gilid ko. Nakakrus mga binti, tulalang pinagmamasdan ang hawak nyang glass of wine at malalim ang iniisip. I'm sure si Sj nasa isipan nya ngayon, sino pa ba?

Mukha syang inosente tignan pero grabe ang dating at karisma ng babaeng to. Hindi ko inaakala isang tulad nya mahuhulog din kay Sj, di kasi halata sa mukha na nagkakagusto sa babae.

"Hello, kitten," pag agaw ko sa atensyon nya.

Hindi niya ako pinapansin.

Ano ba ginagawa ng pinsan ko pag ganitong sitwasyon? Kukulitin? Aasarin? O hahalikan para magtagumpay makuha ang atensyon? pero vawal tayo sa last option at baka masampal tayo ng wala sa oras. Actually, bawal talaga lahat nasa options dahil hindi naman kami close at medyo panget din first encounter namin dahil doon sa seafood na binigay ko kay SJ.

I sighed.

"Kitten?" tawag ko ulit sa kanya. Para kasi siyang pusa, inosente lang sa mukha pero nakakatakot pag nagalit. Nangangalmot kaya s'ya? masakit ba sya mangalmot? pero nagpapakalmot lang ako sa kama.

Finally at nag angat na sya ng paningin sa akin. Tumaas ang isang kilay nya the moment she saw me standing next to her. Pambihira, bakit ako kinakabahan sa kanya?

"Wow, you have the audacity to show me your face? Who the hell are you?" napalunok ako ng pilit sa sobrang lamig at sarkasyiko ng kanyang boses. Bakit pakiramdam ko malaki atraso ko sa kanya? dahil lang sa seafood nagkaganyan sya?

Wow who you...

Pilit akong ngumiti. "Your future wife, kitten," I guess that was a bad choice of words? pinapaulanan nya na ako ng mga nakakamatay na tingin.

"I don't have time for you. Stop pestering me, and get lost." ang lakas ng kabog ng puso ko. Mas nakakatakot pa pala sya compare kay pie. Lasing na ba sya? hindi pa naman ganun ka dami nainom nya pero sa tingin ko lasing na talaga ang kuting na to.

Paano ba to nalampasan ni Sj? Hindi ko alam paano paamuhin ang isang Ponferrada!

Hindi ko nalang pinansin ang sinabi n'ya.

"Where's my cousin, kitten?" tanong ko at umupo sa kanyang tabi. Napakamot ako sa aking ulo dahil wala man lang itong sagot sa tanong ko.

"Kamusta date nyo?" muli kong tanong at naghintay ng ilang minuto pero wala talaga syang sagot!

Ilang segundo pa ay napansin ko ang palihim nyang pagpunas sa kanyang mga mata. Hindi man sabihin pero alam ko ang dahilan ng mga luhang yan. I'm aware of everything, talagang mahal nya ang pinsan ko.

Hays.

"Kailangan mong mag move on." I uttered.

Hindi na ako umasa sasagot sya. Napagdaanan ko na rin ang sitwasyon nya ngayon at talagang masakit tanggapin lalo na at napamahal na sayo yung tao.
Ang mag mahal ng taong hindi kayang ibalik ang pagmamahal dahil may mahal na itong iba.

"You must go forward. There's no use going in circles for someone if there's no reward." sa pagkakataon na ito ay lumingon na sya sa akin.

"You won't be able to move forward if you keep thinking about her. She can still exist in your heart, but you must let her go." ganyan din ako noon at alam ko naman hindi madali. Madaling sabihin pero mahirap gawin.

"You can't undo what has already happened, therefore you must accept it. Someone once told me that it's better to suffer the misery of walking away than the agony of feeling trapped because you stayed." parang kausap ko lang din sarili ko, sige Rochelle, push mo yan at konting kembot pa.

Hays.

"No one truly moves on until they meet someone they care about more. Malay mo, ako na pala ang taong para sayo?" lakas loob kong sabi sa kanya at nakinom narin dahil bigla akong nahiya sa huling kong sinabi. Pambihira at ang kapal ng mukha mo Rochelle Love,

"Wala kang alam kaya manahimik ka." aray naman at masakit yun, siya na nga tong kino-comfort.

Di ko nalang pinansin ang sinabi nya. "Okay lang ba?" tanong ko matapos ubusin ang isang baso. Makikitagay muna si mareng RL, kawawa naman si kuting at nag-iisa.

"Don't state the obvious." may saltik ba mga ponferrada? nagtatanong lang naman yung tao kasi concern citizen ako.

"Nandito naman ako? Bakit kailangan mo pa maghanap ng iba?" jusko, ano ba pinagsasabi ko at kusa nalang lumalabas sa bibig ko ang mga salita.

"Makapal din pala mukha mo?" di ko alam kung tatawa sa sinabi nya o maiinis. Tumagilid ako para maharap sya, naks sitting like a badass bitch ang datingan, nakasandal ulo habang krus ang mga binti at lantad masyado ang legs nito!

"Kitten" tawag ko sa kanya.

"Oh fuck! shut up, donkey! and stop calling me kitten!" my lips parted in disbelief. Anong tawag nya sa akin? donkey?! ang ganda ko tapos donkey itatawag nya?!

"Ang ganda ko para lang maging donkey? pero kung personal donkey mo naman pala ay sure ba." sagot ko sa kanya. Naniningkit na mga mata nya, naiinis na ba to?

"Fuck off." she rolled her eyes. I'm too stunned to speak. I didn't expect na palamura pala ang babaeng to, paano ko ba to mapapaamo? mahihirapan yata ako.

Na tampal ko nalang ang aking noo.

Bigla nahagip ng mga mata ko si Sj, kakarating lang sa sekong at mabilis tinungo ang table ni pixie na nasa tapat lang namin. Alam kong nakikita rin nitong katabi ko ang kaganapan sa kabilang side dahil hindi naman ito ganun kalayo mula sa table namin ngayon.

Binalingan ko si Ziallyn, hindi ko man lang napansin sa akin na pala sya nakatingin. Those eyes, hindi mo makikitaan ng emosyon at talagang patay kung tititigan. Hindi na tulad before, may spark talagang makikita lalo na pag kausap nya si Sj.

I heaved sigh.

"Kitten," I called and poked her cheek. she's glaring at me now, mas mabuti na rin siguro sa akin nalang ang atensyon nya kaysa naman panoorin ang dalawa.

"What, donkey?" sinagad na nga talaga ang pagtawag ng donkey sa akin, jusko.

"Dito ka lang muna ha? puntahan ko lang saglit sila." sabi ko sa kanya at tumayo. Hindi nya ako pinansin kaya umalis na ako at tinungo ang table nila pie. Habang papalapit sa table nila ay panay lang ngisi ng pinsan ko samantalang ang isa naman nakikiramdam sa kanya. Sana all!

"Cous!" tawag ko. Ang sama naman makatingin nito, parang naka disturbo pa ata ako dahil bakas ang inis sa kanyang mukha.

"Oh?" Inis nga ang loka, may pa taas-taas pa ng kilay.

"Nakita ko kasi si miss, may humaharot sa kanya kanina kaya pinalayas ko. Hindi ko alam magkaibigan pala kayo?" may parang sign sya na gusto ipaintindi sa akin.

Ilang segundo pa ay na gets ko rin ang punto nya. Ayaw pa siguro ipaalam nag bumalik na ala-ala nya, pag titripan pa siguro si Pixie.

"Ha? Ah, ou." sagot ko at bigla nalang itong sumeryoso.

"May tanong ako sayo." ano itatanong nya?

"What?" sagot ko at umupo sa tapat nila.

"Do you like Zi?" bahagya akong na sorpresa, nakita ba nya ako kanina sa table ng kuting?

"No pft." agad kong sagot.

"Weee? di nga? ako pa lolokohin mo e halata masyado kung paano mo titigan si Zi, sus." paano ba ako tumingin? hindi naman siguro mukhang nanghuhubad?

"Sige goodluck, sana mapaamo mo ang demonyo." goodluck talaga, ang hirap pa nya kausapin!

"Ay, ready mo na rin pala pisngi mo, baka kasi makilala mo loyal friend nya." may kaibigan pala sya? sa hitsura ng pusa hindi halata.

"Sink ba?" tanong ko sa kanya.

"Ah basta, malalaman mo rin ibig kong sabihin." nakangisi pa sya! baka malaki rin topak ng kaibigan na yan. Hindi nalang ako sumagot at binalingan si Pixie.

"Pie ano na, kaya mo pa ba?" Isa pa to, nakikinig lang pala sa usapan namin.

"Pie?" tanong ng magaling kong pinsan, kunyari hindi nya alam. Sarap talaga hampasin nitong bote ng wine para magka amnesia ulit.

"Mhm, nickname nya." sagot ko nalang sa kalokohan nito.

"Oh." sagot nya at lumingon kay pie.

"So, miss, can I call you pie?" Pft kalokohan mo talaga Sj.

Nilingon ko si Ziallyn dahil baka umalis pero nakita kong nandun parin at mag isang umiinom. Grabe talaga pag broken, balak lunurin ang sarili sa alak.

"Pwede lumayas ka muna?" biglang saad ni Sj kaya napatingin ulit ako sa kanya. Sana all lahat pinapalayas, sabagay okay na rin layasan ko sila. Ayoko naman maging third wheel!

"Gege."

Binalikan ko si kuting, ngayon ay nakakarami na ng alak. Umalis lang ako saglit ang dami nya na nainom?!

"May plano ka ba magpakalasing?" tanong ko at umupo ulit sa kanyang tabi.

Nice talking to yourself RL...

Hays.

"Kitten, ikaw lang mag-isa?" tanong ko ulit.

Tinaasan naman ako ng kilay.

"May nakikita ka bang iba?" nature na siguro talaga sa kanya ang pagiging maldita.

"Malay ko? baka meron kang kasama at umalis saglit, common sense, please." agad ko rin binawi ang sinabi, nakakatakot kung makatitig. She's so intimidating, bigla tuloy akong kinabahan at baka ihampas ang wine glass na hawak sa ulo ko.

Malalim ang iniisip ko nang bigla nalang tumayo si kuting.

"Saan ka pupunta, mahal ko?"

Pak

"What the!?" my eyes widened in shock. Tae, ang sakit ng sampal nya!

"Fuck you." napanganga ako sa diin nyang pagmura sa akin. Mahapdi ang pisngi ko kaya marahan ko itong hinaplos habang nakatingala sa kanya.

"Mahal? Who?" taas kilay nyang tanong.

"Sinabi ko ba?" Lutang kong sagot, may sinabi ba akong ganun?

"Stay away from me." yun lang ang sagot nya bago ako iniwanan mag isa. Grabe naman pala ang isang pusa kung mainis, nananampal.

Sayang naman ang alak na inorder nya at di naubos. Nagpasya nalang ako ubusin ang tira ni kitten total tinakasan na rin ako nang dalawa pero di nagtagal nagpasya na akong umuwi.

*

"Aaaaaaaaar eeeeeeeeeL!!"

Nagising ako dahil sa lakas ng boses ni keyboard, kulang nalang masira pintuan ko sa lakas ng ginagawa nyang pagsipa.

"Aaar eeeL! punyeta! Bubuksan mo ang pinto o aalis ako?!" hindi na natahimik buhay ko dahil sa kanila simula ng umuwi ako ng pinas.

Hiindi ko talaga makakalimutan ginawa nila sa akin! yung pagdakip at tulak sa akin sa rooftop! kung may sakit lang talaga ako sa puso ay marahil inatake na ako dahil sa mga kagaguhan nila. Nagdala pa talaga

sila ng cameraman para mag mukhang shooting kuno.

"Aaaaaaaaar eeeeeeeeeL!" ingay naman nito, di siguro nakauwi pinsan ko kaya ako ginagambala ngayon.

"Baby, please!l open the door! talk to me!" ayan at nagsisimula na sya sa kanyang drama. Drama queen talaga kahit kailan ang babaeng to.

"Baby, let me explain! Si Iris, si Iris ang nag nakaw ng dora mong panty!" paano napagtiisan ni Sj ugali nila? mabuti nalang at mahaba pasensya ko dahil kung hindi baka kanina pa ako nagwawala.

"Sabi ko kasi yung mr. Bean na brown! kaso bugok talaga si riri at dora kinuha nya!" I mentally groaned.

Mabilis akong bumangon at nagtungo sa tapat ng pinto.

"Bab-"

"Anong masamang hangin nagdala sayo rito keyboard?" mataray kong tanong sa pagkabukas ko ng pinto.

"Gising ka na?"

"Hindi, multo lang ako, tulog pa talaga ako at nawawala ang katawan ko." sabay irap at bumalik sa kama, padapa humiga kasabay ang pagdagan nya.

"Hoyyy! unggoy ang hindot mo! mag pinsan pa target mo! sabi ko gisingin mo, hindi patungan!" singhal ni Iris ng naabutan nasa likod ko si keyboard nakapatong.

"And so? naiinggit ka ba? gusto mo ikaw patungan ko?" natawa ako sa sinabi nya.

"Di mo lang nakuha si Sj, ngayon pinsan naman nya?"

"May gusto ka sa pinsan ko?!" bulaslas ko. Lakas ng pinsan ko, ang daming babae.

"Ewww! Hindi no! nilalandi ko lang si babe para pagselosin yung dalawa!" depensa nya agad sa sarili.

"Sure ka na ba dyan?" si Ag na ngayon ay nakaupo sa gilid ng aking kama.

"Ou nga!" singhal pabalik ni keyboard. Mukhang guilty naman masyado.

"Umalis ka nga keyboard! Hindi ako makahinga!" kaagad naman siyang umalis dahil nahihirapan talaga akong huminga sa bigat nya. Ang payat tapos ang bigat!

"May sasabihin ako." sabi ko

"May sinasabi ka na." umagang umaga naiinis na ako sa mga sagutan ni keyboard, kung pwede ko lang sya bitayin ay ginawa ko na.

"Bumalik na alaala ni Sj kay pie." sabi ko at pinagmasdan sila pero hindi naman sila nagulat lalo na si keyboard, ay ano yan?

"O tapos?" Gaga tong keyboard na to.

"Edi maghanda kayo at magagalit yun sa inyo, itinago nyo ba naman ang relasyon nila." mga kaibigan ba talaga to? Gosh!

"Bakit namin sasabihin? Isa pa sabi ni Ag sa amin wag daw kami makialam at utos ni Pixie," duda ako sa sagot ni Iris, parang di naman nagsasabi ng totoo.

"Hirap mo paniwalaan riri," sabi ko.

"Edi dapat ikaw nalang nagsabi RL! Ikaw nakaisip eh." sumasakit lalo ulo ko sa mga sinasabi nila.

"Sinabihan namin si Pixie umamin pero ayaw naman nya, hihintayin nalang daw ma realize ng puso ni Sj na siya talaga ang mahal at hindi si Ziallyn," pero paano kung hindi bumalik alaala nya? ano mangyayari kay pie? nganga?

"Speaking of babe, saan siya nagpunta ng ganito kaaga? dapat tulog pa yun." nagtataka na tanong ni keyboard, hindi nga talaga umuwi kagabi ng bahay yun.

"Kasama asawa nya." Agad kong sagot.
Sabay pa talaga silang napatingin sa akin. Ano mga mukhang yan? shocked ba sila sa lagay na yan?

"Hoy, hala! kung ganun nag laplapan sila?!" bulaslas ni Iris dahilan upang humagalpak ng tawa si keyboard at iling naman si Ag,

"Bakit ako tinatanong mo? tawagan mo at tanungin para malaman ang sagot." sabi ko. Joke lang naman sana yun pero si keyboard, tinawagan agad si Sj.

Tahimik lang kaming nakatingin sa kanya habang hinihintay sagutin ng pinsan ko ang tawag.

"**Hoy! Babe! umuwi ka na dito at nasa kwarto mo ako! Hinihintay ko ang pagbabalik mo! Naka lingerie ako, dali na!"** dahil sa sinabi nya ay natawa na rin ako, siraulo talaga ang babaeng to at di marunong mag seryoso.

"**Shut up!**" singhal ng kabilang linya at agad pinatay ang tawag.

We're too stunned to speak...

"Hoy, gago ka unggoy! Si pixie nakasagot ng tawag, patay ka nyan halaka." pananakot ni Iris sa kanya kaya kaagad sya nakatanggap ng malakas na batok.

"Omg! so, nag jugjugan sila?!" bunganga talaga ni keyboard oh.

Mas lalo akong natawa at mahina sya binato ng unan. "Gage ka keyboard, para kang ewan jan HAHAHAHAHAHAHAHA." sabi ko at patuloy tumawa.

"So hindi natuloy date nila ni Ziallyn? Magkasama sila buong gabi ni Pixie, diba?" tanong ni Ag, sus kahit alam na nya ang nangyari magtatanong pa talaga.

"Natuloy, nandun nga kami ni pie nagtatago sa madilim na pwesto kagabi. Grabe iyak nya nang makita magkayakap ang dalawa at iiyakan." pagbabahagi ko at seryoso lang naman sila nakikinig.

"Tapos ayun, pumunta kami ng sekong. Tinawagan ko si Sj sunduin si pie at hindi ko na alam ang mga sumunod nangyari kasi abala ako kakaharot kay kuting." matapos kong sabihin yun ay bigla naman kumunot ang kanilang mga noo.

"Kuting?" taas kilay na tanong ni keyboard.

Hays baka mabato na naman ako ng maraming tanong nito.

"Si Ziallyn," kaswal kong sagot.

"Halaka! Di ako na inform early na pala ang x-mas party ngayon. Ano yan? nag exchange gift kayo ni babe?" sabay hampas nya sa akin. Pansin ko lang, always nanghahampas si Keyboard, hindi naman siya ganito dati.

"Anong exchange gift sinasabi mo?!" Inirapan ko ito, maka exchange gift eh. Ano to pasko?

"Gaga ka, alam ko na alam mo tinutukoy ko hmp." bibig nito walang preno.

"Nakita ko kasi sya mag isa kagabi kaya nilapitan ko. Ayaw ko naman maging third wheel nila Sj no!" sagot ko sa kanya. Hindi ako pinanganak para maging third wheel ng ibang tao.

"Oh? Chika dali!" mga chismosa talaga. Nangunguna na dyan si Iris malamang.

"Wala naman special na nangyari. Lumapit lang ako sa kanya at pinagaan kahit konti ang pakiramdam. Iniisip ko kung may nagawa akong kasalanan sa babae na yun, bakit galit na galit sya sa tuwing nakikita ako?" tsk, naalala ko na naman ginawa nya kagabi. Masakit kaya sampal nya at kahit ngayon ramdam ko parin.

"Ask mo nalang si S, kung paano niya napaamo ang isang demonyo at dragon." nakangising saad ni Iris.

"No need, may tiwala naman ako sa sarili ko." agad kong sagot kay Iris,

"May gusto ka kay Ziallyn? sabagay hindi naman kita masisisi pero mukhang mahihirapan ka sa kanya, patay na patay kaya kay babe yun." hampas na naman ni keyboard sa akin.

"Alam mo keyboard, pag ako hindi nakatiis sasapakin kita. Hampas ka ng hampas!" singhal ko at hinampas na rin sya sa balikat.

"So." sabat ni Ag,

"So, what?" taas kilay kong sagot.

"Anong sunod na nangyari?" chismosa rin isang to. Sabihin ko nalang dahil alam ko naman hindi titigil ang mga to kung hindi ko sasabihin, lalo na tong keyboard at iris na to.

"Wala na, pero may natanggap akong sampal at bigla na lang ako iniwan ng kuting na yun?" walang nakakatawa sa sinabi ko, anong dahilan at nagtatawanan sila?

"Masaya kayo?" di ko alam kung mga tropa ko ba talaga sila, kailangan ko kaya ng suporta!

"AHAHAHAHAHAHAHAHA na met mo pala loyal friend nya." hagalpak ni keyboard at hindi na matigil sa

kakatawa. Sarap nilang sakalin isa-isa.

"Loyal friend?" may naalala akong ganyan sinabi ni Sj kagabi pero di ko naman alam kung sino o ano. "Wala naman akong nakilala na iba kagabi bukod kay Niks na pinsan ni pie?" dagdag ko.

"Tanga! yung sampal ni Ziallyn, yun yung loyal friend nya, HAHAHAHAHAHAHAHA" nagtaas ang aking mga kilay.

So, yun pala loyal friend na tinutukoy nila? Napanganga nalang ako, kaya pala sinabihan ako ni Sj ihanda ang sarili ko. Yung sampal pala ang tinutukoy ni gaga!

"Nagpunta lang yata kayo para inisin ako, lumayas na kaya kayo?" bugaw ko sa kanila dahil naaalibadbaran ako.

"HAHAHAHAHAHAHAH, gege lalayas na kami pero sasama ka. Mag bihis ka na at aalis tayo." sabi ni Iris.

"Kayo lang lalayas hindi ako kasama!" payapa akong nagpapahinga tapos guguluhin lang nila.

"Ano ba Aaar eeeL, lalabas tayo! punta tayong mall at may bibilhin kami." singit na naman ni keyboard.

"Mall tapos bigla ka nalang ulit mag rarap na parang tanga sa gitna ng mall." bakit pina-alala pa ni Ag ang tungkol don.

"Hindi! ang boring dito. Wala naman tayong gagawin or gusto nyo manood nalang tayo ng porn?" nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni keyboard, saan nya natutunan yan?!

""Live unggot,ayaw mo?" tanong ni riri sa kanya kasunod ang isang malanding kindat.

"Ew, yuck! ikaw nalang?! barilin kita eh." bulyaw nito kay Iris. Hindi na talaga sila nagbago, simula nong makilala ko sila ay para na talaga silang mga aso at pusa.
Pinalayas ko muna sila at sinabi sa sala nalang ako hintayin. Kailangan ko pa maligo at magbihis! Hindi ako matatapos kung mananatili sila rito sa kwarto ko.

*

Kakapasok lang namin ng mall pero itong mga kasama ko ang likikot na, dinaig pa talaga mga bata minsan kung kumilos eh.

"Hoy keyboard! tumigil ka nga, saan ka ba pupunta!" si riri na hinila pabalik si keyboard dahil mukhang may balak ulit puntahan.

"Punta tayo world of fun." sagot nito.

"Hindi ba muna tayo kakain?" tanong ko, baka lang naman gutom sila. Ang dami tao, sunday kasi kaya normal lang talaga maraming tao sa mall. Nagiging bobo na rin yata ako dahil kay keyboard.

"Mamaya na, tara na dali!" sagot ni keyboard at kinaladkad si Iris, sumunod na lang din kami ni Ag sa dalawang bata na excited.

Hinahanap nyo ba si Sj? Wag nyo ng hanapin at kasama lang non kanyang dragona. Siguro inabot ng umaga ang dalawang yun, sa tagal ba naman ng panahon na nawalay sila sa isa't-isa.

Nasa 4th floor kami ngayon, dito mismo sa mga palaruan.

"Tara doon sa shooting area." turo ni Keyboard, babasketball ata sya.

"Pustahan tayo." nakangising sabi ni Iris. Sa tropa pag may laru syempre hindi mawawala ang pustahan.

"Ano yun?" tanong namin.

"See that door?" Turo nya naman sa may entrance ng world of fun.

"Malamang, ano kami bulag?" wala talagang salita na hindi kontra si keyboard kay Iris,

"Duh! Okay, so kung sino lowest score sa atin, kailangan sundin ang dare na ibibigay ng kung sino man may highest score sa atin." paliwanag ni Iris, nagkatinginan lang kaming tatlo. Hmm pwede pwede, maganda rin ang trip nya.

Pumayag kami sa idea nito at pumwesto sa kanya-kanyang machine. Marunong naman akong mag basketball kaya confident akong mananalo.

Pero...

Yun ang akala ko, inangyan! Hindi ko naman inakala magagaling din pala tong tatlo tumira! Halos mga bola nila puro pasok!

"Okay now, RL, it's time." alam ko talagang hindi maganda ang pinaplano niya. Si keyboard ang magbibigay ng dare since sya may highest score sa amin.

"Ge lods." sagot ko.

"Nakikita mo yang pinto? kung sino pangatlo na babae dumaan ng may suot na kulay itim ay kailangan mo halikan sa pisngi." napanganga nalang ako sa kanyang sinabi samantalang nakangisi lang ang dalawa pa.

"Fine!" ayaw ko na makipagtalo.

Dumaan ang ilang minuto ay walang babaeng dumadaan na nakaitim. Naubusan ba ng mga damit na kulay itim sa mundo at bakit puro lalaki ang nakikita kong dumadaan?

"Sino kaya ang sasampal sayo ngayon R?" nakangisi na tanong ni Iris. Inirapan ko agad ito. Ako? Masasampal? Sa ganda kong to?

Puro naman light colours mga damit ng babaeng dumadaan! Nababagot na ako sa sobrang tagal, naiihi na rin nga ako kanina pa.

"Hala! ayan na!" excited na bulaslas ni keyboard habang pumapalakpak. Bakit nakaramdam ako ng kaba? Bakit ako kinakabahan? Dapat sanay na ako kasi lagi ko tong ginagawa sa mga kaibigan ko sa states.

"Hoy! ayan na! ayan na!" marahan akong itinulak ni Iris, wala na akong nagawa kundi gawin ang utos nila. Mabilis akong naglakad palapit sa babaeng nakatalikod at may suot na kulay itim na dress pero habang papalapit ay napansin kong apat silang nakaitim. So, saan jan ang hahalikan ko?!

Malamang yung nauna dahil yun ang una mong nakita!

I shook my head.

Bahala na nga!

Mas binilisan at lakihan ko pa ang mga hakbang. Marahan hinawakan ang bewang ng babae. Pumwesto sa kanyang gilid at mabilis ninakawan ng halik ang kanyang pisngi.

Ngunit gulat at lamig ang bumalot sa buong katawan ko nang mapagtanto kung sino ang babaeng hinalikan ko. Pati sya ay nagulat nang magtagpo ang aming mga mata.

"Z-Zia—"

Pak

Tangena! hindi pa nga ako naka recover sa sampal na bigay niya kagabi ay may panibago na naman akong natanggap mula sa kanya. Nanlalamig katawan ko, nakita ko rin ang mga kambal nitong tulala at nagulat dahil sa ginawa ko sa kapatid nila. Tangena, nakakahiya!

"Aaar eeeL! hala omg!!" Sigaw ni keyboard habang tumatakbo papalapit sa amin kasunod ang dalawa.

"Luh! si Ziallyn hinalikan mo?" sabay na tanong ng mga kaibigan ko nang makaharap ang grupo nila Ziallyn,

Ou si Ziallyn ang nahalikan ko! blanko ang ekspresyon nito habang tinititigan ako. Bakit ba ganyan lagi binibigay sa akin na ekspresyon? Napalunok nalang ako, nakakatakot naman tong si kuting.

"Sorry girls, naglaro kasi kami sa loob at natalo si R, sinunod nya lang ang dare namin." paliwanag agad ni Ag, savior!

"I didn't know you're a pervert." biglang salita ni Ziallyn na ikinanganga ko. Ako pervert? grabe, judgmental naman ng babaeng to.

"H-Hindi no, dare lang nga kasi nila sa ak—"

"I don't care, donkey." malamig nyang putol at tinaasan ako ng isang kilay. Tinawag na naman ulit akong donkey, hindi nga bagay sa akin ang nickname na yan!

Magsasalita pa sana ako para e defend ang sarili pero kuting bigla nalang kaming nilayasan. Pambihirang babae yun at di man lang marunong makinig sa dahilan ng ibang tao.

"Sa daming tao, kapatid ko pa talaga?" napalingon ako sa kambal ni Kitten, hindi ko matukoy kung sino kasi wala talagang pinag iba sa mga mukha nila.

"Bakit kasi kayo dumaan dito?" anong klase ng tanong yan mula kay keyboard?

"It's our mall kaya may karapatan kami dumaan dito." diretsong sagot ng isa, si Annallyn yata ang babaeng yo?

"Let's go." hinila na silang dalawa ng isa pa nilang kambal at nilisan ang lugar, sinundan ang kapatid na ngayon nasa malayo na.

"Halaka Aaar eeeL! namamato ng bola yun kapag nagalit. Kaya ka siguro nasampal kasi ikaw unang nakahalik sa kanya at hindi si babe?" dapat ba akong magpasalamat sa sinabi ni keyboard? Well, mas okay kung ako nga ang unang nakahalik sa kanya.

Pero iba talaga kutob ko. Anong mangyayari sa akin ngayon? Hindi naman siguro ako pag iinitan ng babaeng yun sa school?

Ang cute naman ng kitten na yun.

Mas lalo ko tuloy gusto mapalapit sa kanya.

CHAPTER 2

-

"Hoy! Kanina ka pa panay buntong hininga d'yan. Sana okay ka lang lods" susulpot nalang talaga ng biglaan 'tong si Sj.

Himala masyado napadpad rito sa library, dapat nasa cafeteria na to ngayon ah.

"Bakit nandito ka?" Tanong ko sa kanya at nag focus ulit sa ginagawa.

She sat beside me and started reading a book. Anong nakain n'ya at nagbabasa s'ya ng libro, may lagnat siguro to.

"May crush ako"

napatigil ako sa pagbabasa dahil sa sinabi ng baliw na to. Gusto nya ba mabitay sa flagpole? Sinong crush nya? Hindi parin sapat si pie sa kanya?

"Sumbong kita kay pie." sabi ko.

"Seryoso, meron akong crush" seryoso ba s'ya? Hindi kasi mukhang joke pagmumukha n'ya ngayon.

"Sino?"

"Si Mommy" malala na talaga saltik ni Sj promise.

Sa hitsura n'ya ngayon ay mukhang pasan nito ang buong mundo kung titignan.

"Tanga, ano bang problema? parang kahapon lang ang saya mo pa dahil nag propose ka na" Tanong ko sa kanya at tinigil muna ang pagbabasa. Hindi ako makapag-focus dahil sa kanya.

"Eh diba nga nong pagbalik natin lasing ang demogons?" Tanong n'ya tapos napahilot ng ulo.

"Ou, ano ba naganap sa inyo?"

"Eh kasi si ano, nakita ni pie 'yong pag halik na ginawa ni zi sa pisngi ko huhu" sumbong n'ya at niyakap ang isang braso ko.

Ah 'yon ba tinutukoy n'ya, nakita ko rin naman 'yong ginawa ni kitten at hindi lang si pie.

"Nag congrats lang naman si Zi pero hindi ko naman inasahan na hahalik s'ya sa pisngi ko" nakangusong sumbong nito.

FLASHBACK

Pabalik na kami kung saan man namin naiwanan ang demogons, sinundan kasi namin 'tong si Ag at sabing mag s-shooting na para sa epilogue. Pero hindi ko naman inasahan na proposal pala ni Sj ang tinutukoy n'ya.

Sana lang talaga at hindi pa lasing ang mga maldita na 'yon lalo na si Kitten, sadista pa naman kung

malasing ang babae na 'yon. Literal na ginagawang punching bag minsan mukha ko.

Nakahinga naman kami ng maluwag dahil pagbalik namin ay okay naman sila, akala pa namin kung magiging wild na naman ulit 'tong mga babaeng 'to dahil nga marami na silang nainom.

"Mga miss" tawag ni Sj pag lapit namin sa kanila kaya napatingin ito sa kanila ni pixie.

Napansin ko naman agad ang pag tingin nila Kathy at Ziallyn sa magkahawak kamay nila Sj at Pixie.

"Gusto ko lang sana sabihin na engage na po kami ni pie, pasensya na at nag ou s'ya eh. Sabi ko kasi ihuhulog ko s'ya if she will reject my proposal" pabirong sabi ni Sj at itinaas nito ang kamay nila ni pie na magkahawak at pinakita ang singsing na suot nito.

"Congratulations" tipid na sagot ni Lorelei.

"Congrats pie" bati naman ni Everleigh sa kanila.

Napunta ang piningin ko una kay Kathy na parang pilit ang ngiti. Then tinignan ko si Kitten na tahimik lang at inabala ang sarili sa pag inom.

"Congrats A and Pie" sabi ni Kathy.

"Salamat po, e taken n'yo narin po mga kaibigan ko para sabay tayong lahat ikasal" nagulat kami dahil sa sinabi ni Sj at bigla nalang itong tumawa.

"Naku! Ayaw ko ma broken si Helari no" singit ni Iris, nakita ko ang pag irap ni Everleigh sa kanya.

"Hindi kayo bagay" sabat ni Everleigh sa kanya.

Kumuka narin ako ng maiinom, feeling ko tuloy gusto kong magpakalasing tonight.

"Eh sino ang bagay sa akin miss?" Tanong ni I sa kanya at tinabihan si Everleigh.

"S'ya raw bagay sayo I" singit naman ni Sj sa usapan at tumawa kaya nakatanggap s'ya ng sapok sa ulo mula kay pie.

Hitsura ni Everleigh parang disgusted s'ya kaya pati kami napatawa narin dahil sa reaksyon n'ya.

"Over my dead gorgeous body" malditang sagot nito at inikutan ng mata si I.

"HAHAHAHAHAHAHA" hagalpak ni Sj, siraulo talaga 'tong pinsan ko. Siguro pag na disgrasya ka tatawanan ka lang nito

"You? Gorgeous miss?" Tanong ni I saka pinasadahan ito ng tingin.

"What?" Taas kilay na sagot nito.

"Sige, okay na 'yong kahit isa man lang miss may nakakaalam" diretsong sagot ni I sa kanya. Bakit feeling ko may halong pang insulto 'yon? haha.

"Are you saying i'm not gorgeous?" Bardagulan siguro 'to silang dalawa pag naging mag jowa. Kalog pa naman masyado 'tong si Iris.

"Hala! Wala akong sinasabi miss ha" depensa ni I.

Napailing nalang ako sa bardagulan nilang dalawa. Tumayo ako at lumipat sa tabi ni Kitten na ngayon ay tahimik lang.

"Hi" bati ko sa kanya pagkaupo ko.

Hindi ako pinansin ni Kitten at pansin ko lang ang bilis n'ya naman uminom? May balak mag lasing lang pusa?

"Hoy R may Titi ka?" Tanong ni Sj na nagpakunot naman ng noo ko.

Baliw 'to at bakit n'ya tinatanong ang ganyan sa maraming tao!

"HAHAHAHAHAHA" tawanan ng mga kaibigan namin.

Ang demogons naman ay nanlaki ang matang napatingin kay Sj, siraulo po talaga ang pinsan ko kahit kailan.

"Ou" Sagot ko pero mas lalo naman lumakas ang tawanan nila.

"HAHAHAHAHAHA anong klasing tanong 'yan babe!" Sabi ni K sa kanya.

I shook my head when I realize what I just said. Gaga bakit ba ako nag ou, bobo ko naman.

"Nag ou pa nga hahaha" tawa naman ni Ag.

"Anong pangalan ba?" Tanong ulit ni Sj.

Gusto n'ya namam siguro ako pagtripan, sige sabayan natin 'yan.

"Junior" sabi ko at tumawa.

"Sige follow kita sa titi mo" sagot n'ya dahilan para masamid ako sa iniinom ko!

Napakabastos talaga ng bunganga nito kahit kailan. Walang pankialam kahit may mga kasama kami, especially professors.

"Anong follow sinasabi mo?" Kunot noo kong tanong.

"Tanga tiktok kasi ang ibig kong sabihin" sagot n'ya at binato ako ng marshmallow.

Kaloka naman 'to akala ko pa naman kung ano, tiktok lang pala!

"HAHAHAHAAHAH ano ba iniisip mo R?" Tanong ulit ni S.

Napaiwas nalang ako ng tingin, nakakahiya junior pa nga!

"Wala ah! Sinabayan lang kita sa kung anong trip mo!" Depensang sagot ko pero tama naman ang sinabi ko.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA" tawanan nila ng mga kaibigan ko.

Umiling nalang ako at binalingan ulit si Zi, may sariling mundo na naman 'tong si Kitten ko.

"Hoy alam n'yo ba ang pinaka-OA na tawagan ng mag jowa?" Tanong ni Kb at tinungga ang bote ng beer.

Ano na naman kaya ang kagagahan na pilit e share ni monkey sa amin.

"Ano?" Tanong ko.

"Mhie at Dhie" sagot n'ya agad.

"Oh bakit naging oa keybold sige nga?" Tanong naman ni I at dumukot ulit ng pagkain.

"Tunog Mhie nahal pero Dhie jinowa" sagot nito at tinuro si I.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAH" tawanan namin, nag loading siguro mga braincells nitong demogons dahil nakakunot lang ang mga noo.

"Siraulo ka doggy ha!" Reklamo ni I sa kanya at inaksyonan na babatukan.

Biglang tumayo si Sj at nag excuse dahil mag c-cr daw, hindi naman katagalan ay tumayo rin si kitten at umalis ng walang paalam. Pero bakit feeling ko gusto ko s'yang sundan?

Tumayo si Pie at bigla nalang din umalis ng walang paalam, ano ba 'tong mga babaeng 'to at hindi man lang marunong magpaalam. Tumayo na rin ako upang sundan si pie, iba kasi talaga kutob ko.

"Hala saan ka pupunta?" Tanong ni Kb

"Cr lang ako" sagot ko at nagmadali na umalis sa paningin nila.

Dumiretso ako sa pinakamalapit na cr at hindi paman ako nakakalapit ay nakita ko si pie na nakatayo, tahimik sa likod ng maraming bulaklak.

"Pie" mahinang tawag ko sa kanya nang makalapit na ako.

Binalingan naman ako nito pero sinenyasan lang ako na way lumikha ng ingay. Sinundan ko ng tingin ang tinitignan n'ya at do'n nakita ko si Kitten na kausap si Sj. Hindi kalayuan kaya rinig namin ang mga boses nila.

"Zi, okay ka lang ba?" Tanong ni S.

"Yes, how was your proposal?" Sagot ni Zi, ramdam ko ang lungkot sa kanyang boses.

"Successful naman" nakangiting sagot ni S saka kinamot ang ulo.

"I'm happy for you Ja"

Happy ka ba talaga kitten? Bakit ramdam ko hindi.

"Thank you Zi"

"Can I give you a hug?" Tanong ni kitten

Hindi sumagot ang magaling kong pinsan ngunit tumango naman ito at ngumiti sa kanya. Binalingan ko si pie sa gilid ko na tahimik lang din na nakamasid sa at nakikinig.

Humakbang si kitten palapit sa kanya at niyakap ng mahigpit. Napabuntong hininga nalang ako saka iniyuko ang ulo.

"Ang malas ko talaga" bulong ko sa sarili.

"Don't give up" rinig kong sabi ni pie kaya napaangat ako ng ulo sa kanya.

"Ha?"

"I know you like her, don't give up" sagot n'ya pero ang paningin nito nakatingin parin sa dalawa.

Hindi ako nakasagot at wala akong maisagot, kaya binalikan ko nalang ng tingin ang dalawa na ngayon ay magkayakap.

Kumalas na sila sa isa't isa pero sabay ata kaming nagulat ni pie sa nakita, dahil bigla nalang tumingkayad si kitten at hinalikan si Sj sa pisngi. Sakit naman sa mata no'n.

"Congratulations Ja"

Tumalikod na si pie at mabilis na nilisan ang lugar, hindi narin ako nag dalawang isip na sundan s'ya. Ayoko naman na makita ako nila Sj do'n na mag-isang nakikinig sa kanila.

END OF FLASHBACK

"Okay lang yan, marupok naman yun si pie sayo. Pasampal ka lang isang beses magiging okay na ulit kayo." suggestion ko sa kanya. Napaayos ito ng upo dahil sa sinabi ko at sinamaan ako ng tingin.

"Ikaw kaya sampalin ko donkey?" Maldita rin talaga eh.

Umiling ko at niligpit ang gamit. "Bakit ka ba nandito at himalang napadpad ka sa library, nasan ang tatlo?" Tanong ko sa kanya.

"Nasa classroom at hindi pa tapos sa activity. Ou nga pala R, after graduation kuha kami Crim, 2 years lang." sabi nya ng nakangiti, ngiting demonyo. Ano trip nila at gusto pa mag aral ulit? Hindi nga nila kaya seryosohin kursong kinuha at puro lang kaguluhan sa school ginawa.

"Bored kayo?" Taas kilay na tanong ko na ikinatawa lang nito.

"Hindi gaga, gusto lang namin samahan si keybold. Pumayag ka na!" Siraulo talaga 'to at namimilit pa e.

"Ayaw ko." agad kong sagot.

"Sige sasabihin ko kay tita na bak-" mabilis kong sinaksak sa bunganga n'ya ang isang scratch paper na hawak ko.

"Ou na ou na!" tsk, naiinis ako.

"Ano ba yan!" sigaw n'ya at binato pabalik sa akin ang papel.

"Keep quiet." parehas kami napalingon sa librarian. Ang laki naman kasi ng bunganga nitong babaeng 'to. Tumayo na ako at mabilis dinampot ang mga gamit, ayaw ko manatili rito sa library pag sila ang kasama ko dahil lagi kaming napapagalitan!

"Hoy!" Sigaw nito ulit nang iwanan ko s'ya.

"De La Fuente! I said keep quiet!" sermon ulit sa kanya.

Ou kilala na kami rito dahil sa palagi nga kaming napapalabas, at ang rason no'n ay ang malalaki nilang mga bunganga.

"Hoy, wala ka na bang klase?" Tanong ulit ni S nang makahabol na sa akin.

"Wala na"

Tumunog ang phone n'ya kaya napatigil ito sa paglalakad, tumigil narin ako dahil gusto ko makichismis.

"Mommy bakit po?" Sagot n'ya.

Tinaasan ko lang s'ya ng kilay dahil bigla nalang akong nginisihan. Parang kanina lang ang lungkot n'ya ah, sana all talaga may fiancee.

"Ngayon na ba?"

Tahimik lang ako rito sa gilid habang nakikinig at hinihintay s'yang matapos.

"Lunch time? Okay mommy bye" paalam n'ya sa kausap at pinatay na ang tawag.

"Tara donkey! Sunduin na natin ang iba." malawak ang ngiti niyang hinawakan ako sa braso at kinaladkad.

"Ano sabi ni pie?" Gusto ko malaman e.

"Sabi n'ya tawagin ko raw kayo at dumiretso agad sa quadrangle pag lunch break." paliwanag n'ya.

Napaisip ako, ano naman gagawin namin sa quadrangle at tanghaling tapat pa talaga.

"Bakit daw?" Tanong ko.

"Aba malay ko, basta malalaman naman natin mamaya. Bilisan mo nga ang paglalakad donkey!" napailing nalang ako at mas binilisan ang paglalakad, nagpatianod nalang din ako. Hirap naman talaga maging spoiled brat!

Dumiretso kami sa department nila kasi nga susunduin namin ang tatlong unggoy naming kaibigan. Sakto ang pag bell for lunch at labasan na ang mga estudyante, lalampas na sana kami sa naunang room nang bigla nalang iniluwa si kitten.

"Kitten!" Tawag ko sa kanya kaya napalingon ito agad sa amin.

"Hi" bati ko paglapit namin ni S pero tinapunan lang ako ng tingin saka binalingan si Sj at ngumiti.

Hindi naman masakit, slight lang. Lagi nalang talaga ganito ang nangyayari sa tuwing kaharap nito si Sj.

Kailan kaya n'ya ako ngingitian tulad ng pag ngiting binibigay n'ya sa pinsan ko?

"Hi Ja" she smiled at her.

Okay lang.

"Hi Zi, saan ka pupunta?" Tanong ni S sa kanya.

Tahimik lang ako, para lang naman akong isang decoration sa paningin n'ya eh kaya mas mabuting tumahimik nalang ako.

"I'm going to have lunch together with my cousins." agad na sagot nito.

"Ah, sila pie ba?" Kamot ulong tanong ni Sj.

Mapakla itong ngumiti bago ulit sumagot. Kahit hindi man n'ya sabihin, alam ko naman na mahal parin nito ang pinsan ko.

"Yes"

"Oh okay, ingat ka Zi. Alis na kami susunduin pa kasi namin ang tatlo" Sj pats her head.

May isang beses na ginanyan ko s'ya pero tinabig lang nito ang kamay ko at nagalit. Mukhang si Sj lang ata ang hinahayaan n'yang gumanyan sa kanya.

"Okay Ja, see you" sabi n'ya at nginitian itong muli bago ako binalingan.

I smiled at her pero ano pa nga ba ang aasahan ko except sa cold treatment nito? okay lang yan Rochelle Love.

"Babye" paalam ni S sa kanya at hinila na ako palayo kay Kitten.

Wala akong kibo na nakasunod kay S, wala rin naman akong sasabihin at parang nawalan din ako bigla ng gana. Bakit ganun? Ano ang nagawa kong kasalanan kay kitten at mukhang ang laki ng galit nito sa akin? Dahil lang ba talaga sa binigay kong seafood sa pinsan ko o may iba pang dahilan? Pero ano naman?

"R, ganyan lang 'yan si Zi pero huwag mong sukuan" biglang salita nito dahilan para mapatingin ako sa kanya.

She's smiling at me, alam ko kung ano ang ibig n'yang sabihin. Manhid lang s'ya pero hindi naman s'ya tanga para hindi mapansin ang mga taong nakapaligid sa kanya.

"Alam mo S, to tell you honestly naiinggit ako sayo" sabi ko at mapaklang ngumiti.

Hindi s'ya sumagot, alam kong na gets nito ang punto ko.

"Just like a moon surrounded by many stars" dagdag ko sa sinabi at bigla nalang itong tumigil sa paglalakad.

"R, wala kang mapapala kung maiinggit ka at please lang maniwala ka sa sarili mo. Maganda ka, maalaga, mapagmahal, mabaet at marami pang iba. Kaya wag mo akong kaiinggitan dahil walang

magandang patutunguhan ang inggit" pangangaral n'ya sa akin bago pinisil ang pisngi ko.

Napangiti narin ako dahil sa sinabi at ginawa n'ya. Akala ko rin magbabago ang treatment ni Sj sa akin nong muli kaming magkita dahil nga sa pagtataksil ko sa kanya kay pixie.

"May tanong ako, S"

"Ano?"

"Ni minsan ba hindi mo ako kinamuhian matapos kitang pagtaksilan?" diretsong tanong ko sa kanya.

Kumunot ang noo n'ya dahil sa tanong ko.

"Pagtaksilan? wala akong natatandaan na pinagtaksilan mo ako?" Patanong na sagot nito.

Napailing at bumuntong hininga ako dahil sa sagot n'ya.

"Nakita mo kami ni pie na naghalikan. I mean ako talaga ang umamin sa kanya noon at hinalikan s'ya kaya i'm sorry" ngayon lang ako nag lakas loob na mag open topic sa kanya nito.

"I don't considered that as betrayal. Nasaktan ako ou pero hindi ko naman inisip 'yon na pagtataksil. Nag mahal ka lang naman R at nagpakatotoo sa sarili, hindi naman natin hawak ang puso. Huwag mo na isipin ang nakaraan at mag focus nalang sa kasalukuyan. Ewan ko lang kung sa iba 'yon nangyari, pero para sa akin hindi naman pagtataksil ang ginawa mo" malambing na tugon nito saka ngumiti.

"Don't compare your life to others. There's no comparison between the sun and the moon, they shine when it's their time" dagdag pa nito sa kanyang sinabi.

Siguro kung hindi ko lang pinsan 'tong si Sj ay na in love narin ako sa kanya. No wonder minahal s'ya nong dalawa.

"Thank you"

"Halika na nga, wag na tayong mag drama at hindi bagay sa atin yun!" Dumiretso kami sa classroom nila, sakto rin pagdating namin lumabas na ang tatlong kalog namin at mukhang stress sila ha.

"Hoy!" Sabay na tawag namin sa kanila.

"Langya ka naman babe, iniwan mo kami!" pagtatampo ni keyboard.

Daig pa ata nila sumabak sa gyera dahil nakabusangot ang mga hitsura.

"Alangan naman tumambay ako do'n e pinalabas na nga ako. Oh wag ka na mag drama at pupunta tayong quadrangle, sabi kasi ni mommy diretso na tayo do'n pag nag bell" paliwanag ni S sabay akbay kay keyboard.

Napatingin naman sa akin ang tatlo.
"Ay nandito ka pala R" sabi ni Ag.

Inikutan ko lang sila ng mga mata bago sumagot. "Wala, hindi talaga ako 'to." sarkastiko kong sagot.

"Joke lang Aaar eeeL, hehe, labyu." pagsuyo ni keyboard at niyakap ako.

Sabi ko wag na mag aksaya ng oras kaya bumaba na kaagad kami ng building at tinahak ang daan patungong quadrangle. Ano kaya plano ni pie? O baka may sorpresa ulit siyang ibihigay dito sa pinsan ko. Malayo paman ay kita na namin ang maraming estudyanteng nag kumpulan sa quadrangle.

"Anong meron?" Kunot noo kong tanong.

Nagkibit balikat silang apat dahil kahit sila ay walang alam sa kung ano ang meron, mas binilisan pa namin ang hakbang hanggang sa tuluyan kaming makalapit sa maraming students.

"Jane,"

Tawag ni pie sa pinsan ko, ay nandito rin pala silang magpinsan. Akala ko ba may lunch date silang magpinsan?

"Pie, bakit mo kami pinapunta rito? at bakit ang daming estudyante? Bibitayin mo na ba kami sa harapan nilang lahat?" may saltik na tanong ng magaling kong pinsan sa fiancee n'ya.

"Your bigbikes" Nanlalaki ang mga mata namin dahil sa sinabi nito, at bakit dito pa talaga sa quadrangle!?

"Hala! meron naaaaa!?" Malawak na ngiting tanong ni S sa kanya, hindi naman halatang excited ang pinsan ko.

"Yes" tipid na sagot nito.

Agaw atensyon na naman kami masyado sa mga estudyante, pero binaliwala nalang namin yun. Medyo sanay narin kasi kami lalo na pag kasama namin sila pie,

"Bakit dito pa sa quadrangle pie, sa parking lot mo nalang sana pinalagay?" tanong ng pinsan ko.

Ayaw n'ya talaga humatak ng atensyon pero hindi naman maiiwasan lalo na pag fiancee mo isang Ponferrada pft.

"The parking lot was full, so I asked them to put it in this spot instead." paliwanag sa kanya ni pie, "Go check your motorbikes." dagdag pa nito kaya nag unahan na ang iba sa amin.

"Thank you mommy!"

Napanganga kami matapos makita ang mga naggagandahang big bikes na regalo ni pie! Sobrang ganda at ang angas tignan lalo na't iba-iba ang mga kulay!

"Bwakanangsheyt!" Bulaslas ni S at masayang tumakbo.

Hindi kami nagpahuli at agad nilapitan ang kulay na gusto namin, pero hindi maiwasan ang mga bulungan mula sa students lalo na at mukhang kinaiinggitan kami ng iba.

"Hoy gage angas naman ng mga 'to!" bulaslas ni Iris,

Nakalimutan ata nilang mga anak mayaman din sila at parang first timer pa talaga kung maka react.

"Ahhhh purple! My favorite!" si S na parang bata sa lawak ng ngiti. For sure excited na 'yan s'yang e test drive ang bike.

"Wow akin 'tong white!" Sabi naman ni K at nilapitan ang napili n'yang bike. Medyo nag-aalala ako dahil sa laki ng bigbike, makakaya nya kaya e balance yan?

"Mine black" sabi naman ni Ag at sumampa na agad sa motor n'ya, ay excited si doraemon namin.

Pinauna ko na si Iris mamili sa dalawa, red at mixed color nalang kasi ang natitira. Pinili n'ya ang mixed kaya napunta sa akin ang red. Hindi na kami nagpaligoy-ligoy pa at sumakay agad sa bikes namin.

"Tara! Test drive natin sa labas." baka mag racing pa silang dalawa ni Iris,

"J"

Nakalimutan namin nandito rin pala ang demogons, basta talaga sobrang saya makakalimot ka nalang bigla.

"Pie thank you" nakangiting pasalamat n'ya.

"Thank you ma'am" sabay naman naming apat na pasalamat sa kanya.

"Welcome." sagot nito at lumapit sa pinsan ko.

May sumulpot na mga men in black at may bitbit na helmets. Binigay nila ito isa-isa sa amin at kasali na ang demogons do'n.

"Hala pie, ano gagawin n'yo?" Tanong ko.

Sinuot nito una ang helmet saka sumampa sa likod ng bike ni Sj. Gusto pa nga ata nila sumama sa amin ah.

"Let's have a lunch outside" sagot ni pie.

Nakasuot narin ng mga helmet ang ibang demogons. Napanganga nalang ako nang makita na angkas ni K si Kathy, kay A naman si Lorelei at kay I si Everleigh.

Napalingon ako bigla sa gilid nang maramdaman na may humawak sa balikat ko at mabilis na sumampa sa likod nitong motor ko. It's my kitten!

Binalingan ko s'ya sa likod upang tignan at napansin ko na nahihirapan s'yang isuot ang helmet.

"Kitten ako na" sabi ko sa kanya at inalis ang kamay nito. Mabuti nalang at hindi s'ya pumalag at hinayaan lang ako.

Halos hindi na ako huminga kasi parang nasasakal ako sa malalim na tingin ni kitten sa akin. Hindi ko sya maintindihan, ganyan ba talaga sya pagdating sa akin?

"A-Ayan, okay na." kabadong salita ko at pinilit ngumiti pero wala akong natanggap na sagot mula sa kanya, ano pa ba inaasahan ko?

"Tara na." hudyat ni Sj,

"Kitten, yumakap ka" baling ko ulit sa kanya pero hindi ako pinansin.

"Mahuhulog ka talaga pag hindi ka kakapit promise" ulit ko pa at hindi parin n'ya ginawa.

Kinuha ko na ang dalawang kamay n'ya at ako na mismo ang nagpulupot nito sa bewang ko.

"What the-"

"Wag ka nga matigas ang ulo, untog ko 'yang ulo mo sa ulo ko e. Aalis na tayo oh" sabi ko at tinuro sila Sj na paandar na ang bike.

Ang init-init at dito pa talaga sila aangkas sa amin, may mga kotse naman sila. Nauna umandar si S kaya agad kong sinundan. Ang daming estudyante pero wala kaming pakialam, mainggit sila d'yan. Pag labas namin ng gate diretsong pinaharurot ni S ang bike. Mukhang gusto n'ya pa ata makipagkarera.

Saktong bumitaw si Kitten pinaharurot ko rin ang motor at muntik pa nga s'ya mahulog langya, mabuti nalang nakayakap agad.

"Rochelle love!" Singhal nito ngunit tinawanan ko nalang.

"Don't worry Kitten, safe ka sa akin. Pati puso mo safe" bulong ko sa sarili bago umiling.

Sinundan lang namin si S kung saan man nila balak pumunta. Natawa ako nang makita sa side mirror na pinupukpok ni Everleigh ang ulo ni I. Para talaga silang mga aso't pusa kung mag bardagulan na dalawa.

Huminto kami sa isang underground restaurant daw sabi ni pie, meron palang ganito?

"Do you wanna die Iris!?" singhal ni miss Everleigh pagkababa nito.

"Ano ba 'yan ma'am, wag ka nga panay hampas. Kaya nabobobo ako lalo dahil sa kakasapok mo sa ulo ko e" reklamo naman ni I sa kanya at hinubad ang suot na helmet.

"Kitten baba ka n-" di ko pa man tapos ang sasabihin ay nakababa na ito at iniwan nalang ako kaagad.

Pinauna nalang namin demogons pumasok dahil sobrang init, kailangan pa namin e park sa tamang lugar mga bikes namin dahil walang parking lot. Pansin ko lang parang tago sa public itong restaurant na 'to kahit nasa gilid lang naman ng kalsada.

"Do'n na natin e park sa may puno." turo ko sa kanila.

"Masarap ba pagkain dito?" Tanong agad ni S. Basta pagkain talaga usapan ang active n'ya.

"Aba malay namin. Hindi ko nga alam na restaurant pala 'to, akala ko nga abandoned lang na gusali." si Iris na sumagot at wala rin akong alam dahil hindi ako palagala na tao.

Para kasi talaga s'yang abandoned building kung titignan mula rito sa labas. Matapos mag park pumasok na rin kami, may mga signs naman kung anong daan ang tatahakin namin hanggang sa nakapasok kami sa elevator.

Pasarado na sana ang elevertor nang may pumasok na isang amerikano.

"Bababa ba tayo?" Tanong ni S.

"Bababa ba?" Tanong naman ni A.

"Bababa" sagot ko.

Pinindot ko ang nag iisang button, tatanong pa sila e iisa lang naman kailangan pindutin mga siraulo.

"Are you minions?" Sabay kaming napatingin sa amerikanong nag tanong na ngayon naka kunot ang noo.

"HAHAHAHAHAHAHAHA" hagalpak naming lima, nakalimutan ko may kasama pala kami.

Tawanan lang kami hanggang sa tumigil na ang elevator, hitsura nong amerikano parang iniisip na mga baliw kami dahil walang sumagot sa kanya at panay lang ang tawanan. Pag bukas ng elevator ay nauna na lumabas ang amerikano samantalang kami ay nagtatawanan parin.

"Tangena minions amp BAHAHAHAHAHAH." mangiyak-ngiyak na si S sa kakatawa e.

"Pwede HAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ko naman.

"Bwesit HAHAHAHAAHAHAHHAAH."

"LT gago HAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Hoy tara na gage panay kayo tawa d'yan" saway ni Ag sa aming apat.

Pag labas ay may sign ulit na dapat sundin. Paliko na sana kami sa kanan nang may nakabunggoan si S at napaupo ito sa sahig. Loko kasi 'tong pinsan ko, ang likot, panay takbo at dinaig pa bata.

"Shit!" Galit na sambit nong babae.

"Hala sorry!" sabi ni Sj.

Tutulungan na sana namin s'ya kaso sinampal nito ang kamay ng pinsan ko.

"Bitch hindi ka ba marunong tumingin sa dinadaanan!?" Bulyaw nong babae na nakasalampak.

"Sino tinatawag mong bitch?" Malditang sagot ni K sa kanya.

"Who else!? edi 'yang kaibigan n'yong panget!" my eyebrow flinched, sasagot sana ako kaso pinigilan ako ni S.

"Shit my butt hurt! Ugly!" she disgustedly said bago tumayo.

"You? calling me ugly? Do I look like your mirror?" Sj said coldly.

Nagkatinginan nalang kaming apat na magkaibigan dahil sa tono ng pananalita n'ya.

"Nananakit ako ng maganda, pero huwag kang mag-alala at hindi kita sasaktan. Bakit? maganda ka ba?" Sunod kong banat sa kanya, kapal ng mukha sabihan pinsan ko ng panget.

Umabante si kb sabay halukipkip ng kanyang kamay.

"Maganda s'ya mula ulo hanggang paa, eh ikaw mula ulo mukhang paa" humagalpak kami ng tawa dahil sa pang iinsulto ni K.

"How can you face the problem, if the main problem is your face?" Nagulat ako sa sinabi ni A, hala marunong narin s'ya mang insulto!?

"Matuto kang pumikit kapag inggit, hindi 'yong lait ka ng lait mas malala ka pa sa panget" malditang pang iinsulto naman ni I sa kanya.

"BAHAHAAHAHAHAHAHA" si Sj bigla nalang talaga tatawa kahit s'ya na 'tong ininsulto.

Biglang umiyak yung babaeng nanlait kay Sj at kumaripas ng takbo palayo. Nagmukha pa tuloy kami ang may kasalanan kahit sya naman ang nanguna.

"Siraulo pala ang babae na yun. Ang lakas mang away tapos iiyak at tatakbo." buntong hininga ko, ka stress yun ha.

"BAHAHAAHAHAHAHA" napatingin nalang kami sa pinsan ko na parang baliw sa kakatawa mag-isa.

"Luh, parang baliw, tara na!" saway ni Iris sa kanya.

Inakbayan ko na ang pinsan ko dahil wala ata balak maglakad, nababaliw na kakatawa ang gaga. Nasa tapat na kami ng pinto at kusa nalang itong bumukas. Maganda rin pala ang loob at sobrang layo kung ikukumpara sa labas na mukhang abandoned.

"Gage ang expensive naman pala sa loob" mahinang salita ni Ag.

"Don't judge the book when there's cover" sabat naman ni K.

"Tanga by its cover." pagtatama ni I sa kanya.

"Same lang 'yon wag ka na nga kumontra, sampalin kita d'yan eh" ou nga naman, pag sinabi ni kb dapat talaga tama lagi.

Medyo may karamihan din ang mga tao ba kumakain ngayon.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

Konti nalang talaga maniniwala na ako na may sayad 'tong pinsan ko.

"Hoy ayon sila ma'am oh" turo ni I sa demogons.

Nasa may gitna pa talaga ang pinili na table, pinagtitinginan na tuloy sila ng mga tao especially kalalakihan ngayon.

"Pie," tawag ni S nang makalapit kami sa table.

"Ba't ngayon lang kayo?" Tanong ni Everleigh kay I.

Katabi ni S fiancee n'ya tapos kaming apat naman ang magkakatabi. Balak ko sana tumabi kay kitten pero occupied na both sides nitong upuan.

"May inaway pa kasi kami" sagot naman ni I.

"Inaway?" Tanong naman ni Lorelei,

"Ou, may umaway kay babe tapos sinabihan s'yang panget. Kaya inaway namin" sagot ni kb at humagikhik.

Hitsura ni pie bigla nalang nag dilim dahil sa narinig.

"Who?" Malamig na boses nito.

Nagkatinginan pa kami ni S bago sagutin ang tanong ni mommy n'ya.

"Hindi namin kilala, basta hayaan mo na yun." sagot nito.

Sakto dumating ang mga pagkain na inorder ni pie, gutom na gutom pa naman kaming lahat. Sa dami ng pagkain ay tiyak mabubusog kami ngayon!

"Hmm hmm hmm ako" sabi ko habang puno ng pagkain bunganga ko.

"I told you not to talk when your mouth is full Rochelle" sermon na naman ni kuting sa akin.

Nilunok ko muna ang pagkain bago ulit magsalita.

"May tanong ako kako" sabi ko.

"Ano 'yon?" Sagot ni K bago sumubo.

"How to say ma bagsak ako without actually saying it?" Kalmado kong tanong saka sumubo ulit ng pagkain.

"Gaga bagsak ka?" Nanlalaking mata na tanong ni S.

"Hindi, si kb bagsak. Nakita ko card n'ya may 3.5" pagkasabi ko no'n ay bigla nalang nabilaukan ang monkey.

"Luh HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Ano ba 'yan! alam n'yo naman ang dahilan kaya bagsak" depensa n'ya sa sarili.

"Paano mo sasabihin kb?" Tanong ni A sa kanya.

Kami lang nag iingay dito habang tahimik lang sa panig nila kitten at patuloy sa pagkain habang nakikinig sa amin. Sinulyapan ko si kitten at napansin ang konting ketchup sa gilid ng kanyang labi kaya dumukot ako ng table napkin para iaabot sa kanya.

Sinulyapan lang ako nito at tinaasan ng kilay. Hindi ko nalang s'ya sinagot at ako na mismo ang kusang nag punas sa kanya.

Bahagya pa s'yang nagulat dahil sa biglaan kong ginawa.

"You're so clumsy" sabi ko at marahan na pinunasan s'ya.

I know she's glaring at me kaya hindi ko s'ya matignan sa kanyang mata. Umayos na ulit ako sa pag upo after ko s'yang punasan.

Mabuti nalang at abala ang mga kaibigan ko sa pag-uusap at hindi ako napansin. Basta kasi nagsimula na kami mag-usap ay parang may sarili na kaming mga mundo.

"So ano nga sasabihin mo kb? I mean, paano mo sasabihin" tanong ni I.

Napaisip pa ata si KB kung ano ang isasagot.

"Sasabihin ko, sa sobrang ganda ng anak n'yo pati grades nahulog" sagot n'ya na ikinatawa namin.

Tumikhim naman si I.
"Ako sasabihin ko ma may dala akong halaman, s'ya nalang anak mo" rason ni I.

"HAHAHAHAAHAHAHA" sabay pa kaming natawa ni S,

"Tinatawa n'yo? sige kayo nga, paano n'yo sasabihin?" iritadong tanong ni keyboard sa amin.

"Sasabihin ko lang na, ma na fall ako sa maling grado" sagot ko sa kanya.

"Naknampucha HAHAHAHAHAHAH."

"Ang hirap ng test, tapos sabi ni ma'am okay lang naman daw bumagsak basta mabuti tayong tao at walang inaapakan. Ganyan sasabihin ko" sagot naman ni A

"HAHAHAHAHAHAHA" lakas ng mga tawanan namin kaloka.

"Ikaw S?" Tanong ko sa kanya

"Simple, ma hanap ka na bagong anak" agad na sagot nito.

"HAHAHAHAHAAHHAHA" para talaga kaming mga siraulo palagi.

"Ou tama tama!" sagot ko sa kanya habang tumatawa.

Dinukot ni S ang phone n'ya dahil may nag text ata sa kanya. Tapos nilapag n'ya sa lamesa matapos n'ya itong replyan.

Mabilis na dinampot ni pie ang phone ni S, pero mas nagulat kami nang bigla nalang damputin ni S ang pudding at sinaksak sa bunganga n'ya.

"HAHAHAAHAHAHAHAHAHA" hagalpak namin ng mga kaibigan.

"Luh Sj HAHAHAHAHAHAHAH." mababaliw na yata ako kakatawa jusko.

"Pie, kunin mo na lahat wag lang daw ang pagkain n'ya hahaha" sabi ko naman kay pie na ngayon ay gulat ang mukha.

Hindi n'ya rin siguro inasahan ang ginawa ni S, literal kasi na pudding ang kinuha n'ya instead of phone haha.

"Natakot agawan mo ng pagkain ma'am HAHAHAHAHAHAHA." sumang-ayon ako kaagad sa sinabi ni keyboard.

"Grabe! loyal at faithful masyado si babe ma'am pero pag pagkain na usapan, literal na who you ka" pang-aasar ni K kay pie. Hitsura ni Sj parang bata, halos hirap na lumunok dahil napuno ng pudding ang bunganga niya.

Sinulyapan ko si kitten na nakatingin na pala kina pie at sj, kita ko talaga ang lungkot sa kanyang mga mata kahit hindi man n'ya sabihin.

Umusog ako konti palapit sa kanya.
"Kitten woi" tawag ko.

"What?" maldita talaga to s'ya pagdating sa akin.

"4300" mahinang bulong ko sa kanya.

Kumunot naman ang noo nito, hindi n'ya kasi gets ang number na binulong ko.

"4300?" ulit nito sa sinabi ko at narinig 'yon ni S, sabay pa sila napatingin ni pie sa amin.

Bigla nalang sumilay ang matamis na ngiti sa labi ni Sj, I guess alam n'ya ang meaning?

Binalingan kong muli si kitten.
"Yes 4300" nakangiting sagot ko

"Do you want me to give you lotto numbers?" Sagot nito.

Humagalpak kami ng tawa ni Sj dahil sa sagot n'ya, gage hindi ko alam bakit tumawa rin 'tong pinsan ko.

"What's funny?" Tanong ni Kitten. Naiyak tuloy ako sa kakatawa, lokong lotto numbers yan.

"N-Nothing, nevermind, kitten," humagikhik ako at tinapik ang kanyang ulo, napagtanto ko lang ang ginawa ko nang mapansin ang pag-iba ng ekspresyon nito kaya dali-dali kong inalis ang kamay sa kanyang ulo. Ang cute kasi masyado ni kitten lalo na pag confused sya.

"I'm sorry." bulong ko at muling itinuon ang atensyon sa mga kaibigan.

CHAPTER 3

-

"Tangena hoy!" bulyaw ng magaling kong pinsan.

Maaga pa pero nagkakagulo na silang lahat, ewan ko sa kanila at ginagawang big deal lahat. Masakit pa ulo ko dahil hindi masyado nakatulog kagabi.

"Gago, legit yan?! talaga as in? Aweee di ngaaaaa?" ayaw pa maniwala ni Sj,

May nakalap kasing balita si Iris, sabi starting next week lahat ng mga graduating srudents mananatili na sa dormitory. Wala naman problema at sa tingin ko maganda rin yun, hindi ko lang alam sa mga to at bakit ayaw nila pumayag.

"Hindi pwede!" bumuntong hininga nalang ako dahil against din si keyboard sa plano.

Isa lang naman dahilan kung bakit ayaw nila pumayag. May curfew kasi at ibig sabihin lang ay hindi na kami makakagala ng gabi. Pwede naman kausapin ni Sj si pie kung ayaw nila manatili sa dorm, papayag naman yun kaagad sa lahat ng gusto nitong pinsan ko.

"Hindi pwede mag dorm tayo! Ayokong may ibang makasama no." may point naman si Iris, kahit ako ayaw kong may kasamang iba liban nalang sa kanila. Mahihirapan yata sila lalo na at mandatory.

"Paano yan? bakit ngayon pa nila gusto e implement ang bagay na yan?" tanong ko sa kanila, as if masasagot nila.

Nakapangalumbaba nalang kaming lima, dinaig pa yata namin ang pinaka problemadong tao sa buong mundo dahil lang sa ayaw namin mag dorm. Nasa ganitong sitwasyon kami nang bigla nalang sumulpot sila kitten. Gumagaan talaga pakiramdam ko sa tuwing nakikita sya kahit na tinatarayan ako palagi.

"What happened?" Tanong ni pie.

Walang sumagot at sabay pa kaming lima napabuntong hininga.

"What?" tanong ni Kitten pero wala parin sumagot.

"Hays" sabay ulit kaming lima.

"Wala na kayong maisip na mga kalokohan?" sabat naman ni Everleigh, sinulyapan lang namin sila saglit saka nagmukmuk ulit sa lamesa.

"Hungry?" sunod na tanong ni Lorelei,

Gutom kami ou, pero wala kaming mga gana.

"Krystal Bern?" tawag ni Kathlyn kay keyboard,

Masunurin si keyboard kaya sasagot yan syempre. "Totoo po ba ang balita na next week dapat sa dorm na kami?" nakangusong tanong nito sa mga guro.

"Yes, and why?" sagot agad ni Kath,

Dahil sa narinig naming sagot n'ya ay nagpakalawa na naman kami ng isang malalim na buntong hininga.

"Mandatory po ba sa 3rd-4th years?"

"Yes"

"Haaaaays" we sighed in unison.

"Pwede ba wag nalang kami isali mga miss?" tanong ko.

"Ou nga." segunda nila A at I.

"And why?" taas kilay na tanong ni Lorelei kay A,

"Ayaw namin mahiwalay sa isa't-isa, tapos ibang planeta pa course ni R," sabi ng pinsan ko.

"Sino naman nagsabi sa dorm kayo?" nabuhayan kami sa sinabi ni ma'am Everleigh, hindi kami mag dodorm?!

"Ay hindi ba?" tanong ni Iris,

"We've prepared something for you." Nanlaki ang mga mata namin dahil sa sinabi ni pie, anong ibig nya sabihin? Kung ganun hindi kami sa mismong dorm tutuloy?

"Ano, pie?"

"Remember the bet?" Sagot ni pie sa pinsan ko. Anong bet tinutukoy nila at bakit hindi ko alam? naloko na talaga, pati sila pie nahawa na sa amin dahil marunong na silang mag pustahan.

"Oh! yung sabi mo na tambayan namin ng ccb?" wala akong alam sa mga pinagsasabi ng pinsan ko.

"Yes, J,"

"So, ibig sabihin?" mukhang gets ko na pinupunto ng pinsan ko.

"Yes." tipid na sagot ni Everleigh,

"Ang bilis nyo naman yata makagawa? ay tapos na meeting nyo?" tanong ulit ni S.

"Not yet."

"Ano pala ginagawa nyo rito?"

Sasagot pa sana si pie nang biglang may tumawag sa akin.

"Love," sabay kaming lahat napalingon sa babaeng tumawag.

Malawak ang naging ngiti ko at tumayo ako agad pagkakita ko sa kanya.
"Jemima," salubong ko at humalik sa pisngi niya.

"Umm, busy ka?" tanong niya at tinignan ang mga kasama ko sa table. Tumingin na rin ako sa kanila at bakas ang pagkaliton sa kanilang mga hitsura. Hindi nila alam pero kaibigan ko si Jem, naging malapit kami sa isa't-isa simula nong lumipat ako rito sa PU.

"Hindi naman, bakit?" baling kong muli sa kanya.

"Hoy! pakilala mo naman." sabi ni Iris,

Hinawakan ko ang kamay ni Jem saka marahan na hinila palapit sa table.
"Her name is Jemima, my friend" pakilala ko kay Jem sa kanila.

"Hi." ngiting bati nito sa mga kasama ko.

"Hi Jem, single ka b-aray!" Napakagat labi ako dahil bigla nalang piningot ni Everleigh tenga n'ya.

"Okay lang ba kung hiramin ko muna si Love?" ang galang ni Jem, hindi deserve ng mga kaibigan ko yun. Nagpalipat-lipat mga mata ko sa mga kaibigan ko, nag-uusap pa yata silang lahat sa pamamagitan ng mga mata

"Okay lang, wala naman kami gagawin." sagot ni S at sumulyap sa side ng demogons kaya napatingin na rin ako. Si kitten, nakatingin pala sa akin. Sobrang perpekto ng kanyang mukha pero wala akong makita na kahit anong expression liban nalang kung kausap nito ang pinsan ko. Sabagay, ano pa nga ba aasahan ko.

"Thank you." pasalamat ni Jem sa kanila.

"Jem, may gusto ka ba sa kaibigan namin?" para akong naging bato sa biglang tanong ni Ag, paano nya nagawang itanong yan sa harap nila kitten?

"Hmm, why? wala naman sigurong magagalit pag sinabi kong ou?" iniyuko ko ang ulo dahil bigla ako nakaramdam ng hiya, dapat hindi na pinatulan ni Jem tanong ni Ag,

"Single naman sya kaya gorabels, support ko kayo." bakit kailangan pa makisali ni keyboard. Minadali kong kinuha ang mga gamit at nagpaalam sa kanila.

"See you tomorrow friends." sumulyap ako kay kitten ngunit hindi na ito nakatingin sa akin. Isang tipid na ngiti ang ibinigay ko bago tuluyan umalis kasama si Jem,

Saan ba kami pupunta na dalawa?

"Saan mo ako balak itanan?" Pabirong tanong ko sa kanya.

"Sa kwarto ko" sabay naman nya sa pagbibiro ko. Mahina akong natawa dahil sa kanya, hinayaan ko itong yumakap sa braso ko total ganito naman talaga kami lagi pag magkasama.

"Kanino ko ba pwede ibuhos tong pagiging loyal ko at umaapaw na." sabi ko kasunod ang pag iling ng ulo.

"Kanino pa ba? Eh di sa akin" agad na sagot ni Jemima na mas lalong ikinatawa ko na.

"Hmm, pwede." nakangising sagot ko pero syempre joke lang namin yun.

"Rochelle"

I abruptly stopped walking when I suddenly heard someone calling out my name. Without even turning back, I knew who it was. I swiftly turned my head to look back, and indeed, it was my kitten. She looked cold and I wondered why she was following me.

"Yes?" sagot ko sa kanya.

"Sj needs you, you have something important to do" malamig na tugon nito bago tinapunan ng tingin ang braso ko na ngayon yakap ni Jemima.

I tilted my head in confusion at her statement, wondering what we were meant to do. Why did they even ask me to leave if they were going to need me after all?

Binalingan ko naman si Jemina saka nginitian. "Sorry Jem, baka kasi mahalaga kaya kailangan kong bumalik sa kanila." pag hingi ko ng paumanhin sa kanya.

"It's okay love, bumalik ka na" sagot nito.

Nagulat ako dahil bigla nalang itong tumingkayad at hinalikan ako sa pisngi. Langya, sa harap pa talaga ni kitten?

"See you later." bulong nya matapos akong halikan at naglakad na palayo. I stood there in silence as I followed her with my gaze. What in the world is Jemina up to? Why did she do that?

Napaigtad ako nang may biglang nag tapon ng panyo sa mukha ko, mabuti at nasalo ko bago tuluyang mahulog. Napalingon ako sa kung sino man 'yon at ang blangkong mukha ni kitten ang tumambad sa akin.

"Wipe your cheek, it's dirty" she said coldly then walked away.

Napanganga ako at anong sinasabi n'yang dirty? wala naman akong kinain. Ginamit ko nalang din ang panyo upang punasan ang magkabilang pisngi at naglakad na pabalik ng cafeteria.

"Hoy!" Tawag ko sa mga malalaking bunganga kong kaibigan.

Nasa entrance palang ako kanina ay rinig ko na ang sobrang lakas nilang mga tawana, mga walang hiya talaga.

Ang mga siraulo, sa cafeteria pa talaga nag bi-bingo! shit deja Vu.

"Oh bakit bumalik ka?" Kunot noo na tanong ni S.

Napakunot narin ako ng noo ko dahil sa tanong nito, anong bumalik sinasabi n'ya.

"Siraulo ka! sabi ni kitten kailangan mo raw ako at may gagawin tayong importante" sagot ko sa kanya at tumabi ng upo kay K.

Nagsalubong ang kanyang mga kilay, as if she's thinking kung sinabi nga ba nya talaga ang bagay na yun.

"Tangek, pinagsasabi mo at wala naman akong sinabing ganyan bobo" sabi ni S at inirapan ako. Ako pa

talaga ang sinabihang bobo

"Sabi nga kasi ni Ziallyn na tinawag mo ako!" Inis na balik ko sa kanya.

Pansin ko wala na sila pie, bumalik na siguro sa meeting nila mga babaeng yun. Hays, kung hindi ako pinatawag ni Sj ay ibig sabihin lang nagsinungaling si kitten sa akin? Pero sa anong dahilan?

"Bahala ka, umiinit ulo ko sayo donkey." dapat ako mainit ang ulo dahil sa gulo nila eh. Sisihin nya kaya si kuting dahil sya nagsabi sa akin na pabalikin ako rito.

"Kumuha ka na nga ng cards at magsisimula na tayo!" sabi ni K at hinagis sa tapat ko ang mga cards ng bingo.

"Tangena so ito ang dahilan kaya pinabalik n'yo ako rito? ang mag laro ng bingo?" taas kilay na tanong ko.

"Hindi nga kasi kita tinawag! at total nandito ka narin lang naman, mag bingo ka nalang" sagot ulit ni S sabay hilot ng noo.

I shook my head at namili nalang din ng mga cards, sasali ako syempre!

"Magkano pusta mga bakla?" Tanong ko.

"Walang pustahan na magaganap" sagot ni Sj kaya lahat kami napalingon sa kanya.

"Hala may lagnat ka!?"

"Nabagok ulo mo?"

"Gago, nakainom ka na ba ng gamot?"

"Mabaet ka pala?"

Sagot namin sa kanya, himala naman masyado at hindi nakipagpustahan ang gaga kong pinsan.

"Hampasin ko kayo nitong bote gusto nyo?"

"Ako na nga ang aalog d'yan, akina" sabi ko at inagaw sa kanya ang lalagyan ng mga numbers.

Inayos ko na ang cards saka bumunot.

"Sa letrang M, mamahalin kita kaya maging akin ka na" sabi at hinanap ang M.

"Sa letrang G gago walang M sa bingo" sabat diretso ni K

"Tangena mo R"

"Huhugot pa e"

"Sa letrang B bobo, walang M sa bingo. Puro kasi landi hayop ka! Ano 'yon, ngongo ka? MINGO ganern?" iritadong salita ni S.

Gage lutang naman masyado utak ko, kasalanan talaga ni kitten ang lahat ng 'to e.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Wag nalang nga tayo mag bingo! mga lutang kayo. Ibalik mo na yan sa bulsa mo A" utos ni S, bakit kaya badtrip na naman 'tong si baliw.

Wala siguro silang magawa today, bakit hindi nalang sila mag-aral para tumaas naman grades nila kahit kaunti? Isa pa tong pinsan ko, di naman kami same course pero bakit sa akin nagpapaturo.

"Hoy, alam n'yo ba na si Emilio Aguinaldo ay buhay pa" putol ni Kb sa katahimikan naming lima.

"Luh, 'di nga?" sagot naman ni I, uto-uto rin talaga hays.

"Ou buhay, bago s'ya mamatay" sagot agad ni K.

Ang kaninang tahimik na kumpulan namin ay biglang nabulabog ng malalakas na tawanan.

"BAHAHAHAHAHAHAHA, langya ka horsey!" bilis mag shift mood ni S, parang kanina lang nakasimangot.

"Sarap mo naman ibalibag keybold!" napailing ako dahil tinampal ni I ang ulo ni keyboard, wala talagang matino sa amin--ay meron pala si Ag pero slight lang.

"Bakit wala ka sa mood? akala ko ba okay na kayo ni pie?" seryosong tanong ko.

Bumuntong hininga muna ito bago ako tinapunan ng tingin.

"Akala ko rin okay na, abnormal talaga si Mommy ko promise. Bigla nalang nag historical si pie" kumunot ang noo ko sa sinabi n'ya, anong historical amp.

"Gago baka hysterical?" pagtatama ko.

"Bobo historical nga kasi inungkat n'ya lahat ng mga kasalanan ko" sagot nito agad.

Instead na kaawaan ay tinawanan lang namin ang sinabi n'ya.

"Saya n'yo naman mga gago" sabay irap n'ya sa amin.

"Tandaan mo babe na meron kang kami pag gising at tulog mo" sabi naman ni K sa kanya at pinisil ang kamay.

"Ano kayo, muta ko?" Sagot n'ya.

Humagalpak na naman kami ng tawa, tangena wala talagang patutunguhan ang mga walang kwenta namin pinag-uusapan.

"Tara mag jogging nalang tayo!" Nanlaki naman ang mata namin sa pag-aaya ni I.

"Siraulo ka ang init-init!" sagot agad ni A.

"Ano gagawin?" Tanong ni Keyboard.

"Lalangoy ata" sagot ko agad sa kanya dahilan para magtawanan na naman sila. Kakasabi lang jogging tapos magtatanong ano gagawin, baliw ampotek.

Sabay na naman kaming lahat nakapangalumbaba.

"Ang boring ng buhay, ano ba dapat gawin?" Tanong na naman ni A.

"Isauli" sabat ko.

"BAAHAHAHHAHAHAHAHAHAH" biglang tawa ni S.

"Ano ba, wala ba talagang titino sa atin kahit isa?" A asked in disbelief haha.

"May chismis ako, yung ex ko na taga anong course nga yun keyboard? Basta yung girl na sinabi mong jowa kita." baling ni I sa kanya.

"Hindi ko matandaan sa dami ng mga naging babae mo, bakit ano ba chika?" Sagot naman ni K.

Nag order nalang si A ng mga makakain namin kaysa mag mukmuk kaming lahat dito.

"May bago na sya, nakita ko kasi sa bio. Nilagay nya name nong lalaki at monthsary." iiyak na ba sya nyan?

"Ano ba?" Tanong ko

"JOHN 3:16" sagot n'ya.

Tangena akala ko pa naman seryoso na ang pag-uusapan namin!

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAAH" tawanan namin sa kanya.

"Siraulo ka Iris! BAHAHAHAHAHAH." pinsan kong baliw na sa kakatawa.

"Ayaw ko na nga!"

"Ano ba naman HAHAHAHAHAH." mababaliw yata ako kakatawa lagi pag sila kasama.

"Tumigil na nga kayo, ito may tanong ako kaya tulungan nyo ako." sabi ko at pinunasahan ang nangingilid na mga luha dahil sa kakatawa

"Sige go, ano?" tanong ni I,

"Kung paano raw ipapakita ang pag galang sa kalikasan" seryoso kong sabi sa kanila.

"Magmano ka sa puno" napapikit nalang ako dahil sa sagot ni A.

Kinagat ko ang ibabang labi bago ipinikit ang mga mata, sinakop na naman ng mga tawanan nila ang buong cafeteria. Mauubusan ata ako ng pasensya sa kanila today.

"HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA." tawanan ng mga baliw.

"Tigil na kayo, punta tayong field." itong pinsan ko, kahit ano nalang maisip. Hays, kahit naman sabihan

ko sila mag-aral ay wala naman akong mapapala dahil matitigas ulo nilang lahat.

Nagtungo kami kaagad sa football field, ang lilikot masyado at hindi na tumigil sa kakatawa mga babaeng to. Iniisip siguro ng ibang students kung nasa tamang pag-iisip pa ba sila kasi minsan tatawa nalang talaga bigla kahit walang dahilan.

"Mga tanga next month na pala valentine's day, kawawa naman kayo mga walang date." pang aasar ni Sj sa amin. Napailing nalang ako, sana all talaga may ka date sa 14.

"Sus, dami-dami pwedeng makaladkad d'yan sa gilid" sabat naman ni I. True true!

"Ou nga, dami kong manliligaw no" pagmamayabang ni keyboard, hindi halatang may manliligaw s'ya promise.

"May manliligaw ka tanga?" Humagalpak ako ng tawa dahil sa tanong ni Riri,

Invite ko kaya si kitten sa date? pero mukhang malabo at hindi naman ako ang pinsan ko para pumayag 'yon.

"May manliligaw ako no!" iritadong balik ni keyboard kay Riri,

"Manahimik nga kayo, nandito na tayo at ilapag n'yo na mga gamit" sabi ni S.

Hindi ko man lang namalayang nakarating na pala kami sa field, mabuti nalang at walang naglalaro ngayon. May ibang mga estudyante pero nakatambay lang sa gilid kasama mga kaibigan.

"Ag, asan ang bola? ilabas mo na doraemon," utos ni S sa kanya.

At meron nga s'yang bolang nilabas! what the heck.

"A baka pwede narin ako makahingi ng jowa sayo? Total parang nasayo naman na lahat ng mga kailangan namin e" sabi ni I bago tumawa ng malakas.

Legit talaga ang sinabi nito, ako rin hihingi pero charot lang. Kitten lang talaga sapat na.

"Hoy! Kulang tayo isa" singit ni Keyboard.

Parehong napaikot ang mata namin ni Sj. Ou nga naman kulang kami ng isa, pero pwede naman kahit wala na.

"Hindi na kailangan ng isa keyboard, hindi ka rin naman marunong sumipa" pang aasar na naman ni I sa kanya.

"Marunong 'yan sumipa si Keybold hoy, s'ya si horsey remember?" Bungisngis na saad ni S, lakas talaga nila mang asar sa totoo lang.

Sa ganda at cute ni keyboard? Talagang sinagad na ni S tawagin syang horsey. Sana lang hindi mamana ng mga anak nya ang kamalasan.

"Sige pagtulungan n'yo na naman ako!" bulyaw ni keyboard sa kanilang dalawa. Pumagitna na ako sa kanilang usapan dahil baka mag bardagulan ulit sila keyboard at si Iris.

"Tigil na nga kayo, kami nalang partner ni Sj tapos kayo na tatlo" sabi ko. Hihindi pa ba sila n'yan?

So ayon na nga ang ginawa namin, partner ko pinsan ko at kalaban naman namin silang tatlo.

"Toss coin" sabi ko sa kanila at naglabas isang barya.

"Heads" sambit ni A

I tossed the coin at ang resulta ay tails, okay kami ang unang titira ni S.

Pumwesto na kami, medyo lugi talaga kaming dalawa dahil tatlo sila. Okay lang may alam naman kami ni Sj sa larong 'to.

Pinasa ko na ang bola kay S at dalawa pa talaga nakabantay sa kanya kaya medyo nahihirapan sya. Tumakbo ako palapit sa kanya at mabilis nya itong naipasa, muntik pa lumampas sa paa ko ang bola pero mabuti nalang naagapan ko agad.

I'm totally free at walang nagbabantay, goalkeeper nila ang keyboard. I immediately kicked the ball with full force at mabilis na lumipad patungo sa net.

"Keybold harangin mo!" Sigaw ni I

Biglang tumalon si keyboard sa right side to stop the ball sana kaso ang monkey! sa mukha nya tumama ang bola at bumagsak sya sa lupa!

"Tangena amp BAHAAHAHAHAAHAH." hagalpak ni Sj, pati narin kami nagtawanan dahil sa katangahan ni keyboard.

"Aaaahhhh shit!" daing nito. Tumakbo kami palapit sa kanya at may nosebleed sya huhu.

"Hala hala!" bigla akong nataranta, tumakbo palapit sa mga gamit namin at mabilis kinuha ang panyo ko.

"Di kasi nag-iingat keyboard, may kamay ka naman sana! bakit mukha mo pa ginawa mong blocker?" sermon ko sa kanya.

Lumuhod ako para mag pantay kami, ako na mismo ang nagpunas ng ilong nito.

"Hoy keybold okay ka lang ba?" Tanong ni S.

"Luh, do'n ka nalang sa mga gamit natin at bantayan mo. Wag ka na sumali, sinasabi ko na nga ba talaga may mangyayari." sabi ni I at inalalayan si keyboard makatayo.

Kawawa naman masyado 'tong monkey namin, lagi na nga nabubully, lampayatot na nga, pati ba naman kamalasan ay dala-dala nya. Kinuha ko narin ang isang kamay nito at inakbay sa balikat ko, dinala namin sya pabalik sa table saka maingat pinaupo.

"Huwag kang yumuko keybold!" sermon ni S dito.

"Okay pa ba ang bola, hindi ba nasaktan?" Sabay kaming apat napalingon kay A na ngayon malawak ang ngisi.

"HAHAHAHAHAAHAHAHA" tawanan nina S at I, anong nakakatawa do'n?

"Bwesit ka naman Ag! maglaro na nga kayo, layas" bugaw nito sa amin.

"Bakit kasi ang lakas pagkasipa mo R, kawawa naman ang horsey ko" S said while giggling.

Nagkibit balikat nalang ako saka naglakad pabalik sa field. Iniwan na muna namin ang injured na alaga namin, mahirap na't baka mapaaga trip nya kay san pedro pag sinali pa namin ito sa laro.

Nagpatuloy na kami sa paglalaro, nagkagalos na nga kami dahil sa pinaggagawa namin.

"Hoy si Ziallyn oh" agad kong nilingon ang tinuro ni Iris.

Si kitten na nanonood pala sa amin sa may bandang cottage, naka crossed legs and arms. Ang hot naman ng kuting na 'yan.

"Hoy R ang bola!" sigaw ni S.

Hinabol ko ang bola na malapit na lumabas ng pitch at malakas na sinipa ito patungo sa direksyon ni S na tumatakbo palapit sa goal.

Sinipa n'ya ito ngunit na block ni Iris gamit ang paa pabalik, nagmadali akong habulin ito at sa sobrang focus ko sa bola ay hindi ko na napansin si Sj.

"Shit/Fuck!" Napamura nalang kami ng sabay dahil sa malakas na pagkauntog ng mga ulo namin sa isa't isa.

Napaluhod ako sa sobrang sakit samantalang si Sj naman napaupo. Tangena ang sakit, ang lakas kasi nong impact.

"Hoy kayong dalawa tangena!" Sigaw ni

"Okay lang ba kayo?" Nag aalalang tanong ni A.

Hindi ako okay dahil sobrang sakit nitong ulo ko, to be exact sa may ibabang mata ko talaga tumama ang noo ng pinsan ko. Umiling nalang ako upang ipahiwatig na hindi ako okay.

"Langya naman, maglalaro nalang nga tayo ay magkakasakitan pa. Tigil nalang nga natin to" sabi ni I at nilapitan ako

"Ja!" rinig kong sigaw ni kitten kaya napalingon ako sa kanya.

Sakit naman sa mata makita na tumatakbo ito palapit sa pinsan ko na may sobrang pag-aalala sa kanyang mga mata.

Mabilis siyang lumuhod sa harap ng pinsan ko at hindi man lang pinansin ang ibang tao. Nagbaba ako ng paningin at mapait na ngumiti...

Okay lang...

"Ja, are you okay?" She asked worriedly. Paano naman ako?

"R okay ka lang ba?" tanong ni A sa akin kaya napaangat ako ng ulo. I bit my lower lip and forced myself to smile at her.

"Zi okay lang ako, don't worry. I think mas malala ang kay R dahil sa mata s'ya natamaan" sagot ni S sa kanya.

"Let's go to the clinic" hindi nito pinansin ang sinabi ni S at nagpatuloy lang na alalayan itong tumayo.

S looked at me pero hindi ko mabasa ang kanyang mga mata, kaya nginitian ko nalang s'ya pabalik saka tumango.

"Babe! Tara na sa clinic" biglang singit ni keyboard.

"Tara na R, kailangan mo rin pumuntang clinic." Tawag ni Iris,

"Sige na, okay lang ako" sabi ko at tumayong mag-isa.

Ayaw sana ni S pumayag pero mapilit si Kitten at Keyboard, kaya wala na s'yang nagawa kundi ang pumayag nalang. May mga galos nga kasi s'ya dahil sa kaka-dive n'ya kanina sa laro.

"R, halika na kailangan rin gamutin 'yang mata mo at sugat sa kamay" Mahinang salita ni A nang kunin na namin ang mga gamit.

Nauna na ang apat sa clinic, hindi ko rin alam bakit nandito pa si Ag.

"I'm okay A, sundan mo na sila" sabi ko at nginitian s'ya.

She's staring at me intently na para bang sinusuri ang hitsura ko saka bumuntong hininga.

"Sige sunod ka nalang" sabi n'ya at tinanguan ko naman s'ya. Kinuha na nito ang gamit saka sumunod sa mga kaibigan namin.

Napaupo nalang ako habang yakap-yakap ang mga tuhod ko at iniyuko ang ulo.

"Wala talagang nagbago, palagi nalang ganito." I whispered in the air and smiled bitterly.

Naramdaman ko nalang ang pag patak ng mga luha sa magkabilang pisngi ko.

"Love?" Tawag sa akin mula sa likod kaya napalingon ako.

It's Jemina na ngayon ay may gulat sa kangyang mga mata at mabilis akong nilapitan. Habang papalapit ito sa akin ay tuluyan ko ng pinakawalan ang mga luha. "Love, why are you crying? sino nanakit sayo? B-Bakit may mga galos sa mukha at tuhod mo?" Bakas sa kanyang boses ang labis na pag-aalala, buti may isang tulad ni Jem kahit papaano.

Umiling lang ako at binigyan sya ng ngiti.
"Naglaro kasi kami kaya may mga ganyan, naiyak ako kasi ang hapdi." sabi ko at ngumuso, ayaw ko kasi sabihin sa kanya ang dahilan.

Hinawakn nya ang magkabilang balikat ko at marahan pinatayo. "Para ka namang bata, tara na at gamutin natin yan. Tignan mo tuloy nagkasugat pa mukha mo tsk." Ako na nga itong nasasaktan, ako pa nasesermonan.

Napangiti nalang din ako, sya lang kasi close ko liban sa ccb simula nong lumipat ako sa paaralang to.

Ayaw ko na sana pumuntang clinic dahil masasaktan na naman ako pag nakita ko si Ziallyn. Nagpatianod nalang din ako kay Jemima, ang kulit din kasi nitong babae na 'to e.

Papasok na sana kami ng clinic nang bumukas ito at iniluwa ang mga kaibigan ko. Napansin kong wala si kitten, nakaalis na siguro?

"Hoy R bakit ngayon ka lang?" Tanong agad ni S at binalingan ang katabi ko na si Jem.

"Ah nag usap pa kasi kami ni Jem" rason ko sa kanila

"Mauna na kayo, susunod nalang ako basta chat nyo lang ako kung saan pupunta." sabi ko sa kanila.

"Sige, do'n lang kami sa restaurant ni Mommy, nagutom kami e." Tumango nalang din ako bilang tugon sa sagot ni S,

Pumasok na kami agad ni Jem pagkaalis ng mga kaibigan ko. Nagulat pa ako nang makita si Ziallyn na kausap ang nurse, akala ko pa naman ay wala na s'ya rito.

"What happened to you?" Tanong ni nurse nang makalapit na kami sa kanila. Sinulyapan ko si Ziallyn, tahimik lang nagbabasa sa hawak nyang magazine. Bakit nandito pa sya? Wala sya balak sumama sa pinsan ko?

"Nadapa lang nurse" sagot ko, bahala s'ya kung ayaw n'ya maniwala.

"Nurse, where's the first aid kit? ako nalang po ang gagamot kay Love" tanong naman ni Jemima kay nurse.

Umupo ako sa kabilang couch na kaharap lang ni Ziallyn. Para lang talagang wala ako sa harapan n'ya, sabagay sino nga ba naman ako.

"Love look at me" biglang salita ni Jem kaya napatingin ako sa kanya.

She gently caress my cheek saka hinawakan ang baba ko.

"Aww!" Napangiwi ako dahil mahapdi, bakit kasi alcohol agad nilagay? Imbes magtampo ay napangiti nalang din ako nang makita syang humahagikhik, talagang natutuwa pa talaga sya habang nasasaktan ako?

"You should take care of yourself love, sa sobrang kulit mo nasasaktan ka na" panenermon na naman ulit sa akin ni Jem.

"Hindi naman maiwasan masaktan lalo na pag football nilaro mo" sagot ko sa kanya. Lumawak ang ngiti sa kanyang labi at pinisil ang baba ko na parang bata, nanggigil ata sa akin.

"It's okay nandito naman ako upang alagaan ka" panunukso nito sa akin saka ngumisi ng nakakaloka.

Suddenly we heard a thud so we looked at it. It was Ziallyn who dropped the object on the table and quickly left the clinic.

"I heard she likes your cousin?" Biglang tanong ni Jem habang nasa nakabukas na pinto parin ang mga mata ko. Kumunot ang noo ko dahil sa sinabi nito. Paano nya nalaman na may gusto si Ziallyn sa pinsan ko?

"Kanino mo nalaman?" tanong ko

"Kalat kaya sa campus matagal na, kahit nong panahong wala pa si ma'am dito. Si Shara lang naglakas loob sagutin si Ziallyn sa harap ng maraming tao. Also, aside sa twins nya ay ang pinsan mo lang din kinakausap at nginingitian nya.' pagpapaliwanag ni Jem sa akin.

So nauna talaga makilala ni Ziallyn si S, nang panahon na may amnesia pa 'to at hindi maalala si pie?

Bigla kumirot ang dibdib ko, ang swerte talaga ni Sj kahit kailan. May pamilyang sobrang mapagmahal at hindi s'ya hinusgahan, may mga tapat na kaibigan at laging maaasahan, at may mga babaeng tunay na nagmamahal at hindi s'ya sinusukuan.

Mapait akong ngumiti kay Jemima.
"Right, she's lucky indeed"

I tried my best to prevent my tears from falling, nakakahiya naman kung iiyak ako sa harapan ni Jemima...

"Done, love," matamis na bulong ni Jem saka nilagyan nang band-aid ang sugat ko.

"Thank you, Jem," pasalamat ko sa kanya.

Inayos na nito ang kit bago ibinalik kay nurse. "Thank you, nurse, "

Kinuha ko mga gamit ko para makaalis na kami, hindi naman kailangan manatili pa rito ng matagal at ayaw ko rin. Nasa hallway kaming dalawa ngayon, hindi ko alam kung saan kami pupunta. Sundan ko nalang kaya mga kaibigan ko?

"Uuwi ka na love?" Tanong ni Jem. Wala akong balak umuwi hanggat wala pa si S, ayoko kasing mag-isa sa bahay.

"Hindi pa, baka susunod ako kina Sj" sagot ko sa kanya.

"Gusto mo mamasyal tayo?" Napatigil ako sa paglalakad dahil sa pag-aya nito sa akin.

Hindi ko alam kung susunod ako kina S or papayag nalang ako sa invitation ni Jem na gumala kaming dalawa. Napaisip ako bigla, mas bet ko ata muna ngayon magsolo kaysa guluhin na naman ang utak ko ng mga loka-loka kong kaibigan.

"Hmmm Alrigh-"

"Rochelle"

Natigilan ako sa pagsasalita dahil sa malamig na pagtawag ni Ziallyn sa akin. Anong kailangan ng kitten na to?

Nagkatinginan pa kaming dalawa ni Jem bago ako tumalikod upang harapin ang kuting.

"Bakit?" Bigla umarko ang isang kilay ni Ziallyn, hindi nya ata nagustuhan the way ko ng pagsagot sa kanya.

"Why are you still here?" Sobrang lamig naman masyado nang boses n'ya.

Anong klasing tanong ba yan? kita nya naman galing akong clinic. Hindi ko rin gets minsan ugali ni Ziallyn sa pabago-bago.

Nagulat ako sa biglang pagyakap ni Jemima sa bewang ko.
"Nakita mo naman kanina diba? galing kaming clinic" malamig na tugon ni Jem sa kanya.

Matalim nitong tinignan ang mga kamay ni Jem na nakapulupot sa bewang ko, bago ulit nag angat ng paningin sa mukha ko. Hindi ko alam kung ano iniisip ni kitten ngayon, wala kasi ako makitang ibang ekspresyon sa mukha nya kundi taglay na kagandahan.

"Did I ask you?" sagot nito kay Jem pero hindi inalis ang paningin sa aking mga mata.

"Nope, masakit mukha ni love kaya ako na mismo ang sumagot" rebat naman ni Jem at nginitian ako.

Pero legit talaga sinabi n'ya, masakit ang mukha ko at feeling ko nga mamamaga 'to kinabukasan.

Bahagya akong napaatras nang bigla nalang naglakad palapit si Ziallyn sa mismong harapan ko. She's so intimidating dahilan para mapalunok nalang ako sa kaba.

"Bitawan mo." Mariin nyang utos kay Jem. Humagikhik pa nga una si Jemima bago alisin ang mga braso sa bewang ko. She raised her both hands as if she's surrendering and thankfully hindi na sya nakipagtarayan. Maldita rin kasi ang babae na 'to kung ako ang tatanungin.

Napalingon ako kay Ziallyn dahil sa paghawak nito sa wrist ko. Pero mas nagulat ako nang hawakan ni Jem ang magkabilang pisngi ko at aksyon na sanang hahalik sa pisngi ko, ngunit mabilis ako nahila ni Ziallyn patago sa likuran n'ya.

Normal lang naman na humalik si Jem sa pisngi ko kasi both kami galing states. Tapos naalala ko na wala nga pala kami sa states, mas liberated mga tao do'n at malayo compare sa pinas.

"Alright love, mauuna na ako. See you tomorrow" paalam ni Jem pagkatapos ay kinindatan ako.

Sasagot pa sana ako nang hatakin ako ng mabilis ni Ziallyn palayo kay Jem, saan ako dadalhin ng maldita na 'to Tahimik lang ako nakasunod sa kanya, ang sakit naman masyado kung makahawak kuting na 'to. Feeling ko tuloy mapuputol kamay ko!

"Zi saan mo 'ko balak itanan?"

"I told you not to call me by that name" she said coldly, reason for me to shut my mouth.

So hinatak n'ya ako papuntang office. Anong gagawin namin dito?

"Sit" utos n'ya pagkapasok palang namin ng office nito.

Masunurin naman ako kaya agad na akong umupo sa couch.

"Bakit nandito ako?" tanong ko sa kanya.

Pero wala pa nga kaming 2 minutes sa loob nitong office ay may tumatawag sa phone nya.

Ang kaninang malamig at walang emosyon na mukha ay unti-unting napalitan ng may ngiti sa labi, mukhang kilala ko na kung sino ang caller.

"Ja"

Napapikit nalang ako dahil lintik na 'yan bigla nalang sumikip dibdib ko. Ang lambing ng boses n'ya kung sagutin si Sj.

Gusto ko na lumabas at ayoko manatili rito, nasasaktan ako gago. Saktong tumalikod s'ya ay tumulo na naman ang luha ko.

I quickly stood up at nagmadaling lumabas ng office. Alam ko naman wala s'yang pakialam sa akin at hindi naman ako no'n hahabulin.

Mas binilisan ko pa ang paglalakad palayo sa office n'ya habang pinapahiran ang mga lintik na luhang ayaw mag tigil sa kakapatak.

Tangena!

CHAPTER 4

AN: Unedited.

-

"Knock knock! aaaaaar eeeeeeel!"

"Honey my love so weeeeet, open the door please. I came here to apologize!"

Umagang-umaga malaking boses agad nambulabog sa tulog ko. Ano ginagawa nila rito sa bahay?

"Huhuhh aaaaar eeeeel, magbibigti talaga ako rito sa pinto pag hindi mo 'to binuksan"

Piniringan ko ang mga tenga pero tumatagos parin talaga ang boses n'ya. Gusto ko pa sana matulog pero hindi naman ako titigilan ng babae na 'to.

"AAAAAAAAR EEEEEEEEEEL!"

Padabog akong bumangon at tumayo upang pagbuksan ang unggoy na nambubulabog sa tulog ko.

"Donke--"

"Ano ba keybold!" iritado kong tawag sa kanya pagkabukas nang pinto. Lawak naman ng ngisi, saya nya siguro dahil successful ginawa n'myang pang bwesit sa umaga ko.

"Ano?" tanong ko ulit.

"Bakit ba tulog ka pa! Bumaba ka na at kakain na tayo" panenermon ni keyboard. Feel at home na talaga masyado, kahit nandito sila tita. Dinaig pa nga nila kaming dalawa ni Sj.

"Okay, mauna ka na magbibihis lang ako" sabi ko at sinaraduhan s'ya ng pinto. Nang matapos akong mag bihis ay bumaba narin ako para saluhan sila sa pagkain. Baka kasi balikan ulit ako ng monkey na yun kung matatagalan ako.

"Buti naman at bumaba ka pa" salubong agad sa akin ni kb. Napansin ko lang wala sila tita, baka gumala na naman sila ni tito na dalawa. Kami nalang talaga palagi ni Sj naiiwan dito sa bahay.

"Bakit ba nandito kayo, ang aga n'yo naman kung mambulabog" sagot ko sa kanya at tumabi kay Sj na abala sa pagkain.

"Bored kami e, may gagawin tayo" sabi naman ni A

Sino kaya nagluto nitong mga pagkain, marunong pala silang magluto? Hindi halata sa mga pagmumukha nila. Gusto ko pa talaga matulog dahil napuyat ako kagabi, anong dahilan nandito sila at anong gagawin namin?

"Galing naman at binulabog n'yo pa talaga ako dahil lang sa bored kayo?" sabi ko at dumukot ng pagkain. Ano gagawin namin? paniguradong kalokohan ulit yan. Hindi na ako magtataka kung sasabihin nilang mag pulubi challenge kami.

Napansin kong nakasimangot si S habang kumakain, ano problema nito?

"Oh bakit nakasimangot ka?" Tanong ko sa kanya bago sumubo.

"Kasi si pie mawawala ng isang linggo dahil kailangan n'ya asikasuhin ang business sa france. May problema raw kasi" sagot nito at ngumuso

Napatango nalang ako matapos n'yang sabihin ang dahilan. Sus, isang linggo lang pala mawawala kung makasimangot naman akala mo talaga hindi na babalik.

"Oh wag na malungkot, isang linggo lang naman pala mawawala. Buti nga hindi 4years" pang aasar ko sa kanya saka inikutan ng mga mata. Medyo masakit parin mukha ko dahil do'n sa nangyari sa amin ni S. Namaga nga.

"Ano pwede ipanghalo sa adobo?" Biglang tanong ni K

"Paminta, toyo at suka pero dapat pantay lang bakit?" sagot ni I.

Adobo lang hindi pa marunong lutuin ni keybold hays iba talaga pag mayayaman.

"Ay bobo ka, akala ko sandok" sabay pa kami nabilaukan nina S at A dahil sa sinabi ni K.

Tangena naman nito nilang dalawa, kahit pagkain walang pinapalampas sa mga kagagahan.

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHA" tawa naming dalawa ni S.

"Potangena mo doggy! sumagot ako ng maayos!" singhal ni I sa kanya, bilis mainis haha.

"Gago ka pala, nagtanong naman ako ng maayos!?" well tama nga rin naman ang tanong ni keyboard.

Napailing nalang kaming tatlo dahil sa kanilang dalawa.

"Tama nga rin naman si keybold I, hayaan mo na" sabi ni A sa kanya.

"Sabi ko naman sa inyo, pag sinabi ni keyboard dapat lahat tama" sabat ko naman saka sumubo ulit ng pagkain.

Napatango nalang si Sj at nagpatuloy sa pagkain, basta talaga pagkain ang usapan ay ayaw n'ya magpa-disturbo.

"Pero may gusto akong e share" seryosong sabi ko at itinabi ang kutsara't tinidor.

"Ano?"

"Kita n'yo yang red gate na katabing bahay?" Sabi ko at tumango naman sila.

"Kahapon kasi no'ng pauwi na ako nakita ko 'yong aso na kagat ang rabbit nila. Patay na at marumi pero wala naman dugo kaya pinaliguan ko na at dahan-dahan na ipinasok ulit sa gate nila. Tapos papasok na sana ako ng bahay nang biglang sumigaw 'yong owner kaya dali-dali akong lumabas upang tignan kung ano ang nangyari. Alam ko naman patay na but I pretended to be an innocent citizen, tapos tinanong ko kung anong nangyari sabi n'ya. Nilibing na namin 'tong rabbit kanina! bakit nakabalik 'to rito, minumulto na ba ako!? Seryoso kong pagbabahagi sa kanila tapos nagsitawanan nalang ang mga siraulo.

"Tangena ka amp BAHAHAHAHAHAHA. Ang cute naman nong multong rabbit." Wala naman kasing nakakatawa sa sinabi ko at hindi ko alam, bakit tumatawa 'tong mga hayop na 'to.

"Ano ba yan R, para kang siraulo HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." sabi ni K, ako pa talaga siraulo sa aming dalawa?

"Dapat mag doorbell ka, ghost delivery po ganern" pagtuturo naman ni I sa akin, ay sige next time gagawin ko 'yan.

Kaloka naman 'tong mga kaibigan ko, ang dami talaga nilang pwede ibanat pabalik.

"May gagawin tayo ha" sabi ni S

"Ano?"

"Mag popokemon hunt" napalingon ako dahil sa sagot nito.

Anong pokemon hunt sinasabi n'ya? Daming alam na kalokohan ni S at hindi talaga nauubusan ng mga ideas.

"What exactly do we need to do?" tanong ko. Ngumisi naman ito bago sagutin ang tanong ko.

"Basta, tapusin muna natin ang pagkain tapos malalaman n'yo" Nagpatuloy kaming kumain at isinantabi muna ang mga walang kwentang pag-uusap, medyo excited ako sa kalokohan na pinaplano ni S kaya minadali ko na ang pagkain.

"Hooooy! dalian n'yo ang pagsusuot" sigaw ni S mula sa labas ng bahay

Tangena anong kagagahan na naman 'to, pinagsuot kami ng mga pikachu costumes. May malaki kaming pokemon ball pero foam naman kaya hindi masasaktan ang tatamaan.

"Seryoso ba talaga na gagawin natin 'to?" Tanong ni A.

Why is she asking as if naman nagbibiro ang pinsan ko, once sinabi n'yang gagawin namin ay dapat talaga naming gawin.

"Ang cute nitong costumes ha, bagay sa ganda nating lahat" pagmamayabang ni K.

Sabagay tama nga rin naman s'ya, bagay naman sa amin ang pikachu costumes. Ang cute rin tignan tapos mag dala-dala pa kami ng mga pokeballs amp.

Sakto naman tapos na kaming magsuot ng mga costumes ay pumasok si S.
"Tara na tapos na ba kayo?" tanong nito

"Ou, tara tara!" Sabi ko at nagtatalon palabas, gage wala excited ako.

Paglabas ay may nakaparada na palang white van, feeling ko ito gagamitin naming sasakyan.

"Yan ba sasakyan natin?" Tanong ko sa mga kaibigan na kasunod ko lang lumabas ng gate.

"Ou, ako na mag mamaneho. Sumakay na kayo and don't forget to bring our pokeballs" sabi n'ya

Kinuha na namin ang apat na pokeballs at pinasok sa sasakyan bago kami sumakay, jusko at malalaki masyado.

"So anong gagawin?" Tanong ko nang umandar na ang sasakyan.

"Pag hihinto ako itapon n'yo lang ang pokeballs sa tao na makikita n'yo then balik kayo agad sa pagsakay dahil hindi nila tayo pwede mahuli" napanganga ako sa sinabi ni S, gago baka ma report pa kami nito sa police e!

Hindi nagtagal ay may tinuro si S sa amin na targets, apat na lalaki. Bumagal na ang takbo n'ya at binuksan ko na ang pinto, una akong bumaba at sumunod naman ang tatlo. Tumakbo kami palapit sa apat na lalaki at binato sila sa ulo mula sa mga likuran nila.

"Watermelon pokemon I choose you gooo!" Sigaw ni K kaya napalingon ang mga lalaki.

Sakto pag tapon ng mga bola ay sapol sila sa mga mukha. Mabuti nalang talaga at bouncing ball 'tong pokeballs kaya bumalik din sa direksyon namin.

Mabilis akong bumalik at sumakay sa sasakyan nang makuha ko na ang bola, sunod naman si K at A. Gago 'tong si I muntik pa nga madapa dahil sa kakahabol sa sasakyan.

"Hoy S gaga ka bagalan mo ang takbo si I hindi pa nakakasakay!" sabi ko sa kanya

"HAHAHAHAHAHA" tawanan nila K at A.

Sinilip kong muli si I at shit! hinahabol s'ya nong apat na lalaki. Mabuti nalang ay binagalan na ni S ang takbo kaya nakasampa ng mabilis si I bago pinaharorot ang sasakyan palayo.

"Haaaa.Pooo...tangena naman Sj!" Hingal na singhal ni I, kinapos na nga ang gaga at medyo malayo rin 'yong tinakbo n'ya ha.

"HAHAHAHAHAHAHA" tawanan namin.

"Sabi ko naman bumalik kayo agad, bobo mo naman at nagpahabol ka pa sa kanila" sagot ni S.

Itong mga trip namin, makakasuhan pa ata kami dahil lang sa kagagahan ni S pag nagkataon. Lumiko kami sa ikatlong kanto at sakto naman may mga lalaki ulit.

"Hoy wag 'yan S! may mga bola silang dala at mas masakit ang bola sa basketball kumpara rito sa hawak namin!" singhal ko sa kanya nang umaksyon na itong igilid ang sasakyan, siraulo talaga 'to.

"BAHAHAHAHA goooo hunters!" tangena.

at binuksan na nga ni A ang pinto at mabilis na tumakbo palapit sa mga lalaki, sumunod nalang din kaming tatlo.

"JinglePop i'll catch you!" Sigaw ni I, langya meron bang ganon sa pokemon?

"What the-" gulat na reaksyon nong tatlong lalaki at napalingon sa amin.

Binato nong isang lalaki ang bola n'ya at sapol sa ulo si Iris tangena masakit 'yon!

Mabilis namin dinampot ang mga bola at kumaripas ng takbo papasok sa sasakyan.

"Hey ladies!" Tawag nong isa sa mga lalaki at hinabol pa nga ang sasayan.

"Dalian mo S gogogo!" sabi namin sa kanya.

"Okay pa ba ulo mo I?" tanong ko sa kanya, baka kasi ma bobo lalo kaibigan namin.

"Tangena masakit kaya!" she exclaimed, feeling ko nga masakit.

"Bobo mo kasi 'di umilag haha" lakas talaga mang asar ni keyboard.

"May pasok pala tayo ngayon" paalala ni A. Jusko, ou may pasok pala kami, akala ko pa naman sabado na dahil napadpad sila sa bahay! Friday pa pala pambihira.

"Sige na last na 'to, R ikaw ang gumawa. Hulihin mo 'yang lalaki na nakaupo sa gilid nong fountain" sabi n'ya at tinuro ang lalaki.

Bakit ako pa ang gagawa shit!

"Go R!" pag c-cheer ng mga kasama ko.

Huminto na si S sa tapat nong lalaki at binuksan ni A ang pintuan. Dinampot ko na ang bola at bumaba ng sasakyan.

"Kuyaaaa I'm sorry. Let me catch you! Go pokeball!" Sigaw ko at hinagis sa kanya ang pokeball but shit! napalakas ata ang pag bato ko dahil nahulog ang lalaki sa fountain!

Shit shit shit!
Tutulungan ko sana si kuya kaso pinaandar na ni S ang sasakyan tangena.

"Kuya omg sorry, bye!"

Sigaw ko sa kanya at mabilis na kinuha ang bola upang makabalik na sa sasakyan.

"Hey! How dare you!" Sigaw nong lalaki sa likod ko kaya binalingan ko.

Potangena hinahabol ako kaya mas binilisan ko ang takbo. Para s'yang basang sisiw na hinahabol ang isang hunter huhu.

Muntik pa akong matapilok litsing pokeball kasi 'to at ang laki, hindi ko makita ang daan sa harap. Ang ginawa ko nalang ay sa ulo ko pinatong, para akong si pikachu na nagbebenta ng puto shit.

"R dalian mo, itapon mo ang pokeball!" sigaw ni K kaya hinagis ko papasok una ang bola sa sasakyan.

"Potangena S bagalan mo konti!" Sigaw ko sa kanya dahil hindi ako makasampa sa may kabilisan ang takbo n'ya!

Mabuti nalang at binagalan nga n'ya at sawakas ay nakasakay din akong muli sa sasakyan at pinaharorot na ang takbo. Naghahabol ako ng hininga ko samantalang sila nagtatawanan lang.

"Tangena nakakatawa ba!?" bulyaw ko sa mga siraulo.

"HAHAHAHAHAHAHA gago kasi naman, si bogart 'yong nahulog sa fountain" sabi ni K sa akin sabay tawa.

"Sinong bogart ba 'yan?" taas kilay na tanong ko

"Classmate namin" sagot ni A

"HAHAHAHAHAHAAH" tawanan na naman nilang apat.

Mabuti naman at classmate lang pala nila, medyo kasi nakonsensya ako sa ginawa ko. Tangena kasi nito ni S at ang sarap ibitay patiwarik.

"Diretso na tayo sa school, wag na tayong mag bihis. Sagarin na natin 'tong pagiging hunter natin" biglang saad ni S

Jusko naman at dinala na nga pati sa school ang kalokohan, pero sabagay what's new? So ayon nga dumiretso na kami agad sa school at naka pikachu costumes habang may bitbit na mga pokeballs. Pagbaba palang namin ng sasakyan ay nakuha namin agad atensyon ng mga estudyante. Sino nga ba naman ang di mapapatingin sa sobrang cute nitong mga suot namin?

Kasalukuyan kaming naglalakad sa hallway at may mga nagpapa-picture rin sa aming lima. Syempre sino ba naman kami para humindi, todo pose pa kami na parang mga bata.

"Hoy R, tanga bakit nandito ka sa BA building?" hampas ni K sa likod ko.

"Gago classmate na pala tayo?" sabat naman ni I

"Kailan pa naging AB ang building namin?" hindi ko rin alam kung when keyboard.

"Mag sit-in ka nalang." suhestiyon ni S. Sunod-sunod nila na pagkasabi, ngayon ko lang din na realize hindi pala kami same course.

"Ayoko nga!" sagot ko kay Sj.

"BAHAHAHAHAHA gaga umalis ka na at pumuntang AB." pagtataboy nito sa akin. Wala akong pasok sa morning class at mamayang hapon pa klase ko loko 'to.

"Wala akong pasok! sige na chat nalang sa gc pag tapos na klase n'yo" sabi ko sa kanila at nagpaalam na. Hmm saan ba ako pwede tumambay until lunch pinagtitinginan pa ako ng mga nakakasalubong ko habang pababa.

Bahagya akong napatigil nang makasalubong ko si Ziallyn, ganda naman talaga ni kuting.

Naka ponytail hair, white cropped top with black blazer, high waist pants then white shoes. Ang chix naman masyado ni kuting!

Nginitian ko s'ya nang magtama ang aming mga mata. Pinasadahan pa nga ako ng tingin mula ulo hanggang paa.

"Good morning kitten." Malawang ang ngiti kong binati sya at nagmadaling bumaba na parang bata upang lapitan sya.

"Why are you wearing that?" ay akala ko lalampasan lang ako.

"Trip ni Sj" agad na sagot ko. Wala talagang emosyon mga mata n'ya pagdating sa akin.

"You mean?" using her usual voice.

"Lahat kami nakaganito, napadpad lang ako rito dahil hinatid ko sila" sagot ko sa kanya. Akala ko sasagot pa s'ya pero nagsimula na itong humakbang paakyat at nilampasan ako. Agad ko s'yang nilingon at tinawag.

"Kitten wala man lang ba akong goodmorning d'yan?" I raised my eyebrows and smile.

Huminto ito saglit saka ako binalingan.
"Morning" malamig nitong pagbati saka tumalikod at iniwan akong mag-isa.

It's okay at least binati ako pabalik kaya okay na 'yon kaysa wala. Gusto ko sana umakyat ng rooftop para do'n nalang tumambay at para makatulog, ang problema nga lang ay naka locked ang pinto. Dito nalang ako dumiretso sa clinic, kunyari masakit puson ko. Wala rin naman kasi akong gagawin at tinatamad narin akong umuwi.

"Good morning nurse" bati ko sa kanya nang makapasok na 'ko. Mabuti nalang walang mga estudyante except lang sa akin, aw himala at walang pasyente ang magandang nurse todat.

"Goodmorning, ano ulit nangyari sayo?" tanong nito at pinaupo ako sa harapan nya.

"Masama lang po pakiramdam." sagot ko at nagkamot ng kilay, sana all pretender.

"Ano ulit trip ninyo ng mga kaibigan mo at ganyan suot mo?" hindi ko alam kung nurse ba talaga s'ya or reporter e, gusto pa mag interview.

"Tapos na po, pwede na ba ako matulog? afternoon pa naman po pasok ko" ayaw ko na makichismis kay nurse dahil medyo inaantok na talaga ako.

Mabuti nalang at pinayagan ako, akala ko pa naman she's going to reject me at papaalisin. Tumayo ako at pinili ang pinakadulong room. Hindi ko na hinubad ang costume dahil malamig kung aalisin ko pa, ang lakas naman kasi maka aircon ni nurse at parang hindi giniginaw.

Idlip lang ako.

*

"Love"

Nagising ako sa isang haplos na naramdaman ko sa may pisngi ko.

"Love" mahinang tawag ulit nito.

"Hmm" ungol ko.

Hinawakan ko ang kamay nito habang pikit parin ang mga mata. Lambot naman masyado ng kamay n'ya, walang kalyo at halatang alagang-alaga.

"Love, wake up!" Mahinang sampal n'ya na nagpamulat sa akin. Pero mas na gulat ako pagkamulat ng mga mata, ang nakakalokang ngisi ni Jem agad ang nasilayan ko.

"Jem naman" reklamo ko sa kanya at tumagilid upang harapin s'ya.

"Ano nangyari sayo? bakit ka nandito?" Tanong n'ya bago sumandal sa kinauupuan. Kakagising ko lang nga ay hotseat agad ang mapapala ko. Bumuntong hininga nalang ako at sinagot ang tanong n'ya.

"Kulang lang sa tulog, aga kasi ako binulabog ng mga kaibigan ko sa bahay para sa mga kalokohan nila" actually kalokohan talaga namin pero gusto ko lang sila sisihin.

"Paano mo pala nalaman na nandito ako?" Tanong ko.

"Humingi ako ng gamot kay nurse at sinabi n'yang natutulog ka." Tumango ako sa naging sagot nya. I checked my wrist watch at lunch time na pala, napasarap masyado tulog ko. Ang sarap ba naman kasi tambayan dito dahil tahimik at malamig.

"Tumayo ka na love, sabay na tayo mag lunch."

"Kasama ko friends ko Jem" agad na sagot ko sa kanya dahilan para kumunot ang noo nito.

"And so? hindi ba pwedeng sumama ako?" malditang tanong n'ya sa akin.

Hindi ko naman sinabing hindi s'ya pwede sumama pero baka kasi pag tripan nila Iris, ang lakas pa naman lumandi no'n.

Umiling ako at ngumiti.
"Alright, sabay tayo." sabi ko at bumangon na. Wala ang nurse kaya hindi ko na hinintay para magpasalamat.

Dumiretso kaming cafeteria at nakita ko agad ang mga siraulo kong kaibigan na suot parin ang mga pikachu outfits nila. Langya, kanina pa talaga kami pinagtitinginan dahil sa mga suot namin.

"Hoy R!" Nakita ako ni S kaya kumaway ito at tinawag ako.

"Tara Jem" baling ko sa kanya at hinawakan ang kamay nito saka hinila palapit sa table namin.

Napansin kong wala ang mga professors, dahil siguro wala si pie kaya hindi na sila sumali sa table namin. Pero nakita ko si Kitten na tahimik lang kumakain katabi ni S.

"Saan ka na naman galing, ay nag date kayo?" Bahagyang napaawang ang bibig ko dahil sa tanong ni I.

"Galing akong clinic." agad kong sagot

"Ano nangyari sayo?" Sunod na tanong ni K.

Binalingan ko si Jem at pinaupo una dahil oorder pa ako ng pagkain namin.

"Natulog, aga n'yo ba naman ako binulabog." may pagka iritado kong sagot kay monkey, tinawanan lang ako ng mga baliw.

"Jem, anong kakainin mo?" Tanong ko sa kanya.

"Ikaw" sagot n'ya pero ang mga kaibigan ko lang tumawa. Anong nakakatawa?

"Tinatawa n'yo?" Taas kilay na baling ko sa kanila.

"Wala HAHAHAHAHAHAH, ayos yun Jem," sagot ni I.

Tumayo si Jem paharap sa akin.
"Tara na samahan nalang kita" sabi n'ya at nauna na maglakad.

Mga tinginan naman ng mga kaibigan ko na nakakaloko, may mga ngisi pa na ang sarap burahin sa mundo. Si S lang ata ang seryoso at Kitten na ngayon tahimik lang na kumakain.

Hindi ko nalang sila pinansin at agad na sinundan si Jem. Nang makuha na namin ang mga pagkain ay sabay narin kaming bumalik sa table. Ang ingay talaga ng mga bunganga nila, wala talaga naglalakas loob na sawayin ang ccb dahil alam ng buong campus na malakas ang back up ni S. Perks of having a Ponferrada girlfriend nga naman. Susubo na sana ako ng pagkain nang bigla nalang may sumigaw kaya nabulabog ang buong cafeteria.

"HOY IKAW!" napalingon kami sa lalaking sumigaw na nasa entrance.

My eyes widen when I realize that person! s'ya 'yong lalaki na nahulog sa fountain kanina.

Naniningkit ang mata nitong palapit sa table namin--to be exact sa akin. Napalunok nalang ako dahil ang sama nito makatingin, hindi naman sa takot ako at ayaw ko lang ng scandal.

"Yo bogart" salubong agad ni S sa kanya.

"Oh bogart wala ka kanina sa first period, nag quiz kami halaka" pananakot ni keybold sa kanya.

"Paano ako makakapasok, dahil sa babaeng 'to kaya absent ako!" galit na turo nito sa akin.

Patuloy lang ako sa pagkain habang dinuduro-duro n'ya ako, sisihin n'ya kaya si S.

"Bakit ano ba nangyari?" tanong naman ni A.

Pinasadahan ko sila ng tingin at wow, galing talaga umarte masyado ng mga loko, para talagang wala silang kinalaman dahil sa patay malisya nilang mga pagmumukha.

"Binato ako ng bo--teka wait! kasama kayo sa van na 'yon!?" Bulyaw nya sa mga kasama ko matapos mapagtano ang lahat. Mabuti naman at napansi n'ya rin na hindi lang ako ang nag-iisang naka pikachu no. Sarap sampalin nitong bogart na 'to, masakit sa tenga boses parang bakla.

"Ou bogart, obvious ba?" Sagot ni S.

"Ano ba naman 'yan Sj! sa daming pwede n'yo pag tripan ako pa talaga!" singhal nito kay S.

"Shut up. How dare you raise your voice at her" Ziallyn's showering him with her death stares. Bilis n'ya talaga e defend pinsan ko.

Okay lang...

Bumuntong hininga nalang ako saka nagpatuloy sa pagkain, bahala na sila d'yan.

"Leave" malamig na utos nito kay bogart ba pangalan no'n.

Hindi na ito sumagot, mabilis itong naglakad palayo at lumabas ng cafeteria. Ang mga kaibigan ko nagtawanan lang, kung hindi siguro si keyboard ang napagtitripan nila S ay kawawa yung si bogart ngayon.

"Love" tawag ni Jem kaya napalingon ako sa kanya.

"Eat this" sabi n'ya at sinubo ang isang strawberry cake, paborito ko pa naman 'to.

She pinched my cheek after kong kinain ang sinubo n'ya. Kumunot ang noo ko dahil may tinuturo si K sa mukha ko. Sobrang puno kasi nang bunganga n'ya kaya hindi makapagsalita.

"Geez such a messy eater love. There's a crumb" sabi ni Jem.

She cupped my face and made me look at her. Then, she wiped the edge of my lip using her thumb, causing me to be stunned by her act. What she did next was even more surprising as she licked her thumb in front of my friends!

"Hoy ano ba 'yan! respeto naman sa mga single!" Padabog na inilapag ni I ang burger na kinakain n'ya.

Sngle din naman ako, para talagang sira 'tong si I!

"Ilang taon ka na Jem?" Tanong naman ni K sa kanya.

"21" tipid na sagot nito.

"Oh same same!"

Mukhang makakasundo nila si Jem, hindi naman kasi mahirap pakisamahan 'to at mabaet din basta wag lang unahan. Hindi ko lang alam kung sino ang mas pinakamaldita sa kanilang dalawa ni kitten.

Thankfully they're entertaining her at hindi pinaparamdam ang pagiging out of place, nag-uusap sila ng mga kung anu-ano habang ako nakikinig lang.

Tinapunan ko ng tingin si Ziallyn na ngayon nakangiting kausap ang pinsan ko, ganda nyya masyado pag ngumiti pero mas lalong gaganda 'lyan pag ako ang nginitian n'ya. I shook my head and mentally punched my face, as if naman mangyayari ang bagay na yun.

"Love, free ka ba mamaya after class?" Mahinang salita ni Jem.

Wala naman siguro akong gagawin aside sa gawin ang plates ko?

"Wala masyado, bakit?" Sagot ko sa kanya pero nanatili lang sa pagkain nakatitig ang mga mata.

"Date tayo" halos lahat pa kani ng mga kaibigan ko mabilaukan nang marinig ang sinabi ni Jem.

Tapos bigla nalang sila nagtawanan, tangena talaga ng mga 'to at tatawanan lang ako. Sasagutin ko na sana ang invitation ni Jem nang magsalita si Ziallyn.

"She's not free" malamig na tugon nito.

"She's coming with me" dagdag pa n'ya saka pinunasan ang bibig gamit ang tissue, ugh so hot kitten.

Pero what did she say? I'm coming with her daw, saan naman kami pupunta? may date siguro kami ni kitten mamaya na s'ya lang nakakaalam hays.

"She's not a servant" rebat ni Jem sa kanya, langya naman ayaw magpatalo kay Kitten.

"Did I ask your opinion?" I tightened my grip on the spoon 'cause of her cold voice.

Iniisip ko tuloy ayaw lang ako ipasama ni Kitten kay Jem, konti nalang talaga iisipin ko na nagseselos ang kuting na 'to.

"Just saying" Jem fired back and leaned closer to me.

I took a glance at my friends to ask them for help pero ang mga abnormal nginisihan lang ako pabalik. Ang laking tulong nga talaga ng mga ginawa nila Binalingan ko nalang si Jem saka nginitian, baka mag bardagulan pa 'tong dalawang pusa na 'to.

"Alright next time, love" buti pa 'to hindi matigas ang ulo at mabilis lang kausap.

Kitten first tayo syempre, s'ya na mismo nagsabi may lakad daw kami mamaya sige go!

Matapos kumain ni Jen ay nauna na itong umalis dahil may kailangan pa s'yang gawin na report.

"Aalis ka na Zi?" Tanong ni S dahil bigla nalang tumayo ang pusa.

She smiled and patted her head. Sakit n'yo naman masyado sa mata hays.

"Yes ja, see you later" paalam n'ya kay S, as usual sa kanya lang naman lagi nagpapaalam ito.

Kinuha na nito ang mga gamit at naglakad palabas ng cafeteria, naisip ko bigla 'yong sinabi n'ya kanina kaya agad akong tumayo at tumakbo upang sundan si kuting. Narinig ko pa ang pag tawag nila K pero hindi ko na pinansin.

Mabuti nalang at naabutan ko pa s'ya sa hallway. "Kitteeeeeeen!" Pasigaw na tawag ko, langya narinig pa nga ng mga estudyante ang pet name ko sa kanya.

"What?" Sagot nito nang tumapat na ako sa harap n'ya.

"Anong what sinasabi mo, sabi mo may lakad tayo. Saan ba?" Agad na sagot ko sa kanya.

What what-in ko 'yang pwet n'ya e, makikita mo talaga.

"I'll call you later, give me your number" my eyes widen when she suddenly asked for my number. Hala legit!?

Nagmadali akong kumuha ng isang sticky note at sinulat ang numero ko. Achievement na 'to no, si kitten na mismo ang nag initiate na kunin ang numero ko.

Agad kong inabot sa kanya ang sticky note pagkatapos kong isulat ang numero. Malawak ang ngiti ko nang kunin n'ya 'to mula sa akin. Yeee ?

"Let's meet at 6 o'clock in front of the park" sabi n'ya at nilampasan na ako.

Masigla akong bumalik sa cafeteria, ano kaya binabalak nong kuting na 'yon mamaya at talagang sa gabi pa talaga ha.

"Ang lawak masyado makangiti donkey" panunukso agad ni S sa akin pagkaupo. Sino ba naman ang hindi matutuwa kung ang isang tulad ni kitten ang mag-aaya.

"Syempre masaya e tanga" sabi ko at nag taas-baba ng mga kilay.

"Hoy krass mo si bipolar!?" bulaslas ni Kb.

Sarap naman saksakan ng granada bunganga nito. Ano naman kung gusto ko si Ziallyn, buti nga ako isa lang gusto ko hmp.

"Ou, bakit anong problema kung may gusto ako sa kanya?" diretso kong sagot.

"Bobo ka naman kb, alam mo naman na may gusto s'ya mag tatanong ka pa talaga" nagulat ako sa sinabi ni Iris. So alam pala nila na may gusto ako kay kitten.

"HAHAHAHAHAHAAHA" tawanan nila.

Muntik pa akong mahulog sa kinauupuan dahil sa isang pokeball na tumama sa mukha ko. Tangenang Ag 'to bigla nalang namamato. Pero syempre hindi ako papatalo, mabilis kong kinuha ang pokeball at binato s'ya pabalik, at ayon! sapol sa mukha ang doraemon.

"Hoy! Sali kami d'yan" singit ni S at sumali narin.

Para kaming mga bata na naghahabulan sa cafeteria buhat-buhat ang mga pokeball. Pinagtitinginan nalang kami ng mga estudyante, may mangilan-ngilan din na natamaan ng mga ligaw na bola amp.

"R, sa likod mo!" sigaw ni K

Sakto pagtalikod ko ay dalawang pokeball lang naman ang magkasunod na tumama sa pagmumukha ko! Napaupo pa ako dahil lakas sa ng pagkabato.

"HAHAHAHAAHAHAH" tawanan na naman ng mga abnormal at may ibang estudyanteng nakitawa na rin!

Tapos bigla nalang nila akong dinaganan na apat kaya napahiga ako, tangena literal na naging palaman ako sa kalagayan ko ngayon. Naipit lang naman ako sa pinakailalim!

"CCB!" sabay kaming lahat napatingin sa sumigaw sa may entrance at bigla balang tumahimik ang cafeteria.

Ang demogons lang pala tapos ang sumigaw ay si Everleigh na ngayon palapit na sa amin.

"Maaaaaam help me po, hindi na ako makahinga. Ayaw umalis ni Iris!" sumbong ko sa kanila, ang bigat ng mga hayop na 'to kahit mga payatot naman.

"Are you crazy?" Sermon nito kay Iris,

"Ay si Iris po kasi ma'am, binato si R ng mga bola tapos tinulak kami kaya nasa ganitong sitwasyon kami" pag dadahilan ni A sa kanya, hala kailan pa naging sinungaling ang doraemon namin.

Tumaas naman ang isang kilay ni miss, nakahalukipkip pa talaga ang kamay nilang tatlo. Hinanap ko si pie, nakalimutan ko na nasa France nga pala ang babaeng 'yon.

"What kind of outfits are you wearing?" Tanong naman ni Lorelei, jusko naman panay sila tanong ayaw man lang nila paalisan si Iris para makatayo na kaming lima!

"Pikachu ma'am" sagot ni A sa kanya.

"Pokemon?" Tanong naman ni Kathy.

Hindi na ako makahinga dahil sobrang ipit na ako sa ilalim tangenaaaa.

"Hoy, umalis na kayo! hindi ako makahinga!" reklamo ko at pinaghahampas sila na nasa ibabaw ko.

"Stand up." malamig na utos ni Lorelei

"Hala maaaaam!" sabay pa kaming lima amp

Alangya paano naman kasi ngayon lang s'ya nagsalit ng ganyan, akala ko pa naman tuloy mute 'tong si ma'am charot lang.

"What?" taas kilay na sagot ni Lorelei

"Nakakagulat ka naman po, bigla ka kasing nagsalita" sagot naman ni K saka humagikhik, tumango naman kaming apat.

"What do you think of me?"

"Thinking of you" we said in unison at humagalpak ng tawa, mga abnormal.

"What's funny?" Tanong naman ni Kathy

"Wala po ma'am natawa lang kami sa sinabi namin" sagot ni K.

"Hoy ano ba umalis na kayo sa ibabaw ko!" singhal ko ulit sa kanilang apat.

Sakto naman nag bell, huhu save by the bell lang ang show. Nakahinga rin ulit ng maluwag matapos nilang umalis.

"Go to your classes" utos ni Lorelei nang makatayo na kaming lima.

Lumayas na kami kaagad matapos namin bumalik sa table upang kunin ang mga gamit. Nagpaalam narin ako sa kanila dahil may klase pa ako, bahala sila d'yan kung ano gagawin nila sa mga buhay nila.

*

"Love, uuwi ka na ba?" tanong ni Jem after last subject namin.

Inayos ko muna ang mga gamit ko, napagalitan pa nga ako ng mga professors namin dahil bakit daw

ganito suot ko hmp.

"Ou Jem, kailangan ko pa magbihis e" sagot ko.

"Tara sabay na tayo umuwi, hatid kita." pag-aaya n'ya kaya tumango nalang din ako.

Minsan kasi sabay na kami umuwi lalo na pag gabi, nag co-commute lang kasi ako dahil wala akong sasakyan. Hindi ko rin naman dala ang motorbike dahil nag van kami kanina. Napaisip ako bigla, kaninong van at saan nila nanakaw ang sasakyan na ginamit namin kaninang umaga?

"Sige, di ko kasi dala ang bike." Sagot ko at ngumiti.

"No problem, love, let's go." Ang sweet ni Jem at sobrang baet na babae.

*

"Dito nalang Jem" sabi ko sa kanya, nasa tapat na kasi kami ng bahay.

"Thank you."

"Welcome, see you tomorrow, love," nakangiting sagot nito.

"See you, ingat sa pag drive." sabi ko at lalabas na sana nang bigla n'ya nalang akong pinigilan kaya napatingin ako sa kanya.

She smiled and pointed her cheek, oh she's asking for a goodbye kiss. Nag loading utak ko kaya s'ya na mismo ang lumapit sa akin at humalik sa pisngi ko.

"Goodbye love" malambing nitong sabi. Pinisil ko naman ang pisngi n'ya sabay ngiti.

"Babye, see you" sabi ko at bumaba na.

Mabilis akong pumasok sa loob ng bahay at nagmadaling mag bihis. Malapit na kasing mag 6 pm, ayaw ko pa naman ma late sa tagpuan namin ni kuting.

Nagsuot lang ako ng oversized shirt, maong shorts tapos nag white shoes para comfortable naman sa paa. Nang masiguro na okay naman ang hitsura ko ay dali-dali na akong lumabas ng bahay at tinungo ang bike ko. Mabilis akong nagmaneho patungong park, 5 minutes nalang kasi ay 6pm na. Baka nga nauna na si kuting do'n at hinihintay ako.

Pero 'yon ang akala ko dahil walang kuting akong nakita pagdating sa park. I checked my watch at 6:05pm na, okay maaga pa naman. I parked my bike at umupo sa isang bench.

6:20 ay wala parin si kuting, napatingala ako at feeling ko uulan na soon dahil sa sobrang dilim ng kalangitan. Kinuha ko nalang ang phone ko to chat her, wala nga kasi akong number n'ya at hindi ko matawagan.

RL

Kitten where are you na? nandito na ako sa park.

Nakatutok lang ako sa screen, active naman messenger n'ya pero hindi nito na seen ang message ko.

RL
Baka busy ka pa, hintayin nalang kita. Dalian mo na kitten at uulan naaaaa

At sakto nga pag send ko nong message ay umulan na. Lumingon ako sa paligid to check kung may pwede akong masilungan pero wala.

RL
Aaaaaa kitten, lumalakas na ang ulan

Hindi n'ya parin na seen ang message ko. 6:40 na at palakas na ng palakas ang ulan, nilalamig narin ako rito sa pwesto ko. Hindi kasi ako umalis baka kasi biglang dumating ang pusa at makitang walaa ko.

Mabuti nalang talaga at waterproof 'tong phone ko and exactly 7pm ay may tawag akong natanggap mula kay S.

"R asan ka?" Tanong agad ni S

Ou nga pala alam nila.

"Nasa park, hinihintay si kitten" sagot ko

"Ha!? what are you doing there. Kasama namin si Zi ngayon, nandito kami sa restaurant ni pie" bigla akong nawalan ng gana matapos kong marinig ang sinabi ni S.

"Hello R!?" tawag ulit ni Sj sa kabilang linya.

Napatingala nalang ako sa madilim na kalangitan habang bumubuhos ang malakas na ulan.

Biglang namuo ang mga luha sa aking mga mata. Mabuti nalang talaga at umuulan at walang mga taong nakakakita sa akin ngayon.

"You're so pathetic R" bulong ko sa sarili.

Tahimik lang akong umiiyak sa gitna ng malakas na ulan. Ang sakit naman masyado nitong nararamdaman ko.

"Umasa na naman ako" mapait kong salita habang patuloy parin ang pagbagsak ng mga luha.

Gusto ko tuloy humagulgol sa pag-iyak pero mas pinili ko nalang ang tumahimik at hayaan ang mga luha kong pumatak.

My silence is just another word for pain.

"Love"

She's always there for me through the bad times. An absolutely dependable who can be trusted. Someone who is intimately present when I am most alone. I turned to face her while silently crying and gave her a weak smile.

Without a word, she walked fast towards me and hug me tightly.

"Jem" I whispered painfully.

"Shhh it's okay I'm here" bulong nito at ibinaon ko ang mukha ko sa leeg nito.

So much pain is coursing through my heart.

CHAPTER 5

-

"Love, go take a shower. I'll prepare your clothes."

Nandito ako ngayon sa penthouse ni Jem, dito n'ya kasi ako dinala. Hindi ko pala nasabi na anak s'ya ng isang governor.

Naiiyak ako dahil sa nangyari kanina, naiiyak ako pag naiisip kong pinagmukha akong tanga. Alam ko naman mas mahalaga si S at wala talaga akong laban sa kanya, pero sana man lang hindi ako pinagmukhang tanga at pinaasa. Lagi nalang talaga ganito nangyayari sa akin. I know S told me na walang patutunguhan kung magseselos ako sa kanya pero hindi nya ako masisisi kung yun nararamdaman ko.

Pinipilit ko sa sarili kong okay lang kahit ang totoo ay nasasaktan na ako. Ang hirap ng ganito, yug gusto mong babae may gusto sa iba at ang masakit pa ay sa pinsan ko pa. History repeats itself nga naman, gago kahit anong pilit kong sabihin sa utak ko okay lang pero yung puso ko parang sinasaksak. Hindi ko na napigilan ang pagpatak ng mga luha.

"Kawawa ka naman Rochelle Love" mapait akong ngumiti.

"Love?" Napatigil ako dahil sa pagtawag ni Jem sa labas.

Binilisan ko na ang kilos dahil sobrang bigat ng pakiramdam ko at gusto ko nalang matulog. Pagbukas ko ng pinto si Jem agad ang nakaharap kong nasa tapat lang ng nitong banyo.

"Are you okay?" Nag-aalala nyang tanong kaya tumango lang ako sa kanya.

"Mag bihis ka muna, hindi ka pa kumain?" Umiling lang ako saka kinuha ang damit na bigay n'ya.

"I want to sleep Jem" matamlay kong sagot sa kanya. Bumibigat na kasi talaga mga mata ko at gusto ko nalang matulog, wala rin akong gana kumain. Itutulog ko nalang tong pang g-ghost ni kuting sa akin kanina.

"Alright, mag bihis ka na muna. Kung may kailangan ka tawagin mo lang ako okay?" sabi n'ya at hinaplos ang pisngi ko.

Tipid akong ngumiti. "Yes, thank you"

Lumabas na sya ng kwarto kaya nagmadali ako mag bihis. I checked my wrist watch at maaga pa pala. 8pm palang pero bahala na dahil gusto kong matulog, weekend bukas kaya okay lang kahit dito ako matulog. Umakyat ako sa kama at inayos ang pagkakahiga, wala pang 5 minutes nilamon na ako ng kadiliman.

Naalimpungatan ako dahil sa boses ni Jem, parang nakikipagtalo sa isang tao. Ang lamig masyado pero yung buong katawan ko sobrang init.

"You really have the guts to say that?"

Bahagya kong iminulat ang mga mata upang tignan si Jem. Nasa may paanan ko s'ya nakatayo at may kausap sa phone, feeling ko nakikipag-away 'to dahil nakakunot ang noo n'ya.

"She's with me at wala akong plano sabihin sayo kung saan kami" bakas sa kanyang boses ang pagkairita habang minamasahe ang kanyang batok.

"Jem" mahinang sambit ko kaya napalingon ito at agad na nilapitan ako.

Babangon sana ako kaso ang sakit masyado nong ulo ko what the heck.

"Love, may lagnat ka" biglang nag-iba ekspresyon nya, kung kanina ay galit ngayon naman ay napalitan ng pagkabahala.

Oh may lagnat ako? kaya naman pala sobrang lamig at ang init ng pakiramdam ko sa loob ng katawan ko. S'ya narin mismo nag ayos ng comforter ko, baet masyado nitong babaeng ito.

"Sino kausap mo?" Mahinang boses na tanong ko, bakit paos ako.

"Just a bug" she said and ended the call.

Napansin kong cellphone ko pala ang hawak ni Jem, pero hindi ko na tinanong kung sino ang tumawa. Baka si Sj lang yun at tinanong kung nasaan ako.

"Are you hungry?" tanong n'ya. Nakaramdam ako ng gutom kaya tumango ako. Nanghihina parin ako at wala ako sa mood magsalita.

"I'll cook for you. Take a nap love, gigisingin nalang kita" sabi n'ya at marahang hinaplos ang pisngi ko.

She gently pinched my ear lobule, si Jem lang ang nakakaalam nito. She knows na mabilis akong nakakatulog pag pinipisil ang lobule ko. Hindi s'ya umalis sa tabi ko hanggang sa tuluyan na akong nakatulog.

*

Nagising ako dahil sa haplos sa pisngi ko kaya nagmulat agad ako ng mga mata.

"Jem" paos na nga talaga boses ko.

"Bangon ka saglit, kumain ka muna" sabi n'ya, inalalayan akong umupo at isinandal sa headboard. Sobrang caring masyado nitong si Jem, kahit kaya ko naman sana kumain mag-isa pero gusto nya talaga subuan ako kaya hinayaan ko na. Ayaw ko sana itanong kung paano n'ya nalamang nasa park kanina, pero curious ako.

"Jem, paano mo pala nalaman nasa park ako kanina?" Tanong ko sa kanya kaya napatigil ito sa pagsubo sa akin.

"Bumalik ako sa inyo to ask you kung may gagawin ka bukas pero walang tao, napadaan ako sa park at nakita kita." agad na sagot nito.

Palagi ko nalang narereject ang invitation ni Jem, siguro oras na para bumawi naman ako sa kanya.

"Wala naman akong gagawin bukas. May gusto ka puntahan? samahan kita" sagot ko sa kanya saka

ibinuka muli ang bibig.

"Meron pero magpahinga ka nalang, may lagnat ka at sana wag lumala yan. I already called your cousin at sinabing dito ka na magpalipas ng gabi." napangiti ako dahil sa sinabi nya, mabuti nalang at naisipan nyang tawagan si S.

Paranoid pa naman masyado yung pinsan ko lalo na pag wala syang balita. Naalala ko ulit yung usapan namin kanina, nawalan nanaman ako ng gana.

"Love?" tawag ni Jem dahilan upang mapatingin ako sa kanya.

She's really worried at kitang kita ko sa mga mata n'ya. Swerte magiging jowa nito sa totoo lang.

"Saan ka pala pupunta bukas?" Tanong ko.

"Alumni namin nong highschool at gusto sana kitang isama." Tipid siyang ngumiti. Hmm magiging okay naman na siguro ako bukas sa tingin ko. Tipid akong ngumiti at pinisil ang isa nyang kamay.

"Alright, kailangan ko ba mag dress? Hindi ako mahilig sa ganun." Natawa ito dahil sa tanong ko, wala naman sigurong nakakatawa sa tanong na yun?

"It's okay kahit hindi ka na mag dress, kung anong suot ka comfortable love okay na 'yon" mag panty at bra nalang kaya ako? joke.

"Alright" sagot ko.

Matapos kumain ay pinainom na ako nito ng gamot at pinabalik ulit sa paghiga. Daig ko pa ata pasyente sa hospital dahil sa pag-aalaga ni Jem. Paglabas ni Jem ng kwarto ay kinuha ko muna ang phone ko dahil may gusto akong e check sa gmail ko. Nagsalubong ang mga kilay ko nang mag notif ang messenger ko at nakita ang chats galing kay Ziallyn,

Ziallyn
Where are you?

First message nya kanina nong matapos ako tawagan ni S. Kumirot dibdib ko dahil sa tanong nya. Sya mismo nagsabi kung saan kami magkikita at tinanong pa nya talaga kung nasaan ako?

Ziallyn
I said where are you!

Ziallyn
Rochelle Love, just where the hell are you!?

Is she worried about me? napangiti ako dahil si kitten galit na galit at hinahanap ako. Pero ang ngiting 'yon ay bigla nalang nabura nang mabasa ko ang sumunod na message.

Ziallyn
Ja is looking for you and she's very worried about you.

Potangena talaga, kahit sa chat puro ka Ja! Ja Ja Ja Ja! shit. She's worried not because of me, she's worried dahil nag-aalala ang pinsan ko fuck!

Naikuyom ko ang kamao sa sobrang inis, gusto kong sumigaw sa sobrang sakit. Tangena kasi, kahit sa chat ipapamukha sa akin na wala akong kwenta para sa kanya. Bwesit na mga luha naman 'to oh bigla nalang tutulo. May sakit na nga papaiyakin pa! Nasa ganitong sitwasyon ako nang biglang may tumawag sa phone ko. My eyebrows furrowed 'cause the caller is an unknown number.

I rejected the call pero wala pang 10 seconds ay tumawag itong muli, wala sana akong balak na sagutin pero baka tadtadin ako ng tawag kaya sinagot ko nalang.

"**Hello**?" Paos kong sagot

"**Where are you**?" Napatulala ako nang marinig ang boses ni Kitten.

"**Are you going to answer me or not**" she said coldly

Bumangon ako muli at sumandal sa headboard.

"**Ah Ziallyn**" sambit ko.

"**Didn't you know that your cousin has been looking for you even though it's been raining hard?"** Napapikit nalang ako ng mata dahil sa sinabi n'ya.

I bit my lower lip to suppress my sob. Potangena naman talaga! hindi pa ba sapat sa chat ipamukha sa akin at kailangan pati sa tawag pa. Panay lang ang agos ng mga luha ko habang kausap si Ziallyn sa kabilang linya. Bigla nalang bumukas ang pinto at ang nag-aalalang mukha agad ni Jem ang nakita ko.

"Love" tawag nito sa akin at mabilis akong nilapitan.

"So you're with her that's why y-" Jem suddenly grabbed the phone.

I bit my lower lip once again and lowered down my head.

"**Pwede ba wag ka muna manggulo, nagpapahinga 'yong tao. May lagnat si love at basang-basa lang naman s'ya kanina dahil sa ulan nang matagpuan ko s'yang mag-isa sa park**!" Jem exclaimed and quickly ended the call.

She sat beside me and cupped my face.
"Stop crying love" she whispered and wiped my tears.

"Mahiga ka na at matulog. Don't worry, i'll stay here with you till you fall asleep" malambing nitong bulong. Tumango nalang ako at bumalik na sa paghiga.

"Thank you for taking care of me Jem" pasalamat ko sa kanya bago ipikit ang mga mata.

"Remember that you can always count on me love. Now sleep, goodnight" she said and started to pinch my ear lobule again.

Thank you.

*

"Love, are you ready?" boses ni Jem mula sa may pinto. Kakatapos ko lang mag bihis, sasama kasi ako sa kanya do'n sa magaganap na alumni nila. Ang ganda at sexy n'ya sa suot nitong red backless dress

na hanggang legs lang. Jusko naman nito ni Jem at sobrang daring masyado ang suot.

"Alam ko naman na maganda ako love, stop gazing at me" she chuckled and fixed my tie.

Maingat nyang hinaplos ang pisngi ko at pinisil kasabay ang matamis na ngiti. "Let's go." Bulong nya.

Ako na ang nagmaneho dahil ayokong mag mukhang alalay ko 'tong si Jem, hindi nababagay sa taglay nitong ganda. Kailangan pa namin bumyahe ng isang oras.

"Wag ka humiwalay sa akin mamaya, baka kung sino nalang ang kumidnap sayo" she's giggling while saying that.

"Yes boss" sagot ko at ngumiti.

Nag kwentuhan lang kaming dalawa hanggang sa hindi ko namalayan na nakarating na pala kami sa school. Ang daming sasakyang nakaparada sa parking lot at halos wala na akong makitang vacant spot, mabuti at may isang sasakyan umalis kaya agad kong ipinarada ang sasakyan pagkaalis nito.

Bigla nalang akong kinabahan, hindi ko rin alam kung bakit basta naramdaman ko nalang bigla matapos kong e parked ang sasakyan.

"Love, okay ka lang?" tanong ni Jem at hinawakan ang balikat ko.

I shook my head and smiled at her.
"Ou, tara na." bumaba ako ng sasakyan at umikot sa kabilang side upang pagbuksan sya.

"Thank you." sabi nya at ipinulupot ang mga kamay sa aking braso.

Habang naglalakad papasok ng event hall ay nakatingin halos lahat ng mga tao samin ni Jem or should I say sa kanya. Ngayon ko lang nalaman na s'ya pala campus crush nong highschool.

"Love" bulong nito sa akin at mas lakong hinigpitan ang pag yakap sa braso ko.

"Jemmy!" Biglang tawag sa kanya mula sa 'di kalayuang table kaya napatingin kami. Hinawakan ni Jem ang kamay ko at hinila palapit sa kung sino man yung tumawag sa kanya. Actually 8 silang lahat nasa table.

"Hey," Sambit nito nang makalapit na kami sa table nila.

"Mas lalo ka pang gumanda Jemi" sabi nong isang babae.

"Sino kasama mo?" segunda naman nong isa. Binigyan muna sila ng isang matamis na ngiti ni Jem bago ako hinawakan sa bewang.

"This is Rochelle Love, my girlfriend" napatulala at nganga nalang akong nakatingin sa kanya matapos n'ya akong ipakilala as her girlfriend.

"Diba sa PU ka nag-aaral ngayon? By the way kasama rin ni niks ang pinsan n'ya" sabi nang kaibigan ni Jem at itinuro ang babaeng nakatalikod mula sa akin.

Ganon nalang ang gulat ko nang nakita ang babaeng tinutukoy nito. Bakit ba pati rito ay nag krus ang landas naming dalawa.

"Umalis lang saglit si niks at iniwan ang pinsan n'ya. Her name is Ziallyn Ponferrada" pakilala nito sa amin

Kahit naman hindi mo sabihin ay kilala na namin ang kuting na 'to. She's wearing an above knee tube dress na may slit sa left side at kita ang legs dahil nakakrus ang legs habang tahimik na umiinom ng wine. Shit sexy pero tangena naman bakit dito pa kami nagkita, kung kailan ayoko makita s'ya.

"Yeah, kilala ko." Walang ganang sagot ni Jem at hinila ako sa kabilang side na kaharap lang ni kitten upang umupo.

She's sitting there like a boss na para bang walang pakialam sa mga taong nakapalibot sa kanya. Tinapunan lang ako nito ng isang pamatay tingin bago ibinalik ang atensyon sa inumin.

"Kakarating n'yo lang ba?"

Kanina pa 'to sila tanong ng tanong ni hindi ko man lang alam ang mga pangalan nila, wala rin naman akong pakialam kung sasabihin nila o hindi. Pwede rin naman na ako na mismo ang magbigay sa kanila ng mga pangalan like shrek.

"Ngayon lang, actually hindi nga sana kami tutuloy dahil may lagnat pa 'tong si love. Pero mapilit s'ya at sinabing minsan lang 'to kaya pumayag nalang din ako" sagot naman ni Jem saka ako binalingan at nginitian.

Napatingin naman sa akin ang mga babae at nakita ko pa ang mga nakaw tingin ni Ziallyn sa akin.

"Jem" bulong ko sa kanya.

"Hmm?" lambing naman sumagot nito.

"I'm hungry" sabi ko at bahagyang ngumuso.

She chuckled and pinched my cheek.
"Okay, wait here kukuha lang ako ng pagkain" sabi n'ya at tumayo na, tumango nalang ako bilang tugon.

"So Rochelle kamusta naman si Jem?" tanong nitong nasa right side ko.

"She's sweet, caring at maasahan lalo na pag wala kang matatakbuhan" nakangiting sagot ko sa kanya, totoo naman lahat mga sinabi ko.

I took a glance at Ziallyn
"At mas lalong may isang salita" I followed with smile and Kitten's brow flinched.

"You're right, oh by the way kanina pa kami tanong ng tanong at nakalimutan namin magpakilala" buti at naisip n'ya rin no, papangalanan ko na sana silang power rangers.

"I'm Ellen" pakilala nito at inabot ang isang kamay for a shake hand.

Pinakilala n'ya narin ang iba pero no need na 'yong dalawa dahil kilala ko na. Medyo may kadaldalan din 'tong si Ellen.

"Hey" tawag ni Jem at may bitbit na s'yang mga pagkain.

"Thank you Jem" pasalamat ko nang ilapag nito ang pagkain sa harapan ko.

Tahimik lang akong kumakain habang abala sa pakikipag-usap si Jem kina Ellen. Medyo nahihirapan akong kumain dahil hawak nito ang isang kamay ko at ang kanan lang ang nagagamit ko.

"Let go of her hand" sabay kaming napatingin kay Ziallyn.

Oh she's looking at me pero wala naman akong makitang emosyon sa mga mata n'ya.

"Why?" Tanong ni Jem,

"She's eating?" Taas kilay na sagot ni Ziallyn,

"Sorry love, nakalimutan kong kumakain ka pala." sabi ni Jem at pinisil muna ang kamay ko bago binitawan.

"It's okay" nakangiting sagot ko sa kanya.

Nang sinulyapan ko si kitten ay nakita ko pa ang pag ikot ng kanyang mata. Ano na naman ang problema n'ya this time?

Nagkibit balikat nalang ako at nagpatuloy sa pagkain, hindi na ako sumali sa mga usapan nila dahil wala akong alam d'yan sa mga topic nila na about sa mga past relationships nila. Palalim nang palalim ang gabi at nagsasayawan na ang mga tao sa dance floor. Medyo nakainom narin sila or should I say may mga tama na sila especially Jem na ngayon nasa kandungan ko.

Naiilang ako dahil kanina pa ako pinapatay ni Ziallyn sa mga tingin n'yang nakakamatay.

"Jemmy let's dance!" tawag ni Ellen sa kanya na kakabalik lang galing dance floor.

Lumapit ito sa amin at hinatak si Jem, muntik pa tuloy kaming mahulog sa kinauupuan dahil sa malakas nitong pag hatak jusko namang babae 'to.

"No, ayokong iwanan si love" sagot n'ya rito.

"Ano ka ba, hindi naman mawawala 'yang girlfriend mo! Dali na" pagpupumilit ni Ellen sa kanya, para rin s'yang si keyboard. Sa tingin ko magkakasundo silang dalawa.

"Sige na Jem, dito lang ako" sabi ko sa kanya at marahang hinaplos ang likod.

Isang buntong hininga ang pinakawalan nito bago sumagot. "Okay, babalik ako agad" sabi n'ya at tumayo na.

So kaming dalawa nalang ni kuting ang naiwan sa table dahil lumayas na ang mga kasama namin. Kanina pa 'to s'ya walang tigil sa pag inom, hindi pa ba lasing ang kuting na 'to?

"Are you okay now?" Biglang tanong nito.

Saan ba n'ya tinatanong ang bagay na 'yan? sa puso ko o sa sakit ko.

"What do you mean?" Tanong ko nalang pabalik sa kanya saka kinuha ang wine glass.

"Is it because of me?" Diretso n'yang tanong sa mga mata ko.

Dapat ko bang sabihin na ou dahil sayo, dahil pinaasa mo ako, dahil kinalimutan mo ako at dahil mas mahalaga ang pinsan ko?

"Nope" tipid kong sagot.

Matalino naman s'ya at kahit hindi ko sabihin ang totoo ay alam kong alam n'ya. Sino pa ba ang ibang nagsabi sa akin na magkita sa park kahapon aside sa kanya.

"Sorry, nakalimutan ko"

Dahil sa sinabi n'ya at namuo na naman ang inis sa dibdib ko, bakit ba lagi nalang pinapamukha nito na wala akong halaga sa kanya.

She's looking at me intently which made me averted my gaze. Kinuha ko ang inumin at mabilis na inubos, hindi ko na s'ya sinagot at nagpatuloy nalang sa pag inom.

Hindi nagtagal ay nagsalita na naman itong muli. "So she's your girlfriend"

Hindi ko s'ya tinapunan ng tingin dahil ramdam ko na nakatingin si Ziallyn sa akin. Bakit ba nagtatanong pa 'tong babae na 'to ng mga ganitong bagay, as if naman may pakialam s'ya.

"I thought you like someone else?" sunod na naman nitong tanong.

Napabuntong hininga nalang ako dahil sa tanong na 'yan, sa sobrang pagmamahal n'ya sa pinsan ko at kahit lantaran na minsan ang ginagawa ko sa kanya ay manhid parin ang kuting.

"Yeah but that person doesn't like me back" I said using my monotone voice.

She put her glass on the table and crossed her arms while staring at me.
"So are you giving up?" ano ba ang gusto nitong ipahiwatig.

Sasagot pa sana ako pero inunahan na naman ako ni Ziallyn.

"Oh forget it, you already have a girlfriend" suddenly she stood up and left without saying goodbye, carrying her drink.

Naiwan akong mag-isa kaya inabala ko nalang ang sarili sa pag inom. Hindi naman siguro ako malalasing at wala rin akong balak uminom ng marami dahil magmamaneho pa ako.

Bigla nalang may babaeng tumabi sa akin, sinong alien to? "Hi, how friendly are you?" she's kinda flirty tho.

"So friendly that you'll end up thinking I have feelings for you" prangka kong sagot sa kanya.

Ay ang gaga ngumisi at mas inilapit pa ang sarili sa akin. Pero infairness maganda at sexy s'ya, pwedeng pwede.

She wrapped her arms around my neck and sniffed it seductively.
"What's your name hon?" malanding bulong ni gaga.

"Rochelle"

"What a lovely name" she said and touched my chin.

"Can you move away from the sun? I hate the smell of burning plastics" sabay kaming dalawa napalingon sa babaeng nagsalita. Oh it's Kitten, bigla nalang talaga susulpot ang kuting na 'to.

"Huh?" sagot ni gaga kay Ziallyn.

Napalunok ako dahil sa madilim nitong mukha na para bang may malaki akong kasalanan na nagawa.

"Zombies are looking for brains, so don't worry you're safe" she said sarcastically which made me giggle.

Lumapit ito sa akin at marahas na hinatak ako patayo kaya napasubsub ang mukha ko sa dibdib ni kuting, langya ang lambot naman nong boobs n'ya hays.

"How dare you touch her" she said coldly

I was surprised when she suddenly hugged my head and buried it deeper in her chest. Shit! ang bango masyado ni kuting, bigla tuloy uminit katawan ko huhu.

"And you are?" tanong ni gaga kay kuting ko.

"Her owner" agad niton sagot, tangena ano ako hayop o property.

She didn't wait for the woman to answer and quickly dragged me away from her. Pansin ko na medyo iba na ang lakad ni Kitten, lasing na ba ang babaeng to? at saan n'ya naman ako binabalak na dalhin.

"Love!" tawag ni Jem kaya napahinto ako.

Muntik pa akong matumba dahil si kuting bigla nalang akong hinila. Ang higpit masyado ng pagkakahawak n'ya.

"Love!" nahabol na kami ni Jem and this time ay hawak nito ang isa kong kamay.

Ziallyn turned with an irritated look on her face. "Stop calling her love!" my eyes widened when she suddenly exclaimed.

At bakit naman hindi ako pwede tawagin sa pangalan ko?

"At sino ka para pagsabihan ako? hindi porket isa kang Ponferrada ay matatakot na ako sayo" she said irritatedly.

I was devastated because of what Jem said to Ziallyn. She's also scary when she gets angry and I winced as they pressed even harder on my wrist, what the heck.

"Let go" utos ni Ziallyn sa kanya. Para akong bata na pinag-aagawan ng mga magulang at pilit isinasama sa kanila.

"And why would I? she's my girlfriend" taas kilay na sagot ni Jem kay Kitten.

"She's not even yours" Kitten said and moved closer to Jem. Paano n'ya nalaman na hindi ko totoong gf

si Jem?

"So are you" rebat naman ni Kitten2, shit! baka magkagulo na at parehas pa naman sila mga lasing.

Ayokong may masaktan ni isa sa kanila kung sakaling mag bardagulan sila. Binalingan ko si Jem at binigyan ng isang matamis na ngiti.

"Jem, it's okay babalik din ako mamaya" I said with assurance.

"See?" Ziallyn interrupts us with a smirk on her lips. As if pinapahiwatig nito na s'ya ang nanalo sa bardagulan nila.

"Ziallyn give me a minute, i'll talk to her first" sabi ko naman sa kanya. Thankfully she let go of my hand and rolled her eyes.

"Jem" baling kong muli sa kanya.

She sighed before looking into my eyes.
"Are you sure you'll be fine?" she asked worriedly.

"Yes, sige na babalik din ako. Wag ka na uminom okay?" sabi ko

"Hays, okay."

Pagkaalis nya ay agad kong nilapitan si kitten na ngayon ay hindi na maipinta ang mukha sa sobrang inis. Ano ba ang dahilan at bigla nalang sya naging ganito.

"Kitten" tawag ko agad sa kanya.

Kumuha s'ya ng panibagong inumin at mabilis na inubos. What the? napanganga nalang ako nang kumuha na naman s'yang muli.

"Hoy hoy! Tigil mo na 'yan kuting ano ba" saway ko sa kanya at inagaw ang glass of wine n'ya.

She hissed at tinignan ako ng masama kaya napapikit nalang ako. Ready to accept her slap. Napamulat ako nang maramdaman ko ang paghawak nito sa kamay ko at hinila palabas ng event hall.

"Saan tayo pupunta?" tanong ko paglabas namin.

Hindi umimik ang kuting at patuloy lang sa paglalakad hanggang sa marating namin ang garden na nasa likod lang nitong school.

She grabbed my hand and pulled me closer to a bench. "Kitten are you okay?" baling ko sa kanya nang makaupo na kami.

I was stunned when she turned to me with a smile in her face. This is the first time she smiled at me.

Naramdaman ko nalang ang pag bilis ng tibok ng puso ko. Damn, ang ganda ni Kitten.
Pero nabigla ako at mas lalong naging abnormal ang heartbeat ko sa biglaang pag sandal nito ng ulo sa balikat ko.

"I miss you" Nanlaki ang mga mata ko at literal na naging bato sa kinauupuan nang marinig ko ang

sinabi nito.

Tama naman ako sa narinig ko diba? sabi n'ya na miss n'ya ako diba?

Hindi ko na alam ang nararamdaman ko, Masaya na may halong pangamba. Masaya dahil sa tagal ng panahon na hinintay ko ay nginitian narin ako ni Ziallyn. Nangangamba dahil baka nasabi lang 'yon ni Kitten sa sobrang kalasingan.

"Hey"

Napalunok ako nang marinig ang malambing n'yang boses, tangena ang sarap sa tenga.

Nakaawang lang ang bibig ko, gusto kong magsalita pero walang kahit na ano ang lumalabas na salita mula sa bibig ko.

"U-um I miss you too Zi" napaayos si kitten ng upo nang masambit ko ang pet name na ang pinsan ko lang ang may karapatan na tawagin s'ya.

Nasapo ko an noo at pikit ang mga mata, ang tanga mo naman Rochelle at bakit mo pa s'ya natawag no'n!

I was about to open my eyes when suddenly she cupped my cheeks and crushed me with a kiss.

My eyes widened in shock, s-shit ang lambot ng lips ni Kitten at nalalasahan ko rin ang alak na ininom n'ya kanina.

I know it's wrong because she's drunk and I seem to be taking advantage of her. Pero hindi naman siguro masama kung maging selfish ako kahit ngayon lang, diba?

She wrapped her arms around my neck, I started to move my lips and kissed her full of love and she responded immediately.

"I-I love you Zi" I muttered.

Fuck! I just confessed my feelings to her. Shit shit shit!

She slightly averted her face and looked me in the eyes. My heart is beating so hard at sobrang natatakot ako sa isasagot n'ya. She smiled first before leaning her head on my chest. Sure akong naririnig n'ya ang tibok ng puso ko sa sobrang lakas ba naman!

Bigla n'ya nalang akong niyakap ng sobrang higpit.
"I love you too" she whispered softly.

And again, napatulala at nganga na naman ako dahil sa sagot nito. Totoo ba ang narinig ko na mahal rin ako ni Kitten? hindi ba scam 'yan? pero sabi nila pag lasing daw ang isang tao ay lumalabas ang tunay na nararamdaman nito. Totoo na mahal ako ni kitten!? naiiyak ako sa sobrang saya dahil sa nalaman ko. Alam ko naman na dahil lang sa kalasingan n'ya, pero kahit gano'n ay at least alam ko na mahal n'ya rin ako.

Hindi lang siguro maamin dahil hindi pa s'ya tuluyang nakaka-move on kay S. But it's okay dahil nandito naman ako, mamahalin ko s'ya ng higit pa sa binigay na pagmamahal ni S sa kanya.

Yayakapin ko na sana s'ya pabalik nang bigla ulit magsalita si Kitten...

"Ja"

Isang salita na nagpagunaw nalang sa mundo ko ng biglaan. Isang salita na sobrang sakit paniwalaan. Isang salita na gusto kong pangunahan. Isang salita na alam kong wala akong kalaban-laban. At isang salita na alam kong malabo n'yang makalimutan.

Bahagya akong yumuko at napansin na nakatulog na pala s'ya sa mga bisig ko.

Tumingala ako sa madilim na kalangitan at mapatid na ngumiti.

"Hanggang kailan mo ipapamukha sa akin na wala akong halaga Ziallyn?" Hindi ko na nga napigilan ang pagpatak ng mga luha, tangena ang sakit sakit! gago naman 'tong si Ziallyn, sa daming taong pwede n'ya pagkamalan na si Sj bakit ako pa talaga.

Tangena makapal ang mukha at tinawag na naman n'ya ulit ng mommy sa harap ng mga estudyante nito, at ang Everleigh naman hindi kumontra? ay gusto rin ata.

"Okay" ay hindi na nga umangal ang dragon.

Nagkatinginan pa kami sa isa't-isa ni I dahil ang bilis pumayag ni miss.

"Hindi ka makikipag away sa akin?" kunot noong tanong ni I sa kanya. Ay naghahanap pala ng away 'to.

Hindi ito sinagot ni miss at inikutan lang ng mga mata ang kaibigan ko bago tinawag si nerdy.

"Donita, you may go now." Si nerdy napanganga at di makapaniwala sa nangyayari.

"Dora halika na!" tawag ni S sa kanya. Si nerdy mukhang nagdadalawang isip pa kung aalis o hindi e. Bakit ba parang takot at namumutla nalang bigla.

"Go" utos ni ma'am sa kanya kaya tumayo na ito at nagmadaling lumabas gamit ang backdoor.

Si miss biglang humakbang palapit sa amin pero ang mga mata nakatingin kay Iris, sana all apple of the eye.

"Where are you going?" Agad na tanong nito nang makalabas ng classroom.

"Wala kaming gagawin na kalokohan ma'am, pupunta lang po kaming mall at may gagawin" sagot ni S sa kanya.

Hitsura ni Everleigh parang hindi naniniwala sa sinabi ni S, sabagay mahirap naman talaga paniwalaan pinsan ko.

"Really?" Taas kilay at talagang duda sya.

"Bakit ma'am? Gusto mo sumama? O baka mamimiss mo ako? O baka takot ka may iba akong babae mahanap bukod sa-"

"Okay." Sagot nito. Hindi natapos ni Iris ang salita dahil bigla itong tinikom ni ma'am sa pamamagitan ng kanyang mga daliri.

"Alis na kami ma'am." Paalam ko at saka lang nito pinakawalan ang nguso ni Iris,

"Masakit ma'am, nakakarami ka na ha. Hoy shorty tara na!" sigaw na tawag ni I sa kanya

"Iris shut up!" langya naman 'tong si Everleigh bigla nalang magagalit.

"Mommy bye! wag mo akong ma miss!" pang aasar ni I sa kanya at nauna na tumakbo palayo.

Akala ko didiretso kami ng parking lot pero sa office kami ni Ziallyn napadpad, may balak ata silang isama.

"Ziiiiiiiiiiiii open sesameeeee!" Sigaw ni S kasabay ang malakas na pagkatok ng pintuan ni Ziallyn,

"A-ano baka m-mapagalitan tayo" pagpigil ni nerdy kay S.

"Don't worry dora, safe ka sa amin" nakangiting sagot nito, sanaol malakas backer.

Isang tawag lang ni S ay bumukas agad ang pinto.

"Zi tara sama ka mall, wala ka naman gagawin diba?" Aya ng pinsan ko saka marahan tinapik sa ulo si Ziallyn, bigla napunta ang mga mata ni Ziallyn sa akin kaya mabilis akong nag-iwas. Ayain ko rin kaya siguro si Jem sumama? total wala naman kami pasok sa next subject.

"Sure." sagot nito kay S at ngumiti, edi wow.

"Tara sama ka, punta tayong mall n'yo. Mamimili lang ng mga ingredients" pag-aaya ni S sa kanya.

"Pwede isama ko narin si Jem?" tanong ko kay S at tumango naman ito.

Kinuha ko ang phone at kaagad tinawagan si Jem, mabuti nasa music room lang ito. Sinabihan ko nalang ito na sa parking lot dumiretso total ay patungo na kami ron.

"Jem!" tawag ko agad sa kanya nang makita ito. Malawak ang ngiti nitong naglalakad palapit sa direksyon namin or should I say sa direksyon ko?

"Love, thanks for inviting me" sabi nito bago balingan ang mga kasama ko.

"Hi Jemama, ganda at sexy mo naman. Bagay kayo ni R" panunukso ni keybold.

"Ou bagay kayo, jowain mo na 'yan at baka maagaw pa sayo" segunda naman ni I.

"Right" matamis na ngiting sagot nito at nilingon ako.

"Tara na hoy!" tawag ni S sa amin. Gage hindi ko pala dala bike ko, sasakyan kasi ni S gamit namin nong lumipat kaming dorm.

"Tara na love, sa akin ka na sumakay" sabi ni Jem at hinawakan ang kamay ko.

Nagulat nalang ako at napalingon sa kabilang side dahil may biglang humawak din sa isang kamay ko.

"No, she will ride with me" Ziallyn said coldly at nakipagpalitan ng nakakamatay na tingin kay Jem.

"Didn't I tell you to stop interfering with us?" agad naman na sagot ni Jem.

Pambihira, sasakay nalang nga ng sasakyan pagtatalunan pa.

"And didn't I tell you not to command me?" rebat naman ni Kitten.

Mga kaibigan ko literal naging mga spectators at walang balak umawat sa dalawang pusa. Napabuntong hininga nalang ako dahil sa pinaggagawa nilang dalawa.

"Ziallyn kay Jem na ako sasabay" sabi ko at tinignan s'ya sa kanyang mga mata. Napangiwi ako nang higpitan ni Ziallyn ang paghawak sa may pulso ko.

"Shorty sa akin ka sumakay!" tawag ni I sa kanya.

"Zi! dito ka na sumakay sa akin" tawag ni Sj sa kanya at mabilis nitong binitawan ang kamay ko.

Agad akong tumalikod sa kanya at tinahak ang daan patungo sa sasakyan ni Jem. Malas ng araw na 'to at lagi kaming hinaharap sa isa't-isa.

"Alam mo ba may auction sa Feb14, Jem?" tanong ko sa kanya at inayos ang seatbelt.

"Maganda ang auction event sa PU." Sagot niya.

"Bakit maganda?"

"Kasi ang kalahati ng pera at mapupunta sa charity." nagulat ako dahil sa sagot nya. Akala ko sa school mapupunta yun, but good thing sa charity din naman pala, tama lang talaga ang ganitong event.

"Maganda nga." Sambit ko.

"Sasali ka ba?" gulat ako sa tanong.

"Ha? What do you mean?"

"Kung sasali ka, gagawin ko lahat manalo lang sayo." Sobrang labo mangyari yun no! I'm sure hindi ako ang mapipila sa event na yan.

"Sobrang labo na mangyari yan, Jem," sagot ko sa kanya at itinuon ang atensyon sa labas ng bintana.

"Hindi mo alam? sikat ka sa department natin? kumunot noo ko. Ako sikat? hindi ako tulad nila Sj na sikat at mas lalong hindi mangyayari yan.

"Sus niloloko mo." sagot ko sa kanya. Nagpakawala sya ng mahinang yawa kasabay ang pag iling nang kanyang ulo. Wala naman sigurong nakakatawa sa sinabi ko?

"Hindi mo alam dahil focus ka masyado sa mga kaibigan mo" sabi nito.

"Hindi mo lang alam pero marami ang may gusto sayo" dagdag pa nito na ikinakunot lalo ng noo ko.

Ako sikat? maraming nagkakagusto? hirap naman masyado paniwalaan n'yan, at wala akong nakikitang rason para maging sikat no. Wala nga rin akong ginagawa bukod lang sa palaging sumama sa mga kalokohan ng ccb.

"Mag tigil ka nga Jem, malaho." sabi ko, ay tinawanan lang ako ng pusa. Umiling nalang ako at ibinalik ang atensyon sa labas ng bintana.

Hindi nagtagal narating namin ang mall, malapit lang din kasi ito sa university. Nasa centro ang mall tapos yung PU nasa uptown lang.

"Hoy punta muna tayong salon." Tawag agad ni S nang makababa kaming lahat sa mga sasakyan. Anong gagawin nya sa salon magpapaganda dahil papauwi na dragon nya?

"Anong gagawin don?" Tanong ko.

"Kakain." Pilosopang sagot ni Iris, hays.

"Papagandahin si Dora" sagot n'ya at tinuro si nerdy.

Kung ako tatanungin maganda naman talaga si nerdy at hindi talaga totoo 'yong pandak s'ya. May katangkaran, maputi, makinis ang balat, maganda ang mukha. Hindi lang s'ya marunong mag-ayos ng sarili, ayon lang naman problema sa kanya. Scholar si nerdy ng school at ang sabi sa amin ay galing pa raw s'ya sa probinsya na malayo rito sa syudad. Magsasaka lang ang papa ni nerdy at ang mama naman n'ya ay nagtitinda ng mga prutas sa palengke.

Matalino si nerdy for sure, dahil hindi madali at basta-basta makakakuha ng scholarship sa PU. I admire her perseverance at kinailangan nitong iwanan ang mga magulang para makapagtapos ng pag-aaral.

I smiled and looked at her.

"Sige na nerdy, sumama ka na sa kanila". Nanlaki ang mga mata nito dahil sa plano nila para sa kanya. Kaya nagustuhan din namin si nerdy dahil hindi sya tulad ng mga estudyanteng lumalapit lang sa amin dahil close kami sa mga Ponferrada.

"H-Ha? W-wag na, wala akong pera." Nahihiyang sagot nito at yuko nang kanyang ulo.

"Sus, walang hiya-hiya at isa ka na sa grupo namin." Desisyon talaga palagi ang pinsan ko. Ang cute talaga pag nagugulat si nerdy kasi parang bata, to think na senior namin sya.

"A-Ako?" hindi makapaniwalang tanong nito at itinuro ang sarili.

Lumapit naman ang tatlo pa sa kanya.
"Ou, sa ayaw mo at sa gusto ay part ka na ng ccb" sabi naman ni K sa kanya.

"Don't be shy shorty!" sunod naman na sabi ni I.

"Tara na" hinawakan na ni A ang kamay nito at hinila.

"P-pero mahirap lang ako, at hindi ako nababagay sa grupo n'yo" nakayukong sagot nito.

Si Jem at Ziallyn na tahimik lang sa gilid.

Lumapit narin ako sa kanya at tinapik ang ulo. "Ano naman kung mahirap ka? at kailan pa naging basihan ang estado ng buhay para lang magkaroon ka ng kaibigan?" kunot noo kong sabi sa kanya.

"S-sabi kasi ng mga ka-klase ko na hindi nababagay ang isang tulad ko sa PU at mas lalong wala akong mahahanap na kaibigan dahil mahirap lang ako" she bit her lower lip, langya iiyak na ata to.

Nagkatinginan kaming lima ng mga kaibigan at sabay bumuntong hininga.

"Wag mo silang pansinin at inggit lang ang mga yun sayo. Wag mong ikahiyang mahirap ka at mas lalong maging proud ka sa sarili dahil ang layo na ng narating mo." Cheer up natin at ayaw ko lumungkot sya.

"Ou nga shorty, graduating student ka na nga oh. Dapat lang maging proud ka no! hayaan mo pag may nang-api sayo ay ibibitay namin sa rooftop" sabi naman ni I at pinisil ang pisngi nito.

"O-okay lang ba sa inyo na maging part ako ng grupo n'yo?" paninigurado nito at tinignan kami isa-isa. Medyo namumula na ang mga mata nito, pinipigilan lang talaga ata ang maiyak.

"Kakasabi ko lang na part ka na ng group namin Dora. Wag ka nga umiyak ang panget mo" tangena hindi ko alam mung kino-comfort ba ni S si nerdy or iniinsulto e.

"Ipag shopping nyo nalang din ng mga bagong gamit si nerdy." Total nandito na, mas maganda kung isagad na nilang lahat.

"Okay" sabi nilang apat, ay wow sabaok may may bc.

"Ha? H-hindi okay lang ak-"

"Wag ka na nga umangal dora, sasakalin talaga kita" pagbabanta ni S kaya hindi na umimik si nerdy.

"R kayo nalang mamili ni Jem ng mga ingredients na gagamitin natin. Ito yung listahan oh." Inabot ni Ag sa akin at bakit ang dami ng mga kailangan bilhin? Jusko, ano ba gagawin namin at ang dami nitong gusto nila ipabili!?

"Alright" Sagot ko nalang.

"Tara na Jem," tawag ko.

"I'm coming with you" sabay pa kaming napalingon ni Jem sa nagsalita.

Bahagyang tumaas isang kilay ko, seryoso syang sa amin sasama at hindi sa pinsan ko? Baka hindi malinaw mata ni Ziallyn at pagkamalan ulit akong si Sj,

"Ayon si S oh." Sabay turo kay Sj na kausap ang mga kaibigan.

"I know and I am not blind" malditang sagot nito.

"Hoy R, isama mo narin si Zi at baka mainip pa kakahintay sa amin." Sabi ng pinsan ko at ngumisi ng nakakaloko. Nananadya ba talaga sya? Lihim nalang akong napairap at mura dahil sa gusto nyang mangyari. Ako tong todo iwas tapos ganito ulit magiging resulta.

"Tara na." Sige nalang at wala akong choice. Nakakailang ang mga matang nakatingin sa amin, pagitnaan ba naman ako ng dalawang magaganda at sexy.

Una kaming pumunta sa bookstore dahil may kailangan akong bilhin na mga markers tapos sticky notes. Next ay ingredients para sa gagawing cake, marunong sila mag bake? Mabuti konti lang ang pila, ayoko mainip tong dalawang kasama.

"Where's next?" tanong ni Ziallyn matapos namin bilhin ang mga kailangan para sa cake.

"Groceries nalang, mga pagkain namin sa dorm. Ang dami naman nito, bilib na talaga ako sa katakawan nila" napailing nalang ako habang sinasqbi yun.

"Love, kailangan ko umakyat ng 4th floor. I need to check something." Sabi ni Jem, balak nya ba ako iwan kasama si Ziallyn?

"Samahan ka nalang namin?" Suhestiyon ko.

"She's not a kid anymore." Biglang sabat ni Ziallyn, mainit yata dugo nya kay Jem,

umiling si Jem saka ako nginitian. "It's okay, mabilis lang ako." sabi nya, napanguso ako ng wala sa oras.

"Babalik ako promise" pangako n'ya kaya tumango nalang din ako. Umalis din s'ya agad matapos magpaalam saglit.

Kaming dalawa nalang ang naiwan ni Ziallyn at walang imikan, wala rin akong plano magsalita una. Kung hindi sya magsasalita pwes ganoon rin ako. Sunod lang ng sunod si kitten na parang bata, pwede naman sana sya maghintay sa waiting area at ako nalang mag-isa ang bibili.

"Hey" tawag n'ya kaya napahinto at lingon ako sa kanya.

"I have a name" casual kong sagot.

"Donkey?" nang aasar ba s'ya?

"May kailangan ka?" tanong ko pabalik, maka hey parang hindi kilala tsk.

May dinampot s'yang pagkain sa gilid at pinakita sa akin. "I want this" oh strawberry biscuits. Pwede naman kunin nalang agad at ilagay sa cart, bakit pa kailangan akong tawagin.

"Alright, lagay mo na rito" sabi ko at sinunod naman n'ya agad, akala ko ba *don't command me* motto n'ya.

Itinulak ko na muli ang cart at nagpatuloy sa pamimili. "Bakit 'di ka sumama sa pinsan ko?" tanong ko sa kanya, alam kong naririnig nya dahil nasa likod ko lang naman sya.

"Is there a problem if I wanna go with you?" seryoso nitong tanong.

"Wala, himala lang at hindi ka sumama. Nasa priority list mo pinsan ko diba?" Ayaw ko maging bitter pero nagmukhang sarkastiko yung pagsasalita ko.

"It's better to do something than waiting" sagot naman nito. Hindi na ako sumagot at tumango nalang.

Abala ako sa paghahanap ng mga nasa listahan nang may lumapit na babae sa akin. Oh sino ba 'to at anong pakay n'ya sa akin.

"Excuse me, pwede magtanong?" sabi nito kaya naudlot ulit ang ginagawa ko.

"Yes?" Sagot ko.

"May event dito sa mall na scavenger hunt at naghahanap ako ng chinita para sa gagawin ko " paliwanag nito sa akin.

"Ano ba yun?"

"Just a kiss sa cheek mo. Okay lang ba?" bahagya akong nagulat sa tanong nito.

"Ah hmm sig-"

"No, why would I let you kiss her" napaatras ako dahil sa sinagot ni Ziallyn, ano naman ngayon kung hahalik ang babae sa pisngi ko?

Ayan na naman s'ya sa pagiging possessive kuno tapos sa susunod ipapalabas lang na parang walang nangyari. Ang hilig naman nito magbigay ng ginisang damdamin.

"Ah s-sorry hindi ko nakita kasama mo pala girlfriend mo." paghingi ng paumanhin nito.

"Ha? Ah no, she's not my girlfriend" agad kong pagtatama sa sinabi nito, baka kasi magalit tong kuting dahil napagkamalan pang jowa.

"So pwede makahalik sa cheek la-"

"I said NO" napatigil nalang bigla 'yong babae, grabe maka emphasized sa no 'tong si Ziallyn.

"Leave, you're wasting our time" sabi n'ya kaya napalingon ako sa kanya.

Mukhang hindi ata tama yun, ang sama masyado kung makatingin sa akin. "Ziallyn hindi mo dapat ginawa yun, dapat kinakausap mo ng naayos tulad ng ginagawa ni Jem," sabi ko sa kanya pero wrong move ata dahil mas lalo nalang naningkit mga mata nito.

"Can you not compare me to her? I know that I am way better." Malamig ngumit halata sa boses nya ang inis, mahina nyang sinuntok ang braso ko saka binangga sa balikat at nilagpasan.

The heck?

Makalipas ang dalawang oras ay natapos din kami, tangena ang dami kasi masyado nitong pinabili nila. Asan na ba yun si Jem? Scammer masyado sa babalik din ako agad at dalawang oras na ay hindi parin nakakabalik. Napansin kong pagod na si Ziallyn kaya nilapitan ko, kawawa naman 'to at nadamay pa sa pag eexplore ko.

"Ziallyn" tawag ko sa kanya matapos kong bayaran ang mga pinamili.

"Gusto mo kumain muna?" tanong ko, malapit narin pala mag 6pm kaya pala nangangalam na tiyan ko.

"Okay"

"Sa Jabee nalang tayo Ziallyn" sabi ko sa kanya na ikinakunot naman ng noo nito.

"Jabee?" Inosente nyang tanong kaya mahina akong natawa.

"Jollibee, nakatikim ka naman no'n diba?" tanong ko at tumango naman s'ya.

"Okay, gutom narin ako!" Excited na sabi ko. Bigla ko nalang nahawakan ang kamay nya kaya nagulat ako, jusko tong kamay ko at kusa nalang gagalaw. Excited ba kumain sa bubuyog.

"S-Sorry." Sambit ko at agad binitawan ang kamay nya. Hindi sumagot si kuting at tinignan lang ako,nakakailang masyado ang malalim nyang mga titig.

"Tara na." Bulong ko saka tumalikod sa kanya. Gusto ko lang sana kumain ng payapa pero nakalimutan kong mall pala nila Ziallyn to, kaya pala may mga bumabati sa kanya kahit saan kami mapunta hmp.

"Na try mo na ba spicy chicken nila? mas masarap 'to compared sa charcoaled chicken" sabi ko sa kanya.

"Charcoaled chicken?" tanong n'ya bago sinubo ang burger.

Ah nakalimutan ko, hindi pala n'ya alam ang charcoaled chicken na luto nong pinsan n'ya. Infairness masarap din naman dahil sa ketchup na nilagay namin. Sinadya lang ata nila pie yun, marunong at masasarap naman sana mga luto nila pero dinogshow pa.

"Wala" sabi ko at binalatan ang manok saka sinubo sa kanya. Itong habit kong to, sobrang napaka delikado, nasanay kasi akong ganito dahil kay Jem.

Tahimik lang itong tinitignan ang kamay ko na may hawak na balat.

"Sorry, habit ko lang talaga." Babawiin ko na sana nang bigla n'ya nalang itong kainin ngunit ang mga mata nito ay nakatitig sa akin. Jusko, hindi ako marupok pero si Ziallyn, ang lakas mang akit.

Napangiwi ako dahil sa pagkagat nito sa daliri ko, langya bakit pati daliri ko kakagatin!

"Ziallyn yung daliri ko." pinilit ko talagang maging kaswal at hindi mautal.

Good at pinakawalan din kaagad ang aking daliri, napatigtig ako sa kanyang labi at nakita ang pagdila nya sa ibabang labi. Mabilis kong iniwas ang ulo at itinuon ang atensyon sa manok bago pa ako mahuling nakatitig sa kanya. Pambihira, hindi na ako nagsalita at patuloy lang sa pagkain gutom na gutom ako. Mas nagutom ata ako lalo dahil sa panunukso nya kanina tsk.

"Gutom na gutom?" muntik akong mabulunan dahil bigla-bigla nalang ito kung magsalita.

Hindi ako makasagot dahil sobrang puno ng pagkain bunganga ko, kaya nagtaas nalang ako ng dalawang kilay.

She took a tissue and my eyes widened when she touched my chin and wiped the edge of my lip.

Sa pagkataranta ay bumara ata ang pagkain sa aking lalamunan. Juko! Paubo-ubo akong kinuha ang juice at mabilis ininom.

"Alam mo Ziallyn para kang rollercoaster" sabi ko.

"Why?"

Kasi ang lakas mo magbigay ng mixed feelings, kung pwede tigilan mo na 'yan dahil ayaw ko na masaktan!

"Hindi ko sasabihin" sabi ko at sinamaan ako ng tingin.

"Galit ka agad, tapusin mo na ang pagkain baka tapos na yun sila." sabi ko sa kanya at pinagpatuloy ulit ang paglamon.

"I'm done." Sagot nya, I'm done daw pero hindi nga nangalahati ang burger na kinain n'ya!?

"Ayaw mo na? Edi akin nalang yan." Sabi ko at inagaw ang kanyang burger.

"Ang takaw mo" sabay ikot ng mga mata nito.

"I'll take that as a compliment" sagot ko sa kanya sabay kibit balikat.

Pero mas matakaw ang taong mahal mo kung ikukumpara mo ako.

Sakto tapos na kaming kumain ay nakatanggap ako ng tawag mula kay S. Tapos na raw sila at hintayin nalang daw namin sa parking lot. Kaya pala hindi nakabalik si Jemima dahil nagkita sila sa taas at hinatak nila, upang samahan sila mamili ng mga damit for nerdy.

"Pabalik na sila." sabi ko kay kuting na nakasandal sa sasakyan habang nakahalukipkip ang mga kamay.

"Rochelle" seryosong tawag nito.

"Yes?"

"How do you define love?" Seryoso sya? Di nya alam kung kailan na experience na nya ma-inlove sa pinsan ko? Medyo ikinagulat ko ang tanong nya.
Napaisip ako bigla, bakit sa akin nagtatanong at hindi sa pinsan ko.

I heaved a sigh and faced her.

"It's about someone who shows up for you. Someone who supports you. Someone who inspires you. Someone who pays attention to your love language and shows you. Someone who loves you how they want to be loved and reciprocates it back to you" habang sinasabi ko 'to ay hindi ko talaga inalis ang paningin sa mga mata ni Ziallyn.

Wala parin akong makitang emosyon tulad ng mga nakikita ko kapag kaharap nito ang pinsan ko.

"But that won't happen to me. Dahil hindi naman ako gusto ng taong mahal ko" dagdag ko at tipid s'yang nginitian.

Tulala lang si kuting at hindi ko alam kung ano ang kanyang iniisip. She was about to speak when suddenly someone called us.

"Hooooyyyyy!" sigaw ni K.

"Tapos na kami, tao na si Dora!" lakas manlait nitong pinsan ko lord.

"Asan na si nerdy?" tanong ko agad nang makalapit na sila. Sinilip silip ko pa ang likuran nila.

"Tanga! ayan nasa harap mo. Bulag ka na ba?" tanong naman ni I.

My eyes widened in shock at natutop ang aking bibig. She's no longer nerdy, she looks like an innocent goddess now.

"Excited na ako bukas" singit ni A.

"Wow, diba tama ako? ang ganda ni nerdy ko" sabi ko at pumalakpak ng tatlong beses.

Napasinghap ako sa isang sipa ngunit may kalakasan sa likod ng tuhod ko. Si Ziallyn, bigla nalang talaga kung maninipa as if may ginawa akong mali sa kanya.

"Hoy anong nerdy mo! shorty ko 'yan" sabat naman ni I.

"Pustahan tayo bukas marami na manliligaw dito kay Dora" sabat naman ni S sa amin.

"Sige ba, pusta ako mga nasa 4 manliligaw sa kanya bukas" sabi ni I

"Bet bet! 3 sa akin" sunod naman si Kb

"5" tipid na sagot ni Doraemon

"Mga 7 yan, sure ako!" pusta naman ni S

Sa ganda ni nerdy namin ngayon ay sure na sure ako na marami ang maghahabol sa kanya kinabukasan.

"Okay 6 sa akin" sabi ko matapos kong makapag desisyon.

Si Jem na napailing nalang dahil sa pustahan namin, first time ata kaming makita mag pustahan. Si Ziallyn na nakasandal parin sa sasakyan at tahimik hinihintay kaming matapos.

"Oh Jemama thank you pala sa pagsama, ang gaganda ng mga damit na napili mo for nerdy" pasasalamat ni K sa kanya.

"Nerdy kapag ba niligawan kita may pag-asa ba?" seryoso kong tanong sa kanya pero syempre joke lang 'yan.

"Ako rin Shorty!" langya naman 'tong si I at panira lagi ng trip ko.

"A-ahm ano k-kasi...."

"Pwede ba sanayin mo na sarili mong hindi mautal pag kausap kami? alisin mo 'yang hiya mo sa katawan at pasasaan pa ay magiging sabaw ka rin naman tulad namin" patawa-tawa kong sabi sa kanya.

"Umm about that, I-I'm straight" nahihiyang sagot nito at nagbaba ng tingin.

"BAHAHAHAHAHAAHAH" tatawanan pa talaga ni S.

"Okay lang yan Dora, d'yan naman nagsisimula ang lahat." sabi ni S bago tinapunan ng tingin si Ziallyn na nasa likod ko.

"Ano na nerdy, kung ba manliligaw ako bibigyan mo ako ng pag-"

Napatigil ako sa pagsasalita at kagat ng labi nang biglang may kumurot sa likod ko. Tangena sobrang sakit at feeling ko nga bumaon ang kuko sa balat ko kahit may damit ako!

"May sinasabi ka R?" tanong ni A na may mapanghinalang tingin sa akin.

Wala ata balak bitawan nitong kuting likod ko, ang sakit masyado.

"Hoy! asan ang mga pinamili mo?" mabuti nalang at nagtanong ang monkey.

"Nasa sasakyan ni Jem" diretso kong sagot.

"Alis na tayo." sabi ni S at naglakad na papuntang sasakyan nito.

"Uwi na tayo at may gagawin pa tayo mga bakla" singit naman ni K

Pagkabitaw palang ni Ziallyn sa likod ko ay nagmadali na akong lumapit kay Jem at kinaladkad ito pabalik ng sasakyan.

"Let's go Jem"

"Donkey!" Biglang tawag ni Sj,

"Bakit?"

"Isama mo si Ziallyn, kailangan ko umuwi dahil tumawag si mommy." Awang ang labi ko. Nahihibang ba sya? Wala nga ako dalang sasakyan at ang awkward naman kung magpapahatid kami kay Jem,

"Wala akong sasak-"

"Gamitin mo nalang sasakyan ko, papahatid ako kay Ag," putol sa akin, mabilis kong sinalo ang susi na kanyang initsa. Umuwi sila tita? Ang alam ko next week pa uwi nila ni tito? Anong nasa utak nitong pinsan ko.

Malalim akong bumuntong hininga.

"Jem, sorry at mukhang di ako makakasama sayo. Kunin ko nalang sa sasakyan mo mga pinamili ko." Baling ko sa kaibigan at ngumiti.

"Don't worry, love, call me if you need me, alright?" Matamis nyang sagot at ngiti saka hinaplos ang aking pi

[Content truncated due to length]

CHAPTER 8

-

"Nakakailang ulit na tayo, puro sunog nagawa nating cookies." Sermon ko sa kanila, mauubusan na ako ng pasensya dahil kanina pa kami ulit nang ulit sa pag bake ng cookies hays.

"Mga bobo naman kayo! inaaksaya n'yo ingredients!" isa rin 'tong S, kung makareklamo akala mo talaga may nagawa, puro lang kain ang ginawa langya.

"Nakailang sunod kayo?" tanong ni A.

Isa pa 'tong Ag, ang yabang pa kanina dahil alam n'ya raw paano mag bake ng cookie tapos ang resulta sunog.

"Pang apat na 'to bobo" mas lalo naman 'tong unggoy namin na walang alam, jusko.

"Mga gago, 'yan ba ibibigay n'yo sa mga demogons bukas? Isang kagat langit agad hahaha" mas pinakawalang kwenta naman si I, kanina pa 'to puro bunganga.

"Alam mo, potangena mo! at ang sarap mong pakainin ng sampung granada" sabi ko at sumandal sa refrigerator.

Paubos na mga ingredients namin at wala pa kaming nagagawa. Wala narin kami balak umulit dahil same lang din ang resulta, sunog!

Tulala lang kaming lima hanggang sa may naisip ako bigla.

"Mga tanga puntahan nalang natin si nerdy! 8:30 out n'ya diba?" sabi ko sa kanila at tinignan ang orasan, quarter to 8 palang.

"Bakit natin pupuntahan?" Minsan nakakabobo rin si Iris,

"Susunduin natin! s'ya nalang pag-asa natin para sa cookie" sagot ko. Malay natin na may alam pala si nerdy sa ganitong bagay.

"Oh good idea tara, para rin matanong natin kung ilan nanligaw sa kanya. Hindi pa nakapasok yun kahapon dahil sumakit puson." Paliwanag ni Sj at tinabi ang mga kagamitan.

"Sunduin na natin. Dalhan mo narin nong heating pad para sa cramps n'ya" sabat naman ni A.

Nagbihis muna kami bago sinugod si nerdy sa classroom nila. Mabuti nalang talaga wala kaming night schedule ngayon.

"Hoy R silipin mo nga sino nagtuturo" utos agad ni S sa akin. Nandito na kasi kami sa labas ng classroom nila. Nasa backdoor kami banda dahil sa kabilang side kami dumaan upang umakyat dito sa classroom ni nerdy. Dahan-dahan akong sumilip at muntik pa akong makita ni dragon, pasalamat mabilis akong nakatago.

"Oh anong ginagawa mo, sino Professor nila?" tanong ni S.

"Si miss Everleigh" sagot ko at sumilip ulit nong tumalikod ito upang magsulat sa whiteboard.

Una kong nakita si nerdy na nasa upuan n'ya at seryoso sa discussion pero mas nagulat ako nang makita si Ziallyn na nasa likod!

"Tangena!" napamura ako at lumayo bahagya sa pintuan.

"Nakakita ka ng mula?" Tanong ni Iris,

"Si miss Everleigh prof nila at nasa loob si Ziallyn, hindi ko alam anong ginagawa nya jan." paliwanag ko sa kanila.

Sabay nga nilang sinilip na apat at hindi ko alam kung ano ang pumasok sa isipan ko, bigla ko nalang kasi tinulak si S ng malakas. Kaso nga lang silang apat ang sumubsub paharap dahil dinamay ni S ang tatlo. Napapikit nalang ako dahil sa lagabog na narinig at sa kadahilanang na expose kami ng tuluyan dahil biglang bumukas ang pintuan.

"You!" sigaw ni Everleigh nang makita silang apat. Hindi ako nagpakita at nasa labas lang ako samantalang ang apat ay nakadapa sa may pintuan, wala ata silang balak tumayo.

"What are you doing here again!?" Bulyaw ni maam sa mga kaibigan ko. Napakagat labi ako para maiwasan ang humagalpak ng tawa. Feel na feel kasi nilang apat ang pag langoy sa sahig.

"Good evening too ma'am" sagot naman ni I sa kanya, tangena hahaha.

"Aren't you going to answer my question?" hala ayan na ang malamig na boses ni Everleigh.

"Susunduin lang po namin si Dora ma'am, sumilip lang po talaga kami kaso nga lang tinulak kami ni R" nanlaki ang mata ko dahil sa pag sumbong nito at itinuro ako.

"Stand up and wait outside, you're disturbing my class" sabi nito at mabilis na bumangon ang mga kaibigan ko.

"Mommy sit in nalang kami" biglang salita ni I habang pinapagpag ang tuhod ni S.

"No, manggugulo lang kayo sa klase. Get out and close the door" sagot ni Everleigh.

Jusko, ayos lang talaga sa kanya tawaging mommy ni Iris? tama lang yan, wag sila ipa sit-in dahil wala naman balak makinig ang mga siraulong 'to, for sure magkukulitan lang sila sa loob kung pumayag si Everleigh. Lumabas sila ulit at agad isinarado ang pinto.

"Tangena mo donkey, tinatawa mo d'yan!" Asar naman masyado nitong pinsan ko.

"Galit ka na n'yan? kalma ka lang, 10 minutes nalang matatapos na klase." sagot ko sa kanya saka isinandal ang likod sa pintuan. Nagkwentuhan lang kami ng mga walang kwentang bagay habang hinihintay matapos ang klase ni nerdy.

At saktong 8:30 ag tumunog ang bell.
"Hoy palabas na si nerdy, tumayo na kayo d'yan" nakaupo kasi ang apat sa gilid habang may pinapanood sa cellphone ni I, hentai siguro 'yon.

Napatingin kaming lima paglabas ni nerdy dahil may mga lalaki agad ang nakapalibot sa kanya, sus mga

mukhang tae at gusto pa humirit sa dora namin.

"Nerdy!" tawag ko at nilapitan sila.

Hindi ata comfortable si nerdy dahil sa mga unggoy na nakapalibot sa kanya kaya hinatak ko 'to palapit sa akin. Sakto naman paglabas ni Ziallyn at nagtama ang aming mga mata, kasunod lang nito si Everleigh. Hindi ko na pinansin dahil gusto ko muna ilayo si nerdy sa mga unggoy.

"Masakit pa ba puson mo? halika na may dala kaming heating pad, kanina ka pa namin hinihintay" sabi ko.

Kinuha ko ang mga librong bitbit n'ya at hinawakan s'ya sa kamay upang hatakin papunta sa ccb na nasa kabilang pintuan.

"Shorty!" tawag ni I habang kumakaway.

Kawawang nerdy dahil para s'yang pusa na napapaligiran ng mga asong ulol. Pinalibutan kasi naming lima tapos nasa gitna s'ya nakakulong at hindi makalabas haha.

"Dora masama pa ba pakiramdam mo?" tanong ni S at kinuha ang heating pad na nasa bag nito.

"Nerdy lagay mo sa bandang puson mo para mabawasan ang sakit" sabi naman ni K at kinuha ang hp kay S saka inabot sa kanya.

"Wala ka na bang nakalimutan sa loob?" tanong naman ni A.

Pinagtitinginan na tuloy kami ng mga estudyante, akala siguro nila ay binubully namin si nerdy dahil sa sitwasyon namin ngayon.

"You okay now nerdy?" I asked and patted her head.

Natatawa talaga ako pag naiisip ko na senior namin s'ya tapos kami pa ang nag aalaga at spoiled sa kanya. Hindi rin kasi namin alam kung bakit ang gaan sa loob nitong si nerdy at gusto namin alagaan.

"Ou okay na ako salamat. Hindi n'yo na sana ako sinundo" nahihiyang sabi n'ya at iniyuko ang ulo.

Nagkatinginan kaming lima bago ngumiti. Tapos sabay kami napatingin sa biglang tumikhim sa likuran ko. Oh nandito pa pala sila, akala ko ay nakaalis na ang dalawang 'to.

"Good evening ma'am Everleigh and Ziallyn" bati ko una sa kanilang dalawa at sunod na bumati ang mga kasama ko.

"Is she your roommate?" tanong ni miss.

"Opo, sinundo lang namin" sagot ko agad sa kanya.

"Una na po kami ma'am" dagdag ko at hinawakan na ang kamay ni nerdy. Hilig ko talaga manghatak ng kamay, ay bahala na.

"Wait, may isa ba sa inyo na pwede ihatid si zb sa condo n'ya? may meeting akong kailangan habulin" tanong ni Everleigh sa amin.

"Si R ma'am pwede" sagot agad ni K kaya napatingin ako sa kanya, sinamaan ko s'ya ng tingin bago ko binalingan si Ziallyn na ngayon ay sa akin na pala nakatingin.

Wala s'ya balak mag reklamo?

"Ang pinsan ko nalang po ma'am total ay alam naman n'ya ang condo ni Ziallyn" pagtutol ko sa suhestiyon ni K at sinagot si Everleigh.

Sinulyapan ko ulit si Ziallyn and as usual, wala naman pinagbago sa expression n'ya. Kanina pa 'to nakatingin sa akin lalo na sa kamay ko na hawak ang kamay ni nerdy, naiilang na ako.

Pagkatapos nang nangyari? Hindi ko na alam kung saan pa ako lulugar sa kanya.

"Sige po una na kami" paalam ko sa kanila at kinaladkad si nerdy palayo. Agad sumunod ang tatlo liban kay S dahil ihahatid nito ang pusa.

Pagdating sa dorm ay agad kong tinanong kung marunong gumawa ng cookie si nerdy and thankfully ay marunong daw. Hindi na n'ya kami pinayagan tumulong pero sabi ko mas maganda yung may effort din kaming gawin. Dapat matapos na namin 'to bago pa mag roll call. Si Sj naman ay bagong dating lang galing sa paghatid kay kitten.

"Uuwi ba kayo sa weekends mga bakla?" biglang tanong ni I at lumapit kay nerdy upang tikman ang bagong luto na cookies.

"Hindi" sabay naming apat na sagot except kay nerdy.

"Ikaw nerdy uuwi ka ba sa province n'yo?" tanong ko at tumagilid sa kama.

"Ou, kailangan ko umuwi kasi birthday ni nanay" sagot nito habang abala parin sa pag-aayos ng mga bagong luto na cookies.

May naisip tuloy ako bigla.

"What if sumama tayo kay nerdy sa province nila? wala naman tayong gagawin dito sa weekend kung hindi tayo uuwi eh" suhestiyon ko sa mga kaibigan ko.

"Hala tanga! nice idea!"

"Wooooo I like that, gora tayo d'yan"

"Mabuti pa nga"

"Ay gusto ko yan. Sige sama tayo BAHAHAHAHAHAHAAHHAA."

Oh diba, ang bilis lang kausap ng mga kaibigan ko. Pero ang hitsura ni nerdy parang hindi makapaniwala sa narinig dahil nakatulala at nganga ang dora.

"H-hala hindi pwede" pagtutol nito sa desisyon namin. Kumunot ang mga noo naming lima, at bakit hindi pwede?

"At bakit?" malditang tanong ni S, kaya natatakot si nerdy sa kanya e. Bigla nalang magtataray na parang baliw.

"A-ano kasi, maliit lang bahay namin at walang shower do'n dahil sa balon kami kumukuha ng tubig. Tapos maraming lamok dahil malapit lang kami sa sakahan" pagdadagilan nito sa amin habang nakayuko ang ulo.

"Ah basta sasama kami. Wag ka na kumontra at hindi ka mananalo sa amin. Nag-iisa ka lang, lima kami" ang bossy nitong pinsan ko, pero tama rin naman sinabi n'ya.

"Wag ka na pumalag nerdy, pwede naman kami sa labas matulog magdadala nalang kami ng tents" sabi ko sa kanya para mabawasan naman ang pag-aalala n'ya.

"Pero-"

"Walang pero pero shorty shh" putol ni I sa sasabihin n'ya.

"Pumayag ka na dahil wala kang ibang choice" sabat naman ni A sabay tango.

"Hindi kami maarte nerdy kung 'yan ang iniisip mo" seryosong sabi ni K, marunong din naman pala mag seryoso ang monkey namin.

Wala na nga nagawa si nerdy kundi ang pumayag. Napangisi nalang kaming lima, mukhang magiging maganda 'tong adventure namin sa weekend aa.

"Hala tanga! naalala ko 'yong bet, ilan nanligaw sayo today dora?" tanong ni S, muntik ko narin tuloy makalimutan.

"Umm 5?" nahihiyang sagot nito.

"Anak ng tinapa naman oh!" inis na sabi ni K at binato si I nang unan.

"Potangena naman keybold! akala mo ba ikaw lang natalo ha!?" singhal nito at binato pabalik ang unan.

"Langya ka naman A, ikaw na naman ang nanalo kahit sa pixie era pa never kami nanalo!" ang keybold galit na galit hahaha

"Binayaran mo siguro 'yong limang lalaki Ag no?" hagalpak na tanong ni S.

"Don't panic it's organic" sagot ni A kaya napahagalpak ako ng tawa.

Kung ako sa kanila ay hindi ko na isasama si A pag may pustahan na magaganap, pinagpala masyado ang doraemon namin e.

"A-ano...luto na ang mga cookies, pwede n'yo na ilagay sa boxes n'yo" singit ni nerdy kaya napatigil sa bardagulang ang mga gaga. Tumayo ako at nilapitan ang cookie na gawa ko at tinikman. Masarap at sakto lang ang tamis, mabuti nalang talaga at tinulungan kami ni nerdy.

I hope she likes it.

-

Halfday lang mga klase today dahil magsisimula ang auction event bandang 3pm. Meron din big bonfire sa field mamayang gabi at may magaganap mixer dance habang nakapalibot sa bonefire. Nandito ako sa cafeteria at hinihintay dumating ang ccb, hindi ko alam kung saan sila lumandi at ang sabi lang sa

akin ay mauna ako rito. Nag order nalang ako ng pagkain dahil nagutom ako bigla, hindi nga pala ako nakakain kanina pft.

"So why are you alone again now"

I mentally slapped myself. Susulpot nalang talaga bigla 'tong kuting na 'to sa tuwing mag-isa ako.

Bored ulit?

"I'm not alone, may ibang tao naman sa cafeteria" malamig kong sagot at sumubo ng pagkain.

Suddenly she sat next to me with chin up and forefinger resting on her cheekbone while staring at me. Jusko naman mapanukso masyado!

"What's wrong? aren't you being a little too cold?" she said using her monotone voice.

Hindi ko s'ya pinansin at nagpatuloy lang sa pagkain, mukhang wala talagang pag-asa na makaiwas ako sa kanya dahil lagi nalang kaming pinagtatagpo.

"Are you missing me so much and getting lonely to the point that you're sulking because you want my attention?" I almost choked on her words. My eyes widened before I turned towards her. What evil spirit had possessed Ziallyn's body now?!

No, wag ka magpadala sa mga sinabi nya. Hindi ka mahalaga sa kanya, bored lang yan kaya ginugulo ka Rochelle Love,

"B-Bored ka?" Jusko, bakit ako nauutal.

"Why are you stuttering?"

Love can be dangerous just like I thought, everything has become weirder. I just want to end this already.

"Love" napahinga ako ng maluwag dahil sa pagdating ni Jem huhu my angel.

Tapos bigla nalang nag-iba ang expression ni kuting. Balik na s'ya sa dating pagiging cold.

"Jem" sambit ko at nginitian s'ya.

Tinapunan lang nito ng tingin si Ziallyn bago umupo sa kabilang side ko. Langya bakit kinabahan ako bigla? Napalunok at baba ako ng ulo, hindi ko alam pero nanlamig ako. In this situation what should I do?

They're too close and getting squeeze by these two I started to hear imaginary things. Why am I feeling like a two timer evil? but we are all friends here right?

"AAAAARRRRR EEEEEEEEELLLLL!"

Laking pasalamat ko at dumating si keybold, bakit nag-iisa ang monkey at asan ang tatlo! May silbi rin pala si monkey sa mga ganitong situation.

"Keyboooold" tawag ko sa kanya habang papalapit ito at ngumuso.

Kung hindi siguro dumating si K ay hindi ko na alam ang nangyayari, delikado na talaga ako sa sitwasyon namin kanina huhu.

"Oh bakit parang broken ka, by the way bakla nabigay mo na ang cookie mo?" ayoko sana mag-isip ng masama pero kasi iba pagkaintindi ko!

"Hindi pa nandito lang sa bag" sagot ko agad.

"You made cookies love?" tanong ni Jem at agad akong tumango.

"Hmm half yes half no? nagpatulong kami kay nerdy kagabi. Puro kasi sunog mga gawa namin" agad na sagot ko sa kanya.

"Ay asan pala ang tatlo keybold?" tanong ko sa kanya.

"Nandito ako para sana sunduin ka dahil dumating na si pie at pinapapunta tayo ng rooftop" nanlamig ako bigla dahil sa sinabi n'ya, naalala ko na naman 'yong hinulog nila ako sa rooftop!

"Busy ka pala e, una na ako sunod ka nalang" I started to panic.

Tumalikod na ito at hahakbang na sana nang bigla kong hawakan ang braso nito. Nilingon n'ya ako at binigyan ng nagtatakang expression.

I looked at her as if begging for help.
Don't you dare leave me here alone with these two! tangena keybold sana lang ma gets mo ang signal ko!

"Natatae ka?" tangena naman masyado nito. Napasapo nalang ako ng noo dahil sa kabobohan ni keybold.

"Sabay na tayo!" sabi ko at dali-daling inayos ang gamit at mabilis na tumayo.

"A-ano una na kami sa inyong dalawa, bye" paalam ko at hinatak na si kb palabas ng cafeteria.

Langya nakalimutan ko tuloy ibigay kay Jem ang cookie, tsk mamaya na nga lang ulit pag nagkita kami.

Dumiretso kami agad ni K sa rooftop ng BA dahil nga sabi ni pie, ano ang rason bakit kami pinapunta do'n? Okay sana kung ihuhulog nya si keyboard o 'di kaya si Iris para masaya.

"Nandito na tayo." sabi ni K at binuksan ang pintuan ng rooftop. Sinundan ko lang sya hanggang sa tumigil kami sa tapat ng bagong pinto? wala ata 'to before ah. Sabay pa kami nagulat ni K dahil bumukas nalang bigla ang pinto, sana all automatic bumubukas.

"Mga tanga!" salubong ni I sa amin.

"Ano 'to? bakit nandito tayo?" tanong ko sa kanya.

"Ito yung sinasabi ni ma'am pixie na tambayan natin at dito sana tayo mag stay kung hindi tayo nag dorm" paliwanag ni I sa kanya.

Pagpasok ko sa loob ay namangha ako dahil sa sobrang ganda ng interior design at kumpleto lahat ng mga gamit. Pero mas napanganga ako nong nilibot ko ang hangout place namin.

May 5 rooms na sakto sa aming lima at naka aircon pa nga kada kwarto tangenang yan. May gaming room din since mahilig kami sa computer games at may pool table for billiards. May kitchen na kumpleto sa mga gamit at mga snacks. Syempre hindi mawawala ang living room kuno namin na may sobrang laking TV screen na nakadikit sa wall. Tangenang yan, hindi halatang pinaghandaan masyado nila pie 'to ah. Ou hindi nga halata promise.

"Gago tara na lipat na tayo rito!" sabi ko nang matapos na akong mag explore at pasalampak na umupo sa couch.

"Sasabihin ko rin sana naunahan mo lang ako hmp" sabi naman ni K sa akin.

"Mga baklaaaaaaaa!" napatingin kami sa mga bagong dating.

Si S, A at kasama nila ang demogons, so dito narin sila tatambay kung gano'n?
"Nandito na pala kayo?" tatanong pa talaga kahit kaharap na kami hays, may saltik na 'tong pinsan ko.

"Kita mo naman nandito na kami" sagot ko saka umiling.

"Musta pag explore mo pie?" tanong ko kay pixie na nasa kabilang side umupo katabi si S.

"I left for business, not for adventure R" sagot n'ya at inikutan ako ng mata, ay maldita parin.

"Good morning mga miss" muntik ko pa makalimutan bumati sa tatlo.

"Morning" sabay na sagot nina Lorelei at Everleigh, si kathy naman tumango lang.

"Lipat nalang pala tayo rito" biglang sabi ni S.

Sasang-ayon na sana ako ng maalala ko si nerdy. Kung lilipat kami rito ay maiiwan mag isa 'yon sa dorm at walang makakasama.

"What about nerdy? hindi naman pwede na iwanan natin sa dorm" sabi ko sa kanya. Baka nakakalimutan nilang anim na kami at hindi lima. Pwede naman isama si nerdy dito, pero may isa sa amin na makikishare ng kwarto dahil lima lang ang kwarto.

"Nerdy?" taas kilay na tanong ni pie.

"Our roommate po" sagot ni A

"New member ng ccb pie, kaya hindi pwede maiwan yu n. Pero pwede naman isama si dora at share nalang ng room" sagot ni S sa kanya.

"Okay but not with you" bilis naman kausap nito, yan ang gusto namin walang kontra.

"Hoy keybold kayo na magsama ni shorty sa kwarto. Queen-sized naman bed." sabat ni I sa usapan.

"Sure sureeeee. Ay ou nga pala ano english ng pang-ilan ka sa magkakapatid?" Inosenteng tanong ni keybold.

"Alam ko 'yan kb" sagot agad ni I

"Ano?"

"In the count of three, where you go tanga" seryosong sagot nito. Humagalpak kami ng tawa, tangena naman talaga oh.

Tapos bigla nalang humagalpak ng tawa si Everleigh. "Oh gosh pft"

"What is your birth rank kasi dapat Iris" sagot ni A at tinignan si Iris na ngayon tumatawa narin amp.

"BAHAHAHAHAHAHA langya ano baaaaaa! HAHAHAHAHAA" nababaliw na tawa ni S.

"Baka in the siblings how are you there?" Mas lalong lumakas tawanan nila dahil sa sagot ko, ugh shit hahaha pati ako natawa sa sariling sagot.

"Really?" taas kilay na tanong ni Lorelei sabay kagat ng labi upang pigilan ang tawa.

"Ano ba 'yan langya hahahahahaa" sumakit tiyan ko kakatawa!

"Tatanga n'yo naman, ang tamang sagot d'yan ay where are you located in the family picture" tangena talaga at kami pa sinabihan na mga tana, mas malala pa pala sagot ni S.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAH" tawanan namin, langya ang sakit na ng tiyan at panga ko!

"Ano ba 'yan! nagtatanong ako ng maayos hoy!" iritadong saad ni K, ay maayos pala na tanong 'yon hahahaa.

"Baka ano talaga sagot, in your family what is your level?" sabi ko ulit na mas nagpalakas ulit ng mga tawanan nila. Ang mga demogons namunula na mukha kakapigil ng tawa eh.

"HAHAHAHAHAHAHA ayoko na heeeelp HAHAHAHAHA" mamamatay na ata kakatawa 'tong pinsan ko.

"Pwede rin how much are you from eldest to youngest" sagot na naman ni A sabay kamot ng batok.

"Hoy ano ba yan! Seryoso akong nagtatanong tapos gagawin n'yong comedy!" hindi ko alam kung galit ba si kb o tumatawa eh kaloka.

"How many are you in the house and what number are you?" sagot naman ni S tangena ayoko na haha.

"HAHAHAHAHAHAAHAHA"

"Oh God! stop it, it's hard to breathe" saway ni pie sa amin habang nagpapahid ng mga nangingilid na luha.

"How many birth control number are you talaga tamang sagot d'yan keybold" si I na parang gago jusko.

"HAHAHAHAHAAHAHAH" hagalpak na naman namin, walang matinong sagot bwesit.

"Bakit ba hahaha kanino mo ba itatanong?" tanong ni A sa kanya.

"May ka chat ako spokening dollar e, pero bago 'tong tanong ko sa inyo ay tinanong n'ya ako kung taga saan ako. Sabi ko taga Philippines tapos sinagot n'ya ako at sinabing I don't like filipino and here at Argentina filipino is a maid daw" mahabang litanya ni keybold sa amin.

"Oh tapos?" tanong ko.

"Edi sinagot ko rin s'ya, sabi ko HERE IN PHILIPPINES ARGENTINA IS A CORNEDBEEF" kunot noo na sagot ni K.

"HAHAHAAHAHAHAHAHAHAHAH" humagalpak na naman kami at hinihika na ako dahil sa kakatawa tangena.

I checked my wrist watch at naalala ko na may pasok pa pala ako! bwesit naman kasi, lagi ko nalang napagkakamalan na kaklase ko ang mga siraulong 'to.

"Una na ako, langya naman may pasok pa pala ako ngayon. Lagi ko nalang talaga nakakalimutan pag kasama ko kayo" sabi ko na ikinatawa naman nila.

"Sige galingan mo para hindi ka pumasa" pang aasar naman ni S.

"Yeah yeah"

Nagpaalam ako at nagmadaling lumabas. Tinakbo ko na pababa dahil 10 minutes nalang magsisimula na next subject ko. Saktong 10:30 narating ko ang room. Tinakbo ko ba naman simula rooftop ng BA paakyat dito sa building namin at sakto lang din ang pagdating ni professor.

Goodluck!

*

"Jem wait!" tawag ko sa kanya.

"Yes love? sorry may gagawin ako kaya 'di ako makakasama sa lunch" sabi n'ya

Kinuha ko ang cookie sa bag at agad na inabot sa kanya.
"Happy Valentine's" bati ko at ngumiti.

"Wow, akala ko sa special someone mo 'to ibibigay. Thank you love, happy valentine's day" nakangiting bati nito at binuksan ang box upang kumuha ng isang piraso.

"Sakto lang ba?" tanong ko.

"Hmm yup, sakto lang ang tamis. Thank you again" sagot nito at bigla nalang ako hinalikan sa pisngi.

"Welcome, sige na diba may gagawin ka pa? Kita nala g tayo mamaya."

"Yes, see you later, love," paalam nya at lumayas.

Dumiretso akong cafeteria dahil nangangalam na tiyan ko, konti lang nakain ko kanina dahil nga naudlot nong dumating ang dalawang pusa. Kasalukuyan akong naglalakad patungong cafeteria at saktong nakita ko si nerdy, ang dami namang nakaaligid sa kanya porket gumanda na. Naniniwala na talaga akong saka ka lang mapapansin pag gumanda ka.

"Nerdy!" tawag ko sa kanya at mas binilisan ang hakbang palapit sa kanila.

"R"

"Tara na sa cafeteria" sabi ko at hinawakan ang kamay n'ya.

"Hey, ako ang nauna nag invite sa kanya" napataas ang kilay ko dahil sa pagpigil sa akin nong alien na lalaki.

"Wala akong pakialam, sa akin s'ya sasama at hindi sa inyo" pagtataray ko sa kanya.

Aalis na sana kami nang bigla akong itinulak ng malakas mula sa likod kaya napaluhod ako ng wala sa oras. Shit!

"R!" bulaslas ni nerdy at mabilis akong inalalayan tumayo. Ang sakit ng mga tuhod ko, ang lakas ba naman kasi nong impact!

"Lagi ka nalang umeepal Rochelle" sabi ni alien kaya napatingin ako sa kanya. Ah naalala ko na, he's one of my classmate at hindi ko rin alam kung bakit malaki ang galit nito sa akin.

"Sino ka ba? may rason ba para umepal ako sa buhay mo?" malamig kong tugon na mas lalong nagpa-inis pa ata sa kanya.

"Ikaw at ang mga kaibigan mo, ang yayabang n'yo porket pabor sa inyo ang mga Ponferrada" nainis ako bigla sa sinabi nito.

Kahit naman siguro hindi namin nakilala ang mga ito ay sure akong magiging magulo parin ang ccb dahil nature na sa amin ang magulo. At anong sinasabi n'yang mayayabang kami, wala nga kaming inaapi sa skwelahan na 'to!

"Sa tingin ko mas bagay sayo ang salitang binitawan mo" sagot ko at pinagpag ang mga tuhod, masakit ha gago 'to.

"Wag mong ibintang sa akin ang mga gawain mo" dagdag ko pa at bigla nalang ako nito kwenelyohan langya.

"Ano ba, bitawan mo s'ya" pagpigil ni nerdy sa kanya at pilit inaalis ang kamay nito sa kwelyo ko ngunit hindi n'ya 'yon maalis.

"Ano? mananakit ka ng babae? so bakla ka?" pang aasar ko sa kanya bago ngumisi. Sa sobrang inis nito ay umaksyon na itong susuntukin ako, talagang manununtok s'ya ng babae?

"Who gave you permission to lay a hand on her" napatigil ito sa aksyon at sabay kaming lahat napatingin sa babaeng nagsalita. Ang alien bigla nalang namulta, ano takot ka na ba?

Parang protagonist lang ang dating ni kitten na pumasok sa scene at seryosong naglalakad palapit sa amin.

"Take your dirty hand away from her" utos nito na agad naman sinunod ni Alien. Akala ko ba matapang ka? ay matapang lang pala pag walang laban ang kalaban n'ya.

"This is the first and last warning for you. Don't you ever touch what's mine" she said coldly bago ako binalingan ng ulo.

Napanganga ako dahil sa sinabi n'ya sa harap ng napakaraming estudyante. Bigla mang aangkin tapos sa susunod paaasahin, pero kinilig ako slight hays.

Tumapat ito sa akin at bigla nalang inayos ang magulo kong kwelyo. Ay mommy ko na ba 'yan? bigla bumait ang kuting na 'to ah.

"What's yours?" tanong ko.

Nag angat ito ng paningin sa aking mga mata at seryoso masyado ang kuting na tinititigan ako. Nakakalunod naman masyado kung tumitig 'to.

"Yes, aren't you my donkey?" she raised a brow which made me flinched.

"Don't look at me like that" sabi ko at umiwas ng tingin.

"Like what?"

"Like that, you're melting me. Crush pa naman kita tsk" bulong ko sa sarili pero narinig n'ya ata ang sinabi ko.

"I know" she said at agad na napalingon ako sa kanya. Kita ko ang pag tipid nitong ngiti.

"You look better when you're smiling" kahit tipid na ngiti lang ay maganda, sobrang ganda na n'ya tsk. Gusto kong kiligin kahit na sobrang lakas na ng kabog nitong puso ko, pero hindi pwede maging marupok lalo na't daig pa n'ya ang ginisa mix kung magbigay ng feelings.

"Let's go" sabi nito at hinawakan ang kamay ko.

"Wait, si nerdy" pagpigil ko at nilingon si nerdy na namumulta? langya bakit naman namutla nalang bigla 'tong nerdy na 'to kahit hindi naman s'ya 'yong inaano.

"Halika na nerdy" sabi ko at hahawakan na sana ang kamay nito nang bigla akong hatakin ni Ziallyn palapit sa kanya.

Nagsimula itong kaladkarin ako, hindi nalang ako umimik dahil baka umiral ulit ang pagka bipolar n'ya.

"Ziallyn are you mixed?" tanong ko, kasalukuyan kaming naglalakad patungong cafeteria.

"Mix?"

"Yes mixed, you look half fine half mine" diretso kong sagot at napatigil ito sa paglalakad sabay lingon sa akin na nakataas ang kilay. Oh diba bipolar nga s'ya parang kanina lang ang landi n'ya!

"Pero kung may chance na makausap mo ang future mo ngayon, anong pag-uusapan natin?" banat ko ulit sa kanya, ang kuting bigla nalang nag iwas ng paningin at kinaladkad ako bigla. Pansin ko lang namumula tenga n'ya.

"You know that I like W but double is silent right?" pangatlong banat ko na sa kanya.

"Shut up!" ay shut up daw pero sobrang pula na masyado nong tenga.

"How many women do you have?" She asked irritatedly, hindi ko makita mukha n'ya kasi nasa unahan ko s'ya.

"None" agad kong sagot. Sanaol maraming babae, dapat kay Sj n'ya 'yon tinanong dahil hindi ko na

mabilang chix no'n.

"Whatever" suplada masyado.

Pagpasok palang namin ng cafeteria ay nakuha na namin ang atensyon ng mga tao. Ngayon ko lang din namalayan na hawak pala nito ang kamay ko habang kinakaladkad, wala ata balak ang kuting bumitaw.

Para lang talagang walang tao sa paligid na nakikita 'tong si Ziallyn. Nakita ko naman ang ccb na nasa taas do'n sa table ng mga Ponferrada.

"Hoy, hala wow bakit holding hands kayo?" agad na tanong ni S nang makita kaming magkahawak kamay. Ang Ziallyn naman parang nagulat din at agad na bumitaw.

Umiling nalang ako at binalingan si nerdy. Muntik ko pa tuloy nakalimutan na kasunod lang pala namin ito.

"Dora!" tawag ni S sa kanya. Nasa may bandang hagdanan lang kasi ang nerdy at nahihiyang lumapit.

"Hoy shorty, halika rito. Hatakin mo nga R" utos ni I kaya agad ko na ginawa.

"Anong ginagawa mo d'yan nerdy, kakain na tayo" sabi ko habang palapit sa kanya at hinatak na patungong mesa.

"A-ano R, sa baba nalang ako kakain" pagpigil nito sa akin kaya kumunot ang noo ko.

"Hindi pwede, dito ka sa amin at baka may aliens na naman ang manggugulo sayo" sagot ko at pwersahan na s'yang kinaladkad.

Pinaupo ko s'ya sa tabi ko, ayaw pa nga sana umupo pero pinilit ko na.
"Shorty, anong gusto mo kainin?" tanong ni I.

"Gusto mo ba sabaw?" tanong naman ni A.

"Fried manok nerdy you want?" sabi naman ni K.

"Try mo pudding dora masarap" suhestiyon ni K at ibinigay kay nerdy ang isang pudding nito. Hala wow mabaet at kailan pa s'ya nag share ng pudding?

Kinuha ko rin ang strawberry cake at inilapag sa harap n'ya.
"Try mo rin 'tong strawberry cake nerdy, masarap 'yan" sabi ko at hinawakan s'ya sa ulo.

Para kaming mga ina ni nerdy dahil sa pag-aalaga namin sa kanya. Napansin ko rin ang tinginan ng mga demogons sa amin na parang nabigla. Ngayon lang kasi ata nila kami nakitang mag care sa ibang tao.

Syempre hindi sila umimik pero ang mga tinginan nila sa amin mukhang sasakal ng tao e.

"Nerdy sa friday ba alis natin?" tanong ko sa kanya.

"Ou nga pala! excited na ako dora!" Halata ngang excited si S, miss na siguro nito ang probinsya.

Si nerdy nakayuko lang at wala ata balak kumain, gusto pa ata subuan e.

"O-ou sa friday" nahihiyang sagot nito.

"Hala tanga friday na pala bukas kaloka" biglang singit ni K, napaisip tuloy ako bigla at ou nga thursday pala ngayon bobo.

"Oh edi bukas na pala alis natin" sabat ni I habang nilalantak ang pagkain.

"Mall muna tayo bago bumyahe, bili ng regalo tapos pasalubong" suhestiyon ni A. Hindi ko rin naisip ang bagay na 'yon at mabuti nalang pinaalala n'ya.

"And where are you going again?" taas kilay na tanong ni pie kay S. Ay tanga hindi n'ya pa siguro nasasabi kay pie ang plano namin.

"Sasama kami sa probinsya ni dora pie, wala naman kaming gagawin sa weekend e kaya samahan nalang namin s'ya pauwi" sagot nito kay pie sabay kamot ng ulo.

"Did you ask for my permission?" malditang rebat ni pie, langya naman baka hindi pa makasama 'tong si S kawawa naman.

"Ngayon palang sana, sige na pie pumayag ka na. Gusto ko ng sariwang hangin" sabay nguso ni S at nilalaro ang pagkain sa plato.

"Pumayag ka na pie, kahit naman hindi ka papayag ay gagawa ng paraan 'yan para makasama" singit ko sa usapan nila.

Pala desisyon kami masyado sa buhay at hindi na tinatanong si nerdy sa mga gusto namin gawin.

"Sasama ako" napatingin kaming lima sa kanya dahil sa sinabi nito. Seryoso ba na sasama s'ya!?

Binalingan ko si nerdy na namumutla na naman dahil siguro sa kaba tangena, Ponferrada ba naman gusto sumama at inaalala siguro nito ang estado ng buhay nila.

"A-ano ma'am, mahirap lang po kami na may maliit na bahay sa gilid ng sakahan. I-iba po ang buhay namin sa probinsya kumpara rito sa lungsod" kabadong paliwanag ni nerdy kay pie, pressure malala na panigurado ang nararamdaman nito.

"I don't care. Sasama ako and that's final" ma awtoridad nitong sabi. Ang nerdy napalunok nalang sa sobrang kaba.

"BAHAHAHAHAHAHA okay" ang saya lang ni S samantalang si nerdy mamamatay na sa pag-aalala.

"Ay pwede isama ko rin si Jem nerdy?" tanong ko sa kanya, total sasama naman si pie edi isasama ko nalang din si Jemima para ma experience n'ya rin ang buhay probinsyano.

"O-okay"

"I'm coming..." my brow flinched dahil sa sinabi ni Ziallyn kaya napatingin ako sa kanya. Tinaasan lang ako ng kilay sabay irap, langya seryoso ba s'ya!?

"Hala hala HAHAHAHAHAHAHAHA" wala naman nakakatawa at bakit bigla nalang tatawa 'tong pinsan ko.

"Bakit hindi nalang kaya lahat kayo sumama mga miss" biglang suhestiyon ni K dahilan para mabulunan si nerdy. Agad ko 'tong binigyan ng tubig, tangena natawa ako bigla.

"Hmm sure" sagot agad ni Lorelei

"Okay" tipid na sagot nina Kathy at Everleigh

"BAHAHAHAHAHAHA hala si dora sobrang putla" ang sama ng ugali ng pinsan ko lord.

"Wag ka mag-alala nerdy, magdadala naman kami ng tents kaya don't worry" paninigurado ko sa kanya. Kawawa naman 'tong nerdy namin at ilang araw palang nga kami nakilala ay napasabak na sa ganitong sitwasyon.

"Hoy dora, balita ko ikaw ang manok ng criminology mamaya sa auction" sabi ni S.

"O-ou kinakabahan na nga ako, pinilit ko pa sila na iba nalang pero hindi pumayag" sagot nito

"Pag-aagawan ka n'yan mamaya nerdy, dami mo pa na nga manliligaw" sabat naman ni A.

"Sa BA ba sino ipapalapa n'yo? hindi naman na pwede si S at baka may mabitay sa flagpole" sabi ko sa kanila na ikinangisi ni pie at taas ng kilay ni S.

"Si Iris HAHAHAAHAHA" nanlaki ang mata ko dahil sa sagot ni K.

"Hala tanga goodluck sayo, ay meron kaya mag bibid sayo I?" pang aasar ko sa kanya.

"Meron, kayo bobo" iritadong sagot n'ya. Pero baka mag bid ang mommy Everleigh mamaya haha.

"Sa inyo ba sino?" tanong naman ni A.

Sino nga ba? hindi ko rin kasi alam at wala akong plano alamin, pero feeling ko si Jemina ang napili dahil sobrang busy n'ya today.

"Hindi ko alam, baka si Jem?" hindi ko sure na sagot sa kanya.

Si nerdy na tahimik lang sa gilid ko na kumakain na parang bata.

"Tanga baka nga ikaw e HAHAHAHA" sabat naman ni S kaya inikutan ko ng mata.

"Malabong mangyari 'yan" sabi ko at dumukot ulit ng makakain.

"Di ka sure friend"

Umiling nalang ako at hindi na sila pinansin, kakain nalang ako para mabusog kaysa makipag bardagulan sa kanila.

-

Nandito na kami ng convention hall, ang daming tao at sobrang puno. Wala na nga maupuan ang iba dahil halos ata lahat ng mga estudyante gusto masaksihan ang auction na magaganap.

Mabuti nalang at sinama kani ni pie sa reservation ng mga upuan nila. Lahat din kasi ng mga professors

ay invited sa magaganap na auction, at nasa pinakauna pa talaga kami nakaupo.

"Gago ang daming tao" sabi ni K at lumingon sa likod.

Nasa unahan namin ang demogons tapos kami ay nasa likuran nila nakaupo. 5 minutes nalang ay magsisimula na ang event.

"Nasa backstage na ba ang Iris?" tanong ko kay A at tumango naman ito.

Hindi nagtagal ay nagsimula na ang auction, tahimik lang kaming nanonood dahil ang inaabangan namin ay ang nerdy namin at Iris.

Walang ni isa ang umabat ng isang milyon ang halaga. Pinakamalaki na ata 'yong 200k at apat na course nalang ang natitira BSCRIM, BSBA at course ko. After nitong current bidding ay ang inaabangan na namin ang susunod na mabebenta.

"Calling the representative of BS-criminology, please come up here on stage" tawag nong auctioneer kay nerdy.

"Wooooooo Doraaaaaaaaa!" langya nagulat nalang ako sa sigaw ni S.

Paglabas ni nerdy sa stage ay umalingawngaw ang hiyawan sa buong convention hall. Wow, sikat na agad ang nerdy namin!

"Gooooo nerdy!" sigaw ko sa kanya

Sobrang kabado na 'yan si nerdy sure ako haha pero okay lang 'yan dahil may plano naman kami para sa kanya.

"Let's start the bidding now" sabi nong auctioneer

"10k" paunang offer mula sa numerong 38

"20k" segundang offer ni number 9

"25k

[Content truncated due to length]

CHAPTER 9

-

Iba pala talaga pag ikaw na binibenta rito sa stage, mata ng mga tao nasayo lahat. Paano nagawa ni I ang tumawa kanina? dapat ba kapalan ko rin mukha ko? Hindi ako na informed ako pala masasalang sa auction edi sana nakapagtago ako at hindi pumunta rito. Jusko lord, yung heartbeat ko kulang nalang atakihin ako sa puso. Pagmumukha ng mga kaibigan ko ang lakas mang asar, laki ng nga ngiti ah. Ngiting demonyo at sasarap burahin sa mundo.

"Let's start the bidding now!"

"1 peso!" tangena nito ni keyboard parang tanga.

"69 pesos!" humagalpak ako ng tawa dahil sa offer ni S hayop.

"100 pesos!" isa pa 'tong A at gagaya pa sa dalawa.

Natawa narin tuloy ibang mga tao at auctioneer dahil sa kanilang tatlo, comedy masyado mga baliw e.

"20k" napatingin ako sa number 29, gage hindi ko kilala kung sino pero maganda.

"30k" ngayon naman si number 89, hala s'ya 'yong babaeng nanampal sa akin tangena. Anong binabalak nito at nag bid ang bruha.

"45k" offer ni number 162, walangya hindi ko kilala ang mga babaeng 'to!

"100k" at ayan na nga umabot na sa 100k, galing kay number 7 ay hala kilala ko 'to, sya yung humingi ng number ko nong nakaraang araw.

"150k" offer ulit ni number 29. Mga kaibigan ko chill lang sa baba, parang nanonood ng movie habang lumalantak ng mga pagkain.

"180k" balik na offer ni number 7.

Hindi naman siguro aabot ng 1 million patong sa ulo ko nito no?

"200k" offer ulit nong sumampal sa akin, manalo nalang siguro iba basta wag lang sya. Sinulyapan ko muli ang mga kaibigan at nakita ang pag ngisi ni S. May balak to! sure ako d'yan!

"240k" new offer kay...hala gago! napanganga nalang ako dahil si miss nurse nakikisali sa bidding what the heck.

"Langya" I muttered.

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAH" lakas ng tawa ni S parang baliw ampotek.

"400k" napataas ang kilay ko dahil nagsimula na silang mag offer. Buti at hindi ginawang million agad ni K.

"450k" rebat ulit nong babaeng nanampal. Hoy anong kailangan n'ya sa akin!

"480k" New offer kay number 1! halaaaa sya yung classmate namin ni Jem na owner ng isang condo building, at bakit nag bid sa akin to? Jusko, pati mga classmate ko hindi ko kilala.

"550k" huhu ayaw ako tigilan ni sampal girl. Manalo na lahat basta lang talaga wag s'ya. Lintik na buhay, dapat talaga ipanalo ng mga kaibigan ko 'to!

"550k going once!"

"700k" sabay taas ni S nang hawak nyang numero.

Biglang tumayo si Ziallyn at lumabas ng convention hall, ay saan pupunta ang kuting na 'yon? may tinawagan ata, bahala s'ya.

"750k" banat ulit nong classmate ko.

"1 million" Ayan na nga, binagsakan na ni S ng isang milyon.

"1 million going once..."
.
.
"Going twice..."

"1.5 million" ayaw talaga patalo ni sampal girl jusko. Na love at first sight siguro sa akin? Di naman sa pagmamayabang, nagbabakasakali lang.

"2 million" new offer ni keybold at nagtaas baba ng mga kilay.

"3.5 million" offer ulit nong classmate ko geez.

Napabuntong hininga ako, kaloka tong auction na to, nakakamatay sa sobrang kaba.

"5 million" napangiti ako sa sunod na hirit ni A, good yn wag nyo talaga ako hayaan mabenta sa iba mga hayop kayo at hindi n'yo naman pera yang ginagamit ninyo.

"8 million" hala tangena! so mayaman pala 'tong si sampal girl? aw ou malamang mayayaman estudyante rito, bobo ko talaga.

"10 million" napasapo nalang ako ng noo sa offer nong classmate ko. Hala sige bahala kayo d'yan, hindi ako susulpot sa date.

"15 million" offer ni keyboard.

"Wooooooooaaahhh" Sigawan ng mga tao.

"17 million" Ayaw patalo ni classmate ko.

Si S bigla nalang ngumisi, yung demonyo nyang ngiti ganun.

"20 million" sabi ko na nga ba e. Pero bakit feeling ko sinasadya nila palakihin 'yong offer. Ano ba plano ng mga siraulong 'to.

"20 million goi-"

"23 million" and there she is, ang babaeng kanina ko pa hinihintay na isalba ako sa auction na 'to! Jemima my angel.

Nakita ko ang pagtingin ni S sa upuan ni Ziallyn, umalis nga kasi ang kuting at hindi pa nakakabalik o baka wala na balak bumalik. Seninyasan n'ya lumapit sina Kb at may ibinulong.

"23 million going once!"
.
.
"Going twice....!"

"25 million" sabay taas ni K nong numero n'ya. Ano pa ang pinaglalaban nila? Eh parang wala naman na papalag do'n sa offer ni Jem.

"27 million" palaban din ang Jemima at hindi nagpapatalo.

"30 million" nagulat kami dahil sa offer nong classmate ko, siraulo ba s'ya para sayangin ang pera n'ya sa akin? aw hindi pala sa akin at sabagay sa charity naman mapupunta lahat

"Ohhhhh at umabot na nga tayo sa 30 million! si Miss Rochelle na ba ang ikalawang makakabreak sa record ni Miss De La Fuente?" parang tanga 'tong auctioneer namin sa totoo lang.

"Wooooooooo, sabaok!" sigaw ni I mula sa backstage.

"35 million" hirit ulit ni S saka ngumisi ulit sa akin.

Naikuyom ko ang mga kamao dahil bigla akong hindi mapakali at nanlamig, the heck is this.

"37 million" huhu Jemima my angel.

Hindi na ata papalag classmate namin, mabuti kung gano'n dahil feeling ko hindi rin magpapatalo sila S. Billionaire backer nya, scratch paper lang daw ang pera pambihira.

"40 million" ayan na nga ba sinasabi ko, ano ba problema nila bakit ayaw pa nila itigil ang bidding.

Napalingon ako sa may pinto dahil bumalik na si kuting, saan galing ang pusa na 'to at gumagala nalang bigla.

"42 million" ayan! sana naman wala na eepal kay Jemina no.

Hiyawan na ang mga tao dahil malapit na umabog ng 50m ang bid, langya naman feeling special na masyado tingin ko sa sarili hays.

"42 million going once...!"

Napunta ang paningin ko kay kuting, bahagya akong nagulat sa biglang pag ngisi nito.

"Going twice...!"

Pero mas ikinagulat ko ang pagtaas ng kamay nito...

Don't tell me!?

"Going thrice...!"

"45 million"

Hindi ko alam kung ano ang magiging reaksyon. Kikiligin? Magtataka? Sasama ang loob o matutuwa? Para saan at sumali sya?

"BAHAHAHAAHAHAHAHAHAH" tawa ng demonyo kong pinsan.

So sinadya nilang pataasin ang offer hanggang sa makabalik si Ziallyn? hindi naman siguro ako gano'n ka bobo upang hindi ma gets ang mga trip nila.

"48 million" Jusko Jemina.

I know sinabi n'ya na she'll do everything just to win. Pero sana naman manghinayang s'ya sa pera. Pero saan n'ya makukuha ang ganyan kalaking pera? may hindi pa ba ako nalalaman sa totoong pagkatao n'ya?

"50 million" at dahil sa new bid ni Ziallyn dumagundong na naman ang convention hall dahil sa mga taong nagsisigawan.

Tangena mga estudyante palang sila pero mga millionaire na!? 'yong puso ko hindi ko na alam ang gagawin dahil sa sobrang bilis ng tibok at ang mga tuhod ko na nangangatog. Lakas ko mang asar kanina kay nerdy tapos ako rin pala gano'n din ang magiging resulta.

"MY GOD!"

"WAAAAA 5M NALANG AT MAG 55M NAAAAAA!"

"GOOOO ZIALLYN!"

"GOOOO JEMIMAAAA!"

May mga taga suporta na nga silang dalawa. Ano 'to basketball!?

"BAHAHAHAHAHAAHAH" tawanan ng mga demonyo kong kaibigan. Ang sarap nilang batuhin nitong mic na hawak ng auctioneer!

"Oh my god! intense masyado ang laban this time. Ang hyper na masyado ng crowd natin! Ma b-break kaya ni Miss Rochelle ang bagong record ni Miss Iris!?" tanong na naman n'ya sa crowd at hiyawan pa nga sila.

Hindi ko alam kung auctioneer ba talaga role or emcee, nakalimutan nya na ata. Si kuting na seryoso lang nakatingin sa akin habang naka crossed legs and arms. Ngumisi ito nang magtagpo ang aming mga mata, paano ako makakamove on nito kung ganyan ka! masyado kang mapanukso jusko!

"50 million going once...!"

"55 million" ayyyy shit! napalunok nalang ako ng magkasunod dahil si Jemima pumalag!

Napatingin ako sa kanya and just like Ziallyn kalmado lang itong nakaupo habang nakakrus ang mga braso at binti, jusko naman parang wala ata s'yang problema sa pera!

"SABAOOOOOOOKKKK LAHAT ALL!" sigaw na naman ni I sa likod.

"May lalaban pa ba sa 55m ni Miss Jemima!?" tanong ni auctioneer. Kailangan na n'ya lakasan ang boses dahil hindi na magkarinigan sa sobrang ingay!

"55 million going once...!
.
.
"Going twice...!"
.
.
"Going thrice...!"

"And sol-"

"60 million" my eyes widened as I looked at Ziallyn and my jaw literally dropped because of her new offer.

Shit shit shit!
Bigla akong napahawak sa auctioneer kasi naman muntik na bumigay ang tuhod ko gago!

"Oh my god!! This is a new record!" The auctioneer exclaimed.

"Wooooooo donkey!" Sigaw ni S.

"HAHAHAHAHAAHAHAHA sanaol 60m" segunda naman ni K.

Tinignan ko si Jemima at umiling para sabihin sa kanya na tumigil na. Ngunit hindi ako mapakali dahil bigla nalang itong ngumisi!

"60 million going once...!"

"70 million"

"HOLLLYYY SHIIIITT!"

"GO JEMIMAAA!"

This time, bumalik ulit ang tingin ko kay kuting at umiling upang ipahiwatig na wag na lumaban. Pero tinaasan lang ako ng kilay!

Sobrang lamig na ng buong katawan ko at ang laki narin ng mga pawis ko kahit naka aircon naman sana! Pilit ko nalang talaga tinatatagan ang sarili lalo na ang mga tuhod ko!

"70 million coming from Miss Jemima!" anunsyo nong auctioneer

"70 million going once...!"

"100 million" parang namatay ata ako ng ilang segundo dahil sa offer ni Ziallyn na nagpagulo sa mga tao

rito sa loob ng convention.

Alam kong billionaire ang mga Ponferrada pero hindi ko inaasahan aabot sa puntong ganito ang kayang gawin niya. Talagang hindi ako makapaniwala at bakit ginagawa ni Ziallyn sa akin to? ayokong umasa dahil ayoko muling masaktan. Lalo na't alam kong mahal na magal pa nito ang aking pinsan.

Just why!?

"At umabot na nga tayo ng 100 million! Iba na ang labanan na 'to. It's the battle of two families who lead the field of business in our country!" Nanlaki ang mga mata kong napalingon sa auctioneer dahil sa inanunsyo nito.

Tangena tama ba ang narinig ko, si Jem!?

"Wooooooooooo!"

"Ang intense na masyado!"

"Iba ka na Rochelle!"

"Sanaol pinag-aagawan ng mga anak ng billionaire!"

Sigawan nila pero nakuha no'ng huling sigaw ang atensyon ko. Tangena kaya pala parang barya lang din sa kanya ang pera! Hindi ko alam dahil ang sabi lang naman sa akin ay Governor ang daddy nito. Napatingin ako sa kanya at ang matamis na ngiti agad ni Jemima ang sumalubong sa akin. Pambihira tong anghel na to at masyadong mapagmalihim. Kaya pala hindi natatakot at ang lakas ng loob nyang harapin si Ziallyn. So ito ang dahilan kaya malakas ang loob ni Jemima, now I know.

"100 million going once!"
.
.
"Going twice...!"

Umiling ako ulit kay Jem. Please lang itigil mo na Jemima huhu.

"Goin-"

"130 million" napaluhod nalang ako bigla dahil sa bagong offer ni Jem. Bumigay na ng tuluyan ang tuhod ko na kanina ko pa pilit pinipigilan.

"Hoy R!" sigaw ni S

"Arrrrrr eeeeeel HAHAHAHAHAH." Kaasar tong si keyboard.

"Hindi na kinaya ni Miss Rochelle at bumigay na ang mga tuhod!" Sabi ni auctioneer.

Feeling ko talaga hihimatayin ako sooner pag nagpatuloy pa 'to.

"130 million going once!"

Buong katawan ko na ata ang nanginginig dahil sa kaganapang nangyayari.

"Going twi-"

"150 million" Ziallyn said coldly.

"Wooooooooooooo!!" Hiyawan na naman muli ng mga tao.

Gusto ko nalang maglaho ngayon mismo. Kanina pa ako umiiling sa kanila para patigilin na pero puro matataas ang pride! Sinulyapan kong muli si Jemima na ngayon ay may pag-aalala na sa kanyang mga mata. Tipid akong ngumiti sa kanya, ako ang napagod sa bardagulan nilang dalawa ni Ziallyn.

"150 million going once...!"
.
.
.
"Going twice...!"

Ako 'yong na pressure ng sobra dahil ibang level na 'tong bardagulan nila.

"Going thrice...!"

Muli akong tumingin kay Jem at nagbigay ng matamis na ngiti.

"And sold. Congratulation Miss Ziallyn Ponferrada!" anunsyo nito sa nanalo.

Halos mabingi na ako dahil sa sobrang lakas ng hiyawan ng mga tao. Literal na nanghina ako bigla.

I looked at Ziallyn 'cause she suddenly stood up and walked towards me. But before she could finally get close to me, everything went dark...

-

Naalimpungatan ako dahil sa mga boses na sobrang sakit sa tenga.

"Noooooo aaar eeeeel! gumising kaaaaaaa!"

"Hindi ka pa pwede mauna, hindi ka tanggap sa langit!"

"Tangena ang ingay n'yong dalawa!"

"Omg buhay na ang donkey! gumalaw ang kamay. I told you, hindi s'ya tatanggapin ni san pedro"

Nakatulog pala ako? hindi pa siguro ako magigising kung walang mga bunganga ang nag-iingay sa gilid ko. Iminulat ko ang mga mata at ang bumungad agad sa akin ay ang malalawak na ngiti nitong mga siraulo kong kaibigan.

"Ingay n'yo naman! Bakit nandito kayo sa kwarto ko!" inis na tanong ko sa kanila.

"Anong kwarto mo tanga! inangkin mo na ang clinic? aw sabagay suki ka naman na rito HAHAHAHA" sagot ng magaling kong pinsan.

Tapos naalala ko nalang bigla ang kaganapan kanina. Nahimatay pala ako sa harap mismo ni Ziallyn!

"Tangena hindi ko alam kung maaawa ako kanina o matatawa e, nahimatay bigla BAHAHAHAHAHAHAH." Saya nya Pero yung totoo, pumunta lang ata mga baliw na 'to rito para manggulo sa tulog ko.

"Infairness ha, trending kayong tatlo ni Dora at Iris, pero mas trending 150 million mo HAHAHAHAHAH" ang saya masyado ni keyboard,

"Pumunta lang ba kayo rito upang asarin ako?" kunot noo kong tanong sa kanila.

"Ou?" agad na sagot ni A.

"HAHAHAHAHAAHAHAHHA" hagalpak ng mga abnormal.

I checked my wrist watch at quarter to 8pm na pala!? medyo mahaba rin pala tulog ko.

"Hoy tara na, tumayo ka nga d'yan. Malapit na magsimula ang bonfire, nakabili narin kami ng mga alak pero dating gawi same do'n sa ginawa natin nong team building since bawal mag inuman" paliwanag ni S, wow ha hindi halatang pinaghandaan nila 'tong bonfire.

Bumangon ako at agad inayos ang sarili. Kaya pala ang ingay nila dahil wala si nurse. Agad kaming lumayas upang bumalik sa dorm dahil kailangan pa namin magbihis. Matapos magpalit ng mga damit ay direteo kami agad sa field. Sakto pagdating namin dahil kakasimula lang ng bonfire, may stage rin para sa banda, ang daming estudyante! Sa sobrang daming tao ay occupied lahat ng mga tables and benches. Sa bandang gilid kami ng field pumwesto para hindi masyadong kita, mag iinuman pa naman kami pft.

"Love"

Masaya kaming nag iinuman at lokohan nang biglang sumulpot si Jemima kaya napalingon ako sa kanya.

"Jem" tumayo ako at hinarap s'ya.

"Okay ka na ba? pagbalik ko sa clinic wala ka na." sabi nya at sinuri ang noo ko, wala akong lagnat?

"Ou okay na, thank you," nakangiting sagot ko.

"Jemama hindi namin alam anak mayaman ka. Lowkey mo masyado." singit ni K sa usapan namin.

"Sorry, ayaw ko lang ng atensyon." Sagot ni Jem kay Keybold.

Hinila ko na sya paupo at binigyan ng inumin. "Jem gusto mo sumama bukas? sasama kami sa province ni nerdy." pag-aaya ko sa kanya.

Tipid itong ngumiti bago sumagot.
"I'm sorry love pero may appointment ako bukas" sagot nito. Ngumuso nalang ako saka tumango, sayang hindi makakasama si Jem bukas. Maganda sana kung kasama rin sya e.

"It's okay Jem, next time nalang" sabi ko at ininom ang alak.

"Pieeeeeeee!" nasamid ako sa iniinom dahil sa biglang sigaw ni S. Napatingin ako sa direksyon na tinitingnan nito. Ang demogons na para lang mga models kung maglakad at papalapit sa pwesto namin.

Napansin kong wala si Lorelei at Kathy.

"Helari!" masiglang tawag ni I sa kanya, ou nga pala nandito s'ya.

"Good evening po" bati namin sa kanila. Saktong pagdating talaga nila ay may inanunsyo ang nasa stage.

"Good evening everyone, the dance mixer will start now. Lumapit na kayo sa bonfire at palibutan" sabi nong lalaki.

"Hala tara tara sumali tayo!" tatayo na sana ang Sj pero mabilis itong sinapak ni pie sa ulo, masakit 'yon ha.

"Ahehe joke lang mommy, halika umupo ka dito sa lap ko. Zi maupo ka na rin" sabi n'ya at hinila si pie sa kandungan nito.

"Wanna dance, love?" tanong ni Jem kaya napalingon ako sa kanya. Hmm okay narin siguro maexperience sumayaw sa gilid ng bonfire. Nginitian ko s'ya saka pinisil ang pisngi.

"Okay tara" sagot ko at tumayo sabay hila sa isang kamay nito. Binalingan ko ang ibang kasama.

"Kayo ba hindi sasayaw?" tanong ko sa mga kaibigan.

"Hindi malamang!" inis na sagot ni S. Oh bakit parang galit pa sa akin, nagtanong lang naman ako.

Nagkibit balikat nalang ako saka hinawakan ang kamay ni Jem at kinaladkad patungong bonfire. First batch kami, dahil sa daming gusto sumali ng dance mixer ay ang ginawa nalang by batch. Pinalibutan namin ang bonfire at kaharap ang mga unang partner.

*

SHARA JANE

"Hoy! tignan n'yo si R at Jemama. Bagay sila diba?" tanong ni doggy sa amin, ou sa amin at kasali na ro'n si Zi na ngayon tahimik lang na nakamasid kina R at Jemima.

Kahit man hindi aminin ni Zi ay alam ko may epekto si Donkey sa kanya. Mas lalong hindi magbibid ng 150M yan kung wala talaga syang nararamdaman kahit konti man lang para rito!

"Ou bagay sila, sabi ko naman sa kanila na sila nalang magjowa" hindi ko alam kung ginagamit ni I utak n'ya. Alam naman nila na ang gusto ni R ay itong si demonyo.

Hmm paano ba dapat gawin para mapaamin 'tong si Ziallyn. Denial queen kasi masyado 'to, teka nga nagnanakaw din ba ng halik ang demonyo kay donkey!?

"Ang sweet nila ha, binibini pa nga talaga ang music" hirit muli ni K.

Asan na ba 'yon si mommy ko! ang sabi lang nila ihahatid nila si Helari sa parking lot at babalik agad! bagal naman no'n gusto ko na s'ya lantakin charot. So umuwi lang pala si Helari kasi may emergency at ngayon din mismo sa gabing to ang lipad n'ya pabalik states. Akala ko talaga ay nagbalik na silang tatlo pft paasa.

Lumapit ako kay Ziallyn at tinabihan s'ya. "Zi, gusto mo?" sabi ko at inabot sa kanya ang baso na may laman na alak.

"No Ja thank you" nakangiting sagot nito at muling itinuon ang atensyon kina R at Jem na masayang nagsasayawan sa gitna.

"May tanong ako Zi, bakit mo ginawa 'yon?"

"What do you mean?" seryoso masyado s'yang nakatutok sa dalawa amp.

"Kanina sa auction. May gusto ka na ba sa cousin ko? hindi ka naman siguro magbibid kung wala diba?" prangkang tanong ko. Gulat itong napalingon sa akin.

"No, I don't have feelings for her" diretsong sagot nito at ibinalik muli ang paningin sa pinsan ko.

Mas lumama ata ang pagiging indenial n'ya ngayon kumpara no'ng sa akin. Halata naman sa actions n'ya na may something na s'yang nararamdaman para kay donkey.

"Ganyan ka rin before Zi, sa akin" sabi ko at sa ikalawang pagkakataon ay binalingan ako nito ng ulo.

"Oh my gosh!" Bulaslas ni doggy.

"Hoy tangena PDA!" segunda naman ni I

"Look" sabi ni A at tinuro sa amin ni Ziallyn.

Nanlaki ang mga mata ko nang makita na hinalikan ni Jemima si RL!!!
Hoy tangenang 'yan mga walang hiya.

"Tangena ang tapang naman ni Jemima halikan si R sa napakaraming tao. Shit!" Commended Jemima.

"Hala pambihirang R ya-" naputol ang sasabihin ko.

Nagulat ako sa marahas na pagtayo ni Ziallyn at walang pasabing naglakad palayo.....noooooo! to be exact....

"Potangena hoy! susugurin ni Zi si RL, pustahan tayo masasampal 'yan HAHAHAHAHA labas n'yo na mga blackcards tanga. Lapag! lapag!" sabi ko sa kanila at humagalpak ng tawa. Tangena, Demonyo vs Angel na ba 'to?

"Pusta ako kakaladkarin n'ya palayo si R!" sabi naman ni K.

"Ako ako! aagawan n'ya ng partner si Jemima at isasayaw si R!" pusta naman ni I.

"Ako-"

"Tangena mo, wag ka na sumali!" singhal nilang dalawa kay A at sabay na inirapan.

Si dora namin tahimik lang na nakikinig sa usapan naming walang kwenta.

Humagalpak ako ng tawa dahil banned na si A pagdating sa pustahan hahaha. Pero balik tayo kina kitten! halaka donkey, patay ka talahang bata ka at sa harap ka pa talaga mismo ni demonyo

nagpahalik!

"I don't have feelings for her pala ha" I said and smirked.

-

ROCHELLE

"Love, I have something to tell you" she whispered

We're currently dancing now, a slow dance, swaying to the music.

"Jem?"

She's hugging me right now while dancing. "I like you" I was stunned.

"H-ha?" tanging nasambit ko.

"I said I like you, but I know you're already in love with someone else" at least she's aware na may gusto akong iba.

"Gusto ko lang sabihin sayo na gusto kita pero wala akong balak na agawin ka sa kanya. Dahil alam ko naman na hindi 'yon mangyayari" bahagya itong lumayo at hinarap ako.

She's smiling at me lovingly at wala akong nakikitang lungkot o pagsisisi sa kanyang mga mata. This is one of the reasons why I like Jem dahil sa pagiging straightforward na tao at sobrang tatag!

"Thank you Jem, for understanding and supporting me" nakangiting sagot ko sa kanya.

I'm thankful at umamin s'ya sa akin ngayon at hindi sa point na tulad nong ginawa ni Ziallyn sa pinsan ko. Saka lang umamin nong hulog na hulog na s'ya kaya mahirap kalimutan.

"But..."

Hirit n'ya kaya hinintay ko ang susunod na sasabihin ni Jem.

"But?" ulit ko.

"Let's do the first step" malambing na tugon nito at matamis na ngumiti.

"What do you mean?" naguguluhan kong tanong sa kanya.

"Let me do this and you'll see" she smirked.

My eyes widened when she suddenly pulled my head closer to her and gave me a kiss on the lips.

"OMG"

"Damn hot!"

"Woooooo"

Rinig kong sabi ng mga tao. Napatigil kami sa pagsasayaw at naging statwa na ata ako dahil sa hindi ako nakagalaw sa biglaang paghalik ni Jem. Pero mas ikinagulat ko ang biglang humawak sa braso ko at hinatak palayo kay Jem. Nasorpresa ako nang makita ang madilim na ekspresyon sa mukha ni Ziallyn,

"Ziallyn?" sambit ko.

Walang pasabi nitong hinawakan ang kamay ko at kinaladkad palayo sa maraming tao. Napangiwi ako dahil sa sobrang higpit ng pagkakahawak n'ya.

Tahimik lang akong nagpatianod sa kanya at napansin kong nasa tapat na pala kami ng office n'ya. Marahas n'yang binuksan ang pinto at muntik pa ako matapilok dahil sa pagtulak n'ya sa akin papasok. Anong ginagawa namin dito?

"Ziallyn bakit tayo nandito?" agad na tanong ko sa kanya.

Hindi n'ya ako pinansin at tinungo lang ang table. Kumunot ang noo ko dahil kumuha ito ng wet wipes?

She walked towards me and I was surprised when she wiped my lips.

"Didn't I tell you I dont want anyone to touch what's mine" her voice was very cold which made me shiver.

Mapupunit na ata ang labi ko dahil sa kakapunas n'ya. Napalunok ako bigla matapos mapunta ang paningin ko sa labi ni kuting.

Nagiging abnormal na naman ang puso ko, hindi ko na talaga mapipigilan 'tong nararamdaman ko kapag pinagpatuloy pa n'ya ang mga ganitong aksyon.

"Why are you doing this?"

"Do you like me?" lakas loob ko na tanong.

"No" mabilis nitong sagot.

"If I told you that you were everything I ever wanted, could I have you?" napatigil ito sa pagpunas ng labi ko at sinalubong muli ang mga mata ko.

"N-no" she stuttered and then averted her gaze.

I heaved a sigh and took a deep breathe. I need to do this now, ayoko na lumala pa 'tong nararamdaman ko to the point na mahihirapan na akong mag move on.

"I love you" *I confessed.*

Sa unang pagkakataon ay nakita ko rin ang gulat sa kanyang mga mata. Hindi dahil kay Sj kundi dahil sa akin, sa sinabi ko, sa confession ko.

"No, don't love me" napapikit nalang ako at kagat ng labi dahil sa sagot nito. Mas masakit pa pala 'tong rejection n'ya ngayon kaysa noong napagkamalan n'ya akong si Sj.

"Do you still love my cousin?" napakuyom nalang ako ng kamao. Tatagan mo sarili mo R.

"There's no reason for me to tell you" napatango nalang ako sa sinabi nito.

"You're scared to love again because you're afraid to get hurt. Kitten, alam ko naman na wala talaga akong pag-asa sayo pero sana naman tigilan mo na ang pakikipaglaro sa nararamdaman ko." I said and smiled at her.

Her face was shocked looking at me. I don't know but suddenly my hand moved and touched her cheek. I gently caressed it.

"You are enough, you will always be, in case you were wondering" I moved closer to her as I held her waist and kissed her on the lips.

But it didn't take long because she pushed me away from her. And the worst was...

She slapped me.

I looked at her in the eyes, she seemed surprised at what she did. I just gave her a sweet smile.

"I-I'm sorry"

"I know what it's like to love someone so much and at the same time be heartbroken, conflicted because you didn't love me too" hindi ko pinapakita sa kanya ang kahinaan ko, ayaw kong kaawaan ako.

"There's only one person here in my heart" she said coldly.

At hindi ko na nga napigilan ang mga luhang kanina ko pa pilit pinipigilan.

Mapait akong ngumiti.
"Right, I know and I will never be that person"

"But why don't you try me? wala naman mawawala kung susubukan mo akong mahalin" mahirap ba akong mahalin?

"No, you don't know anything." and for the third time, rejected na naman ako.

Gano'n na ba talaga ako ka walang kwenta? bakit ganito nalang palagi ang kinababagsakan ko.

Sa ikalawang pagkakataon ako na naman ang nagmukhang talunan. Wala nga talaga yata akong laban pagdating sa pinsan ko.

"Do you know what hurts the most?" nakangiting tanong ko sa kanya.

"Ang sabihan ka ng taong mahal mo ng mahal din kita pero ibang tao pala ang tinutukoy n'ya" nag unahan na naman ang mga luha kong bumagsak.

Pansin kong namumula ang kanyang mga mata, siguro naalala na nito ang ginawa n'ya sa akin nong gabing yun. Tulala lang ito sa harap ko habang tahimik pinagmamasdan ang pag iyak ko...

I heaved a sigh.

"I hope you stop giving me mixed signals. Hindi ko alam kung ano ang rason mo kung bakit nag bid ka pa sa akin kanina. Sana hinayaan mo nalang ako kay Jem" nagiging manhid na ata 'tong puso ko. Unti-

unting nawawala ang sakit matapos kong mailabas ang lahat ng hinanakit ko.

"Alam mo ba kung gaano kasakit sa tuwing pinapamukha mo sa akin na wala akong pag-asa? alam mo ba kung gaano kasakit harap-harapan mo kung ipakita na wala akong halaga? naranasan mo naman 'yan dahil sa nagmahal ka ng maling tao diba? alam mo naman na gusto kita pero bakit pinagmumukha mo akong tanga at ngayon pinaasa" I bit my lower lip as I lowered down my head.

Ang dami ko pa sanang gustong sabihin pero okay na siguro 'to. Ayokong masabi n'ya na *hindi ko naman sinabing mahalin mo ako.* Takot na akong maulit ang nakaraan kaya ako na mismo ang tatapos nito.

I shook my head before smiling and looked at her.

"Kung yan talaga ang magpapasaya sayo, sige gagawin at ibibigay ko. Pero sana hindi dumating ang panahon na pagsisihan mo ang mga naging desisyon mo. My heart is big, but not big enough to deal with people who decided to love me when it's convenient for them" I am human too, I have feelings, hindi ako robot at napapagod din.

"I just hope you won't say you miss me after you spent so much time pushing me away" I muttered.

Tumalikod na ako. Pagod na akong maghabol, huli na 'to at hindi ko na hahayaan na maulit pang muli.

Pinihit ko ang doorknob at agad binuksan upang lumabas. Sa huling pagkakataon ay nilingon ko s'yang muli.
Nasilayan ko ang mga mata n'ya na puno ng katanungan at kalituhan.

I smiled at her before closing the door.

"Goodbye Ziallyn"

Kasabay ng pagpatak ng mga luha ay ang pagsikip nitong dibdib ko, dahil sa biglang sinambit nito...

"L-Love..."

-

"Hoy aaaar eeeeel potangena gumising ka na at aalis na tayo! bwesit ka!" Nagising ako dahil sa biglang pagsipa ni keyboard at nahulog ako sa kama!

"Tangena naman!" singhal ko sa kanya. May kataasan rin ang kama sa dorm, ang sakit nong siko ko! sarap barilin nitong monkey.

"Bobo bakit namamaga mata mo? umiyak ka no!?" kunot noong tanong ni S kaya nag iwas agad ako ng ulo.

"Namamaga kasi puyat ako! wag n'yo nga ako ginagalit at wala ako sa mood. Hampasin ko kayo nitong iron" sabi ko at tumayo na.

Dumiretso ako sa banyo upang maligo. 4am ata ako nakatulog dahil sa kakaiyak at isip sa nangyari kagabi, iniyak ko lahat! Nagmadali akong maligo dahil kinakatok na nila ako sa labas, kainis at wala man lang kahit isang araw na maging mapayapa ang buhay ko.

"Anong sasakyan natin?" tanong ko agad pagkalabas ng banyo.

"Sasakyan ni pie, yung sinakyan natin bago tayo dinala sa langit ng demogons" sagot naman ni S.

"Okay, papaiwan nalang ako sa sasakyan at pwede ba kayo nalang ang mag shopping? pagod talaga ako, gusto ko pa matulog" tanong ko kay S

"Sige kami na, dalian mo magbihis at aalis na tayo" sabi n'ya kaya nagmadali akong magbihis.

Pagdating ng parking lot ay pumasok agad ako sa loob ng sasakyan, hindi ko na sila hinintay dahil antok na antok na ako. Umupo ako sa pinakadulo, isinuot ang earphone at sleeping mask saka sumandal at ipinikit ang mga mata...

"Aaaaaaar eeeeeeeeL!" tangena.

Padabog kong inalis ang mask sa mga mata upang tignan ang unggoy. Oh nandito na pala sila.

"Ingay mo naman keybold! pumasok ka na nga at wag kang humarang!" sabay tulad ni I sa kanya papasok.

By partner ba dapat pag umupo? katabi nila mga professors eh. Pumasok na si nerdy at kasunod nito si Ziallyn. Napatingin ako kung may mauupuan pa sila at ang available nalang ay itong sa tabi ko at sa kabila.

"Nerdy! Dito ka, tabi ka sa akin. Matutulog ako at pahiram ng balikat mo" agad na tawag ko sa kanya at pinaupo sa tabi ko.

"Nerdy may kanta kami para sayo" sabi ni K pagkaupo nito sa tabi ko.

"Ano 'yon?" sagot ni nerdy at inayos ang sarili.

"Unahan mo na R" utos ni S.

Umiling nalang ako at tumikhim bago sinimulan ang pag kanta.

"Iibigin kita kahit gaano ka kapandaaaaaaaaaaaaak" kanta ko.

Sinundan naman agad ni S.
"Tumingin ka sa iyong mga paa" sabay hagikhik

"At mukhang kailangan mo na nga..." sunog naman ni keyboard.

"Mag takong ng limang palugit" natawa ako sa pagkanta ni A.

"Cast ka ba sa going bulilit?" Panghuli si I.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA" hagalpak na tawa naming lima.

Si nerdy na namumula ang mukha langya, napansin ko lang talaga na hindi na namin masyado napagkakaisahan si keyboard at napunta lahat kay nerdy.

"Why are you bullying your new friend kids" sabat ni Everleigh.

"You want me to bully you instead mommy?" nasamid pa ako sa sariling laway dahil sa may halong panunukso na pananalita ni I.

"Kung sampalin kita, gusto mo?" mataray na sagot nito.

"That's child abuse!" I exclaimed which made us laugh.

"HAHAHAHAHAHAHA child abuse, aw sabagay baby ka naman ni ma'am" ang kapal talaga ng pagmumuka ni S. Para lang talahang tropa kung pagsalitaan n'ya ang mga professors.

"Shut up De La Fuente" sermon ni Pie sa kanya. Aguy tiklop, under malala.

"Ooooooooo" kantyaw namin sa kanya.

"Sitsitsiritsitsi Doraaaaaaa" langya 'tong pinsan ko at kumanta nalang ng dora song.

"Hoy! Sabayan n'yo ako!" tawag nito sa amin. Napailing nalang ako, walanghiya.

"Sitsitsiritsitsi Dora!" Panimula n'ya.

"Dora" turo ni K kay nerdy.

"Dora" sunod naman si I.

"Dora" last si A, ang sasama ng mga ugali langya.

"The exploreeeeeer!" Sabay nilang sigaw.

"I need your help!" Natawa ako sa pabebeng boses ni I haha.

"Grab your backpacks!" Masiglang sigaq ni K at itinaas ang kamao.

"Let's go!" G na G rin ang Ag.

Syempre hindi ako magpapahuli at makikisali narin.

"Jump in!" sigaw ko.

"LABAAAANOOOOS!" langya talaga labanos daw sigaw ni S.

"HAHAHAHAHAHAAHHAHAHAAH" tawanan naming lima, kawawa naman si nerdy. Ang demogons naman walang mga pakialam hindi halatang sanay na sila.

Napailing nalang ako saka isinuot muli ang mask at earphone. Max volume na ginawa ko dahil ang lalakas ng mga boses nila. Sindandal ko ang ulo sa balikat ni nerdy at ipinikit ng tuluyan ang mga mata.

Nagising ako dahil sa mahinang tapik sa pisngi ko, lamig naman masyaso nitong kamay. Pero hindi ko pa muna inalis ang piring sa mata, disturbo naman 'to si nerdy.

I took it and intertwined our hands.
"Nerdy wag ka ngang disturbo" mahinang bulong ko.

Hindi sumagot ang nerdy pero napangiwi ako dahil sa pagkurot nito sa kamay ko.

"Nerdy isa! kita mong natutulog ang tao aabalahin mo" inis kong saad at binitawan ang kamay n'ya. Umayos muna ako ng upo saka isinandal sa bandang bintana ang ulo ko.

"Wake up Rochelle, nandito na tayo" napabalikwas ako at ayos ng upo nang marinig ko ang boses n'ya at mabilis na inalis ang sleeping mask sa mata.

Tangena? bakit s'ya ang katabi ko at hindi si nerdy, at anong sabi n'ya na nandito na kami?

Sinilip ko ang bintana at nakahinto na pala ang sasakyan, wala narin ang mga kasama namin at kami nalang ni Ziallyn ang naiwan! Napalunok ako dahil seryoso itong nakatingin sa akin. Hays, bakit ba ginagawa n'ya to! alam na nga mahihirapan at sasaktan ako ay patuloy parin s'ya!

"Bakit ikaw ang katabi ko, Ziallyn sabi ko sayo na tigilan mo na ang pakikipaglaro sa akin, Hindi pa ba malinaw ang sinabi ko sayo kagabi at tuloy ka parin sa ginagawa mong ganyan?" I said using my monotone voice.

"Alright, i'll give you a chance." Tumaas isang kilay ko matapos ang narinig. Talagang hindi pa nakuntento at gusto nya makipaglaro?

"Ziallyn hindi laruan ang feelings ko" agad kong sagot sa kany.

She crossed an arm bago ulit ako tinignan sa mga mata. "Why not try me. You said that last night." sagot nito. Ou nga pala sinabi ko yun. Anong dahilan at nag-iba ihip ng hangin ngayon? seryoso pa naman talaga ako sa sinabi ko sa kanya kagabi at mag momove on na.

"A game." Sambit nya

"Game?" Ulit ko. "What game?" tanong ko, curious ako sa larong tinukoy nito.

"A friend to lovers game" nag loading utak ko sa sinabi n'ya kaya kumunot ang noo ko.

"Care to explain?"

"I will accept your challenge, pero sa paraan na gusto ko. See this?" Turo n'ya sa nakatali n'yang

[Content truncated due to length]

CHAPTER 10

-

"Rochelle help me!" She exclaimed at galit na galit na ito sa akin.

I bit my lower lip and shook my head. Bumaon kasi ang paa n'ya sa putikan at nahihirapan s'yang iangat ang paa.

I crossed my arm as I squat in front of her. "Can we add some rules?" kumunot naman ang noo nito.

"What?"

"Pwede mo ba ako tawaging love pag naka lover mode ka?" Hiling ko kasunod ang pagtango.

"Okay" aw mabilis kausap ang kuting.

"Nice, tara." Excited kong sagot at nagmadaling tumalikod.

"Love!" She exclaimed. Sarap sa tenga tawaging love ni kuting.

Binalingan ko s'ya at ang sama na masyado makatingin. Langya nakalimutan ko na nakabaon pa pala ang paa nito.

"Sorry, kittylove," Sinubukan ko lang kung may makikita akong reaksyon ngunit hindi ko inaasahan na pamumulahan sya ng mga pisngi. Lumapit ako sa kanya at hinatak ang kamay ng malakas. Muntik pa kaming matumba dahil sa pwersang ginawa ko.

"Dahon lang naman sana ng saging kukunin natin, pero bakit ka naman nag swimming sa putikan haha-"

"Awwwww!" Napangiwi ako dahil sa pagkurot n'ya sa likod ko. Ang hilig mangurot masyado.

"Tuloy na tayo."

Nauna akong maglakad para safe ang dadaanan n'ya. Naramdaman ko nalang ang malambot na kamay nito na hinawakan ang kamay ko kaya napalingon ako sa likod.

"Don't let go of my hand, baka bumaon ulit paa ko." gusto ko sana matawa pero ayaw ko makurot ulit.

"Hindi, malabong bitawan kita." sabi ko at nagpatuloy sa paglalakad. Muntik pa kaming madulas, ang putik kasi masyado at tatawid pa kaming sakahan bago marating mga saging.

"Kitten bitawan mo muna ang kamay ko, hindi naman ako mawawala" sabi ko sa kanya, wala kasi ata balak bumitaw ang pusa at kailangan ko na magnakaw nitong dahon ng saging para makabalik na kami. Pagkabitaw ay agad na akong pumutol ng mga dahon.

"Okay na siguro 'tong apat no?" tanong ko sa kanya.

"Make it 5" utos nito at sinunod ko naman agad.

"Tara na takbooooo!" sigaw ko at ang kuting tumakbo nga kaso nadulas ang isang paa kaya

napasubsub sa putikan jusko help, gusto kong tumawa pero mahal ko pa ang buhay ko huhu.

Nagmamadali akong tumakbo palapit sa kanya at lumuhod pagkatapat ko. Ang dungis na masyado ni kuting pero dungis expensive hays.

"Pft" langya muntik pa tuloy ako mapatawa ng malakas. Heck yeah, she's glaring at me...

"Ano ba yan kitten, lampa." sabi ko at inalalayan syang makatayo. First time siguro sumisid sa putikan? Ang dumi na ng damit nya, naging choco yung puting damit eh. Kinuha ko ang kamay nito at ipinahid sa damit ko ang putik, bumaon kasi yung maganda nyang kamay huhu naging chocolate.

"What are you doing?" kunot noo nitong tanong.

"Uso ba talaga sa inyo ang magtanong ng obvious? kita mo naman inaalis ang putik sa kamay mo" pambabara ko kay kuting, tapang ko ngayon ah.

"I know, see? ang dumi mo na rin" sabi nito pagkatapos ituro ang damit ko.

Concern na sya nyan?

"It's okay, maliligo ako mamaya at isa pa pupunta rin naman tayo sa tatay ni nerdy, and I know magkakanda putik tayong lahat." Sagot ko habang patuloy nililinisan ang kamay nya.

"Done! ikaw na ang magdala ng mga saging. Gawin mong umbrella dahil mainit, sumakay ka na sa likod ko para hindi ka na mag swimming ulit" sabi ko at nag squat patalikod sa kanya para makasampa na.

Wala sya nagawa kundi ang sumunod at agad na kinuha ang mga saging pagkatapos ay sumakay sa likod ko.

"Kumakain ka ba talaga?" medyo may halong pagdududa na tanong ko.

"Of course, why?" agad na sagot nito.

"Ang gaan mo e, akala ko nga damit lang ang pasan-"

"Aray!" ano ba 'yan, muntik pa tuloy ako mamali ng apak dahil hinila nalang bigla ang buhok ko!

"Kitten, muntik pa tuloy tayong dalawa mahulog sa putikan. Bakit ka ba nananabunot bigla" reklamo ko sa kanya, masakit kaya yun.

"Did you say something!?" Naiinis na nga si pusa kaya imbes sagutin ay ibahin nalang natin ang topic.

"Kitten may tanong ako. Ano dahilan mo bakit mo naisip ang larong 'to? so pag na in love ka na ba sa akin game over?" medyo may kalayuan din ang napagkunan namin ng saging ah.

"Do I really need to answer your questio?" Hays.

"So, after ng contract tapos hindi ka nahulog ay wala na talagang pag-asa, yun ba?" gusto kong linawin nya para alam ko ang gagawin.

"Yes, love," napatigil ako sa pag hakbang dahil sa malambing niyang tugon at ibinaba ang baba sa aking balikat.

"Why did you stop?"

"Ah wala may naisip lang. Hmm kitten pwede mo ba alisin ang mga buhok na nakaharang sa mukha ko? nakikiliti kasi ako" sabi ko at ibinaling sa kaliwa ang ulo para makita n'ya ang mukha ko.

Mabaet naman ang kuting at sinunod ang utos ko.

"Thank you" pasalamat ko at nagpatuloy na ulit sa paglalakad.

Makalipas ang maraming taon naks joke. Finally nakabalik na kami at ang dudungis naming dalawa ni Ziallyn, parang mga bata lang na naglaro sa putikan mga hitsura namin.

"Hoy! hala wow, may pa piggy ride na nagaganap" panunukso agad ni S nang makita kaming dalawa ni Ziallyn.

"Baba ka na po" sabi ko at binitawan na ang legs nito.

"Aaaaaaaaaar eeeeeeeeeL bakit ang tagal mo---hala hindi ko alam na may plano pala kayo mag swimming sa putikan!" bulaslas ni keybold sabay takip pa kuno ng bibig na parang nagulat, sanaol best actress.

"Langya ka R, tinulak mo siguro si Ziallyn no?" tanong naman ni A, ang baet ko naman masyado para manulak no.

"What happened to you ZB?" biglang sulpot na tanong ni pie.

"She pushed me" nanlaki ang mata kong napatingin sa kuting dahil sa pagbibintang nito.

"Ang sama ng ugali mo RL! ikaw na nga sinamahan ikaw pa manunulak" kung ihampas ko 'tong dahon sa mukha ni I?

"I'm innocent" Irap ko at dabog na inabot ang dahon ng saging.

"Anong nangyari sa inyo mga iha? bakit ang dudungis ninyong dalawa susmaryosep. Halina kayo doon sa likod, maligo na muna kayo" nag-aalalang saad ni nanay at hinila na kaming dalawa ni kuting.

"Nanay mamaya nalang po kami maliligo, pupunta rin naman kami sa sakahan pagkatapos kumain. Hugas nalang po kamay nay" sabi ko sa kanya at tinignan si Ziallyn. Hala bakit nakalugay parin ang buhok n'ya? akala ko ba binalik na n'ya sa pagtali.

"O sige tara na at may balon do'n, malinis naman ang balon namin" sabi ni nanay at dinala na kami sa likod ng bahay kung saan matatagpuan ang mahiwagang balon ni doraemon.

Pag ikot namin ng bahay ay nakita ko agad ang balon kaya nagmadali akong lumapit.

"Balik na po kayo do'n nay at kami na rito, mauna na po kayong kumain susunod nalang kami" sabi ko lumapit na sa balon.

"Sige iha, sumunod na kayo kaagad" sagot nito at bumalik na sa mga kasama namin.

Tinignan ko si Ziallyn na may pagtataka sa kanyang mukha. Tumabi ito sa akin at sinilip ang ibaba nitong balon.

"Oh there's water" she said innocently kaya napakagat labi ako.

"Yes at kailangan natin itong gamitin para makakuha tayo ng tubig" sabi ko at ipinakita ang balde na may lubid sa kanya.

Natatawa ako dahil sa ekspresyon n'ya.
"You try it" sabi ko at ibinigay sa kanya ang balde.

"Okay"

"Ihulog mo lang kitten ang balde" payo ko sa kanya.

Inihulog na nga n'ya ang balde at nanlaki nalang ang mata ko nang makita na pati ang lubid ay binitawan n'ya! What the...so paano kami kukuha ng tubig n'yan!?

"Why it takes so long?" she asked with confusion.

Napanganga nalang ako na nakatingin sa kanya, jusko Ziallyn nasa probinsya tayo at wala sa city! hindi naka elevator ang balon dito! pasalamat ka cute ka gaga.

Hindi ko na kinaya ang kanina ko pa pilit pinipigilan at humagalpak na ako ng tawa. Ano ba naman 'to si Ziallyn hahaha.

"My god HAHAHAHAHAHAHA." hawak-hawak ko na tiyan ko sa kakatawa, laughtrip masyado.

"What's funny?" taas kilay na tanong nito.

"HHAHAHAAHHA ka-kasi....dahek...HAHAHAHAAH" yawa huhuhu hindi ko ma control ang tawa ko!

"Rochelle" she said coldly pero hindi parin ako matigil sa kakatawa jusko.

"Hahahaha so..sorry..kasi naman...hahahaha langya bakit mo sinama ang lubid sa paghulog...hahahahaha" putol-putol kong salita dahil sa kakatawa.

Naningkit bigla ang mata nito sa sobrang inis.

"Shut up!" Singhal nya at namumula ang mukha kaya mas lalo akong humagalpak ng tawa.

"Sorry...omg pft..ang cute mo lang kasi kaya hindi ko na napigilan ang tumawa HAHAHAHAHAHAHAHAHA." lumuluha na ako sa kakatawa na parang baliw dito. Sa sobrang inis ay tumalikod ito at lalayas na sana ngunit mabilis kong nahawakan ang kamay nyq upang pigilan.

"Sorry na kitten, bakit mo kasi inihulog lahat ayan tuloy wala tayong pagkukuhanan ng tubig" sabi ko at kinagat ang labi.

Hinawakan ko ang magkabilang balikat nito at iniharap s'ya sa akin. Hindi parin nawawala ang pamumula sa kanya mukha at ang nakakamatay na tingin nito sa akin.

I caressed her cheek and smiled at her.
I moved closer and cupped her face then gave her a long deep kiss on the lips.

Naka lover mode si kitten.

"Hehe let's go" sabi ko at hinatak na s'ya pabalik sa mga kasama. Tulala kasi si kuting matapos ko nakawan ng halik.

"Bakit ang tagal n'yong dalawa, akala ko pa naman tumalon na kayo sa balon" bunganga ni S ang sumalubong sa amin.

"Hindi pero iba ang tumalon sa balon" napahagikhik na naman ako dahil naalala ko na naman ang ginawa ni kitten.

"Ha sino? nandito naman si kb kaya malabong s'ya 'yon?" langya 'tong pinsan ko.

Napailing nalang ako at kumuha ng dalawang bottled water para gagamitin namin ni Ziallyn sa paghugas ng mga kamay.

"Doraaaaaaaaaa, Nanaaaaaay lumabas na kayo at kakain na po tayoooo" sigaw ni S, para lang nakasigaw ng anak eh.

"Hindi naman halatang pinaghandaan mo masyado S no?" tanong ko sa kanya.

May sinugbang karne at isda, lumpia, chicken, crabs, adobong baboy at manok, shrimps at mga prutas. Ang daming nakahandang pagkain.

"Nasa tent, tulog si R kasi sumakit siguro ang mata no'n" sagot ko sa kanya at nakita ko ang pagsulyap ng tingin ni pie sa likod ko kaya napalingon ako, nandito na siya!

"Zi, saan ka ba galing? kakain na tayo" tanong ko, kunyari wala akong alam. Binalingan ko si pie at kinindatan kaso nga lang maldita ang bipolar at tinaasan lang ako ng kilay.

"May kinuha lang sa tent" sagot nito. Nagkatinginan naman kami ni I na ngayon ay nasa tabi ni Everleigh, lawak naman ng ngiti ni gaga.

"Hoy kb puntahan mo nga muna si R at gisingin. Kapal ng mukha mong mauna kumain" sabi ko at ngumuso naman ang doggy.

"Go krystal" oh diba, kampi talaga sa akin si Athy. Wala na nagawa ang keyboard at agad na lumayas upang sunduin ang sleeping donkey.

-

ROCHELLE

"Aaaaaaaaaar eeeeeeeeeL ano baaaa gumising ka na at gutom na ako!" ang sakit ng ulo ko pagkagising dahil sa sobrang lakas ng boses ni keyboard at sabayan pa nang alog sa balikat ko.

Bumangon nalang ako habang kinukusot ang mata, hindi naman ako tatantanan nito kahit magtulog-tulogan ako.

"Halika naaaaaa ano baaaa!" pagpupumilit n'ya at hinila ako patayo. Ang sakit masyado nang ulo ko.

"Piggy back mo 'ko please? ang sama talaga ng pakiramdam ko keybold. Hindi ko dala gamot ko at inaatake na naman ako ng migraine" mahinang sabi ko at pagkatapos ay ngumuso.

"Bakit hindi mo dala gamot mo!?" masama na nga pakiramdam ko ay papagalitan pa the heck.

"Oh sige na wag nalang tulog nalang ako ulit" sabi ko at hihiga na sana ulit nang bigla nito hinawakan kamay ko.

"Hindi pwede! kumain ka muna bago ulit matulog. Tumayo ka na at sumakay sa likod ko" napangiti ako habang naghihikab dahil sa naging tugon nito.

Tumayo ako at agad sumampa sa likod nya, hindi naman ako mabigat siguro? ou hindi nga dahil hindi nagreklamo keybold namin. I rested my chin on her shoulder and closed my eyes.

"Anong nangyari d'yan?" tanong ni A. Napahikab akong muli bago nagmulat ng mga mata ko.

"Inatake ng migraine n'ya at hindi dala ang gamot!" bakit ba galit 'tong si keybold.

"Panay ka hikab R, kumain ka muna. Bumaba ka na at umupo" sinunod ko naman ang sinabi ni A. Bumaba ako at ang nakita ko nalang na bakanteng upuan ay ang katabi ni Ziallyn, nakatali buhok ni kitten ah, umikot na ako at umupo sa tabi nito.

"Try a cold pack Rochelle, or an ice cubes wrapped in a towel. Place it on your forehead" biglang salita ni Lorelei, at saan kami kukuha ng ice wala naman ice rito.

"Drink plenty of water Rochelle. Dehydration can cause a headache" sabi naman ni Everleigh

"Or a heating pad, place it on your neck or the back of your head" suggestion naman ni Kathlyn.

"Can also massage your head or gently massage your temple" sabi naman ni pie.

Oh wow, ngayon ko lang sila nakitang mag-alala ha. Sige mamaya gagawin ko 'yong kaya naman gawin.

"Sige po thanks" mahinang sagot ko sa kanila.

"Pero may sasabihin po ako" seryosong sabi ko kaya nasa akin na lahat ng mga mata nila.

"Ano?"

"Alam n'yo ba na sa Japan ay walang umag dahil lahat sila Hapon" seryosong salita ko at halos mabilaukan ang lahat sa kanila.

"Tang...ano ba 'yan RL! seryoso tayo tapos bigla kang gaganyan...siraulo ka ba?" paubo-ubo na tanong ni S. Gusto ko tumawa pero sumasakit ulo ko kaya kinagat ko nalang labi ko.

"Parang engot talaga 'to!" kanina pa talaga 'to asar si keybold sa akin.

"Pero what if nagkamali 'yong baboy? dapat na ba s'ya turuan ng letchon?" tanong ko ulit sa kanila at bigla nalang humagalpak mga kaibigan ko huhu, sila pie naman nagpipigil pa ng tawa e.

"Rochelle goodness!" sabi ni Lorelei

"Pft please, pwede ba kumain muna tayo?" uutot talaga sila n'yan kakapigil tawa.

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAH" lakas ng mga bunganga ng kaibigan ko.

"Stop Rochelle and eat" utos ni pie sa akin kaya shut up nalang ako. Baka kasi abutin na naman kami ng mahigit isang oras sa pagkain dahil lang sa kakatalak namin.

Napalingon ako kay Ziallyn dahil bigla n'ya nalang nilagyan ang plato ko ng mga pagkain. May sakit ba s'ya? baet naman ata n'ya today.

Ayaw ko nalang tuloy kumain ng mga nakahain, mas bet ko ata papakin leeg ni Ziallyn. Ang lakas naman kasi masyado makaakit ng leeg n'ya sobrang bango pa naman n'ya, amoy strawberry paborito ko pa.

"Stop staring at me Rochelle, eat your food" utos nito at inabutan ako ng kutsara't tinidor.

"You?" wala sa sarili kong sagot.

"Hoy RL kumain ka muna wag ka nga panay landi!" sermon ni keybold sa akin.

"Eat"

"Thank you" nginitian ko s'ya at saka kumain.

Hindi ko na naubos ang pagkain ko dahil sumasakit na naman ang ulo ko. Kailangan ko ng mahabang tulog para mawala 'tong pananakit ng ulo ko. Nag excuse ako una sa kanila at sinabing babalik sa tent, gusto ko nalang kasi muna magpahinga at matulog. Pero mas lalo atang lumala ang sakit, ang tanga ko naman kasi at bakit ko pa nakalimutan ang gamot ko. Humiga na ako agad at pinilit ang sarili makatulog pero hindi ko talaga magawa, hanggang sa dumating ang oras na bigla nalang pumasok si Ziallyn at may dalang tubig.

"Does it still hurt? tanong nito at nilapitan ako.

Pakla ko s'yang nginitian sabay tango.

"Where did you put your medicine?" tanong n'ya mula sa may bandang paanan ko. Bakit natatanong pa s'ya e hindi ko rin naman makukuha.

"Nasa table ko lang sa kwarto" sagot ko at marahan na hinilot ang ulo.

"Drink this." sabi n'ya at pumwesto sa tabi ko sabay abot nong tubig.

umiling ako sa kanya kaya tinaasan ako ng kilay ni pusa. "Mamaya nalang" ipinikit ko ang mga mata, sana lang talaga makatulog.

"Rochelle" ang kulit naman nito, hindi ba pwede umalis muna s'ya at wag muna akong sungitan ngayon.

I ignored her and pretended to be asleep, but to my surprise, something soft touched my lips. Opening my eyes, I was shocked to see Ziallyn, and I just felt the water suddenly rush into my mouth.

Wala na akong nagawa kundi ang lunukin ang tubig na pinainom n'ya sa akin sa pamamagitan ng kanyang bibig. Napansin ko nakalugay na pala ang buhok n'ya, ang aggressive naman ata ni kuting today. Sya na mismo ang pumutol at bahagyang lumayo, nakatulala at nganga akong nakatingin sa kanya. Biglang uminit mukha ko at ramdam kong namumula ako habang sya naman ay ngumisi na para bang nang-aasar.

"Zia naman ano ba 'yan!" sabi ko at nagtalukbong ng kumot.

Shit naman 'tong si pusa kung makagalaw dinaig pa ata ako!

"Love" hayop kaaaaaaaaa! bakit naman ngayon ka pa nag lover mode at bakit ang lambing ng boses mo huhu, tukso please lang layuan mo ako.

"Do you have something in mind?" tanong nito.

"You" shit na bibig ka at bakit ang daldal mo.

"Alright"

"N-no I mean, I want to sleep. M-masakit na ulo ko" rason ko sa kanya.

To be honest medyo nabawasan 'yong sakit dahil sa ginawa n'ya kanina. Ayaw ko lang talaga harapin s'ya at baka manukso na naman ang pusa!

"Aaaaaaaaaaaa sige na Zia lumabas ka naaaaa patulugin mo na ako pusa ka!" reklamo ko sa kanya

Muntik pa akong mapatili dahil may biglang dumagan sa tiyan ko, at nang tignan ko ay...

"H-hoy pusa. Isa ha! umalis ka d'yan sa ibabaw ko itutulak talaga kita!" sabi ko sa kanya, 'yong mata ko lang talaga ang na expose dahil ayaw ko makita n'ya ang namumula kong mukha.

Hindi ata tumalab 'yong banta ko sa kanya at ngumisi lang ang pusa! napapalunok tayo ng wala sa oras n'yan ah!

"Sure push me" she said and raised her hands, as if she's about to surrender.

CHAPTER 12

-

Balik school ulit!

"Nerdy!" tawag ko.

"Saan ka pupunta?" tanong ko pagkalapit sa kanya

"May gagawin kaming thesis R, kaya magiging busy at hindi makakasabay sa inyo." ou nga pala't graduating student na nerdy namin.

"Oh, saan ka papunta? hatid na kita baka mamaya may mga panget umaligid sayo." sabi ko at inagaw sa kanya ang mga librong dala.

"Salamat." alam n'yang hindi s'ya mananalo kung makikipagtalo pa sa akin kaya nagpasalamat nalang.

"Teka kumain ka na ba? tara muna sa cafeteria." hinawakan ko ang kamay n'ya at kinaladkad papuntang cafeteria, hindi kasi uso sa kanya ang kumain kaya ako na mismo magpapakain sa kanya.

Nasa may cashier kami nang makasalubong namin ang ccb.

"Aaaaaaaaar eeeeeeeeeL!" jusko ka keybold at ang laki ng boses mo.

"Saan kayo pupunta? susunduin na sana namin kayo eh." Tanong ng pinsan ko.

"Hahatid ko sana, gagawa si nerdy thesis pero punta muna kami cafeteria at papakainin muna 'to" sagot ko sa kanya.

Anong meron sa mga reaksyon nila at gulat? Tapos sabay pa bumaling sa babaeng katabi ko.

"Tanga ka dora hindi ka ba kumain ng breakfast kanina?" nature na po talaga ni S na mang insulto. Sana lang talaga hindi magmana sa kanya ang mga magiging anak nila ni pie.

"Hindi pero may baon akong biscuits" sagot ni dora at yumuko.

"Shorty naman! Tara na sa cafeteria!" sabi ni I at hinila si nerdy. Paalis na sana kami nang makasalubong namin ang limang demogons.

"Goodmorning demogons!" bati namin sa kanila

"Going somewhere?" tanong ni Lorelei, napansin ko lang ha napapadalas na talaga ang pagsasalita n'ya ngayon.

"Yes po, punta kami cafeteria at papakainin 'tong si nerdy tapos ihahatid namin dahil gagawa ng thesis" agad na sagot ko pero nagsitaasan ang mga kilay nila at ang iba naman ay nakakunot ang mga noo. Okay, so may nasabi ba akong mali?

"Tara na! baka gutom na si nerdy!" sabi ni K at hinila na si nerdy, kawawang nerdy at lagi nalang

kinakaladkad.

"Sige po una na kami" paalam ni A.

Kita ko pa ang pag ikot ng mga mata nila bago namin sila malampasan na lima.

"Problema nila?" sabi ko.

"Nino?" tanong naman ni S sa akin.

Umiling nalang ako at mas binilisan ang lakad. "Wala, dalian n'yo na at nagutom narin ako"

"Nerdy ano gusto mong kainin?" tanong ko sa kanya habang namimili kung ano bibilhin.

"Shorty gusto mo desserts?" singit ni I na tumitingin sa mga desserts.

"Anong drinks gusto mo nerdy?" tanong naman ni A.

"Dora anong ulam gusto mo? mamili ka na dali" sabi naman ni S.

"Mag take-out ka narin nerdy, at baka magutom ka pa mamaya" sabat naman ni K.

Si nerdy na hindi alam kung ano ang uunahin dahil sa sabay-sabay naming tanong. Pinagtitinginan narin kami dahil para lang s'yang bata na pinapalibutan ng mga ina.

"Kahit ano nalang, hindi naman ako mapili sa pagkain" ang tanging nasagot na lamang ni nerdy.

"Sige mauna na kayo sa table, ako nalang ang oorder" suhestiyon ni A kaya ginawa nalang din namin.

"Nerdy ano topic n'yo sa Thesis?" tanong ni K pagkaupo palang namin.

"About juvenile delinquency"

"Mahirap ba mag crim nerdy?" singit ko sa usapan nila.

"Ou mahirap lalo na pag criminal sociology and law dahil sa mga persons, RA and theories na kailangan mo talagang e memorize" sagot nito, mahina pa naman utak namin pag memorization na ang usapan!

"Mahirap s'ya at the same time ay mag eenjoy ka" nakangiting pahayag nito.

"Mag-aaral kasi kami ng crim pagkatapos namin rumampa sa graduation." sabi ni S na ikinagulat ni nerdy.

"Talaga?" bulaslas nito.

"Ou, sayang nga at graduating student ka na e. Hindi ka na namin makakasama, balik ka nalang ulit sa first year nerdy" sabi ko at nagtawanan naman sila except kay nerdy na nanlalaki ang mga mata sa gulat.

"Ou nga pala nerdy napalipat na namin sila nanay ng temporary house dahil pinagiba na namin bahay n'yo" sabat ni A sa usapa.

Si nerdy bigla nalang umiyak gage bakit umiiyak nalang agad 'tong dora namin kahit hindi naman inaaway.

"Ano ba 'yan A! wag mo nga paiyakin shorty ko" may halos inis sa boses ni I saka hinampas ang batok nito.

"Hoy dora umiiyak ka d'yan para kang tanga, tumahan ka nga" mas lalo tuloy umiyak ang nerdy. Parang baliw naman kasi 'tong pinsan ko!

"Masaya lang, hindi ko talaga 'to inaasahan sa buhay. Ang laki ng tulong na ginagawa ninyo sa akin lalo na sa pamilya ko kahit naman hindi n'yo pa ako lubos na kilala" pahayag ni nerdy at nagpunas ng mga luha.

"Oh wag na iyak, kumain ka na. Wag ka na mag drama d'yan at basta membro ng ccb gagawin namin lahat ng kung anong trip man namin" sabi ko at inilapag sa harap n'ya ang pagkain.

Ang nerdy ayaw mag tigil sa iyak, hampasin ko kaya ng libro 'to.

"Ano ba 'yan!" sabi ni S at pinahiran ang kanyang kuha sa right side, ako naman sa left side.

Nasa ganitong sitwasyon kami nang pumasok ang demogons sa cafeteria at palapit sa amin na masama ang mga tingin lalo na si pie at ziallyn. Anong problema nila at bakit ganyan kung makatingin?

"Why are you bullying her?" malditang tanong ni Everleigh sabay halukipkip ng mga kamay. Attitude yan?

"Ha? hindi po ah! umiyak nalang 'yan si shorty bigla. Wala pa nga kaming ginagawa" depensa agad ni Iris sa amin.

"R, kailangan ko na umalis. Hinihintay na ako ng group ko" bulong ni nerdy sa akin.

"Aalis na raw si nerdy" sabi ko sa mga kaibigan bago binalingan muli si nerdy "hindi ka pa nga nakakain oh!" kunot noo kong sabi sa kanya.

"Ou nga kumain ka nga muna dora, ayaw namin nagugutom ka" segunda naman ni S.

"Hinihintay na kasi ako" sagot nito sa amin.

"Nag take out ako ng makakain mo. Dalhin mo na 'yan" sabi naman ni A at inabot ang pagkain na nakabalot.

"Saan ba kayo magkikita shorty?" tanong ni I.

Napasilip ako sa mga nakatayong demogons, nakalimutan ko nandito pala sila. Kulang nalang ata balatan nila kami dahil sa mga matatalim nila na tingin e.

"Sa coffee shop d'yan sa labas" sagot ni nerdy.

"Sa labas lang pala e. Tara na hatid ka na namin" sabi ko at sabay kaming lima na tumayo.

"Ano pa hinihintay mo nerdy, tayo ka na" utos ni K at kinuha ang pagkain na dadalhin ni nerdy.

Kinuha ni I ang mga libro ni nerdy at inagaw ko naman ang bag na susuutin na sana n'ya.

"Tara" sabi ko at hinawakan na s'ya sa kamay.

"Is it really necessary to do that?" Malamig na tanong ni Ziallyn habang titig na titig sa akin.

"Hmm?" Sabay taas ng mga kilay ko. Hindi naman ito sumagot at lumayas nalang bigla. May regla ba pusa na 'yon at nag mamaldita bigla?
Nagkibit balikat nalang ako at hinatak si nerdy.

"Tara" sabi ko at kinaladkad na s'ya.

"Pie hatid lang namin si Dora, see you later" paalam ni S sa kanya kahit na kulang nalang ata papatay ng tao hitsura ni pie dahil sa sobrang sama.

Lumayas na kami at iniwan ang demogons, bahala sila do'n at kailangan pa namin ihatid 'tong bata namin.

"Langya naalala ko na naman 'yong aso nila KB, hinabol ako bigla no'ng dumalaw ako" kwento ni I habang tinatahak ang daan palabas ng campus.

"Mahilig kasi sa panget aso ko kaya ka hinabol tanga" sagot agad ni K.

"Ou nga, kaya nga sa inyo nakatira e" rebat ni I.

"BAAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH" hagalpak naming dalawa ni S, ang keyboard napanganga nalang sa rebat ni I sa kanya.

"Emotional damage" pang-aasar ni A sa kanya na mas lalong ikinatawa namin.

"Alam n'yo tangena ninyong lahat! ubos na ang tinta para sa ating storya" haha ang bilis maasar ni monkey.

"Bobo lapis gamitin mo, mindset ba mindset" sabay turo pa ni I sa utak nito haha.

"So paano kung naputol ang lapis tanga" sagot ulit ni K sa kanya.

"Edi tasahan mo ulit stupida madafaka" pambabara ni I sa kanya. Kawawang keybold at hindi man lang makaisa kay I.

"Ayan tanga, taste your own medicine" naks may pa ganyan pang nalalaman ang Sj.

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA" hagalpak ko dahil sa katarantaduhan nila.

"Dora, may ipapagawa ako sayo" biglang salita ni S nang makalabas na kami sa gate.

"Sayaw ka gomy" Nanlaki ang mga mata nitong nakatingin kay S. Anong trip n'ya at gustong pasayawin si nerdy. At saan n'ya balak pasayawin ito? dito sa highway?

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAH" tawanan namin dahil hitsura ni nerdy biglang namutla.

"Pag nag red light sayaw ka d'yan sa gitna dora" sabay turo n'ya sa may intersection.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAA finally!" hagalpak na tawa ni K. Wow ang saya n'ya ha, dahil siguro hindi ang monkey napagtripan today.

"40 sec nalang mag re-red na. Go shorty goooo!"

"D'yan ka sa pedestrian sumayaw dora. Ag labas mo na speaker mo dali" utos ni S at ang Ag nilabas nga ang speaker, hayop na 'yan at may dala nga talaga s'ya?

"HAHAHAHAHAHAAHAHAHAH" tawanan namin kaso si dora hindi na mapakali. Ang dami ba naman kasing tao na nag-aabang upang tumawid.

"A-ano nahihiya ako. P-pwede iba nalang Sj?" nakayuko ang dora na nagmamakaawa kung pwede iba nalang ipagawa, wag lang 'tong challenge na trip ni S.

"Ay hindi, walang hiya-hiya sa ccb. Kinaya nga ni KB na daig pa madre kung kumilos noon ikaw pa kaya na criminology student. Go Dora I choose youuuu!" langya ginawa pa ngang pokemon si nerdy at itinukal, siraulong S.

"20 sec shorty!" sabi ni I.

Ang nerdy panay na ang lunok at lakad pabalik-balik dahil sa gagawin n'yang show.

"Hoy pahiram selpon at hindi ko nadala ang akin" kalabit ni S sa akin kaya ibinigay ko sa kanya ang phone ko.

"Gagawin mo d'yan?" tanong ko.

"Mag rerecord bobo" sabay ikot ng mata at nagtatap na sa phone ko.

"10...9...8...7...6..."

"Goooo nerdy/shorty/doraaaa!" sigaw na pag che-cheer namin sa kanya. Mga tao naman pinagtitinginan na kami.

"5...4...3...2...1..."

"Redlight!" sigaw naming lima at tumakbo na nga ang nerdy sa gitna kaharap ang mga sasakyan na nakahinto.

"AG play the musex" utos ni K.

"Music tanga!" lakas naman magoreksyon ni I.

Nagsimula na ang intro no'ng music at panay ang tawanan namin dahil hindi ata alam ni dora ang gagawin.

Si nerdy na nakatingin kay S habang nag rerecord. Itinaas nito ang dalawang kamay habang kumekembot sa pedestrian, may mga tao rin na nag vi-video sa kanya tangena.

"HAHAHAHAHAHAHA go shorty wooooo!"

"Neeerrrdyyy kembot paaaa!" sigaw ko rin saka tumawa.

"Dora lagay mo sa chin mo likod ng palad mo tapos ngumiti ka BAHAHAHAHAHAHA" utos ni S kaya sinunod naman agad ni nerdy, jusko.

Hanggang sa natapos ang pagsayaw n'ya at nagpalakpakan pa nga ang mga tao na nanonood, si nerdy naman napatakip nalang ng mukha na tumakbo sa kabilang side at hinintay kay haha.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH" tawanan namin habang tumatawid sa ng pedestrian.

"Galing naman pala kumembot nerdy e" patawa-tawa kong pagpuri sa kanya at pumalakpak.

"Pwede na maging partner ni K" sabat naman ni A na ikinatawa ulit namin.

"Hoy! hindi, ipapasa ko na ang throne kay nerdy no" kontra ni K sa sinabi ni A.

"HAHAHAAHAHAH tara na tara na at baka late na masyado si dora, okay na 'to. Oh donkey save mo at wag mong e delete 'yan" hinagis nito ang phone ko at muntik ko na hindi masalo!

Matapos ang scandal na ginawa ni nerdy sa pedestrian ay hinatid na namin s'ya sa coffee shop near the school lang naman kaya nilakad na namin. Pabalik na kami sa school at may nakasabay kami na mag-ina sa daan. Nagsasalita ng dollar ang bata dinaig pa ata kaming matatanda.

"Langya, ang gagaling mag english ng mga bata sa panahon ngayon dahil kay pepa pig" salita ni kb at pailing-iling ng ulo.

"Ngayon alam ko na bakit tayo sinto-sinto. Hayop ka Mr. Bean! BAHAHAHAHAAHAHHA" abnormal na sagot ni S dahilan para magtawanan na naman kaming muli.

"Ano ba 'yan! totoo. Kasalanan talaga ni mr.bean kaya ganito tayo HAHAHAHAHAHA" sabi ko at inakbayan si S.

"Mga tanga ngayon ko lang naalala na ngayon epo-post 'yong napiling story theater club" sabi ko sa kanila, muntik ko na naman tuloy makalimutan.

"Tara diretsong theater club, nasa bulletin na ba nakalagay?" baling ni S sa akin kaya tumango nalang ako.

Pagdating namin ay sobrang daming tao na nagkumpulan sa board, si A nalang ang inutusan namin na tignan.

"Ano Ag?" tawag ko sa kanya no'ng pabalik na ito sa amin.

Bigla itong nag thumbs up at ngumiti.

"Seryoso?!" Sabay naming tanong at kaagad itong tumango.

"BAHAHAHAHAHA tangena bakit tayo nanalo what the heck, wala naman maganda do'n sa story natin kundi puro lang kagogahan" hagalpak na saad ni S. Sabagay tama nga naman at hindi ko rin ma gets bakit nanalo kami.

"Narinig ko lang mga tao kanina na nagustuhan nila 'yong plot twist tapos addition na 'yong mga kalokohan natin" natatawang paliwanag ni A.

"Langya HAHAHAHAHA"

"Kalokohan nga naman talaga oh at nanalo pa" sabi ko at napatingin kay S na malawak ang ngiti sa labi.

We were still celebrating when suddenly the bell rang. Panira naman 'yang bell na 'yan oh!

"May klase pa pala ako" sabi ko sa kanila.

"Kami rin, kita nalang tayo after class. Sabihan natin sila mommy mamaya na tayo nanalo" sagot ni S at tinapik ang pisngi ko.

"Sige, kitakits mga abno" paalam ko sa kanila at tinakbo na ang daan papuntang AB.

*

On going ang klase nang bigla nalang may nagsigawan, para bang nagkakagulo sila?

"Omg Rochelle! Diba si Krystal 'yon!?" turo ni Jem sa akin sa labas ng bintana kaya napalingon ako.

Nanlaki ang mata ko nang makita ang unggoy na nakaupo sa pinakadulo at nakalambitin ang mga paa habang sinisipa ang hangin!

"J-Jem, please tumawag ka ng rescuers!" Napabulaslas ako sa labis na kaba at tayo ng mabilis.

Mabilis akong tumakbo palabas ng classroom at tinahak ang daan papuntang AB paakyat sa rooftop nila! Pambihira kang keyboard ka at ka hindi ka pwede mamatay hanggat hindi ako nakakabawi sa ginawa mo sa akin, at lalong hindi ka tatanggapin mag-isa ni San Pedro! Asan ba mga kaibigan namin at bakit mag-isa lang ang unggoy sa rooftop! Akala ko ba may pasok sila?!

Habang paakyat nang hagdan ay nakasalubong ko si Ziallyn.

"Why are you running, Rochelle?" tanong nito pero hindi ako huminto at nagpatuloy lang sa pagtakbo paakyat.

"Kailangan kong makaakyat sa rooftop! Talk to you later my love!" Naghihingalong sabi ko at nilampasan s'ya.

Pagbukas ko nang pintuan ng rooftop ay agad kong tinawag ang unggoy.

"Keyboard! Jusko, anong ginagawa mo sa life hayop ka!" sigaw ko sa kanya at dahan-dahan nilapitan s'ya. Shit! trauma na ata ako sa lintik na rooftop na 'yan at nangangatog mga tuhod ko.

"Nag e-enjoy?" seryosong sagot nito.

"Umayos ka!" tinatagan ko ang sarili at mabilis lumapit sa pwesto n'ya.

Hindi ito sumagot at tipid lang ngumiti, "Ano ba kb, hindi magandang biro yan!" Bukyaw ko at hinawakan ang kanyang braso.

"Halika R, akyat ka rito tabi tayo" ano ba problema nito at may balak pa ata magpakamatay.

Napalunok ako dahil sa utos nito. Pero nilabanan ko na ang takot, kahit nangangatog ay sumampa ako

at dahan-dahan gumapang sa tabi n'ya. Sinilip ko ang ibaba and shit! sobrang daming tao at may net narin nakahandang sumalo kung mahulog man kami. Hinawakan ni K ang kamay ko kaya napatingin ako sa kanya, tapos bigla nalang lumagabog sa may pinto kaya sabay kami napatingin.

"Mga punyeta, anong trip n'yo at dito pa talaga kayo sa rooftop nag unwind!" sigaw ni S sa amin. Kasama nito ang dalawa pang kaibigan.

"E lock nyo ang pinto! nakalimutan namin e lock" sigaw ko kay S at ang baet nga naman dahil nilock ni Ag.

"Binabalak n'yo sa buhay ha? tatalon ulit kayo?" tumatakbong tanong ni I na palapit na sa amin.

"Ou, sasama kayo?" sagot ni K sa kanya.

Umakyat narin silang tatlo at tinabihan kami ni KB.

"Hala siraulo, ang daming tao sa baba ah" kalmadong saad ni A habang dinudungaw ang ibaba ng mga paa namin.

"Keybold, ano bang problema mo at naisipan mo dito pumunta?" tanong ni I sa kanya.

Ngumiti lang ito ng tipid saka umiling.
"Nakatanggap kasi ako ng tawag mula kay mommy, sinabing engage na raw ako sa isang lalaki na hindi ko naman kilala" nanlaki ang mga mata naming nakatingin sa kanya. Tangena?

"What the fuck!? ano 'yan marriage arrange!?" bulyaw ni I.

"Fix marriage tanga" sagot ko naman sa kanya.

"Ay ou nga same lang 'yon!" at inirapan ako.

"Sabi pa n'ya na ikakasal kami agad after graduation." malungkot na salaysay nito.

"WHAT THE FUCK!?" sabay na mura naming apat.

Tangenang yan, ano ba sila tita at wala man lang pakialam sa feelings ni KB!

"Hindi pwede! dapat ikaw pumili sa kung sino papakasalan mo!" galit na saad ni S habang nakakuyom ang mga kamao.

"Hindi ko pa nga nasasabi na mag-aaral ulit tayo ng crim ay ito na agad ang dumating na balita sa akin" dagdag pa nito saka bumuntong hininga.

Umusog ako sa kanya at niyakap s'ya gano'n din ang tatlo pa.

"Kb naman, hindi naman 'yan dahilan para tumalon ka ng rooftop. Hindi pwedeng mauna ka sa amin, dapat sabay tayong apat susugod kay san pedro" seryosong saad ko kaso humagalpak ng tawa ang mga walanghiya.

"HAHAAHAHAHAHAHAHAH ou keybold tama nga naman si R" pagsang-ayon ni S sa akin.

"Kung hindi talaga dahil sa inyo ay hindi ko na alam ang gagawin ko. Kayo nalang talaga na mga

kaibigan ang source of happiness ko" lumuluhang sabi nito kaya agad na pinahiran namin ni S ang magkabilang mata n'ya.

"Hindi ka ikakasal at mag-aaral pa tayo ulit. Trust us okay? Mahal na mahal ka namin doggy!" S said with assurance and kissed her on the cheek.

"Thank you guys, wala naman akong plano tumalon. Gusto ko lang talaga magpahangin dito" paliwanag nito.

"Langya ka, dahil sayo tignan mo o ang daming tao. Tingin ko nga cancelled lahat ng mga klase dahil dito" singit ni A at tinuro ulit ang baba kaya napatingin kami.

Ang dami nga talagang tao at gage nakita ko rin ang mga demogons lalo na si Ziallyn na may pag-aalala sa mukha. Pero kay Sj naman ata s'ya nag-aalala at hindi sa akin.

"Keybold wag kang mag-alala, hindi kami papayag na maikasal ka sa lalaki. Dapat sa babae lang!" seryosong saad ni S.

"AHAHAHAAHAHAHAHAHAHA" tawa ko ng malakas, tangena nakalimutan ko manhater nga pala ang unggoy namin at may point din naman ang sinabi ni S.

"Langya ka donkey, seryoso kasi" sabay irap ni S sa akin.

Napailing ang mga kasama namin saka humagikhik. Tinignan ko ang mga tao sa ibaba at feeling ko iniisip ng mga 'to nababaliw na kami dahil kahit mamamatay na ay nagtatawanan parin kami.

"Tara na nga at baka masipa pa tayo sa paaralang 'to dahil sa akin" sabi ni K at biglang tumayo.

Tumigil saglit ang puso ko nang namali s'ya ng apak kaya nahulog si KB!

"KBBBBBBBBBB!" sigaw naming apat at rinig namin ang mga sigawan mula sa baba.

"Nooooo my doggyyyy!" tangenang Sj 'yan.

Pero kasabay ng pagsigaw na 'yon ay ang pag unahan naming apat na tumalon para lang maabutan si KB na pabagsak na sa ground floor.

"AHAHAHAHAAHAHAHAH potangena ginayawa n'yong apat?" sigaw ni Kb habang pabagsak kaming lima sa ground floor. Sarap palang tumalon ng rooftop 'yong kusang loob ka talaga tatalon!

"Tanga sinasamahan ka lang sa trip mo" sigaw ko pabalik sa kanya.

"Akala ko ba may phobia ka Sj!?" sigaw naman ni I sa kanya

"BAHAHAHAHAAHAHHAHAHAAH" langya tumawa lang ang siraulo.

"Ay gaga ou nga pala pero hindi ko na naisip dahil sa adrenaline siguro HAHAHAHAHAAHAHAH" sagot nito habang tumatawa, tangenang adrenaline rush 'yan.

"HAHAHAHAHA hoy gago ang sarap pala sa feeling na mahulog ka mula sa rooftop" sigaw naman ni I sabay thumbs up sa amin.

Simula sa pagbagsak mula sa rooftop hanggang sa nag landing kaming lima sa isang sobrang laki na net ay nagtawanan lang kami na parang mga siraulo.

"HAHAHAHAHAAHHAAHAH"

"Hala isa pa isa pa!" Mabilis na tumayo si S at nagtatalon na parang bata habang kaming apat ay nakahiga parin sa malambot na bagay na sumalo sa amin.

"Tara ba HAHAAHAHAH" sagot ko at babangon na sana.

"CCB!!" awtomatikong napalingon kaming lima sa mga babaeng sabay na sumigaw.

Ang demogons pala na nag-uunahan tumakbo palapit sa amin at sa likod naman ng mga 'to ay ang mga chismosong estudyante.

"Oh my god! are you okay!?" nag-aalalang tanong ni pie kay S at chineck ang katawan nito kung may masakit ba o wala.

"Opo okay lang, wala naman masakit" sagot ni S sa kanya.

"Ano ba ang naisip n'yong lima! gusto n'yo bang magpakamatay!?" galit na tanong ni Everleigh sa amin.

Kawawa naman sila isa-isa pinagalitan ng demogons. Ako na nakahiga parin sa malambot na net na 'to, sarap matulog dito.

"Rochelle" biglang tawag sa akin sa gilid ko kaya napalingon ako.

Ang seryosong mukha ni Ziallyn ang nakita ko na may pag-aalala sa kanyang mga mata? sa akin ba nag-aalala 'to?

"Yes, Ziallyn?" sagot ko.

"Stand up" utos nito.

Bumuntong hininga muna ako bago bumangon at tumayo.

"Let's go!" rinig kong galit na boses ni pie kaya napalingon ako sa kanila.

Kawawang mga bata at kinaladkad ng kanilang mga mommies. Tatawa na sana ako nang bigla nalang hatakin ni Ziallyn ang kamay ko at kinaladkan din pasunod sa kanila.

Sheeemay ang daming tao nakatingin sa amin habang tinatahak namin ang daan. Saan nila kami dadalhin? paniguradong sermon ang aabutin namin kay pie nito!

Nandito kami ngayon sa office ni pie. Dito kami kinaladkad ng mga demogons, kawawa at natadtad nga kami ng sermon lalo na si Sj.

"Sorry pie, hindi n'yo kasi alam ang nangyayari. At isa pa alam naman namin na may net kaya tumalon narin kami. Sabi ko naman sayo na mahal kita pero mahal ko rin ang mga kaibigan ko" Sj said coldly. Natameme si pie dahil sa sinabi ni S sa kanya, mag halos isang oras din kaya nila kami sinermonan!

"Pasensya na po sa abala." Ako na mismo ang humingi ng paumanhin kasi mataas ang PRIDE chicken

nitong pinsan ko.

"Una na po ako" sabi ko sa mga demogons saka binalingan ang mga kaibigan "kita nalang tayo mamaya" Bahala sila at ayaw ko na makinig sa mga sermon nila.

Nasa hallway ako nang makasalubong ko si Jem na tumatakbo at may pag-aalala sa kanyang mukha.

"Are you crazy?! Love!? bakit kayo tumalon! nakakaloka na talaga kayo!" Akala ko wala na manenermon ngayon.

"Hindi naman sinadya pagkahulog ni KB kaya tumalon narin kami. Hindi ako nasaktan kaya wag ma mag-alala Jem," sabi ko at hinawakan nito ang mga balikat ko bago usisain kung nagsasabi nga ba ako ng totoo.

"Rochelle"

Napalingon ako sa likod dahil sa pagtawag ni Ziallyn. Palapit ito sa amin pero ang mga mata ay nasa kamay ni Jem na hawak ang mga balikat ko.

"Bakit?" sagot ko.

"Follow me, I have something to tell you" sabi nito at nilampasan kami ni Jem.

Nagtitigan kami ni Jem, anong pakay at pwede naman dito n'ya nalang sabihin? Napabuntong hininga nalang ako bago kausapin si Jem.

"Jem, kita nalang tayo mamaya. Baka importante ang sasabihin" sabi ko sa kanya, mabilis nya ako binitawan at ngumiti.

Nginitian ko muna s'ya bago sinundan si Ziallyn.

"Sitdown" utos nito nang makapasok ako sa office. Ano gagawin namin dito?

"Ano kailangan pag-usapan pusa?" tanong ko sa kanya.

May kinuha ito sa drawer n'ya na isang damit, wet wipes and hand sanitizer. Ano na naman ba ang gagawin n'ya sa mga 'yan?

Lumapit ito sa akin at inabot ang mga gamit na kinuha n'ya.

"Wipe your hands and use the sanitizer. Change your shirt after" my brow flinched upon hearing her statement.

"Why tho?" kunot noo kong tanong kaso sinamaan lang ako ng tingin.

Umiling nalang ako at pinunasan ang mga palad at ginamit ang sanitizer. Magpapalit na sana ako ng damit pero hindi ko alam kung saan.

"Cr lang ako, papalit damit" sabi ko at tumayo.

"No, just change here" bahagyang nanlaki ang mata ko dahil sa sinabi nito.

Seryoso ba s'ya sa sinasabi at dito pa talaga ako balak ipagbihis, sa harapan n'ya mismo?

"Okay strip me pusa" okay lang naman total may sando naman akong suot na inner.

"Excuse me?" malditang sagot nito.

Umiling nalang ako at mabilis hinubad ang shirt ko. Daming arte ni pusa, ayaw pa ba n'ya no'n nagpapahubad na nga ako sa kanya. Nahuli ko ang mga mata niyang nakatitig sa katawan ko ngunit mabilis din itong umiwas nang mapansing nakatingin ako sa kanya.

Umayos na ulit ako sa pag upo matapos magpalit ng shirt ko. Hindi ko ba alam at bakit pinagbihis ako nitong kuting na 'to, hindi naman marumi dumit ko at mas lalong mabango ako no!

"So, ano pag-uusapan. Miss mo na ba ako n'yan?" tanong ko at sumandal sa upuan.

"How's your cousin?" napabuntong hininga nalang ako dahil sa tanong n'ya. So tama nga ako na sa pinsan ko s'ya nag-aalala at hindi sa akin.

"She's fine, alam mo Ziallyn bakit hindi mo nalang kaya s'ya tanungin ng direkta. Kailangan ba talaga paulit-ulit ipamukha sa akin?" Hindi ko maiwasan ang hindi mainis, nakakainis naman talaga!

"Again, you deserve someone who is honest with you. Who will tell you how they feel. Not someone who will wait for you to find out, then try picking up the pieces, that's not love. Protect your heart" direktang sabi ko sa kanyang mga mata.

"Nandito naman ako, naghahanap ka pa ng iba. Para kang tanga, nakakainis ka" iritado kong salita sa kanya at padabog tumayo saka naglakad palapit sa may pinto ngunit bago pa man ako makalabas ay hinila nya akong muli at isinara ang pinto.

Napalunok ako dahil sa aksyon na ginawa ni pusa, ang sexy n'ya masyado. Hinawakan nito ang magkabilang balikat ko at itinulak kaya napasandal ako sa pader.

I was surprised 'cause she suddenly leaned her head on my chest. Hoy heart wag ka muna maging abnormal ngayon lang please, maririnig ka ni pusa!

"Stay" bulong nito.

"That's not what I meant" dugtong nito sa sinabi.

"Then what?" tanong ko.

"I'm actually worried about you" halaka! tama ba ako sa narinig ko? langyang Ziallyn 'to malandi.

"K-kumain ka ba kanina? kumain ka na muna" sagot ko sa kanya. Bakit bigla nalang nanghahatak ang kuting...pero jusko ang random nong tanong ko!

She shook her head. "I don't want to" langya matigas ang ulo, ano ba gusto nitong pusa.

"Then, what do you want?" tanong ko at napansing nakalugay pala buhok nito.

"You" seryosong sagot nito dahilan para magsimulang maging abnormal ang tibok ng puso at mag-init ang mukha ko.

Si Ziallyn ba talaga 'tong kaharap ko? sobrang layo n'ya sa kuting na kilala ko. Hindi s'ya ganito, anong masamang hangin nagtulak sa kanya para magkaganito?

"I-I meant food Zia! Y-you're also...ah okay that's enough" bakit ba ako nauutal!

"Love" tangenang love 'yan. Sana pala hindi ko nalang dinagdag sa rules ang pagtawag n'ya sa akin ng ganyan. Ako pa ata ang madedehado!

"Your heart might explode" sunod na sabi nito. Sinsabi ko na nga ba na naririnig n'ya na ang kaabnormalan ng puso ko eh!

"You're annoying" ako pa talaga ang annoying ngayon. The nerve tho.

Shit! I can't deny it anymore.
I want to kiss her! right here right now!

Tinanggal ko ang kanyang mga braso at malambing na hinaplos ang kanyang pisngi. Si Ziallyn, nakakabaliw siya lalo na kung titigan ako sa mga mata.

"I no longer know how I feel" seryoso masyado si kuting at hindi ko alam kung ano ang ibig n'yang sabihin sa sinabi n'ya.

"Shall we check?"

"How?" malamig na sagot nito.

Puso ko sasabog na.
Bahala na! basta akin ang bagsak mo..

I held no hesitation in my advances, determined to claim her lips as mine. She resisted at first, but I persisted and finally succeeded in drawing her tightly against me. As I wrapped my arms around her waist, she reciprocally embraced me. I leaned in once more, allowing our lips to meet. She returned the gesture, and I reveled in the warmth and passion of the moment. My mental smile broadened as our embrace became more intense.

Mariin akong napakagat sa kanyang ibabang labi.

"Hmm,"

Juskong ungol at ang sarap sa tenga, mas mas lalo ata akong naging aggressive.

"L-Love" she moaned my name out of the blue. Pinutol ko ang halikan naming dalawa at nagulat nang makita ang namumungay nyang mga mata na tila ba lasing kung titignan.

"I-I'm sorry." Mabilis kong paghingi ng tawad dahil mukhang sumobra ako sa nagawa sa kanya.

"Are you that thirsty for a kiss hmm?" she whispered and smirked seductively.

Napabitaw ako sa kanyang bewang at bahagyang napaatras. Wow, siya? Tinukso ako?

"U-um..." Asan na tapang mo Rochelle? Bakit natatameme ka bigla?

Puso, please lang kumalma ka. Napalunok ako dahil humakbang ito paabante at inilapit ang mukha sa tenga ko.

"Not bad." she whispered.

Not bad? Yung halik ko? Nagustuhan nya?!

"I look forward to what you do next" she smirked devilishly and left the office.

Upon being left alone, I felt dumbfounded.

Damn hot kitten!

Pero bago pa ito tuluyang makalayo ay hinabol ko sya palabas, hindi ko sasayangin ang oras na to lalo na at ganun ang buhok nya. Mas binilisan at lakihan ko pa bawat mga hakbang hanggang sa tuluyan ko syang naabutan ngunit may isang ipis ang nakangiting kausap sya.

"K-Kitten!" Sa una nagdadalawang isip ako tawagin pero bakit ako matatakot kung naka L mode sya?

Isang malalim na lunok ang ginawa ko nang huminto ito at binalingan ako. Sino tong ipis na feeling close sa pusa ko? Teka, familiar pero hindi ko kilala.

"Anything you want?" Tanong ni Ziallyn, bago ako binigyan ng nakakalitong ekspresyon.

"Miss kita." Diretso kong sagot na nagpataas ng kanyang mga kilay. Yung puso ko, pakiramdam ko sasabog na sa kaba.

"You, what?" Kainis, kahit narinig nya naman sinabi ko. Humugot akong muli ng isang malalim na hininga bago bumaba nang hagdan at nilapitan siya. Hindi ko kilala ang kasabay niya kaya tuloy-tuloy lang ang lakad ko palapit sa kitten ko.

"Sabi ko, miss kita kaagad." Nakangiti kong bulong bago inayos ang kanyang buhok sa gilid ng tenga.

"But we were together just a while ago and now you're already missing me?" Her eyebrow flinced pagkatapos makita ang pagtango nang aking ulo.

"Yes, mabilis kita ma miss-"

"ZB," biglang singit nong babae ngunit hindi ito pinansin ng pusa ko.

"Ang unfair mo, kitten," bulong ko at bahagyang ngumuso. Suddenly, she crossed her arms and lifted her chin before staring at me intently in the eyes.

"Me? Unfair?"

"Opo, iniwan mo ko kaagad kahit gusto pa kita kausap o makasama lalo na kung ganyan buhok mo. Tapos makikita kitang may kasamang iba tapos nakangiti pa. Diba unfair non? Ang sungit mo sa akin pero ang dali mo lang ngumiti sa iba, maging patas ka naman kuting." Rant ko sa kanya, mukhang di nagustuhan ni Ziallyn ang reklamo ko dahil wala ako makitang ekspresyon mula sa kanya.

"What are you saying?" She asked and tilted her head. Mahinahon kong ipinikit ang mga mata, alam kong gets nya sinabi ko pero bakit parang wala lang sa kanya.

"Wala, sige enjoy kayo." Aalis nalang sana ako at iiwanan sya sa ipis na nasa gilid kaso mabilis talaga kumilos si kuting at lahi ako hinihila sa braso.

"Bakit?" Tanong ko.

"Jealous?" Tignan mo at nananadya talaga.

"Ou, aminado akong nagseselos ako kasi mahal kita, matagal na, masaya ka na?" Sarkastiko kong sagot na nagpatigil sa kanya panandalian.

"Hello? Kitten?" Tawag ko at pumalakpak ng tatlong beses para bumalik si kitten sa katawan nya.

"Oh, okay?" Nginang yan, okay lang sagot nya?

"G." Alis na talaga ako, bahala sya.

"ZB, sasamahan mo pa ako, diba?" Rinig kong tanong nong isa, nandyan pa pala sya.

"Huh? No? Why would I go with you if this donkey of mine is jealous of you?" Awmatikong tumigil ang mga paa ko sa paghakbang at napabaling kay kitten.

Napakagat labi ako matapos makita ang kanyang pagkibit-balikat. Mabilis ko silang binalikan at hinawakan sa kamay si kitten bago inilayo sa babaeng hindi ko parin kilala at wala akong pakialam sa kanya.

"Hehe, cafeteria? Gusto mo strawberry?" Kinikilig ako pag nagdilang anghel si kuting.

"Alright, let's go."

Magsasalita pa sana yung isa ngunit hinila ko na si kitten hanggang sa tuluyan kaming nawala sa paningin nito. Kahit ganito lang muna sa ngayon, masaya ako at may progress sa aming dalawa ni kitten. Noon hindi ko sya malapitan at mahawakan, pero ngayon nagagawa ko na.

"Happy?" Napalingon ako kay pusa at mas lalong nilawakan ang ngiti.

"Sobra." Sagot ko at gumuhit ang tipid na ngiti sa kanyang labi.

"Good."

Akin lang ang pusa na to.

CHAPTER 13

-

Isang linggo na ang nakalipas simula nong maganap ang rooftop incident namin. Pinatawag ni principal panot mga parents namin at natadtad kami ng sermon nila tita at tito, hindi dahil sa nag-alala sila ha, kundi dahil naabala raw namin ang pag walwal nila sa Japan. Ang siraulo naman nilang anak tawa lang ng tawa.

Isang linggo ko na rin na hindi pinapansin si Ziallyn, hindi ko naman s'ya iniiwasan. Talagang hindi ko lang s'ya kinakausap kahit na magkasama kaming lahat. Hindi rin naman s'ya nagsasalita so patas lang kaming dalawa.

May kalaban narin pala ang CCB pagdating sa kalokohan, 8 members sila tapos kami 6 lang. Kahapon lang din namin nalaman sikat pala grupo nila sa campus pero wala kaming pakialam dahil may sarili naman kaming mga mundo.

At isa rin 'yan kaya hindi ko pinapansin si kuting dahil isa sa members no'n ay manliligaw n'ya, or let's just say na business partner nila tita Shirley ang parents no'ng kokey. Halos araw-araw ba naman nakabuntot sa kanya na parang asong ulol. Ang pusa naman gustong gusto! edi magsama silang dalawa.

"hahahahahahahaha" tawanan no'ng kabilang grupo na nasa tapat lang ng table namin.

Kanina pa 'yan sila maingay, sakit sa tenga ng mga boses nila.

"ZB!" ayan na nagsisimula na s'yang maging asong ulol. Nasa likod na siguro namin ang demogons o sinong Ponferrada ba 'yan.

"I miss you ZB" tangena napakalandi, kung pwede lang talaga sumakal ng hayop ay ginawa ko na. Pero ayaw ko naman makasuhan ng animal abuse.

"Payag ka n'yan R? may balak pa ata agawin kitten mo oh" sabay nguso ni I sa likod ko.

Nagseselos ako ou pero wala nga s'yang pakialam sa feelings ko, edi pakialam ko rin sa kanila.

"Pakialam ko. Hindi ako asong ulol" may kalakasan na sabi ko, i'm sure narinig nila 'yon sa likod.

"BAHAHAHAHAHAHAAHAH bark" bigla nalang tatawa 'tong pinsan ko pft.

Tumikhim si A saka tinignan ako sa mga mata. May sasabihin ata ang doraemon.

"By the way R, are you going to get a girlfriend this summer?" Lahat kami sa table napatingin sa kanya. Bakit natanong n'ya ang bagay na yan? Nasa tamang pag-iisip pa ba sya?

"Bigyan nyo nga pagkain at mukhang gutom pa yan." Sabi ko sa iba at pinagsawalang bahala nalang ang naging tanong nya.

"Yeeee, hanapan ka namin?" Isa pa tong pinsan ko, lakas mang asar.

Umiling nalang ako saka bumuntong hininga. "Hindi ko kailangan nyan, mabubuhay naman ako kahit walanv jowa." sagot ko sa kanya.

"Ay ou nga pala bar tayo tonight. Na miss kong mag bar! Also, may friend ako na gusto makipag-date may kasama rin s'yang mga kaibigan. Ano game ba kayo? syempre hindi pwede si S kaya maging wheeler muna s'ya" laki naman bunganga nito kahit nasa harap lang kami ay kailangan pa talaga lakasan ang boses? may saltik ata 'tong si I.

"Sure" tipid kong sagot.

"Ayon oh! sawakas at may makakadate ka narin RL!" sinamaan ko s'ya ng tingin dahil feeling ko talaga nananadya 'tong Iris sa paglakas ng boses n'ya.

"Papayagan ka kaya ni pie sumama ha, Sj?" tanong ko sa kanya at hindi nalang pinansin si Iris.

Ngumisi ito bago sumagot.

"Sasama 'yon, basta mga ganitong walwalan. Sasama at hindi magpapahuli ang mommy ko no at baka raw may lumandi sa akin" mayabang na sagot nito. Edi wow sanaol may guardian.

"Oh, edi ikaw na"

I heaved a sigh and stood up.
"Saan ka pupunta?" tanong ni A.

"Cr lang, puputok na pantog ko" sabi ko at nagmadaling tumungo nang cr.

Binilisan ko ang hakbang patungong CR at diretsong pasok sa cubicle. Napadami ata inom ko no'ng juice. Mabuti nalang talaga tapos ko na lahat ng mga projects. Kahit lagi kaming gumagala ay on time naman kami nagpapasa.

So, group date tonight.

I was surprised to see Ziallyn leaning out of my cubicle. The heck is she doing here?

Hindi ko ito pinansin at nilampasan lang upang maghugas ng mga kamay, ilang sandali pa ay lumapit ito sa akin at tumabi.

"This, yours?" sabi n'ya at pinakita sa akin ang piercing ko. Hinawakan ko ang tenga at nawawala nga talaga.

"My hair made it hard to see it. How'd you know it's mine?" I said and put my hair behind my ear for her to see.

"How many piercings do you have?" hindi ba uso sa kanya ang sumagot muna bago magtanong ulit.

"5"

"Doesn't it hurt?" bored ba s'ya at ako ang inaabala n'ya.

"Depends on the part, but it doesn't hurt that bad" sagot ko at kinuha ang panyo sa bulsa.

Tinalikuran na s'ya at lalabas na sana kaso biglang nagsalita ang pusa at hinila ang laylayan ng damit ko.

"Why won't you look at me today?" bulong nito pero narinig ko ang tanong nya.

"You avoided me for a week and didn't want to talk to me either" she said using her monotone voice.

"Come to think of it, you didn't talk to me like you always does" bakit parang obligasyon ko pa na kausapin s'ya araw-araw?

I turned to face her at kita ko ang seryoso nitong mukha, always naman seryoso 'to at bakit pa ako magtataka.

I heaved a sigh.

"We don't have anything to talk about, do we?" Malamig kong tugon at nakita ko ang pag arko ng kilay n'ya.

She crossed her arms. She walked towards me which made me retract.

"What's wrong with you?" she said coldly.

Wala naman akong problema, ayaw ko lang kausapin ka dahil naiinis ako sayo pero heto ka nanaman at ginagambala ako.

"There's nothing wrong with me..." sagot ko at nag-iwas ng tingin sa kanyang mga mata, nakakalunod masyado mga tinginan n'ya.

"Don't get yourself a girlfriend there" I was a little surprised dahil sa kanyang boses, tono na tila ba nagbabanta. I frowned as I looked at her again.

She walked even closer to me and whispered.

"Just date, don't let her touch you" she huskily whispered on my ear. Damn you kitten!

She's saying things like that as if they mean nothing. I don't know if she has said these things to S previously or if this is something she just says to me. I am also uncertain if she is just joking around or if there is some truth in her statements. I am confused about her thoughts and intentions.

"Ano naman kung hahawakan n'ya ako? single naman ako. Ikaw nga nagpapahawak at yakap ka pa tapos ako pagbabawalan mo, okay ka lang ba?" pinilit ko talaga ang sarili na hindi ipakita ang pagiging iritado ko. Ano ka gold?

Kinuha ko na ang piercing at muling isinuot.

"Thanks" sabi ko sa iniwan s'yang mag-isa sa cr.

Sawa na ako kakahabol sayo, alam kong may laro pa tayong dapat tapusin. Saka ko nalang iisipin 'yon basta ay naiinis ako sayo ngayon.

"Hoy bakit ang tagal mong umihi? akala ko nalunod ka na sa cr" tanong ni S.

"ZB!"

Sinilip naman ni S ang nasa likod ko bago ngumisi.

"Kaya pala matagal nakabalik dahil may ka date sa loob." pang-aasar nito. Inikutan ko nalang ng mga mata at umupo sa pwesto ko.

"Breeeeeeyk ttttaaaaaym!" biglang sigaw ni K kasama ni I na galing sa counter. Ay bumili pala silang pagkain, kaya pala nawala bigla ang mga baliw.

"Burjeeeeeeeeer" sabay nilang sambit na dalawa sabay pabebe na yumuko.

So, ano trip nila? Nagkatitigan pa silang dalawa at sabay nagtaas ng mga kilay. Problema ng dalawang baliw na 'to?

"Girls gusto n'yo ba ng burjeeeer!?" maarteng sigaw ulit nilang dalawa. Nagkatitigan nanaman silang dalawa na parang nag aamok ng gulo?

"Are yow kumpeyting wid me?" maarte na saad ni I, langyang accent 'yan.

Tamang nood lang kami sa kanilang dalawa, nagbabardagulan at may hawak na mga burger.

"Aaaaar yoooo treyyyteeeend?" jusko isa pa 'tong keyboard, sabay paikot ng kanyang mata.

"Breeeyng it owwwn" sagot ni I sa kanya saka kami muling binalingan.

Ang kanina na maingay na cafeteria ay bigla nalang tumahimik. Ganito talaga nangyayari pag may dino-dogshow si Sj sa amin. Lumapit si keyboard sa table namin habang gumigiwang, napakagat labi ako dahil sa trip nila. Huminto ito mismo sa tapat ko.

"My buuuuurjeeeeer" potangena haha.

"Has saaawwws made wid freshly pig tomatoowws from da high mountain of da pilipinz" humagalpak kami ng tawa dahil sa lintik na accent 'yan sabayan pa ng pagka-arte kuno.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAAH"

"Wattabawyours?" sabay baling n'ya kay I at nag flip no'ng buhok ahaha.

Si Iris ngumisi lang saka umabante at tinabig ang mukha ni K, jusko mga sairaulo.

"Myyy booooorgeeeer! Has banana ketsap wid anti oksidaant, anti inplammatory, anti heystamin, anti bayotic with glutatayown and king cobra bayot!" Mas lumakas pa tawanan naming ccb dahil sa sinabi ni I, wala akong naintindihan sa sinabi n'ya. Burger lang naman sana topic tangena haha.

Sabay pitik nito sa noo ko at maarteng umikot upang harapin si K.

"Ah gano'n!" sabay sampal ni K sa kanya pero do'n n'ya sinampal sa palad nito na nasa ibaba lang ng chin ni I. Si Iris, todo kung maka arte kasi tumilapon daw kuno s'ya, pambihira. Bumalik ito kay kb habang nag mamartsa hahaha.

"Gano'n!" ganting sampal nito kay K

"Charriiizzz HAHAHAAHHAAHAHAH" sabay na tawanan nilang dalawa at patalon-talon na bumalik sa table namin.

"Langya nakakagulat trip n'yo" sabi ni A at pumalakpak.

"BAAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH" kami naman ni S patuloy lang sa tawanan na dalawa.

Bigla nalang umupo si Iris sabay tap nitong table namin na parang lumilikha ng isang beat.

"Go keybold!" sabay turo ni I sa kanya.

"I believe I can fly, fly high sayo. I believe I can touch the sky touch, touch. Hindi ka makakapunta ng langiiiiiiiit, kasi demonyo kaaaa" sabay turo nito sa akin, siraulo 'tong mga babaeng 'to at ako na naman ang pinagkaisahan ah!

"BAHAHAHAHAHAAHAH demonyo kaaaaaaa" isa pa 'tong pinsan ko, kung tutuusin s'ya talaga demonyo sa aming grupo.

"Hampasin ko kaya kayo nitong foodtray?" iritado kong saad at inirapan sila.

"Pero hoy, parang gusto ko maging vlogger" tumaas kilay ko dahil sa sinabi ni Kb.

"Tanga anong magiging content mo, mga kagagohan natin? Like, hello mga pakshet nandito na naman po tayo sa panibagong kagagohan ng ccb. Ang vlog po namin ngayon ay kung paano tumalon ng rooftop ganern?" Humagalpak ako ng tawa dahil sa sinabi ni I.

"HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH hayop ka pwedeee!" pagsang-ayon ng magaling kong pinsan.

"Tapos vlog tayo sa sementeryo, shout out shout out lang. Hello shout out kay bestfriend namin na si Aubrey na namatay no'ng bata pa kami, miss ka na namin magpakita ka naman" tangena nito ni kb ang sama ng ugali hayop na 'yan at dinamay pa ang nananahimik na si Aubrey.

"HAHAHAHAAHHAHAAHHA siguro pinagtatawanan ka lang ni Aubrey ngayon keyboard" hagalpak ni S sabay hampas-hampas sa lamesa.

"Tapos pag nagpakita mauuna ka pa tumakbo no? HAHAAHAHAHAHAH" tanong naman ni I sa kanya.

"Title mo sa vlog kb. How to interview a ghost" mas lumakas tawanan namin dahil kay A, yawkona hahahaa.

Pambihira naman talaga oh! kung ano nalang talaga naiisipan nilang kalokohan. Napatigil kami sa pagtatawanan dahil may malakas na hampas kaming narinig mula sa aking likura.

"Pwede hinaan n'yo mga boses? hindi lang kayo ang taong kumakain dito" biglang salita sa likod ko kaya napalingon ako.

Oh it's the kokey na nakapulupot na naman ang kamay kay Zi. Tumayo ako at hinarap ito.

"Sorry? May sinabi ka? Hindi ko kasi narinig, pakiulit?" Malamig na may pagka sarkastiko kong sagot sa kanya. Hindi ko tinapunan ng tingin si Ziallyn, at diretso ang mga titig kay kokey.

"BAHAHAAHAHAHAHAHAAHAA" kilala n'yo na kung sino ang abnormal na 'yan.

"Wow tumatapang RL namin!" Bulyaw ni Iris, proud sya nyan?

"Ang sinasabi ko lang you're disturbing the people" malditang sagot nito sa akin at taas nang kilay.

I rolled my eyes and shook my head.

"Ang sinasabi ko lang din ay-NEVERMIND, why am I explaining to someone who has no value? Who are you?" Titig na titig parin ako sa kanya wearing my bored expression, at naghihintay sa susunod nyang gagawin.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA I LIKE THAT, I LIKE THAT!" tangena nitong pinsan ko.

"Hindi mo ako kilala!?" Padabog itong tumayo at kulang nalang sugurin ako. Hinintay ko talaga itong tumapat sa akin bago sinagot ang walang kwenta n'yang tanong.

"Magtatanong ba ako kung kilala kita? Mahirap ba intindihin ang salitang WHO ARE YOU?" Kalmado lang ako rito samantalang s'ya ay namumula na ang mukha sa inis.

Nagulat nalang ako nang biglang sampalin nito ang mukha ko. Napangiwi ako sa sakit, hindi ko inasahan 'yon gago.

"Loraine!" tawag ni Ziallyn sa kokey na 'to. So that's her name.

"R!" tawag ng mga kaibigan ko at lalapitan sana ako. I used my hand to let them know na ayos lang ako.

Pag angat ko ng paningin ay nakita ko si Ziallyn na pilit inilalayo ang kokey sa akin. Tangena mo akala mo papayag akong hindi makaisa sayo?

Mabilis akong lumapit sa kanya at walang pasabi na sinuntok ang sikmura nito kaya napaluhod bigla sa harapan ko.

"HOOOOOOOO that's our donkey!"

"BAHAHAHAAHAHAHAHHA good job dear cousin!"

Si Ziallyn na nanlaki ang mata dahil sa ginawa kong pag sikmura sa kokey n'ya. Speechless stupid cat?

Yumuko ako upang tignan si kokey, nakaluhod sa harap ko at namimilipit sa sakit. Pasensya na at mukhang napalakas ata ang suntok ko.

"Hindi ako nananakit ng maganda, pero pag panget na katulad mo. Masasaktan ka talaga" walang nagbago sa tono ng pananalita ko. Malamig parin at wala akong pakialam kung kampihan pa s'ya ni Ziallyn, edi magsama silang dalawa.

Nakita kong tumayo mga kasama ni kokey upang rumesbak, pero bago paman sila makalapit sa amin ay nakalapit na ang CCB sa tabi ko.

"Rochelle, stop." napalingon ako kay Ziallyn, so kinakampihan n'ya 'to kumpara sa akin?

"Pagsabihan mo ang aso mo, hindi ako ZIALLYN PONFERRADA" sabi ko sa kanya at nagsimula na maglakad palabas ng cafeteria.

Pero hindi pa man kami nakakalabas ay biglang sumakit ang ulo ko. Sobrang sakit na parang pinupukpok ng martilyo.

"S-Shit!" sambit ko at muntik matumba, mabuti nalang nakahawak ako sa balikat ni S.

"R!" sigaw nito, lakas ng boses tangena.

"Ahh f-fuck!" sinusuntok ko ang ulo ko dahil sa sobrang sakit, hindi ko na alam ang gagawin.

"RL!"

"My god anong nangyayari sayo!"

"Shit, let's bring her to the clinic!"

Lumalala na ata 'tong sakit sa ulo ko kahit na may gamot naman sana ako. Dahil siguro do'n sa sampal kaya naalog masyado utak ko.

Napaluhod na ako at patuloy parin sa pag suntok ng ulo habang umiiyak na sa sobrang sakit, feeling ko sasabog utak ko.

"C-cous, my med please. N-nasa bag ko ughh f..fucking hurt!" My voice crack while sobbing.

"Rochelle!"

Napatingin ako sa babaeng humawak sa mga braso ko, napansin kong may sobrang pag-aalala sa kanyang mukha lalo na sa kanyang mga mata.

"M-My med..." mahinang bulong ko at sumandal sa balikat nito.

"J-Ja her medicine faster!"

for the first time ay narinig ko rin ang pag-aalala sa boses n'ya at lalo na ang makita ang mukha nito na sobra ang pangamba.

"Tangena asan dito gamot mo R!"

"Tatlo ang nandito! anong kulay RL!" natatarantang salita nila.

"Give me the red one and go get a water!" utos ni Ziallyn sa kanila.

Nakasandal lang ako na namimilipit sa sakit habang yakap-yakap ni Ziallyn ang bewang ko.

"Nandito na tubig!" sigaw ni I sa likod ko.

"L-Love, come on, please drink your medicine" nanginginig ang boses ni Ziallyn at inalalayan ako.

Bakit ba mas napapadalas ang sakit nitong ulo ko sa mga nakalipas na araw. Umayos ako ng upo at si Ziallyn na mismo ang nagpainom ng gamot sa akin.

"Tangena RL, wag mo naman kami patayin sa takot!" Nagulat ako sa tono ni keyboard at napansin ang luha sa kanyang mga mata.

"Wag mo kaming tinatakot donkey, bwesit ka!" Napayuko ako dahil sa hampas ni Sj sa ulo ko, grabe masakit na nga ulo ko!

"Ja!" Lahat kami ay nagulat sa pagtaas ng boses ni Ziallyn kay Sj, first time nangyari tinaasan nya ito ng boses?

Mabuti nalang mabilis umeepekto gamot ko, unti-onting nawawala ang sakit na nararamdaman ko, ang lakas masyado nitong gamot na 'to.

"Tara sa clinic, may sugat din sa mukha si R oh. Kalmot na ata 'yon kanina at hindi sampal e" Turo ni I at agad yung tinignan ni Ziallyn, kanina pa to parang naiiyak sya pero pinipigilan lang? Takot ba sya dahil sa nangyari sa akin o may ibang dahilan?

"Let's go" bulong ni Ziallyn at inalalayan akong makatayo.

"ZB!"

tawag ulit ni kokey sa kanya, asong ulol nga talaga s'ya. She just looked at her with a blank expression.

"I didn't give you permission to call me by that name. Tell your parents that I will not sign the contract. I don't care about your company" she said coldly and held my hand.

Nag-iba ata ihip ng hangin? parang kanina lang kinampihan n'ya pa si kokey ah. Akala ko nakalugay buhok n'ya dahil tinawag n'ya akong love kaso hindi pala at nakatali parin ito.

"Can you walk?" tanong nito sa akin.

Kaya ko naman maglakad, ulo lang naman masakit at hindi naman ako lumpo.

"Medyo masakit parin konti kaya dahan-dahan lang" sagot ko sa kanya. Bigla tumunog ang bell, thankfully ay mamaya pa 5pm pasok ko.

"Hala may pasok kami kay pie!" bulaslas ni S at tumingin kay I.

"Ou meron meron!" sabi naman bi Iris.

"Ha? Diba wala--" hindi natapos ni K ang sasabihin dahil tinakpan ni S bibig n'ya saka tumingin kay Ziallyn.

"Zi pwede ba ikaw nalang maghatid sa pinsan ko sa clinic? baka kasi mapagalitan na naman kami ni pie at hindi papasukin" suyo nito with her matching puppy eyes.

"Okay" sagot ni Ziallyn sa kanya at hinawakan muli ang kamay ko.

Bago paman kami lumayas ay nakita ko pa ang pag ngiti nila sa akin. Hindi ko nalang pinansin at nagpatianod na kay Ziallyn.

"Rochelle, ano nangyari sayo at dinala ka na naman dito?" salubong agad ni nurse sa amin at hahawakan sana ang mukha ko kaso hinarangan s'ya ni Ziallyn.

"Give me a band-aid and Ice pack" utos nito sa nurse.

Hinatak n'ya ako sa pinakadulo na kwarto. Bakit ako hinila rito kung band aid lang naman kailangan namin?

"Why here? pwede naman do'n sa labas" sabi ko at pinaupo ako sa kama.

Hindi s'ya sumagot at kinuha lang ang band-aid saka nilagay sa mukha ko.

"Diba dapat 'yong Loraine inaalala mo at hindi ako?" tanong ko ulit habang nakakunot ang noo.

"She's not even an important person" malamig na tugon nito.

I didn't answer and just massaged my temple. Nagsisimula na naman jusko.

"Your migraine is getting worse, you need to see a doctor" seryosong saad nito at inalis ang kamay ko sa templo. S'ya na mismo ang nagmasahe, ano nakain nito?

Nakaupo ako sa kama habang s'ya ay nakatayo lang sa harap ko at minamasahe ako.

"Love mo na ako n'yan pusa?" kumunot na na naman ang noo nito.

"I'm just worried, okay?" she said irritatedly.

"Wala ka bang pasok o trabaho as student council? dami mo namang time" tanong ko at ipinikit ang mga mata.

Sarap sa pakiramdam mag masahe si pusa, marunong pala s'ya? may hidden talent din pala ang supladang 'to.

"Meron" tipid nitong sagot.

Oh meron pala at anong ginagawa rito? pwede naman akong iwanan mag-isa total hindi na gano'n kalala ang sakit.

"Alis ka na, ayoko makaabala" pagpapalayas ko sa kanya para makatulog din ako.

"Are you still coming tonight?" anong coming tonight ba tinutukoy nito. Ah baka 'yong date na plano ni Iris.

"Ou" tipid kong sagot saka iminulat ang mata. Hindi ko masalubong ang mga seryosong titig ni Ziallyn sa akin.

Pero infairness may character development na ang nangyayari sa kanya simula no'ng nag start ang friends and lovers game namin. Mas nagiging vocal narin ngayon kumpara noon at mas lalong may konting care narin s'ya.

"Have you had a change of heart lately?" Biglang pumasok sa isipan ko.

"Why are you asking that?" sagot nito.

"Hmm I'm happy you're talking to me but somehow... I think there's something else you wanted to talk to me about" pinagmasdan ko talaga ng maigi ang magiging reaksyon nya.

"N-None" bakit nauutal?

"Why are you stuttering then?" Medyo namumula mukha n'ya, wala naman akong ibang sinabi para pamulahan s'ya?

"I'm also a girl kitten, and girls are contradictory beings who say the opposite of what they want" I said and shook my head.

"Fine, I find talking with you really fun, and so I'd like it if we can talk more" bakit bigla nalang ata naging uncomfortable ang pusa? pinagpapawisan s'ya kahit naka aircon naman.

"So..." wala ata lakas ng loob ang pusa. I moved my hand at pinunasan ang pawis sa kanyang noo.

"Bakit pinagpapawisan ka?" I patted her head.

"Don't worry, just take it slow. I won't mind" pagkasabi ko no'n ay agad na kinuha nito ang kamay ko sa ulo n'ya at tinignan ako sa mga mata.

The heck, bakit ang pula masyado ng mukha n'ya at umabot hanggang tenga?

"I want to start being friends with you" napatulala at nganga ako sa sinabi nito.

Nanlaki ang mga mata ko at bahagyang nakanganga dahil sa hindi ako makapaniwala sa sinabi n'ya.

It took me a few seconds before I could speak again.

"Ziallyn, did you just friendzone me!?" I asked in disbelief. Pero friends naman talaga kami? ay hindi ko gets ang ibig sabihin ni pusa! sumasakit ang ulo ko kakaisip!

"I mean-"

Biglang tumunog phone ko kaya napahinto si kuting sa pagmasahe, mabilis ko itong kinuha at tinignan kung sino ang caller. Napakunot ang noo ko dahil unknown number pero sinagot ko parin ang tawag.

"Hello?"

"Honey!" Nanlaki ang mata ko nang marinig ang boses nito.

"I missed you! I'm going back to the Philippines on friday!" masiglang tinig nito mula sa kabilang linya.

Napangiti ako dahil tinupad n'ya ang pangako na susunod s'ya sa akin.

"I miss you too and I can't wait to see you again" sagot ko sa kanya at lumapad ang ngiti sa aking labi.

"Can you pick me up on Friday?" tanong nito.

"Of course!" agad na sagot ko.

"All right, see you honey! I love you bye"

"I love you, see you on Friday bye" sagot ko sa kanya at pinatay na ang tawag.

"Really, in front of me?" awtomatiko akong napaangat ng tingin kay Ziallyn, nakalimutan ko nandito pa pala s'ya.

Hindi ko alam kung galit ba s'ya o hindi dahil wala naman nag-iba sa tono ng pananalita at mas lalo na sa mukha?

Hindi pa man ako nakakapagsalita ay mabilis na itong naglakad at pabalibag na sinarado ang pinto. Problema no'n at umalis nalang ng walang paalam? aw sabagay palagi naman, bakit pa ba ako nagtataka.

-

"Asan ka na ba tanga, kanina ka pa namin hinihintay" tawag ni S sa kabilang linya.

Pinauna ko na kasi sila sa bar kasi may dinaanan pa akong lugar kaya late ako ng 30 minutes. Kasalukuyan ko na tinatahak ang daan papuntang bar.

"Malapit na, may dinaanan pa kasi ako. Saan kayo banda?" tanong ko habang naka focus parin sa pag da-drive. Mabuti nalang at pinahiram sa akin ni S ang kotse n'ya, nakakatamad mag motor kaya hiniram ko nalang.

"Dito lang sa baba, basta makikita mo naman kami kaagad pag nakapasok ka na" sabi nito.

"Okay, malapit na ako" sagot ko sa kanya at pinatay na ang tawag.

Mas binilisan ko pa ang takbo ng sasakyan baka bubungangaan ako no'n pag inabot pa ako ng isang oras. Pagpasok ko ng club agad ko nakita table nila S, ang daming tao kahit 9pm palang.

"R!" tawag ng pinsan ko nang makita ako at kinawayan.

Woo kita ko ang mga babae habang palapit ako sa table pero nakatalikod silang apat mula sa direksyon ko. Hindi na namin sinama si nerdy kasi busy masyado dahil graduating student at maraming hinahabol na deadlines kasama na 'yong thesis.

"I'm so sorry kung natagalan ako" paghinging paumanhin ko pagkalapit sa kanila.

"Saan ka ba galing ha?" taas kilay na tanong ni S. Katabi nito si pie ngayon, tahimik lang umiinom at walang pakialam sa mundo.

"Basta"

"Hoy RL, halika papakilala kita sa kanila" tawag ni I sa akin kaya napalingon ako sa kanya.

"Hey hey, this is RL." Pagpapakilala nito sa akin. "Kaibigan ko nga pala, si Marian at kasama mga friends n'ya." Sabay turo sa mga kasamahan no'ng Marian.

Pero nakuha ng isang babae ang atensyon ko, nakaupo ito sa kabilang side nitong table namin. Umikot ako at tumabi sa kanya dahil ito nalang ang available na pwesto.

"At ang huli, si Catherine" pagpapakilala ni Marian kay Catherine.

"Hi R" malambing na sambit nito saka nginitian ako ng sobrang tamis.

Napalunok ako at nagdadalawang isip kung sasagot ba ako sa kanya o hindi. Kinakabahan ako, bakit bigla nalang bumilis ang pintig nitong puso ko.

"Hi." Bilang respeto, sumagot parin ako.

Bigla nalang akong kinalabit bi K.

"Hoy RL okay na ba ulo mo? hindi na masakit? dinala mo gamot?" ang daming tanong nitong monkey namin.

"Ou okay na, dala ko gamot. Don't worry" agad na sagot ko at binalingan muli ang babaeng katabi.

"How are you?" she asked softly.

Bakit ganito nararamdaman ko?

"I'm good, ikaw?" balik ko sa kanya saka nagsimulang uminom ng beer.

Malakas ang musika kaya hindi madadala sa normal na boses, kailangan talaga mag bulungan o kaya lakasan ang mga boses.

"Kakabalik ko lang ng pinas kahapon." sagot nito at hindi parin nawawala ang matamis nitong ngiti sa kanyang labi.

Tipid akong ngumiti saka tinignan ang mga kasama ko. Ang saya nila nakikipag landian sa mga partners nila ah. Pinsan ko mukhang namomroblema dahil sa asawa n'yang mukhang masama ata ang timpla. Napailing ako at nagpatuloy sa pag inom hanggang sa hindi na namin namalayang malalim na pala ang gabi at naparami narin ang mga nainom.

Biglang tumayo si I at tinaas ang kamay na may hawak na bote.
"Hooooooooo! Tagay tagay paaaaa!" sigaw nito at nagtatalon.

I checked my wrist watch at almost midnight na pala. Sa bahay kami nina S at Pie uuwi kaya malakas loob namin mag walwal tonight.

"Hayop ka Iris! umupo ka at wag kang malikot!" singhal ni Kb sa kanya saka hinatak paupo. Hindi pa naman siguro sila mga lasing?

Napailing ako na ngumingiti habang pinagmamasdan ang dalawa.
"R" nagulat ako sa malambing na boses na bumulong sa tenga ko.

Pansin kong lasing na si Catherine, marami s'yang nainom at hindi rin s'ya sanay sa inuman dahil mabilis lang itong malasing.

"Are you okay?" tanong ko at pinaayos s'ya ng upo.

"R, I'm sorry" biglang sambit nito saka isinandal ang ulo sa balikat ko.

"Sorry kung iniwan kita ng walang paalam. Natakot lang ako dahil bata pa tayo no'n at wala pa akong kaya patunayan sa mga magulang ko" bakit kailangan pa n'ya ipaalala ang nakaraan.

Catherine's my Ex, wala kaming proper closure dahil bigla nalang itong naglaho na parang bula no'ng nasa states palang ako. Nakilala ko s'ya sa university na pinasukan ko, maganda, matalino, sikat, mayaman at habulin ng mga lalaki.

Nagulat nga ako no'ng amining may gusto sa akin. Syempre masaya ako dahil mutual ang feelings namin. We've been together for almost a year at sa mismong anniversary namin ay bigla nalang itong naglaho na parang bula.

It also took me almost a year of introspection and self-realization before I could accept the fact that I had nothing to look forward to. I decided to return here and continue my studies as a way to channel my feelings of frustration and hopelessness. Sa daming babae naman makakadate ko tonight, bakit ex ko pa! Aaminin ko nasaktan ako nang makita ko s'ya kanina pero 'yong pagmamahal ko wala na.

"Ayoko na pag-usapan, masaya na ako kung anong meron ako ngayon" ang tanging naging sagot ko nalang. Ayaw ko na talaga pag-usapan ang nakaraan, past is past at hindi na 'yon maibabalik pa.

"Hoooy hooooy laro tayo mga tangaaaaaaa!" Pambubulabog ni Iris sa aming lahat.

"Anong laro?" Tanong ni keyboard,

"By pair 'to ha, ang tawag dito ay penalty game" agad na nag arko ang kilay ko dahil sa sagot ni I, anong klasing laro yan? hindi ko alam ang larong 'to.

"Elaborate" sabat naman ni A.

Ang S tahimik lang sa gilid, malamang may bantay na dragon e.

"Mag bato-bato pick lang tayo tapos kung sinong pair yung maiba sila ang gagawa no'ng penalty" pagklaro nito.

"And then anong klasing penalty ba gagawin?"

"Iinom ng isang baso, I mean kayong dalawa ng partner mo pero dapat may skinship na mangyayari. Like for example holding hands n'yo iinomin ang alak..." napatango kami sa sinabi nito. Lahat naman sumang-ayon at pumayag sa larong naisip ni I.

"All right, game" sabi ko.

"Okay first penalty, level 1. Has to drink with your arms twined" sabi ni I, hmm okay nothing special.

"Ready...bato-bato pick!"

"Woooo nice nice" palakpak ni A dahil sila ang gagawa no'ng first penalty, lasing sya kasi binanatan ni Iris ng alak, madaya.

Nilagyan ni I ng alak mga baso nila.

"Okay lesgo!" dumadldal ata ang doraemon namin tonight. Mabilis ginawa no'ng partner n'ya ang penalty.

"Next! Bato-bato pick!"

"BAHAHAHAAHAHAHAH pie tayo ang gagawa" naks ang saya lang ni S.

Si A ang magbibigya ng penalty at kung anong level dahil sila ang previous na natalo.

"Level 2. On the lap" nakangising saad ni A kay S.

Hindi na nag-aksaya ng oras si pie at mabilis tumayo saka kumandong kay S sabay kuha no'ng baso sa table.

"Wooooooooo" hiyawan namin. Si Sj sobrang lawak ng ngiti sa labi dahil nasa kandungan nya ang dragon habang iniinom nila ang alak. Mapapa-sana all ka nalang talaga.

"HAHAHAHAAHAHAHA nakalimutan ko e record" tawang saad ni K saka napakamot sa ulo.

"Sus, record pa. Pwede naman live show" humagalpak ako ng tawa dahil sa sinagot ng pinsan ko sa kanya, napakawild talaga ng hayop na 'to.

"HAHAHAHAHAHAAHAHAH" tawanan namin magkakaibigan.

"Done na! ako gagawa next penalty. Level 4! Mouth to mouth BAHAHAAHAHAHAHA" nanlaki ang mga mata namin dahil sa penalty ni S. Kaya ayaw ko s'ya makasama sa mga ganitong laro dahil daig pa sa magjowa ang ipapagawa!

"Ayan! maganda!" Si Iris, uhaw sa halik.

"Bet." wala na talaga pati si doraemon namin naubos na braincells.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA okay nice. Game! ready" sabi ni S at nag ready na kaming lahat.

"Batoooo...bato...pick!"

Tangena naman 'yan! bakit ba pag kay S na penalty ang gagawin ay sa akin napupunta!

"Omg! BAHAHAHAHAHA" hagalpak ng walang hiya kong pinsan.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA R galingan mo!" saya lang kb?

"Sabaok lahat all HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHAH" ang saya nilang pinagtutulungan ako.

I took a deep breath...

"Anong klasing penalty naman 'yan Sj!" padabog kong reklamo sa kanya. Porket safe na s'ya kasi may dragon na!

"bAHAHAHAAHAHAHAH dali na! Mouth to mouth!" napasinghap at hilot ako ng noo. Lord, please lang pakihabaan pa po yung pasensya ko.

"Go Catherin, ikaw na ang uminom" sabi naman ni Marian sa kanya. Hindi man lang pumalag at mabilis na sinunod ang kaibigan!

"Iba nalang hoy!" Reklamo ko.

"Why RL? it's just a game" maldita na tanong ni pie saka ngumisi, ang pinsan ko mala demonyo rin kung makangisi. Bad influence masyado ang pinsan ko at ang matino na pixie ay nagiging demonyo narin sa paningin ko.

"Daming arte donkey! wala ka naman jowa dali BAHAHAHAAHHAAHA excited na ako sa show, bagal naman" kumunot ang noo ko dahil sa sinabi nito.

Ay bahala na nga potangena nila.

"Goooo aaaar eeeeL!" ang malanding kb na nakayakap sa bewang no'ng ka date n'ya.

Napaigtad ako dahil bigla nalang tumayo si Catherine. Hinawakan ang magkabilang balikat ko at pinaharap sa kanya. Napakurap ako ng maraming beses at lunok. Ininom na nito ang alak sa harap ko mismo, at ngayon ready na para ipainom sa akin! Gusto ko s'yang itulak pero 'yong katawan ko walang balak sumunod!

"Wooooooohooooooooo" hiyawan ng mga ccb.

"Halaaaa ayaaaan naaaaa BAHAHAHAHAHAHA" si S na nagsimula na naman tumawa. Bigla akong kinabahan dahil sa kanya!

Lakas ng kabog nitong puso ko habang papalapit na ang mukha n'ya sa mukha ko. dagdagan mo pa sa mapang-akit n'yang magandang mukha. Ibang kaba ata 'tong nararamdaman ko ngayon langya. Parang may bagyo na paparating kung ako tatanungin.

"10...9...8...7...6...5..."

Bigla nalang nagbibilang 'tong pinsan ko.

"4...3...2...1..."

But before Catherine could press her lips to mine, a hand intervened and covered my mouth with such fervor that it startled me. I looked up to see who had placed their hand over my mouth and was shocked to discover that it was none other than Ziallyn herself!

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA"

Amoy strawberry ang palad ni Ziallyn tapos ang lambot pa masyado. I opened my mouth and licked her palm, pero ang madilim na mukha ni pusa ang sumalubong sa akin.

"I said just date. I didn't tell you to kiss someone else..." nanindig mga balahibo ko dahil sa sinabi nito. Her voice was so so so deep and cold.

"Who is she, R?" tanong ni Catherine sa harap ko.

"And you?" balik ni Ziallyn sa kanya.

"I'm her girlfriend, Catherine"

kulang nalang ata mag collapse ako dahil sa naging sagot nito kay Ziallyn. Literal na naging yelo ang katawan ko matapos banggitin na girlfriend ko ito!

"What the...patay tayo d'yan BAHAHAHAHAAHAHAH" laking tulong naman masyado nitong pinsan ko.

"OMG HAHAHAAHAHAHAHAHAHA" mga walang kwentang kaibigan ang ccb pagdating sa ganito.

Alam ko naman na wala kaming closure pero para sa akin ay matagal ng walang kami.

But Ziallyn stayed stoic and unfazed by Catherine's advance. Her expression didn't change, and she actually beamed with a teasing smile bago sinagot si Catherine,

"I'm Ziallyn" lakas ng kabog ng dibdib ko shit!

Gulped.

"Her fiancee" I almost choked on my own saliva 'cause of what I heard.

"HOLY CARABAO! BAHAAHAHAHHAHAAHAHAAH"

"HOY HOY HOY HAHAAHHAAHAHAHAHAHAHA"

Nakita ko pa ang pag ngisi ni pie habang tahimik lang na nakasandal at halukipkip ng mga kamay.

sinamaan ko ng tingin ang mga kaibigan ko na ngayon ay mamamatay sa kakatawa. Talaga bang nag eenjoy sila sa nakikita nila!?

"F-fiancee?" gulat na tanong ni Catherine kay Ziallyn bago nito unti-unti ipinihit ang ulo sa direksyon ko.

Hindi ako makapagsalita dahil nakatakip parin ang kamay ni Ziallyn sa bibig ko. Binalingan akong muli ni Ziallyn at tinaasan ng kilay.

"Right love?" sabi nito at hindi ko ba alam dahil awtomatiko nalang napatango ang ulo ko.

"I was aware of her upcoming date, but I decided to allow it. However, I will not tolerate you stealing a kiss from her in my presence." seryoso na may dalang pagbabanta sa boses ni pusa.

Napaisip ako kung nasabi nga ba n'ya 'yon kanina, sa pagkakatanda ko ay wala naman itong sinabi na ganito. Halos hirap na ako lumunok ng laway dahil sa kanya, nakakatakot s'ya tonight promise!

"Iris!"

Napunta atensyon naming sa babaeng tumawag kay Iris. Jusko, anong ginagawa ng mga demogons dito? paano nila nalaman na nandito kami?

"HAHAHAHAHAHAHA mommy!" masiglang tawag nito kay Everleigh at mabilis na tu

[Content truncated due to length]

CHAPTER 14

-

"Miss ko na si nerdy," kanina pa nakabusangot si Iris dahil miss na raw si nerdy,

"Kaya nga pupuntahan natin diba? Para ma check natin." Sagot ni keyboard.

Isa-isa kaming sumakay sa aming mga big bikes, dadalawin namin si nerdy sa coffee shop. Naghanap kasi s'ya ng part time job at sakto hiring 'yong sa coffee shop na tambayan namin. Maglalakad lang nga sana kami dahil malapit lang naman kaso sobrang init kaya mag momotor nalang, isang beses palang ata kaming nag joyride mag babarkada.

Hindi parin tinatantanan ni kokey si Ziallyn, dahil habol parin ito ng habol sa kanya. Natatawa ako dahil nalaman din namin na may gusto rin 'yong mga kasamahan n'ya sa demogons lalo na kay pie.

Sabi ko kay Sj na pumayag nalang s'ya sa gusto ni pie. Gusto kasi ni dragon na e-announce na 'yong engagement nila. Alam naman ng buong campus kung gaano ka special si Sj kay Pixie pero hindi nila alam na mag kasintahan ito. Pagdating sa tapat ng shop ay agad kaming nag park ng mga bikes at pumasok. But wrong timing ata pagpasok namin dahil may nagkakagulo?

"Oh my god! ilang beses na ba nangyari 'to! araw-araw nalang ba ha?!" Boses na nagmumula sa isang galit na babae.

Kumunot ang noo ko dahil bakit n'ya pinapagalitan ng ganyan ang isang worker?

"Asan si dora?" tanong ni S at sumilip upang hanapin si nerdy.

"S-sorry po" sabay kaming lima napatingin sa babaeng binubully no'ng babae.

Si nerdy pala pinapagalitan nito! hindi namin napansin dahil sa nakatalikod ito sa amin. Pero bakit n'ya inaapi nerdy namin? kami lang pwede mambully sa kanya.

"Hindi mo ba alam kung gaano ka-mahal ang suot ko?! Sinabihan kitang mag dahan-dahan!" Mas lalong sumama ang mga hitsura namin dahil sa pag singhal nito kay nerdy at sa sinabi nito.

"I'm sorry po."

"Gosh this is so frustrating! you're so useless! Why did they even hire you?!" at dahil sa pang iinsulto n'ya ay hahakbang na sana kaming magkakaibigan upang awatin ang babaeng umaapi sa nerdy namin, pero pinigilan kami ni keyboard at sinabihan na wag kaming makialam at manatili nalang dito sa kinatatayuan.

"If you keep doing this up, I'm going to tell your boss to fire you!" kung nakakamatay lang ang tingin ay sigurong kanina pa walang buhay ang babaeng 'to.

Lumapit si keyboard sa kanila at hinawakan sa balikat si nerdy. Sabi nga ni KB ay manatili lang kami at huwag makialam, kaya ginawa namin ang sinabi nito. Tahimik lang kami sa likod nila, nanonood at nakikinig.

"Don't yell at her" I was taken aback by the coldness of kb's voice. Only now have I seen her this serious.

The woman's eyes widened when she saw KB.

"M-Miss Miller?" tawag n'ya kay keyboard.

"What sin did she commit to make you insult her like that" damn, ang hot ni kb ha pag matino s'ya at cold. Hindi mo talaga masasabing isa s'yang sinto-sinto sa mga oras na 'to.

"K... Okay lang ako." pagpigil ni nerdy, pero si keyboard ayaw magpaawat at gusto parin ituloy ang binabalak dahil tinago nito sa likod n'ya si nerdy.

"Just because she spilled a drink on your clothes?" nothing changed in her cold voice.

Binalingan ko ang mga kaibigan ko at ang mga gaga nauna na mag order at iniwan akong mag-isa!

"Palagi nalang kasi nangyayari miss" sagot nito kay K.

"I don't care about your reason. My point is why you have to insult the person. Get out of here right now" what the fuck, hindi na talaga si keyboard 'tong kasama namin.

"Hoy donkey maupo ka rito" tawag ni S sa akin. Sanaol chill lang habang may kabardagulan ang kaibigan.

Pero sabagay kaya naman na ni keyboard 'yan. Lumapit na ako sa table at kumuha ng isa sa mga desserts na inorder nila.

"If I see you mistreating her again, I won't let you get away with it" lakas mag banta ni keyboard natin ah.

"I'm s-sorry ma'am" nakayuko ang babae habang kausap si K.

"Kumain ka nalang d'yan donkey, huwag mo na pansinin ang keyboard na 'yan. Baka nagising na naman si Bern" kalmadong saad ni S sa akin habang abala sa pag lantak ng pagkain.

Nagkibit balikat nalang din ako at nagsimulang kumain habang pinapanood namin ang live show.

"Don't ever show up in front of me again. People like you are obnoxious and repulsive" bigla akong nabilaukan dahil sa sinabi ni K. Shit, what a savage person.

Biglang nag bow si girl sa kanya saka nagmadaling kunin ang mga gamit at lumabas ng shop. Ang mga kasama ko naman nagpalakpakan lang, ganyan sila ka proud pag may ka bardagulan kami.

Binalingan nya si nerdy at tinapik sa ulo.

"You seem like an amazing person, so you shouldn't waste your time on useless things. Clean up the mess and we'll wait for you" sabi nito kay nerdy saka nilampasan at naglakad na pabalik sa amin.

"Hey"

"Hey ka d'yan, akala ko patay ka na. Buti at nagising ka pa" malditang saad ni S sa kanya at inirapan ng mata.

"Kailan ka pa nagising muli?" tanong naman ni A sa kanya.

Ngumiti muna ito bago maupo sa tabi ko at nag krus ng paa.

"Recently" tipid na sagot nito at nagsimula na inumin ang juice n'ya.

"Ilang taon karin tulog Bern ha. Bakit ngayon ka lang lumabas" tanong naman ni I at saka sinubuan si K ng cake.

Ang baet ni I ngayon no? hindi n'ya kasi kayang apihin si Bern at ang resulta s'ya pa ang naaapi.

"I felt sorry for krystal so I decided to take over. You know she's weak, she would've jumped off the building if Rochelle hadn't come" nanlaki ang mga mata naming napatingin sa kanya.

Tangenang monkey ka at may balak ka nga talagang tumalon! Makabalik ka lang talaga at ako mismo ang kakatay sayo!

"Gago seryoso?!"

"Potangena?!"

"Tangena?!"

Sabay na mura nilang tatlo.

"Ilabas mo nga ang keyboard na 'yan at ako mismo ang papatay. Hayop kang doggy ka! at may balak ka nga talagang tumalon!" galit na saad ni S sa kanya.

"Matulog ka na muna ulit B at may kakatayin lang kaming gago" padabog na ibinaba ni I ang baso saka sinamaan ng tingin si B.

"Dahil na naman ba sa parents n'ya at dumagdag pa 'yang engagement na 'yan!" si A na medyo masama narin ang mukha.

Nakakainis naman 'tong si K at sinasarili ang problema! gusto ko tuloy manakal ng tao dahil sa sobrang inis na nararamdaman ko.

"I can't do that. She's sleeping now" sagot nito sa amin.

"By the way Rochelle, do you like that shorty?" biglang tanong ni Bern sa akin. Si nerdy ba tinutukoy nito?

"Si nerdy ba?" tanong ko at kumagat ng pagkain.

"Yes. You said you weren't picky about a person's financial status right? I guess she's the kind of good girl that all moms want their daughters to bring home. She seems like the loyal and faithful type too" napanganga nalang ako sa sinabi ni Bern sa akin. Anong pumasok sa utak at naisip ang bagay na 'yan? alam naman n'yang kaibigan lang namin ang nerdy!

"BAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH" bigla nalang humagalpak ng tawa ang tatlo.

"Ano ka ba B, malabong manyari at in love kay Ziallyn 'yan HAHAHAHAHA" lakas naman masyado

boses ng Sj na 'to. Walang hiya kahit na nasa public place kami.

Napataas naman ang kilay ni Bern dahil sa naging sagot ni S.
"That indenial woman?" mas lalo pa ata lumakas ang tawa nitong pinsan ko dahil sa tanong ni B.

"Ou ou, that's her kitten BAHAHAHAAHAHAHAHAH"

"She embodies the qualities of youth, wealth, and beauty. Given her characteristics, she appears to be someone who prioritizes long-term relationships over casual ones. Perhaps dating her could be a suitable fit for you." sumasakit ulo ko dahil dito kay Bern jusko.

"My mommy is the epitome of elegancy and good taste" singit naman ni S sa usapan, ayaw din pahuli e.

"Oh edi sabaok!" Iris inggit.

"Pwede ba Kb wag ka nga mag english-"

"Call me Bern, Iris."

"Pag Bern tawag namin sayo edi para ka narin si shrek BAHAHAHAHAHAHA" nakuha pa mang asar nitong Sj.

"Nevermind, just call me B." agad na sagot nito.

Nagtawanan kami dahil sa naging reaksyon nito. Sobrang layo talaga nilang dalawa ni Krystal sa isa't isa.

"Girls."

Sabay kaming lahat napalingon kay nerdy na papalapit sa table namin.

"Dora, tapos na shift mo?" tanong agad ni S.

"Hmm hindi pa." sagot nito at bahagyang yumuko. Biglang hinila ni Bern ang kamay ni nerdy at pinaupo sa kanyang lap. Langya literal na ginawang bata nerdy namin.

"You are a senior but you act like a child" saad ni B kay nerdy dahilan upang mapatawa kami ng malakas.

Totoo naman kasi ang sinabi ni B, senior namin pero s'ya pa 'tong bini-baby naming lima.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAH"

"Ang cute kasi ni nerdy" sabi ko at sumang-ayon naman ang tatlo.

"But it's okay, I prefer you like that" sabi naman ni B.

Kinuha ko ang isang piraso na cake at sinubuan si nerdy. Si A naman nag order ng juice para sa kanya.

Napansin ko na pinagtitinginan na pala kami ng ibang tao dahil sa ginagawa namin ngayon. Nasa gitnang table ba naman kasi kami naka pwesto tapos makikita nilang bini-baby ang isang worker.

"Who else uses a cellphone keypad nowadays?" kunot noong salita ni B nang makita ang cellphone na nilabas ni nerdy.

"Wala kang smartphone dora?" tanong ni S.

"Bobo mo naman, gagamit ba ng keypad phone kung meron. Nahulog utak mo?" pagtataray ko sa kanya.

"Mas bobo ko tanga!" sus sarap sipain.

Bigla nalang kinuha ni B ang cellphone at may tinawagan s'ya.

"It's me, bern. I want you to buy me the latest iphone and MacBook. Bring it to the coffee shop near my school" utos nito sa kanyang kausap at mabilis na pinatay ang tawag. The fuck?

"Ano ba naman 'yan bern! inunahan mo pa kami e!" lakas mag dabog nitong S.

Naging literal na instant sugar mommies talaga sila pagdating kay nerdy.

"Tapos na break time ko, babalik na ako sa trabaho" mahinang boses na singit ni nerdy.

"Ang bilis naman matapos break time mo, hindi ka pa nga nag sasampung minuto" kunot noong saad ni I.

Kawawa naman 'tong nerdy namin, pagod na nga sa school at kinailangan pa maghanap ng trabaho. Hindi ba sapat ang allowance n'ya sa PU?

"Sige work ka na, dinalaw ka lang naman namin. Tara na balik na tayo school" aya ko sa kanila at tumayo na.

"Sige, kita nalang tayo mamaya dora" sabi naman ni S at nagtayuan narin upang maghanda sa pag alis.

"Salamat sa pag punta. Ingat kayo" sagot ni nerdy at bumalik na sa trabaho.

Umalis narin kami agad at bumalik ng school. Nasa quadrangle palang kami ay nakita na namin ang mga kokey na nakabuntot sa mga Ponferrada. Mukha talaga silang mga asong ulol.

"Kailan pa nag-alaga ng mga aso ang demogons?" tanong ko.

"BAAHAHHAAHAHAHAHAHAHAHAHA" malakas na tawanan ng ccb kaya nakuha namin ang atensyon ng mga tao lalo na demogons na nag-uusap malapit sa hagdan.

"Tara lapitan natin sila, may sasabihin lang ako sa pusa" sabi ko sa kanila at nauna na maglakad.

"Weee gaganda naman ng mga mommies na yarn" pasipol-sipol na salita ni S sa likod ko.

Kawawa naman mga kokey na 'yan at hanggang sunod lang kaya nilang gawin, at hindi mahawakan ang demogons. Allergy pa naman sa aliens mga 'to.

"Paaaaaayeeeeee!" tawag ni S kay pie at kumaway.

"Where have you been?" tanong agad ni dragon n'ya.

"D'yan lang sa labas" sus ayaw pa sabihin galing kay nerdy.

Umiling nalang ako saka nilapitan si pusa na katabi si kokey.

"Morning kitten," nakangiting bati ko sa kanya at tinaasan ng kilay ang alien na katabi.

"Morning"

"Would you like to study with me tomorrow?" tanong ko na may ngiti sa labi.

"What's wrong, anything you don't understand?" bahagyan nagulat ako sa sagot n'ya ha, akala ko ay hindi sasagot at babarahin lang ako e.

"The new topic is a bit hard. I think it will be good to study it together" sagot ko sa kanya saka marahan na pinisil ang kanyang pisngi kaya sinamaan ako ng tingin.

"Rochelle, I am a BA student" seryosong sagot nito.

"BAHAHAAHAHAHAHAHAH" tsk tapon ko sa mars mga 'to e.

"Pft" rinig kong tawa ni kokey. Pero sino ba s'ya para pansinin diba?

"Ah yeah, pero pwede mo rin naman akong turuan" titig na titig parin ako sa kanyang mga mata at gano'n din naman s'ya.

"What can I teach you?" at dahil sa sagot na 'yan ay mas lunapad pa ang ngiti sa aking mga labi.

"Teach me the way to your heart" malambing kong tugon. Nakita ko ang pagkagulat sa kanyang mga mata at bigla nalang pinamulahan ang pusa.

"WOOOOOOOOOOOO tapang yarn" tatlong palakpak mula kina A at I

"BAHAHAHAAHAHAHAH baka mana sa akin 'yan" proud masyado pinsan ko sa kalandian n'ya.

Ang pusa natulala at mabilis na nag-iwas ng tingin. Ay hindi ata s'ya nakailag sa banat ko.

"Tara na hoy RL!" tawag ni S.

Binigyan ko nalang s'ya ng nakakalokong ngiti at tinapik ang ulo bago tumalikod.

*

So nandito kami sa field sa may cottage nakatambay.

"Mga tanga malapit na! fiesta na sa susunod na araw, walang pasok malamang. Anong plano ha?" Sabi ni S na ngayon abala sa nilalarong rpg sa phone.

Ang iba naman abala lang din sa mga kanya-kanyang trip sa buhay.

"Ou nga pala, edi gumala tayo. Kailangan pa ba itanong 'yan? syempre hindi tayo magpapahuli sa mga ganyang event" sagot naman ni I.

"Isasama ba natin demogons?" tanong ni A at nagsimulang magbasa ng libro.

"Wag na at baka busy din ang mga 'yon" sagot agad ni S.

"Hoy kb may papagawa ako sayo" ulit ni S saka tinapunan ng tingin si Kb pero tinaasan lang s'ya ng kilay nito.

Tinaasan lang s'ya nito ng kilay bago ibinaba ang hawak na cellphone.

"You may have forgotten that I am not krystal" she said using her monotone voice.

Langya pati ako nakalimutan ko na si Bern pala ngayon ang kasama namin. Basta kasi kalokohan si Keybold palagi target ni S.

"Ay tanga ou nga pala. Hoy Iris ikaw na" sabay baling nito kay I kaya napakunot ang noo nito.

"Ano yan?" Sagot ni Iris,

Magsasalita pa sana si S kaso may itinuro si A kaya napatingin kaming lahat sa direksyon na tinuturo nito.

"PAMEEELAAAA ONEEEEE!" Napalundag kami sa sigaw ni S tangenang 'to.

"HINDI KA NA NI REPLYAN!" ay pamela na kanta pala ang tanga.

"My gosh, you haven't really changed" pailing iling na saad ni Bern at nag krus ng legs.

"PAMEEEEELAAAAA TWOOO. IBA ANG KANYANG GUSTO!" sabay turo nito sa akin. So anong gusto n'ya ipahiwatig sa bagay na 'yan?!

"PAMEEEELAAAA THREE. HINDI KA N'YA PRIORITY!" napalingon naman ako kay I dahil sa biglang sunod nito sa kanta at tinuro rin ako.

Okay, konti nalang talaga mauubusan na ako ng pasensya sa kanilang dalawa. Pag ako talaga nakaganti sa mga 'to.

"PAMEEEELAAAA FOUR. WAG NA KA DAW MAGHABOL!" tapos biglang tumayo ang S at gumiling habang umiikit. Lakas amats natin today for today's video.

"SUMAYAW GUMALAW, JOWA N'YA HINDI IKAW" dahil sa inis ko ay naibato ko sa mukha n'ya ang hawak ko na bag. Lakas mang asar tapos pag nagantihan magagalit.

"Ano ba 'yan donkey! masakit ha hampasin kaya kita nito?" s'ya pa talaga may gana mainis.

Napabuntong hininga nalang ako at kinuha ang phone. Pag check ko sa messenger ay nakita ko ang pangalan ni Ziallyn. Ilang segundo rin akong tulala na nakatitig sa cellphone ko, anong nakain n'ya at bigla nalang nag message.

Ziallyn
Where are you?

Bakit nagtanong 'to, baka miss ako?

RL
Kasama mga kaibigan, bakit?

Ziallyn
I said where?

Napakamot nalang ako sa batok, ano gusto nito at hinahanap ako?

RL
Nasa cottage dito sa field, bakit miss mo na ako n'yan?

Ziallyn
Stay where you are.

Anong stay where you are ka d'yan. Hindi ba pwedeng sabihin n'ya kung anong pakay para hindi naman ako mag overthink dito.

RL
Ikaw san?

Ziallyn
Cafeteria

Hindi na ako sumagot at mabilis na iniligpit ang gamit at tumayo.
"Punta raw tayo cafeteria, nag chat si pusa" sabi ko sa kanila.

Pagpasok namin sa cafeteria ay sobrang daming tao na nagkumpulan. Langya anong meron, may artista ba?

"Anong meron mga shunga?" tanong ni S.

Nakipag-siksikan kami sa mga estudyante upang makarating sa harap. At laking gulat ko nalang nang makita ang magandang babae na kulay blonde ang buhok, nakasuot ng kulay black dress na hanggang legs lang ang taas at may suot na sunglass sa ulo nito.

Kausap nito ang mga demogons.
What the fuck?

"Mimi?!" tawag ko sa kanya dahilan upang mapalingon ito sa likuran n'ya.

Lumawak ang ngiti nito sa kanyang labi nang makita ako at patakbong nilapitan ako.

"Honey!" masiglang tawag sa akin at sinakal ng yakap ang leeg ko.

"You are finally here. I missed you!" rinig ko pa ang pagsinghap ng mga tao na nakapalibot sa amin.

"Mimi, bakit nandito ka? Akala ko ba sa friday pa flight mo?" tanong ko sa kanya at yumakap pabalik.

"Yes but I can't wait to see you, so I booked another flight" sagot nito at tinadtad ako ng halik sa magkabilang pisngi ko.

Ang daming tao!

Hinawakan ko ang magkabilang pisngi nito upang patigilin.
"Mimi stop that, wala tayo sa america" ngumuso naman ito dahil sa pag saway ko sa kanya.

"Mimi!" sabay na tawag ng mga kaibigan ko sa kanya.

Nanlaki pa ang mata nito nang makita ang mga kaibigan ko, hindi n'ya ata napansin kanina na kasama ko sila Sj.

"Omg! I didn't notice you. I miss you my babies" kumalas ito ng yakap sa akin saka nilapitan ang mga kaibigan upang yakapin at binigyan ng halik sa kanilang mga pisngi.

Hindi ko alam pero bigla akong napatingin sa direksyon ng demogons. They're literally glaring at us lalo na kay Mimi, ang sama nila makatingin!

"Do you have classes? If you don't have class, let's have lunch outside" tanong ni Mimi sa amin at umiling naman kaming lima. Tapos na mga morning class namin eh.

"Good! Let's go" nakangiting sambit nito at hinawakan ang kamay namin ni S.

"Rochelle"

"De La Fuente"

Napahinto kami sa paghakbang dahil sa sabay na tawag nila sa amin. Anong meron at gusto atang kumatay ng tao 'tong mga maldita?

"Po?" sabay na sagot namin ni pinsan. Si mimi naman nakangiti lang sa kanila.

Lumapit naman si S kay pie at bumulong. Si Ziallyn naman ay lumapit sa akin pero ang paningin nasa mga kamay namin ni Mimi na magkahawak.

So what's the reason why she called me kung hindi rin naman ito magsasalita?

"Nothing, have fun" she said coldly and emphasized the word fun.

Nginitian ko naman s'ya sabay tango ng aking ulo. "Of course, thanks"

Dahil ata sa sinabi ko ay mas lalong sumama ang tingin nito sa akin. Walang pasabi na binangga ang balikat ko at naglakad palabas ng cafeteria.

"Let's go honey" hila ni mimi sa akin nang makabalik na si S sa amin.

Sa malapit na resto lang kami dumiretso dahil may mga pasok kami bandang 1:30.

"Bakit ka nga pala napauwi Mi?" tanong ni A sa kanya matapos nitong magpahid ng kanyang labi.

"Business matter. I will stay here for a month" sagot naman ni mimi sa kanya.

"How are your studies?"

Kaming tatlo lang ang nag-uusap dahil ang tatlo ay abala sa pagkain. Mukhang mauubusan talaga sila ng mga pagkain dahil ayaw magtigil sa kakalamon.

"Mimi mag aaral ako ulit after graduation" sabi ko sa kanya at nasamid pa s'ya sa iniinom dahil sa biglaan kong sinabi.

"Why?" akala ko magagalit ito pero mukhang hindi naman dahil nakikita ko sa kanyang mga mata.

"Sasamahan namin si Krystal mimi sa pag-aaral ng crim" si A na ang sumagot sa tanong nito.

Tumango tango nalang ako at nagsubo ulit ng makakain.

"Okay, good luck babies. You're still young so just enjoy" sagot ni mimi at pinisil ang pisngi ko.

"By the way, who are those beautiful women I've talked to before?" gusto pa talaga makichismis ni mimi e. Halata masyado sa mukha ang excitement.

Uminom muna ako ng tubig bago ko s'ya sagutin. "Mga anak ng may-ari no'ng school mimi. Fiancee ni Sj 'yong babae na kausap n'ya kanina" sagot ko at mas lumawak pa ata ang ngiti sa kanyang labi.

"Really? So tig-iisa kayo sa limang 'yon?" tanong ni mimi dahilan para sabay kaming mabilaukan samantalang ang Sj ay humagalpak ng tawa.

"Ou mimi ou, BAHAHAHAHAHAHAA" pala desisyon 'tong pinsan ko.

"Hindi mimi, mga teachers namin 'yon" sagot naman ni I na ikinalaki ng mata nito.

"What the fudge?! They are still young and I thought they were just students so I approached them earlier" bulaslas n'ya at tinakpan ang bibig gamit ang isang kamay.

I know right, ano nalang kaya magiging reaction n'ya pag sinabi ko rin na mga sugar mommies namin sila, joke.

"And the woman you talked to earlier is your girlfriend?" napaubo ako sa tanong ni mimi.

Kung ako lang tatanungin ay ou talaga isasagot ko pero ayaw ko naman maging delusional na tao.

"Hindi mi, kaibigan lang namin sila" sagot ko sa kanya at tinapos na ang pagkain.

"Oow, sayang naman kung gano'n at bagay pa naman kayong dalawa" panunukso nito sabay taas baba ng kanyang mga kilay.

"Akala ko ba gusto mo ikaw lang ang babae n'ya mi?" ay may balak pa palang magsalita si Iris, akala ko wala na eh.

"Yes but it's okay, sharing is loving." Sagot ni mimi at humagikhik. Ang mga kaibigan ko naman ay nagtawanan lang at sumang-ayon pa nga sa sinabi ni mimi.

"Ubusin n'yo na ang pagkain para makabalik na kayo sa school" sabi nito kaya nagpatuloy na sila sa pagkain.

Akala mo talaga may paligsahan na nagaganap dahil sa bilis kumain ng mga 'to lalo na si S na parang hinahabol ng isang dragon. Matapos kumain ay umalis na kami kaagad, quarter to 1 na kasi at baka ma late pa kami sa klase kung tatambay pa do'n at makikipag chismisan.

"May chat si Pie, pinapapunta tayo sa office n'ya dahil do'n sa film natin" biglang salita ni S habang kasalukuyan kaming naglalakad papasok ng main gate.

Ou nga pala at hindi namin napuntahan ang club president noon dahil sa naging busy kami sa mga kalokohan.

"Sasama ako, nakalimutan ko magpasalamat sa kanila kanina" singit naman ni mimi, tumango nalang kami at dumiretso na tinahak ang daan patungong office ni pie.

Pagpasok sa office ay mga suplada ang tumambad sa amin, nakaupo sa couch at krus ang mga bente. Bakit ata ang heavy masyado ng atmosphere rito sa loob ng office?

"Pieeeeeeeeee, ano ba pag-uusapan?" diretso tanong ni S sa kanya at nagmadaling tinabihan ito upang yakapin.

"Ou nga pala gusto kayo kausapin ni mimi" sabi ni S at sabay silang lahat tumingin sa direksyon namin.

"Hi, ladies. I just want to thank you for guiding me earlier." malambing na saad nito at hinila ako palapit sa kanya.

"Sana hindi pinapasakit ni love ang mga ulo n'yo" sabay halik nito sa pisngi ko at tinapunan ako ng isang ngiting nakakaloko.

Halos mapalundag ako sa gulat dahil si Ziallyn bigla nalang binagsak na parang galit sa table ang magazine na binabasa nito.

I was nervous when she suddenly stood up and grabbed my hand then dragged me out of the office.

Hindi ko alam anong ginawa at kung paano n'ya ako nahatak ng mabilis palabas. Namalayan ko nalang na nasa cr na pala kami. Napapikit ako sa sobrang gulat dahil pabalibag nito isinara ang pinto.

"Inuubos mo ba ang pasensya ko?" Pilit ang paglunok ko dahil sa sobrang lamig at may halong pagbabanta sa boses ni pusa.

Kumunot ang noo ko at napakamot sa batok dahil sa sinabi n'ya.

"Ano ba sinasabi mo?" nagtanong lang naman ako pero kung makatingin naman ang pusa kulang nalang pakainin ako ng bomba.

"Didn't I say I don't want anyone to kiss and hold you?!" napaatras ako dahil sa biglang singhal nito sa harapan ko. The heck, 'yong puso ko ang lakas ng kabog!

Instead of being scared, I suddenly giggle because of what she did. Sobrang pula na masyado ng mukha ni pusa dahil sa sobrang inis.

"Nakakatawa ba?" tinakpan ko na ang bibig ko saka umiling dahil ayaw ko masampal ngayon.

"Wala, ano ba at bakit ka nagagalit pusa? Hindi naman kita inaano d'yan" pinilit ko talagang maging normal ang boses ko at hindi manginig.

"You told me you love me, but you still flirt with the others right in front of me!" She shouted at me and punched my chest.

My eyes widened and gaped in utter shock. Don't tell me?

I bit my lower lip to suppress my laughter.

"Ziallyn, don't tell me nagseselos ka sa mommy ko?" I asked in amusement.

Ang kaninang naniningkit na mata dahil sa inis ay bigla nalang napalitan ng pagkagulat. Bahagyang nanlaki ang mga mata nito at nakaawang ang bibig.

"W-what?" Gulat na tanong nito sa akin.

"Mimi is my mother pft" sabi ko at bigla nalang lumabas ang mahinang tawa sa bibig, kaya agad kong kinagat ang ibabang labi ko.

"Y-your mom?" tumango ako sa tanong nito. Mas triple na ata ang pagkamula ng mukha n'ya ngayon kumpara kanina na kulang nalang lapain ako.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHAHA" hindi ko na napigilan at napahagalpak na nga sa tawa. Hitsura n'ya kasi ngayon parang nakatanggap ng isang masamang balita at hindi makapaniwala.

Nagulat nalang ako sa biglang pag sampal nito sa pisngi ko. Napakurap pa ako ng ilang beses na tinititigan s'ya.

"S-Shut up!" singhal n'ya sa akin at kumaripas na palayo.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA" para akong siraulo na tumatawa mag isa sa cr habang hinihimas ang pisngi. Sampal ng pagmamahal na ata 'tong binigay ni kuting sa akin.

Pagbalik ko ng office ay wala na si mimi at wala rin si Ziallyn, asan na ba 'yong pusa nag punta at tinakasan ako. Mahirap bang aminin na OU NAGSESELOS AKO.

"AHHAHAHAAHAHAHAHAHAH" hagalpak kong tawa pagkaupo.

"Hoy para kang tanga tumatawa mag-isa. Nag-uusap kami ng seryoso rito ha!" saway ni S sa akin. Napalakas pala ang tawa ko, hindi ko na kasi talaga mapigilan na hindi mapatawa dahil sa naging aksyon ni Ziallyn kanina.

Umiling nalang ako saka umayos ng upo "Oh anong topic pala 'yan?" tanong ko sa kanila.

"Ang sabi ni pie nag kung sino 'yong mga characters sa story ay sila rin ang gaganap sa play" paliwanag ni S sa akin.

So kung gano'n edi lahat kami magiging part sa story na 'yon. Pero naisip ko bigla edi mauulit na naman ang story nila ni Ziallyn kung gano'n?! Napasapobako ng ulo, hindi pa nga lubos nakakalimot ang kuting na 'yon ay heto na naman ang panibagong challenge para sa kanya.

"Kailan ba gaganapin 'yan? Wag na at mas maganda kung ibigay na yan sa iba." tanong ko ulit at isinandal ang ulo kay A.

"Next school year pa naman, pero may point ka. Sabihan ko si pie,"

"Ayon lang ba? may pasok pa pala ako. Mauna na ako sa inyo" sabi ko at tumayo.

"Bakit hindi mo pala kasama si Zi?" tanong ni S kaya napangiti na naman ako.

Nahkibit balikat nalang ako at nginisihan s'ya. "ay malay ko kung saan tumakbo ang pusa na 'yon" sagot ko sa kanya at nagpaalam na sa kanila.

Paakyat palang sana ako ng building nang bigla akong harangin ni kokey kasama ang grupo n'ya.

"Supp, gusto n'yo gulo? sakto mag-isa lang ako" diretso kong sabi sa kanya.

Archi students ba mga aliens na 'to?

"Akala mo ba nakalimutan ko na ginawa mong pag suntok sa akin?" malditang tanong nito at humakbang ng malapit sa akin...

"Bakit nandito kayo? diba dapat nasa zoo na kayong lahat?" tanong ko sa kanila.

"At anong gagawin namin do'n?!" naks taray naman ng mga minions no kokey.

"Roses are red, violets are blue. A face like yours belongs in a zoo. Don't worry I'll be there too, not in a cage but laughing at you" I pointed at them one by one and flipped my hair as I walked past them.

Akala ko susundan ako o 'di kaya hihilahin ang buhok ko pero naghintay lang ako sa wala. Dumiretso na akong umakyat sa classroom mabuti nalang pagdating ko ay wala pa ang professor namin.

Miss ko na si Jem, nasa italy ang Jemima at hindi ko alam kung ano ang gingawa n'ya do'n.

Pero saan kaya nagtungo ang kuting ko kanina. Matapos n'ya akong pagalitan at suntukin sa dibdib ay tatakasan lang ako? hindi pwede 'yong gano'n and I need a scientific explanation char lang.

-

8pm na natapos ang klase ko. Muntik na sumuko utak ko sa sobrang daming pinagawang activities. Pabalik na ako sa dorm ngayon, hindi pa kasi kami nakakalipat sa rooftop dahil tinatamad kaming mag hakot ng mga gamit. Pero nag usap na kaming lahat na next week ay lilipat na kami kasama si nerdy syempre, hindi pwede maiwan 'yon na mag-isa lang at baka mamiss kaming lima.

Pagdaan ko ng quadrangle ay wala na masyadong estudyante, mangilan-ngilan nalang ang nakikita kong naglalakad.

"R"

Awtomatikong napahinto ako sa paglalakad dahil sa narinig kong boses na tumawag sa pangalan ko.

Anong ginagawa n'ya rito?

"Me! Alam ko sagot" taas kamay na tawag ni Iris sa kanya.

"Ano?"

"Sirena!" bulyaw nito kay A.

"HAHA stupid" humagalpak kami ng tawa dahil nasabihan s'yang stupid ni Everleigh.

"STUPID HAHAHAAHAHAHAHA" ulit namin ni S sa kanya.

"Bakit mali ba?" Inosenteng tanong ni I na mas lalong nagpatawa sa amin. Sanaol lahat inosente.

"Mali boploks BAHAHAHAHAHAHA"

"Hindi s'ya babae" clue ni Ag.

"Hmm hmmm akoo akooo!" muntik pa mabilaukan ang keybold.

"Sige ano?"

"Shokoy!" Tangena.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAAHAH" akala ko pa naman matatapos na tawanan namin. May second wave pa pala rito sa loob!

"Hindi s'ya lalaki"

"Shoki!" diretsong sagot ni Iris.

"Tangena BAHAHAHAHAHA" lakas ng bunganga ni S. Halos mabingi na ata kami sa mga tawanan namin.

"Ayoko naaaaaaaa huhuHAHAHAHAAHHAAHA" sabi ko at pinahiran ang mga nangingilid na luha.

"Gage ang tamang sagot ay styrofoam" tangenang styrofoam 'yan. Naloka narin ang doraemon namin.

"Hala! Salbabida kaya 'yon!" pagdadabog ni K sa harapan ni A.

"Alam mo pala! Bakit hindi n'yo sinagot?" sagot ni doraemon sa kanya at napahilot ng noo. Stressed yarn?

Jusko po at hindi na nga nakapag-focus sa work ang dragons dahil pati sila ay tumatawa na.

"Edi sana sinabi mo SA hindi S!" pambihirang rason 'yan. Ayaw magpatalo ni monkey namin.

"Araaaaayy sheeeemay ang sakit na ng tiyan ko potangenaaaaa BAHAHAHAHAH" mukhang kailangan na namin ng oxygen tank, pero mukhang mas kailangan ni Sj 'yon.

"Ang laughtrip tangena naman HAHAHAHAHAHA" ang Iris na pinagtawanan ang sariling kabobohan.

"Gago HAHAHAHA okay next question Ag!" next question daw sabi ni Keybold tapos ang resulta bano.

"What is the square root of 16?" tanong agad ni A sa kanilang dalawa.

"Akoooo akoooo!" taas kamay ni I.

"Go"

"Two" proud na sagot nito.

"Taasan mo pa" sagot ni A.

"Twooooooooooo!" Nagpagulong-gulong na ako sa couch dahil ang Iris pumiyok sa pagsigaw, ang sakit na talaga ng tiyan ko huhuhahaha.

"My goodness Iris!" binalingan ko naman si Everleigh at sobrang pula na ng mukha n'ya.

Ay hindi lang pala s'ya at silang apat pala na mukha ng mga tomato ang hitsura sa kapulahan.

"Ano ba hahahaha hindi!" si Ag na seryoso kanina sumuko narin.

"Tigil na please lang HAHAHAHAHA" nahulog na tuloy ako sa couch dahil sa kakatawa.

"Bwesit kayo hindi na ako makahinga BAHAHAHAAHAHAHAHAHA" ang Sj nahulog naring sa couch at nagpagulong-gulong sa sahig.

"Mataas pa d'yan" utos ni A.

"THREEEEEEEEEEE!" sigaw ni Kb

"Potangenaaaaaaaaajdjnwkndkjsn BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA" sigaw ko at hinampas-hampas ang sahig.

"Potangena mo Kb, 'yong mga luha ko ayaw magtigil BAHAHAHAHAHAAHAHA" ayan at hinika na nga ang Shara Jane.

"Anak ng.... bwakanangsheyt HAHAHAHAHAHAHAHAHAAH ayoko na nga!" Pagsuko ni I sa labanan nila.

Napailing nalang si doraemon at hinarap si keybold. "Nakakaloka kayo, the correct answer is four"

"FOOOOUUUUUUUURRRRRR!" sabay na sagot ni I at K.

"HOLYSHIT HAAHHAAHAHAHAHA" sabay na bulaslas namin ni Sj. Pota ayaw ko na, mababaliw na ata ako sa kanilang dalawa.

"OMG! HAHA" naloko na si Everleigh.

"OH GOSH!" si Kathlyn na ginawang pamaypay ang kamay kahit naka aircon naman sana.

"THEY ARE NO LONGER NORMAL" ang Lorelei na nagpapahid ng nangingilid na luha.

Hindi talaga sila matatapos sa trabaho nila n'yan kung nandito kami.

"I CAN'T TAKE IT ANYMORE, GET OUT" napalingon naman kami kay pie dahil sa sinabi nito.

sunod-sunod na salita ng mga demogons habang namumula ang mukha sa kakatawa. Hindi na nga ata nila kaya dahil pinalayas na kami, ang ingay ba kasi naming lima. Nagkatinginan nalang kaming lima at sabay nagkibit balikat, tumayo at nag-unahan ng takbo palabas.

"Gage pinalayas tuloy tayo, mga kalokohan n'yo kasi. Oh saan tayo pupunta ngayon?" tanong ni A, kung tutuusin s'ya naman ang may kasalanan, kung hindi ba naman s'ya nagtanong ng mga gano'n.

Nandito na kami sa labas ng campus at nag-aabang ng Jeep, tinatamad kami mag drive kaya mag co-commute kami.

"Downtown, basta kung saan tayo dalhin nitong mga paa" sagot ni S sa kanya.

Sakto at may humintong jeep kaya nag unahan na sila mag akyatan. Akala mo naman talaga mauubusan ng mauupuan.

"Mga miss saan po kayo bababa?" tanong ni kuya driver sa amin.

Sasagot na sana ako kaso tinakpan ni S ang bibig ko. Parang tanga naman 'to.

"Brgy. Babaero, sitio manlokoko, sinungaling street, change syota village po kuya" napahagalpak ako ng tawa dahil sa isinagot nito.

At 'yong mga kasabayan naman namin na sumakay nagsiyuko nalang. Bakit hindi nalang din sila tumawa at nagpipigil pa.

"Ha ? Saan 'yon. Eh kayo ma'am saan?" kunot noo na tanong nito kay Kb. Hindi ba halatang magkasama lang kami?

"Brgy. Maling hinala, minahal mo ng tama, ikaw pa ang masama" sagot ni K sa kanya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" tawanan namin tangena ang sasama ng mga ugali. Mabuti hindi highblood si kuya at nakisabay nalang din sa tawa.

"Bayad po kuya oh" sabi ni I at inabot ang 100 pesos.

"Ilan 'tong 100 miss?"

"1 kuya, estudyante, BA student sa PU kakasakay lang" seryosong sagot nito.

Napakagat labi ako dahil ayaw ko na tumawa. Hindi pa ako nakakarecover kanina!

"Here's mine kuya" sabi naman ni K at inabot ang 500.

"Ilan to miss?"

"1 lang, criminology student at kakarating lang galing digmaan" tangenang kb.

Paubo-ubo na ako rito, hindi ko alam kung hanggang saan ang kaya ng powers ko upang pigilan ang

tawa!

"BAHAHAHAHAHAHAAH kuya ito akin" inabot naman ni S ang 1k.

"Sayo miss ilan to?"

"Lahat kami, isali mo na rin ang BA at CRIM and keep the change kuya. Galing mental 'yan kakalabas lang" sagot ni S sa kanya.

Hindi na nga namin napigilan at ang lakas ng mga tawanan namin, pati 'yong mga ibang pasahero nakitawa narin.

"Pasensya na kuya at galing po talaga kaming mental" mangiyak-ngiyak na saad ko sa kanya.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA" tawanan ng mga baliw kong kaibigan.

"Saan kayo bababa miss?"

"Kung saan ka bababa kuya do'n kami" singit ni Ag. I looked at her in disbelief, mukhang tanga 'tong doraemon namin.

"Tanga hindi bababa kasi driver s'ya, ano sama ka hanggang sa bahay nila?" kunot noo kong sabi sa kanya.

May secret akong nalalaman tungkol kay A, hindi ko lang sure kung alam na ng iba. Shut up nalang muna ako ngayon, basta ay magugulat ka nalang talaga.

"Kuya sa downtown mall lang po" sabi ko kay kuya dahil baka maubusan pa 'to ng pasensya sa amin e ibangga ang sasakyan.

20 minutes lang naman byahe namin pababa. Hindi ko ba alam kung saan kami pupunta at kung ano plano ni Sj.

"Hoy saan ba tayo pupunta. Ang daming tao? tanong ni Iris na abala sa paglamon ng mangga.

"Wala naman tayong magawa. Pasok muna tayo dito sa Jollibee umorder kayo mga 100 pcs na pagkain" sabi ko sa kanila at ang mga tinginan nila ay mukhang nagdududa.

"Hoy mauubos mo?!" bulaslas ni K.

"Hindi, pamigay natin sa mga homeless bobo" sagot ko at nauna na maglakad papasok ng bubuyog.

Inorder namin spaghetti, burger at jolly hotdog nalang para mabilisan lang. 100 pcs each pero mukhang matatagalan rin kami sa paggigintay nito.

"Mukhang aabutin pa tayo ng ilang oras dito gage" reklamo ni Sj.

"Ou nga, tara mag world of fun na muna. Bayaran mo na Sj," sabi ni I sa kanya rason para manlaki ang mga mata nito.

"Anong ako?!"

"Dali na! sus! 'yong BC na binigay sayo ni ma'am binyagan mo na. Also, para rin naman sa mga street childrens 'tong pagkain, ipagdadamot mo pa ha?" Iris kung makapagsalita akala mo walang BC. Bumuntong hininga ako bago tumayo.

"Oh saan ka pupunta?" kunot noong tanong ni K.

"Ako na magbabayad, mukhang nabibigatan pa kayo e. Mga kuripot tss" pagtataray ko sabay ikot ng mata.

Hindi ko na sila hinintay sumagot at dumiretso sa counter, dapat pala kanina pa ako nagbayad. After magbayad ay nagtungo kami sa 4th floor. Aaliwin nalang muna ang mga sarali habang hinihintay matapos ang bubuyog na mga order namin.

"Hala hoy, diba si Ziallyn 'yon?!" Bigla akong kinalabit ni I at itinuro ang babae na may kasamang lalaki.

Kumunot ang noo ko nang makita si Ziallyn. Akala ko ba nasa business trip ang babaeng 'to?

"Hala tanga sino 'yang lalaki na kasama n'ya? pogi ha bagay sila" awtomatikong sumama ang hitsura kong tinignan si Kb. Talaga bang dapat sabihin mismo sa harap ko?

At may pahawak pa na nalalaman sa bewang ang mokong? Ou gwapo nga naman s'ya pero hindi sila bagay. Sa akin lang talaga nababagay ang pusa na 'yan, kung nakakasakal lang talaga ang tingin ay kanina pa nalagutan ng hininga ang mokong na 'yan.

"Akala ko ba nag dedate na kayo? sinasabi ko na nga ba eh. Baka bored lang talaga si Ziallyn R" dadag pa nito sa kanyang sinabi. Sarap ihawin ng monkey na 'to.

"Hala hala hinalikan sa pisngi ang Kitten mo!" tarantang sumbong ni K.

Namuo na naman tuloy ang inis sa dibdib ko, business trip pala ha. Gandang trip naman 'yan at may ka date na lalaki. Aalis na sana sila nang biglang lumingon si Ziallyn sa direksyon namin at nagtama ang aming paningin. Natulala ang pusa, hindi ata inasahan na nandito rin kami. Sinalubong ko ang mga mata nya ng isang blangkong ekspresyon. Lalapitan pa sana ni S si Zi pero pinigilan ko na.

"Wag mong guluhin sa date n'ya at baka maabala mo pa. Tara na" sabi ko at tumalikod na.

"Nagselos ang RL" singit ni Ag.

"Don't state the obvious Doraemon" sagot naman ni S sa kanya.

"There's no reason. Wala namang kami" walang gana na sagot ko sa kanila.

Edi mag enjoy s'ya sa date n'ya, bwesit na 'yan at pagod na akong umasa. May pa let's date love pang nalalaman tapos ngayon makikita kong may kasamang ibang lalaki.

"Awee selos 'yarn, bakit namumula tenga mo HAHAHAHAAHAHAH" agad kong sinapak ang ulo ni S dahil sa sinabi nito. Nananadya na kasi masyado ang baliw na 'to!

Nasa WOF na kami, nasa gilid lang ako nakaupo habang pinapanood ang mga baliw na naglalaro. Nawalan tuloy ako ng gana do'n sa nakita ko. Para talagang mga baliw, nag-aaway sa iisang machine e meron pa namang iba na available. Napailing ako at saktong tumunog ang phone ko kaya agad kong tinignan kung sino ang nag message.

Ziallyn
Where are you?

Imbes okay na mood ko tapos bigla na naman ulit manggugulo 'tong pusa. Napaikot nalang ako ng mata saka s'ya nireplyan.

RL
Going to meet san pedro.

Infairness ngayon ang bilis n'ya mag seen ng message ko unlike before na hindi talaga.

Ziallyn
Are you going to tell me or not?

RL
Bakit? Ano ba ang kailangan mo? ba't hindi mo nalang e enjoy ang date mo?

Naku pusa ka at nag iinit na naman ulo ko sayo!

Ziallyn
What date are you talking about?

Ay kunwari hindi n'ya ako nakita kanina tapos ngayon inosente kung magtatanong?

RL
Alam mo kung ano tinutukoy ko pusa, ang sabi mo sa akin nasa isang business trip ka kaya hindi tuloy ang date natin. Tapos ngayon makikita nalang kita na may kasamang lalaki at nagpahalik ka pa sa pisngi?

Bwesit sa sobrang inis ko tuloy ay na send ko ang message sa kanya huhu.

Ziallyn
Are you jealous?

Tumaas kilay ko sa tanong na 'yan ah, ang dami naman oras nito at ako ang gusto asarin. Ako nagseselos?! Ano s'ya gold pero ou nagseselos ako.

RL
Bakit ako magseselos? Sus, tuloy mo na nga date mo. Dami mo naman oras at diba nasa business trip ka?

After ko ma send ang message ay pinatay ko ang phone at agad isinuksok sa bulsa. Napapikit ako at hilot nang noo sa sobrang inis, magsama silang dalawa.

"Love"

"Ay shit!" Napalundag ako dahil sa may malamig na boses na bumulong sa tenga ko mula sa likod.

I turned my head to look at her and I was shocked to see Ziallyn standing, alone.

"Ano ginagawa mo rito?" Walang gana kong sagot. Tanging lunok nalang ang nagawa ko dahil sa sobrang titig nito sa aking mga mata. Iniwan n'ya ang mokong mag-isa?

"Iniwan mo ka date mo?" iritado kong tanong.

Hindi naman sumagot si pusa at ngumisi lang. Wala naman sigurong nakakatawa do'n sa sinabi ko diba?

"You said you weren't jealous" sagot nito at umikot paharap ko.

"Sino ba hindi magtatampo? akala ko nasa business trip ka tapos makikita nalang kita nasa mall lang pala may ka date na iba?" Pag open ko sa kanya. Sino ba naman kasi hindi maiinis at sa sobrang inis ko, minsan hindi ko na mapigilan 'tong bibig ko at ang hilig pumrangka.

"He's my cousin" she said using her monotone voice. Napanganga ako dahil sa sinabi n'ya.

Mabilis kong tinakpan ang mukha ko dahil sa pagkahiya. Gage naman parang no'ng nakaraan lang inasar ko s'ya dahil pinagselosan ang mommy ko. Tapos ngayon nagseselos ako sa pinsan n'ya pa mismo tangna.

"So? bakit ka nga nandito? Sabi mo nasa business trip ka?" kabado bente muna tayo ngayon.

"Si Mommy Helen ang pumunta." agad na sagot niya.

So bakit hindi man lang n'ya sinabi at mahirap ba 'yon gawin?

"So anong ginagawa mo rito sa mall, at kasama mo pinsan mo?" pinsan ba talaga? ba't may pa halik ha.

"Nagpasama bumili ng singsing para sa gf" bilis n'ya sumagot ha.

Oh may gf? mabuti at hindi isa sa mga aso na humahabol sa kanya. Bigla nalang nangalam ang tiyan ko kaya napahawak ako, hindi pa pala kami nakakain simula kanina.

"You haven't eaten yet?" taas kilay na tanong nito.

Magtatanong nalang nga mamalditahan pa ako. Umiling nalang ako at hindi sumagot saka ngumuso.

"Pakain ka naman kitten" at dahil sa sagot ko ay sinamaan na naman n'ya ako ng tingin. Ano ba problema at nagtataray ang pusang 'to.

"Your mouth"

Anong meron sa bibig ko, gusto n'ya siguro halikan? Hmm.

"Bakit anong meron? hindi naman marumi bibig ko?" Hindi naman sya mukhang inis sa tanong ko, bigla nya hinawakan ang kamay ko.

"Hala magpapakain ka?" nakangiting tanong ko, gutom na kaya ako!

"Rochelle" she said coldly.

"Ano na naman pusa? nagtatanong ako kung papakainin mo ako?" pag klaro ko sa sinabi ko, baka naman kasi iba ang iniisip! Dirty minded masyado e.

"Let's call them first" sabi n'ya kaya tumayo narin ako upang sunduin ang mga kaibigan kong may mga

sariling mundo. Hindi nga nila napansin na nandito si Ziallyn dahil sobrang focus masyado sa mga nilalaro.

"Hoy!" tawag ko sa kanila pagkalapit namin at sabay na napalingon ng ulo sa likod.

"Hala Zi! Nandito ka pala. Ay wait asan na 'yong ka date mo kanina?" tanong ni S sa kanya bago ako tinapunan ng nakakaasar na tingin.

"No, he's my cousin" agad na sagot nito.

Sabay pa talaga silang apat ngumisi at tumingin sa akin. Syempre ginantihan ko rin sila ng waging ngiti. Oh ano? cousin n'ya lang 'yon ako parin talaga ang bebe ni pusa!

"Ooo, hitsura kasi ni R kanina mukhang sasakal e kaya nag walked out HAHAHAHAHAHAHA" daldal naman masyado. Oras na siguro para ipatumba si Sj no?

"Truueeee HAHAHAHAHAHAHA" segunda naman ni K.

Binalingan ako ni pusa na may pang asar na ngiti sa kanyang mga mata at labi. Saya na s'ya n'yan?

"Tara na, kumain na nga tayo. Do'n nalang sa Jollibee" sabi ko at kinaladkad na ang pusa palayo sa kanila.

Buti nalang at hindi na masyado marami ang tao kaya mabilis lang nakaorder. Malapit narin matapos 'yong orders namin kanina. Ang lakas kumain ni Sj! Nakaka-tatlong rice na 'yan s'ya at hindi parin nabubusog. Isama narin natin sila Kb at Iris na mukhang aagawan ng pagkain!

"Why arent you eating? Or you prefer the ones with seasoning?" tanong ni Ziallyn.

"No, okay lang"

"Then eat" utos ni pusa kaya kinuha ko na agad ang chicken joy at baka agawin pa nitong pinsan ko!

"How are you so messy when eating?" reklamo na naman ni pusa.

Bakit ba lagi nalang ako pinapagalitan kung kakain. Baka gusto n'ya kainin ko nalang din s'ya para tumahimik na? Joke lang.

"Eat slowly" she then rested her chin on her hand and smirked.

Tukso!

Ibinaba ko muna ang manok saka umayos ng upo at tumikhim.

"Alam mo, may napagtanto ako. Feeling nagiging totoo ako sa sarili ko kapag ikaw kasama ko." prangkadong salita ko kay kitten at bahagyang nagpagulat sa kanya. Napatingin ako sa mga kasamahan kong biglang umubo. Nabilaukan ata ang mga gaga, napalakas pala sinabi ko kaya narinig nila.

"Ano ba naman, respeto sa single!" Single pero ang daming babae ni Iris,

"Jusko, ganyan ba nagagawa pag in love? Nagiging weird. Ayaw ko nalang pala ma in love" sabat naman ni Kb at niyakap ang sarili na parang ginaginaw.

"Di ka sure d'yan Kb" sagot ni A sa kanya.

Si Sj walang pakialam at patuloy parin sa paglamon. Ou at kahit si pie hindi pinapansin n'yan basta pagkain ang usapan!

"Kahit naman hindi ka in love kb, matagal ka na kayang weird" sagot ko naman sa kanya at kunwari nagulat pa sa sinabi ko. Bigla tumayo si Iris at hinawakan ang balikat ni Kb.

"Ano?"

"Samahan mo ako saglit" sabi ni I sa kanya.

"Saan ba?"

"Cr lang, dali na!" sabi nito at hinatak na ang keybold kasi walang balak tumayo.

"Ou nga pala kailan natin kakausapin ang parents ni Kb?" tanong agad ni A sa amin pagkaalis palang no'ng dalawa.

Sabi nga pala ni S na kailangan pa namin kusapin ang parents nito para sa plano naming pag-aaral ulit after graduation.

"Hmm, saka na natin isipin 'yan at wag muna natin e open ang topic na mga ganyan sa kanya. Ayaw ko malungkot 'yon." seryosong sagot ni S sa kanya.

Akala ko pa naman wala na 'tong plano kausapin kami dahil puro nalang lamon ang inaatupag.

"What if hindi papayag ang parents n'ya, ano magagawa natin?" tanong ko naman sa kanila.

Si Ziallyn na tahimik lang pero alam kong curious na 'yan sa pinag-uusapan namin dahil halata masyado sa mga mata.

"Kung hindi papayag, edi gagawan parin natin ng paraan. At hinding-hindi ako papayag na ikasal s'ya sa taong hindi n'ya naman mahal at kilala" halata masyado ang inis sa boses ni Sj.

Kung ako ang tatanungin si Kb talaga ang pinakamahalaga sa grupo namin. Kahit noong mga bata pa kami ay s'ya ang kumakausap sa parents nito pag may mga bagay na hindi kaya e open ni Krystal sa kanila.

"Is there a problem?" biglang singit ni pusa kaya napunta sa kanya ang atensyon namin.

"Ano kasi Zi, mag-aaral kami ulit na lima" agad na sagot ni S sa kanya.

Medyo naguluhan ata utak ni Kitten dahil nakakunot ang noo.

"Ano kasi kitten, after graduation namin. Mag-aaral ulit kami tapos kukunin namin criminology" paliwanag ko sa kanya.

"What for?"

"Samahan namin ni Kb, gusto rin namin ma experience at isa pa mga bata pa naman kami kaya eenjoy muna ang life" si S na ang sumagot sa kanya.

Sa totoo lang excited na nga rin ako sa pag-aaral ng criminology. Interesting pa naman daw masyado ang course na 'yan.

"And pie?" tanong nito kay Sj.

"Ou, sinabi ko sa kanya no'ng team building natin sa boracay." sagot nito bago ulit magsimulang kumain. Kita kong pabalik na ang dalawa sa table namin nang biglang nadulas si Iris kaya napalingon kaming lahat sa kanila. kita na nga na may sign na wet floor ba't doon pa dumaan.

"Ouch" napahawak sa pwet n'ya.

Tapos may biglang lumapit sa kanya na babaeng worker, 'yong nag momop kanina.

"M-Ma'am, okay lang po ba kayo?" tanong ni girl. Tahimik lang kami nanonood sa kanila habang kumakain. Napansin kong maganda ang babae, maputi at makinis ang kutis. Natulala nga si Iris dahil sa kaharap n'ya ay magandang dilag. Umatake na naman siguro kalandian n'ya sa loob.

"HAHA" tawa ko nang kurutin s'ya ni Kb sa tagiliran kaya sinamaan n'ya ito ng tingin. Tapos si Kb biglang sumenyas sa kanya pero hindi ko alam kung ano at ngumisi naman ay Iris.

Tumaas ang kilay ko dahil bigla nalang nagdrama na hawak ang kanyang paa. Pwet n'ya naman sana 'yong masakit at bakit sa paa nakahawak?

"Ah awww masakit" pagdadrama n'ya sa babae.

Si keyboard tinapunan lang kami ng tingin at kinindatan, mga malalandi walangya.

"BAHAHAHAHAHAHAAHHA nice nice" proud na pinsan ko sa kanila.

"I-I'm sorry po, halika tulungan na po kita tumayo" natatarantang saad nong babae at ang iris naman mabilis ang naging kilos.

Isinukbit nito ang kamay sa leeg nong babae habang hawak naman ni girl ang bewan n'ya upang alalayan patayo. Sanaol dramatic, pwese na sila mag apply ni keyboard.

Si Ziallyn na nakataas ang kilay na pinagmamasdan ang malanding kilos ni Iris. Sumbong ko nga kay Helari 'tong babaera na 'to.

Palapit na sila sa table namin kaya tumigil na muna kami sa tawanan.
"Ah aww" kunwari masakit paa n'ya.

"Sorry po" bakit s'ya nag sosorry e hindi n'ya naman kasalanan kaloka.

"Hey" tawag ni Iris sa kanya at hinawakan ang kamay.

"Po?"

"Can I have your number?" hindi na nahiya at sa harapan pa mismo ni Ziallyn. Ang babae naman hindi ko alam kung nahihiya o ano, may gusto atang sabihin pero nagdadalawang isip.

"Just my number?" napaubo ako sa sinagot nito langya ano pa ba gusto n'ya.

"Can you be my girlfriend?" Nanlaki ang mga mata naming napatingin kay Iris.

Jusko, hindi na uso ligawan ngayon at jowaan na agad. Mabilis akong tumayo at binatukan ang Iris.

"Sorry miss, may gf na 'yan. Wag mo nalang pansinin. Bumalik ka na sa trabaho mo at baka mapagalitan ka pa" sabi ko sa kanya saka sinamaan ng tingin ang malandi kong kaibigan.

"Ano ba 'yan Iris! dami mong nilalandi hayopka BAHAHAHAHAHAHAHA" isa pa 'tong Sj, imbes na pigilan ay tinotolerate lang.

Bubungangaan ko pa sana kaso may sumingit 'yong manager at sinabing okay na raw ang orders namin.

"Zia, dala mo kotse mo?" baling ko sa kanya at tumango naman ito.

"Tara hindi namin dala mga kotse e, do'n nalang kami sasakay pwede? Ipapamigay ang mga foods sa street childrens" nakangiting pahayag ko sa kanya.

"All right"

Dumiretso kami sa parking lot at pagkatapos na maikarga ang lahat ay umalis din kami kaagad. Ako na ang nagmaneho tapos katabi ko si Ziallyn at sa likod ang apat, mabuti at nagkasya talaga sila.

"Ay pwede do'n nalang natin ipamigay sa slums? 'yong napuntahan namin before nong nangaroling kami" salita ni K mula sa likuran.

"Okay, ituro n'yo nalang ang daan dahil hindi ko alam kung saan" sabi ko

Si Ag na mismo ang nag guide sa akin dahil ang tatlong gaga hindi na matandaan ang daan. Hindi naman gano'n kalayuan at 24 minutes lang ang byahe namin bago maabot ang destinasyon. Pagkababa palang namin ng sasakyan ay pinagkaguluhan na kami lalo na ng mga bata.

"Mga ate gandaaaaaaaa!" tawag ng mga batang malawak ang ngiti na ngayon ay tumatakbo palapit sa amin.

Nasa likod lang kaming dalawa ni Ziallyn habang pinagmamasdan ang mga kaibigan ko.

"Hi kids, na miss n'yo ba kami?" nakangiting saad ni S at pinisil ang mukha no'ng batang babae.

"Opo! akala namin hindi na kayo babalik" sagot nong isang bata.

Kinuha ko na isa-isa ang box at inilabas. Si Ziallyn na nanginginig, feeling ko takot s'ya eh.

"Zia, dito ka sa tabi ko. Hawak ka lang sa damit ko at wag ka matakot. Mabaet naman siguro mga tao rito dahil nagustuhan ng mga kaibigan ko" paninigurado ko sa kanya at kinuha ang kamay nito upang ipahawak sa shirt ko.

Umiling ito saka iniyuko ang ulo.
"It's just... I hate being surrounded by people." mahinang bulong nito.

I pinched her cheek at tinapik sa ulo. "Don't worry. I'm here, so relax." malambing kong bulong sa kanya ngunit hindi ito sumagot. Kinuha ko na ulit ang karton at dinala pabalik sa mga kaibigan kong masyang

nag k-kwentuhan sa mga bata.

"Kunin n'yo na 'yong ibang box sa kotse, para maipamigay na natin 'to" singit ko sa usapan nila.

"Wow ate Sj, sino po sila? Hindi namin sila nakita noong namasko kayo rito" inosenteng tanong ng batang nasa kandungan ni Sj. Tama ba rinig ko? dito talaga sila nangaroling? Pambihirang trip naman 'yan.

"Si ate R at ate Ziallyn mga 'yan kiddo" sagot naman agad ni S sa kanya. Napababa ako ng ulo dahil sa may kumalabit ng shirt ko. Isang maliit na cute na bata ang nasa gilid ko.

"Ate, ang ganda n'yo po." napangiti narin ako dahil sa pagpuri nito sa akin at napabaling kay Zia.

"See kitten? Maganda daw ako! hindi nagsisinungaling ang mga bata." pagyayabang ko sa kanya at the same time napangiwi dahil sa biglang pagkurot nito sa l

[Content truncated due to length]

CHAPTER 17

-

"No! No! No! Ang ending ulit tatalon tayo mula sa langit!" Panay reklamo ni Sj habang nakayakap sa may poste. Halos kalahating oras na umiiyak dahil gagamit kami ng private jet ni Pie, akala kasi namin dito lang din but it turns out na sa palawan pala destination namin!

"Ano ka ba Sj, tumalon ka nga sa rooftop! Tapos ngayon matatakot ka?" sapo-sapo ni Iris ang noo habang pinagsasabihan ang pinsan ko.

"Hindi na aircraft pang skydiving gamit natin. Private jet na nga ni pie, ano ka ba dali na!" Saway ko at hinahatak kamay nito kaso mahirap dahil nakayakap ang isang kamay sa poste.

"Mag barko nalang tayo huhu" langya mukhang mahihirapan kami rito.

Binalingan ko ang kanyang dragon, napailing ang ulo saka lumapit sa amin. Nilapitan ko nalang si kitten na nasa isang tabi, bahala sila d'yan kung mapapayag nila ang tukmol na 'yan.

"Kitten," Ngiting tawag ko.

"Hmm?" sagot n'ya habang nagbabasa ng libro.

"Una na tayo sa loob, bahala na si pie sa pinsan ko." sabi ko at hinila na ito paakyat.

Paglingon ko ay saktong bumitaw na si Sj sa poste, ano kaya sinabi ni pie sa kanya para mapapayag ang tukmol na 'yon? Pero Infairness! ang ganda sa loob, pang first class masyado. Doon ko dinala si Kitten sa may dulo upang umupo.

"Okay lang ba sa may bandang bintana ako?" Baling ko sa pusa.

"Yes"

Kasunod lang namin ang iba at sa tapat namin umupo sila Pie at Sj, sa kabilang side naman ang iba.

"P-Pag ako inatake sa sakit ng puso. Makukulong kayo." Nginig-nginig pa boses nya.

"Hindi 'yan babe, may 8 na attempts ka pa" sabat naman ni Kb langya ginawa na kaming pusa nito.

Tatayo sana ako para ayusin saglit ang damit kaso bigla akong napahilot ng ulo at balik ng upo dahil parang may pumitik na naman tangena.

"Love!" tawag ni Zia at hinawakan ang braso ko.

Ngayon ko lang s'ya nakitang ganito ka worried, kahit hindi naman sabihin ay kitang-kita naman sa mukha at mata n'ya.

"W-where's your medicine?" ba't nauutal yan? Umiling nalang ako at pilit na nginitian s'ya.

"It's okay, may pumitik lang saglit pero nawala na" paninigurado ko sa kanya.

"No" hinablot nito ang bag ko at mabilis na binuksan upang kunin ang gamot ko.

Nakakapanibago naman si pusa ko kasi bigla nalang bumait. Pero napaisip ako bigla kung bakit ang bilis n'ya ako sinagot at tinapos ang laro naming dalawa?

"Don't be stubborn and drink this" sabi nito at s'ya na mismo nagsubo no'ng gamot at nagpainom ng tubig sa akin.

Sinulyapan ko sila Sj pero naka eye mask na pala ang gaga at headphone, pinatulog na naman siguro ni pie. Pero si pie nakatitig lang ng seryoso kay Ziallyn.

"Thank you pusa" pasalamat ko at kinuha ang baso ng tubig sa kamay nito at ininom.

"So, are you two dating?" muntik ko pa tuloy maibuga ang ininom dahil sa biglaang tanong ni Pixie!

Hindi ko alam kung ano isasagot ko, baka naman kasi gusto lang ni pusa na private lang relasyon namin at ayaw ko rin naman e deny kaya hindi ako sumagot.

"She's mine now" nagulat ako sa naging sagot ni pusa.

"In relationship?" tanong ulit ni pie saka nagkrus ng legs at kamay.

"Yes" pero mas nagulat ako sa muli n'yang isinagot kaya napatingin ako sa kanya.

Hindi ko inasahan 'yon sa totoo lang, ang buong akala ko kasi hindi n'ya sasagutin.

"Congrats" rinig kong sabay na sambit no'ng tatlong dragon sa kabilang side. Ay narinig pala nila 'yon.

"Halaaaaaaaaa aaaaaar eeeeeeeel!" biglang sigaw ni keybold jusko.

"Goodness Krystal, stop shouting!" saway sa kanya ni Kathlyn na katabi nito.

"Hala hindi ngaaaaaaaa?! Ba't ang bilis mo sinagot 'yang si R Ziallyn?" gulat na bulaslas ni I.

Hindi ba pwedeng maging masaya nalang s'ya para sa akin? Kokontra pa ata ang gaga

"Sitdown kid" utos sa kanya ni Everleigh.

"Hoy hindi nga?!" gage akala ko tulog 'tong pinsan ko, hindi pala at nakikinig lang sa usapan.

"Congrats R" mabuti pa 'tong si Ag.

"Ginayuma ko kasi s'ya guys hays, kaya ayan sinagot ako" pabiro kong sagot sa kanila at umiling-iling.

"Pero seryoso Zi? ang bilis naman ata" ang S hindi parin makapaniwala, sabagay kahit ako rin ay hindi makapaniwala.

Tumingin muna ito kay pixie bago sumagot sa pinsan ko at ngumiti.
"Yes"

Bakit ata biglang nag-iba ang ihip ng hanging ngayon? Parang kailan lang ako ang naghahabol sa kanya.

"Luh donkey tanga congrats" hindi ba pwedeng e congrats n'ya naman ako sa tamang pananalita.

Inikutan ko nalang s'ya ng mga mata bago sumandal at pumikit.

"Hoy mommy kailan mo ako liligawan?" nanindig balahibo ko dahil sa sinabi ni Iris.

Ang kapal talaga ng mukha nitong e hoy hoy lang a professor at the same time mag demand na ligawan s'ya, what the hell. "Kapal ng mukha mo" sagot ko sa kanya habang nakapikit parin ang mga mata.

"Sus, alam mo ma'am sa Jollibee may inaya na maging girlfriend 'yan si tanga" sumbong ni Kb, aguy bawas points ka na tuloy Iris.

"Really?"

"Yes po" sagot ni Ag.

"Then Iris, why don't you ask that girl to court you instead of me" Everleigh said coldly.

Hindi ko lang alam ha parang may ka bitteran masyado 'yong tono ng pananalita. Selos ba tawag d'yan?

"Maraming babae 'yan ma'am, may Bernadette pa nga" lakas manlaglag nitong mga kaibigan namin.

"Ou plus gusto rin n'yan si Helari, aguy!" itong pinsan ko naman pinapalala pa ang sitwasyon ni I.

"Stick to many, loyal to all bebe kasi ako mommy" ang Iris proud pa talaga na sinabi n'ya 'yan jusko, gusto n'ya ata ihulog pabagsak ngayon sa lupa.

"You two are the same" singit ni Lorelei kaya napabukas ako ng mata.

Hala anong you two are the same, so fuckgirl din si miss ma'am? I mean mahilig makipaglaro gano'n, babaera?!

"Halakaaaaaaa!" bulaslas ulit ni Kb.

"I told you not to shout krystal!" ayan ang laki kasi ng bunganga nahampas ka tuloy.

"Sabi na same vibes tayo eh" sabi ni I. Ano nalang mangyayari sa kanilang dalawa kung parehas silang player.

"Yeah what a nice joke Lorelei" Everleigh said sarcastically, oh so hindi pala totoo.

Kaya siguro naging abala at tinapos agad ng mga professors work nila dahil para may bonding time sa birthday ni Everleigh.

"Balita ko ma'am nawala wallet mo, ay hindi pala tinakbo ng magnanakaw?" ang gulo kausap nitong Iris.

"Yes and why?"

"Pero bakit hindi mo hinabol? diba dapat normal lang na habulin mo if someone takes your wallet?" duda rin ako na hahabulin n'ya 'yon.

"You mean?" sagot ni Everleigh.

"You'd chase after them?"

"Why would I? I chase after nobody" mataray na sagot nito. Ay chase nobody daw pero baka kainin lang din pinagsasabi n'yan soon.

"Aweee di nga? Baka habulin mo 'ko n'yan" kapal talaga mukha kahit kailan.

"Maybe you should remind yourself of that..." she said coldly which made us laugh.

"Kawawa HAHAHAHAHAAHAH" kantsaw ni kb sa kanya.

"Manahimik ka unggoy"

"Ay naalala n'yo 'yong last night natin sa boracay no'ng team building?" tanong ni Kb.

"Maraming ganap no'n, bakit anyare?" sagot ko sa kanya.

"Diba umakyat ako una sa room natin dahil antok na ako?" sabi n'ya.

"Bakit?"

"Kasi pagpasok ko sa cr may nakita akong daga kaya mabilis akong lumabas at nilock ang daga sa loob" kawawa naman 'yong daga at nakulong pa ng wala sa oras.

"Okay next?" Excited ang Ag.

"Grabe kawawa naman 'yong daga at kinulong mo, nagulat siguro 'yon bakit may unggoy s'yang nakasalamuha" sabi ko at nagtawanan naman ang iba.

"Ganda kong to?!" iritadong sagot ni Kb.

"Then nagmadali akong tumawag sa customer service nila. Syempre nataranta na ako at spokening dollar 'yong sumagot" dagdag nito at bigla nalang tumawa ang gaga kahit wala pa nga nakekwento.

"Kwento ka muna bago tumawa pwede?" sabi ni A sa kanya.

"So ayon nga, sabi n'ya good evening ma'am how may I help you. Then sinagot ko s'ya at natatarantang sinabi na hello, do you know tom and jerry? tapos sagot agad n'ya yes the cartoon ma'am? Then sabi ko naman yes yes Jerry is here in my room. HAHAHAHA bigla ko nalang kasi nasabi na, when you come here bring tom with you. Tapos sagot n'ya I'm sorry ma'am we don't have tom in the hotel, kaya ayon umalis nalang ako at bumalik sa inyo" kwento n'ya sa amin habang patawa-tawa.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" Hagalpak naming magkakaibigan and demogons naman napailing at kagat labi nalang dahil sa pagiging payaso ni kb.

"Walangya ka naman horsey BAHAHAAHAHAHAHAHAHA" nawala na ata takot nitong pinsan ko dahil panay na ang tawa.

"Langya Tom and Jerry HAHAHAAHAHHA" napalakpak pa ang Iris sa kakatawa.

"Pambihirang bring tom here 'yan" sagot ko sa kanya

"Dapat mag hire sila ng Tom for security" maganda rin 'tong Idea ni Ag, pwedeng pwede!

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHHA"

Langya nabuhay na naman ang pagiging sinto-sinto namin at hindi na matigil sa kakatawa. Narinig ko pa ang pag tikhim ni Iris at binalingan si Everleigh.

"May tanong ako ma'am" sabi nito

"What?"

"Paano naging strawberry ang tawag sa strawberry e wala naman straw?" seryoso n'yang tanong pero humagalpak kami ng tawa.

Bigla nalang kumunot ang noo ni Everleigh sa tanong n'ya, nag loading din siguro utak dahil hindi alam ang isasagot haha.

"Diba dapat berry lang dahil wala namang straw? Kaya dapat lagyan ng straw para maniwala akong strawberry yan" langyang Iris to.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Langyang tanong 'yan Iris HAHAHAHAHAHAAH" tawa ko sa kanya. Ang demogons nag loading din ata dahil mukhang napaisip din sila sa tanong ni Iris.

"Isa pa 'yang hotdog, hotdog daw pero wala namang aso. Asan aso do'n?" hayop na keybold naman at sumabay pa sa kalokohan.

"Ikaw." Sagor ni Ag,

"Ag naman! Pero asa nga?" Kabaliw ni keyboard.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAHA" lakas tawanan namin ni Sj gage.

"Baka chinopchop at pinasok sa silooopeeen?" sagot ni Iris.

"BAHAHAHAAHAHAHAHAHAH tanong mo sa relatives mong aso kb" lakas mang insulto ni Sj.

"HAHAHAHAHAAHHAAHAHAHAH" di ko na talaga mapigilang ang tawa ko gage. Hinihika ako dahil sa kakatawa bwesit naman 'to.

"Rochelle" tawag ni Zi sa akin kaya napatingin ako sa kanya.

"Yes?"

"Don't laugh too much, your head might hurt again" kumunot naman ang noo ko dahil sa pagsaway nito.

"Okay na 'ko, nainom ko naman gamot" sagot ko at nginitian s'ya.

"Meron pa pala, isa pa yang redhorse

pero wala namang kabayo. So ano yan, pawis ng kabayo ang nilagay sa loob kaya tinawag na redhorse?" sumali narin ang pinsan ko sa kabobohan no'ng dalawa.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAH" paubo-ubo na ako kakatawa letche.

"Meron din fire exit, pero tao 'yong dumadaan. Edi sana tinawag nalang d'yan tao exit kasi wala naman apoy na naglalakad hmp" hirit ni Ag.

Ganyan na ba ka bored ang mga buhay at pinoproblema nila ang mga pangalan ng pagkain o mga products HAHAHAHAHA.

"Parang eggplant lang din, asan 'yong egg? Nasa tindahan 'yong egg wala sa plant. Eggplant daw pero walang egg hmm ma'am pakipalitan n'yo nga pangalan nong talong " hirit ulit ni Sj, ang laki ng mga problema nila kaloka.

"Corn beef din, pero walang mais pambihira! Pinagloloko tago ng nga delatang 'to. Dapat nilagyan nila ng mais o di kaya popcorn" Iris ayaw paawat sa buhay. Napailing nalang ako dahil sa topic nilang walang kahulugan.

"Ang laki ng problema n'yo sa buhay ah" sabat ko sa usapan nila.

"Pero last na 'to, curious kasi ako talaga" seryosong saad ni kb.

"What?" sagot ni Kathlyn sa kanya.

"Nalulunod po ba ang mga isda?" Tangena.

"AHAHAHHAAHAHAHAHAHAHAH"

"Don't you have common sense krystal?" langya na realtalk ang monkey.

"Wala 'yan ma'am HAHAHAHAHAHA" sagot ni Iris.

"Alam mo keybold nalulunod sila, kaya nga pag tinatanggal sila sa tubig sumasayaw sila sa tuwa" sabay ko sa kalokohan n'ya.

"Really Rochelle?" taas kilay na salita ni Ziallyn.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHHAHA"

"Isa rin walang sense BAHAHAHA"

"Nagsalita ang meron" sagot ko kay Sj.

"Pero bakit pinapakawalan ng safeguard 'yong 1% nong germs?" tanong na naman ni Iris.

"Pag ba pinatay nilang lahat may gagamit pa ng safeguard?" tanong naman ni Ag sa kanya.

"langya HAHAHAHAHAHAHAAH" ayoko na sana tumawa kaso hindi naman mapigilan!

"Probably the remaining 1% of germs is you" Mas lalo umalingawngaw ang tawanan namin dahil sa pang iinsulto ni Everleigh kay Iris.

"Tama ma'am s'ya talaga 'yong 1% HAHAHAHAHAHAHAAH" pangsasang-ayon ni keybold sa kanya.

"Grabe ka sa 'kin mommy ha! gusto mo ano?" SI Iris lakas ng loob mag amok ng gulo susme.

"What?" makasagot naman si Everleigh gusto rin ata ng gulo dahil sa mala hamon na boses nito.

"Wala ah, wala naman akong sasabihin" tapang-tapang tapos tiklop naman pala.

Napaisip ako bigla, hindi ko alam kailan birthday ni Kitten. Pero next time ko nalang itatanong sa kanya 'yong kami lang na dalawa. Gusto ko sana abalahin pero mukhang seryoso masyado sa binabasang libro. Mahilig pala s'ya magbasa, akala ko pa naman puro lang pananampal ang alam n'ya. Napagpasyahan ko nalang na makinig ng music dahil wala rin naman akong gagawin. Pinatugtog ko 'yong version ni skusta sa nandito lang ako. Maganda kasi 'yong lyrics at feeling ko bagay para sa akin.

Kinuha ko ang isang kamay ni Ziallyn at hinawakan ng mahigpit. Nagulat pa s'ya sa biglang ginawa ko ngunit nginitian ko lang ito saka ipinikit ang mga mata. I'm just humming along with the music at napangiti ako no'ng malapit na sa favorite part ko 'yong lyrics.

"Salamat dumating ka sa 'kin sa taon na 'to. Salamat dumating sa pagkakataon na 'to. Salamat sa tiwala mo sa akin na binigay. Salamat dahil ako'y tinanggap mo ng buo"

"Hanggang huli na 'to wala nang bawian, nandito lang ako kasi nand'yan ka lang. Hindi ka nawala sa aking likuran. Di na kita papakawalan, nandito lang ako" napamulat ako ng mata dahil sa pagpisil ni pusa sa kamay ko.

"I didn't know you could sing" sabi n'ya.

Oh napalakas pala ata pagkanta ko, mabuti nalang abala ang iba at s'ya lang nakarinig.

"Not really" sagot ko at humikab.

"Sleepy?"

"Hmm, but not sure kung makakatulog"

"Come here" nagulat pa ako nang isinandal mismo ni pusa ang ulo ko sa balikat n'ya at nagsimulang pisilin ang lobule ko.

Anong meron sa kanya today, una sinagot ako kahit na kakaligaw ko palang sa kanya. Tapos ngayon mas daig pa mommy ko kung alagaan ako. At infairness hindi pa n'ya ako tinarayan sa araw na 'to, hinihintay ko pa naman.

Panay na ako hikab at medyo inaantok na dahil sa ginawa nito sa tenga ko.

"Sleep" sabi ni pusa kaya tumango nalang ako saka ipinikit ang mata.

-

"Rochelle!"

"Jane!"

Napabalikwas ako dahil sa malakas na sampal. Gage si kitten pala sumampal ay pati rin pala pinsan ko nasampal. Hindi ba pwedeng gisingin nila kami in a normal way?

"Pie naman, kailangan ba talaga sampalin? Pwede namang lantakin mo nalang labi ko"

"Pusa pwede mo naman akong halikan kung gusto mo akong magising"

Nagkatinginan pa kaming dalawa ni Sj dahil sa sabay naming sinabi habang haplos ang pisngi langya.

Natawa nalang ako kasabay ng pag iling "Pambihira, mag pinsan nga talaga kayo"

"Fix yourselves" utos ni pie.

Nasa hotel na pala kami at nakatulog ulit ako agad kanina pagsakay ng sasakyan. Nauna na kami pumasok ng hotel dahil may pag-uusapan pa raw sina Pie at Zia. Nasa lobby palang kami nang makita namin ang tatlo sa may bandang elevator, may kaaway na naman ata ang tatlong gaga.

"Hoy" tawag namin sa kanila. Ba't nakabusangot ang mukha nitong Iris.

"Oh wow, did you just call your friends?" taas kilay na tanong ng babaeng kaharap ni I.

Ohhhh okay mataray 'tong kalaban n'ya ngayon at sa tingin ko hindi madaling kalaban 'to. Palipat-lipat lang ang tingin ko sa kanilang dalawa.

"Alam mo maganda ka sana kaso pangit ka kabonding" may halong inis sa boses ni Iris, palaban ang girl at ngumisi lang.

"Well, I did not ask your opinion" humagalpak kami ng tawa dahil sa rebat no'ng babe.

"HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH"

"Mukhang may katapat ka na I" sabi ko sa kanya at lumapit kay Kb na nanonood lang sa gilid.

"Bigyan mo nga ako kb, nagutom ako e" sabi ko sa kanya. Kumakain kasi ang monkey ng sandwich.

Ang dalawa naman patuloy parin sa pagbabangayan, hindi na kami nakisali at tahimik nalang na kumakain dito sa gilid.

"Heaven" napalingon kami dahil sa boses na may tinawag na pangalan.

Si Everleigh lang pala na papalapit sa amin, sinong heaven tinawag nito. Masarap ba masyado si Iris kaya tinaway na heaven.

"Why are you still here?" napanganga ako dahil ang tinutukoy pala nito ay ang ka bangayan ni Iris.

"Heaven?" naguguluhang tanong ni I kay Everleigh.

"Yes kid, her name is Heaven. My sister" bigla nalang umubo 'tong dalawang nasa gilid ko.

Siraulo nabilaukan ata si Sj at Kb dahil sa sinabi ni Everleigh. Pero hindi ko alam na may kapatid pala s'ya, akala ko kasi only child lang din si ma'am.

"Itanong mo sa panget na 'yan" sabay turo ni Heaven kay Iris.

"Hoy, ako panget? Hindi mo ba alam na crush ako n'yan ni ate mo? Heaven pangalan mo? Hindi bagay sayo, bagay sayo hell" lord sana po gabayan n'yo si Iris dahil sobrang kapal na po ang pagmumukha.

"What did you say?!" singhal n'ya kay Iris.

"Bingi ka ba hell?" Langya lakas mang asar.

"My sister likes you? Excuse me but she's engaged!" she exclaimed lmao.

"What?!" sabay pa kaming lima napasigaw dahil sa gulat gage.

Si Iris bigla nalang lumapit kay Everleigh at hinawakan ang magkabilang balikat.

"Totoo ba?" 'yong boses n'ya na nanginginig.

"Na may iba ka ng mahal?"

"Sibihin mong hindi totoo" pailing-iling pa s'ya walangya.

"Aminin mo, aminin mo, aminin mo!" hindi ko na kinaya. Ang gaga bigla nalang inalog si Everleigh, bilib na talaga ako sa confidence n'ya.

"HAHAAHAHAHAHAHAAHAHAHAH" hagalpak naming apat sa gilid potangena naman nito ni Iris.

Hindi ko alam kung seryoso ba s'ya o nagbibiro dahil sa sobrang dramatic no'ng actions n'ya.

"Gosh Iris, stop doing that!" saway sa kanya ni Everleigh at maarteng inalis ang kamay nito.

"Pero ma'am totoo po ba na may fiance ka na? Akala pa naman namin single ka" tanong ni Sj sa kanya.

Kahit ako hindi makapaniwala langya ang akala namin single kasi panay ang pagiging sugar mommy n'ya kay Iris. Plus 'yong 55m n'ya sa auction, so ano bored lang ang Everleigh kaya nag decide maglaro muna?

Nagdadalawang isip pa nga ata kung aamin ang dragon o hindi.

"Yes"

Hindi ko alam pero pagkatapos n'ya sambitin 'yon ay napatingin nalang ako kay Iris. Pero parang wala naman reaction ang gaga? nakangiti pa nga s'ya sa harap ni Everleigh.

Akala ko pa naman may gusto ito sa professor, parang wala nga ata at kay Helari talaga s'ya may gusto.

"Well, congrats ma'am. Akyat na kami at kailangan pa namin ilagay mga gamit" nakangiting saad ni Iris sa kanya bago binalingan si Heaven.

"Bye heaven na masungit, see you in hell" Iris said while giggling, abnormal talaga.

Bago paman namin malampasan si Everleigh ay nakita ko pa s'ya na sinundan ng tingin si Iris na nauna na sa amin. Hmmmm

"Hoy tanga, akala ko pa naman may gusto ka kay ma'am" hampas ni K sa batok n'ya.

Kakapasok lang namin sa kwarto, iisang room lang din pinakuha namin at hindi raw kami pwede maghiwalay sabi ni S.

"Ou nga at akala ko rin talaga meron" segunda naman ni Ag.

"Wala akong gusto sa kanya, gusto ko lang talaga asarin si mommy. Para kasing tigre kung mainis HAHAHAHA" agad na sagot nito sa amin at pasalampak na umupo sa kama.

"Ay hinihintay mo si Helari?" seryosong tanong ko.

First year criminology na kami sa panahon na 'yon kung uuwi ang tatlong kambal.

"Sabi ko lang crush ko, wala akong sinabing hintayin s'ya. Basta kung sino lang makapagpatino sa akin do'n na ako forever" agad na sagot nito at humagalpak ng tawa.

"Para ka talagang bobo, pag ikaw kinarma!" si Kb na naiinis na sa kanya.

Aware naman ata ang halos estudyante na babaera s'ya? Last week nga pinagsabay n'ya 'yong taga HRM at EDUC tapos kinabukasan sabay din n'ya hiniwalayan tangena. Ano ba nangyari dito at hindi naniniwala sa true love ang baliw.

"Hoy nag chat na si pie, bumaba na raw tayo" putol ni S sa usapan namin.

Agad kaming kumilos at bumaba, hindi namin alam kung ano ang plano nila today kaya go with the flow nalang ang mga bata.

"Holy shit!" napaubo ako sa malakas na hampas ni Sj sa likod ko.

Gage sino hindi mapapamura kung naka two piece silang lahat?! Tapos 'yong pusa ko tangena bagay sa kanya ang pink na bikini. Bakit hindi nila suot ang kimono pft.

"Ganda naman ng girlfriend ko!" proud na proud ko pang sinabi sa kanila.

"Edi kayo na hmp!" singit ni Kb at inikutan kami ng mata.

Hindi ko na mapigilan ang sunod-sunod na paglunok habang papalapit sa kanila. Sino ba hindi mababaliw sa mga Ponferrada na 'to lord jusko.

Dagdag pa na matatangkad din sila, 5'6 height ni pusa ko at halos magkasing tangkad lang silang lima.

"Hoooy hell!" nakakagulat 'tong Iris at bigla nalang maninigaw.

"Stop calling me hell!" bulyaw nito pabalik sa kanila.

Ay bahala sila d'yan at mabilis kong nilapitan ang pusa ko. Kainis 'tong mga mata na nakatitig sa kanya, especially sa katawan n'ya!

"Pusa" tawag ko sa kanya at hinubad ang suot na kimono.

"Ano ba 'yan, hindi naman halatang hinahatak n'yo atensyon ng mga tao lalo na ang kalalakihan no?"

nakangusong salita ko at isinuot sa kanya ang beach kimono ko.

"Look who's being possessive now" Ziallyn said with a smirk on her lips.

Medyo natulala ako sa part na 'yon ah, usually tinatarayan na dapat ako nito ngayon pero hindi nangyari.

"Ang sexy mo kasi masyado kitten, alam ko naman magaganda kayo at wala kayong pakialam sa mata ng mga tao. Pero kasi 'yong mga tinginan nila parang minamanyak na kayo" kinakabahan talaga ako lagi pag malapit lang 'tong pusa sa akin.

After kong ayusin ang kimono sa kanya ay saka pa ako humugot ng lakas ng loob upang tignan s'ya sa mga mata. And wow! I was amazed at her beauty especially when she smiled. I immediately took her hand at sinundan ang iba.

"You know what, my heart is about to burst everytime I see you. Especially your smile" I said softly.

"Pusa?" baling ko sa kanya, ba't tulala nakatingin sa 'kin to.

"Oh sorry, I was just spacing out"

"Sus, na in love ka lang sa akin eh" taas ng confidence ko ngayon ah.

"Have you gone crazy?" I looked at her in disbelief, ako pa talaga sinabihan ni pusa n'yan?

"Isn't it crazier that you said yes to me?" hindi ata inasahan ang sagot ko dahil bahagyang nanlaki ang kanyang mata.

Napatingin ako sa mga kaibigan ko na nag unahan tumakbo sa jet skis. Gusto ko narin sana tumakbo at sumakay pero ayoko naman iwanan ang pusa mag-isa.

"Is it hard dealing with me?" biglang tanong ni pusa.

Hindi naman masyado, nasanay narin nga ata ako sa kakasampal n'ya. Ang pagiging ginisa mix n'ya lang talaga nagpapahirap sa akin.

"Because I grew up with my grandparents. I must've been influenced by my lolo. He always make dissatisfied expressions" I'm kinda amazed because this was the first time she had opened up to me.

"That's why I started hanging out with them" she said and pointed to my friends, who were racing jet ski.

"To change myself" she whispered in the air.

I heaved a sigh before turning my head to look at her.

"Honestly speaking pusa, I think it's cool that you can remain unfazed in front of anyone. Is it really something you have to fix? I think that's part of your assets" seryoso kong sabi sa kanya.

To be honest mas bagay nga sa kanya ang pagiging ganyan. Isa rin kaya 'yan sa rason bakit nagustuhan ko ang pusa. Her resting bitch face is just so damn hot kaya walang dapat baguhin sa kanya at isa pa, bakit babaguhin kung ako rin naman end game n'ya? hays.

"You think so?"

"Yes, you don't need to change yourself. I accept everything about you at isa pa... Mas bagay sayo ang coldness mo, mas nakaka in love lalo." Malambing kong salita at kinindatan s'ya.

She's smiling...

"You know, I used to dream that you would smile at me. I'm happy now 'cause kasi binibigyan mo na ako ng matatamis na ngiti, and your smile lights up my mood." Mas lalo ko pa nilawakan ang ngiti sa aking labi.

"Such a straightforward person" I was stunned when I heard her giggles. She's really beautiful.

Mas lalo ko pa hinigpitan ang hawak sa kamay nito.

"Sana tuloy-tuloy na 'tong kasiyahan na nadarama ko pusa at hindi na masaktan pang muli" bigla s'yang tumahimik at tipid akong nginitian, saka ibinaling ang paningin sa mga kasamahan.

"Let's join them." Tumango ako at sumunod sa kanya.

Relax lang ang demogons na sumilong sa malaking payong. Scammer ang pusa akala ko pa naman sasakay s'ya sa likod ko pero hindi pala. Kami naman parang mga bata na naglalaro at hahabulan sa dagat.

"Heeeeeeeellllllllll!" muntik pa sila mag salpukan na dalawa ni Heaven.

"My god! Ang luwag ng dagat at talagang gusto mo akong banggain?!" kanina pa 'yan sila nagbabangayan na dalawa.

"Hoy hella, bakit ka kasi humihinto sa dadaanan namin!" maka hoy ang keybold.

Mabilis kong pinaandar ang ski ko at pumagitna sa kanilang tatlo. Sila Sj at Ag naman mga walang pakialam, paikot-ikot lang ito sa aming apat.

"Nga pala Heaven, saan ka nag-aaral?" tanong ko sa kanya.

Mas mabuti na 'yong ibahin ang topic kaysa mag bardagulan 'tong tatlo dito at baka may malunod pa.

"All girls school" agad na sagot nito.

"Luh sabaok, marami ba maganda sa school mo hell?" tanong ni Iris.

Nilayasan na kami no'ng tatlong baliw at nagpatuloy na sa paglalaro ng mga jet ski nila.

"Marami, actually it's an elite school kaya normal lang na magaganda at mayayaman ang mga estudyante" agad na sagot nito at umikot sa akin upang tabihan si Iris.

"Bakit ayaw mo sa PU? Ponferrada ka rin naman" gage close na agad sila n'yan? Parang kanina lang gusto nila magpatayan na dalawa.

"Hmm balak ko nga dahil wala akong makitang true friends do'n sa school. They're all fakes, only wants to befriend me 'cause of my surname" she didn't even hesitate a bit. At talagang planado na nga ata ang gagawin n'ya.

Si Iris bigla nalang tumawa ng malakas kaya napalingon kami sa kanya.

"Ou lumipat ka sa PU at sumali ka sa grupo namin HAHAHAHAHAHA hoy Sj lapit ka saglit!" tawag n'ya kay S kaya agad na bumalik sa amin ang pinsan ko.

"Oh bakit?"

"Si hell kasi binabalak lumipat ng school. Sa all girls s'ya nag-aaral. Isali na 'yan sa CCB at diba kailangan natin ng members? HAAHAHAHAHAH" nanlaki ang mata nito nang marinig ang sinabi ni Iris at humagalpak ng tawa, abnormal.

"Ayyy gusto ko 'yan BAHAHAHAHAHAHA ilang taon kana hell?"

"20"

"Wow mag ate ka sa akin hell" utos ni Iris sa kanya.

"Ewww nooooo" natawa ako dahil sa arte nito kung sumagot.

"Sige gusto ko 'yan, simula ngayon member ka na namin BAHAHAHAHAHAHA" pala desisyon talaga 'tong pinsan ko.

"Kayo ba 'yong tinutukoy ni ate na mga magugulo at puro kalokohan lang ang alam sa school?" humagalpak kami ng tawa dahil sa sinabi nito.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHHAAHA"

"Ou, kami 'yon HAHAHAHAHAHAHA" sagot ko sa kanya.

Kung member na s'ya it means tatlo nalang kulang namin para makabuo ng club pero naisip ko lang na graduating na pala ang nerdy namin. Kaya balik ulit kami sa paghahanap ng apat dahil hindi na namin makakasama si nerdy sa pag-aaral.

"Don't worry hell, wala kaming pakialam kung Ponferrada ka or kung anong status ng buhay mo. Basta kami ay ini-enjoy lang ang life" sabi naman ni Sj sa kanya.

"Ay hindi mo siguro alam no, fiancee ni Sj si miss pixie at girlfriend naman ni Ziallyn si R" pag eexplain ni Iris at tinuro kaming dalawa ni S.

Bakas pa sa mukha ni Heaven ang pagkagulat, hindi n'ya at inasahan ang bagay na 'yon.

"Seriously?!" natawa nalang kami sa naging reaksyon nito.

"Ou HAHAHAHAHAAHAH" sagot ulit ni I sa kanya.

"Unbelievable, akala ko straight ang mga pinsan ko"

"Paano e na bend namin" kibit balikat na sagot ni S.

"Baka next ma bend ate mo AHAHAHAHA" sabi ko at tumawa narin ang pinsan ko.

Kumunot naman ang noo ni Hell dahil sa sinabi ko. "Diba sabi ko may fiance na s'ya?" seryoso na saad

nito.

Pero hindi kami nagpadala sa sinabi n'ya at mas lalong nagtawanan. Iniisip siguro nito mga abnormal kami.

"Do you like her fiance ba ha hell?" tanong ni Sj sa kanya na agad naman n'yang ikinailing.

"Yuck, no and I hate that fucking bastard. Isang beses nakita ko s'ya na may kahalikan na iba at sinabi ko kay ate. Pero parang wala lang sa kanya" iritadong paliwanag nito sa amin.

"Gusto mo hiwalayan ni miss 'yong bastardo n'yang fiance ?" tanong ko sa kanya.

"Of course! kung marami namang matinong lalaki sa mundo no" agad na sagot nito.

Nagkatinginan muna kaming dalawa ni Sj baho itinuon ang paningin kay Iris na tahimik lang.

"Wag ka mag-alala maghihiwalay din silang dalawa. Magtiwala ka lang" sagot naman ni Sj sa kanya.

"Pero hindi lalaki mapapangasawa n'ya. Kundi babae" singit ko sa kanila at sabay naman kami nagtawanan ni Sj.

"I don't really care as long as my sister is happy" madali naman palang kausap 'tong si Heaven kaya sure akong magkakasundo kaming lahat.

"HAHAHAHAHAHAHHAHA good yan" ang kaninang tahimik lang ay bigla nalang tumawa at nagsalita.

Sabay kaming napatingin kay Kb dahil bigla nalang itong sumigaw. Gage ang monkey nahulog sa sinasakyan na Jet ski.

"Hoy tanga bakit ka nahulog! Kahit sa tubig nahuhulog ka doggy!" sigaw ni Sj sa kanya.

"Wag ka muna magpakamatay keyboooooooold, hindi pa ready si san pedro upang tanggapin kaaaa!" sunod na sigaw ni Iris sa kanya.

"Bwesit ka naman Ag!" buti nalang at nasa mababaw na parte lang kami kaya hindi nalunod ang monkey.

"Tanga bakit sisisihin mo ako e ikaw ang tumalon gaga" sagot ni A sa kanya.

Tinawag naman ni Sj ang dalawa dahil gusto n'ya ipakilala si Heaven as our official member.

"Guys she's our new member. Kilala n'yo na si hell diba at kapatid ni Miss Everleigh. My name is Shara Jane but you can call me S since first letter basis kami sa tropa and welcome sa grupo namin Hell" inilahad nito ang kamay upang makipag shake hands at agad naman itong tinanggap ni Heaven.

"Thanks and I hope hindi kayo katulad ng mga babae na kakilala ko sa school. Heaven Lor Ponferrada, then I guess call me H from now on?" nakangiting pagpapakilala nito.

Ako naman ang sumunod na nakipagkamay sa kanya. "Rochelle Love, and R for short. I'm sure mag eenjoy ka pag nasa PU ka na." Pakilala ko at kumindat sa kanya.

Sunod naman si Kb, bastos na unggoy at tinabig pa talaga kamay ko.

"Hi, Krystal Bern here. K for short and the ultimate payaso of the group" proud ang monkey namin na 'yan ha.

"HAHAHAHAAHAHAHAHA" tawa ni H sa kanya.

Sunod naman si Ag.
"Axel Grace, A at your service madam" naks mala butler ang datingan ng A natin dahil maypa halik pa sa kamay.

"Ang landi mo Ag!" sabay splash ni S ng tubig dagat sa kanya.

"Hoy ako na alis nga! My name is Iris. Call me I, hell" sinagad na n'ya talaga ang pagtawag ng hell kay heaven.

"Sorry earlier, kasalanan ko talaga 'yon. Sakto lang at badtrip ako kaya ikaw naaway ko" hindi ko inasahan 'yong sinabi ni H sa kanya.

Wow ang isang Ponferrada una humingi ng sorry? Ibang-iba 'tong si Heaven kumpara sa demogons.

"Okay lang sus, basta tropa na tayo ngayon" nakangising saad ni Iris sa kanya.

"Hala hoy mga tanga tawag na tayo ni pie. Baka sasakay na tayo ng mga ibang rides! tara at balik na us." Paalala ni Sj sa amin. Napatingin kami sa demogons, at ou nga dahil mga nakatayo na sila at hinihintay kaming makabalik. Sexy talaga ng girlfriend ko kahit sa malayo nakakaulol parin.

"Tara unahan tayo!" Sigaw ni S at pinaharorot na ang jet ski.

"Hooooy madaya ka gago!" tawag ko sa kanya at mabilis na sinundan.

Mukhang magiging masaya ang araw na 'to!

CHAPTER 18

-

"Yaaaaaaay banana booaaaaaaaat!" Nagtatatalon kami habang sumisigaw sa tuwa.

Marami kami kaya dalawang banana boats gagamitin. Kasama ko sa boat sila Ziallyn, Pixie, Sj, Iris at Everleigh sa kabila naman sila Kb, Kathlyn, Lorelei, Heaven at Ag.

"Sino gusto sa unahan?" tanong ko sa kanila.

"Ako ako ako!" parang bata talaga 'tong pinsan ko.

"Sige ikaw una tapos sunod ka pie, then next naman ikaw ma'am Eve at ikaw naman sa likod n'ya Iris. Kami na huli ni Zia" sabi ko sa kanila.

Hindi sila umangal at agad sumampa sa banana boat namin. Hindi halatang excited ang dalawa kong kaibigan dahil hindi matigil sa kakasigaw.

"Zia ikaw sa likod ko, dapat sa akin ka lang yayakap" bulong ko sa kanya tapos kinindatan s'ya. Tinaasan lang ako ni kuting ng kilay.

Nagsimula na kaming umandar at hinatak kami papunta sa malalim na parte ng dagat, hanggang sa unti-unti na bumibilis ang boat namin.

"Zia, higpitan mo yakap sa akin" baling ko ng ulo sa kanya. Baka kasi mahulog 'tong pusa at nasa dulo pa naman s'ya. Pabilis nang pabilis ang banana hanggang sa oras na para umikot kami.

"Iris, stop tickling me!" sigaw ni Everleigh sa kanya.

"Halaaa halaaaa paliko na tayo ayan naaaaa!" sigaw naman ni Sj sa unahan.

"HAHAHAHAHAAHAHAHA wag ka mahulog hindi kita kaya saluhin mabigat ka!" Sigaw ni Iris, langya 'tong babae na 'to.

"Shut up!"

Pumihit na pa kaliwa ang banana at dahil sa malakas na alon ng dagat ay si Iris biglang nahulog sa dagat kasama si Everleigh.

"BAHAHAHAHAHAHAAHAHAH"

"J, stop moving!" saway ni pie sa kanya.

"Bakit ba kasi yayakap kahit may mahahawakan naman sa saging AHAHAHAHAAH" sigaw ni Sj.

Napayuko ako upang tignan ang sinabi n'ya, ay gage meron nga talaga. Hindi ko naman kasi napansin 'to kanina!

"Aaaaaaaaahhhhhkdnkdnhd!" sigaw ni keybold sa kabilang side.

Laughtrip masyado sitwasyon nilang dalawa ni Heaven. Ang mga katawan nila nahulog sa dagat pero ang mga kamay nakahawak sa saging. Para silang mga patay na kinakaladkad ng sasakyan jusko.

"HAHAHAHAAHHAHAAHAHAHAHAH" tawanan namin ni Sj gage.

"Kitten, hawak ka lang mabuti. May malakas na alon tayong makakasalubong" may kalakasan na sabi ko sa kanya.

Napangiti ako nang naramdaman humigpit ang yakap sa akin. Sasabihin ko sana sa banana holder na kumapit pero wag nalang, sulitin ang moment. Dahil nga sa malaki ang alon na kasalubong at nawala ako sa focus, ay medyo napasama ang impact at tumilapon kaming dalawa ni kitten sa dagat gage.

"Sorry pusa HAHAHAAHHAAH" sabi ko sa kanya at lumangoy palapit sa kanya.

"Love"

Lumangoy ako paharap sa kanya. Wow ang hot masyado ni pusa ko tignan!

"Hala pusa ang ganda at sexy mo pag wet ka" diretso kong sabi sa kanya.

"Rochelle!" singhal ni pusa at hinampas ulo ko gage.

"Aray, I mean ano kasi. Ang ibig kong sabihin pag nabasa nang tubig!" pagtatama ko sa sinabi ko.

Napaka dirty minded masyado at ano bang mali sa sinabi ko! Wet naman talaga ang english ng basa ah!

"Hehe" hagikhik ko at niyakap s'ya.

"Omg, you're heavy donkey!" saway ni pusa at pinukpok ulo ko.

"Aww" daing ko, masakit kaya s'ya humampas.

Si pusa bigla nalang nataranta at mabilis hinawakan ang magkabilang pisngi ko't hinarap sa kanyang mukha. Panay ka sapok sa ulo ko tapos worried ka pala hmp.

"A-Are you okay? I'm sorry." Puno ng panganba ang kanyang boses. Napangiti tuloy ako dahil sa pag-aalala n'ya. Mabilis kong inilapit ang mukha at ninakawan si kuting ng halik.

"Hehe yes, okay na. Nakuha ko na gamot ko." Mabilis naningkit ang kanyang mga mata, pikon.

"Aaaaahhhhhhhdjnsknsknsjd" napalingon kami sa sumisigaw.

Si keybold lang pala dahil nahulog ulit ang gaga. Nakailang hulog na ba 'yan, enjoy na enjoy sila ha at mukhang nakalimutan nilang nandito pa kami ni Zia sa tubig dagat.

Pagbalik sa dalampasigan ay next naman daw na ride 'yong bumper, pero hindi na ako sumama dahil ayaw ko iwanan si Ziallyn dito sa table namin na mag-isa. Ang dami pa namang lalaki na gusto ata lapitan s'ya.

"You should have joined them." putol n'ya sa katahimikan naming dalawa. Nakatuon ang atensyon nito sa mga kasama namin na nag eenjoy sa bumper. Kawawa sila Iris at Kb, palagi nalang nahuhulog, kanina pa talaga 'yan silang dalawa.

"Dito lang ako, ayoko iwanan ka at baka may lumandi pa sayo no" sabay taas kilay ko do'n sa lalaking nasa kabilang table na kanina pa s'ya pinagmamasdan.

"Excuse me" napatingin ako kay Ziallyn na ngayon nakataas ang isang kilay.

"Yes?" sagot ko sa babaeng tumawag sa akin ngunit hindi ko inalis ang paningin sa pusa.

"Can I get you number?" Ngumiti ako ng matamis sa babae.

"Flirt" rinig kong bulong ni Zia kaya napabaling ulit ako sa kanya.

She's murmuring something pero hindi ko na marinig dahil malapit ang bibig nito sa glass of wine na tila ba do'n n'ya binubulong ang mga sinasabi.

"Your answer?" tanong ulit no'ng babae.

Tapos bigla nalang n'ya inilapit ang mukha sa akin which is mas tumambad din sa mukha ko 'yong cleavage n'ya! at hinawakan pa nga ang balikat ko. Gusto pa ba n'yang mabuhay?

"Haven't I told you that don't you ever let me see this kind of scenario?" There's a threat on her voice.

Biglang dumilim ang aura ni kitten at humigpit ang hawak sa baso. Sa tingin ko nga kaya na n'ya basagin 'yon gamit ang kamay eh.

"Close your eyes" I quickly nodded and kaagad ipinikit ang mga mata. Need to obey my commander.

Slap

Napaigtad ako dahil sa malakas na sampal. Masakit 'yon dahil sobrang lutong ng tunog.

"You!" singhal nito kay Ziallyn.

I was surprised when Zia suddenly sat on my lap and wrapped her arms around my neck.

"Open" she whispered.

I slowly opened my eyes, and her face was so close to mine. I was about to look at the woman when she suddenly covered my eyes.

"Don't look, you can look at me. Rather, only look at me" she said coldly.

Napangiti ako dahil sa bulong n'ya at mabilis akong tumango.

"Good" she huskily whispered and took her hand away from my eyes. I almost had a heart attack when she buried my face in her chest!

"You're trying to flirt with what I owned. I am so offended." she said using her usual monotone voice.

"I'm sorry?" mataray na sagot no'ng sinampal n'ya.

"Apology denied, biatch" what the! ang hot masyado magmura nitong girlfriend ko. Murahin mo rin ako please ?

Tahimik lang ako nakikinig sa kanila dahil nakabaon mukha ko sa dibdib ni kitten. Dilaan ko kaya ulit s'ya?

"Taken?" slow naman nitong girl.

Ziallyn wasted no time and quickly cupped my face and kissed me. My eyes widened in shock, I didn't expect that thing to happen.

She cutt off our kiss.

"Yes, and she's mine. So get lost" sobrang possessive naman nitong pusa ko, hays kinikilig ako ano ba naman 'to.

"Pft" mabilis kong tinakpan ang bibig dahil baka hindi ko na talaga mapigilan at mapahagalpak na ng tawa.

Napalayas nalang ang babae dahil sa sobrang hiya, ngayon ko lang din napansin na may mga tao rin pala na nakatingin sa amin. Naramdaman ko ang pag init ng mukha nang mapagtanto na hinalikan n'ya ako sa harap ng napakaraming tao, at isa pa'y nanatili parin itong nasa kandungan ko.

"You're even worse than Ja." I looked at her in disbelief. So kasalanan ko pa ngayon kung may lumapit na babae sa akin? Hindi ko nalang pinansin at mabilis tumayo at kinarga s'ya na pang bridal.

"Rochelle!" singhal nito pero hindi parin ako nagpatinag sa kanya.

Tumakbo akong karga s'ya at itinapon sa dagat, ngunit dahil sa mabilis n'yang kilos ay nahatak ako ni pusa at sabay kaming bumagsak sa tubig.

"HAHAHAHAHAHAAHAHHAAHHA" tawa ko nang makaahon.

"Happy?" taas kilay na tanong n'ya.

"Hindi ko alam na gano'n ka pala ka bold para halikan ako sa public kitten. Ganyan ka na ba ka adik sa labi ko?" panunukso ko sa kanya.

"Shut up!" sigaw ni pusa.

Napaupo ako nang bigla n'ya akong daganan at niyakap ng mahigpit sa leeg.

"Aaahhhhh sorry naaaa, hindi ako makahinga. Bitawan mo na at baka mawalan ka n'yan ng asawa" sabi ko habang sinusubukan alisin ang kanyang braso sa leeg ko.

"Halaaaaa Ziiiiiii" sigaw ni pinsan ko.

Sabay kami napalingon sa kanya, ay tapos na sila? Bilis naman magsawa ng mga 'to. Anong nangyari kay keybold at parang aso na hatak nila Heaven at Iris.

Mabuti at kumalas narin sawakas ang pusa, s'ya kaya sakalin ko matutuwa kaya? Pero sure ako matutuwa kung sa kama masasakal.

"Hoy anong nangyari d'yan kay keybold?" tanong ko sa kanila at nagtawanan naman ang mga loka.

"Maraming tubig na nainom ang doggy, may balak ata ubusin tubig sa dagat" sagot naman ni Sj.

Nilampasan lang kami ng mga professors at mabilis bumalik sa umbrella namin, si pusa ay nilayasan narin ako at sumabay sa kanyang mga pinsan.

"Ayoko na nga sumakay do'n naalog lalo utak ko bwesit" reklamo ni Keybold.

"Gutom na ako, hindi pala tayo nag lunch kanina!" Dahil sa sinabi ni Sj ay kumalam ang tiyan ko.

"Tara na guys" aya ni Heaven sa amin at nauna sa amin.

Aalis sana kami upang mag lunch pero sabi namin dito nalang. Mas masarap kaya kumain dito at fresh pa masyado ang hangin. Sumang-ayon ang lahat at tinawagan agad ni pie ang secretary upang ipahanda ang mga pagkain.

"Hoy Mommy paabot naman po nang lobster" utos ni Iris kay Everleigh. Kapal ng mukha talaga kahit kailan, maka hoy akala mo talaga maid kausap eh.

"Mommy kunin mo nga 'yong cake po please" utos naman ni Sj kay Pixie. Sanaol nalang talaga nauutusan ang isang Ponferrada.

"Hmm hmm hmm nga" sabi ko kaso hindi ata naintindihan ni Ag ang salita ko.

"Rochelle" ayan na naman s'ya. Binalingan ko si pusa na nakataas ang kilay.

Nilunok ko muna ang kinakain bago s'ya kausapin. "Ano kasi, ipapaabot ko sana kay Ag 'yong chicken" sagot ko sa kanya sabay nguso sa manok. Ngumiti ako nang s'ya na mismo ang kumuha at nilagyan ng chicken ang plato ko.

"Thank you." bulong ko sa kanya.

"Kakapal ng mga mukha n'yo utosan ang kapatid at mga pinsan ko" singit naman ni Heaven sabay lantak ng pagkain.

"Bakit ba, mommy naman namin?" sagot naman ni Iris.

"Hoy ba't mo tinatawag mommy ang ate ko ha?!" may bago na ata kabangayan ai Iris at hindi na si keybold. Kami ay abala lang sa pagkain habang nagbabardagulan ang dalawang gaga.

"Bakit ba, eh sa mommy ko s'ya. Wag ka nga magreklamo at hindi nga nagrereklamo ate mo! Hindi ba mommy?" nabilaukan ako dahil sa sagot ni Iris.

Mas wild pa s'ya kaysa kay Sj ha at harap-harapan kung angkinin ang isang dragon. Si Kb na walang pakialam at focus lang masyado sa paglamon.

"Shut up kid and eat" sagot ni Everleigh kay Iris at ang Sj bigla nalang tumawa ng malakas.

Umusog ako palapit kay Zia.
"Don't they look good together, I hope they end up together" bulong ko.

"Who?"

"Iris and miss Everleigh" agad na sagot ko. Hindi sumagot si pusa at nagsimula balatan ang hipon. Paborito n'ya ata ang seafood especially shrimps? Inagaw ko sa kanya ito at ako na mismo ang nagbalat para sa kanya.

"Iris do you want me to introduce you to the world of romance?" biglang tanong ni Everleigh sa kanya.

Napatigil at tingin kaming magkakaibigan sa kanya. Maypa ganyan na nalalaman ang isang Everleigh?

"They froze with their spoon in mid air" sabay turo ni Kathlyn sa amin na natigil sa pagsubo ng pagkain.

Si Iris, parang wala lang narinig at patuloy sa pagkain. Wala talaga 'yan plano pumasok ulit sa seryosong relasyon.

"Not interested in stuff like that po" napa english ng wala sa oras Iris namin ah.

"I pity you kiddo"

"HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA" hagalpak naming tawa. Joker din 'tong si Everleigh.

Bagay sila ni Iris pero bagay din si Iris kay Helari. Mabuti nalang talaga at wala na akong kaagaw kay Kitten kasi may Pixie na ang pinsan ko. After lunch ay bumalik muna kami sa hotel upang magbihis, hindi ko alam kung ano ang sunod na mga plano nila sa buhay.

*

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" tawanan namin magkakaibigan.

Nandito kasi kami ngayon sa watsons at since medyo maraming tao at mahaba ang pila ay may naisip na naman si Sj na kagagahan.

"Shit, bakit ako pa?!" iritadong saad ni Heaven.

"Bibinyagan ka lang namin since new member ka. Goodluck BAHAHAAHAHAHHA" sagot naman ni Sj sa kanya.

Ang gaga kasi kunyari may dextrose na nakakabit kay Heaven tapos nakasuot ng patient attire. Dahil nga mahaba ang pila at si Heaven naman ang may gustong bilhin so s'ya ang papasok sa loob.

"HAHAHAHAHAHAAHHAHAHAHA"

"Kaya mo 'yan H, ayaw mo n'yan priority ka sa pila HAHAHAHAHA" sabi ko at tinapik balikat n'ya.

"Bagay sayo attire mo ha, mukha ka lang dadalaw kay san pedro" pang-aasar naman ni Iris sa kanya.

"Maganda ka parin naman H, wish you luck" sabay thumbs up ni Ag sa kanya.

"Go bebegirl, dito lang kami mag rerecord sayo HAHAHAHAHA" sabi ni Kb at sinimulan na mag record.

"Ay hindi tanga dapat samahan natin s'ya para masaya!" sabi ko at hinatak si Heaven papasok.

Nakuha agad namin mga atensyon ng tao, sino ba naman ang nasa matinong pag-iisip na pasyente ka tapos nakuha mo pa mag watson habang may bitbit na dextrose tangena.

Lipstick lang pala ang bibilhin ni gaga. Nang makuha na nito ang pakay n'ya ay dumiretso na agad kami sa pila.

"Hoy hell. Mag acting ka na" bulong ni Sj sa kanya.

Nagdadalawang isip pa ata kung gagawin ba o hindi. First time n'ya siguro mag acting ng ganito.

"Dali na hell!" Aburadong utos ni Iris,

Nagulat nalang ako nang bigla itong napahawak sa puso na para bang namimilipit sa sakit.

"Aaahhh!" pasigaw na daing n'ya kuno dahilan para mapatingin sa amin ang mga tao.

Gusto kong matawa dahil sa dahan-dahan s'yang bumagsak habang hawak sa isang kamay ang dextrose.

"Tangena" sambit ni Sj.

Napakagat labi nalang kami at sinabayan s'ya sa kanyang drama.

"Omg Heaven!" bulaslas ni keyboard.

"My chest....so hurt ahhhh!" sigaw ni heaven kasabay ng pagpatak ng mga luha.

Ang security guard na bigla nalang nataranta at ibang trabahante.

"Heaven calm down! Malayo pa tayo sa pila!" bulaslas naman ni Ag tangena.

"Ma'am ano pong nangyayari sa kanya?" natatarantang tanong ni kuyang guard.

"Inaatake na naman sa sakit kuya. Kailangan na namin s'yang maidala sa hospital. Pwede po ba mauna na kami sa pila?" sabi ko sa kanya at nag-unahan naman sa pagsang-ayon ang lahat ng mga tao na nasa unahan namin.

"Heaven hold on, let's go" sabi ni Iris sa kanya at inalalayan makatayo.

"Wait ako na ang magbabayad, ilabas n'yo na si Heaven para madala na natin sa hospital" sabi ni A at dumiretso na sa counter para bayaran ang lipstick n'ya kaloka.

Nagmadali kaming buhatin si Heaven na parang baboy at mabilis na lumabas at tinahak ang daan pabalik sa sasakyan.

Natatawa ako na naawa sa kalagayan n'ya jusko, at ang mga taong nakakasalubong namin ay bakas sa kanilang mukha ang pagtataka. Nakahabol naman agad si Ag at pagpasok namin lahat ng sasakyan at humagalpak kaming lahat ng tawa.

"Tangena HAHAHAHAHAHAHAAH" hagalpak ko pagkapasok ng sasakyan.

"Mga gago kayo, ang lakas ng mga trip n'yo" tinanggal naman ni Heaven ang dextrose n'ya kuno.

"Laptrip masyado HAHAHAHAHAHA"

"Si kuyang guard hindi alam ang gagawin kanina kaya sabi ko nalang, don't panic it's organic HAHAHAHA" hindi ko alam kung matino pa ba si Ag sa lagay na 'yan.

Tawanan lang kaming lahat bago magpasya bumili ng cake at bulaklak para ibigay kay Everleigh. Wala nga kasi kaming mga regalo kaya ito nalang ang plano namin since hindi rin kami pwede magtagal at baka hanapin na kaming lahat. Tumakas lang kaya kami sa demogons at baka nga sa mga oras na 'to ay hinahanap na kami. Malalagot na naman kami mamaya pagbalik sa kanila pero okay lang may magandang rason naman kami na pwede sabihin.

Nag vibrate phone, dinukot ko 'to sa bulsa at napangiti nang mabasa ang message ni pusa.

Ziallyn
Where are you? I want your lips.

Baliw na ata 'tong girlfriend ko at sobrang adik na masyado sa labi ko.
Hindi talaga s'ya nahihiya sabihin sa akin 'yan? Pano na 'to at kinikilig ako!

RL
Pabalik na, bumili lang kami cake for miss Everleigh. Ganyan ka na ba ka adik sa labi ko pusa?

Reply ko sa kanya at wala pa nga isang minuto ay nag reply na agad. Hindi naman halatang active s'ya sa akin ngayon no.

Ziallyn
Shut up

Hindi ko na sinagot ang pusa dahil sakto naman nakarating na kami ng hotel. Mahabang oras din pala kaming nawala at quarter to 6pm na ngayon. Sabi ni Sj sa amin nasa yacht na raw ang demogons, at sabi ni Pie dumiretso nalang daw kaming lahat do'n kaya nagmadali kaming pumunta. Nang makasakay na kami ay agad namin nilapitan si Everleigh kasama ang demogons sa deck.

"Mommy! Happy birthday!" sigaw ni Iris sa kanya, nagulat pa nga ang Everleigh dahil may dala kaming cake at bouquet.

"Happy birthday po" sabay na bati namin sa kanya.

Si Iris ang may hawak no'ng cake at inilapit ito sa kanya.

"Blow me na po" utos ni I sa kanya at s'ya narin mismo nag abot no'ng bulaklak. Siraulo kung maka blow me para talagang may sila.

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAH" wala naman sana nakakatawa pero natawa narin ako kasabay nila.

"Thank you" pasalamat nito sa amin.

Iniwan ko muna sila saglit at nilapitan ang pusa ko na abala sa pag-inom ng red wine n'ya.

"Kitteeeeeen" tawag ko sa kanya kaso nga lang taas na kilay agad n'ya ang sumalubong sa akin.

Ano kaya problema at nagtataray ang pusa? Ay baka gusto kiss since sabi sa akin ay miss na n'ya ang labi ko?

"Bakit ka nakabusangot kuting?" panunuyo ko sa kanya.

"You left without bringing your med." malamig na tugon nito. Ay hala ou nga pala at nakalimutan kong dalhin ang gamot ko. Masyado naman atang concern pusa ko the point galit na sa akin dahil lang sa nakaligtaan ko ang gamot.

"Sorry, nakalimutan ko." sagot ko at nagkamot ng ulo.

"Tsk"

Nginitian ko nalang s'ya at binigyan ng back hug. Akala ko maiinis na naman s'ya at aalisin ang mga kamay ko na nakapulupot sa bewang, ngunit hindi naman at hinayaan lamang ako.

Napansin ko na wala na ang mga kasama namin at nauna na pumasok sa loob.

"Kitten harap ka sa 'kin" utos ko sa kanya at agad naman n'yang ginawa. Masunurin ata masyado ang pusa?

"What?"

"Wag na magalit at hindi naman sumakit ulo ko. Kiss nalang kita diba miss mo na?" sabi ko sa kanya at mabilis na ninakawan ng halik ang labi n'ya.

Mabilis lang din at nagulat ata sa ginawa ko dahil bahagyang nakanganga at tulala. Nagsimula na rin umandar ang yacht.

"Tara na, pasok na tayo at medyo nagutom ako. Baka inubos na ng mga kaibihan ko 'yong cake" sabay nguso sa kanya. Mahigpit kong hinawakan ang kamay nito at hinila papasok.

Oh may mga pagkain palang nakahanda at mga alak. May plano ba sila mag lasing tonight at baka nakakalimutan nila may pasok pa bukas? Nagkibit balikat nalang ako at pinaupo una si kitten bago tumabi sa kanya.

*

Several hours later.

Time check and it's already 10pm at kanina pa kami nagsimulang tumagay. Mabuti nalang may beer, hindi ko kasi hilig ang wine kaya nag beer nalang din ako. Tipsy na ata mga kasama ko dahil namumula na ang mga mukha, at isa pa panay na tawanan nila na parang mga takas sa mental.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Okay trivia naman tayo, Doraemon ikaw na mag tanong" sabi ni Sj sa kanya.

"May tiwala naman ako sa tanong ni Ag, pero sa mga sagot mukhang 5050 tayo" sabat ko naman sa kanila.

"Simple lang 'yan! Go na Ag" utos naman ni Kb.

Ang demogons chill lang sa mga gilid namin na umiinom at tahimik nakikinig sa mga walang kwentang usapan namin.

"Okay history" panimula ni doraemon.

"Gorabels"

"Ano ang pangalan ng lugar kung saan binaril si Jose Rizal. Starts with letter L" unang tanong n'ya at agad na nag taas ng kamay si Kb.

"London!" napanganga ako sa sagot n'ya tangek.

"BAHAHAHAHAHAAHAHHAAH"

"Stupid krystal" sabay hampas ni Kathlyn sa batok nito.

"Aray miss!"

Nandito na naman tayo sa pa trivia ni doraemon tapos ang mga sagot puro kabobohan.

"Second word nito ay park"

"Ako ako!" taas kamay naman ni Iris.

"Go"

"Sandara Park!" jusko nasamid pa ako sa iniinom na beer!

"HAHAAHAHHAAHHAHAHAHA tangena lugar nga tapos pangalan ng tao, bobo amp" lakas magsalita nitong Sj hindi n'ya rin naman siguro alam.

"Seriously Iris?" taas kilay na baling ni Everleigh sa kanya sabay iling ng ulo.

"Ano baaaaaaaa BHAHAAHAHAHAH"

"Lugar ito na pinupuntahan ng mag jowa." clue ni Ag at nagtaas muli si keybold ng kamay.

"Go Kb"

"Victoria Park!" walangyaaaaaaa!

"Yawaaaaa HAHAHAHAHAHAHA" bulaslas ko at humagalpak ng tawa.

"PFT." si Kath natawa narin dahil sa sagot n'ya.

"Hayop ka HAHAHAHAHAHAHAHA"

"Another clue, malapit sa intramuros" sunod na clue ni Ag at si Iris ulit nagtaas nang kamay.

"Ay shit, Manila aquarium!" agad na sagot nito.

"Potangena n'yo L nga nagsisimula HAHAHAHAHAHAHAAHAHAH" hindi na kinaya ni Heaven kagagahan nila at sumali na sa usapan.

"Pag pumunta ka rito makikita mo si Jose Rizal" pang apat na clue na 'yan!

"Akoooooo! Luuu...luuu tangena luuu ay shit nakalimutan ko!" ang keybold para talagang alam ang sagot kahit hindi naman.

"Me me me!" si Iris ulit.

"Go"

"Lumang piso" naubo ako sa sagot ni gaga letche.

"Pota ka HAHAHAAHHAAHAHAHA" hagalpak ko at itinapon sa kanya ang hawak na unan.

"Potangena BAHAHAHAAHAHAHAHA"

"Kung ihampas ko kaya sa'yo ang lumang piso?" biglang singit ni Everleigh gage haha

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH"

"Bakit ba, diba s'ya 'yong tao sa lumang piso?" ang Iris hindi kilala kung sino jusko.

"Oh God" si Everleigh napa facepalm nalang bigla dahil sa tanong ni I.

"Tanga, lugar nga tapos sasabihin mo lumang piso HAHAHAHAHAHAA" hirit naman ni keybold sa kanya.

"Ano ba 'yan! Luneta kasi ang sagot. Okay next na nga! What's the name of our national tree. Starts with letter N" next question ni Ag at mabilis kong itinaas ang kamay.

"Go R"

"Niyog" sagot ko at humagalpak na naman sila ng tawa.

Napalingon ako sa katabi ko dahil sa mahinang tawa nito na narinig ko.

"PFT." Pigil tawa ni pusa habang nakatakip ang kamay sa bibig.

"Pota HAHAHAHAHAHAHAAHAH"

"Mali ba?" ay mali pala sagot ko. Nangka ata 'yon.

"Matigas 'to, matigas" clue ulit nit A at nagtaas naman ng kamay pinsan ko.

"Go Sj"

"Neyug" tangena napatawa nalang ako ng malakas dahil pati pag pronounce n'ya ang tigas haha.

"Shutacca HAHAHAHAAHAHAHAH" mamamatay na sa kakatawa 'tong si Heaven.

"Hindi s'ya namumunga" sabi n'ya at ako naman nagtaas ulit ng kamay.

"Okay R go"

"Niyog na baog!" agad na sagot ko at itinuro si A.

Nagulat kami dahil sa biglang tawanan ng demogons gage, ngayon lang ata sila tumawa ulit ng ganito. First nila kakabaliw ng tawa ay no'ng team building namin.

"So dumb haha" si pusa ko na hindi narin napigilan sawakas ang pagtawa.

"Poor kids haha" si Everleigh na nangingilid na ang mga luha sa kakatawa

"Hahaha" tawanan nila pie at kathlyn.

"Pft" si Lorelei na napailing nalang.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAH" tawanan ng mga baliw kong kaibigan.

"Hahaha nakikita lang ito sa mga virgin forest" ulit ni A at si K na ang nagtaas ng kamay.

"Go kb"

"Virgin coconut oil!" Langya nagulat ako bigla nalang tumayo ang monkey.

"Hooooooooo shit BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA"

"Heeeeelp ang sakit na HAHAHAHAAHAHAHA" napahiga na ako dahil hindi ko na talaga kaya ang sobrang tuwa ko.

"This is so fun HAHAHAHAAHAHAH" hagalpak naman no Heaven.

"A tree kids, a damn tree!" wow ang Everleigh hindi na kinaya at s'ya na mismo nagbigay ng clue.

"Ay ako mommy alam ko na!" sabi naman ni I.

"What?"

"Virgin coconut tree!" sigaw ni I sabay turo sa kanya.

Hinampas ba naman s'ya ni Everleigh sa ulo. Nasa lahi na ba talaga ng mga Ponferrada 'yan? Kung hindi sampal ay sapok naman sa ulo ang matatanggap mo.

Napapikit nalang ng mga mata ang demogons at humugot ng malalim na hininga. Baka kapusin na 'yan sila.

"Shit" did Ziallyn just cuss?

"Fuck" also pixie!

Gulat kami sa sabay na mura nila. Gage ha ang expensive masyado no'ng mura, payag na akong murahin araw-araw ni pusa ko pag ganyan.

"AHAHAAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" hitsura kasi nilang dalawa mauubusan na ata ng pasensya sa amin.

"It's a big damn tree!" ang pixie susuko na ata sa kagagohan namin, stress na sila hahaha.

"Ahhhh alam ko naaaaa NARA, NARA, TAMA TAMA?!" sigaw ni S. Napasapo nalang ng noo si pie dahil finally tama na ang sagot nito.

"Yes" sagot ni pie sa kanya at inikutan ng mata.

"HHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH" masaya ang mukong.

"Next next! HAHAHAHAHAHA" sabi ko kay A.

"Ang ibon na 'to ay national bird din ng pilipinas. Starts with letter M"

"Meeeeeeeeeee!" Sigaw ni I.

"Go Iris"

"Manok!" agad na sagot n'ya at kunyari binaril si Everleigh gamit ang dalawang kami.

"Bullshit" sambit ni Everleigh and this time ay hindi lang sapak ang ginawa nito kundi pinaghahampas ang Iris.

"HAHAHAHAHAAHAHHAHAAHAH"

"Bugbugin mo 'yan ma'am" utos ni K sa kanya.

"Ayyy staaaaaahhhhppppp" kawawang Iris.

"M ang simula, A ang dulo" first clue ni A, agad na nagtaas si K.

"Manoka!" Letche.

"Bwesit BAHAHAHAHAHAHAHA"

"Anoooo baaaaa masakit na tiyan ko umayos nga kayo HAHAHAHAAHAHA" gumulong-gulong na nga ang Heaven kaloka.

"Kulay brown ito" ulit ni A.

Ay brown ba, ako naman ang nagtaas ng kamay upang sagutin tanong n'ya.

"Ano R?"

"Letchon Manoka" sagot ko.

"Punyeta!" Si Sj bigla nalang nabuga ang iniinom na wine.

"Tangna HAHAHAHAHAHAAHAHAH"

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAH"

"Oh please..." natawa ako kay pusa dahil parang sasakal na ata s'ya ng tao sa mga tingin n'ya.

"Hindi tanga, brown ito na maliit na maliit" sabi ulit ni A.

"Ako ako!" taas paa ni keybold langya.

"Go kb"

"Chicken cubes?" Hayop na 'yan.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Maliit na brown na may pakpak hahahahahaha" kaloka naman kasi 'tong si Ag.

"Me me me!"

"Go Iris"

"Chicken cube with wings!" Agad na sagot ni I.

Naiyak na ako sa kakatawa, hinihika na nga ang ilan sa amin huhu.

"HOLYSHIT BAHAHAHAHAAHAH" sabay hampas ni Heaven sa lamesa at hindi na natigil sa kakatawa.

"Ayoko na HAHAHAHAHAHAHAH" sumasakit na tuloy ulo ko dahil sa kalokohan namin.

"OH MY GOD!" Ubos na ata braincells ni Everleigh sa amin.

"My jaw hurts" sambit ni Lorelei habang hawak-hawak ang panga.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA" tawanan naming lahat, ou kaming lahat at kasali na d'yan ang demogons.

"Okay sasabihin ko na ang tamang sagot. M ang simula, A ang dulo. The correct answer is MANOK NA BATA" Nanlaki ang mga mata naming napatingin kay Ag.

"It's MAYA Axel, MAYA!" iritadong pagtatama ni Lorelei sa kanya.

"Hayop ka HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Bwesit ka A BAAHAAHHAHAHAHA"

"Are you gagoing us Doraemon?!" ang keybold may galit pa na nalalaman, kahit naman isa walang tumama sa sagot n'ya.

"Gago ka A HAHAHAHAHAAHAHAH" ang Iris nakahiga na nga sa lap ni Everleigh feeling baby yan?

"Omg you guys are so funny. I can't wait to transfer school HAHAHAHAHAHA" mabuti naman at nag enjoy 'tong si Heaven sa kalokohan namin.

Natatawa nalang akong kinuha ang isang can of beer at tumayo. Iniwan ko muna sila upang lumabas saglit at tumambay sa may front deck.

"Wow" sambit ko nang makita ang maraming stars sa langit.

Mabuti nalang at may jacket akong dala kaya hindi masyado malamig.

"What are you doing? it's cold here." bigla nalang sumulpot si kuting sa gilid ko.

"Gusto ko lang saglit pagmasdan ang mga bituin. Ang daming stars no?" tanong ko sa kanya saka binalingan ng ulo.

Kahit saang anggulo talaga tignan ay ang ganda ni kitten pero I really love her side profile. Mas klaro kasi ang mahaba n'yang pilikmata at ang matangos na ilong.

"Stop staring at me, I thought it was the stars you wanted to look at?" saway n'ya sa akin habang nakatingala parin sa langit.

"I am..." bulong ko sa sarili.

"You're my star." I sweetly spoke out, and she immediately turned her head to face me.

I was surprised because she suddenly touched my cheek, and her thumb began to travel down to my lips.

"Are you drunk?" tanong ko, baka kasi lasing na ang pusa dahil bigla nalang nagkakaganyan.

"Do you prefer cute girls or sexy?" my eyebrows flinched.

"Hmmmm" napaisip ako. Pero s'ya lang nasa isipan ko at the moment.

"I've never really thought...I don't know about others, but I think you'll look good in both. Pero I prefer kung cold tapos possessive ka pusa" sagot ko sa kanya. Honest naman ako kaya dapat ko lang talaga sabihin sa kanya ang nasa isipan ko.

Hmm hindi sumagot, magtatanong tapos hindi rin naman ako sasagutin.
"Ignoring me again kitten? You're the one who asked." bulong ko sa kanya.

Pero napansin ko namumula ang tenga n'ya, medyo madilim kasi sa labas at tanging bandang tenga n'ya lang ang natatamaan ng ilaw mula sa loob.

"Haaaaaaa kitten, you're blushing" panunukso ko sa kanya.

"Close your eyes" napangisi ako dahil sa utos nito. Mabilis ko naman ipinikit ang mga mata.

"Ayan close na, ano ba gagawin m-" Warm and soft lips landed on mine. I wanted to reciprocate the kiss and savor the heat of her lips, but Kitten quickly withdrew her lips.

Napamulat ako ng mga mata, gage ganito ba pag kiligin ang isang pusa? Ang buong akala ko sasampalin ako bigla.

"Hehe kitten, isa pa." Sabi ko at ngumuso, nabitin kasi ako.

"Nope." Daya naman, gusto ko pa isa!

"Daya, willing pa naman sana ako magpakain sayo." Napangiwi ako, hindi lang sampal hilig niya, nangungurot din.

"Pervert!" iritadong sabi n'ya at nagmadali na pumasok sa loob habang naiwan naman akong mag-isa na

may malawak na ngiti sa labi.

Masigla akong sinundan s'ya pabalik. Panay parin sila tawanan at hindi nauubusan ng mga topic kahit ano-ano nalang basta sa kung ano maisipan. Bumalik na ako sa pwesto ko kanina, at talaga nga palang namumula ang mukha ni pusa. Hindi halatang kinilig s'ya sa sinabi ko right?

"May tanong ako ulit HAHAHAHAHA" si keybold hindi na matigil sa katatawa.

"Ano ano ano ano!" excited masyado si Iris.

Binalingan ko si Kitten saka kinilabit.
"Kitten, paabot nga isang beer" utos ko sabay nguso nang beer. Tinaasan lang ako nang kilay pero masunurin naman pusa ko at sinunod ang utos

"Thanks." pasalamat ko sabay kindat. Masyadong bad at inikutan lang ako ng mga mata.

"Alam n'yo naman bobo ako sa english, so ano ang english ng papunta ka palang pabalik na ako?" tanong ni monkey ay ininom ang beer na hawak.

"Simple question sus! Ang english n'yan ay, you're going and I'm backing" mayabang na sagot ni Iris.

"Why are you so dumb Iris?" Kunot noo na tanong ni Everleigh pero tinawanan lang s'ya.

"Tanong mo si Bern ma'am HAHAHAHAHA" sabi ko naman sa kanya.

Tapos nagulat nalang ako nang kinuha ni kitten ang isang kamay ko at mahigpit na hinawakan. Akala mo naman mawawala ako dahil, ang bilis n'ya mag change mood ha.

"Bern who?" napabaling ako sa biglang tanong ni Kathlyn.

"Si Kb ma'am HAHAHAHAHAHA" naguluhan ata s'ya sa sagot ko, bahala ka mag-isip d'yan haha.

"Ayan na naman kayo eeee! HAHAHAHAHAHAHA" si Heaven humagalpak nalang bigla gage.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Bobo mali ka, zoom in zoom out english n'yan" pagtatama ni A kay Iris pero mali rin naman ang sagot n'ya.

"Inangyan amp BAHAHAAHAHAHA"

Pwede na talaga kaming ipasok sa mental hospital.

"You go there, I'll go here and we'll go everywhere dapat" sagot naman ni Sj. Napasampal nalang ng noo si pie dahil sa kanya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAAHAHAH" tawanan ulit naming lahat including the demogons.

"Tanga you going here, i'm going there kasi!" singit ko ulit sa kanila saka nilaklak ang beer.

Si kitten na umiinom bigla nalang nasamid langya.

"Oh my god HAHAHAHAHAHAAHAH"

"Potoka BAHAHAHAAHAHAHAHA"

"Gago HAHAHAHAHAHAAHAHHA"

"Para hindi ka na mahirapan sa pag translate ang sabihin mo nalang TAYMPERS" sabat naman ni Heaven, ay gusto namin 'yang ganyan sumasabay sa kalokohan.

Mabuti pa 'tong si Heaven marubong sumabay, opposite masyado sa ate n'ya na dragon.

"Pot--BAHAHAHAHAAHAHAHAH"

"Pwede pwede!'

"Probably you're on the way, I shall return?" Singit ko ulit.

Mamamatay na ata kami gage ang sakit na masyado nitong t'yan ko.

"Seriously" napailing nalang si Lorelei at Kathlyn ggwp.

"BAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH"

"Ayoko naaaaaa HAHAHAHAHAHA" ang kapal ni Iris at humiga pa talaga sa lap ni Everleigh, feeling jowa 'yan.

"Mga wala talaga kayong kwenta, seryoso akong nagtanong!" alam naman pala na wala mapapala sa amin, bakit pa kasi nagtanong.

"Seryoso naman sagot namin ah" nagsalita ang sumagot ng zoom in, zoom out.

CHAPTER 19

-

"Doooooraaaaaa/Neeeeerdyyy/Shortyy" tumatakbong sigaw namin palapit sa kanyang table. Si nerdy, mag-isang kumakain at walang kasama. Kawawa naman at loner masyado, mabuti nalang dumating kami.

"Miss ka namin!" Sabay naming yakap sa kanya.

"Ba't ka kumakain mag-isa?! Dapat inaya mo kami, hindi 'yong mag-isa ka lang kumakain dito." Ako pa talaga mag gana mang sermon sa kanya.

Napansin ko nandito rin pala ang group of kokeys. Huling kita ko ata sa kanila nong nakasalubong ko sila sa building? Nasaan ba girlfriend ko at miss ko na, busy pusa ko dahil maraming kailangan tapusing work as student council. Nagagawa ng puro gala ang alam tapos may work pa palang dapat tapusin.

"Hoy! Dora, busy ka ba today?" tanong ni S.

Umiling si nerdy, "I'm free, at wala akong pasok." sagot nito.

Umupo narin kami at inagaw ang pagkain n'ya, nagutom kami bigla eh at mukhang masarap ang inorder ni nerdy kaya makikikain nalang din.

"May bago tayong member, sumama ka sa amin kung gusto mo makilala." Sabi ulit ni S bago lantakin ang ninakaw na pagkain.

"Hindi na kayo naawa kay, inagawan n'yo pa talaga ng mga pagkain. Hindi pa nga ata nakakakain." Singit ni A sa usapan saka tinapik ang ulo nito.

"Okay lang 'yan shorty, libre ka nalang namin sa labas. Kahit anong gusto mo bibilhin namin" baet ng Iris ngayon ha.

"Hey shorty" napalingon kami kay Keybold, ah no it's bern since she called her shorty.

"Bern?" tawag ko pero hindi naman sumagot at nakatitig lang kay nerdy.

"Gage nakakagulat ka naman, bigla ka nalang lalabas haypka" hahampasin sana ni Sj ulo n'ya pero napatigil ito nang mapagtanto na hindi si Krystal 'yang hahampasin n'ya.

Bigla nalang talaga lalabas 'tong si Bern pag kasama namin si nerdy. Hindi naman halatang gustong-gusto n'ya makasama nerdy namin?

"Are you using the phone?" tanong nito

Nahihiya naman na tumango si nerdy, "Thank you pala, hindi ka na sana nag-abala."

"No worries baby, tell us ahead of time if you need something" sabi naman ni Bern.

Tahimik lang kaming apat dito sa tapat nilang nakaupo habang kumakain at nakamasid sa kanilang

dalawa. Naging instant sugar mommy ata ang ccb pagdating kay nerdy.

Tapos biglang pumasok sa eksena ang tatlong Ponferrada sa cafeteria. My kitten, Pixie and Kathlyn.

"Ay shit ganda naman ng mga pumasok na 'yan at sexy pa ugh mameeeh" manyak talaga nitong pinsan ko.

"Walking redflags ba tawag d'yan?" bulong naman ni Iris.

"Hindi redflag ang dragon ko ha!" inis na sagot ni S sa kanya.

"No comment" sambit ko nalang.

Biglang tumayo leader ng mga kokey at sinalubong ang mahal kong pusa. Pero syempre sino ba s'ya upang pansinin diba? Of course nilagpasan lang s'ya nito at dumiretso sa table namin.

"Pieeeeeeeeee" sigaw ni Sj upang tawagin ang dragon n'ya.

Ang lakas ng boses ha at rinig talaga ng mga tao ang pagtawag n'ya na 'yon. Lowkey flexing her fiancee ba tawag d'yan? Hindi ata nila kasama ang dalawa, hmm baka may mga klase pa kaya wala sila? Ou, baka meron nga.

"Tapos ka na sa work pusa?"

Si Bern na parang walang pakialam at abala lang kay nerdy. Hindi lang pala kami ang may gusto sa kanya na parang kapatid at pati rin 'tong si Bern.

Pero bakit naman ata ganyan kung makatingin si Kathlyn sa kanya? Hindi ko ma explain pero parang naiinis s'ya?

"Yes done, no more class?" tanong ni pusa kaya napabaling ako muli sa kanya.

Magsasalita pa sana ako nang bigla na naman sumulpot ang Kokey.
"ZB" nabasag ata tenga ko dahil sa tinawag n'ya kay pusa ko ah.

Nagulat sila sa naging aksyon ko pati na si Zia dahil sa biglaang paghatak ko sa kamay n'ya at pinaupo sa lap ko, sabay yakap na para bang bata na pilit inaagaw ang teddy bear n'ya.

"Stop calling her ZB and stop pestering my girlfriend, you freakin kokey" I said using my usual voice

Pero bakit parang halos naman ata ng mga tao sa cafeteria ay nagulat. Hindi naman gano'n kalakas ang boses ko. Normal ba 'yan sa mga marites nowadays?

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA" bigla nalang tatawa 'tong mga kaibigan ko.

Sabagay sino hindi matatawa sa hitsura ni Kokey, daig n'ya pa kasi ata ang nakatanggap ng sobrang sama na balita.

"Girlfriend?" tanong ni Kokey.

"Yes, kaya tigilan mo kakalandi at baka hindi lang suntok sa sikmura ang aabutin mo sa 'kin" I said coldly.

I thought my kitten would protest and walk away from me. But to my surprise, she suddenly put her arms around my neck and then crossed a leg. It caused some people in the cafeteria to shout. But why were they the ones who felt butterflies instead of us two?

Ayan ang gusto ko at sumasabay na ang pusa sa mga ginagawa ko.

"Hoy ano ba, respeto po please. May mga single kayong kasama" sarap tirisin nitong Iris, kung ligawan n'ya nalang kaya si Everleigh at mag seryoso para hindi na mainggit! Ay ou nga pala hindi na pwede at may fiance na 'yon.

"Pambihira, kakain nalang nga tayo ay may landian pa na magaganap" landiin n'ya nalang din si Lorelei may gusto naman siguro 'yon sa kanya pft.

"I thought you like someone already?" Seryosong tanong naman ni Kokey kay Ziallyn.

Bigla akong kinabahan dahil alam ko naman na si Sj ang tinutukoy nito. Hindi ko alam pero parang nalungkot ako bigla.

"Yes"

Napayuko ako nang marinig ang kanyang sagot. Ayan na nga ba sinasabi ko eh, aasa at masasaktan ulit ako. Bibitawan ko sana s'ya at aalis nalang sana nang mas hinigpitan ni Zia ang pagyakap sa leeg ko kaya napaangat ang ulo ko sa kanya.

"I like someone" pag-uulit n'ya sa sinabi ni Kokey.

"Halaakaaaaaa donkeeeeeey!" Pinsan ko naman ang lawak ng ngiti, may sayad na siguro talaga 'to.

Bakit ang tahimik masyado? Kanina lang ang ingay. Pero legit 'yong kaba ko pota at mapapalunok ka nalang talaga!

"And that someone is." she paused for a moment.

She turned her head to me first before her eyes and seductively smirked.

"HER"

Napatulala at nganga nalang ako dahil sa confession ni Ziallyn dito sa cafeteria. Pero tama ba ang narinig ko? S-she likes me?! Hindi ba scam 'yan at baka palabas lang para tigilan s'ya ni Kokey?

But the way she looked at me, it felt so real. This feeling inside me is making me tingle. I feel like my heart is about to explode. And once again, people around us began shouting.

"Aaahhhhkdnksnjdknskhdks!"

"Wooooooooooo"

"Omg!"

Mabibingi na ako dahil sa lakas ng hiyawan ng mga estudyante jusko pero 'yong puso ko wala ata balak kumalma! It's difficult for me to believe that Ziallyn, someone like her, suddenly confessed to everyone na may feelings siya sa akin.

"Waaaaaaaa donkey shit ka! Bakit ang pula mo masyado BAHAHAHAHAHA"

"Sabaok lahat all!"

"Gaga congrats, naging kamatis ka na"

Mga kaibigan ko ay agad akong dinaganan, mabuti nalang napatayo ko kaagad si pusa bago pa nila ako pigsain. Sabay pa nga kaming apat bumagsak sa sahig.

"Ano baaaa, umalis kayo at ang bigat n'yo!" sigaw ko sa mga na nasa ibabaw ko.

"Hindi ka na singleeee donkey, may kasama na akong magiging understanding!" Patawa-tawang saad ni S.

"Hoy basta top ka ha" bulong naman ni Iris sa akin kaya lakas loob ko na silang tinulak. Manyak nitong Iris sarap hampasin sa ulo.

Thankfully ay bumangon narin ang mga loka, akala ko plano nilang gawin akong palaman.

"I didn't expect you to admit it in public" sabi ni Pie habang nakangisi.

"Whatever, I need to secure what's mine" she said using her monotone voice.

"Are they here?" tanong ulit ni pie.

"Yes"

Hmm anong ibig niyang sabihin at secure what? Ako? At sino ang nandito? Ay walangya at sumasakit ulo ko kakaisip sa topic nila. Tumayo ako at pinagpag ang sarili, ngunit hindi ko abot ang likod kaya lumapit ako kay pusa.

"Kitten, help naman papagpag no'ng likod ko" sabi ko sa kanya at hinarap sa kanya ang likod ko.

Masunurin ang pusa at ginawa nga, ano ba. Hinahanap ko na tuloy 'yong pagiging masungit n'ya. Ano ba dapat gawin upang tarayan naman ako ni kuting na 'to.

"Aren't we leaving to meet someone?" biglang salita ni Bern habang nakaupo sa lap n'ya si nerdy.

Ang demogons medyo nanibago ata dahil sa malamig na boses nito at spokening dollar ang keyboard namin .

"Where are you going?" tanong ni Kathlyn sa kanya.

"I don't know with them?" Kaswal niyang sagot at itinuro kami bago tapikin ang ulo ni nerdy,

Muntik ko na tuloy makalimutang nasa cafeteria kami at may mga matang nakamasid. Si Kokey at ang grupo n'ya ay bigla nalang naglaho na parang bula.

"Puntahan lang namin si heaven," Sagot ko dahil walang balak sagutin ni Bern, Tapos bigla nalang tumayo si Bern saka himawakan ang kamay ni Dora at nilagpasan si Kathlyn.

"Let's go" Naun sila lumabas ng cafeteria.

"What's wrong with her?" Tanong ni Kathlyn sa amin pagkaalis no'ng dalawa. Ano ba, dapat ba sabihin hindi si Krystal 'yon? Pero ayaw namin pangunahan si KB at mas mabuti siguro s'ya mismo ang magsabi sa kanila.

"Wag mo nalang po pansinin at baka hindi gumana ang pagiging sinto-sinto n'ya today ma'am" sagot naman ni Ag sa kanya.

Mabuti nalang at hindi lang din pala ako ang nakaisip, may mga sense at initiative rin naman kami kahit konti.

"Alis muna kami at ipapakilala kasi namin si Dora kay Heaven. See you later pie" paalam n'ya sa dragon at kinaladkad na ang dalawa. Bastos na bata at hindi na hinintay sumagot ang fiancee n'ya.

Napabuntong hininga nalang akong napabaling kay pusa.

"See you later kitten, chat or call me lang kung ma miss mo 'ko." bulong ko at kumindat. Humagikhik ako nang makita ang pag-ikot ng kanyang mga mata.

"Bye po." Paalam ko sa dalawa at patakbong sinundan ang mga kasama.

Hindi pa man kami nakakarating sa gate ay maraming estudyante na ang nagbalikan dahil walang pinapalabas ang guard.

"Gage nakalimutan ko, club meeting pala ngayon kaya hindi tayo makakalabas gamit ang main gate" napasampal nalang kami ng mga noo.

"Kung hindi pwede sa main gate edi tumalon nalang tayo sa bakod. Do'n tayo sa likod ng building n'yo R, nakita ko ibang estudyante before tumalon do'n dahil hindi naman gaano kataasan ang fence" sabi naman ni I sa amin. Buti pa s'ya ha at alam ang bagay na 'yan samantalang ako hindi.

"Why jump if you can use your privilege" kumunot noo ko sa sinabi ni Bern.

"What kind of privilege ba?" tanong ni S.

"Use your ace card which is your fiancee?" Suhestiyon nito sa amin. Hindi ko rin naisip ang bagay na 'yan ha.

"Wag na, at isa pa experience narin natin 'to ang tumalon sa bakod ng school. Tara na" sagot ni S sa kanya at nagkibigt balikat nalang kami.

Dahil nga gusto ni Sj ma experience ang tumalon sa bakod ng school ay agad kaming nagtungo sa likod ng building namin, pero nagulat kami dahil isang hindi kaaya-aya ang tumambad sa aming pagdating.

May nagsusuntukan at 'yon ay ang grupo ni kokey kalaban ang isang babae. Holy shit, isa laban sa walo?! Sakto at inis ako sa kanya. May maibibigay na akong valid reason!

Mabilis akong tumakbo palapit kay kokey at inihanda ang kamao kong kanina pa nanggigigil sa kanya.

"Hoy kokey!" tawag ko. Saktong lumingon ito sa akin at agad ko s'yang sinuntok ng malakas sa mukha kaya napaupo ang alien.

"Shit! Fucker, you again? Get her!" utos n'ya sa mga kasamahan.

Pero bago paman nila ako malapitan ay sinugod na sila nila Ag, Iris at Sj.

"BAHAHAHAHAHAHAHA fucking pigs come here. It's been a long time since I last sent someone to the hospital" sobrang saya ni S.

"The fuck, 8 vs 1? That's disgusting HAHAHAAHAHAHAHHAA" si Iris na parang psycho kung tumawa.

"HAHAHAHAHAHAHAHA I like this, please entertain me well" nasasabik na saad ni Ag.

Binalingan ko si Bern at Dora. Napangiti ako nang makita na nasa gilid lang silang dalawa nakasandal. Si Bern na kalmado lang nakatingin sa amin at tila bang nababagot na sa kahihintay.

"I'll give you 5 minutes" B said while blowing her nails.

"Don't kill them, start" utos nito.

Agad naming sinugod ang mga kokey pero ang target ko talaga ay 'yong lumalandi sa Kitten ko. Hindi ko na pinansin ang mga aso n'ya dahil kaya na sila ng mga kaibigan ko.

"Kokeeeeey HAHAHAHAHAAHAH" She tried to punch me in the eye but I quickly dodged it at binigyan siya ng malakas ng suntok sa pisngi.

"Huh seriously? Kaya pala pinagtulungan n'yo ang isang tao kasi hindi ka naman pala marunong sumuntok HAHAHA" mukhang naasar ata ang alien sa sinabi.

"Kung hindi dahil sa'yo, hindi sana ako papagalitan ng parents ko! Kung hindi dahil sa'yo hindi sana ako lalayuan ni ZB. Gagawin ko lahat mapabagsak ka lang!" Nanlilisik ang mga mata nitong nakatitig sa mga mata ko.

"Oooo? Talaga? Takot na takot ako sayo kokey." Pang-aasar ko at ngumisi.

She quickly noticed a wooden bat nearby and made a move to grab it. Without warning, she lunged at me again, aiming for my stomach, but I swiftly dodged her attack.

"Fuck you!" gigil na sigaw nito at sinugod akong muli.

"RL finish it, 30 seconds left" biglang salita ni Bern.

I let out a weary sigh, still wanting to play with Kokey. Seeing no other option, I decided to end this unexciting sparring bout.

"Die!" sigaw ni Kokey.

Hahampasin na sana nito ang ulo ko nang mabilis akong umikot-ikot at binigyan si kokey ng isang 360 tornado kick. Tumama ito sa baba n'ya kaya s'ya nawalan ng malay at bumulagta.

"Ay shit, napalakas ata sipa ko?" napakamot nalang ako sa ulo nang makitang tigok na si Kokey.

Binalingan ko ang mga kasama at hindi lang pala si Kokey, pati rin mga alalay n'ya ay nakahandusay at walang mga malay.

"I told you not to kill them. Y'all are psycho"

"Ahh Bern, I missed my gun BAHAHAHAAHHAAHAHHA" uhaw na ata masyado ang pinsan ko sa dugo.

"It's okay, they're still breathing" kalmadong saad ni I habang sinisipa ang nakalaban n'yang nakahandusay.

"Should we just kill them?" Nasapo ko nalang ang noo ko dahil sa sinabi ni AG.

Mukhang mali ata ang naging desisyon naming dito dumaan. Napailing nalang ako at dinukot ang panyo sa bulsa upang ibigay kay Sj. Hindi naman halatang one sided ang labanan dahil may mga dugo ang kamay nila liban lang sa akin.

"You're scaring nerdy" sambit ni Bern.

Sabay kaming napalingon kay nerdy na namumutla at may takot sa mukha. Ito na nga ba sinasabi ko at may nakakita na naman sa amin. But it's okay since si nerdy lang naman 'yan.

Tapos bigla na ulit bumalik sa dati ang ekspresyon ng mga mukha nila.

"Ay doraaaaaa, wag ka matakot joke lang 'yon."

"Shorty wag ka mag-alala at natutulog lang ang mga 'yan"

"How about her?" singit ni A at itinuro ang babae.

The girl na kalaban nila Kokey kanina, aalang malay at medyo maraming sugat sa mukha.

"Dalhin natin sa clinic 'yan. Mamaya nalang natin kitain si Heaven." sabi ko sa kanila.

"P-Paano sila?" Kabadong turo ni nerdy sa mga kokey.

"Hayaan mo na mga 'yan, hindi na dapat tinutulungan ang mga ganyang tao" sagot naman ni S.

"Carry her, let's go" utos ni Bern.

"Lagay n'yo 'yan sa likod ko. Ako na magbubuhat" sabi ko sa kanila at agad naman nilang ginawa.

Mabuti nalang at malapit lang main building sa building namin, pero hindi maiwasan hindi kami pagtinginan ng mga taong nakakasalubong. May bitbit ba naman kaming tigok na babae at puro sugat ang mukha.

"Nurseeeeeeeeeeeee!" sigaw agad ni Iris pag pasok namin ng clinic.

"Omg! what happened to her?!" Bulaslas nito at agad tumayo upang e-check kung buhay pa ba 'tong babaeng pasan ko.

"Ipasok mo sa first room, Rochelle" Tumango ako at dumiretsong first room.

Dahan-dahan kong binagsak ang babae sa kama at lumabas agad pagkatapos. Kawawa siguro 'yong babae kung hindi kami dumating kanina. Feeling ko rin nga hindi nila titigilan 'yon hanggat hindi nila malulumpo eh. Sayang naman ang ganda no'n kung bubugbugin lang nila diba?

Then bigla bumukas ang pinto at ang mga hitsura agad nila Pixie at Ziallyn ang nasilayan namin.

"What happened?" kunot noong tanong ni Pie.

"Bakit nandito kayo pusa?" tanong ko naman sa kanya.

"Someone told us na may dinala kayong babae na walang malay dito" ang bilis talaga kumalat ang chismis.

"Blood?" Nanlaki naman ang mata ko nang makita ang kamay nila. Sabi ko punasan nila at bakit may mga dugo parin mga kamay na 'yan, mga siraulo at gusto pa ipahamak ang sarili.

"Ketchup lang 'yan pie. Si Ag kasi natapon n'ya ang 1 Jar of ketchup kaya nilinis namin" inosenteng sagot ni Sj.

"Nakita lang namin ang babae na may mga sugat at walang malay kaya sinugod agad namin dito sa clinic." Dagdag ko pa sa sinabing rason ni S.

Nag excuse muna saglit si Ziallyn dahil may natanggap itong tawag. Akala ko matatagalan ang pusa. Hindi pa nga nag 2 minutes ay nakabalik na ulit ito.

"What's wrong?" tanong ni pie sa kanya.

"I received a report that there are students who are unconscious behind your building and some of them had broken bones" sagot n'ya kay pie ngunit sa akin nakatingin.

Napalunok ako dahil parang sinusuri n'ya talaga kung wala ba talaga kaming kinalaman, and I'm sure kilala n'ya narin kung sino ang mga taong 'yon. Nagkibit balikat nalang ako saka binalingan ang mga kaibigan na tahimik lang. Mga gago kayo! Bakit kasi tinorture n'yo mga tanga. Ano mga chill lang parang walang nangyari gano'n?

"Any update?" tanong naman ni Pie.

"They were taken to the hospital"

"In fact, they really did that to them" my eyes widened because of what Bern suddenly said and pointed us.

Napasampal nalang kami ng mga noo dahil sa paglaglag nito sa amin. Traydor na babae 'to, s'ya naman nag utos sa amin tapos ngayon ilalaglag kami.

"What?" si pie na may bakas na gulat sa kanyang mga mata.

"Hehe" napakamot nalang ng batok ang Sj dahil sa hindi alam kung ano ang isasagot.

"Why did you do that?" tanong naman ni Ziallyn.

I heaved a sigh.

"Ano kasi, pinagtulungan nila na gulpihin 'yong babae na dinala namin. Sakto napadpad kami sa likod ng building ko at nakita namin sila kaya tumulong na kami. Hinampas pa nga ni Kokey ang ulo ko gamit ang wooden bat" pagpapaliwanag ko sa kanila.

"She what?!" napapikit ako dahil sa pagsigaw ni Ziallyn jusko po.

"I mean, hinampas n'ya sa ulo ko pero hindi naman ako natamaan dahil agad akong nakaiwas" pagtatama ko sa salita ko. Nakakatakot at bigla nalang nagdilim ang aura ni kuting. Bigla tuloy nanuyot ang lalamunan ko.

"Are they telling the truth?" baling ni Pie kay nerdy.

"Opo, totoo po lahat ng mga sinabi nila." Walang tiwala ata ang pixie at kailangan pa na si nerdy tanungin.

Napahilot si pie sa kanyang noo.

"Lagot na at baka masipa tayo sa school. Bakit n'yo naman kasi binalian ng mga buto" letche 'tong Iris kung makapagsalita, akala mo talaga hindi nasira ang mukha no'ng ginulpi n'ya.

"Let's go ZB, we need to fix this" sabi naman ni pixie sa kanya.

"Is your head okay?" tanong ni Ziallyn at agad akong tumango.

"All right, clean yourselves" sabi nito sa amin at sinundan na si pixie palabas ng office.

Nakahinga rin ng maluwag sawakas.

"Bern, bakit mo naman kami nilaglag?" Inis na tanong ni Sj,

"Then, you want me to handle it instead?"

"No"

Payag nalang siguro ako na sila pie ang umayos nitong gulo na ginawa namin kaysa si Bern. Baka kasi bigla nalang maglaho sa mundo ang mga taong 'yon.

"Gising na s'ya" mabuti nalang at hindi narinig ni nurse ang usapan namin kanina dahil abala ito sa pag gamot.

Tumayo kami at pumasok sa unang kwarto. Ou nga dahil gising na s'ya at ngayon nakaupo na sa kama. Hindi ba masakit katawan n'ya? Pero feeling ko mukhang sanay na sa bakbakan ang babaeng 'to.

"Hey, how are you?" tanong agad ni Bern.

Nagulat pa ang babae nang makita kaming anim. "Diba kayo 'yong tumulong sa akin kanina?" tanong nito.

"Yes"

"Thank you for saving me"

"Bakit ka pinagtulungan nila Kokey?" tanong ko at naupo sa gilid.

"Hindi ko rin alam, napadaan lang ako do'n kanina dahil tatakas sana nang makita nila ako at pinalibutan nalang bigla" sagot nito.

Siguro badtrip si kokey dahil do'n sa announcement ni Ziallyn kanina sa cafeteria? S'ya siguro

napagbuntungan ng galit n'ya.

"Don't worry about them, pinadala na namin sila sa hospital" sabat naman ni S

"That's good to hear. Thanks!" halata nga na masaya s'ya.

"What's your name ba?"

"Tanvi"

"Ha, bente?" may tutuli siguro 'tong si Iris.

"Tanvi bobo" sabi ko sa kanya.

Mabuti nalang at hindi nasira ang mukha nito. Sayang ang ganda nito kung sisirain lang ng mga kokey. Matangkad pa naman, kung unang tingin nga lang mapagkakamalan mo na agad na model s'ya.

"Hindi ba masakit mukha mo?" tanong ni A.

"Nope, sanay na ako sa ganito"

"Alright, I've already decided" Singit ni Bern at tinuro si Tanvi.

"You, join our organization" nanlaki ang mata namin dahil sa sinabi nito.

"Organization?"

"I meant group"

"BAHAHAHAHAHAAHHAHAHAHA"

"Since iniligtas n'yo ako at kung okay lang sa inyo. Sure sali ako" agad na sagot nito.

"Good"

Mabuti at madali lang kausap 'tong si Tanvi at hindi na kami mahihirapan. Oh well, kahit umayaw man s'ya ay pipilitin parin naman itong sumali ni Sj.

"Layas na tayo at kikitain pa natin si Heaven. Tapos na ang club meetings dahil nag bell na" sabi ni S.

Motorbikes nalang ginamit namin upang mas mabilis. Bumyahe pa kasi kaming isang oras para lang marating 'tong school ni Hell. Sakto at tapos na raw klase n'ya at hintayin nalang daw namin sa labas ng gate.

"Totoo nga sinasabi ni Hell ha, puro magagandang babae nakikita ko simula pa kanina pagdating natin dito" Iris said excitedly while leaning on her bike.

"Pakialam ko sa mga babaeng 'yan, may dragon naman ako" sabat naman ni S habang abala sa pag c-cellphone.

"Hell yeah." pagsang-ayon ko sa kanya.

Napalingon ako kay Tanvi at Iris. May mga babaeng lumapit kasi sa kanila, ano ba at kahit saan talagang lugar ay hindi mawawala ang kalandian nitong Iris. Isa pa 'tong tanvi, don't tell me babaera rin 'to?

Napakunot naman ang noo ko nang mabasa ang message ni Ziallyn.

Ziallyn
Looking for a woman?

Anong woman sinasabi nito, kakasabi lang nga kanina na kikitain namin si Heaven.

RL
Ha? Anong sinasabi mong looking for a woman kitten. Hindi kaya!

Mabilis kong sagot, lakas mag hinala nitong pusa.

Then may sinend s'yang picture at nagulat nalang ako nang makita ang picture ko na may kausap na babae. Gage ito 'yong may lumapit sa akin kanina at tinanong kung anong pangalan ko! Teka bakit meron s'ya nito, stalker ko ba 'tong pusa?!

RL
Hala ano lang 'yan, tinanong pangalan ko. Hindi ko nga kilala at nasa school kami ni Heaven ngayon.

Ziallyn
Then you gave her your name?

Kahit sa chat parang feel ko talagang nakataas na isang kilay nito ngayon.

RL
Not my name but yours. ?

Ziallyn
Good.

"Hooooooooy!" sigaw ni heaven.

"Hell ang tagal mo!" Makareklamo si Iris akala mo hindi nag enjoy sa mga babae niya.

Oh asan na 'yong mga babaeng kalandian nila ni Tanvi kanina, ba't nawala nalang bigla.

"Sorry may pinasa pa akong report. Wow ha hindi n'yo naman sinabi motorbikes gagamitin n'yo edi sana hindi na ako nag kotse"

"Ou para mas mabilis. Kunin mo na kotse mo dahil nagugutom na kami" Basta pagkain talaga, priority ni Sj.

"Okay, dito lang kayo wait." I checked my wrist watch at 6:25pm na pala.

Dumiretso kami sa mall dahil gusto mag Jollibee nitong si Sj. Pinakilala narin namin si Tanvi kay Heaven, hinihintay ko nalang talaga ngayon kung ano ang ipapagawa nila kay Tanvi upang mabinyagan na.

"Hoy sandali!" Pigil ni Sj sa amin.

"Tansan lapit ka saglit"

"HAHAHAHAAHAHHAAHAHHAHA"

Naubo ako dahil sa pagtawag n'ya kay Tanvi, tangena ayan na nga at may nickname na s'ya pero sa dami ba naman bakit tansan pa.

"Bakit?"

Hmm okay feeling ko ito na 'yong hinihintay ko kanina pa.

"Nakikita mo ba 'yon?"

Turo nito kay Tanvi, gage anong binabalak n'yang ipagawa d'yan sa ice cream refrigerator?

"Ay bibinyagan na ba? HAHAHAHA" tanong ni Heaven, bilis n'ya makagets ha.

"Bakit, gusto mo ice cream?" Inosenteng tanong nito kay Sj.

"Hindi, bibinyagan ka lang naman as new member of ccb. Lapit ka do'n at pagluksaan mo" seryosong utos nito kay T.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" hagalpak namin liban lang kay dora at bern na seryoso lang ang buhay sa likuran namin.

Nanlaki ang mata nito na tila ba hindi makapaniwala sa narinig. Ang dami pa namang tao masyado, kawawang Tanvi.

"S-Seryoso ka?"

"Seryoso 'yan sila. Kailan lang pinasuot nila ako nang patient attire with IV sa loob ng watsons HAHAHAHAHAH" halatang proud si Heaven sa sinabi na 'yon.

"Dali na Tansan BAHAHAHAHAHAHA Ag record mo na" sabi nito.

Si T hindi alam kung susundin ba o tatakbo nalang palayo para hindi lang magawa ang pinag-uutos sa kanya nitong pinsan ko. Napakamot nalang tuloy s'ya nang ulo.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH" hagalpak namin, gage kawawang Tansan.

"Dali na, nagugutom na ako Tansan BAHAHAHAAHAHAHAHA"

Walang choice si Tansan at naglakad palapit sa Ice cream refrigerator.

"Tangena" sambit ko habang nagpipigil ng tawa.

Dahan-dahan itong naglakad palapit at nakayuko ang ulo habang nakatutop ang kamay sa bibig nito. Huminto ito sa tapat mismo nang refrigerator at yumuko. Pigil tawa lang kaming nanonood dito sa gilid at hinihintay ang drama n'ya.

Napakagat labi kami nang bigla itong humikbi at hinaplos ang glass. Ang dami talagang best actress sa grupo namin.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" hindi na napigilan ni S at humagakpal na nga.

"S-sabi mo hindi mo ako iiwan, b-bakit naman iniwan mo 'ko" hikbing saad ni T sa refrigerator tangena.

Itong mga katabi ko naman naiyak na sa kakatawa. Tapos bigla nalang lumuhod si Tanvi at niyakap ang refrigerator, jusko po.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA"

Pinagtitinginan na ng mga tao si Tanvi, iniisip siguro nila nito kung hibang na ba ang babaeng 'to at bakit iniiyakan ang refrigerator haha.

"Omg! this is so hilarious HAHAHAHA" enjoy na enjoy masyado Heaven.

"W-whyyyy! Wake up, please come back ugh" she groans at sinubukang iaalog ang refrigerator at patuloy parin sa pag-iyak, hayop na Tanvi 'to.

"Ikaw parin ang bebe ko, bebe ko" tangenang 'yan.

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA"

"Gago okay na 'yan HAHAHAHAHA"

"Hoy tansan sinagad mo naman, halika na babaeta HAHAHAHAHAHA" tawag ni Iris sa kanya.

Mabilis itong nagpahid ng mga luha saka tumayo at naglakad na parang wala lang nangyari pabalik sa amin. Ang mga tao naman nagpalakpakan dahil sa kadramahan n'ya.

"HAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA"

"Tangna anong klaseng binyag 'yon" sabi n'ya sa amin

"Pwede na mag artista HAHAHAHA" sabi ko at tinapik balikat n'ya.

"Congrats, official member ka na Tansan. Wag ka na magtaka at masanay ka na" sabi ni S at binati narin namin s'ya

8 na kami at dalawa nalang kulang namin--ay hindi pala, kulang parin ng tatlo dahil wala na si nerdy next year.

Nagpatuloy kami at sumugod sa bubuyog, mas nagutom ata kami dahil sa acting ni Tansan. Mabuti nalang konti lang ang mga tao tonight na kumakain dito.

"Baby anything else you want?" tanong ni Bern kay nerdy.

Sinagad na ata n'ya pagiging sugar mommy kay nerdy at baby na ang tawag nito sa kanya.

"O-Okay na 'to, sobrang dami na nga oh" sagot ni nerdy.

Halos orderin ba naman nila lahat ng nasa menu, ang daming pagkain pero mabilis lang 'to mauubos promise. Lalo na pag ganito kalakas kami kumain.

"Hoy monkey! Inaagaw mo na si shorty sa amin ha!"

"Ou nga doggy ano ka ba, wag mo solohin si dora namin!"

"Just a reminder incase any of you forgot..." she paused for a moment and glares at them.

"Oh oh joke lang Bern" tiklop ang Iris n'yo.

"Teka nalilito ako, anong meron sa Krystal at Bern? Diba pangalan mo naman 'yon?" naguguluhan na tanong ni Heaven sa kanya.

"Ano kasi guys, may split personality s'ya. Pag hindi sinto-sinto ang kilos n'ya at panay ang english, ibig sabihin lang no'n si Bern ang kaharap n'yo. Pag sinto-sinto naman at bobo, ibig sabihin si Krystal 'yon. Pero wag n'yo sabihin kahit kanino okay? Kahit pa sa ate mo hell" paliwanag ni Sj sa kanila.

"AHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" ang lakas ng tawa ko. Para naman kasing siraulo 'tong pinsan ko kung mag explain.

"Really?!" Sabay nilang dalawa ni Tanvi.

"Yeah, so you better shut your mouth" agad na sagot ni Bern at bakas parin sa mga mukha no'ng dalawa ang gulat.

"Pag ikaw sinabi mo sa ate mo Hell, baka hindi ka na sikatan ng araw kinabukasan HAHAHAHAHA" pananakot ni Iris sa kanya.

"Hoy hindi ha! Hindi ko sasabihin kahit kanino!"

"Good" sambit ni Bern.

Hindi rin kami nagtagal matapos kumain dahil kailangan pa namin umuwi. Minalas nga kasi naabutan pa tuloy kaming lahat ng curfew time kaya umuwi nalang kami rito sa bahay nila Sj and as usual, her parents are nowhere to be found. Nag dora na naman siguro 'yon.

Dahil malaya kami at walang pasok bukas syempre hindi mawawala ang inuman. Actually nanonood kami ng horror movie ngayon habang nakapatay ang lahat ng ilaw.

"Ahhhksmkskndosjud!" Mga loko ang lakas ng loob manood ng horror tapos takot naman pala.

Kinuha ko nalang ang cellphone ko, I want to chat kitten dahil miss ko na ang pusa.

RL
Asleep?

Wow ha ang bilis n'ya na seen message ko, hindi halatang inabangan ni kitten chat ko.

Ziallyn
Not yet

RL
May gagawin ka bukas pusa?

"Potangena ano ba 'yan BAHAHAHAHAHAHAHAA 'yong ghost bigla nalang namatay, ginagago ba tayo nito" bulaslas ni Sj, laki naman ng problema n'ya.

Ziallyn
I'm free, why?

Yeee free ang pusa, ayain ko nga mag date.

RL
Labas tayo after lunch. Pumayag ka na at masama ang tumanggi. ?

Ziallyn
Make me.

"Hala tanga, anong klasing multo 'yan at nahulog sa building! Diba dapat lumulutang lang sila?!" natatawa akong nakikinig dito sa mga mokong na nanonood.

"Bobo ou nga no, pambihira nga naman oh!" tanong nalang nila director.

RL
Hmmm kiss mo 'ko ayaw mo? ?

Mabuti nalang at nakapatay ang ilaw at hindi nila ako nakikitang nakangiti na mag-isa at baka asarin ako ng mga baliw na 'to.

Ziallyn
Okay, pick me after lunch.

Ay halik ko lang pala katapat ni kuting. Wala na talaga at mukhang naadik na ang pusa.

RL
Aye boss! ?

"Yes!!" biglang sigaw ko at napasuntok sa hangin.

"Hoy pota ka at ginugulat mo kami!" nakalimutan ko nandito pala sila.

"Ang saya mo R, anong ganap ba ha?" tanong ni Ag.

"May date kami bukaaaasssssss!" tumayo ako at nagtatalon-talon na parang bata.

"Tanga ka congrats! Goodluck sa date. Binata ka na gago" hindi ko alam kung binabati ba ako ni Sj o insulto o ginagago eh.

Bumalik ako sa pag-upo dahil mukhang naabala ko pa ang horror moments nilang lahat, nakakahiya naman sa kanila diba.

"Pero hindi ko alam saan dadalhin si Kitten guys" nakangusong saad ko. Mag-aalok ng date tapos hindi pala alam ang gagawin o kung saan dadalhin, ang bobo mo Rochelle Love.

"Sa kwarto" suhestiyon ni Iris

"Ikulong mo" sunod naman ni Tanvi

"Gapusin mo" ang Ag may nalalaman na pala s'yang ganyan?

"Tapos lantakin mo" bastos nitong pinsan ko, pero pwede naman.

"Hoy potangena n'yo!" bulyaw ko sa kanila.

"Shut up, if you don't want to watch, just go out" saway naman ni Bern sa amin.

Nanahimik nalang kami at nagpatuloy sa panonood. Kj naman nitong Berntot na 'to at wala man lang konting support sa first date ko hmp. Hindi ako makapag-focus sa panonood dahil tumatakbo sa isipan ko ang date namin bukas tangna. Naisipan ko nalang na lumabas at umupo sa pool side habang umiinom.

"Hoy!"

Sarap bigwasan nitong pinsan ko.

"Ba't lumabas ka?" Tanong ko. Hindi sumagot ang loko at tahimik lang tinabihan ako.

"Alam mo S, nagtataka parin ako kung bakit ako sinagot ng biglaan ni Zia. Sa tingin mo? Parang ang bilis ng pangyayari diba?" seryoso kong tanong sa kanya.

I heard her heaved a sigh.

"Para ka namang tanga donkey, ilang months na ba kayo magkasama? Hindi ba kalahating taon na? Sa halos araw-araw natin silang kasama. Sa halos araw-araw mong kinukulit s'ya, sa tingin mo walang nabuo na feelings?" wala naman akong binanggit na pinaglalaruan n'ya ako?

"Nagtataka lang kasi talaga ako S, kasi hindi pa gano'n katagal no'ng inamin n'ya sa akin na wala s'yang gusto sa akin at ikaw parin ang nilalaman ng puso n'ya" balik ko kanya bago inubos ang hawak na beer.

"Tahimik lang ako nakamasid sa inyo R. Pero lagi ko nahuhuli si Ziallyn nagnanakaw ng tingin sa'yo. Sa tingin mo ba nanakawan ka no'n ng halik kung wala talaga s'yang feelings for you?" kumunot naman ang noo ko dahil sa sinabi nito.

"Nakawan ng halik? What do you mean?"

"A-ano, I mean diba ano... Always ka n'ya hinahalikan?" sagot nito at nagkamot ng ulo.

"Alam mo donkey, may mga tao talagang hindi alam paano e-express feelings nila lalo na 'yan si Zi. Alam kong aggressive at possessive 'yon, pero hindi s'ya 'yong babae na paglalaruan feelings mo. Siguro kung may magawa man s'yang bagay na makakapagpasakit sayo, I'm sure may matinding rason kung bakit n'ya nagawa 'yon." mahaba-habang paliwanag nito habang nakatingala sa langit.

"At isa pa..."

Seryoso lang din akong nakikinig sa kanya. Minsan lang din kami mag-usap ni Sj ng ganito ka seryoso, walang halong kagagohan.

"Hindi s'ya nanghahalik ng taong hindi n'ya naman mahal" nakangiting saad nito at nilingon ako.

"Right." Bigla ako napangiti sa kanyang sinabi.

"I trust her." Dagdag ko pa.

"Good hehe, tara na pasok na tayo at matulog dahil may date ka pa bukas!" tumayo na ito at hinatak narin ako.

Ayaw ko nalang muna isipin ang nagpapagulo sa utak ko. Gusto ko nalang muna isipin ang kasalukuyan at ang date namin bukas! Okay lang naman kahit simple date lang as long as makasama ko s'ya. Basta mag enjoy lang kami ay sulit na 'yon!

Hehe can't wait t

[Content truncated due to length]

CHAPTER 20

-

"Woooohooooooooooo"

"Heeeeeyaaaaaaaaaaa"

"Meeeeeeeeheheheheh"

"Heeyaaaa tigidigtigidig"

Mga abnormal agad bumungad sa akin pagbaba sa living room. Hindi ko alam nandito pa pala mga baliw na 'to.

Alam n'yo kung ano ginagawa nila? Para lang naman silang nagkakarera ng mga kabayo, kaso nga lang ang mga kabayo nila sila-sila lang din.

"Para kayong mga siraulo." Saway ko sa mga isip bata.

"Aaaaaaaaar eeeeeeeeeL! hala wow, pinaghandaan date nila ni kitten nya." Nagtaas-baba ako ng mga kilay, malamang paghahandaan ko talaga kasi first date namin.

"Naks, saan mo dadalhin ang kitten? Baka dalhin mo sa hotel ha" sarap manakal ng isang Shara Jane.

"Ang dumi talaga lage ng iniisip mo, hindi sa condo lang niya." Pero kung mangyayari, sure and why not?

"Aalis ka na ba?" Tanong ni keyboard, nagbabalik na pala siya.

Sakto tumunog phone ko kaya napatigil ako. Bahagya akong na sorpresa kasi ang caller ko ay walang iba kundi si kitten. Nag excuse ako sa kanila at lumabas ng bahay bago sagutin ang tawag dahil napakaingay nila sa loob.

"Zia?" tawag ko agad sa kanya.

Hinintay kong magsalita s'ya pero tahimik lang sa kabilang linya.

"Zi-"

"Love" she huskily called my name.

Tapos narinig ko s'yang umubo, 'yong boses n'ya parang may sakit at nahihirapan magsalita.

"Are you okay? Teka may sakit ka ba?" medyo nag-aalala na ako sa kanya dahil panay na ang ubo sa kabilang linya.

"Yes and I don't think matutuloy ako ngayon" mahinang sagot nito.

"Nasa condo ka ba?"

"Yes"

"I'll be there soon" Sabi ko at pinatay ang tawag.

Hindi na ako nagpaalam sa kanila at nagmadaling tumakbo papuntang garage upang sakyan ang big bike ko. I don't wanna waste time at pinaharorot agad patungo sa condo ni Ziallyn. Hindi kalayuan ang condo sa bahay nila Sj kaya mabilis lang din ako nakarating. Nandito na ako ngayon sa tapat ng unit at inayos muna ang sarili bago mag doorbell.

Nakatatlong attempts na ako at hindi parin bumubukas ang pinto. Tatawagan ko na sana ang pusa nang biglang bumukas ito.

Isang namumutlang pusa na naka night gown pa ang sumalubong sa akin. Nagulat ata ang pusa na makita ako dahil bigla nalang natulala.

"Baby kitten" tawag ko at niyakap s'ya.

"Don't hug me, I'm sick. What are you doing here?" paubo-ubo pa n'yang salita.

Pero hindi ako nakinig sa kanya at mas hinigpitan pa ang pag yakap. Sexy at ang bango naman ni pusa kahit may sakit.

"Let's go to your room na. Wrap your legs around my waist tapos kamay mo sa batok ko. I'm gonna carry you since you're sick and weak" bulong ko at hinalikan ang pisngi n'ya.

Hindi n'ya sinunod ang utos ko kaya ako na mismo ang kumarga sa kanya.
"Rochelle!"

"Wag matigas ulo, baby kitten. Sundin mo na utos ko" seryosong sabi ko sa kanya.

This time ay ipinalupot niya ang mga kamay sa aking batok at ang mga binti sa aking bewang. Ang cute kasi para siyang bata tapos ibinaon ang mukha sa aking leeg habang karga-karga ko.

"Where's your room?" tanong ko.

"Last corner" she softly whispered.

I locked the door first bago kami tumungo sa kwarto n'ya. Napansin ko ang laki masyado nitong unit ni pusa, kasya nga ata siguro isa o dalawang block dito sa condo n'ya eh.

Mahina ko hinawi ang kanyang buhok nang makapasok sa kwarto, "Kumain ka na ba?" tanong ko at umiling naman ito.

"Sige, baba ka na. I will cook for you" bulong ko ngunit hindi kumalas ang pusa. Wala ba s'ya balak magpahinga.

"Kitten, baba na magluluto ako. Wala ka balak bumitaw?" ulit ko.

"Then cook while you carry me" napakurap-kurap pa ako nang marinig ang sinabi n'ya.

Ang pusa naging clingy nalang bigla. Ganito ba epekto sa kanya pag may sakit s'ya? Aba'y gusto ko 'yan syempre!

Lumabas nalang kami muli at tinungo ang kitchen. Mabuti kumpleto sa lahat at hindi na kailangan lumabas upang bumili ng mga ingredients. Medyo nahihirapan akong kumilos dahil ayaw humiwalay sa akin. Sabi ko umupo nalang muna sa may kitchen island pero ayaw parin talaga.

"What are you gonna make?"

"Chicken soup baby kitten. To increase your overall fluid intake and lower your body temperature as well as flush out toxins" pabalik-balik ako sa lakad. Hinahanap ko kasi kung meron ba s'yang yogurt kaso wala.

"Do you eat vegetables?"

"Mhm"

"I need to buy yogurt and coconut water for you" sabi ko.

"No, just stay here. Get my phone and call my secretary" ay ayaw talaga ako palayasin at baka mamiss n'ya raw ako.

"Where's your phone?"

"Living room"

Nang makuha ko ang phone ay s'ya na mismo ang tumawag at sinabing bumili ng mga kailangan namin. Bumalik narin kami agad sa kitchen matapos ang tawag. Nagsimula akong kumilos upang ipagluto ang mahal kong pusa na may sakit at super clingy. Good thing magaan lang kaya hindi ako napapagod sa pagkarga sa kanya.

"Are you tired? Am I heavy?" she asked while I was busy stirring the pot.

"Nope, don't worry" alangan naman sabihin kong ou mabigat, baka masampal ako na wala sa oras.

"I'm sorry that our plans didn't work out this time." ang pusa nag sorry? wow, big achievement.

"There's no need to apologize for. Kahit hindi man natuloy ang date natin sa labas, edi dito nalang tayo mag date sa condo mo. Alagaan nalang kita hehe" sagot ko sa kanya saka tinikman ang niluluto.

Hindi sumagot ang pusa. Napangiwi ako nang bigla nalang kagatin at sipsipin ni kuting ang leeg ko gage, ayan na naman at baka ma turn on ulit ako n'yan. Pasalamat s'ya magaling akong mag control ng sarili.

"Hilig mo talaga maglagay ng kissmark?" Nakangiti kong tanong.

Abala s'ya kakasipsip sa leeg ko samantalang ako naman abala sa kitchen. Hinayaan ko nalang s'ya gawin ang gusto n'yang gawin.

"Because you taste sweet and smell good" she seductively whispered.

Hay jusko tukso please lang layuan mo muna ako ngayon. Bakit ba ang landi nitong girlfriend ko pag may sakit lord. Sana kayanin ko today 'tong temptation na binigay mo sa 'kin.

"I have a question." Tapos na siya sipsipin leeg ko?

"Ano 'yon?"

"Why did you fall in love with me, knowing that I already have feelings for someone else." Napaisip ako sa sinabi n'ya. Does that mean may nararamdaman pa siya sa pinsan ko?

sumandal muna ako habang hinihintay maluto 'tong chicken soup, dapat pala inuna ko nalang 'to lutuin bago 'yong vege.

"Bakit? Aminin mo ang totoo, may nararamdaman ka pa sa pinsan ko?" Seryoso ngunit medyo may kirot sa aking dibdib. Ayaw ko marinig mula sa kanya ang salitang mahal pa niya, ngunit naramdaman ko ang pag higpit ng kanyang yakap at umiling kaya napanatag ang puso at aking isipan.

"You are the person I never expected to meet and call mine, Zia. I'm a person who is very direct and I hate lying to myself more than facing rejection. I'll do everything possible to make you love me. I know you haven't entirely forgotten my cousin, but thank you for giving me an opportunity."

"And also okay lang kahit hindi ako ang priority mo, you must put your goals and yourself first before me. I can wait and besides, I pursue you not to be your distractions but to love and motivates you" natahimik s'ya sa naging sagot ko.

Mas lalo niya ibinaon ang mukha sa aking dibdib, ayaw niya ata makita ko ang namumula niyang pisngi. Biglang tumunog ang doorbell kaya baka ito na ang sekretarya niya

"Baka secretary mo na yan." Bulong ko at agad nagtungo sa pinto upang pag buksan ito.

"Ma-" naputol ang sasabihin nito nang makita ang kalagayan ni Zia.

Sino ba naman kasi ang hindi magugulat na ang isang tulad ni Ziallyn bigla nalang nagmukhang bata na nakayakap sa akin.

"Hi, kumpleto na po ba 'yan?" tanong ko at tipid na nginitian s'ya.

"Y-Yes ma'am"

"Thank you, pakilagay nalang sa kitchen"

Umalis din ito agad at saktong tapos narin ako sa niluluto, kaya hinanda ko na lahat upang makakain na 'tong bata. Ako narin mismo nagpakain sa kanya kasi ayaw talaga bumitaw kahit anong pilit ko. Dinaig ko pa ang may anak sa sitwasyon ngayon sa totoo lang.

"Isa pa." utos ko.

"I'm full" anong full sinasabi at nakakaapat na subo palang nga s'ya!

"Anong full ka d'yan, ubusin mo 'to" Sermon ko at sinubuan ulit s'ya.

"No. I'm full, love." Sayang naman 'to at hindi mauubos. Kinuha ko nalang ang gamot, ayaw ko pilitin at okay na siguro 'yon basta ay naglakaman ang tiyan.

"Nganga." Utos ko at sinubo ang gamot, infairness masunurin ang kuting ha.

"After this bumalik ka na sa kwarto at matulog para gumaling ka agad. Dito lang ako manonood ng

movie sa sala" sabi ko at iniligpit ang pinagkainan n'ya.

Tatayo na sana ako upang ihatid s'ya sa kwarto nang magsalita ang suplada.

"Just watch, I'll stay here" ang tigas naman masyado at dinaig pa n'ya ang bata sa katigasan ng ulo.

Napabuntong hininga ako at napasandal sa sofa, ginawa ko nalang din ang sinabi n'ya at nanood ng netflix.

Nasa kalagitnaan na ang movie nang maramdaman ko lumalalim na ang paghinga ni Zia. I looked down at mahimbing na pala itong natutulog sa dibdib ko. Dahan-dahan akong kumilos at binuhat s'ya papasok ng kwarto para mas comfortable ang pagtulog niya. Bago lumabas ay pinagmasdan ko muna s'ya saglit at binigyan ng halik sa noo. Hindi ko na sinarado ang pinto at bumalik sa sala.

Nag netflix lang ako buong hapon hanggang sa tinamad na akong manood. I checked my wrist watch at malapit ng mag 6 pm. Kumunot ang noo ko nang may natanggap akong tawag mula kay Sj. Alam na nga n'yang kasama ko ang pusa! Disturbong manyakis 'to.

"Hello"

"Si Tanvi nasa hospital!" napabalikwas ako nang marinig ang balita nito.

"What?! Which hospital at pupunta ako" taranta akong naglakad papasok sa kwarto ni Ziallyn.

"Sa PU hospital, papunta na kami. Magkita nalang tayong lahat do'n!"

"Okay!"

"Love?" napalingon ako kay Zia. Gising na pala s'ya.

"What's wrong?" lumapit ako sa kanya at sinuri ang noo kung mainit pa ba, thankfully ay bumaba lagnat nito.

"Umm, kailangan ko umalis kitten, si Tanvi dinala sa hospital. Hindi ko alam rason pero papunta na mga kaibigan namin." sagot ko at hinaplos ang pisngi n'ya.

"Tanvi?"

"Our new friend, 'yong babaeng dinala namin sa clinic remember? Tumawag si Sj at binalita sa akin. Babalik ako mamaya okay? Magpahinga ka lang" babangon sana s'ya ngunit agad kong pinigilan at inayos ang comforter nito.

"Wag ka na bumangon. Alis na ako, kapag nagutom ka tawagan mo ang secretary."

Aalis na sana ako nang hawakan nito ang braso at pinigilan ako.
"Please stay" mahinang bulong n'ya.

I want to stay pero hindi ako tatawagan ni Sj kung hindi urgent. Binigyan ko siya ng matamis na ngiti. Gusto kong manatili ngunit kailangan din ako ni tansan.

"Baby kitten, babalik din naman ako mamaya pag okay na promise"

"I have a bad feeling."

"Don't worry, kasama ko ang tropa. Sige na magpahinga ka lang, and see you tonight" Bulong ko saka s'ya binigyan ng halik.

Nagmadali akong umalis at dumiretsong hospital. Ayaw talaga akong paalisin ni Kitten ngunit pinilit ko talaga s'ya. Babalik din naman ako mamaya pag nasigurong okay na ang kalagayan ni Tansan.

"Hooyyy!" tawag ko kay Sj.

Magkasunod lang pala kaming nakarating.

"Tara na, nasa taas na daw ang iba" Mabuti alam n'ya kung anong room susugurin namin at dumiretso na kaming umakyat.

Laking gulat ko pagpasok namin ng kwarto at makitang puro pasa ang mukha at katawan ni Tansan tapos may benda sa ulo.

"What the fuck, anong nangyari sayo?!" Galit na bulyaw ni Sj,

"Pinagtulungan ako kanina." sagot ni Tansan.

Sobrang dilim masyado ng aura sa buong silid, mga mukha kasi nila parang papatay.

"Who did that?" tanong ni Bern.

"Mga nakaaway ko sa likod ng building."

May tinawagan at lumabas ng kwarto si Bern. Tangenang Kokey, binalikan talaga ang walang kalaban-laban na kaibigan namin. Gusto ba n'yang mamatay ng maaga?

"Sabi ko sa inyo hindi na dapat binuhay ang mga yun." Nakakakilabot naman ang ngiting pinapakita ni Ag,

"Baet nyo masyadoal." Segunda agad ni Iris.

"Manahimik kayo, si Bern ang nag utos." singit ko sa usapan.

"Hindi pwedeng hindi tayo gumanti. Anong akala nila, matatakot nila tayo? Baka burahin ko sila sa mundo" sabat naman ni Sj.

Ang iinit ng mga ulo nito. Pasalamat nalang din at binuhay pa si tansan, sa tingin ko kasalanan ko talaga 'to. Hindi naman siguro s'ya gagawing target kung hindi ko pinahiya ang kokey na 'yon.

"Hays, kumalma nga kayo. Walang mapapala kung magpapadala kayo sa init ng mga ulo." Pagpapakalma ko sa kanila.

"Let's go" tawag ni Bern sa amin mula sa labas ng pinto.

"Heaven at nerdy, dito lang kayong dalawa at bantayan si Tanvi. May kailangan lang kaming gawin." Mas mabuting maiwan nalang sila kaysa sumama sa amin.

"Saan kayo pupunta?" tanong ni nerdy.

"Basta, stay here" Sagot ko at lumabas.

Makita ko lang ulit kokey na 'yon mamaya, baka hindi lang sipa sa panga aaabutin n'ya.

"Na locate na ba sila Bern?" tanong ni S sa kanya.

"Yes, they're in the club now" sagot nito.

Hindi na kami nag-aksaya ng oras at agad umalis. Nasa byahe kami at tinatahak ang daan patungong club. While in the car, we changed our clothes at nagsuot ng masks. Naka all black and cap din kami para mas lalong hindi makilala.

"You can do anything as long as you don't kill. Just make 'em suffer" paalala na naman muli ni Bern sa amin.

"Why not? You pity them?" tanong ni Ag at inaayos ang damit.

"Tsk"

"No. I'll stay in the car and I want you to entertain me. Do not use any weapon, just use your fists" nagkibit balikat nalang ako sa sinabi ni Bern.

"Seryoso?"

"Yes." Well, okay lang din naman since medyo matagal-tagal narin simula no'ng huli akong may nakasuntukan.

**

"We're here. Remember, do not kill them" paalala muli ni Bern sa amin.

Isa-isa kaming bumaba at may nakaabang na pala sa aming lalaki upang ituro kung saan ang pwesto nila kokey. It's not an ordinary club to be honest dahil may mga prostitutes sa club na 'to. It's actually an underground club at tago sa maraming tao. Pero kahit gano'n ay sobrang dami parin ang dumadagsa lalo na ang mga mayayaman na tao.

Tahimik lang kaming nakasunod sa lalaking nakaitim hanggang sa huminto ito at itinuro ang pwesto nila kokey.

Nasa gitna pa talaga sila nag paparty kasabay ang mga prostitutes na babae ha. Magsasalita pa sana ako nang mag unahan na sa takbo ang tatlong gaga kong kasama.

The three of them jump up and ran over the tables as they approached our enemies. I mentally slapped myself, these retards.

"Fucking pigs! We met again, payback time bitches BAHAHAHAHAHAHA"

Bakit si Kokey ang gusto mong suntukin akin 'yan!

"Hoy, akin 'yan!" sigaw ko sa kanya.

She stopped for a moment and turned her head back at me, then smiled like a fuckin psycho.

"Oh my bad my bad! BAHAHAHAHAHAHA"

Napabuntong hininga nalang ako nang makita si Ag at Iris na pinaglalaruan ang mga kalaban at binabalian ng mga buto.

Naglabas ng balisong ang kaharap ni Ag, awee sa tingin ko hindi marunong gumamit 'tong kalaban n'ya.

"HAHAHAAHAHHAHAAHAHAHAHA" tinawanan lang ni doraemon susme.

The man rushed at her and tried to stab her stomach, but she managed to avoid it and used her hands to lock the man's arm and kicked him in the face.

"Holyshit! that was cool woohoooo" nakuha pa talaga ni Sj manood habang nakikipag suntukan sa kaharap n'ya.

Ag picked up the butterfly knife and showed off her tricks in front of the man.

"Hoy doraemon! Itapon mo 'yan, bawal nga gumamit ng weapon diba?!" sigaw ni Iris sa kanya.

Napatingin naman ako sa kanya at wow, marami na palang napatulog ang Iris namin. Nakuha pa nga n'ya uminom ng alak!

I heaved sigh and shook my head.
I jumped over the table at nagsimula na tumakbo palapit kay kokey. Napansin ko na marami pala s'yang kasama at may mga bodyguards pa!

When I got close to her, I immediately threw a punch, but the freakin kokey managed to dodge it.

"Wow." Ngisi ko at pumalakpak.

"Who are you?!" bobo naman nito at hindi nakilala ang boses ko. Nevermind, mas mabuti na 'yong maging bobo nalang s'ya forever.

"Not gonna tell you. An eye for an eye, a tooth for a tooth, bitch," I sarcastically said and kicked her stomach, causing her to sit on the floor.

"Argh!"

Kokey got up and swung at me left to right, and I neatly dodged. I aimed to punch her in the face, but she ducked down, so I used that opportunity to kick her in the face. The crowd gasped, and I jumped on her, grabbing her neck, and hit her head on the floor, making blood spill out of her temple.

"Ahhhhh kill her!" she screamed.

It seems that the bodyguards initially appear to be in small numbers, but as I look around, I realize there are actually many more of them. It's a bit bewildering, as I didn't expect such a large number of them.

"Don't just stand there!" Kokey yelled pulling out the gun of her minion.

Before my very eyes everyone was running and bullets were flying. Holy shit what a bad accuracy! I ran

behind the wall to hide.

"May nasaktan ba? Kung wala saluhin nyo na ang bala." Siraulong tanong ni Iris at sumilip sa likod ng isang maliit na poste. Nakita ko ang dalawa nasa likuran niya at si Sj may hawak ng nuggets? Jusko po.

"I'm good!" Sigaw ko

"This is not fair! Kamao lang sandata natin!" Kung itapon niya yang nuggets para may magawa siyang maganda.

"Use the bottle Sj. Patamaan mo sa kamay para mabitawan ang baril." utos ko kay Sj.

"This bitch is Kraaaazy." Sabay kagat sa natitira niyang nuggets bago pinulot ang bote at binato sa kamay ni Kokey,

"Move gaes" I said with determination.

As we ran past a few people, SJ, Ag, and Iris took them down with their fists. The sudden image of finally killing Kokey was sending an adrenaline rush through my veins. I left them behind and walked straight to Kokey, who was standing next to the door

"Saan ka pupunta?" Taking off my jacket, I stepped in front of her. It was just me and her, while everyone else was fighting each other. I was so caught up in my own thoughts that I didn't notice she threw the first punch. But it was alright, as I retaliated with two more punches. As I hit her three more times, she went flying to the ground, holding her mouth in pain.

"Get up"

"I'm done playing with you, bitch!" She screamed, jumping up.

Suddenly, my head started hurting, so I stopped. It was too late when I saw the bottle approaching my face and it hit me. I could smell my own blood, and it was dripping down my face. I almost fell, but fortunately, I grabbed onto a pole. Damn you, Kokey. That was a cheap move! She tried to stab me with the broken bottle, but I managed to dodge her attack by ducking down and stepping forward.

"Fuck you!" I yelled at her with rage and gave her a powerful uppercut. However, I wasn't satisfied yet, so I followed it with two more hard blows to her face.

"R, baka mamatay na, kanina pa nawalan ng malay dahil sa uppercut mo 'yan!" napatigil ako dahil sa sigaw ni Sj at tingin sa nakabulagtang babae na nasa tapat ko.

"Tagal mo naman matapos, kanina pa kami nababagot kakahintay sayo" segunda naman ni Ag kaya napalingon na ako sa kanila.

Halos maligo narin pala sila ng mga dugo dahil nagkalat na ito sa mga damit at katawan nila. Parang basura lang na nagkalat ang mga tauhan ni Kokey.

"Boring" si Iris na nakaupo sa nakabulagta na minions ni kokey. Langya literal na ginawang tower ang mga katawan.

As the men in black entered the club, someone approached me and handed me a phone.

"Come out" it's Bern.

"Let's go" sabi ko sa tatlo at nauna maglakad palabas ng gusali.

Pagbalik ng sasakyan ay ang nakangising Bern sumalubong sa amin. Enjoy sa panonood yan?

"Saya mo ha." sabi ko at hinubad ang may dugong damit upang magpalit.

"Not bad. Good job dodging the bullets"

"Hoy nagutom ako, tara na at balikan na nating sila sa hospital" Gutom pa siya non? E isang bucket yung nuggets niya kanina.

"Drop n'yo nalang ako sa condo building ni Zia, nangako kasi ako babalikan s'ya. Ipapakuha ko nalang bike sa hospital." hindi naman sila umangal sa desisyon ko at hinayaan ako.

Una na nila akong hinatid bago bumalik sa hospital. Quarter to 9pm na nang makarating kami sa building.

"Ingat kayo Bern," paalam ko bago bumaba.

"Okay, see you."

Hindi ko ginising ang tatlo dahil mahimbing na ang mga tulog. Ang dami ba naman nilang kalaban kanina tapos ako si kokey lang.

Malapit na sana ako sa tapat ng unit ni pusa nang maramdaman ko na parang may mainit na likido ang dumadaloy sa bandang templo ko. Nagsisimula narin lumabo ang paningin ko kaya mas binilisan ko pa ang pag hakbang.

Dali-dali kong pinindot ang doorbell ni Ziallyn. Ay tanga! bakit ako bumalik dito na ganito ang sitwasyon at hindi n'ya pwedeng makita na ganito ang kalagayan ko.

Aalis na sana ako nang bumukas ang pinto at ang gulat na mukha ni Ziallyn agad ang nasilayan ko.

Tanga mo naman RL.

"Baby kitten" mahinang bulong ko.

"Rochelle!"

I don't know what happened next because everything went dark.

*

Nagising akong mabigat ang pakiramdam at namalayang may benda na sa ulo. Umaga na ba? What happened last night at bakit nandito ako sa kwarto ni Ziallyn? Kahit masakit ang buong katawan at ulo ay pinilit ko parin bumangon upang lumabas ng kwarto. Ang sama ata nang tama ko kagabi at lumalabo paningin ko.

"Rochelle!" awtomatikong napalingon sa direksyon ni Zia na ngayon ay nagmamadaling makalapit sa akin.

"Kitten" salubong ko sa kanya at binigyan ng mahigpit na yakap.

"You should've just stayed in the room!" aga-aga nagagalit na naman 'tong pusa.

"Sa sala nalang ako. Ayoko mag stay sa kwarto mag-isa" nakangusong sagot ko.

I heard her heaved a sigh.

"You need a proper rest. Look at you! What happened to you at duguan kang bumalik" Napapikit ako dahil sa lamig ng kanyang boses, galit.

Inalalayan niya parin ako maglakad patungong sala at pinaupo sa malambot na sofa. Ngayon ko lang din napansin na bagong damit suot ko, hala s'ya ba nagbihis sa akin?!

"Ikaw nagbihis sa 'kin kitten?!" bulaslas ko.

"Who else? Now tell me what happened" ma awtoridad na salita nito. Paano ba dapat, sasabihin ko ba na sinugod namin si kokey at halos mamatay na?

"Don't you dare lie to me" napakamot nalang ako sa batok. Mukhang hindi nga talaga ako makakatakas ngayon sa kanya.

"Hmm si kokey hinampas ng bote ulo ko" let's just make it short at sisihin si kokey. Pero totoo naman ang sinabi ko, walang halong kasinungalingan 'yan.

"Loraine-what?!" Ayan na s'ya sa pasigaw-sigaw e.

"Kitten wag ka na magalit at okay na ako. Thank you." Malambing kong tugon sa kanya. Baka lang naman madala sa lambing ang pusa.

"Really Rochelle? I know you're sick at ayokong lumala ka!" natulala at bahagyang napanganga ako sa sinabi nito.

"W-What?"

"Your m-migraine" She said and massaged her temple. "Tsk!" namumula na sa galit mukha ni kuting.

Tumayo ako at umupo paharap sa kanya sabay pulupot ng mga braso ko sa leeg nito. "What are you doing?" iritadong tanong ni pusa.

Hindi ko nalang sinagot at mabilis na siniil ng halik ang labi nito. She tried to resist and pushed me ngunit mabilis ang naging kilos ko at hinawakan ang magkabilang kamay nito.

I gave her wet kisses and traveled down to her neck, smiling as she tilted her head and without hesitation, I sucked her neck real hard. I slowly let go of her hands, feeling her touch my head as she caressed me.

Nasa ganitong posisyon kami nang biglang bumukas ang pinto at umalingawngaw ang boses ng mga salot. What the fuck?! Paano nila alam password ni Zia, at bakit sila nandito?!

"Aaaaaaaaar eeeeeeeeeL!"

Napatigil ako sa ginagawa at ibinaon ang mukha sa leeg ni Ziallyn habang yakap-yakap ito. Letche kayo!

"Hala hala may bold!" bulaslas ng pinsan ko.

I ignored them and just pretended to be asleep. Ano bang ginagawa nilang lahat dito! Ang aga naman nila masyado kung mambulabog kainis.

"She's asleep" huhu mabuti nalang matalino 'tong girlfriend ko at mabilis na gets ang ginawa ko.

Kunyari nagising ako dahil sa kanila kaya iminulat ko na ang mga mata.

"Ingay n'yo naman" reklamo ko at nagkusot ng mga mata sabay hikab. Pwede na akong sumabak sa drama scene.

Oh silang apat lang pala at hindi kasama ang iba. "Aweeee talaga ba" mukhang alam na ni Sj ang nangyari pft.

"Ba't nandito kayo? diba dapat nasa hospital kayo ngayon?" tanong ko at umayos ng upo.

Bigla nalang tumayo si Ziallyn at mabilis na tinungo ang daan patungong kwarto n'ya. Hala ang pusa mukhang na turn on ata, charot joke lang at malabong mangyari 'yon.

"Tanga nagulat nalang kami kagabi nang tawagan kami ni Zi. Gago bakit ka kasi sumugod dito tapos may tama ka pala sa ulo" sagot naman ni Iris.

"Hoy tara sa hospital at ipatingin natin 'yang ulo mo, baka magka-amnesia ka pa tulad nitong pinsan mo" tumaas ang kilay ko dahil sa suggestion ni Ag.

"No! hindi na kailangan promise at okay na ako" sagot ko at tipid na nginitian sila.

"Nakalimutan ko may kailangan pa pala akong tapusin na project!" sabi ko at dali-daling tinungo ang kwarto ni Ziallyn upang katukin.

"What?" malditang tanong nito pagkabukas ng pinto.

"Alis na ako kitten, may kailangan pa kasi akong tapusin na project. Kita nalang tayo sa school bukas. Thank you nga pala"

"Sure?" taas kilay na tanong sa akin.

"Ou hehe, thank you last night." sagot ko at mabilis humalik sa kanyang pisngi

"Okay, take care." yeee concern naman pala.

Nagpaalam na kami at nilisan ang kanyang condo. Nakalimutan ko pa naman kunin bike ko sa hospital, mabuti at may initiative rin 'tong pinsan ko minsan at s'ya ang kumuha.
Medyo masakit parin katawan at ulo ko pero keri naman. Actually wala naman talaga akong gagawin at natapos ko na lahat ng projects for finals. Ayaw ko lang talaga na ipilit nilang dalhin ako sa hospital, okay naman ako!

*

"I'm late!"

As I turned around the last corner while simultaneously looking at the class at the end of the hall, I accidentally bumped into someone. She stumbled forward and landed with a thud on top of me.

"Jesus! I can't believe I wasn't paying attention!" she exclaimed, rushing to get up. "I'm so sorry."

As I looked up to see who I had accidentally bumped into, I was struck by her beauty. Her soft, light brown hair framed her face perfectly, and her eyes were a brilliant clear blue, sparkling like the sky, yet also holding a deep, captivating quality, like the vastness of the ocean. Ay tanga ka RL dapat si pusa lang purihin mo, kahit sinong maganda pa 'yan ay dapat loyal and faithful ka sa pusa!

"I'm sorry." She then says, as she straightens her hair by running her fingers through it a few times, using her palms to smooth it down.

"It's alright miss. I gotta go bye!" Sagot ko at tumakbong muli dahil late na ako!

"Look who finally decided to show up" Salubong agad ni Professor sa akin. Kung hindi siguro dahil sa babaeng 'yon kanina siguro on time ako nakapasok.

"Sorry po, Sir." I walked towards my chair at bakante parin ang upuan ni Jemima. Asan na ba babaeng 'yon at wala na ata planong bumalik sa school.

"The final exam is near and I want you to focus on your studies. Lalo ka na Rochelle" my eyes widened when he mentioned my name.

"Nag-aaral naman ako sir at on time ko rin pinapasa mga projects ko and also mataas din naman grades ko?" anong problema ni kalbo today at ako ang target n'ya.

"Ang sinasabi ko lang mag focus ka lalo na ngayon na girlfriend mo ang isang Ponferrada" literal na nasamid sa sariling laway.

Grabe na talaga mga chismosa ngayon at ang bilis kumalat ng chismis. Pati na professor namin alam narin ang tungkol sa amin. Hala what if malaman din nila Tita?!

"Ou na po sir" sagot ko nalang upang tigilan na n'ya ako sa kakatalak.

Sabi review lang tapos may magaganap na surprise quiz pala. Kaloka naman ang aga mang scam ni sir. Lumayas na ako agad after bell at baka ako ulit kulitin ni sir kalbs.

Puntahan ko sana mga baliw sa room nila nang makasalubong ko si Ziallyn na may kasamang lalaki. Nakaabay pa talaga at hinahayaan lang n'ya? Baka gusto n'yang balian ko ng mga buto 'yan like kokey? Nagtama ang aming mga mata at hindi man lang talaga inalis ang braso ng nakaakbay sa kanya? Hindi ko s'ya pinansin at nilagpasan lang silang dalawa.

"Rochelle" wala akong naririnig, pakialam ko sa inyo. Mag akbayan kayong dalawa d'yan.

Hindi ako tumigil at nagpatuloy lang sa paglalakad. Sino ba 'yon at ngayon ko lang nakita pagmumukha no'n sa school.

"Hoy, tanga nakasimangot ka d'yan?" chill lang masyado mga gaga parang walang scandal ginawa no'ng Saturday night ah.

"Kamusta grade mo S? may bagsak ka no?" Tanong ko, ayaw ko e open topic kung bakit wala ako sa mood at iinisin lang ako nitong mga baliw.

"Tanga ako bagsak? wala sa vocabulary ko 'yan. Ayan si monkey tanungin mo" sabay turo kay keybold na kausap si Iris.

"Nakalabas na ba si Tanvi? Anong course ba ni gaga at hindi ko alam" kahit course ni Heaven hindi ko alam langya.

"Hindi namin alam" ay tanga, same.

"Nakalabas na kahapon. Nasa cafeteria na sila ni nerdy, tara nagugutom na ako." Sagot ni Ag sa usapan namin.

Pagpasok palang ng cafeteria ay si Ziallyn at 'yong lalaki agad ang una kong nakita. Nasa usual spot sila ng mga Ponferrada, ang sakit nila sa mata ha.

"Hoy tansan kamusta pakiramdam mo?" tanong ni S at tumabi kay nerdy.

Hindi talaga uso sa kanya ang bumili ng sariling pagkain at aagawan ka nalang bigla. Kawawa naman 'tong si nerdy at mukhang hindi pa nagagalaw ang pagkain n'ya tapos pinagtulungan na no'ng tatlo.

"Maayos na, buti nga 'di ako namatay" gandang sagot naman n'yan.

"Doraemon ikaw na umorder, libre mo na kami shoo shoo" utos ni S, hindi na umangal ang doraemon at umalis na upang mag order.

"May kasama bebe mo oh, halaka sino 'yan. Infairness gwapo ha" kainis naman 'tong unggoy at pinaalala pa.

"Wala akong pakialam. Bahala sila d'yan, nerdy kumain ka at wag mo hayaan ubusin ng mga baliw na 'yan pagkain mo." Ako na mismo ang kumilos upang subuan si nerdy. Kawawa at hindi pa nakakakain.

"Nganga" utos ko.

"BAHAHAAHAHAHAHAHAHHAHA" abnormal talaga.

"Mommmyyyyyy!" gulat ako sa sigaw ni Iris. Si tanvi na lumabas pa sa ilong ang iniinom na juice pota haha.

Tangena tinawag ba naman n'yang mommy si Everleigh dito pa mismo sa cafeteria, ang daming mga tao!

"Tangena mo tanvi gago!"

"Ano ba nakakagulat ka naman I." mabilis kong inabot sa kanya ang tissue, masakit sa ilong 'yon ha.

"Gaano kakapal ang mukha mo Iris?" tanong ni K sa kanya.

"Abot langit kb wag ka na magtanong bobita"

"BAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA"

Kawawa hindi pinansin ng mga dragon, nilampasan lang ang table namin at dumiretso sa table nila.

"Kawawa hindi pinansin" pang asar ko sa dalawa.

"Okay lang, hahabulin din ako n'yan makikita mo" pagyayabang ni Iris.

"Pft baka nga ikaw maghabol tanga" sabat naman ni S.

Sinilip ko sila sa taas at parang seryoso naman masyado topic nila? Aw sabagay kahit naman anong usapan ay seryoso naman talaga mga pagmumukha nila. Nakita ko ang pagsulyap ni Zia sa direksyon ko kaya't agad akong umiwas. Galing n'ya magtago ng kissmark ha kahit naka tube lang s'ya. Sexy masyado tapos may panibagong unggoy na naman ang nakadikit sa kanya, sarap nga naman bombahan.

"Teka cr muna ako, ayusin ko lang 'tong utak ko at baka dumugo" paalam ko at mag excuse muna.

Ngayon ko lang napansin na medyo malaki pala 'yong sugat at dumudugo parin. Lakas naman kasi masyado humampas ni kokey. Abala ako sa paglalagay ng plaster sa bandang templo nang biglang bumukas ang pinto at pumasok si Zia. Deja Vu!
Hindi ko s'ya pinansin syempre, focus muna tayo sa goal ngayon.

"Rochelle" do'n ka sa unggoy mo.

Muntik pa akong ma out of balance dahil sa biglang paghila nito. Parang baliw naman 'tong si kuting, kita na nga n'ya inaayos ko 'yong sugat!

She's cupping my face at seryosong nakipagtitigan sa akin.

"Why are you ignoring me again?" her facial expression changed at halatang inis si pusa.

"I'm jealous. Ayaw mong may humawak sa akin tapos ikaw nagpapahawak ka sa iba. Hindi mo pa talaga inalis ang kamay n'ya kanina" sagot ko at marahan na inalis ang kamay sa pisngi ko.

"He's my cousin." napatigil ako sa paglalagay ng plaster at lingon sa kanya.

"Cousin? s'ya ba 'yong kasama mo sa mall before?"

"Yes." Napatakip ako ng mukha dahil sa kahihiyan. Ano ka ba naman Rochelle, pangalawang beses na 'yan! Pinsan n'ya nga kasi tanga.

"I'm sorry" sabi ko habang tinatago ang namumulang mukha sa likod ng kamay ko.

She took my hand and removed it from my face. Nakangisi pa nga ang kuting na pinagmamasdan ako. Saya yan? She stepped forward at mas inilapit ang mukha sa akin. Teka, na lock ba ang pinto? Baka may pumasok na naman kasi!

"Tell me if we have a problem, hindi 'yong bigla ka nalang hindi namamansin. Okay love?" she utters. Napalunok nalang ako habang nilalabanan ang temptasyon.

"My bad." ang tanging naisagot ko.

Hinubad ko ang suot na denim jacket at isinuot sa kanya. "Ubos na ba damit mo't naka crop tube ka

lang. Hindi naman sa pinapangunahan kita, concern lang ako dahil kakagaling mo lang sa sakit." Kinagat ko ang labi habang inaayos ang jacket sa kanya.

"Okay na at mauna ka na, ayusin ko lang utak ko at dumudugo."

Kukunin ko na sana ang plaster kaso naunahan ako ni kuting.

"Face me"

S'ya na mismo ang umasikaso sa akin, baet at pwede na maging misis ko. Payapa lang akong pinagmamasdan ang dyosang nasa harap ko. Swerte ko sa kuting na 'to pero mas swerte talaga s'ya sa 'kin.

"Done."

"Thanks baby kitten" I smiled and kissed her cheek, gulat s'ya eh haha.

Pero mas nagulat ako nang hawakan n'ya ang kamay ko at kinaladkad na palabas. Hala holding hands while walking 'yan sa cafeteria?! Ramdam ko na ang hiya ni Sj kahit wala naman talaga s'yang hiya. Ganito pala feeling ng ipangalandakan ka sa public ng isang Ponferrada. Nakakailang masyado mata ng mga tao sa totoo lang. Kung nakakamatay lang talaga ang tingin, kanina pa ako tigok dahil sa mga lalaking daig pa killer kung makatitig sa akin.

"Hindi ako na inform na sa cr na pala ang bagong dating place n'yo" panunukso ni Sj paghinto namin sa harap nila.

"Miss daw kasi ako ni kitten kaya sinugod n'ya ako sa cr. Okay lang 'yan, try n'yo rin mag date ni pie sa cr kung naiinggit ka" nakangising tugon ko sa kanya.

"Kumain ka na at ihahatid natin si dora sa room. May nangungulit daw sa kanya na mga manliligaw at ayaw s'yang tantanan." binalingan ko naman si nerdy na ngayon sinusubuan ni keybold at ag ng pagkain.

"Sige" hinarap ko si Ziallyn.

"Balik ka na sa taas kitten, mukhang may importante kayong pinag-uusapan eh. Kumain ka narin" mahinang bulong ko saka pinisil ang pisngi n'ya.

"Alright, see you later" tu

[Content truncated due to length]

CHAPTER 21

-

"Iris!"

My goodness! kanina pa sya hinahabol nitong haliparot, paubos na braincells ko sa mga kaibigan ko kahit wala naman talaga ako non.

"Hinahabol ka na naman, naiirita na ako ha at baka ihulog ko sa rooftop yan." Gigil ang Sj nyo. Palabas na sana kaming campus kaso nga lang ay may haliparot humarang sa daan.

"Ano kailangan mo?" Tanong ni Iris, halatang wala siyang gana kausapin ito. Si Axel naglabas agad ng chips na pwedeng kainin at inabutan kami isa-isa. Umatras kaming konti upang bigyan ng space ang dalawang sa kanilang drama.

"Nakakasawa na ugali mo! hindi ko alam kung kailan ka titino! Pagod na akong intindihin ka at puro ka lang kaibigan! Wala ka ngang panahon para sa atin! Then malalaman ko may iba kang kalandian?!" Huwaw naman at abot sa langit ang galit nitong babae sa kanya, kulang nalang sampalin nya sa magkabilang pisngi si Riri,

"Ooooooooooooo" napatango-tango kami sa sinabi ni girl sa kanya. Legit 'yan!

Tamang lantak lang ng mga pagkain sa gilid habang nanonood sa drama show ni Iris. Ou nga pala at kaming lima lang magkasama ngayon. May pasok si Tanvi at Nerdy.

"Then?" kalmadong tugon nito.

"Let's break up!"

"Excuse me? Break up?" ulit ni Iris.

"Yes!"

Napalingon ako sa likod dahil may biglang tumikhim. Si Everleigh na seryoso ang mukha at nakataas ang isang kilay. Patay kang Iris ka at dumating ang mommy mo, lagot kang bata ka! hindi n'ya pa nakikita dahil nakatalikod ito mula sa amin.

"Break? walang mag b-break." sagot muli ni I sabay masahe sa batok nito.

"And why?!" Bulyaw nito sa kaibigan ko.

"Walang break up na magaganap dahil wala at hindi naman naging tayo. May lagnat ka ba?" tapos humagalpak ng tawa 'tong mga katabi ko dahil sa mala inosenteng bata na pagsalita ni I.

Medyo namula ang mukha ni girl, nakakahiya nga naman ang sinapit n'ya. Imagine inangkin mo ang isang tao tapos lakas loob ka pa nakipaghiwalay sa harap pa mismo ng mga kaibigan. Ang ending wala naman palang kayo at nagmukha kang isa malaking delulu.

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA" namumula narin mata ni girl, mukhang iiyak na nga dahil ang

lakas mambwesit nitong tawa ni Sj.

"Excu-"

Slap

"Oh shit!"

"Desurb bobo!"

"..." no comment ang Ag n'yo.

"Okay lang 'yan, mahina lang 'yong sampal kung ikukumpara sa demogons" sabi ko sabay tango at nguya nang pagkain.

"True True!" Sumang-ayon naman agad ang magiling kong pinsan.

"Iris" hala ayan na't tinawag na s'ya ni mommy Everleigh n'ya.

Hitsura ni Iris na mukhang sinampal ng mainit na plantsa, pwede na gawing tattoo sampal sa mukha nya. Tulala si friend na binalingan si ma'am habang naglalakad ito palapit sa kanila.

"Oooooo" sambit naming apat sa gilid.

"Payag ka non? sinampal ako?" Sumbong nito kay Everleigh. Landi pa tanga tapos ngayon magsusumbong ka. Nasa isip ko what if sampalin ni Everleigh 'yong babae? Kaso hindi pala pwede sampalin dito dahil nasa campus kami at professor s'ya.

"Leave" utos ni ma'am sa babae at mabilis na nilisan ang lugar.

"Hindi mo man lang gagantihan for me mommy?" kapal ng mukha nito. Ano ka gold, lalandi ka tapos iba ipapasalo mo sa kagagahan. Saksakin ko kaya 'tong si Iris upang matauhan?

"How's the slap?"

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" tawanan namin sa kanya, si Iris biglang sumimangot.

"Okay lang, mas malakas parin sampal mo." Huwaw at proud siya.

"Good. Well then, see you kiddo" sagot nito at nilayasan na kami.

Parang tumigil lang s'ya saglit upang manood sa live show ni Iris. "Kawawa ka naman HAHAHAHAHA" tawanan namin.

"Ayan landi pa tanga HAHAHAHAHA"

"Pasampal mo kaya ang kabilang side kay miss?"

"Bobo BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Tara na nga! tumigil nga kayo kakatawa at baka bigwasan ko kayo isa-isa" iritadong saad nito at nauna lumabas ng gate.

"San ba tayo magkakalat mga bakla?" tanong ni Kb.

Kanina ko parin gusto itanong 'yan nakalimutan ko lang dahil sa short drama ni Iris. Kanina pa kami lakad nang lakad sa campus at hindi ko alam kung anong trip nila gawin today.

"Punta tayo sa coffee shop naghihintay na si tansan." sagot ni S.

"Akala ko may pasok si tanso?" Tano g ko.

"Nag cutting class ang tanga, may sasabihin daw kaya pinapapunta tayo sa shop."

"Okay."

Pwede naman sa school nalang pag-usapan at bakit naglalakad kami? Naunang nakatawid si Iris ng pedestrian at hinihintay na kami sa kabilang side.

"Teka una na kayo saglit ayusin ko lang sintas" sabi ko at nagpahuli sa kanila.

Nang matapos kong ayusin ay dali-dali na akong sumunod sa kanila.
"Hoy dalian mo mag rered light na!" tawag ni Iris kaya nagmadali na akong tumawid.

"R!"

"RL watch out!"

Halos mamatay ako sa kaba nang biglang hatakin ni Sj ang likod ko kung kaya't napaupo sa kalsada. A motorbike tried to run over me, mabuti nalang mabilis ang naging kilos ni S at nailigtas ako.

"My god! okay ka lang ba?! Teka tumayo ka muna kailangan na natin makatawid" natatarantang saad nito at inalalayan ako.

"Nakuha n'yo ba plate number?"

"Tangena sino ba nakalaban mo? Hindi 'yon coincidence at may balak nga na sagasaan ka!" mababali na ata buto ko sa sobrang higpit ni Kb kung makahawak sa kamay ko.

Wala naman akong nakalaban aside kay kokey? And if ever man na totoo ang sinabi ni Kb, si kokey ang pangunahing magiging suspect ko.

"Hindi ko alam" kalmado lang ako pero deep inside halos sumabog na puso ko dahil sa nangyari kanina.

"Malaman ko lang sino, ako mismo sasagasa sa kanya!" Umuusok na naman ilong nitong pinsan ko.

"Thank you S, akala ko sumabay ka sa kanila. Gage paano nalang kung wala ka edi maaga naging byuda kitten ko hays" sagot ko naman sa kanya.

"Ano ba 'yan R! muntik ka na nga masagasaan, kalandian parin ang nasa isipan mo?" ako na nga 'tong muntik masagasaan tapos ako pa babatukan.

"Kainis! Hindi namin nakuha ang plate number."

"Report nalang natin sa pulis."

"Wag na hoy, wala naman nangyaring masama. Sige na at umalis na tayo baka naghihintay na si tanso." sagot ko saka pinakalma ang nag iinit nilang mga ulo.

"Wag na tayo maglakad at baka ano pa mangyari! hintayin nyo ako rito at kunin ko lang kotse." Tumango nalang kami sa suhestiyon ni Iris at naghintay sa kanyang pagbabalik. Hindi naman nagtagal ay nakabalik si I, dumiretso agad kaming coffee shop pagkasakay ng sasakyan.

"Heeeeere!" kumakaway na tawag ni tanso nang makapasok na kaming lahat sa shop.

Hala at sino naman 'tong mga magagandang babae na kasama ni tansan? Kahit mga nakaupo ay masasabi mo talagang matatangkad silang tatlo at magaganda.

"Tansaaaaan!" Sj kung makasigaw parang nasa kabilang baryo ang kausap e.

"Hala! sino tong mga kasama mo tansan? Ang gaganda ha, ikaw lang pangit." basta talaga babae ang active ni Iris.

"Siraulo ka! dami ko nga manliligaw na babae." proud pa ang isang babaera na sumagot.

"Mga friends ko." Pakilala nito.

"Ay tanga, akala ko pa naman wala kang kaibigan. Loner ka ba naman masyado kaya dinampot ka nalang namin." humagalpak kaming lahat sa tawa dahil sa pang iinsulto ni S.

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA"

"Wala ka plano ipakilala tansan?" singit ni Kb.

"Pft tansan" sambit no'ng babae na katabi n'ya at nagtawanan ang mga ito.

"Kaya nga pinapunta ko kayo kasi ipapakilala ko kayo sa isa't isa. Tapos may favor din akong hihilingin." Sagot ni tansan. Pinagdikit na namin ang dalawang table upang magkasya kaming lahat at naupo sa kanilang tapat.

"Hoy pakilala kayo-" utos ni tansan sa kanila.

"Teka kami na una magpapakilala" putol ko sa sasabihin nito. Tumikhim muna ako bago magsalita at inilahad ang kamay sa kanila upang makipag kamay.

"My name is Rochelle, R for short. This is my cousin Shara, S nalang itawag n'yo. Then itong katabi n'ya is our monkey, her name is Krystal. Then Iris, ang partner ni tanso sa kalandian. Next is Axel, call her A or doraemon basta kung saan kayo comfortable. May dalawa pa sana kaso may mga pasok sila dora at hell kaya kami nalang muna" ako na mismo nagpakilala sa mga kaibigan ko. Isa-isa na kaming nagpalitan ng shake hands.

"Unique masyado nicknames n'yo ha, may plano kayo e complete ang cast ng dora the explorer?" tanong nang katabi ni tansan.

"Ou BAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Bakit, gusto n'yo sumali? Wala pa kasi kaming swiper" sagot naman ni K na ikinatawa narin nila.

"Nakakatawa kayo. It's our turn, ako nga pala si Bea, itong isa si Pax at ang isa naman si Kai." Isa-isa n'yang ipinakilala ang mga kaibigan. Infairness ang gaganda nila, pero hindi ko ramdam sa kanila ang salitang *I'm straight* at malakas kutob ko mga bakla rin mga babaeng 'to.

"Hoy mga bakla rin kayo?" Halos mabilaukan ang lahat sa amin dahil sa sobrang prangka ni Sj.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" tawanan namin ng mga kaibigan.

Nanlaki ang kanilang mga mata at napatingin sa aking pinsan. Hindi nga talaga inasahan ang tanong na yun jusko.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." This time ay tumawa narin sila.

"Paano mo nalaman?" Nakangising tanong nong Pax,

"Sabi lang ni guardian angel na nasa tenga ko" pambihirang sagot 'yan oh.

"Beanini single ka ba?" Biglang tanong ni I. Jusko kung anu-ano nalang talaga binibigay nilang nicknames. Kala mo close friend lang kausap, pero sabagay makakapal naman mukha namin.

"Ako ba?" turo ni Bea sa sarili.

"Ou, alangan naman si Kaiser?" Sinong Kaiser naman yan.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHA"

"NB/GSB yan." Sagot ni Kai,

"What?!" sabay na sigaw namin.

"Totoo?! sa gandang mong yan?" Ayan na naman si Iris, wag naman sana pati ito landiin niya.

"May plano ka? wag mo subukan." Babala ni Ag. Dapat lang talaga mag ingat sya at sa dami niyang babaeng sinaktan baka sa huli balikan siya.

"Ou, magiging single hanggang sa tumanda." Ayaw niya ata sa commitment.

"Kayo? mga taken na lahat?" Tanong ni Pax,

"Ako lang at si donkey." Sagot ni Sj at itinuro ako.

Pansin ko lang itong si Kai ay mahiyain at parang hesitant sa amin. Si Pax maganda kausap at mukhang ka vibes lang din namin kasi sumasabay tapos naaamoy ko parang Iris din ugali nito. Si Bea naman parang katulad siya ni Ag? hindi ko masyado maipaliwanag at ngayon ko pa lang naman sila nakilala pero yan talaga pansin ko sa tatlong kaibihan ni Tanso, pero sino ba naman ako para mag judge? malay natin mga abnormal din pala mga 'to.

"Bea, ano na ligawan nalang pala kita, single ka pala e." walang patawad ang Iris n'yo.

"BAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH"

"Hoy wag Beanini at babaera yan, kung mag jojowa ka make sure yung loyal at faithful." Pagkontra ni

keybold sa kanya. Sakto dumating ang mga pagkain namin at tumahimik agad sila, food is life at dapat focus sa goal mode nila ngayon. Napailing nalang akong binalingan si tansan.

"Tanso anong favor pala sinasabi mo?" tanong ko habang hinihiwa ang lasagna ko.

"Muntik ko pa tuloy makalimutan. May pinsan akong fashion designer at next week magaganap ang first runway fashion show para sa mga collections nya. Kaya nakipagkita ako sa inyong lahat to ask your help sana, kung pwede kayo ang maging models upang isuot ang mga designs nya?" Naubo ako sa naging favor nito. Seryoso ba s'ya at talagang kami ang gusto n'yang kunin? Diba dapat mga real models and professionals ang rarampa d'yan?

"Wala bang mahanap na models pinsan mo tan?" Tanong ni Bea. Mga kaibigan ko na walang pakialam at parang walang narinig dahil abala lang sa paglamon ng pagkain.

"Medyo kulang din sa budget kaya nag presenta na akong tumulong sa kanya." agad na sagot nito.

"Pera lang ba problema mo? Wag ka na mag-alala sila na bahala d'yan. Magkano ba?" sagot ko at itinuro ang mga abnormal na abala parin sa pagkain.

"Hindi okay lan-"

Halos mapatalon ako dahil sa magkasabay na hampas nilang apat sa lamesa. Napanganga nalang kami dahil sa mga inilapag nila.

"Pick one-ay kunin mo na lahat. Bahala ka sa gusto mong gawin dyan." Tumigil muna sandali si Sj upang magsalita at nagpatuloy sa paglamon matapos nitong sabihin ang sinabi kay tanso.

"A-Apat na cards?!" itong si tansan naman kung makasigaw parang daig pa nanalo sa lotto. Nagkibit-balikat nalang si Sj bilang tugon sa kanya.

"May bc ka na? Sanaol may sugar mommy." Sabi ko saka umiling. Kumain nalang din ako, wala naman akong mabibigay. Cheer up ko nalang s'ya pag na broken.

"Ano hindi na. Kunin n'yo na 'tong mga blackcards" balik ni tansan sa kanila.

"Wag ka na nga makipagtalo pwede? Kumakain kami tansan. Wag ka magulo" diretsong sagot ng pinsan ko.

"Payag na kami tan, gusto namin tumulong." Sabi ni Bea. Muntik ko na tuloy makalimutan hindi lang pala kami ang naririto. It's good dahil tutulong din sila sa problema ni tanso. Sana lang maging successful 'to.

"Tanso gusto mo help kita?" Mukhang ang pagiging modelo lang kaya ko e offer sa kanya.

"Sure ka? ayos lang sayo?" Tumango ako.

"Sige, salamat."

"Gamitin mo narin amin tantan" sabay abot ni Bea ng pera sa kaibigan.

"Hoy ano ba! wag na, kami nauna." Reklamo ni Sj, ginawa pang paligsahan eh.

"Kung ako sayo tansan, itatakbo ko na agad yang mga cards at pera nila. Pambihira porket may mga

sugar mommies kayo." Pailing-iling kong saad.

"Meron ka rin naman? si Zi?" sagot ng pinsan ko.

"Ganito nalang, mag bato-bato pick kayo at kung sino matalo susundin ang dare ng kabilang grupo." Suhestiyon ko.

"Deal/Sure!" oh edi wow.

"Keybold ikaw na sa grupo nuo, tapos si Kai sa grupo ni Bea," Sabi ko. Akala mo talaga sasabak sa bakbakan mga loko eh.

"Ready"

"Bato...bato...pick!"

"Yaaaayy!" patay at nanalo ang keybold.

"That's my doggy. Eat your food now." susme

"Pano ba 'yan? Edi gagawin n'yo 'yong dare namin BAHAHAHAHAHAHAHA" ako kinakabahan sa ipapagawa n'ya eh. Puro kahihiyan pa naman ang dulot pag s'ya may utos. Since sumang-ayon naman sila Bea ay umalis na kami kaagad ng shop at nagtungo sa bahay. Nasa bahay daw kasi ang mga gamit na kailangan para sa dare nila, ba't ako 'yong kinakabahan?

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" Mamamatay na ata kami kakatawa samantalang nakabusangot ang mga mukha nila Bea.

"Pota heeeelp HAHAHAHAHAHAHA" jusko ito na siguro ang pinakamalala na sa lahat ng pang d-dogshow ni Sj.

"Ano ba kailangan ba talaga namin gawin 'to?!" si Bea na hindi maipinta ang mukha sa sobrang inis.

Hinihika na ako kakatawa jusko, sino ba naman ang hindi mamamatay kakatawa kung pinagsuot sila ni S ng mga gorilla mascot costumes. Tangena iyak na ako ng iyak dahil mukha talaga silang mga totoong gorillas.

"Pwede bang iba nalang S?" si Kai bigla nalang namutla.

"HAHAHAHAHAAHHAAHAHAHAHA"

"Bagay sa inyo. Hindi at dapat gawin n'yo 'yan, tropa kayo ni tansan? Edi tropa narin tayo. Binyagan na namin kayo BAHAHAAHAHHAHAHAAHA." Sumabay narin sa tawanan sina Pax at Bea.

"Hindi naman kayo makikilala dahil naka full set naman kayo, okay lang 'yan kami lang naman makakaalam HAHAHA" sagot ni keybold. Ang saya n'ya ha dahil nitong mga nakaraang linggo hindi na s'ya napagtitripan ni Sj.

"Literal na dogshow ang peg natin today HAHAHAHAHAHA." buti pa 'tong si Pax mukhang excited samantalang yung dalawa daig pa nabaon sa utang mga mukha.

"Sige na pumasok na kayo sa van. Your mission is to buy bananas sa grocery mall. Tara na lesgo

lesgoooo!" napaka demonyo na masyado nitong pinsan ko god!

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAH"

"Tangena ugh!" kawawa naman mga tropa ni tansan. Bakit kasi pinakilala sa amin e alam naman n'ya kung gaano ka abnormal si Sj at walang pinipiling target.

"Ay sandali, daan muna tayo convenience store. Bili tayong beer tapos ilagay natin sa slurpee bago tayo pumuntang mall" paalala ni S sa amin nang makapasok na kaming lahat.

"Game ako d'yan, talino mo ngayon Sj ha. Beer pa tanga tapos resulta lasing" bilis sumang-ayon ni Doraemon basta alak eh.

"Natatawa ako sa mga hitsura n'yo HAHAHAHAAHAHAHAHAHA" si tansan humagalpak na ng tawa.

"Potek plano lang naman sana mag usap para sa magaganap sa fashion show. Bakit ba tayo nauwi sa ganito." biglang salita ni Pax.

"Aba itanong mo si Bea HAHAHAHAHAHAHAAHAHAH" agad na sagot ni Iris.

Dumaan muna kaming convenience gaya nang napag-usapan at bumili nang beer saka slurpee na walang laman. Ngunit bago umalis ay pinalaklak muna ni Sj sila Bea para raw mawala hiya nila mamaya pagpasok namin sa mall huhu. Tatlong bote rin ng redhorse naubos nila ha bago kami bumyahe ulit patungong mall.

"Hala hala tenenenenen heeetoooo naaaaaa! AHAHAHAHAHAHAHAHA" excited na kami and I think nawala na ang mga hiya nila sa katawan dahil mga nakainom na.

"Hoy Kai! ayusin n'yo na costumes at bababa na tayo mga gaga!" nauna na kaming bumaba bago sila.

"HOOHOOHOOOO" Pambihira naman 'to silang tatlo at the way maglakad ang gorilla ay ginaya nila.

Biglang kumapal mga mukha nila ha, parang kanina lang todo ayaw pa sila tapos ngayon feel na feel na pagiging gorillas.

"Ag record mo BAHAHAAHHAAHAH" napatakip ako nang mukha habang palapit kami sa entrance. Ang Tatlo na nasa unahan parang mga hayop na nakawala sa Zoo na napadpad sa mall upang mag chill. Kuha nila lahat atensyon ng mga tao, kami naman nakasunod lang sa kanila with our slurpee's na redhorse ang laman.

"Kuya may shooting kami at may permit na kami" may pinakita s'ya sa guards dahil mukhang ayaw papasukin ang tatlong gorilla, hindi kami na inform na may shooting na magaganap. Nang makapasok ay dumiretso na kami agad sa grocery section. Halos mabaliw na kami sa kakatawa kakasunod sa tatlo.

"Hoy mga gaga ayon saging oh!" turo ni keybold sa kanila at nag unahan na silang magtakbuhan.

"AHAHAHAHAHAHAHAHAHAHHA" tanga hindi namin alam kung sino 'tong dalawa na natapilok at sabay na nadapa sa sahig. Mukhang natamaan sa ininom na pulang kabayo gage.

"Bwesit ka Pax!" bulyaw ni Bea sa kanya. Hirap na hirap ba naman tumayo dahil siguro may kabigatan din ang costume nila haha.

"Tangena bakit naman kayo nag swimming na dalawa pambihira BAHAHAHAHAHAHAHAHA" instead na tulungan ay tinawanan lang n'ya, apaka gago naman talaga.

"Mga unggoy dalian n'yo d'yan at hahakot pa tayo ng mga saging!" sigaw ni Kai sa kanila.

"Dapat ni live n'yo nalang sa facebook 'yan" biglang sulpot ni tansan upang tignan ang video ni Ag.

"Ay bobo ka ou nga, live mo sa fb doraemon gooo gooo HAAHHAAHAHAHHAA" pagsang-ayon ni Iris sa kanya.

"Keybold wala ka ba balak samahan relatives mo?" tanong ko sa kanya na ikinakunot ng noo nito.

"Sampalin kita nang saging gusto mo?" attitude naman masyado, nagtatanong lang ang tao hmp.

"Hoy Bea! harap ka nga saglit HAHAHAHAAHHAHAHAAHA" sabi ko at kinunan ng picure.

Potaaaaaa heeeeeeeeelp huhu.
Busy masyado ang dalawa sa likod n'ya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" Hagalpak naming anim, jusko may plano ata silang ubusin ang mga saging

"Mga gaga tama na hoy BAHAHAHAHAHAAHHAHAHA" pigil ni S sa kanila. Sino kakain ng lagat ng mga 'yan?!

"Hoy tama na sabi mga hayop kayo!" sinugod na namin sila upang pigilan dahil walang plano tumigil ang mga unggoy.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

Pipila na sana kami sa counter nang biglang may lumapit sa amin na staffs at sinabihan na kung pwede umalis na kami.

Nagtakbuhan kasi ang mga tao and mostly kids were crying dahil sa takot. Makakita ba naman sila ng mga gorillas na mukhang nagwawala. Wala nalang din kaming nagawa at lumabas nalang.

"Sayang naman no'ng mga saging napalayas pa nga!" init na naman ulo ni Bea, kahit kasi isa wala kaming nabili haha.

"Tara alam ko na saan next destination" salita ni S.

"Saan?" tanong ni Bea. Sila Kai at Pax mukhang mga tanga na naghahabulan sa daan. Pinagtitinginan na tuloy kami ng mga tao.

"Tara do'n oh, mag gym kayo BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" sagot ni S at tinuro ang katapad lang na gym nitong mall.

Tangena seryoso s'ya na mag g-gym sila na suot ang mga costumes na 'yan? RIP nalang sa kanilang lima.

"Hoy ang bigat na nitong costumes tangna!" gigil na si mareng Bea n'yo.

Ang cute nilang tumakbo pwede na sila maging totoo na mga unggoy huhu. Mukhang enjoy na sila sa pang dodogshow ni Sj sa kanila ha.

"Anong gagawin natin dito ha?" tanong ni Pax.

"Bobo mo naman Pax, syempre mag e-exercise kayo." agad na sagot ni S.

"Do'n oh kayo sa treadmill na tatlo. Timakbo kayo gogogo." makautos parang mga trabahante lang sinabihan eh. Mga tao naman na nag g-gym napatigil sa pag wowork-out upang tignan ang mga unggoy na nakapwesto na sa treadmill.

"Takbooooo BAHAHAHAHAHAHAHA"

"Ang bilis pota bagalan mo S!" si Pax muntik pa sumubsob.

"Hinihingal na ko tangena ang bigat masyado nitong costume!" kawawang Bea,

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

Then biglang huminto ang dalawa, hindi ko alam kung sino sa mga unggoy tapos kinuha 'yong bouncing ball na malaki. Hindi ko alam tawag do'n, basta bouncing ball 'yon na 'yon.

"First round! Fight!" si Pax at Kai pala kaloka. So ayon nagbabatuhan sila ng mga bola habang kami nasa gilid lang pinapanood at tinatawanan sila. Jusko ginawang playground ang gym tangena.

"Hala hala nagsusuntukan ang mga gorilla HAHAAHHAHAHAHAHA" di na matigil ang keybold sa kakatawa.

"Gutom na akooooooooooo!" si Bea na nakabulagta.

I checked my wrist watch at past noon na. Kaya naman pala kanina pa nangangalam 'tong tiyan ko. Wala pa kaming mga kain dahil inuna namin 'tong kagagahan ni Sj.

"Guys, kailangan ko na umalis upang sunduin alaga ko." gulat kami sa sinabi ni Kai.

"Alaga? may anak ka?!" sino pa ba mapakal ang mukha? Edi pinsan ko.

"Hindi, bantay bata 169 kasi yan si kai HAHAHAHAHAHAHAHHAHAHA" ay kawawa pinagtawanan ng mga kaibigan.

"Sama kami sama samaaaaaaa!" sigaw naman ni keybold.

"Sakit mo sa tenga Kb" si doraemon parang just now lang ang peg.

"Hmm sige, pero mag bibihis muna kami at baka matakot alaga ko." madali naman pala kausap ang Kai. Umuwi muna kaming bahay upang ibalik ang costumes. Hindi narin kami nagtagal at umalis din agad, sa isang construction company raw namin raw namin susunduin ang kanyang alaga.

Para talaga kaming mga walang problema at exam na aalalahanin, puro lang kami gala. Nagtataka na siguro 'yong demogons kung bakit wala kami sa school ngayon. Nandito na nga pala kami sa kompanya ng amo ni Kai at masasabi kong ito pala ang isa sa pinakamalaking construction company sa buong bansa.

"Dito sa loob." Aya ni Kai sa amin na pumasok sa isang silid.

Nagulat kami dahil may tao pala sa loob. Isang magandang babae na nakaupo sa sofa at isang batang babae na nanonood ng cartoons ang tumambad sa amin. Kung hindi ako nagkakamali ay ito ang kanyang boss at alaga?

"Ate Kai!"

"Hello, pasensya na at ngayon lang po ma'am." Salubong niya sa alaga at kinausap ang boss ngunit hindi siya nito pinansin. For the first time ha, tahimik ang ccb. Sige try n'yo kapalan mga mukha n'yo ngayon. Biglang tumayo ang babae at lumapit kay Kai,

"You brought friends?" sabi nito at tinignan kami.

"Hello po." Awtomatiko kaming nag sabay sa pagbati.

"Opo ma'am, sorry kung hindi ko agad nasabi." Sagot ni Kai

"It's fine. Take care of her." Aniya nito kay Kai at kinuha ang kanyang gamit bago ulit bumalik sa aming harapan.

"Aalis ka na po ma'am?" Tanong ni Kai,

"Yes. Take care of my daughter." Tugon nito. Intimidating masyado boss ni Kai sa totoo lang.

"Ahhhh baby ang cute mo!" biglang nagsalita si Keyboard at nilapitan ang batang hawak ni Kai,

"Halika kay Ate KB"

"Hoy wag mo tinatakot ang bata keybold. Takot sa monkey 'yan" saway ni Iris sa kanya.

Nagulat kami nang bigla siya lumapit kay keyboard at pumayag kargahin nito. Kahit si Kai at boss nito ay nagulat sa ginawang aksyon ng bata. Hmm bakit anong meron? Dapat ba talaga ikagulat ang nangyari?

"Waaaaaa ang cute mo naman baby!" ang keybold nanggigigil at tinadtad ng halik ang bata.

"Hoy keybold ako naman!" singit ni Iris

"Wag sa kanya baby kay ate Sj ka. Halika."

"No, ako una." nakisali narin si doraemon. Parang doll lang na pinag-aagawan nila ang bata habang ang grupo ni Bea at boss ni Kai tulaley parin hanggang ngayon.

"Tigilan n'yo nga at baka matakot sa inyo. Ako naman." sabi ko at tinabig mga mukha nitong kaibigan ko na nakaharang.

"Hello baby, I'm ate R." pakilala ko sa kanya. I was a bit surprised when she extends her arms at ngumiti sa akin. Wooooo she's such a cute girl. Agad ko na s'yang kinuha mula kay Sj na ngayon nakanguso na. Gawa nalang sila anak ni pie para problem solved.

"Bakit naman mukha kayong nakakita nang multo sa mga reaksyon n'yo?" tanong ko sa kanila.

"Hindi, nakakapagtaka lang at ang gaan ng loob ni Tina sa inyo." Oh? hindi ba ito usually agad lumalapit sa hindi kakilala?

"Do you like them, baby?" Biglang tanong ng ina nito.

"Yes mommy. They're beautiful." humagalpak naman kami ng tawa dahil sa pagiging honest ni Tina.

"Baby, maganda rin naman kami?" Turo ni Kai sa grupo nila.

"Of course, ate Kai." tatampo pa siya e.

"I need to go." Sabi ng boss nito.

"Okay lang po ipasyal namin si Tina?" paghingi ng permiso ni Kai,

"Payag ka no'n baby?" tanong ko sa kanya.

"Yes po." yeee cute naman nito ngumiti.

"Alright, see you later." Paalam nito sa amin bago humalik sa kanyang anak at tuluyan lumabas.

"Okay so anong plano? Ipasyal kaya natin si Tina?" suhestiyon ko sa kanila.

"Nag chat si pie, punta raw tayong restaurant n'ya. Si dora tapos narin ang klase kaya chinat ko narin?" tawag ni Sj sa amin. Ano ba 'yan, kung kailan nag eenjoy na ako at gustong ipasyal 'tong si Tina saka naman nag chat si pie.

"Are you leaving?" malungkot na tanong ni Tina.

"Paano 'yan tanga? pinapalungkot n'yo naman si Tina." lakas maka tanga ni Bea. Parang kanina lang hiyang hiya pa s'ya sa amin ah.

"Sama nalang kaya kayo sa amin? ano ba tawag sa grupo nyo?" tanong ni Sj sa kanila.

"Walang pangalan grupo namin, kayo meron?"

"Ou CCB, wala kayong pangalan sa grupo n'yo? kawawa naman kayo." Sama ng ugali.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA" singit ni tansan at sabay nagtawanan ang mga loko.

"Baliw ka, alis na tayo." Aya ko sa kanila.

"Tara na baka magalit pa si mommy ko. Baka umusok na naman ilong no'n"

"Hoy ako ang magdadala kay Tina."

"Anong ikaw, ako dapat!"

"Tanga kayong dalawa. Sa akin si baby."

"Dapat sa akin s'ya"

Ayan na sila nagsisimula na naman mag bardagulan kung sino ang kakarga kay Tina.

"Aaway pa kayo d'yan, si Tina ipa desisyon n'yo gaga." singit ni Bea.

"Baby, sino gusto mo kumarga sayo?" tanong ni Kai sa kanya.

"I want ate KB" sabay turo nito kay keybold. Ouch!

"Yeeeeheeeeey!" dinaig n'ya pa bata at nagtatalon-talon ang gaga.

"Come here baby. Give ate K a kiss." pinasa ko na sa kanya si Tina. Nakabusangot naman ang hitsura no'ng apat na hindi napili.

"Hayaan n'yo na nga, mapagmahal talaga ang mga bata sa unggoy." lumakas na naman ang tawanan namin dahil sa sinabi ni Sj. Tatampo yan haha.

Nasa byahe na kami at ang sabi ni S naghihintay na raw ang demogons sa amin do'n sa restaurant ni pie. Si Dora naman nasa school gate at hinihintay nalang kaming makarating. Sabi ko na nga na ba't hahanapin talaga kami. Bilis naman ma-miss mga sugar babies nila.

"Baby, she's ate Dora." pakilala ni keybold kay nerdy nang sunduin namin.

"Hello ate Dora, you're so pretty po." shy type ang nerdy at namumula.

"Ano name mo baby?" sabay ngiti.

"Tina po."

"Ganda naman, parang ikaw baby maganda tapos cute pa." maypagka bolera ang dora pero totoo naman.

"Nandito na tayo baba na kayo." baling ni S sa amin.

Bumaba na kami at hinintay muna ang iba makapark bago pumasok. Kita ko naman agad ang demogons sa pinakadula talaga sila pumwesto ha.

"Hindi ko alam may ganito pala sa lugar na 'to." bigla nalang magsasalita 'tong si Bea sa likod parang kabute.

"Pieeeeeeeeeeeeeee" tawag ni S sa kanya saka inagaw si Tina kay K at naglakad palapit sa table nila. Nagtataka siguro 'to sila kung sino ang mga kasama namin at ba't may bitbit kaming bata. Sumunod narin kami, gutom na gutom na ako jusko.

"Wow ate S, sino po sila? They're super pretty po." napangiti ako sa sinabi ni Tina. Buti pa bata honest 'di katulad sa isa d'yan.

"J, who is she?"

Seninyasan ko sila Kai na lumapit, bakit nasa likod lang sila. Dapat kapalan din nila pagmumukha nila tulad nang ginawa namin kanina.

"Mommy miss mo na ako agad?" sarap tirisin ni Iris.

"Rochelle" ay baka miss din ako ni baby kitten ko. Lumapit ako sa kanya saka tumabi umupo sa tabi nito.

"Alaga ng bagong kaibigan namin pie. Ay teka, hoy kayo lapit nga kayo rito. Bakit ang layo n'yo naman masyado hindi naman nangangain ang mommy ko! ako lang nilalantak n'yan kaya safe kayo." Walang prenong bunganga ni Sj.

"Loko ka S HAHAHAHAHAHAHAHA"

"Iris stop cussing! There's a child!" ayan buti nga at binatukan ni Everleigh.

"Mga new friends namin pie, nakilala namin kanina tapos itong si Tina anak ng amo ni Kai, yung owner ng construction building doon sa downtown? yung pinakamalaki?" Hindi siya sure sa mga pinagsasabi.

"Laura? CEO of DOT corporation?" tanong ni pie.

"Ou."

"Hoy umupo na kayo, ano baaaaaaa ba't naman nakatayo lang kayong apat. Para naman kayong mga tanga." sermon ni keybold sa kanila at tinulak palapit sa table.

"Hello po." bati nila.

Kung nahiya kami kanina kay Laura? Laura pala name non... mas pa siguro ang nararamdaman nila? Ba't naman namumutla mga gaga. Mga suplada kasi masyado awrahan nitong demogons kaya siguro hindi mapakali 'tong iba.

"Sitdown." utos ni Everleigh sa kanila.

"Magaganda new prends namin no? Syempre ou, wala naman kaming pangit na tropa." humagalpak kami ng tawa. Letche naman 'tong si Sj kasi.

"Meron si keybold." pagkontra ni Iris.

"Hoy hindi ako pangit! Sampalin kita nitong plato!" inis naman masyado ang monkey.

"Pakilala ko muna sila. Bea, Kai, and Pax." short introduction lang pala ang peg n'ya. Sabagay pakilala lang naman sinabi.

"You should've told me na may kasama pala kayo para sa VIP room na tayo kumain." sagot ni pie.

"Hindi, okay na dito nalang." sagot ni S.

"Alright"

Si Lorelei, Kathlyn at Kitten na tahimik lang nakikinig sa usapan.

"Wag kayo mahiya sa kanila, mabaet mga mommies namin" baling ni S sa kanila.

"Mommies?" tanong ni Bea. Lihim akong natawa dahil sa naging reaksyon nila.

"Sugar mommies BAHAHAHAHAHA" minsan talaga ayaw ko nalang aminin na kilala o pinsan ko si Sj

lord.

"Diba mommy?" nakangisi pa ang Iris na binalingan si Everleigh.

"If that's what you think" wow! Speechless.

"Ate ganda." napalingon kami kay Tina na gusto magpakarga kay pie.

"Pie gusto n'ya sayo, kunin mo oh"

"Hi sweetie." sagot ni pie sa bata saka kinuha at pinaupo sa lap nito. Aguy kawawang Sj may kahati na sa atensyon ni bebe n'ya.

Sakto talaga always ang timing namin at dumadating ang pagkain. Kanina pa naglalaway 'tong lalamunan ko sa gutom pft.

"Rochelle"

"Yes?"

"Where's your medicine?"

"Nasa bag kitten."

"Give me" utos nito kaya't agad kong kinuha upang ibigay sa kanya.

"Eat" si kitten parang si mommy naman masyado kung mag-alaga.

"Baby anong favorite cartoon mo?" tanong ko.Tahimik naman nila masyado kumain.

"Mickey mouse po" sagot nito habang sinusubuan s'ya ni pie.

"You like Disney?" tanong nito sa kanya.

"Yes po, gusto ko rin makapuntang Disneyland" never pa ako nakapunta d'yan!

"Really? You want to go there now?" nasamid pa si Bea sa naging tanong nito kay Tina. Hindi na kami nagtaka at normal na 'yan na tanong ni pie para sa amin.

"I can't po and mommy is busy." malungkot na sagot nito.

Pinagmasdan n'ya muna ang bata bago binalingan si Kai na tahimik lang kumakain.

"Kai, right?"

"Opo"

"Can you call Laura?" tanong nito. Magkakakilala ba sila or close ?

"Sige po wait lang." sagot nito at agad dinukot ang phone upang tawagan ang boss nito.

"Kitten." tawag ko sa pusa.

"Hmm?"

"May pasok ka pa ba today?"

"All done" diet ba s'ya? Ba't naman ang konti lang kinain nito.

"Diet ka?" tatanong lang naman ako eh, bakit naman mukhang mananakal ang pusa sa mga tinginan na 'yan.

"Ma'am" tawag ni Kai kay Pie kaya nabalik sa kanila atensyon ko. Oh ou nga pala at pinatawagan n'ya si Laura.

"**Laura**." sambit nito.

"It's me, Pixie."

"Yes, I'm with your daughter. I would like to ask your permission. I'm gonna bring her now to Disneyland."

"Ano ba yan Kai! kanina ka pa nasasamid" panenermon ni Bea sa kanya.

"She's a friend of my fiancee"

"Well I guess your daughter likes me."

"Mommy! I want to go, I like Tita pixie." tawag ni Tina sa ina. Ngumisi naman ang dragon pagkatapos marinig yun.

"See? I'm gonna kidnap your daughter for a while. Don't worry too much bye." at pinatay ang tawag. Pala desisyon masyado, bagay na bagay nga sila ni S.

"Here, after you eat aalis na tayo." sabi nito sa amin at ibinalik ang phone kay Kai.

"Magkakilala kayo ni boss, ma'am?" tanong ni Bea.

"You are?"

"Ah, ako po nagbabantay kay Tina."

"I see, and yes." tipid masyado sumagot nito.

"May mga pasok kayo?" tanong ulit ni pie.

"Wala po. Hindi kami nag-aaral." Agad na sagot ni Pax at natigilan kami sa nalaman.

"Alright, eat first." sagot ni Pie,

"Baby punta tayo Disneyland. Pumayag na si mommy mo." sabi ko sa kanya na ikinalawak ng ngiti sa kanyang labi.

"Really?!"

"Yes sweetie, ubusin mo muna ang food mo okay?" pwede na maging mommy si pie.

Ano nalang kaya mangyayari kung may anak sila ni Sj?. Kanino kaya magmamana ang bata sa ugali? Sana wag sa pinsan ko at baka hindi kayanin ni pie.

"Kasama po kami ma'am?" tanong ni Bea.

"Yes."

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Para ka namang siraulo Sj, tatawa nalang bigla. Kumain ka nalang nga." sang-ayon talaga ako sa sinabi ni doraemon.

CHAPTER 22

-

"Disneyland!!"

"Yaaaaaaaaaaaaay!!"

Nandito na kami sa tokyo Disneyland. Ang daming tao at sobrang ganda, ang dami rin magagandang rides pero gusto ko talaga pasukan una ay 'yong haunted mansion!

"Ang ganda po." Amaze masyado si Tina, hawak s'ya sa magkabilang kamay nila Lorelei at Kathlyn.

"Magtigil kayo kakatakbo! Dinaig n'yo pa toddler sa ginagawa n'yo." Saway ko sa kanila.

"Tara na tara naaaa, gusto ko na mag rides!" hindi na talaga makapaghintay pinsan ko at hinahatak na ako.

"Saan tayo una?" tanong ni Bea,

"Haunted mansion tayo mga bakla." Suhestiyon ko sa kanila.

"Boba, may bata!" Pinaikutan ko nalamg ng mata si keyboard. Pwede naman kami humiwalay sa demogons total mukhang wala sila plano ibigay sa amin si Tina.

"Pieeeeeeeeeeeeee pwede kayo nalang sumama kay Tintin sa rides or kung anong gusto n'ya? Gusto namin mag haunted mansion, please?" pagmamakaawa nito with her puppy eyes kuno, same pala kami nang iniisip. Nagdadalawang isip pa ata ang dragon kung papayag o hindi, tinignan niya pansamantala si Tina bago tumingin sa suot na relo.

"Okay, Let's meet outside the space mountain after 3 hours." lumawak naman ang mga ngiti namin sa labi dahil sa excitement na nadarama.

"Thank you! Baby Tina, sila tita Pixie nalang sasama sa'yo ha? Papasok kasi kami sa nakakatakot na lugar, mag enjoy ka okay?" Paalam ni S sa kanya at pumayag naman ito na sa demogons sumama.

Nilingon ko si Kitten na nasa tabi ko lang. "Kitten kita nalang tayo mamaya ha? Date tayo, samahan mo muna si Tina at mukhang gusto no rin naman." bulong ko sa kanya.

"Yes, she's cute." she smiled!

Inilapit ko ang mukha sa kanyang bandang tenga upang bumulong.

"Baby kitten, I really love your smile. Gusto ko sa akin mo lang ipakita ang pinaka matamis mong ngiti kaya pakitago muna ha?" I softly whispered and kissed her cheek.

I bit my lower lip 'cause she's so cute like an innocent kitten kapag namumula ang pisngi nito. Tameme ang Ziallyn Ponferrada n'yo.

"Rochelle." mahinang tawag nya at sa pagkakataon na 'to ay s'ya naman ang lumapit upang bumulong.

"You deserve someone better, so I want to be better to deserve you." I felt my face heat up instantly. My lips might bleed from how hard I'm biting them.

"Happy?" Now she's smirking, telling me na nanalo siya.

"Yes, and there are many ways to be happy, but the fastest way to be happy is seeing you every day." This round ako naman ang napangisi. Shock ang pusang nakatitig sa 'kin, lalaban pa ba s'ya?

"So ano na? maglalandian nalang kayo na dalawa d'yan? baka gusto n'yo muna maghiwalay." napatingin ako sa direksyon ni Sj. Nasa amin pala lahat ng atensyon nila gage. Enjoy naman siguro sila nanood sa live landian namin ni pusa?

"Tara na RL! humiwalay ka muna sa pusa mo." hindi naman siguro kailangan na hatakin pa ako dahil sasama naman talaga ako sa kanila? para naman 'tong timang si K.

"Bye baby kitteeeeen! kung ma miss mo ako isipin mo lang 'yong nangyari sa condooooo!" pakaway-kaway na sigaw ko sa kanya habang papalayo na.

"Sinasabi ko na nga ba't may bold na naganap eh!" nasapok ko agad ang ulo ni Sj dahil sa sinabi nito.

"Bastos mo, wala kaya nangyari! Hindi ba pwede na ano lang...nanood ng movie?!" kainis 'to.

"Oh ba't ka galit? wala naman ako sinabing nag laplapan kayo ah!" nagdidilim paningin ko sa pinsan ko lord.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAAH"

"Hoy Paxshit, hawakan mo si shorty total parehas kayo mga pandak. Para pag hindi namin kayo makita at least kasama n'yo isa't-isa." gandang suhestiyon naman ni Iris.

"Hindi ako pandak ha!" Totoo naman hindi pandak si Pax, loko tong Iris.

"Hush na Paxshit, papasok na tayo. Dora kapit ka sa kanya." The heck, bigla akong natawa ng malakas sa nickname na bigay niya. Nagsimula ang tour kaya pumasok na kami sa loob. Unang nadaanan namin ay isang hallway na puno ng mga paintings ang pader.

"Hoy, wala naman siguro manggulat dito no?" tanong ni K. Naalala ko tuloy 'yong sa escape room kami, most especially 'yong sa CR tapos tinakot ni Sj sa Keybold.

"Wala 'yan, mas matakot ka sa sarili mo horsey." tapang tapangan pa ang Sj, takot din naman 'yan.

"Umiilaw mga mata aaaah! Dalian na natin!"

"Bea, kung takot ka yakapin mo lang ako. Free for you." malanding Iris.

"Ba't naman nakasimangot 'tong mga paintings, ganda ha at umiilaw mga mata. Hindi naman nakakatakot ah, ano ba Kai! wag ka manulak hayopka!" Nasa unahan kasi kami ni S tapos nasa likod lang namin sila Kai,

Medyo mahaba ang lalakarin bago kami makalabas sa hallway na 'to. Hindi naman madilim dahil may mga ilaw pero ang creepy lang kasi masyado at bigat sa pakiramdam. May nadaanan kaming library na puno ng spiderwebs.

"Hala hala 'yong libro nag f-flip mag-isa!" turo ko sa kanila.

"A-ano ba wag ka nga manakot!" hindi naman ako nanakot, legit kaya sinabi ko, matatakutin lang talaga 'tong si Pax parang sila keybold lang.

"Pota ba't may piano! Alisin mo nga 'yang puting tela tantan." tinuro ni Bea sa kanya, bago kami makatawid sa kabilang side ay madadaanan muna namin ito. Dahan-dahan lang ang lakad namin, palapit na kami sa may piano nang bigla itong tumunog mag-isa.

"Ahhhhh! D-dalian n'yo na R!" sabay tulak nila Bea at Pax sa aming dalawa ni Sj." then biglang namatay ang ilaw at tanging torch lang ang nagbibigay liwanag sa amin ngayon.

"Hoy ano ba kxnakbdiandkw!!" muntik pa akong matumba dahil sa paghila ni Pax sa damit ko, langyang 'to.

"Paxshit! ano baaa bitawan mo damit ko, nasasakal ako hoy!" reklamo ko sa kanya. Kahit maliit ang lakas n'ya sa totoo lang dahil hindi ko maalis ang kamay nito sa damit ko.

"Pota namamatay paisa-isa ang mga torch, umabante na kayo please lang Sj!" si tanso na nanginginig ang boses sa takot, nasa dulo kasi silang dalawa ni Iris.

"Sino umuungol sa inyo!" kainis 'tong mga 'to bigla nalang uungol, haunted nga!

"BAHAHAHAHAHAHAHAHHA"

"Si Pax!" sagot ni I.

"Tangena hindi ako, si Bea kaya!" turo n'ya naman kay Bea.

"Ba't nambibintang ka d'yan!" ay bahala sila d'yan, mauuna na ako maglakad at iiwanan nalang sila.

"Hoy donkey wag ka mauna!"

"Bahala kayo babagal n'yo."

Horrific scream

"Waaaa takbo dali dali dali!" gulat ako sa malakas na tulak sa akin kaya nadapa ako, pota sino 'yon!

"Ahhhh hoy hoy ano 'yan may ano may tao! Hintayin n'yo kami!" sigaw ni Pax habang kaladkad si nerdy. Mabilis akong tumayo at sinundan silang tumakbo. Ang dilim at torches lang ang inaasahan namin ngayon. Hitsura ni Bea mukhang iiyak na ata sa takot.

"HAHAHAHAHAHAHAAHHAAHHA"
malakas na tawa ko mula sa kanilang likod.

"Bwesit ka naman R. Wag ka nga manggulat!" isa pa 'tong si Kai takot. Hindi ko na alam kung nasan na kami dahil nahiwalay kami sa ibang mga tao na kasabay namin pumasok.

"Aaaaahhhhhhhkskdkkandjdjhd!!" tilian nila Bea at mga kaibigan ko.

"Shit shit shit!!"

"Waaa lumabas na tayo please lang huhu." wala umiiyak na si Keybold.

"May mga multo nagsayawan mamaaaaaaa!." naipit pa ako sa pader dahil ang keybold biglang nalang ako dinaganan.

"Mga gago naman kayo, hologram lang naman 'yan oh!" tapos tinuro ni S ang nasa baba. Nandito kasi kami sa second floor ngayon, parang library pa nga ang napasukan namin dahil sa daming libro!

"Sus mga weak BAHAHAHAHAHA" bastos na bata.

"Hoy Paxshit, si shorty ha baka nawala mo na!" paalala ni Iris sa kanya.

"Hawak ko!"

Nalampasan na namin ang mga multong nagsasayawan at palabas na sa kabilang side nang biglang may lumagabog sa gilid ni S at sumulpot na nakakatakot na ulo.

"Potangena takbo!" dahil sa gulat at nagtakbuhan na kaming lahat. Hindi ko na nalingon ang mga kasamahan dahil sa sobrang pagkataranta.

"Hoy mga gago si keyboard at shorty nadapa!" tawag ni tanso sa amin.

"Ang lampa mo unggoy!" sigaw ni Iris sa kanya.

Agad akong tumakbo pabalik upang tulungan silang dalawa. Langya 'tong mga kasama ko at iniwanan nila.

"Nerdy nerdy dali na, palapit na 'yong ulo!" mabilis kong hinawakan ang kamay nila ni keyboard at tumakbo.

"Sj letche ka! ang lakas ng loob mo kanina tapos ikaw pala ang una tatakbo!" sigaw ko habang hinahabol sila.

Then bigla na naman may nag pop up na ulo sa unahan namin. Nanlaki ang mata ko nang sipain ito ni Sj kung kaya't tumilapon ito palayo.

"Pota ba't mo sinapa?!" tanong ni K.

"Tangena S, ang sama mo." Di ko alam kung matatawa ba ako o iiyak sa ginawa nya.

"Nakaharang eh, dali ayon ang pinto! bilis." lagot kami nito mamaya dahil sa damage na ginawa n'ya.

"Alam n'yo kung natatakot kayo. Kumanta nalang kayo, gorabels." suhestiyon ni Sj. Pinauna ko na ang mga kasama at kami ni keyboars ang nasa pinakahuli.

"Hoy RL dito ka sa harap may gagawin tayo kawawa naman umiiyak na mga bata." tawag ni S sa akin.

Sino naman kasi hindi maiiyak sa sobrang dilim tapos bigla nalang may susulpot na mga kung anu-ano!

"Kb bitawan mo 'ko gaga ka. Mababali buto ko sa higpit mo humawak!" kanina ang tapang tapos ngayon yayakap.

"Bilisan n'yo naman ang paglakad!" alam na nga n'ya na madilim, bobo nitong unggoy. Lumipat na ako sa harap, dinala ko nalang din si keyboard at ayaw bumitaw, dinaig pa koala kung makakapit.

"Oh ano gagawin?" tanong ko kay S.

"Kanta tayo, hoy kayo mga baliw close your eyes tapos hands forward. Dugtungan n'yo kanta kung alam ninyo." baling ni S sa kanila.

Hindi ko alam kung nasan na kami mukhang prison cell nga ata 'to. Baka may sumulpot na naman.

"Ag drop the beat!" ayan na nagsisimula na naman s'ya.

A's beatboxing

"Dugtungan n'yo ha!"

"Anong kanta ba 'yan?" tanong ni Bea.

It's good dahil kumalma na sila at tumahan na sa pag-iyak. Nakapikit narin ata silang lahat, I mean 'yong mga takot lang haha.

"Basta Andrew e 'to." sagot nito saka tumikhim bago sinimulan ang pagkanta.

"Guess what you know last night, yo it was the best." langya alam ko 'tong kantang 'to e.

"I met a pretty gay na taga-UP." syempre alam ko ang kanta kaya sinundan ko na.

Habang kumakanta ay hindi kami huminto at patuloy lang sa paglalakad sa madilim na hallway.

"Meron s'yang mga kasama, 3 to make it sure." aw alam din pala ni kryboard kantang 'to, rinig ko naman ang mga mahihinang tawa nila Pax sa likod.

"Isa lang ang aking napuna, lahat sila demure ayeaaah!" napalundag pa sila nang biglang sumigaw si Iris parang gago.

"Kaya't ang sabi n'ya hey SJ, I would like you to meet my friends."

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA" natawa ako sa accent ni Sj zzz.

"And believe me, lahat sila ay matatakutin." Akala mo naman si keyboard hindi matatakutin.

"This is Bea." sambit ko.

"This is Pax." turo ni S sa kanya.

"This is Kai." si Gail na humagalpak ng tawa.

"This is Tanvi."

"Lahat sila ay mga iyaki." Pambihira

"AHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAH" tawanan naming lahat, facts lang facts!

"Among the 4, kay Bea ako napatingin, at pagkatapos no'n si Bea ay biglang lumapit sa 'kin." si Bea talaga target ni Iris, syempre s'ya lang hindi masc sa kanila e.

"Tinanong mo s'ya hey Bea, can I have your number too?." panay hatak 'tong si keybold parang mawawala ako!

"Sumagot ako, 666-69-69." sumabay pa nga si Bea.

"Tangena BAHAHAHAAHAHAHAHA"

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHAH" puro na kami tawanan, nawala na siguro panandalian mga takot nila ngayon.

"Gago ka, bagay kayo HAHHAAHAHAHAHHA." happy Paxshit 'yan.

"Sabaok, ako na talaga destiny mo!" pati kaibigan ayaw na palampasin, baka talaga pag napuno na si Everleigh. Baka lang naman ipatapon s'ya sa island at ikulong do'n.

"Iris bawal mo landian ang kaibigan!" ang tanso lakas magsalita isa rin namang malandi.

"BAHAHAAHHAHAAHAHAHAHHA"

"Oh ano takot parin ba kayo?" tanong ko.

"Nakapikit naman kami paano matatakot wala kaming nakikita." sagot agad ni Bea.

"Edi buksan mo mata mo, bobo Beanini." lakas maka bobo ni Sj.

"Hoy dito muna tayo, pahinga saglit!" sabi ko sa kanila, pumasok kami sa isang room na may mga kama. Kinapa-kapa ko muna una dahil baka matulad no'ng nasa escape room kami na bigla nalang may gumulat sa amin.

"Sige safe na, pahinga muna kayo mga 10 minutes." baling ko sa mga kasama.

"Alam n'yo ba na kapag daw nagising ka sa madaling araw--to be exact 3am ay may nakamasid sa'yo na multo?." biglang salita ni S dahilan upang mataranta na naman ang mga kasama.

"Ano ba Sj! bakit kailangan mo pa sabihin 'yan, okay na sana eh!" takot na takot na naman si Bea, nanginginig ang boses.

"BAHAHAHAHAHAAHAHHAHAHA"

"Pisti ka babe umayos ka naman!" na trauma na siguro si keybold sa ginawa ni S sa kanya.

"Ahh ahhh ah-"

"Hoy bwesit ka Paxshit! bakit ka umuungol!" bulyaw sa kanya ni Iris.

"A-a-ano gago hoy ano 'yang nasa likod n'yo!" patalon-talon na sigaw nito saka itinuro ang nasa likuran nila Kai.

Dalawang white lady na mahaba ang buhok ang nakaupo sa likod nila at tahimik lang kaming

pinakikinggan sa usapan. Napabalikwas sila't mabilis nag takbuhan palayo kasabay ang malakas na mga tilian.

"Potangenaaajnxiandjwoq!" tanga naman nito ni Keyboard at nadapa pa.

"Hoy bobo bumangon ka!" sigaw ko sa kanya.

"Babe!!"

"Ano ba sabi nyo safe!!" gigil masyado si Bea,.

"Sj sipain mooooohabeknwheqj!!" para naman 'tong tanga si Kai, akala ko pa naman strong.

"Hoy si nerdy umiiyak punyeta ka Sj!!" singhal ko sa kanya at sinipa ang tuhod nito kaya napaluhod, napalakas ata.

We continued our trek for an hour until we reached the gungal rock, which looked flat from a distance based on the pictures I had seen. But upon closer inspection, it was actually slanted and appeared quite dangerous as there was a cliff drop beneath it. After approximately an hour or two more of trekking, we finally reached the summit where we took a break for a late lunch. It was 3:30 PM when we arrived at the 3rd peak of Mt. Ulap.

"Yehey finallyyyyy!"

Then nilabas nila ang mga drones na hinanda ni pie para sa amin. Hindi sapat sa kanya ang isa kaya lahat kami meron.

"Wooooi karera tayo!"

"Omg ang ganda sa baba!"

"Paunahan tayo do'n sa kabilang bundok hoy!" tawag ni S sa iba.

Saya naman nila ha, ako kasi natalo sa jack n poy namin kanina kaya ako ang mag aalaga kay Tina, kapal ng mukha, sabi palitan kami tapos scammer pala. Tamang nood nalang ako sa ginagawa nilang

drone race.

May mga kasama rin kami na mga tauhan ni pie at tatlong tourist guide.
Naglatag ako nang banig upang may maupuan kami ni Tina, kasalukuyan pa kasi tinatayo ng mga tauhan ni pie ang tents.

"Ate R, sabi mo po kukuha tayo pictures tatlo ni tita ZB?" tanong ni Tina nang makaupo na kami. Oo nga pala, kausap pa ni kitten ang demogons kaya kami lang muna dalawa ni Tina ang naiwan dito.

"Tita ZBBBBBB!" tawag nito kay kitten.

Lumapit ito kasama ang ina ni Tina na hanggang ngayon hindi ko parin kilala.

"Baby let ate R rest for awhile, come here." tawag ng ina nito sa kanya at dinala pabalik kina pie.

"May tanong akooooo!" sigaw ni S sa aming lahat. Parang kanina lang abala sila sa karera tapos ngayon nandito na sila.

"What?" sagot ni Lorelei.

"Ay hindi na pala kayo kasali ma'am sila nalang po" sabay turo nito sa amin ng mga kaibigan.

"Ano ba 'yan?" sabi ni hell.

"Ano english ng ampalaya?"

"Meron ba no'n?" shock na tanong ni hell, hirap talaga maging mayaman at hindi alam ang ampalaya.

"Hirap maging mayaman." singit ni Bea,

"Meron tanga BAHAHAHAHAAHHA"

"Don't mind them, that's their daily routine. Ang maging bobo." Humagalpak kami ng tawa dahil sa sinabi ni Everleigh,

"What are they gonna do?" tanong ng ina ni Tina,

"Nothing, just telling nonsense." sabat naman ni Lorelei.

"Hoy mommy grabe kayo sa amin. Enjoy na enjoy n'yo nga pagiging nonsense namin eh." lakas mag object ni Iris, matapang na bata.

"Ano na, english ng ampalaya?"

"Ako ako!"

"Go monkey."

"Bitter vegetable!"

"Tanga malapit na BAHAHAHAHAHA"

"Ako ako!" sunod ni I.

"Ano?"

"Peanut bitter."

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH"

"Mga bobo amp BAHAHAHAHAHAH"

"Alam ko 'yan" proud ma sabi ni Pax,

"Sige ano?"

"Bitter ocampo."

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH"

"Tanga bitter corn kasi tawag do'n." mayabang na sagot naman ni Kai.

CHAPTER 24

-

Kanina pa ako wala sa sarili, hindi pala at simula nong nagtapat si Zia sa akin. Ibang-iba yung dati sa ngayon kasi mas naging in-love ako lalo kay kitten ngayon na alam kong mahal niya rin ako. Sobrang sarap pakinggan at paulit-ulit bumabalik sa isipan ko ang kanyang mga salita lalo na ang pagsabi niyang mahal din ako.
Hays, miss ko na si kitten at gusto ko na siya agad makita, ang tagal naman kasi matapos ng araw na to.

"Mga tanga, nakalabas na sa mental ang mga kokey," Balita ni Sj sa amin.

Hindi kami natuloy kahapon sa wipeout dahil weekdays lang pala sila open. Next time nalang daw kung may tamang panahon. Hindi parin ako nakaka-recover sa pag amin ni Zia sa akin sa totoo n'yang nararamdaman. Ang buong akala ko talaga ay wala na talaga akong pag-asa sa kanya.

"Buo na ba ulit mga buto nila? Tara balian natin." pambihirang Ag 'to.

"Ano ba mga pinagsasabi n'yo?" tanong ni keybold. Ou nga pala at si bern ang mastermind sa lahat ng gulong nagawa namin no'n.

"Ay basta unggoy, don't ask nalang at wala ka rin naman mapapala." sagot ni Iris sa kanya.

"Finals na next week tapos graduation na ni nerdy next. May mga regalo na ba kayong nabili?" tanong ni A.

Ang dami na naming nakain today at hindi parin kami mga busog, nakailang set of orders na kami tapos mga gutom parin.

"Wala pa, kayo ba ano regalo n'yo?" tanong ko saka sumubo nang pagkain.

"Kotse." agad na sagot ni Ag.

"Villa." sunod si Iris.

"Hindi ko alam at wala akong maisip, si bern nalang ang kausapin n'yo sa parteng 'yan." sagot naman ni Kb.

"Pag pumasa si dora sa board exam, secured na future n'ya. Demogons na bahala mag back up sa kanya, 'yon nalang regalo ko total nakausap ko naman na si pie." lakas talaga nitong pinsan ko sana all may back up.

"Hmm hindi ko alam ano ibibigay kay nerdy. Sarili ko nalang kaya?" hala ang tanso may balak ata landiin ang nerdy namin!

"Hoy! Kung ikaw nalang din naman wag na! Dami mong babae baka masaktan pa dora namin sayong tansan ka!" gigil masyado ang Sj.

"Bakit tanso, crush mo ba si nerdy ha?" tanong ko.

"Ou, bakit bawal ba ha? crush lang naman ah!" kung makasagot naman 'to akala mo inaapi.

"Crush lang ha! kapag nalaman ko talaga na nilalandi at sinaktan mo si shorty ako babali ng mga buto mo." banta ni Iris sa kanya.

"Naku! Mukhang mahihirapan ka tansan, si bern makakalaban mo." singit ni Ag sa usapan. Hala sinasabi ko na nga ba't may gusto ang berngot na 'yon kay nerdy!

"Laki naman ng mga problema n'yo, parang walang exam next week ah." Sermon ni keybold sa kanila,

"May gusto ba si bern kay nerdy ha kb?" tanong ni tanso sa kanya.

"Aba bakit ako tinatanong mo, ako ba si bern? Krystal ako!" asar naman masyado ang monkey.

"Oh ba't ka galit, ito saging horsey at wag ka na sumimangot." inabutan naman s'ya ni S.

Miss ko na girlfriend ko, hindi ko pa nakikita ang kitten ko simula kaninang umaga.

"Hello,"

"Hi girls,"

Napalingon kami sa mga taong tumawag sa amin. Okay nandito na naman tayo, kanina pa talaga kami nilalapitan ng mga students at sinasabing napanood nila 'yong runway namin last week. Pambihira, weird man ngunit may fanclub na ang CCB. Actually, halos ng mga pagkain na kinakain namin ngayon ay galing sa kanila, Hindi lang babae at pati mga lalaki lumalapit narin sa amin.

"Ang gaganda n'yo kahit magsuot lang ng mga simple outfits. That was the best, please accept these." sabi no'ng babae saka nilingon ang mga kasamaham na may mga dalang pagkain.

Jusko alam na ata nila na mga patay gutom kami kaya't puro pagkain ang binibigay nila.

"Rochelle this is for you." halos mabulunan ako nang inabot no'ng lalaki ang isang purple velvet box. Langya ano 'yan?

"Ano 'yan?" tanong ko.

"Kita mo na ngang box magtatanong ka pa. Ay thank you sa pagkain ang dami naman nito." pasalamat ni Sj sa babae at sinimulan lumamon.

"It's an anklet." sagot ni guy.

"Ano wa-"

"Rochelle." sinasabi ko na nga ba't susulpot na naman si kuting pag ganitong scenario e. Bakit naman may pagbabanta sa boses ni baby.

"Hala patay kang bata ka BAHAHAAHAHHAAHAHAHAH" sampal ko kaya sa kanya 'tong kutsara.

Ang sexy naman ni pusa. White collared shirt na naka tucked in sa high waist skirt na hanggang legs with black stiletto. Office vibe masyado ang baby ko.

"Zia,"

"What's that?" taas kilay na tanong n'ya sabay tingin sa lalaking may hawak na box.

"Anklet daw Zi, gift sa kanya." nakangising sagot ni S.

"You like her?" tanong ni Zia sa lalaki bago ako ituro.

"Yes,"

Ipapahamak pa ata ako nitong lalaki! tignan mo tuloy hitsura ni baby at mukhang kakatay na.

"She doesn't need that. Take it back." utos nito sa lalaki.

Nagkatinginan nalang kami ni Sj. Basta inosente ako at hindi ko naman tinanggap ang regalo sa akin no!

Tanga naman nitong lalaki at nahulog ang box. Yumuko ako upang kunin ngunit agad akong pinigilan ni kuting.

"Why would you pick something that he dropped himself? You, don't try to flirt with what is mine." malamig na sabi niya sa akin bago binalingan ang lalaki, selosa nga pala masyado tong pusa ko at nakalimot ako.

"Ooooooooooooooo." kahit naman hindi ko tignan alam ko na kung sino ang mga 'yan.

"And you,"

Tapos na s'ya sa lalaki kaya ako naman ang tatarayan n'ya.

"Y-yes?"

"Wait for me in the car." napatango nalang ako bilang tugon bago n'ya ako nilayasan, nawala narin pala 'yong lalaki at mga babae kanina. Pero anong sabi n'ya? Wait? Car? wala naman akong naaalala na may usapan kaming lumabas today, o baka gusto lang bumawi at makipag date ni pusa ko sa akin?

"Hoy! Tanga tulala ka d'yan!"

"Pota ka ikaw hampasin ko gusto mo?!" kainis 'tong si Sj.

"Alis na ako, hindi ko alam saan kami pupunta. Una na akong parking lot mga bobo." paalam ko sa kanila ngunit hindi naman ako pinansin edi bahala sila.

Masigla akong naglalakad at tinatahak ang daan patungong parking lot nang bigla kong makita si Catherine na kausap si nurse sa may hagdan ng quadrangle. Bakit nandito ulit si Catherine at magkakilala pala silang dalawa ni nurse? Nagkibit balikat nalang ako saka nagpatuloy sa paglalakad patungong parking lot.

RL
Baby nandito na ako, saan ba tayo pupunta?

Bilis n'ya na seen message ko ha.

Baby Kitten ?
Alright wait.

Hindi n'ya man lang sinagot ang tanong ko pft.

I decided to watch a YouTube video while waiting for kitten. Tagal naman ni pusa, sabi wait lang. Tinignan ko ang relo at halos 20 minutes na akong naghihintay.

Sunduin ko nalang nga sa office n'ya.

Pabalik na sana ako sa loob ng campus nang biglang may puting sasakyan ang huminto sa tapat ko at lumabas ang mga naglalakihang lalaki.

Shit!

I was about to run ngunit mas maliksi ang naging kilos nila at nahatak ako pabalik. Susuntukin ko na sana ang isa sa kanila nang mahawakan nila ang kamay ko. Bigla akong nanghina nang may nasinghot ako mula sa panyong ginamit nila upang takpan ang ilong ko.

Damn! It's a handkerchief dipped in chloroform causes immediate unconsciousness.

Zia,

*

Naalimpungatan ako dahil sa sobrang lamig. Wala talaga sana ako balak mag bukas ng mga mata ngunit parang may naririnig akong kakaiba, kaya napagpasyahan ko na dahan-dahan imulat ang mga mata. My eyes widened in shock nang mapagtanto kung nasaan ako. Ayaw kong maniwala at pilit sinasabi sa sarili na panaginip lang 'to!

Huminga ako ng malalim bago nagkuyom ng kamao at pagkatapos buong lakas sinuntok ang saili.

"Potangena?!"

"What the fuck am I doing in the middle of the sea?!" I started to panic because it was so damn dark and I couldn't see any lights!

Sinong tanga ang kumidnap sa akin upang gawin 'to! Don't tell me it's Catherine? s'ya ang huli kong nakita bago ako dinampot kanina!

"Aaaaaaaaaaaaaaaaaaah!" sigaw ko sa kawalan. Nanginginig na ako sa sobrang lamig, potangena nasa pinas pa ba ako?

"Heeeeeeeeeeeeeeeeeeelp!" kinapa ko ang cellphone sa bulsa at thankfully hindi nakuha no'ng mga lalaki kanina.

Napamura nalang ako nang makita na walang service. Ang bobo ko talaga, malamang walang signal! Ikaw ba naman itapon sa gitna nitong karagatan.

"Potangenaaaaaaaaaaaaaaaa!" humiga nalang akong muli sa malambot na bagay na 'to. Tingin ko it's an air bed kahit hindi ko naman nakikita.

Ayokong mag aksaya ng lakas, wala rin naman akong mapapala kung sisigaw ako dahil wala namang tao o kahit anong bagay sa paligid kundi puro tubig!

Nakahilata lang ako at tahimik na nakikiramdam sa paligid. Wala naman sigurong shark dito no? kung meron man ay wag na kamo n'ya balaking kainin ako sapagkat hindi ako masarap.

Tulog nalang nga ako baka balikan ako bukas ng mga 'yon.

Pipikit na sana ako nang may narinig akong parang tunog ng helicopter sa bandang kanan kaya agad akong nag baling ng ulo.

"Ay gaga binalikan nga talaga ako."

"Nakakasilaw naman masyado ang ilaw na 'yan. Siguro hinahanap nila ako. Ang tatanga naman masyado at naiwan n'yo pa talaga akong mag-isa dito." para akong baliw na kausap ang sarili habang hinihintay na makita ako nang kung sino man 'yan sila na nasa chopper.

Finally, they spotted me. There were two people rappelling down, perhaps to rescue me? I closed my eyes, pretending to be asleep. Naramdaman ko ang pagbuhat nilang dalawa sa akin. Let's see kung sinong hangal ang kumidnap sa akin at ihuhulog ko talaga sa oras na makita ko kung sino man ang hayop na 'yan.

"How is she?" napabalikwas ako agad no'ng marinig ang boses n'ya.

"Baby!" walangya kang pusa ka!

Mabilis akong kumilos at niyakap s'ya. Hindi pala hayop ang kumidnap sa akin at dyosa pala. Joke lang pala 'yong sinabi ko kanina na ihuhulog ko s'ya.

"Baby pambihira, bakit mo naman ako pinakidnap at sa gitna pa talaga ng karagatan mo ako pinatapon." nakangusong reklamo ko sa kanya.

"Mabuti nalang hindi umatake ang ulo ko." dagdag ko bago kumalas sa pagkakayakap sa kanya.

"It's your fault. You flirt too much." hala the audacity? kanino naman ako lumalandi!

"Wala naman akong nilalandi ah?" depensa ko sa sarili which is true naman talaga. Wala akong natatandaan na may nilandi ako!

"Have I told you that I just want you to flirt with me?. You're mine, so no one should." Napalunok ako sa malamig na tono ni kitten at kung gaano sita ka maawtoridad kung magpaalala sa akin, kinikilig ako kasi gusto niya siya lang lumandi sa akin.

Wow! ganito pala ang isang Ziallyn kapag nagmahal at selos?. Sobrang possessive at mas nakakatakot pa pala kay pie jusko.

Teka anong sabi n'ya?! sinasabi ko na nga ba't gusto n'ya na s'ya lang hinaharot ko e.

"Sayo naman talaga ako kahit noon paman kitten. Teka, ang lamig kaya sobra wala man lang ba akong yakap d'yan?" she just glared at me saka kinuha ang isang jacket at inihagis sa mukha ko. Grabe naman 'yon.

"Pusa gutom na 'ko sobra, wala ak-"
Hindi ko pa nga natatapos ang sasabihin ay may pagkain na agad sa harap ko.

"Thank you po." pasalamat ko do'n sa isa sa mga kidnappers ko.

"Eat," well prepared masyado ang pusa.

Nasa himpapawid parin kami at hindi ko alam kung saan ako dadalhin ni kitten. Baka sa volcano na n'ya ako sunod ihuhulog?

"Kumain ka na kitten?" baling ko muli sa kanya.

"Not yet."

"Open your mouth, eat with me." sabi ko't una s'yang sinubuan.

"Hindi na ata ako makakapasok ng school. Lampas 10 na at curfew na namin 'yon." mabuti pa s'ya pwede na hindi mag dorm, napaka-unfair nga naman ng mundo.

"Sleep with me tonight." bumara bigla ang pagkain sa lalamunan ko. Jusko, tama ba pagkakarinig ko?

"What are you doing?" kunot noo na tanong at inabutan ako nang tubig saka marahan hinimas ang likod ko.

"Nakakagulat ka naman kasi baby," sagot ko matapos uminom ng tubig.

"I meant to say, sleepover at the condo." pagkaklaro niya sa naunang sinabi.

"Ooo, ayusin mo kasi para hindi ako maging green."

"Baka hinahanap narin ako nila Sj,"

"They know."

"So alam nila 'yong plano mong pag kidnap sa akin?" medyo nalito ako sa sagot na 'yon.

"Yes and stop asking questions. Finish your food." maldita talaga, nagtatanong lang e.

"Baby, ano oras pasok mo bukas?"

"1pm."

"Nood tayo movie pagdating sa unit mo." sabi ko't napatuloy na sa pagkain.

"Okay,"

"Nganga." utos ko upang subuan s'ya.

*

When we reached her unit, I took a quick shower. Utos kasi ni Zia, baka gusto n'ya 'ko gapangin mamaya kaya nagmadali akong maligo.

"Kitten, I'm done!" sigaw ko nang makalabas ng kwarto at dumiretsong sala. Wala akong damit kaya lumabas akong nakahubad joke lang, syempre naka robe ako. Tagal naman ni kitten!

"Love." tawag ni pusang gala charot.

Pambihirang pusa 'yan ang ganda at sexy! Mapapamura ka nalang sa suot nitong nightgown.

"Jusko baby, magkakasala ako sa suot mo. Inaakit mo naman ako masyado." sabi ko at nagtakip ng mga mata.

"Pft,"

"Nood tayo, may ni recommend si Sj na magandang movie." sabi ko't hinila s'ya paupo sa tabi ko.

"What title?"

"Teka... Here." I took my phone at pinakita sa kanya ang message ni Sj.

"Alright," sambit niya at tumayo. Akala ko kung saan pupunta kumuha lang pala ng mga makakain namin.

"Thank you baby, nood na po tayo." may pizza naman pala bakit hindi ko 'to nakita kanina.

"Wait, let me search first." sagot nito kaya tumango nalang ako. Ano hahanapin n'ya sa google? Nag kibit balikat nalang ako at tahimik na kumain.

"Rochelle, is this a fucking porn?! below her mouth?!" napasuntok ako sa dibdib nang bigla akong mabilaukan dahil sa sigaw ni baby.

"W-What?" paubo-ubong tanong ko. Pinakita naman niya sa akin ang na search n'ya sa google, potangena ka Sj!

"Are you seriously t-"

"Baby baby time out!" pigil ko sa kanya nang aksyon na n'ya akong hahampasin.

"S-si Sj nga kasi nag suggest n'yan. Ang sabi n'ya lang naman sa akin it's a lesbian movie. H-hindi ko naman alam na porn pala 'yan." kabadong sagot ko sa kanya at nagmadaling tumayo upang magtago sa likod ng couch.

"Pero baby, why not diba? kung gusto mo naman." I grinned and winked at her. Nakita ko kung paano s'ya natigilan bigla. Oh my, pulang-pula ang kanyang mukha. Naging literal na strawberry na ata ang baby ko.

"Rochelle!" galit na sigaw at sinugod ako.

Tatakbo na sana ako nang biglang may remote na lumipad sa mukha ko at sapol ang noo ko.

"Kitten naman-wait lang, aray!" magkakapasa na naman ako nito dahil sa pangungurot n'ya.

"Baby sorry joke lang naman, bitawan mo na please baka maging kulay balolet na naman 'yan." pagmamakaawa ko sa kanya habang iniinda ang sakit.

"Balolet?" Nalilitong tanong niya.

"Violet po hehe." tinigil nga n'ya ang pagkurot ngunit napalitan naman ng mga hampas.

"Baby isa! masakit 'yan ha." Papatulan ko talaga 'to pag hindi ako nakapagpigil, napaka erotic pa naman masyado suot n'ya pft.

Ay ayaw talaga magtigil oh. Hinarap ko s'ya at buong lakas na kinarga. Kinuha ko ang isang upuan upang umakyat at pinatong ko s'ya sa taas ng refrigerator.

"Rochelle!" singhal ni pusa nang makababa na ako at layo sa kanya.

"I won't let you come down until you tell me that you love me." I said while pointing at her.

Mahina akong natawa dahil si kuting steady lang at hindi makagalaw. Para s'yang santo na nilagay sa taas ng refrigerator haha.

"Take me down right now Rochelle." nginisihan ko lamang s'ya. Minsan lang naman ako maging matapang tulad ngayon na hindi s'ya makagalaw.

"Hindi mo sasabihin?" hamon ko sa kanya.

She's showering me with her death stares. My baby looks so scary when she's mad.

"Wait lang pala, replyan ko lang si Jemima. Magkikita-"

"I love you!" I was just joking ngunit bigla nalang sumigaw si baby.

Awtomatikong napakagat labi ako at takip ng mukha. Gage kinilig ako, dagdag pa na sobrang pula na ng mga mukha naming dalawa.

"Baby you look so sexy up there." I said and bit my lower lip.

I let out a soft chuckle as I approached her. "Hehe, cute. Come here," I said as I climbed up on the chair to bring her down from the top of the fridge haha.

"Yakap ka mahigpit kitten, baka tayong dalawa mahulog n'yan." bulong ko sa kanya. Agad din s'yang bumitaw pagkababa namin.

"Go to your room and sleep." biglang sabi niya bago kumaripas ng tamkbo papasok sa kwarto n'ya. Langya iniwan akong mag-isa?

Nakalimutan ba n'ya na bigyan ako ng damit? Ay bahala na, mas comfortable naman walang damit pag natulog.

"Baby kitten goodnight! I love you!" sigaw ko sa direksyon ng kwarto n'ya bago pumasok sa kabilang kwarto.

*

Kinaumagahan paglabas ko sa kwarto ay may na amoy akong tila nasusunog kaya dumiretso akong kitchen.

Nanlaki ang mata kong makita na sobrang laki nang apoy habang si Ziallyn nakatunganga lang sa harap.

"Baby!" sigaw ko at dali-daling tumakbo upang kunin ang fire extinguisher na nakalagay malapit sa pinto.

"Love."

Tawag n'ya sa akin habang pinapatay ko ang apoy. Jusko naman si baby, may balak atang sunugin kaming dalawa.

Nang mapatay ko na ang apoy ay agad ko s'yang nilapitan to check her.

"Kitten okay ka lang ba?! Are you hurt?!" tanong ko habang sinusuri ang katawan nito kung may sugat ba.

"N-No, I'm fine." para talagang walang nangyari dahil kalmado lang s'ya e.

"Ano ba nangyari? dito ka nga umupo ka muna." Marahan ko siyang inalalayan makaupo

"Wait, sinubukan mo ba magluto?" tanong ko matapos ko s'ya bigyan ng tubig.

"Mhm."

"Baby ginising mo nalang sana ako. Paano kung hindi ako nagising?! Paano kung hindi agad naaganap ang apoy?! Paano kung nasaktan ka?!" hindi ko namalayan na nasisigawan ko na pala s'ya sa sobrang pag-aalala.

My face softened when I saw that she was about to cry. Dumbass, Rochelle!

"I-I'm sorry, I just wanted to cook for you." I mentally slapped myself.

"O-Oh, don't cry I'm sorry for yelling. Worried lang ako." nataranta na ako kaya't niyakap ko nalang s'ya ng mahigpit.

"I'm sorry. I appreciate the effort baby kitten." bulong ko.

Aga-aga kinikilig na naman ako, akalain mo 'yon at gusto n'ya ako ipagluto kahit wala naman s'yang alam sa kusina. Nawala tuloy bigla 'yong takot na naramdaman ko kanina.

Banned na 'to si baby sa kitchen at baka next time sumabog na ang buong bahay kapag iniwan s'yang mag-isa na nagluluto.

"Where's your phone? I'm gonna call your secretary." tinuro naman n'ya agad ito na nasa lamesa lang pala. I took it and immediately dialed her secretary's number. After ng usapan namin ay bumalik na ako sa kanya. Na trauma ata si baby dahil tulala pa simula kanina.

"Are you sure okay ka lang?" malambing na tanong ko sa kanya sabay haplos ng kanyang pisngi.

"Thank you baby." malambing na bulong nito. Jusko, ako naman ang natulala sa harap n'ya ngayon. Tangena puso kumalma ka!

"Y-you called me what? Baby?" ulit ko sa sinabi n'ya.

"Yes," Lumawak ang ngiti sa labi ko kasabay ng pagluhod ko sa harapan niya.

"Ah baby, I love you." sambit ko at ibinaon ang ulo sa kanyang tiyan, amoy strawberry ang mahal ko.

"Kailangan mo pumuntang maaga sa school diba? maligo ka na. Do'n nalang tayo mag breakfast sa office mo." Hinatak ko na siya pabalik sa kanyang kwarto ngunit sa labas lang ako huminto.

"Okay, throw the one you wore last night." utos nito na agad ko naman ikinakamot ng ulo.

"Eh baby, kakabili ko lang no'n last week, hindi naman 'yon pangit ah?" sagot ko.

"I don't care. You let a woman touch you yesterday." napatango nalang ako sa kanya. S'ya kasi commander ko.

"Wait here," dagdag nito bago pumasok ng kwarto.

Pagbalik n'ya ay may dala na s'yang damit. "Use it."

"Okay sige ligo lang ako." aalis na sana ako nang tawagin n'ya akong muli.

"I'm not done yet." meron pa pala?

"Bakit kitten?"

"What's your favorite color?" napaisip ako sa tanong na 'yan.

"Purple and Black."

"All right."

"And use this." nanlaki ang mga mata ko nang makita ang inabot nito.

"Eh?" I'm totally shock.

"A-Are you serious, Zia?" e sa hindi talaga ako makapaniwala sa aking nakikita.

"When did I ever joke?" seryosong tanong niya kasabay ang pagtaas ng isang kilay.

"But kitten it's a blackcard and yours. Bakit mo binibigay sa akin 'yan? No!" may pera pa naman ako.

"Rochelle, what's mine is also yours now. So take it before I slap you." napalunok ako bigla. Pambihirang pusa naman at may halong pagbabanta pa talaga.

Akala ko kilala ko na talaga ng husto si Zia pero hindi pa pala. Lalo na ngayon na official na talagang kami. Nagiging open na s'ya sa akin at unti-unti na lumalabas ang totoong pagkatao n'ya. Dahil sa ayaw kong makipagtalo sa kanya at mas lalong alam ko naman na hinding-hindi ako mananalo ay kinuha ko nalang din ang binigay n'ya.

"Good, don't hesitate to use it. Make sure you spend a lot, are we clear?" bakit feeling ko pag tumanggi ako ay masasampal ako.

"Y-yes." jusko wala naman akong bibilhin.

It took me awhile bago napagtanto na mag isa nalang pala akong nakatayo dito sa labas. Ano naman ang bibilhin ko sa card na binigay n'ya? Alam ko naman sinabi n'yang huwag ako mag-atubili gumastos. Hindi ako sanay na gumamit ng pera na hindi naman sa akin.

Hays bahala na nga at baka magamit ko rin in the future.

Bumalik ako sa kwarto at agad naligo. Sa school nalang kami kakain dahil may mga school paper works pa pala s'yang t-trabahuin. SCP ng PU chill lang masyado.

*

"Baby kitten wait!" pigil ko sa kanya nang bababa na sana si kuting ng sasakyan. Kakarating lang namin sa school parking lot.

"Why?"

I pulled her closer and kissed her.

"Nakalimutan mo kasi kanina mag goodmorning kiss." nakangising saad ko matapos kong halikan s'ya.

"Akin na mga gamit mo at ako na magdadala." inagaw ko na sa kanya ang bag at librong hawak nito.

"Thank," isang ngiti lang ni kuting kumpleto na araw ko.

"Tara na baby, nag order narin ako ng mga pagkain." sabi ko't nauna na bumaba nang sasakyan at umikot sa kabila upang pagbuksan s'ya ng pinto.

Pinauna ko s'ya maglakad habang ako nasa likod, nakasunod. Ang ikli kasi masyado nitong suot na skirt ni baby! sarap pagbabarilin nitong mga lalaki na tumitingin sa legs n'ya.

"Love!" napahinto ako dahil sa pagtawag ni Jemima. Saan ba nagpupunta 'to at minsan ko nalang makita sa school!

"Jem," tawag ko pabalik.

"I missed you." yayakapin na n'ya sana ako nang bigla nalang pumagitna si baby at hinarap s'ya.

Tanga nakalimutan ko na ayaw nga n'ya pala na may ibang babae na hahawak sa akin except sa ccb. Pero closefriend ko rin naman si Jem huhu.

Sumama ang ekspresyon ng mukha ni Jem dahil sa ginawang pag harang ni baby ko.

"Why are you trying to block my way?" I mentally facepalm. Baka nakakalimutan nila nasa hallway kami at may mga taong nakakakita.

"Why would I let you touch her?" sagot naman ni kuting, jusko po.

"Why not? Just so you know, I'm one of her bestfriends." masama na kutob ko sa sitwasyon na 'to.

"And I'm the girlfriend." napatakip ako nang bibig dahil bigla akong sininok sa sinabi ni baby.

It's not her usual tone at alam ko na sinadya n'ya talagang lakasan ang boses, kaya pati ibang

estudyante narinig ang sinabi n'ya.

"Love?" tawag ni Jem kaya napatingin ako sa kanya. Pagkabigla ang tanging nakikita ko sa mukha n'ya.

"Y-yes Jem. Sorry hindi ko nasabi sa'yo agad." sagot ko sa kanya.

"I see, congrats. Sige mauna na ako at may kailangan pa akong puntahan see you!" sabi nito at nagmadali nang umalis.

Medyo guilty ako konti dahil hindi ko nasabi kay Jemima, balak ko kasi sa kanya sabihin sa personal kaso nga lang lagi kong nakakaligtaan.

"Kitten," tawag ko sa kanya ngunit hindi na ako pinansin at nagpatuloy sa paglalakad patungong office n'ya. Tahimik ko nalang s'yang sinundan hanggang sa marating namin ang labas ng office n'ya.

"I remember," sambit nito bago buksan ang pinto at nilingon ako.

"Ano 'yon baby?"

"I had a dream."

"About?"

"May nilalandi kang iba and you cheated on me." my brow flinched. Ano na naman ang kinalaman ko sa panaginip na 'yan?

"Hala kitten, panaginip lang 'yan." langya mukhang masama kutob ko sa kahahantungan nito ah.

"You.Cheated.On.Me.Rochelle." bakit naman kailangan pa e emphasized ang salitang 'yan.

"Baby, it's just a dream at hinding-hindi ako magloloko sayo." I am trying to justify myself here!

"You did Rochelle." napapikit nalang ako habang nakahawak sa noo. Bakit kasalanan ko pa kung nanaginip s'ya ng ganyan huhu.

"Kitten naman oh, panaginip lang kasi 'yon. Hindi naman totoo at mas lalong never mangyayari ang bagay na 'yon." ibang level na magselos ang pusa dahil pati sa panaginip napapasama ako.

"Shut up. I don't wanna see your face." she said irritatedly at marahas na tinabig ang braso ko saka pumasok ng office at pabalibag na isinara ang pinto.

Potangenang RL sa panaginip na 'yan at malandi, magkita lang kaming dalawa sa panaginip at ako mismo papatay sa RL na 'yon.

Inis akong naglakad palayo sa office n'ya at umakyat ng rooftop. May pasok ba ang mga baliw na 'yon?

"Mga gago gising na ba kayo?!" sigaw ko mula sa pintuan pagkapasok ko.

Walang sumagot means walang tao. May mga pasok siguro sila. Punta nalang nga akong library at mag re-review. Puyatan na naman magaganap nito kinabukasan. Paalis na sana ako nang bumukas ang pinto nitong rooftop at iniluwa ang mga demonyo kong kaibigan.

"Aaaaaaaaar eeeeeeeeeL."

"Hoy tanga kamusta naman experience mo kagabi?"

"Wala bang shark?"

"Ano feeling?"

"Landi pa tanga."

Napahilot nalang ako nang templo dahil sa mga pinagsasabi nila.

"Bakit kayo lang, may pasok si nerdy?" tanong ko saka pumasok ulit sa loob.

"Obvious ba? change topic pa tanga, so ano kamusta? BAHAHAAHAHAHAH"

"Mas malala pa pala ang ginawa ni Ziallyn kaysa ginawa ni Ma'am sa'yo babe,"

"Nakidnap ka rin gaga?" tanong ko sa kanya.

"Ou, kidnapping na nauwi sa comedy. Naalala ko na naman tangena." sagot nito sabay hagalpak ng tawa.

"Saan ka natulog kagabi ha?" tanong ni I at dumiretsong refrigerator upang kumuha ng makakain.

"Sa condo ni kuting."

"Halaaaa!!" bwesit mga 'to at bigla nalang maninigaw.

"Hoy, walang nangyari sa amin ha! Ay speaking of... Potangena mo Sj! nabugbug pa ako kagabi dahil sa below her mouth na porn mong ni recommend sa akin!" bulyaw ko sa kanya ay pinagbabato ng mga unan.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Sus hindi naman maganda 'yan at ang boring no'ng sex scene d'yan." I looked at Iris in disbelief. Napanood na n'ya?!

"Wow nagsalita ang expert." K said sarcastically.

"Sabay kaya namin pinanood ni pie 'yon." Pambihira, ano 'yan? couple goal ng mga malibog?

"Mas exciting pa siguro kung ako mismo ang gagawa BAHAHAHAHAAHAHHA" dagdag pa nito sa kamanyakan n'ya.

"Pero muntik na kami masunog ni Zia kanina." bigla ko nalang nasabi sa kanila.

"Bakit?"

"Pag gising ko kasi may nangangamoy na sunog kaya dumiretso akong kitchen. Then nakita ko na nasusunog na 'yong kitchen cabinet n'ya. Gage akala ko talaga plano ni Kitten sunugin kaming dalawa pero ang sweet n'ya ha. Kahit wala naman s'yang alam sa pagluluto ay sinubukan parin n'ya for me."

pagmamayabang ko sa kanila. Agad naman umasim mga mukha nila. Pag inggit pikit hays.

"Sweet nga kaso mamamatay din kasi balak sunugin buong bahay." Sinamaan ko kaagad ng tingin si Ag,

"Yabang! sana mabagok ulo ni Ziallyn tapos magkalimutan ka rin. Aguy iyak malala." bitter masyado ang Iris pero syempre hindi ako magpapaapekto no.

"Ay may sasabihin ako, wanted pala tayo sa listahan ni kokey." Singit ni Ag,

"Saan mo nalaman?" Tanong ko.

"May spy ako sa grupo nila." sabay thumbs up n'ya. Proud na talaga ako sa doraemon namin.

Tumunog phone ko and I know someone sent me a message. Si kuting siguro? pero gano'n nalang ang pagkadismaya ko nang makita ang isang unknown number.

Unknown
Your life is in danger. Mag iingat ka sa mga taong nakapaligid sa'yo. Isa sa kanila ang magpapahamak sa'yo.

What the? Prank ba 'to at anong sinasabi n'yang my life is in danger.

"Hoy bakit nakasimangot ka d'yan?" tumayo ako at lumapit kay S upang ipakita sa kanya ang mensahe.

"Tignan n'yo 'tong message na natanggap ko galing sa unknown number." sabi ko't ipinakita sa kanila.

"Hala gago! ano 'yan at anong sinasabi n'ya na isa sa amin ang magpapahamak sa'yo?!" bulaslas ni Iris,

"Wala naman nakalagay na CCB ah." Sagot ni Keyboard sa kanya.

"Bobo mo naman monkey, sino pa ba ang palagi n'yang kasama? tayo lang naman na magkakaibigan ang palaging magkasama!" may point din naman ang sinabi ni Sj.

"Hindi maganda ang kutob ko sa message na 'yan." sang-ayon ako d'yan sa sinabi ni Ag.

"Does it mean may traitor sa grupo natin?!" singhal ni K.

"Hoy wag ka ngang ganyan at walang gano'n sa grupo natin! I trust our friendship. Hindi ba tansan?" tanong ni S sa kanya kaya napatingin kami kay tanso.

"O-ou, baka prank message lang 'yan." sagot naman nito.

Nagkibit-balikat nalang ako saka kinuha ang phone kay Sj. Baka nga prank lang 'to, uso pa naman mga ganito sa panahon ngayon. Sakto naman na tumawag si baby kitten kaya napangiti ako.

"Luh saya yarn? sagutin mo na tawag ng bebe mo," sabi ni S kaya agad ko na sinagot.

"Kitten why?" nahimasmasan na siguro s'ya sa ka abnormalan n'ya.

"Come to the parking lot." sagot n'ya sa kabilang linya.

"Okay, coming." sabi ko at pinatay ang tawag.

"Punta raw akong parking lot, d'yan na kayo." Sabi ko.

Nagmadali akong lumabas at tinakbo ko talaga para mabilis akong makarating. Halos inabot ako ng limang minuto kakatakbo marating lang ang parking lot ng mabilis at agad kong nakita si kitten, nakatayo at matiyagang naghihintay sa akin.

"Kitteeeeeen!" kaway ko habang tumatakbo palapit sa kanya.

"Hooooooooooooooo kapagod tumakbo." hiningal ako do'n ah.

"Come here," she extended her hand, and I quickly grabbed it.

Hindi ko alam saan kami pupunta kaya nagpatianod nalang ako. Naglakad kami hanggang sa pinakadulo. Hindi na galit si baby kitten ko kasi okay na ulit trato niya sa akin, kanina kasi may toyo siya kahit wala akong kasalanan.

"Here." My eyes widened as she handed me a car key.

"That's yours." sunod n'yang sabi at saka itinuro ang isang nakatagong sasakyan sa gilid.

"What the heck?" napamura nalang ako nang makita ang isang bugatti and it's a black chiron!!

"T-tThat car? Mine?" gulat kong tanong sa kanya at itinuro pa ang sarili.

"Yes love."

"B-Baby naman, b-bakit may pa ganyan ka pa? Meron naman akong bike ah at pwede naman akong mag borrow ng sasakyan sa pinsan ko." gage ang mahal kaya nitong chiron, $3m usd kaya 'yan!

"Are you trying to reject my gift Rochelle Love?" ayan na naman s'ya sa mala boses na parang may pagbabanta.

"Kasi naman baby kitten ang mahal kaya n'yan. Sigurado ka ba talagang akin 'yan?" gusto ko tuloy magpasampal sa kanya.

"How many times do I have to tell you? that car is yours." Nagtatanong lang ako at concern sa gastos pero nagagalit pa siya.

"P-pwede mo ba akong sampalin par-" hindi ko pa nga tapos ang sasabihin ay nasampal na n'ya ako.

"Gage totoo pala, akala ko nananaginip lang ako." sabi ko sa kanya habang haplos ang kaliwang pisngi ko.

"Accept it or just end our relationship. You choose--".

"Syempre tatanggapin ko baby! sabi ko nga diba akin 'yan." walang pag aalinlangan kong sagot. Matapos ko s'ya paghirapan maghihiwalay lang kami dahil d'yan? No way!

"Now, pay me." anong pay me? ang gulo naman ni pusa.

"Pay you?" kunot noo kong tanong.

"Yes. Pay me with a kiss." I quickly pulled her closer and kissed her lips.

"Thank you, kitten," I whispered after our lips parted, and I saw her sweet smile.

"You're welcome, my love," she sweetly utters. I smiled and planted a quick kiss on her soft lips. She hugged me tightly, burying her face into my neck.

"I feel so blessed and lucky, baby kitten. Is this even real?" Malambing kong tanong

"No, it's a dream."

"Aweeee nooooo."

"I remember again that you cheated on me." pambihira ayan na naman s'ya, nag momoment pa nga ako dito!

Bahagya n'ya akong itinulak, juskong pusa ka at nanggigigil ako sayo. Sarap mo ikama brrr.

"Baby naman eh."

"Shut up." sabay ikot ng kanyang mata at iniwan na naman akong mag isa!

Confirmed, bipolar na possessive ang sugar mommy ko.

-

CHAPTER 24.1

-

Nandito ako sa taas ng puno, alam ko nakasimangot ako kanina pa. Sino kasi hindi mababadtrip pag nakita mo si Kitten nagpahawak sa iba? May P.E kasi sila. May biglang bumato sa akin kaya agad ako napatingin sa ilalim ng puno.

"Ano, Jem?" Tanong ko.

"What's wrong? Kanina ka pa nakasimangot?" Tanong niya sa akin at ngumiti.

"Kasi naman Jem eh, sabi ni Kitten bawal ako hawakan ng iba tapos siya nagpahawak-tama ba yun ha? Diba unfair sa part ko yun?" Magkasalubong na kilay kong tanong bago muli ibinalik ang mga mata kay Kitten sa hindi kalayuan.

"Love, depende yun sa sitwasyon. They're having their P.E activity-"

"Kahit na no." Putol ko kaagad sa kanya at ngumuso. Hindi parin patas kasi bakit kahapon nagkaroon kami ng activity tapos nakita niya may humawak sa akin, sino sinisi ni Kitten? Ako syempre na walang ginawang masama.

Hindi ko pa nakakalimutan at mukhang hindi ko makakalimutan sa buong buhay ko ang ginawa niyang pagtapon sa akin sa gitna ng madilim na karagatan. Paano na lang kung ulitin nya yun dahil sa selos? Paano kung ipatapon ulit ako sa ibang lugar, jusko po.

"Are you done with your plates?" Muli niyang tanong habang nasa kalagitnaan ako ng malalim na pag-iisip.

"Oo, tapos na ako sa lahat at ipapasa ko mamaya." Mabilis kong sagot.

Kaya lumalala tong migraine ko sa ulo kasi sa kakapuyat ko. Yung oras ko kasi sa umaga hindi ko magawa dahil sa mga kaibigan na ayaw ako tantanan, kaya sa gabi ko nalang ginagawa hanggang madaling araw-minsan nga inaabot na ako ng araw.

"Ikaw? Tapos ka na Jem?" Tanong ko naman at kaagad itong umiling.

"Tapusin mo na yan at malapit na deadline, busy ka kasi palagi kakalabas ng bansa." Panay labas pasok kasi siya ng pinas at hindi ko alam ano binabalikan niya lage sa labas at hindi naman siya nagsasabi sa akin.

"Bumaba ka na at baka mahulog ka."
Paalala niya sa akin at balak sana akong tulungan.

Bigla ako kinabahan at napatingin kay Kitten-nakatingin siya sa akin ng masama kaya hindi na ako humingi ng tulong kay Jem, dali-dali ako bumaba ng malaking puno at nagpaalam kay Jem upang puntahan si Kitten ko, tapos na kasi sila at pawis na pawis ang mahal ko.

"Kitten!" Tawag ko at iwinagayway ang hawak na face towel.

Papalapit ako sa kanya ng bigla ulit uminsert yung lalaki na partner niya kanina at inabot kay pusa ang

isang tubig. Mas lalo akong nainis dahil parang wala lang sa kanya na nagseselos ako, tinanggap niya kasi ang tubig na bagong bukas nong lalaki. Wala na ako sa mood, binagalan ko ang lakad palapit sa kanya at naghihintay sa susunod niyang gawin. Nakakainis talaga, pwede niya gawin ang lahat ng gusto pero pagdating sa akin maraming bawal?

"Zia," Mahina kong bulong at kinalabit ito sa kanyang tagiliran.

"What?" Malamig niyang sagot bago ako nilingon.

Nagbaba ako ng aking ulo at dahan-dahan inagaw sa kanya ang tubig at ibinalik sa lalaki, "Kitten, nagseselos ako oh-bakit kailangan mo tanggapin yan kung kaya ko rin naman?" Gusto ko mainis pero sinubukan ko parin maging malambing ang tono dahil baka masampal ako sa harap ng maraming tao.

"May gusto ka kay Ziallyn?" Biglang tanong ng lalaki, sinadya pa talaga lakas boses para marinig ng iba at pahiyain ako. Hindi ko gusto ang tono ng kanyang pananalita kaya agad umarko ang aking isang kilay at tinignan siya mula ulo hanggang paa.

Sasagutin ko sana ito kasi kanina pa talaga ako naiinis, papatulan ko na nga nang bigla kumilos si Kitten at hinaplos ako sa pisngi bago marahan itinulak ang aking mukha palapit sa kanya at sunod akong hinalikan sa harap nila-sa pisngi lang yun pero kinikilig na ako sa ginawa niya.

"Nah, she's my girlfriend," Seryosong anunsyo niya sa mga nakakita at tinitigan ako sa mga mata.

Hindi ko maitago ang kilig at bigla napa yakap at halik sa kanyang pisngi tapos natatawang ibinaon ang aking ulo sa kanyang dibdib, ito si Kitten nakakagulat at talahang hinawakan pa ako sa ulo.

"HAHAHAHAHAHA oo, girlfriend niya ako." Malakas kong tawa at ipagsigawan sa lahat ang tungkol sa relasyon namin.

"Booooooooooooooo!" Tumingala ako at nakita ang mga kaibigan sa may bintana, nakasilip at binubully ako.

"Zi, may babaeng nanghihingi ng number niya kanina! Binigay niya!" Biglang sigaw ni Sj kaya agad nag iba ang ekspresyon sa mukha ni Kitten at parang tinataga na ako ng kanyang mga mata.

Umiling ako ng ilang beses sa bigla nyang pagtulak sa akin. "Hindi, wag kang maniwala at gumagawa lang ng kwento yan." Paliwanag ko ngunit wala na talaga siya mood.

Si kitten biglang nag walked-out kaya agad ko sinundan, pambihira at ang hirap pa naman niya suyuin. "Kitten, wait lang, hindi nga kasi totoo yung sinabi ni Sj," Habol ko at pilit siyang sinusuyo kahit wala naman akong ginawa.

"Baby, hindi nga totoo, maniwala ka naman sa akin oh." Malambing kong bulong at niyakap siya mula sa gilid habang tuloy-tuloy sa lakad, para ang koala na mahigpit ang kapit sa kanya.

"Really?" Pangingilatis niya sa akin.

"Opo, ikaw lang nag iisang kitten ko eh." Nakangiti kong sabi ngunit bigla ulit siyang na badtrip, hays jusko ano na naman nasabi kong mali?

"So there are still other animals?" Hays, gusto ko na talaga mag tantrums dito sa daan dahil sa kanya, napakamot ako sa aking ulo at iba na naman ang nasa isipan niya.

"Hindi kasi ganun-Kitten naman eh, hilig masyado maghanap ng away." Maktol kong sagot at ngumuso.

"Are you saying problema lang dulot ko sayo?" Pambihira at lahat ng sasabihin ko may pang counter siya.

Hindi na ako kumibo, humiwalay ng yakap sa kanya at huminto.

"What?" Taas kilay niyang tanong. Tumalikod ako at bumalik ng daan, pambihira at parang lahat ng lumalabas sa bibig ko mali para sa kanya kaya wag nalang tayo mangulit para walang gulo.

"Rochelle!" Napaigtad ako sa kanyang sigaw at napahinto, dahan-dahan ako lumingon kay kitten at nagdidilim ulit ekspresyon nya sa mukha.

Nagkasalubong aking kilay at the same time ngumuso habang humahakbang pabalik sa kanya. Hindi naman ako takot, sadyang mahal ko lang ang kuting na to kaya lahat gagawin ko para sa kanya. Huminto ako sa kanyang tapat at dabog na kinuha ang kanyang kamay.

"Kitten kasi, lahat nalang ng masabi ko mali para sayo." Pagtatampo ko.

"Why? May tama ka bang sinabi?" Huminga ako ng malalim at pinilit ang sarili ngumiti kahit sa totoo lang ay stress na ako kung paano pasusundin si kitten sa akin.

"Halika ka nga, ihahatid na kita sa room mo." Ako na sumuko at wala talaga akong laban sa girlfriend ko kahit anong gawin ko.

"Donkeeeeeeeey!" Narinig ko ang sigaw ni Sj at sabay kami napalingon ni pusa sa direksyon nito, masigla itong kumakaway habang tumatakbo na papalapit sa amin.

Mabilis ko hinila si Zia at niyakap ng mahigpit ang kanyang ulo bago sinamaan ng tingin ang pinsan ko. Wag niya hahawakan ang kitten ko at bawal, ako lang pwede.

"Oa, suntukin kita eh." Aniya bago ako pinaikutan ng mga mata.

"Sorry, this pet peeve of mine can be quite clingy." Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni pusa. What the hell? Ako?!

"BAHAAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH." Hagalpak ng pinsan ko kasunod ang paghawak sa kanyang tiyan.

"Kitten naman," nagtatampo na talaga ako.

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA." Tuloy-tuloy na tawa ng demonyo kong pinsan.

"Pwede ba tumigil ka? Badtrip na nga yung tao," gusto ko tuloy suntukin mukha niya at naiinis ako.

"Don't mind her Ja, she's just feeling jealous." Salita ni kitten na mas lalong nagpainis sa akin.

Magagalit na talaga sana ako sa mga ginagawa niya sa akin pero nagbago isip ko sa bigla niyang pagyakap ng mahigpit at ngiti ng matamis. Buong diin ko kinagat ang ibabang labi dahil si kitten, bigla-bigla nagpapakilig.

"Tignan mo tong donkey na to, ngayon naman kinikilig." Pang-asar sa akin at muling tumawa ng

malakas.

"May klase ka ba? Tara sa basketball sa court." Sabi sa akin, yun lang pala sadya nya at kailangan pa ako badtripin.

"Ngayon na ba? Hatid ko muna si kitten sa classroom." Mabilis kong sagot.

"Sige, sunod ka kaagad at mga crim kalaban natin." Sagot naman niya at nagpaalam kaagad sa amin ni Ziallyn bago tumakbo patungong court, siguro sa inner quadrangle tinutukoy niyang court since doon ang tinahak nyang direksyon?

"Kitten, sali ako ha? Hatid na kita tapos puntahan ko sila." Paalam ko at ngumiti sa kanya.

Hawak kamay kaming nagtungo sa building niya at hinatid sa kanyang room. Ang sarap sa pakiramdam, proud ako sa sarili na malaya ko nagagawa ang ganito ngayon kay pusa ng hindi nahihiya sa mata ng mga nakakakita. Noon kasi ay nahihiya ako, baka isipin ng iba desperada akong tao tapos takot din baka tuluyan lumayo loob ni Ziallyn,

"Love," napukaw ako sa malambing na tinig ni pusa, sobrang sarap pakinggan sa tuwing tinatawag ako sa ganyan.

"Yes, kitten?" Baling ko at ngumiti. Napatingin ako sa harap at nandito na pala kami sa tapat ng classroom niya, kinuha ko ang kanyang kamay at matamis na dinampian ng halik ang palad.

"Pasok na mahal, samahan ko lang sila sa laro saglit." Malambing ko bulong at humalik sa pisngi ni kitten, yung mga classmate niya sa loob nakatingin sa amin-nakaramdam ako ng hiya kaya ngumiti ako sa kanila kaso biglang tinakpan ni kitten mukha ko gamit ang kanyang palad.

"Don't smile at them." Malamig niyang banta sa akin kaya bumalik ako ng tingin at sa kanya na lang ngumiti ng matamis, selosa eh.

"Alis na po ako, goodluck sa klase baby kitten." Malambing kong ngiti bago humakbang paatras.

"Goodluck," bakit niya sa akin at ginantihan ang matamis kong ngiti.

Pagkatapos ko siya maihatid ay tumakbo ako pababa at nagtungo ng inner quadrangle, nakita ko agad ang mga kaibigan at nagsimula na pala sila. Medyo marami ang nanonood dahil nasa gitna kasi ng naglalakihang buildings itong court. Umupo ako sa gilid at sumigaw upang mag cheer sa kanila, pansin ko si Krystal pagod na at may galos sa tuhod-nadapa ulit siguro?

Nag timeout sila Sj para palitan si si Krystal, ako ang pumalit at pumasok ng court. Lamang ang kalaban ng sampu kaya mukhang may kailangan kaming habulin na score, naging maayos at maganda ang coordination ng team lalo na ang teamwork naming dalawa ni Sj pagdating sa opensa. Siya taga dala ng bola at ako naman ang panay tira-puro tres mga pinakawalan ko at hindi nagtagal nakahabol kami sa kalaban at ngayon tabla na ang score.

Last minute, bola namin, tatlong tao bumantay sa akin at ngayon hindi makatira ng tres. Nakita ko biglang nag forward si Ag at mabilis kong ipinasa sa kanya ang bola sa ilalim ng rin, she was about to shoot the ball pero may agad nakaharang upang supalpalin ang bola-maliksi ang kanyang naging kilos at itinapon sa ere ang bola hanggang sa biglang may tumalon ng mataas at kinuha ang bola sabay dunk sa ring.

"Yes!" Sigaw namin at tumakbo palapit kay Iris na ginawa ang huling score.

"Nice pass, Ag," sabay thumbs up namin ni Sj at sunod din pinuri si Iris, sumugod na rin si keyboard upang batiin kami at malaki rin naman ambag niya sabi nila.

"Si Zi oh," sabay nguso ni Sj sa taas ng building nila kitten,

Nakita ko itong nanonood pala sa laro namin kasama ang kanyang mga kambal, malawak akong ngumiti habang kumakaway sa kanya. "Kitten! Nakita mo yun?!" Sigaw ko at halos din ng mga nanood tumingin kay Ziallyn dahil sa malakas kong pagsigaw.

Bigla niya inilagay ang kanyang baba sa palad at ngumisi pababa sa akin. "Hindi halatang patay na patay ka sa pusa mo." Sabay siko ni Iris sa akin.

"Kitten! Ang ganda mo! Ganda-ganda ng girlfriend ko!" Sigaw kong muli at nakatanggap ng batok mula kay Sj kaya agad ko siya sinamaan ng tingin.

"Problema mo?" Kunot noo kong tanong.

"Para kang timang-Pieeee! I love you!" Sunod ko naman ito sinapak sa kanyang sintido dahil ang lakas niya kung pagsabihan ako pero siya rin naman pala, nakita niya kasi dumaan si Pie.

Natapos ang laro namin ay sakto rin ang pagtunog ng bell, nagpaalam ako kaagad sa kanila upang magbihis at may klase pa ako na kailangan pasukan. Pagpasok sa cubicle ng CR ay napagtanto ko dumating na ang monthly period ng hindi inaasahan, akala ko next week pa kaya hindi ako nagdala ng napkin.

"Patay," bulong ko sa sarili at agad kinuha ang cellphone para tawagan ang mga kaibigan ngunit isa sa kanila walang sumagot!

"Ano ba yan!" Hindi na ako mapakali kasi hindi ko alam kung sino ang tatawagan, bigla sumagi sa aking isipan si kitten at balak ko sana tawagan pero baka may klase kaya nagpadala nalang ako ng mensahe.

R.
Kitten, may problema ako at kailangan ko tulong mo, please? :(

Expected ko hindi niya yun mababasa kaagad kaya nag-isip na ako sa susunod kong pwede sana kontakin nang bigla itong na seen ni kitten at ngayon typing.

Kitten ?
What? What's the problem?

R.
Nandito ako sa restroom ng building nyo, dito sa ground floor. Kitten, need ko sanitary pad ?

Sinampal-sampal ko ang pisngi dahil sa sobrang kahihiyan, unang beses ko humingi ng pabor sa kanya ng ganito at talagang nakakahiya-sa kanya ko pa talaga nakuha humingi ng napkin pambihira. Tinignan ko ang screen at nakitang na seen niya ito ngunit hindi man lang ako nireplyan. Wala na, baka may klase talaga siya? Ano na gagawin ko ngayon?

Tatlong minuto na ako nakatitig sa phone screen ko pero wala talagang sagot si Ziallyn, hays.

"Ah! Si Jem," sabi ko sa sarili at dali-daling tinawagan si Jem ngunit nagulat ako sa biglang kumatok sa labas ng cubicle ko.

"Rochelle," narinig kong boses ni Kitten kaya agad akong napangiti, binuksan ng bahagya ang pinto at nakita itong nakatayo sa labas.

Ngumuso ako, "Kitten, sorry kasi hindi ko ma contact sila Sj kaya wala akong choice kundi ang humingi ng tulong sayo." Paliwanag ko kaagad.

"Here." Inabot niya sa aking ang dalawang pads, napakagat labi ako kasi titig na titig siya sa aking mga mata. Nahihiya akong kinuha ito mula sa kanya at isarado ang pinto upang magpalit.

"You played basketball despite having your period today?" Narinig kong boses niya, akala ko umalis na pero mukhang hinintay pa ako.

"Eeh, hindi ko naman alam na ngayon ako magkakaroon kasi akala ko next week pa." Sagot ko kaagad sa kanya at inayos ang pang-ibaba bago tuluyan lumabas ng cubicle.

Nakita ko ito sa gilid ng pinto, dali-dali ako nag hugas ng mga kamay at lumingon sa kanya. Ngumiti ako at ninakawan si pusa ng halik sa kanyang pisngi na ikinabigla niya. Kahit talaga ano ang ekspresyon ipakita niya ay ang ganda pa rin ng girlfriend ko.

"Thank you, baby kitten." Malambing kong bulong.

Kaya siguro mabilis ako mainis kanina kasi rereglahin pala. Bigla humakbang si Ziallyn at niyakap ako sa bewang, kahit ako ay na sorpresa sa kanya at ang pag dampi ng halik sa aking leeg at hindi ko 'yon inaasahan. Kinabahan ako at napaangat ng ulo habang siya ay patuloy sa paglalakbay ng leeg ko.

"Pusa?" Tawag ko bago nagbaba ng paningin sa kanya.

Nanlaki ang mga mata ko na ang sumalubong sa aking labi ay ang malambot at mabangong labi ng mahal ko. Nakakagulat, nakakapanibago at mas lalong gustong-gusto ko ito. Mabilis kumilos ang mga kamay ko at mas idiniin ang kanyang ulo habang tinutugunan ang bawat halik na pinapaulan niya sa akin.

"Love," narinig kong mahinang ungol niya sa aking pangalan.

"Hmm?" Sagot ko at dahan-dahan bumaba sa kanyang baba ang aking labi.

"I love you." Natigilan ako sa ginagawa at bahagyang inatras ang ulo para tingnan siya at nakitang seryoso itong nakatingin hanggang sa unti-unting napalitan ng ngiti ang kanyang labi at mga mata.

"I love you more, baby, ikaw lang po mahal na mahal ko at walang iba." Malambing kong sagot at hahalik ulit sana sa kanya ngunit bigla bumukas ang pinto at nagulat ang mga babae sa kanilang nakita.

"Ah sor-"

Hindi ko natuloy ang sasabihin sa kanila at talagang bigla nalang ako magugulat sa mga unexpected actions na ginagawa ng mahal ko. Siniip kasi ako malalim na halik ni kitten sa harap nang tatlong babae na papasok sana sa restroom. Humugot ako ng malalim na hininga hanggang sa tuluyan pakawalan ni pusa ang labi ko at ibinaon ang ulo ko sa kanyang dibdib bago kinuha ang isang kamay ko at kinaladkad palabas ng restroom habang ang tatlo ay naiwang mga tulala.

"Why are you giggling?" Tanong niya sa akin nang makalayo kami.

"Natawa lang ako sa mga reaksyon nila-ay baby, may klase pa ako kaya hindi kita masasamahan." Ngumuso ako at muntik ko pa makalimutan dahil na excite ako sa kanya.

"It's fine." Sabi niya.

"Dito na ako dadaan kitten para madali ako makarating." Sabi ko sa kanya at tinuro ang shortcut ko na dinadaanan.

"Alright, take care." Sabi niya at aalis sa sana ngunit bigla rin tumigil kaagad matapos mapansin na hindi ako umaalis sa aking kinatatayuan.

"Why?" Confused niyang tanong.

Kaagad ko itinuro ang labi upang humingi ng halik sa kanya, tinaasan niya ako ng isang kilay at alam ko ipagdadamot niya sa akin kaya ako na mismo ang umabante upang nakawan siya at kaagad lumayo.

"Bye, sunduin nalang kita mamaya!" Malakas kong pagkakasabi at tumakbo palayo sa kanya upang habulin ang klase ko.

Late ako pero pinapasok pa rin, maayos naman sana pakiramdam ko early discussions pero makalipas ang isang oras ay ramdam ko na ang pananakit ng puson kaya heto ako ngayon-nakayuko sa aking desk habang tinitiis ang namimilipit kong sakit sa puson. Nakakainis, hindi ako makapag concentrate sa klase dahil sa iniinda kong sakit ngayon.

"Love, are you okay?" Narinig kong tanong ni Jem kaya ibinaling ko sa kanya ang ulo. Umiling ako at sumenyas na masakit ang puson, mukhang gets naman niya agad na may period cramps ako.

"Why not go to the clinic? Bakit mo tinitiis ang dysmenorrhea mo?" Nag-aalala niyang tanong, pero kasi ayaw ko masabihan na ginagawa ko lang dahilan period ko para hindi makasali sa klase.

Ipinikit ko ang mga mata at hindi namalayan ang sarili nakatulog na pala.

Nagising ako dahil sa lamig, pagmulat ng mga mata ay ako nalang mag-isa ang natira? Masakit pa rin talaga ang puson ko at ayaw ko uminom ng gamot kapag may dysmenorrhea dahil hindi ito maganda at ayaw ko sanayin ang katawan sa gamot. Isang araw lang naman nagtatagal to pero isang araw ka nga lang din magtitiis sa sakit.

Hawak-hawak ang puson ay lumabas ako ng classroom, feeling ko kasi kailangan ko na ulit magpalit dahil ramdam ko malakas yung regla ko. Nagtungo ako ng restroom upang magbihis at bumalik lang din ulit ng classroom, lunchtime na pero wala akong gana kumain at mas gusto ko nalang ang magpatuloy sa pagtulog.

Kaso pagbalik ko ng classroom ay naabutan ko si kitten sa upuan ko, naghihintay sa pagbabalik ko. Tipid akong ngumiti matapos magsalubong ang aming mga mata at lumapit sa kanya.

"Kitten, ano ginagawa mo rito?" Tanong ko.

"Time to eat." Sabi niya pero wala talaga akong gana.

"Masakit puson ko kitten, wala akong gana." Mahina kong bulong ngunit parang wala siyang narinig sa

mga sinabi ko.

Mabilis niya kinuha ang gamit ko at hinila ako palabas ng classroom. Kulang ako sa energy at ayaw muna makipagtalo sa kanya kaya nagpatianod na ako ng tuluyan kay pusa hanggang sa tuluyan kaming nakapasok ng cafeteria at umakyat sa table nila.

"Anong nangyari at parang basang papel yan?" Tanong ni Sj matapos ko umupo sa tabi ni Ziallyn at inilapag ang ulo sa lamesa.

"May regla ka Aaar eeeL?" Tanong ni keyboard na nasa kabilang side ko, mahina akong tumango at ibinaling sa direksyon ni pusa ang ulo na tahimik kumukuha ng pagkain.

Tinignan ako ni pusa at sinubuan ngunit umiling ako saka ipinikit ang mga mata, wala nga sabi akong gana kumain at bakit pinipilit niya. "Ayaw ko, kitten." Sabi ko at bahagya iminulat ang isang mata at nakitang ang kanyang ekspresyon na tila hindi nagugustuhan ang inaasta ko sa harap niya.

"Rochelle," babala ng kanyang tono pero hindi parin ako pumayag.

"Ayaw ko nga kitten, wag ka nga makulit." Bahagyang tumaas ang tono ko at nagbukas ng mga mata upang kainin ang sinubo niya.

"Shuta, tiklop ang donkey," sabi ni Sj at pinagtawanan na naman nila ako.

Hindi na ako pumatok at ngumuya nalang ng ngumuya hanggang sa tuluyan ng walang space ang bibig ko dahil puno na ng mga pagkain dahil kay kitten.

"Why are you just chewing and not swallowing your food?" Tanong ni pusa at tinaasan ako ng isang kilay. Hindi ko nga kasi magawa lumunok dahil wala ako sa gana talaga kumain, kaya ginawa ko nalang inipon lahat sa bibig ko ang lahat ng mga sinubo niya.

"Chipmunks, naknampucha HAHAHAHAHHAHAHAHAHAHAHA."

Nasusuka ako, balak ko sana pumuntang CR para itapon tong mga nasa bibig ko kaso ayaw pakawalan ni kitten ang braso ko. Nagtaasan ang mga kilay ko nang bigla niya ilahad ang isang palad sa ibaba ng aking baba.

"Hmm?" Senyas ko.

"Spit it out." Maawtoridad na utos ni baby kitten, dahil sa gulat ay bigla kong nalunok lahat ng mga pagkain. Napasuntok ako sa dibdib dahil sa pagkabigla at pakiramdam ko bumara yung pagkain sa lalamunan ko.

Agad ako inabutan ng tubig ni keyboars at tinapik ang aking likuran habang ako panay ubo dahil masakit talaga sa dibdib, biglang nanikip. Maaga akong hihimlay pag ganito lage si Ziallyn sa akin, nakakabaliw at the same time nakaka attract. Naluha ako, hindi ko kinaya at talagang masakit sa dibdib pambihira. Niyakap ko nalang si kitten ng mahigpit bago ibinagsak ang ulo sa kanyang legs at ipinikit ang mga mata.

"Hoy! Anong ginagawa mo at tanghaling tapat." Saway ni Sj sa akin.

"No, it's alright, let her be since she doesn't feel well." Pagtatanggol ni pusa sa akin at naramdaman ang malambing nyang haplos sa aking buhok bago bumaba sa pisngi ko.

Hindi na nila ako kinulit at tuluyan nilubayan dahil kay kitten. Wala ako klase sa hapon kaya dinala niya ako sa kanyang opisina para dito nalang magpahinga dahil masakit pa rin talaga ang puson ko. Pumasok si kitten at ako naman natulog lang buong hapon.

Nagising ako, pakiramdam ko may nakasakay sa katawan at hindi nga ako nagkamali dahil si kitten nakaupo sa bandang tiyan ko. Matamis akong ngumiti nang makita ang kanyang mukha at hindi ang kanyang braso upang yakapin.

"Hello kitten, kamusta klase mo?" Tanong ko pero wala akong sagot na nakuha mula kay pusa.

"How are you, love?" Bigla niyang bulong sa tenga ko at nakiliti sa bigla niyang pagdila sa likod ng aking tenga.

"Medyo okay na at hindi na masyado masakit, miss kita." Sabi ko at biglang bumaba ang kanyang ulo patungo sa aking leeg.

"Kitten?" Tawag ko pero tuloy-tuloy ang kanyang pag gapang pababa sa aking tiyan at itinaas ang aking damit.

Hindi ko alam ano pumasok sa ulo niya at kung ano binabalak gawin ni Ziallyn pero namalaman ko nalang ang kanyang pagkilos at ipinasok ang kanyang ulo sa ilalim ng aking damit. Nagulat ako at nataranta, babangon na sana kaso bigla niya ako itinulak sa dibdib upang pahigain ulit.

"Baby, anong ginagawa mo?" Kabado kong tanong.

Napasinghap ako sa gulat, naramdaman ko ang mainit niyang labi dumampi sa balat ng tiyan ko at pagkaraan ng ilang seguno ay buong diin niya sinipsip ang balat ko. Nakaramdam ako ng kiliti at hindi alam ang gagawin, nagiging naughty na masyado ang kuting na to.

"B-Baby-" tawag kong muli at napaungol sa bigla niyang pagkagat at muling sipsip ng aking balat. Hindi pa ito nakontinto at lumipat sa kabilang side at doon ako muling tinadtad ng mga kagat.

Inalis ko ang damit na nakaharang sa kanyang ulo at kitang-kita ko ngayon ang ginagawa niya sa katawan ko. Pambihira, yung sakit ko sa puson biglang nawala-siya lang pala gamot ko para tuluyan mawala ang sakit.

Bumangon siya at pinahid ang gilid ng kanyang labi bago muling ibinaba ang kanyang mukha, but this time sinakop na ni kitten ang aking labi. Agad ako tumugon sa kanyang malambing na halik, kung haano siya ka agresibo sa bandang tiyan ko ay kabaliktaran naman ang ginawa sa labi ko. Matamis, maingat at sobrang lambing-hindi ako magsasawa kapag araw-arawin ako ganitohin ni Ziallyn,

"Hmm, are you feeling better now, love?" Bulong niya sa pagitan ng aming halikan. Ngumiti ako at umango, muling pinaulanan ng halik ang kanyang labi bago siya muli niyakap ng mahigpit.

"Okay na kitten, magaling kasi nurse ko." Sabi ko sa kanya.

"If that's the case, shall we go out for dinner since you skipped lunch?" Pag-iimbita niya sa akin at pilit kumawala sa aking yakap upang tignan ako sa mukha. Concern na concern ang kitten ko, hindi halata pero caring masyado.

"Okay, kain tayo at nakaramdam ako ng gutom." Nakangiti kong sagot at sabay kaming bumangon.

"Alright, let's go." Sabi niya.

Agad kami umalis, nag crave ako ng pagkain sa street food kaya nagtungo kami sa plaza kung saan maraming nagbebenta. Sabi ko mag lakad lang kami pero ayaw at mag sasakyan nalang daw. Pambihirang pusa, kakain nalang nga kami ng streetfood ay daldahin pa ang mamahaling sasakyan niya.

"Kitten, kumakain ka ng kwek-kwek diba?" Ang alam ko may tawag siya sa pagkain na ito kaso nakalimutan ko lang kung ano yun.

Tinignan nya ang hawak kong kwek-kwek at marahan tumango. "Here, ito sayo at ito akin." Binigay ko isang piraso at baka hindi maubos ang dalawa.

Hindi pa nga niya nasusubo ang itlog nya pero ako nakakadalawang ubos na agad. She looked at me in disbelief habang abala ako sa pagnguya at higop ng sauce, masarap talaga yung sauce na may suka.

"Kain ka na baby," sabi ko habang patuloy sa pagnguya at muling umorder ng dalawa pang itlog.

"Isn't it advised not to eat too many eggs?" She expressed her concern, reminding me of the standard advice that consuming excessive amounts of eggs could potentially have negative effects on health.

I smiled at nagtaas-baba ng mga kilay. "It's okay baby kitten at hindi naman araw-araw, masama kapag inaraw-araw mo." Sabi ko bago kinuha ang inabot ni manong nagtitinda na dalawang kwek-kwek.

"Slowdown, hindi ka naman mauubusan niyan?" Sabi niya sa akin at tumingin sa nilulutong kwek-kwek ni manong.

"Masarap kasi yung pagkakagawa hehe." Sabi ko. "Wait, bili ako buko juice." Sabi ko sa kanya at bumili ng panulak. Masarap ang fresh buko after kumain ng kwek-kwek sa kanto.

"Pabili po dalawa." Sabi ko sa tindera.

Inubos ko muna ang akin bago muli bumili ng dalawa at bumalik kay kitten, nakabalik nalang ako ay hindi niya pa rin ubos ang nag-iisang kwek-kwek na kinakain niya jusko.

"Kitten oh," sabay abot sa kanya.

Pasalamat ako hindi maarte sa pagkain tong mahal ko, malinis naman mga tinda nila rito sa plaza at lage nagkakaroon ng inspection kaya safe ka kung kakain dito. Muli akong umorder ng dalawa hanggang sa nabusog ako at sakto kakatapos lang din ni puso ubusin ang sa kanya. Matapos namin kumain ng kwek-kwek ay naglakad-lakad kami bago tuluyan bumalik ng paaralan.

"Kitten, pwede ba ako sa condo mo matulog?" Tanong ko habang nasa kalagitnaan ng byahe.

"Tonight?" Tanong niya.

"Oo, miss lang kasi kita-ay sa condo ka ba uuwi o sa campus ka matutulog mamaya?" Hindi ako sure kasi minsan sa opisina siya natutulog pag tinamad umuwi ng condo.

"Sa condo." Mabilis niyang sagot kaya napangiti ako.

"Kung ganun pwede ako matulog doon mamaya? Para naman may kasama ka at isa pa, sa totoo lang,

miss kita kaya gusto ko sana kasama ka." Pagtatapat ko sa kanya. Sa aming dalawa talaga ako yung vocal at lage nagsasabi ng damdamin, si kitten kasi bilang lang at depende kung feel niya lang.

Hindi umimik si kuting, paglingon ko sa kanya ay namumula ang kanyang pisngi kaya sa tingin ko alam ko na kung ano iniisip niya. Hindi man niya sinasabi, alam ko naman kung paano basahin ekspresyon na kanyang pinapakita.

"Mas swerte ako sayo, kasi kahit hindi ka vocal na person ramdam ko pa rin kung paano ka mag-aalala sa akin. Kaya wala talaga ako pakialam kung ano ang sasabihin ng iba tungkol sayo, kasi sa bandang huli ako yung mas nakakakilala sa ugali mo at hindi ibang tao." Muli kong pag amin.

Bigla niya inapakan ang preno, nagtataka ako dahil bigya siya nagyuko ng ulo sa manebela kaya tinawag ko ngunit dinedma lang ako. "Baby?" Tawag kong muli sa kanya.

"You," napalunok ako sa lamig ng kanyang boses, may nasabi ba akong mali? Bakit parang may kasalanan na naman ako sa kanya? Nagsasabi lang nga ako ng totoo tapos mukhang nagalit ko pa.

"No more cheesy lines while I'm driving, Rochelle. We could end up in a wreck." Babala niya sa akin at tumingin. Kinagat ko ang ibabang labi nang makita kung gaano namumula ang mukha ni baby kitten,

Natatablan na pala siya sa mga ganito ko ngayon? Parang kailan lang kasi hindi niya pinapansin mga sinasabi kong ganito at bigla ako tatakasan o hindi kaya babarahin, pero iba na talaga ngayon. Hindi ko lubos akalain na tuluyan ko mapapasok ang puso ni Ziallyn, mahal na mahal ko talaga ang babaeng to at kailan man hindi ko ipagpapalit kahit kanino.

"Okay," sabi ko at nangako na itititkom ang bibig hanggang sa makarating ng paaralan.

Tahimik kaming dalawa ni kitten hanggang sa nakabalik ng paaralan, kinuha lang namin mga gamit at agad din umalis upang umuwi ng condo. Inabot pa kami ng malakas na ulan sa daan pero pasalamat na rin dahil hindi kami naabutan ng matinding traffic.

Ako na nagluto ng hapunan at baka lumiyab ulit ang kitchen niya pag hinayaan ko ulit siyang magluto. Nakakalungkot lang isipin, wala akong alam sa mga paborito ni kitten.

"What's on your mind?" Nagulat ako sa pagyakap ni kitten mula sa aking likuran at sulpot ng kanyang mukha sa aking gilid.

"Iniisip ko lang kasi, wala akong alam sa mga paborito mo." Mahina kong salita

Pinaharap niya ako sa kanya at ngumiti ito ng matamis bago ako muling niyakap.

"It's fine, love, you'll find out in time." Ngumiti ako at yumakap pabalik.

Ayaw niya sabihin at mas gusto niya ako yung maka diskubre ng mga gusto nya.

Sweet, baby kitten.

CHAPTER 25

-

"Kitteeeeeen!" Katok ko mula sa labas ng kanyang opisina bago pinihit ang pinto upang buksan.

"Pusa?" Gano'n ba s'ya ka focus sa trabaho at hindi n'ya namalayang nakapasok ako?

"Kuting." Tawag kong muli nang makalapit sa kanya at marahan pinisil ang pisngi.

"Hey," I was taken aback when she suddenly pulled me onto her lap. Her unexpected action caught me off guard, leaving me breathless, but I couldn't hide the smile and the butterflies in my stomach that grew at her playful actions.

Nakakabigla masyado ang pagbabago ni Ziallyn, instant character development ang pusa na 'yan.

"What are you doing here?" She asked as she wrapped her arms around my waist.

"Kakatapos lang ng klase ko, almost lunch na. Tumawag si Mommy at isama raw kita sa bahay tonight for dinner." Balita ko at mukhang nagulat siya sa sinabi ko. Tanggal angas ni baby, naalala n'ya siguro 'yong pagdadabog na ginawa no'ng nandito si Mimi.

"Are you going to introduce me to your Mom?" Hindi ko ba alam kung bakit tinatanong pa 'yan.

"Of course." Nakita ko na hinihilot n'ya ang kanyang templo kaya ako na mismo ang gumawa habang nakasandal sa kanyang upuan.

"I have a question." 'yan na naman tayo sa mga ganyang tanong n'ya.

"Strawberry at panaginip na naman ba 'yan baby?" paninigurado ko, sobrang moody pa naman masyado nito.

"No," duda talaga ako kay kitten.

"Ano ba 'yon?"

She looked at me intently bago ibinuka ang bibig upang magsalita.

"Who's your favorite girlfriend?" She didn't take her eyes off me and just kept staring.

Malakas talaga kutob ko sa tanong na 'yan at mapapahamak ako kung magkamali ako nang sagot.

"Syempre baby ikaw lang."

"Tang ina."

And there, isang mabilis na kamay ang lumipad at pinaghahampas ang dibdib ko.

"Kitten sandali lang. Ano na naman nagawa ko?" Kinulong ko na s'ya sa mga bisig ko upang hindi makagalaw. Pambihira anong ka abnormalan na naman 'to pusa.

"Lang? why? ba't may iba pa?" Her very cold voice made me shiver. Hindi ko ba alam kung maiiyak ako o matatawa sa kanya e.

"H-Hindi, wala! Ikaw lang, syempre napaisip ako." Agad na sagot ko, nakakabobo ang mga pa test ni kuting sa akin lord.

"Why do you even need to think Rochelle?!" Her eyebrows furrowed and the sound of her voice was obviously irritated.

"Kasi naman baby nag iisip ako part sa tinatanong mo tapos bigla kang eextra." Nakangusong alibi ko.

"So you're saying I'm just an extra?" Oh God please help me. Sana kayanin ko today ang toyo ni baby.

"Hindi gano'n, pambihira kitten ang hirap makipagtalo sayo." Medyo stress na 'ko kasi 'di ko talaga alam dahilan bakit na naman nagkakaganyan si baby.

"So gusto mong makipagtalo?" she raised a brow. Napasabunot nalang sa buhok ko.

"Baby naman kasi, gano'n-" then suddenly someone interrupted us. May kumakatok mula sa labas.

Bigla akong itinulak ni baby kaya nahulog ako sa sahig. Gage ang sakit ng pwet ko!

"Hide." Utos niya at pinatago ako sa ilalim ng kanyang lamesa kaya nagmadali ako itinago ang sarili.

"ZB," si pie lang pala at bakit ko pa kailangan magtago?

Tumayo ito at mas dumikit pa sa desk kaya nasa tapat ko na mismo ang legs n'ya. Gage ka pusa, 'yong totoo nang aakit ka ba ha?

"Why?" Sagot ni baby.

"We have a family dinner tonight." Medyo nawala ang excitement ko nang marinig ang sinabi nito, at bakit naman ngayon pa kung kailan may lakad din kami mamayang gabi?!

Kainis!

"Hmm"

"What's wrong?"

I bit my lower lip when I heard her soft moan. Tanga hindi ko nga alam na nasa legs na pala n'ya kamay ko. Sorry po at kusa nalang siguro gumalaw kanina.

Tumikhim siya at nag patay malisya.

"Nothing, isasama mo ba si Ja?" Tanong ni pusa, nandito girlfriend mo tapos ibang pangalan babanggitin mo? Ganyan pala gusto mo ha.

Dahil sa umandar ang kademonyohan ko ay may naisip ako. Matukso kong hinaplos ang legs nito at dahan-dahan pababa sa tuhod n'ya.

"Are you sure you're okay? " Tanong ni Pie.

"Y-Yes"

"Are you sick? your face is red." ay hala na turn on ata ang pusa sa ginagawa ko.

Napangiwi ako nang bigla n'yang sipain ang tuhod ko. Pambihira at ang lakas manipa, dinaig pa si keyboard namin na horsey. Bahagya s'yang umatras at bumalik sa pagkakaupo. And from here, I can see her blushing face.

"I'm fine. So, isasama mo si Ja?" Tanong n'ya muli kay pie bago ako tinapunan ng masamang tingin.

"Yes. She's my fiancee after all, and will be part of my family." Sana all nalang talaga obsessed sa jowa.

"Okay,"

Para akong bata na nagtatago sa isang killer dito sa ilalim ng desk. Umalis narin si Pie at 'yon lang naman pala sadya n'ya, panira naman masyado at pwede naman siguro e message nalang si Kitten.

"Rochelle," patay kang RL ka.

"B-baby." Mahinang sagot ko sa kanya at dahan-dahan gumapang palapit sa kanya.

"Stand up." Hindi ba s'ya galit sa ginawa ko? sasampalin na naman ba ako? sumunod nalang ako agad sa utos n'ya.

"You're coming with me tonight." My eyes widened in shock, seryoso ba s'ya na isasama ako?!

"Family dinner 'yon baby at isa pa nangako na ako kay Mommy." Agad na sagot ko.

"Isasama natin ang Mommy mo."

"Seryoso ka ba d'yan? hindi naman ako tulad ni Sj na fiancee ni pie." Nakakahiya pumunta kahit hindi naman kami kapamilya, ni hindi pa nga nila alam may relasyon kami.

"Then propose to me."

"What?!" Bulaslas ko sa sobrang gulat.

"Sinisigawan mo 'ko?" She leaned back and crossed her legs while resting her chin on the back of her palm. Shit, so hot!

"Nagulat lang ako kitten, pabigla-bigla ka naman kasi masyado. Muntik na tuloy akong maniwala." Kung makapagbitaw naman ng salitang propose to me akala mo talaga seryoso s'ya e.

"Whatever, let's go."

"Saan tayo pupunta?" Tanong ko nang hawakan niya ang kamay ko.

"Cafeteria." Oo nga pala at lunch break na, kaya naman pala nangangalam na tiyan ko e.

Magkahawak kamay kaming naglalakad habang tinatahak ang daan patungong cafeteria. Medyo awkward lang konti dahil hindi ako sanay sa PDA, si baby naman na patay malisya lang at walang pakialam sa mga tao na nakakakita sa amin.

"Kitten ano pala susuotin ko tonight?"

"Anything that makes you comfortable. Just be yourself, and you don't have to empress the others except me." selfish masyado ang baby ko at gusto ko 'yan.

"Sa'yo lang kakalampag baby." I said while giggling.

"You mean?" Baling nito sa akin.

"Haha wala, sige inform ko nalang si mimi mamaya."

"Sure,"

Pagpasok namin ng cafeteria ay dumiretso kami kaagad sa itaas, nasa table pala sila ng demogons.

"Aaaar eeeeL."

"Hala Zi, bakit naman may pa ganyan kayong nalalaman na dalawa? Tingnan mo tuloy ang mga tao sa baba sa inyo nakatingin." Sabay turo ni Sj sa magkahawak namin na mga kamay.

"Who cares?" Dinilaan ko naman ang pinsan ko nang sagutin s'ya ni Zia,

"Bakit kayo lang? Nasaan si tanso at nerdy?" Tanong ko sa kanila pagkatapos ipaghila nang upuan si Zia.

"Si shorty nauna na umalis at may gagawin daw muna, si tansan naman ay hindi namin alam." Sagot ni Iris.

"Ay mga tanga aalis ako mamayang gagabi, isasama ako ni pie sa family dinner nila." Sabay naman napatingin ang tatlo sa kanya. Hindi na ako nagtaka, syempre alam ko na e.

"Paano naman kami? hindi kami nakakahinga pag wala ka." nagsimula na naman magdrama ang keybold.

"Sitdown," napalingon ako kay Zia. Hindi pa pala ako nakakaupo kaya pinapatabi na n'ya ako sa kanya.

"Ako rin pala." Bigla ko nalang nasabi.

"Hoy anong ikaw din pala?" Pagtataray ni K.

"Isasama raw ako ni Kitten kasama si Mimi." Kaswal kong sagot.

"Bakit kayo lang? isama n'yo narin kaya kami?"

"Mommy hindi mo ba ako isasama ha?" makapal na tanong ni Iris kay Everleigh na tahimik lang kumakain.

"Kasama fiance n'ya." sagot ni pie, aguy kawawang Iris.

"Fiance lang naman 'yon ma'am, ako parin naman ang baby ni miss." nabilaukan ako dahil sa sobrang kakapalan ng mukha ni Iris jusko.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"Mahiya ka naman I." Pailing-iling na saad ni A.

"Paano mahihiya mas makapal pa sa libro mukha n'yan." Pang iinsulto naman ni K sa kanya.

Pero curious talaga ako, ni isang beses hindi kumontra si Everleigh sa kanya lalo na ang mga pinsan nito. Feeling ko nga mas gusto nila na binubwesit ni Iris si Everleigh e.

"I think there's no problem kung isasama sila. Kilala narin naman sila ng mga parents." Biglang singit ni Lorelei na nagpagulat sa amin.

Ito ang kauna-unahang pagkakataon na narinig ko s'yang magsalita na gano'n kahaba. Ang sexy pakinggan ng accent ni Lorelei pero mas sexy parin si Kitten ko.

"All right," pagsang-ayon ni pie.

"Yeeeheeeeey! Thank you po." Sana all magalang like keyboard.

"Hala ayaw mo siguro ma meet ko Fiance mo mommy no? ba't tahimik ka d'yan." ayaw talaga tantanan ni Iris si Everleigh.

"Shut up, kid."

"BAHAHAAHHAAHAHAHAHHAHA"

"Awts sakit, literal na kid." Sabi ko.

"May tanong po ako sa inyong lima." Napunta naman ang atensyon naming lahat kay Keyboard.

"What?" Sagot nit pie.

"Ano po gagawin n'yo sa jowa ninyo kung magseselos kayo, without actually saying it?" Anong trip ni unggoy at tinanong n'ya ang bagay na 'yan. Don't tell me may jowa na s'ya?

"Hala horsey may jowa ka?!" Bulaslas ni Sj.

"Tanga nagtatanong lang, curious ako sa gagawin nila. Okay na kay Ziallyn nagawa na n'ya kay Aaar eeeL." Sagot ni Kb sa kanya.

"What did you do, ZB?" Tanong ni Kathlyn.

"Pinakidnap n'ya po tapos pinaanod sa dagat." Si Ag ang sumagot sa kanya. Hindi naman nagulat ang mga pinsan ni baby sa sinabi ni A, expected na ata nila 'yon?

Si baby na chill lang kumakain na para talagang wala s'yang ginawang kahibangan.

"I will hang that person under the bridge." sagot naman ni Kathlyn. Nakakatakot naman 'to. Mas malala pa pala idea n'ya kaysa ka Ziallyn.

"Ano ba 'yan keybold!" si keybold bigla namutla gage anong meron.

"Grabe naman 'yan ma'am." Sabi ni Ag.

"Ba't ka namumutla? BAAHAHAHAHAHAHAHAHA" May kutob na talaga ako sa iniisip nitong pinsan ko.

"Wala may naisip lang." Pasimpleng sagot nito.

"Ikaw naman ma'am Lor?" Baling na tanong ni Sj sa kanya.

"I'll send that person to gege." sinong gege naman tinutukoy n'ya.

"Gege?"

"Her tiger pet." sagot ni kitten. Tangena, tiger?!

Wala na bang mas malala pa sa kanya? Do'n nalang siguro ako sa ipapaanod at ibitay sa ilalim ng tulay, wag lang 'yang ipahabol sa tiger, what the fuck.

"M-meron ka no'n miss?" kita ko pa ang pilit na paglunok ni Ag.

"Yes."

"Nakakatakot naman kayo kung magselos jusko." napailing nalang ako bago sinulyapan si kitten.

"Kawawa naman mga magiging jowa n'yo." patawa-tawa pa ang Kb hmm.

Dapat talaga umiwas na ako sa mga babaeng pinagseselosan ni baby at baka sa susunod ipatapon na ako sa kagubatan.

"Ikaw naman mommy anong ginagawa mo sa fiance mo kung magseselos ka?" tanong ni Iris kay Everleigh.

"Nothing." kumunot naman ang mga noo namin sa sagot nito.

"As in wala?"

"Ye, kid." Nothing sagot n'ya pero bakit parang iba naiisip ko? Nothing kasi hindi naman s'ya nagseselos parang gano'n.

"Nasampal mo na ba fiance mo ma'am?" tanong ni A.

"Never,"

"Aw baet naman pala mommy e, hindi nananakit pero bakit sinasaktan mo 'ko ha? Lagi mo 'ko pinipingot pag may kausap ako na babae tapos sinampal mo rin ako. Hala ako talaga siguro lab mo mommy e." napapikit nalang ako sa sobrang kahihiyan dahil sa pinagsasabi ni Iris. Hindi ba s'ya aware sa mga pinagsasabi n'ya sa harap ng mga Ponferrada?

"BAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHA"

Mga pinsan naman n'ya ngumisi lang, anong meron? baka naman gusto nila e share no.

"It's because you're annoying." Simpleng sagot nito.

"D'yan po nagsisimula ang true lab. Baka ako talaga lab mo mommy, hiwalayan mo nalang pala fiance mo." halos sabay kami naubo ng mga kaibigan ko liban lang kay Sj na panay ang tawa.

"Pwede BAHAAHHAHAHAAHHAHA"

"Feeler ka Iris, grabe na sa sobrang kapal 'yang pagmumukha mo hoy!" sabay hampas ni Keybold sa batok nito.

"Ano ba! bakit ka ba nanghahampas d'yan?! Hindi nga nag react si ma'am tapos kung maka react ka naman!" Iritadong sagot nito kay keybold.

"Whatever, kid."

"Ang dami mo na ngang babae, sa isang araw nakakailang babae kang nilalandi tapos ngayon gusto mo pa isama sa listahan si ma'am? luh asa ulol." Rebat ulit ni keybold sa kanya. Si Iris na hindi nakailag at bigla nalang natameme.

"Tiklop ka no? HAHAHAHAHAHAHAHA" Tawa ko.

"Ay anyways may sasabihin ako." Putol ni Sj sa usapan.

"Ano?"

"May surprise long quiz daw tayo bukas sabi ni pie." napahagalpak ako nang marinig ang sinabi n'ya.

"Bakit ka tumatawa ha?" Tanong niya.

"Surprise nga tapos sinabi mo pambihira HAHAHAHAHAAHHA" sagot ko.

"Syempre surprise lang para sa ibang classmates." Napaka demonyo nitong pinsan ko.

"Ayan ba 'yong sinasabi na special child dahil may jowa na professor?" Sabi naman ni K, at muling natawa dahil sa kanyang sinabi.

"Oo bakit ba? pasalamat nalang nga kayo sinabi ko. Ay isipin n'yo nalang na wala akong sinabi. Kalimutan n'yo nalang pala." Parang tanga naman.

"Gaga HAHAHAHAHAHAHAHA"

"Bilis naman ng oras nag bell na, parang kakaupo ko lang ah." Ni wala pa nga akong nakakain! kasalanan kasi ni kitten at ang tagal namin lumabas kanina.

"Where are you going?" Tanong ni pusa nang tumayo na ako.

"May pasok ako."

"You haven't eaten yet." Sabay tingin nito sa plato ko na hindi pa nababawasan ng pagkain.

"Mamaya nalang, kailangan ko na umalis at major subject sunod kong klase." Sabi ko't inayos ang mga gamit.

"Alis na 'ko, mamaya nalang ulit mga hangal. Bye po mga miss." Paalam ko sa kanila at aalis na sana

nang may nakalimutan ako kaya bumalik ako sa pwesto ni Zia.

"Bye pusa." at hinalikan s'ya sa kanyang pisngi.

"Hoy nakakawalng gana ka naman donkey! ang landi mo, lumayas ka na nga." Inggit lang 'tong si Sj, ba't hindi rin s'ya humalik sa dragon n'ya?

"Byeeeee," paalam ko at kumaripas na palabas ng cafeteria.

Mabuti nalang at wala pa professor ko nang makarating sa room. Nakita ko naman si Jem at agad na nilapitan ito.

"Jemimaaaaaa." tawag ko.

"Love, akala ko late ka na naman." Nakangiting sagot n'ya.

"Hindi no at baka bungangaan na naman ako ni miss." Sabi ko at umupo sa pwesto ko, seatmate lang kasi kaming dalawa.

"By the way love, birthday party ko na sa susunod na araw. I'm expecting you to be there okay?" Medyo nagulat ako sa sinabi n'ya, gage nakalimutan ko nga pala na birthday n'ya.

"Oo naman, pwede ba isama tropa ko?"

"Of course!" Agad na sagot nito.

"Okay, makakaasa ka." Nakangiti kong sagot.

"May tanong nga pala ako love, may nakalaban ka ba?" Tanong muli ni Jem na nagpakunot ng noo ko.

"Hmm wala naman? pero may isang tao na kinamumuhian ako. Si kokey, Loraine ba pangalan no'n?" Sagot ko.

"Bakit?" Tanong ko.

"Nakita ko kasi na parang may mga taong palihim na sinusundan ka. Especially do'n sa parking lot na mag isa ka lang. Lalapitan nga sana kita kaso may tumawag sa akin at no'ng bumalik ako ay wala ka na." Salaysay nito. Baka 'yong pinadukot ako ni Zia kaya nawala ako bigla ang tinutukoy n'ya?

Napaisip ako kung sino ang tinutukoy n'ya, hindi ba talaga prank 'yong mensahe na natanggap ko? Paano kung totoo talaga at may balak na magtangka sa buhay ko?

"Sa totoo lang Jem may natanggap ako message. It's a warning for me kasi may gusto magpahamak sa akin." Pagbabahagi ko sa kanya.

"What?! sino naman ang gagawa n'yan sa'yo?" Kunot noo nitong tanong.

"Hindi ko nga rin alam e, dalawang tao lang talaga ang naisip kong pwede gumawa no'n. Ang ex ko at si kokey." Pero wala naman akong evidence na magpapatunay no'n.

"Ako ang makakalaban nila pag may nangyaring masama sa'yo love. Hinding hindi ako papayag na mapahamak ka." Ramdam ko ang gigil sa boses ni Jemima, seryoso nga talaga s'ya sa sinasabi nito.

"Thank you Jem. Ang swerte ko talaga sa'yo." Nakangiting saad ko at nagtaas baba ng mga kilay.

"Always remember that you can rely on me. I'd do everything for you." She's so sweet. Ang swerte ng taong magiging asawa si Jemima.

"If something happens tawagan mo ako okay? Kahit saan at kailan pa 'yan ay dadating ako." Bapangiti narin ako sa sinabi nito. She's one of a kind.

"Opo mama." pabirong sagot ko.

"Pft mama ka d'yan." Cute n'ya talaga pag nagpaikot ng mga mata.

Naputol ang pag uusapan namin sa biglang pagpasok ng professor. Akala ko pa naman may surprise quiz kaya nagmadali ako. Review lang daw pala at sa susunod na meeting na kami mag lo-long quiz.

Medyo inaantok ako kaya naisipan ko na kunin ang phone at e message si kuting, malapit narin naman matapos ang klase. May pasok ba 'yon ngayon? ma prank nga saglit.

RL
Zia,

Napangiti ako nang makita na typing na s'ya, wala siguro pasok ang pusa.

Baby Kitten ?
Zia? ?

Pft haha cute.

RL
Yes, Listen.

Baby Kitten ?
?

RL
I gotta say what's on my mind.

Baby Kitten ?
What?

RL
Something about us doesn't seem right these days.

Baby Kitten ?
What are you talking about Rochelle?

RL
Life keeps getting in the way.

Baby Kitten ?
So what are you trying to say?

RL
Whenever we try somehow the plan is always rearranged.

Baby Kitten ?
Explain.

RL
It's so hard to say, but I gotta do what's best for me.

Baby Kitten ?
Are you breaking up with me Rochelle Love Vequezo?!

RL
You'll be okay. ??

Baby Kitten ?
So you're breaking up with me huh?

RL
I've got to move on, and be who I am.

Baby Kitten ?
Rochelle, If you dare to break up with me. I swear to God, I'm gonna kill you.

Omg! itutuloy ko pa ba? Mukhang nakakatakot na at baka ma meet ko ng wala sa oras si San Pedro, ay bahala na prank lang naman e.

RL
I just don't belong here. I hope you understand.

Hala hindi na n'ya na seen message ko?

RL
We might find our place in this world someday. But at least for now.

RL
I gotta go on my way.

Nawala ang pusa, pambihira. Kung kailan naman nag eenjoy na ako--

"Rochelle!"

Napalundag ako nang marinig ang galit na pagsigaw ni Zia sa pangalan ko at nagpatayo ng aking mga balahibo.

Hala potangena, bakit nandito si baby at kulang nalang balatan n'ya ako nang buhay sa matatalim nitong tingin.

"Miss Ponferrada." Tawag sa kanya ni Professor ngunit tila ba para lang itong hangin at kanyang nilampasan.

"Excuse me." Ramdam ko ang agarang panlalamig ng katawan habang sinusundan ng tingin si kuting

na ngayon ay madilim ang mukhang papalalapit sa akin.

Tangena mukhang wrong move ako sa prank na 'yon.

"Z-Zia," parang may nagkakarera sa dibdib ko dahil sa bilis ng pintig ng puso ko.

She suddenly grabbed my wrist and dragged me out of the classroom.
Napapangiwi na ako sa sobrang higpit ng paghawak ni kuting sa wrist ko.

"B-Baby." Nanunuyot lalamunan ko sa kaba lord, ang lamig sobrang kamay n'ya huhu. Pinasok n'ya ako sa isang empty room na katabi lang ng classroom ko.

"Do you wanna die?" Namutla ata ako bigla sa tanong na may halong pagbabanta.

"K-kitten, I was just joking. Prank lang 'yon." Pagpapaliwanag ko.

"You playing with me?" Lord, guide me po na sana malampasan ko ang isang Ziallyn na umaapoy na sa sobrang galit.

Nilakasan ko na talaga ang loob na hawakan ang dalawang braso nito at hinila palapit sa akin upang yakapin.

"Noooooooo, I'm sorry baby kitten. Sinubukan ko lang 'yong prank lyrics na nakita ko." Malambing na bulong ko habang niyayakap s'ya upang pakalmahin.

Pero hindi ko talaga maiwasan na hindi kabahan lalo na 'di ko alam paano papakalmahin 'tong puso ko na kanina pa nagiging abnormal.

"Kitten namaaaaan, wag ka naman ganyan kung makatingin natatakot ako e parang papatayin mo na ako sa mga tinginan mo." she hissed and slapped my face huhu.

"Try to break up with me. It'll be your death." langya mapanakit masyado pero gusto ko 'yan, love naman pala ako e.

"Hehe sure, hindi naman mangyayari 'yan. Kiss mo nalang pisngi ko masakit masyado pagkasampal mo." Sabi ko at inilapit sa kanyang mukha ang pisngi ko.

She glared at me first pero ginawa n'ya rin naman ako halikan, cute.

"Konti nalang baby pagkakamalan na kitang obsessed sa akin." I said and patted her head. Hindi na n'ya tinatabig ang kamay ko unlike before at hinahayaan na ako sa gusto kong gawin.

"Let's go, hindi ka pa kumakain." Sabi niya saka hinawakan ang kamay ko tapos kinaladkad palabas. Ang hilig na n'ya kaladkarin ako ngayon ha.

Sakto tumunog mag bell at halos kasabayan lang namin ang mga classmates kong lumabas ng classroom. Hindi ko na tuloy naabutan si Jemima.

So kinaladkad n'ya ako muli rito sa cafeteria upang pakainin. Pwede ko na pala s'ya maging mommy e. Kaso nga lang kanina pa ako naaalibadbaran sa mga taong nakatingin sa kanya especially guys.

Sexy naman kasi masyado ni baby kahit naka-krus lang ang legs tapos nagbabasa nang libro makukuha

parin ang atensyon mo.

She's reading the think and grow rich by Napoleon Hill. You can achieve anything you conceive and believe ha.

"Sarap pagsusuntukin tss." Bulong ko sa sarili.

"Who?"

"Did I say that loud?" Akala ko sakto lang, 'yong ako lang makakariniig.

"What's with the frown Rochelle?" Tanong ni kuting at ibinaba muna ang binabasa na libro.

Hindi ako sumagot at taas kilay na tiningnan ang mga lalaki na katapat lang nitong table namin na kanina pa panay tingin sa pusa ko.

"Stop murdering your food." Hindi ako nakinig at patuloy parin sinasaksak gamit ang tinidor 'yong pagkain.

"Rochelle,"

Lilingon na sana ako nang bigla nalang hawakan nito ang magkabilang pisngi ko. Kung na shock ako ay mas nagulat naman ang mga taong nakasaksi sa ginawa ni Zia.

"Omg!"

"Look!"

"Wow!"

She kissed me! it was just a smack kiss pero grabe 'yong impact n'ya tangena. Tulala at bahagyang nakaawang ang labi ko nang humiwalay ito sa akin.

"Now, happy? stop frowning and finish your meal." She smirked and gently slapped my face, para akong nanalo sa lotto!

"Have you called your mom?" Balik na ulit s'ya sa pagbabasa.

"Na message ko na si Mimi, baby." Agad na sagot ko. Okay na ulit mood ko, sinulyapan ko muli ang mga lalaki at nginisihan. Sorry nalang kayo at ako ang nanalo.

"Are you using the car?" Paano n'ya nagagawa mag focus sa binabasa habang may kausap?

"Hindi pa baby pero 'yon gagamitin ko mamaya."

"I'll pick you up later." Sagot niya kaya naguluhan ako.

"Alam ko naman bahay n'yo kitten, no need na po."

"Hindi tayo sa bahay mag di-dinner." Ay hindi pala.

"Sige." hindi naman ako mananalo sa kanya kung makikipagtalo pa ako diba.

Pagkatapos ko kumain ay hinatid ko na si Kitten pabalik ng office n'ya, ako naman ay umuwi muna sa bahay upang sabihan si mimi. Hindi ko talaga s'ya na message kanina at palusot ko lang kay pusa 'yon. Ginamit ko narin ang kotse na bigay n'ya at baka magalit na naman pag nalaman na bike ang ginamit ko.

"Mimiiiiiiiiii!" Sigaw ko agad pagkapasok ng bahay.

"Honeeeey!" Sigaw n'ya mula sa kitchen kaya agad akong nagtungo. Hala nagluluto s'ya? bigla tuloy akong na guilty at hindi matutuloy ang dinner namin tonight dito sa bahay.

"Mi may sasabihin po ako." Kalabit ko sa kanyang likod.

"Is she coming?" Ang saya pa naman masyado ni Mimi with matching kanta pa, paano ko ba sasahinin?

"Mimi, actually nagpunta ako rito para ipaalam sa'yo na isasama tayo ni Zia tonight sa family gathering nila." Pagkasabi ko no'n ay bigla nalang nahulog ang sandok na hinawakan niya.

"Honey bakit ngayon mo lang sinabi omg!" Para s'yang bata na hindi alam ang gagawin at nagtatakbo paikot-ikot sa akin.

"I need to buy a dress! Bye honey." pambihira naman 'tong si mimi at iniwan nalang akong mag-isa. Mas excited pa ata s'ya kaysa sa akin e. Pati niluluto n'ya iniwan nalang ng basta.

Pagkatapos ko iligpit ang kalat niya ay napagpasyahan ko muna umakyat sa kwarto at matulog. Medyo maaga pa naman at iidlip muna ako saglit, mamaya nalang din ako maghahanap ng susuotin.

Papikit na ako nang tumunog cellphone ko. Napakunot ang noo ko dahil 'yong unknown number na naman ang nag sent ng message.

Unknown
Don't go to your friend's party.

Sino tinutukoy nito, si Jem ba?

RL
Sino ka ba at bakit alam mo ang bagay na 'yan?

Unknown
Kumikilos na sila. Mag iingat ka.

Gulong-gulo na ako dahil wala akong alam kung bakit may pagtatangka sa aking buhay.

RL
Sila? bakit nila ako gusto itumba?

Unknown
Inagaw, business, selos, inggit, pagkamuhi. Wag magtitiwala.

Potangena ayaw nalang sabihin ng diretso at gusto pa ata gawin akong manghuhula.

Unknown
You better take care tonight.

Sumasakit ang ulo ko kakaisip sa mga pinagsasabi n'ya. I trust my friends at alam kong hindi nila ako kayang saktan. Itutulog ko nalang muna 'tong ulo ko at baka lumala pa.

*

"Honeeeey!"

"Wait Mimi! palabas na po."

"May magandang babae na dumating! Isa do'n sa tumulong sa akin." Sigaw n'ya mula sa labas ng pinto. Ang slow naman at hindi agad gets na daughter in-law n'ya 'yong dumating.

"Mimi, that's my girlfriend. Wag mo iwanan at bababa na ako."

"What?!" dinig ko pa ang tunog ng takong n'ya habang tumatakbo palayo.

Sinuri ko muna muli ang sarili sa harap ng salamin bago bumaba. Since sinabi naman n'ya na anything that makes me comfortable kaya nag semi formal nalang ako.

A black polo long sleeve naka tucked in sa black trouser pants ko and as usual my favorite white sneakers. Tinupi ko nalang din ang sleeve hanggang siko para mas comfortable.

Okay mukhang presentable naman hitsura ko, plus points nalang siguro kagandahan ko. Bumaba narin ako at baka naiinip na si kuting ko. Pagkababa ko ay nakita ko sila Mimi at Zia na masayang nag uusap.

"Mimi, Baby kitten." Nakita ko ang pagkagulat sa mukha n'ya nang tawagin ko s'ya. Sinadya ko talaga tawagin ang kuting ng gano'n.

"Wow!" Sambit ko nang makita ang suot ni baby kitten ko.

She's so sexy wearing this black long slit tube dress habang naka half up criss cross ang buhok nito. Mahilig si pusa ng mga ganitong style, 'yong may slit sa gilid. Pambihirang cleavage talaga 'yan at sobrang mapang-akit!

"Baby kitten ang ganda at sexy mo. Diba tama ako, Mimi?" Tanong ko ngunit nasa pusa parin ang aking paningin, si baby naman ang bilis pamulahan.

"Of course! you should treat her right honey. I want her to be my daughter-in-law okay?" natawa tuloy ako sa sinabi ni mimi samantalang si kuting napakagat labi nalang.

"Oo naman mi, pinaghirapan ko kaya maging akin 'yan. Baliw na siguro ako kung pakakawalan ko pa diba?" I love teasing Zia, si Mimi lang pala kailangan ko upang hindi masampal e.

"Ma'am, I'm sorry for the way I acted back then. I thought you were one of her strawberries." I'm kinda surprised by her words. At ayan na naman ang strawberry na 'yan.

"Don't worry honey, drop the ma'am. Just call me mimi." si mimi na may malawak na ngiti sa kanyang labi. Ngumiti lang at tumango si kuting bilang tugon.

"Tara na, baka ma late pa tayo." Sabi ko saka hinawakan ang kamay ni Zia.

Since dalawa lang naman kasya sa kotse ni Zia ay si mimi nalang ang pinagamit ko sa kotse ko. Ako

narin ang nagmaneho syempre. Halos mag isang oras din ang naging byahe namin bago makarating, si baby na tahimik lang buong byahe.

"Baby, wait." Pigil ko nang lalabas na sana ito.

"Hmm?"

"You're gorgeous." I pulled her for a kiss.

My smile widened as she reciprocated the kiss instantly. Her hands held my face, intensifying the kiss, our lips moving in harmony. The passion of our kiss was so intense that I felt as though I might pass out at any moment. A powerful electric sensation coursed through my whole body, making my blood rush through my veins at an exhilarating pace.

Her kiss was heavenly, and I couldn't get enough. Her lips moved aggressively against mine, and she gently bit my lip before her tongue invaded my mouth with passionate intensity, sending shivers of pleasure cascading through my entire body.

"Ahh Zia," Shocks! Halos maubusan ako ng hininga.

Tangena naman ni pusa at hindi ko alam na expert pala sa halikan. Bigla tuloy uminit buong katawan ko. Medyo nagulat ako nang makita ang namumungay niyang mga mata, mukhang hindi lang pala ako ang uminit.

"Baby," malambing kong bulong saka hinaplos ang pisngi niya. I smiled matapos niya hawakan ang kamay ko at humalik sa aking palad.

"Let's go, love," she whispered before placing another gentle kiss on my lips. I felt like I was on the brink of going insane.

Crazy,

CHAPTER 26 (HOLY CHAPTER)

-

Hindi ako na informed sa grandparents n'ya pala destination namin. Sobrang lawak ng hacienda nila jusko at malulula ka nalang sa sobrang ganda at laki nitong mansion nila.

"Kitten, hindi mo naman sinabi na buong angkan n'yo pala ang kasama." Bulong ko sa kanya nang makababa na sa kotse.

Chill lang s'ya ha samantalang ako abot langit na ang kaba. Baka mamaya pag sinabi ni Zia na jowa ako nito ay may humabol sa akin ng machine gun.

"Wala pa ba ang mga kaibigan ko?" Tanong kong muli.

"Nasa main gate na." So 15 minutes pa hihintayin namin bago sila makarating.

"Honey," nakalimutan ko na naman tuloy na kasama pala namin ina ko.

"ZB," napalingon kami sa babaeng tumawag sa kanya, wala parin talagang kupas ang ganda ni tita Shirley.

"My," salubong niya sa ina saka humalik sa pisngi.

"Good evening po, Tita." Nakangiting bati ko sa kanya, hindi naman s'ya nagulat at mukhang inasahan na talaga ang pagdating namin.

"Tita girlfriend ko na po si Zia. Wala man lang ba akong congrats?" their eyes widened in shock dahil sa biglaan kong sinabi.

Bakit pa ako mahihiya diba? Total dinala ako ni Zia dito at ang mommy ko, meaning lang no'n ipapakilala n'ya ako. Hindi naman sa pagmamayabang pero maganda naman ang magiging future in-law nila.

"R-Really?!" Bulaslas nito sabay tutop ng kanyang bibig at tingin sa anak.

"Yes. This is mimi, her mother." Pakilala naman nito kay Mimi.

"Omg! I'm incredibly happy that you've finally found someone to love." Si tita mukhang teenager na kinikilig, pambihira at pati tuloy ako kinilig.

"Who is this unbelievably beautiful foreigner?" Nakangiting tanong ni tita kay Mimi.

"Good evening Mrs. Ponferrada. Nice to mee you, I'm Rochelle's mother, Michelle Vequezo." Pakilala ni Mimi sa kanya at inilahad ang kamay.

"M-michelle?! The Hollywood actress?!" gulat ako sa pagtili ni tita Shirley. Pero gage anong sabi n'ya?! Hollywood actress?!

"H.A ka mimi?" para akong tanga na tinanong ang sariling ina. Bakit hindi ko man lang alam na actress pala s'ya?!

"Hindi mo alam? s'ya ang gumanap bilang Alia sa series na love me." Pag papaliwanag ni tita ngunit wala akong alam sa sinasabi n'ya. Series? Love me? Jusko at hindi ko alam 'yan!

"Mimi?" Baling kong muli sa kanya.

"Hehe sorry honey, secret lang muna sana." hindi ko alam kung ina ko ba talaga s'ya o kapatid. Ang buong akala ko pa naman kaya s'ya palaging wala ay dahil sa business.

"Pambihira Mimi, anak mo ba talaga ako? Nakakatampo ka naman at kay tita Shirley ko pa talaga nalaman ang bagay na 'yan."

"Sorry honey don't be upset." Dinaig pa n'ya jowa ko kung makalambiting sa leeg ko jusko.

"Oo na, bitawan mo ako at baka magselos ulit si baby kitten ko sa'yo." Nakangising sabi ko at tiningnan si baby na ngayon tahimik lang sa gilid, ay bakit maypakagat labi ang kuting na 'yan?

"Oh my bad haha, sorry dear. She's all yours don't worry." she's teasing my kitten again. Maypa kindat pang nalalaman 'tong ina ko.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA" Biglang hagalpak ni tita.

"Really ZB? pinagselosan mo mommy n'ya?" langya lakas mang asar ni tita Shirley.

"My stop, hindi naman kasi sila mukhang mag ina dahil sa bata nang hitsura ni mimi. Kaya akala ko isa sa mga babae ni Rochelle." straight to the point ang kuting n'yo.

"Omg! HAHAHAHAHAHA" Isa pa 'tong ina ko, dalawa na silang pinagtatawanan si pusa, kawawa naman at pinagtulungan ng dalawang ina.

"Mimi at tita naman pinagtatawanan si kitten ko, baka kung ano na naman isipin nito mamaya at tanungin ako ng mga tanong na hindi ko alam." nilapitan ko na si Zia at hinawakan ang kamay. Napatingin ako sa kanya nang maramdaman na nanlalamig ang palad nito, gage si pusa kinabahan ata haha.

"Okay stop, Don't call me tita, call me Mommy/my." palihim akong nagdiwang ng sabihin n'ya 'yon. Yes naman at pabor sa akin si Mommy Shirley ko.

"Yes po." Agad na sagot ko sabay kindat kay Zia.

"Aaaaaaaaar eeeeeeeeeL." finally they're here.

"Titaaaaaaa Shirleeeeeeey!" Para naman mga bata 'tong apat at nagtatakbo palapit sa amin pagkababa ng mga sasakyan.

"Girls! I'm happy to see you again. May surprise ako sa inyo. Tara na sa loob." Surprise attack tawag d'yan mommy. Pero ano 'yong surprise n'ya?

Pagpasok ng bahay ay may mga maids at butlers agad na sumalubong sa amin. Daig pa ata mafia boss sa pag welcome what the heck. Huminto kami sa isang malaking pinto, ba't kaya bigla akong kinabahan?

"Love," bulong ni Zia.

"Yes?" Tipid lang ang ngiting binigay ko since hindi talaga ako mapakali.

"Don't be nervous." Mas lalo pa nitong hinigpitan ang paghawak ng kamay ko.

Bumukas ang pinto at ang una ko talagang nakita ay isang matandang lalaki na nakaupo sa pinakadulo nang long table. Sa tingin ko s'ya ang lolo na sinabi ni Ziallyn sa akin noon.

Nandito rin ang demogons at mga parents nila syempre. And my eyes widened when I saw the triplets! They're here?!

"Sorry we're late." Sabi ni mommy shirley.

"Iris!" bulaslas ni Helari at agad na tumayo upang yakapin si I.

"Hala tita hindi mo naman sinabi na nakauwi pala ang triplets." Salita ni S.

Si Helari mukhang wala atang plano bumitaw kay Iris. Hindi ko maipaliwanag ngunit bigla nalang hinanap ng mga mata ko si Everleigh. At ayon nga s'ya, nakatingin sa direksyon nila Helari na ngayon yakap-yakap ang kaibigan ko.

"Kaya nga sabi ko surprise haha. Sige na maupo na kayo." Sabi nito sa amin.

Pinaghila ko muna nang upuan ang Mimi ko bago si Ziallyn, mother's first tayo syempre.

"Who are they?" Nanindig balahibo ko sa sobrang lamig ng boses no'ng lolo ni Ziallyn.

"Dad, sila 'yong mga bata na sinabi ko sa inyo." Sagot ni tita helen sa kanya.

"Akala ko family dinner to?" biglang sabat no'ng lalaking katabi ni Everleigh. Pogi s'ya ha at masasabi mo talagang business man din dahil sa suit na suot nito.

Walang naglakas loob na magsalita. Nagkatinginan naman kami ng mga kaibigan ko at sasagot na sana si Sj nang biglang magsalita si Iris.

"Who you?"

Narinig ko pa ang mga hagikhik ng kaibigan habang nakababa ang mga ulo. Oo kasi gano'n din ginawa ko, gagang Iris to.

"I'm Brenton, Everleigh's fiance." may halong pagyayabang at hamon ang tono nang pananalita nito.

"I'm Iris, miss Everleigh's baby." matapang na sagot nito. Gago lumalaban ang Iris namin.

Sa sobrang pigil ng tawa ay napatakip nalang kaming apat ng mga mukha. Gusto ko na tumawa nang malakas.

Naramdaman ko ang pagpisil ni baby sa kamay ko kaya napalingon ako sa kanya habang nagpapahid ng mga nangingilid na luha.

"Everleigh's what?" he asked in disbelief.

"Baby, are you bingi ba?" Buong diin kong kinagat ang dila dahil muntik na akong humalakhak ng

malakas dahil sa sarkastikong sagot ni Iris,

"Don't mind her." sagot ni Everleigh sa fiance nito. Aguy kawawang Iris.

"Kaibigan ng fiancee ko, and Zb's girlfriend." Singit ni pie sa usapan nila.

"What?!" Sabay na bulaslas ng mga kambal at tita helen.

"Lolo, this is my girlfriend. Rochelle love and mimi, her Mother." shit at ayon na nga, pinakilala na ako sa buong angkan. Potangenaaaaaaa gusto kong sumigaw sa sobrang kilig at kabaaaaaaaa.

"This is is my fiancee lo, Shara Jane." pakilala naman ni pie kay Sj.

Lihim kong ninakawan ng tingin ang mga tao sa long table na 'to. At ang masasabi ko lang ay gulat sa mukha ang tangi kong nakikita dahil sa sobrang pagkabigla.

"Ako rin po, kaso sumakabilang lalaki pa future wife ko." Binato ko si Iris ng isang babalang tingin dahil baka tuluyan na akong humagalpak kapag nagpatuloy pa siya.

"I have another question." Tanong na naman ni baby habang naglalakad kami patungong golf course.

"Ano 'yun?"

"What's your favorite flavor of pancit canton?" Bahagya akong nagtaka sa tanong, kumakain pala s'ya ng mga ganyan?

"Hmm, chili mansi baby." agad na sagot ko.

Masarap kaya chili mansi.

"So you like sour spicy?" seryosong tanong nito.

"Oo,"

"How about the original?" tanong n'ya. Hmm meron palang original? anong kulay o flavor ba 'yong original n'yan?

"Hindi baby, I don't like the original." rason ko nalang sa kanya kahit hindi ko pa natikman. Napangiwi ako nang may bumaon na kuko sa likod ng palm ko.

"Really?"

"Yes po, opo."

"Ah gano'n." Awtomatikong napalingon ako sa kanya dahil sa biglang pag-iba ng tono n'ya.

"Bakit kitten? Gusto mo kumain?" Kamot ulo kong tanong sa kanya.

"So you prefer chili mansi over the original, huh?" She questioned with a sarcastic tone. My eyes widen when I realize that the seemingly innocent question was just another test!

"B-Baby teka sandali, pancit canton lang naman topic natin diba?" Kabado bente kong tanong, jusko bakit ba naghahanap na naman ng gulo 'tong mahal ko.

"That's why you don't like the original because it has a plain flavor." Pati ba naman pagkain pagseselosan!

Teka nga masakit na masyado ang mga kuko ni baby at mas lalo pa n'yang diniinan. Gigil naman s'ya masyado sa canton na 'yan huhu.

"Syempre pagkain lang naman 'yon kaya hindi talaga ako mag i-stick sa original Kitten, mas masarap kasi 'yong chili mansi. Ba't na naman kasi ganyan tanong mo." Depensa ko dahil ang pusa hindi na maipinta ang mukha. Masasampal na naman ata ako nang wala sa oras nito.

"No, you like chili mansi right? Magsama kayo." She hissed and let go of my hand then pushed me. Pambihira at iniwan na naman akong mag-isa! Letche naman 'yang pancit canton na 'yan at may original pa!

"Kitten!" Sunod ko sa kanya.

"Don't follow me." Napatigil ako sa pagsunod sa kanya ng dinuro n'ya ako kasabay ang isang nakamamatay na tingin. Napailing at sabunot nalang ako sa ulo, kainis!

Hinayaan ko nalang muna s'ya at tinungo mag isa ang golf course. Tapos na ba sila maglaro? nakatambay nalang kasi ang AKRIS kasama si Lolo sa tent at nagtatawanan.

Sana all mga payaso.

"Nandito ka na pala R, nasaan ang apo ko?" Tanong ni lolo ng makalapit ako sa kanila.

"Lolo tinoyo na naman po ang apo n'yo. Pahamak na pancit canton 'yan, pwede ba ipasara na natin ang factory ng noodles na 'yan?" Nakangusong sumbong ko sa kanya. Tinawanan lang ako ng mga to, pangit ka bonding.

"Bakit? Anong meron sa noodles?" Inosenteng tanong ni lolo.

"Ay basta lolo, tinanong n'ya kung ano gusto kong flavor at nagalit s'ya kasi hindi ko pinili ang original." Napabuntong hininga ako, na depress ako bigla. Pambihirang pusa naman kasi! Saan ba n'ya nakukuha ang mga ganyang tanong.

"HAHAHAHAHAHAHAHA." Tinawanan lang din ako ni lolo tsk.

"Kawawa ka naman donkey BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Isa pa 'to, makaka-saksak na talaga ako pag hindi nag tigil 'to.

"Wag ka na malungkot may kwento ako AHAHAHAHAHAHAHA." Anong kwentong barbero ang hatid nito?

"Ano?"

"Hindi ba no'ng nasa sekong at nalasing kami pinauna namin kayo kasi mag ta-taxi nalang kami?" ah 'yon sigurong broken hearted si Iris kasi nalaman na may fiance si Everleigh at boyfriend si Helari. Double kill ang Iris.

"Oh tapos?" tanong ko. Si lolo naman abala lang sa pagkakape n'ya habang nakikinig sa usapan.

"Hindi ako lasing no'n so nag taxi kami, kunyari lasing ako at sinabi sa driver ang location. Nagtaka ako kasi hindi umandar ang kotse pero hinayaan ko nalang dahil baka sumuka ako pag bigla n'ya pinaandar. Teka natatawa ako BAHAHAAHAHAHAHAHHAAHAHA." tangena nito wala pa nga s'ya kinu-kwento natatawa narin kami.

"Tapos ano haaaay jisaaaas. Nagulat ako nang sabihin nito na nakarating na kami sa lugar. Magsasalita pa sana ako that time nang may inabot nalang bigla na pera si Ag, si Iris naman nagpasalamat sa driver at sabay sila na bumaba...gage BAHAHAHAHAHAHA tapos, tapos si keybold parang tanga kasi bigla nalang n'ya sinampal si kuyang driver. Sabay pa kami ni kuya napangiwi no'n dahil sa lutong ng sampal..."

"Then kabado na siguro si kuya no'n dahil baka alam ni keybold ang ginawa nitong pandaraya. Pa inosente pa nito tinanong kung ano ang nagawa n'ya bakit bigla nalang nanampal ang monkey..."

Si lolo nasamid sa iniinom na kape. Gusto ata patayin ni Sj sa kakatawa 'tong si lolo.

"Tapos itong si keybold nagsisigaw sa loob at sinabi na. **Control your speed next time, you nearly killed us! Sabay balibag n'ya nang pinto pagkalabas**."

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"HAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA."

"Di nga?" Si keybold na nagulat sa sarili nitong ginawa.

"Oo, BAHAHAAHHAHAHAAHAHAHA."

Jokerist masyado, mga loko.

"Wow nag english s'ya HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." Naloko na.

"Kaya pala paglabas ko parang familiar pa rin ang lugar HAHAHAHAHAHA." Hagalpak ni Iris.

"Kawawa naman si kuya driver pero deserve." sabi naman ni A.

Nagiging happy pill na ata kami ni lolo, wala atang oras hindi s'ya tumatawa sa tuwing kami ang kasama, mga baliw ba naman.

"Lolo bored ka po ba?"

"Wala ka ba gagawin today lolo? Gusto mo mag experiment tayo?" Anong kalokohan naisip ni Sj at pati si lolo dinamay na n'ya?

Napatingin naman si lolo sa suot nitong relo. "Wala, pero may meeting ako after lunch. Ano ang gagawin?" Sagot nito kay S.

"Tara lo, gawin natin 'yong social experiment na nakita ko. Billionaire pretending to be a homeless." Napanganga nalang kami sa gusto nitong ipagawa kay lolo. Tangena ang kapal ng mukha i-dogshow ang isang katulad ni lolo!

"Hoy babe HAHAHAHAHAHAHAHA."

"Tapos ano lolo, gagawin mo lang kunyari hihiram ka ng cellphone sa isang stranger tapos pag may nagpahiram sayo tawagan mo kami at susunduin ka namin gamit ang mga sasakyan namin kasama ng limousine mo. Then kung sino 'yong nagpahiram sa'yo ng selpon bigyan natin pera, ano lolo game ka ba sa show na gagawin natin?" Bakas sa mukha ni lolo ang pagkagulat. I'm speechless!

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA." Naloko na at pati si lolo nababaliw na sa kakatawa.

"Grabe ka S, pati si lolo hindi mo pinalampas." Sabi naman ni A.

"Sige magandang idea 'yan. Tara, ano ba ang dapat gawin?" G na g ang lolo namin ah.

"Syempre lolo magiging mukhang pulubi ka sa kanto. Taong grasa parang ganern pero make-up lang ilagay natin sa mukha mo." Hindi ko kinaya at napa hagalpak narin, mukhang magiging masaya ang araw na 'to.

"Okay let's prepare, do'n tayo sa office ko HAHAHAHAHA." Nauna na tumayo ang matanda at agad naman namin sinundan.

After an hour ay natapos din kami sa preparations. Si lolo mukha na talaga s'yang taong grasa dahil sa ginawa ni S sa mukha n'ya. Butas-butas na mga damit, magulo at mahabang wig, 'yong mukha n'ya na napuno nang uling. Tangena bakit uling nilagay sa mukha n'ya hahaha, may suot din s'yang pampers na ginawang headband potangena.

Paglabas namin ng office at dating sa living room ay hindi nakilala si lolo ng kanyang sariling pamilya, pambihira.

"D-Dad?" Kunot noo na tanong ni Mommy Helen, demogons naman napatampal nalang sa kanilang mga noo.

"HAHAHAHAHAHAHA." Lakas maka tawa ni lolo, excited s'ya masyado ha.

"Bakit ganyan ang hitsura mo dad? A-anong gagawin mo?" Naguguluhan na tanong ni Mommy Shirley.

"Really CCB? My grandfather?" Taas-kilay na tanong ni Lorelei.

"Bored daw po kasi si lolo ma'am kaya ayan, mag sosocial experiment daw kami." Sagot ni S sa kanya.

"Gosh lolo, unbelievable." Pft cute kitten. Galit parin 'yan sa akin e!

"HAHAHAHAHAHA sige na at aalis na kami. Maiwan na namin kayo. Tara na AKRIS."

"Wait, kasama kayo?" Tanong naman ni Everleigh.

"Yes mommy, sama ka po?" Makapal ang mukha tawaging mommy ito sa harapan ng mga Ponferrada.

"N-no."

"Have fun lo." Buti pa 'tong si Kathlyn.

"Tara na HAHAHA."

Nagpaalam kami sa kanila. Dito na sumakay si lolo sa sasakyan ko. Drop nalang namin s'ya mamaya sa daan na walang gaano makakakita.

"Lolo smile ka, remembrance." sabi ko at itinapat ang camera sa mukha n'ya.

Tawanan lang kaming dalawa sa loob ng sasakyan pagkatapos ko s'ya kuhanan ng litrato.

Literal na dogshow, ito na ata ang pinakamalala na pinagawa ni S. Pogi naman ng lolo na 'yan.

"HAHAHAHAHAHAHAAHHAHAHA." Naloko na at panay tawa nalang kaming dalawa.

"Pogi ko parin no?" Sige na lang nga.

"Oo lo, kahit mukha kang masamang elemento dahil sa itsura mo. Pogi parin po." Sabay thumbs up ko at binuhay ang makina ng sasakyan. Tawa lang s'ya e.

Hindi ko lubos maisip na ang isang katulad ni lolo. Isa sa pinakamayaman at makapangyarihan sa buong pinas ay dinogshow lang ni SJ, potangena talaga hahaha.

Una naming target ay sa labas ng mall, sinadya talaga namin sa maraming tao. Nagsuot kami ng mga earpiece since nasa kanya-kanya kaming mga sasakyan.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHHAHAHA." Kanina pa tawa nang tawa 'tong si baliw. Si lolo kanina pa kasi s'ya ikot nang ikot para manghiram ng phone kaso walang nagpapahiram.

"Naka live ka na ba A?" Tanong ko sa kanya. Mag live daw kami sabi ni S para maiba naman daw.

"Oo, ang daming viewers tingnan n'yo."

"Saan ka ba naka live? Add n'yo nga ako sa twitter mga hangal same lang din sa TikTok ko, blackmarbles94 dali!" Daming socmed acc!

"Sa fb ako nag live gage."

Pagbukas ko nang live ni Ag ay sobrang daming viewers jusko. Pati mga demogons napa comment nalang sa kagagahan nila.

"BAHAHAHAHAAHHAHA basahin n'yo comments nila pie, si mommy Irene ko nag comment din."

"Sabi pa ni mommy Everleigh ko magbabayad daw tayo mamaya sa ginawa natin kay lolo. Halaka, baka pwede bed scene nalang pambayad ko no?" Nagsimula na naman kami magtawanan dahil si Iris, hindi ko na talaga s'ya kakayanin.

"Tangena natatawa ako sa sako na ginawang bag ni lolo huhu." Taas na masyado ng sungay ni Sj.

May natanggap akong message kay kitten. Kaya mabilis ko itong binuksan.

Baby Kitten ?
What are you doing?!

RL
Ay nanonood ka live baby?

Baby Kitten ?
Oh my gosh Rochelle Love! Not just me but the whole family!

Hindi ko alam kung matatawa ako o kakabahan sa message ni Kitten. Buong angkan pa talaga nanonood. Ano, paano naman nalaman ng iba na si lolo 'yan? Baka sinabi nila? Gage patay kami nito.

RL
Hala baby si lolo talaga nag suggest n'yan.

Wala akong ibang mairason, sorry lo.

Baby Kitten ?
?

"Gago mapapatay ata ako ni pusa mamaya, galit na galit ang baby ko." Bulong ko.

"Okay lang 'yan Aaar eeeL, may 6 respawn ka pa naman." Ginawa pa ngang online game buhay ko.

"Hoy may nahiraman na si lolo na phone. Tumatawag na s'ya now." sabi ni I sa kabilang linya.

"Tara na, naibalik na ni lolo ang phone."

Pinaandar na namin ang sasakyan at sunod-sunod hanggang sa makarating kami sa pwesto ni lolo.

"Labas na BAHAHAHAHAHA."

Nag unahan kami sa paglabas at agad nilapitan si lolo. Grabe, daming tao nakapalibot at kumukuha ng mga litrato. Limousine ni lolo nasa pinakahuli sana all pulubing billionaire.

"Lolo!" Tawag namin sa kanya.

Gusto kong tumawa kasi 'yung itsura ng mga tao na nilapitan niya kanina at tinanggihan s'ya ay ngayon parang dismayado ang mga hitsura. Sayang naman kasi, swerte na sana sila kung napagbigyan nila si lolo.

"Nandito na pala ang mga apo ko." Naks mga apo, sige lo. Soon naman magiging pamilya mo na kami.

"This is Linda, ang tumulong sa akin." Pakilala ni lolo sa isang babae na kasama ang kanyang cute na anak.

"Hello po, salamat po sa pagtulong sa lolo namin." Sabay na pasasalamat namin sa kanya. Naging bato na ata si nanay, shock masyado at hindi na process ng kanyang utak ang mabilis na pangyayari.

"Where's my cheque?" Tanong ni lolo sa akin at agad ko naman itong inabot sa kanya.

Tinginan lang kami ng AKRIS habang nagsusulat ng amount si lolo sa kanyang cheke.

"Here's a million for you Linda. Thank you for lending me your phone." Sabay abot ni lolo sa kanya. Sa tingin ko talaga kailangan din 'yan ni nanay dahil may edad narin ito. Ito siguro dahilan ni S kaya naisip niyang ipagawa kay lolo ang social experiment na 'to.

"Lolo mas mabuti siguro na ipahatid nalang natin sila, kasi maraming tao at baka mapahamak pa sila nanay." Suhestiyon ko sa kanya.

Napalibutan na kasi kami ng mga tao at kita ko talaga sa kanilang mga mata ang inggit. Baka kasi abangan sila nanay, malaki pa naman ang pera na binigay ni lolo.

"Ah yeah, right." Sagot nito at tinawag ang driver ng limousine nito.

Una pinasakay ni lolo ang mag-ina kasunod ay ang pagbabalik namin sa aming mga sasakyan. Nandito ulit si lolo nakasakay sa kotse ko.

"A, end mo live mamaya sa next location. Baka may makakilala sa mag ina at gawan ng masama." Utos ni S sa kanya. Hindi naman kasi namin inasahan ang halaga na ibibigay ni lolo!

"Saan tayo susunod?"

"Lolo doon po tayo sa ano, labas ng simbahan." Suhestiyon ko sa kanya. Ang saya n'ya ha, kahit papaano ay enjoy naman s'ya sa ginagawa.

Napapreno ako nang bigla huminto ang mga siraulo sa unahan. "Anong meron bakit huminto kayo?"

"Teka sandali may bata na sinasaktan!" Bulaslas ni S.

Lumabas narin kami ng mga sasakyan. Live pa rin pala si Ag, grabe mga sideline nitong doraemon namin. Si Sj na mabilis tumakbo pasulong sa lalaking hinahampas ng lubid ang bata?!

"Hoy!" Sigaw ni S. Bigla itong tumalon ng mataas at sinipa ang lalaki, dahilan upang bumagsak ito sa lupa. Wow, taas no'ng flying kick n'ya ha.

"Daming fans ni babe oh." Sambit ni K habang nagbabasa ng mga comments sa live ni Doraemon jusko.

"Iris, call the police." Utos ni lolo.

"Lolo ako na po, wag n'yo utusan 'yan. Baka magtanong na naman kung may 911 ba sa pinas." Sagot ni A sa kanya at nagtawanan naman ang dalawa.

"Marunong pala makipaglaban si S?" Baling ni lolo sa akin. Sasabihin ko ba? Slight na lang siguro.

"Slight po lolo." Ngiting sagot ko.

"Hmmm."

"Tara na po lolo." Tawag ni S. Bilis naman n'ya natapos. Oh, hawak na pala ng mga tao ang lalaki kanina.

"Asan ang bata?" Tanong ko.

"Nasa nanay na nito. Sorry at na delay hehe alis na po tayo lo." Sagot nito at pinapasok una si lolo sa

sasakyan.

Ibinaba namin si lolo sa likod ng simbahan dahil wala naman gaano mga tao ang dumadaan.

"Hoy A, end live mo na 'yan." Salita ni S sa kabilang linya.

"Tapos na."

"May sasabihin ako." Tawag ko sa kanila. Mamaya na muna 'yan si lolo at wala na naman nagpapahiram sa kanya at tinataboy palayo.

"Ano?"

"Plano ko na mag propose kay kitten. Sure na 'yan, itatali ko na." Sabi ko at nagtatawanan sila kahit walang nakakatawa.

"May singsing ka na?" Tanong ni I.

"Wala pa."

"Pyesa nalang R, para memorable." Sarap tirisin, gusto pa igaya proposal ko sa ginawa n'ya kay pie.

"Barilin kita e." Sambit ko.

"Sige tulungan ka namin. Kami na bahala." Wala talaga akong tiwala kapag si Sj na ang nagsalita. Kabaliktaran kasi palagi ang nangyayari!

"Hoy nakahiram na ng phone si lolo hala wow ang ganda naman ng babae na 'yan dali dali!" Excited ang Iris, baka nakakalimutan n'ya kung sino si lolo.

Unang umabante si Sj at kasunod naman ako. Sobrang saya ni lolo ah, akala mo talaga teenager lang s'ya na naglalarong pulubi sa lansangan e. Huminto kami sa tapat ng maraming tao, kakatapos lang pala ata ng misa.

"Lolo," tawag ni I sa kanya at mabilis na nilapitan. Sus, babae talaga rason kung bakit bigla nalang naging active 'yan.

Hindi talaga maiiwasan na hindi mamangha ang mga tao. Sino ba naman kasi ang hindi magugulat kung ang isang pulubi bigla nalang sinundo ng mga magagarang sasakyan, dagdag pa 'yang limousine n'ya.

"Lo, may meeting ka pa pala. Kailangan na nating umuwi." Paalala ko sa kanya, baka lang kasi nakalimutan n'ya na may business pa s'yang pupuntahan.

"Muntik ko na makalimutan. Sige na Nicole at sumakay ka sa sasakyan. Kailangan n'yo pa mag withdraw at ipapahatid ko kayo." Baling ni lolo sa babae.

Si Iris tahimik, akala ko ba may plano s'ya landiin ang babae? Maganda ang babae, simple lang ang damit pero kahit gano'n ay umaapaw pa rin ang taglay nitong kagandahan.

"Wag ka mag-alala miss hindi kami kidnappers, nag so-social experiment lang kami. Pasok ka na at aalis na tayo." Sabi ni Ag sa kanya saka pinagbuksan ng pintuan. Nasa sasakyan din 'yung mag ina kanina sa mall.

Pagkaalis namin ay dumiretso na kami pauwi sa bahay ni lolo, gusto pa sana nito humirit ng isa pa pero hindi na kakayanin ng oras.

Hindi halatang nag enjoy ang lolo?
Adik sa kanto ata 'tong si lolo, hindi ko namalayan na kumuha pala s'ya ng litrato haha.

"Dad," salubong sa amin ni Mommy Shirley pagpasok ng bahay. Kasunod naman ng mag-asawa ang demogons. Wala na si Jem? siguro umuwi na 'yon kanina.

"Kamusta Dad nag enjoy ka ba?" Feeling ko talaga sarcasm 'yong tanong ni Mommy Helen.

"HAHAHA yes. Sige at kailangan ko na maghanda." Sagot ni lolo at nilayasan agad kami.

Humagikhik ako at nakita ang pagtaas ng isang kilay ni kitten, tampo pa rin kaya s'ya sa pancit canton?

"Tita aalis narin po kami." Putol ni S sa katahimikan. Wala na pala si pie, baka umalis narin.

"Mag lunch muna kayo." Sagot ni mommy Shirley.

"Hindi na po at may kailangan pa po kaming puntahan." Kumunot ang noo ko sa naging rason nito.

"Alright, take care girls." Sabay kindat ni mommy Shirley.

Lumapit ako kay Kitten para sana kausapin s'ya. Hindi pa nga ako tuluyan na nakakalapit ay agad na akong tinalikuran nito. Bakit ba sobrang toyoin ni baby.

"What happened to you?" Tanong ni mommy Helen.

"Si kitten po kasi nagselos sa pancit canton." Sumbong ko sa mag-asawa. Si mommy Shirley, tinatawanan lang ako, alam na nga n'ya namomroblema na 'ko sa anak n'ya. Ang hirap kaya suyuin ni pusa.

"Mga tanong naman kasi ni Zia my, sa susunod na magtanong s'ya hindi ko na lang siguro sasagutin para iwas gulo." Nakangusong sabi ko.

"Sige na at magpaalam ka muna sa kanya. Puntahan mo sa kwarto." Marahan n'ya akong tinulak. Tumango na lang din ako at sinunod ang sinabi nito.

Kakatok pa ba ako? Hindi na? Paano pag may lumipad na mga gamit sa mukha ko pag bigla akong pumasok? Hays.

Kumatok ako ng tatlong beses bago binuksan ang pinto. Isinuksok ko una ang ulo upang silipin s'ya sa loob.

"Baby," malambing kong tawag nang makitang nakaupo ito sa sofa at nagbabasa ng libro.

"Kitten, sorry na oh. Aalis na po ako." Ayaw n'ya talaga ako pansinin.

"Pusaaaa pst." Hays

"Rochelle," napalunok ako sa lamig ng boses nito.

"Y-Yes?"

"We're done." Tatawa ba ako sa sinabi n'ya o malulungkot? We're done? Nakikipaghiwalay s'ya?!

Ang bilis ko talaga umiyak lalo na pagdating sa kanya. Ramdam ko na ang mga luhang nag uunahan sa pagbagsak. Mabilis akong pumasok ng kwarto, bahala na kung aawayin ako. Lumuhod ako sa harap niya at ibinaon ang ulo sa kanyang tiyan.

"Nooooo, kitten naman e. Kanina lang okay pa tayo ah, wag mo naman tapusin agad ang relasyon natin dahil lang sa pancit canton baby." Tangenang pancit canton 'yan!

She let out a soft chuckle dahilan kaya napaangat ako ng ulo. Kumunot ang noo ko at ngumuso nang makitang tumatawa sya.

"Baby naman." I mumble while rubbing my face on her tummy.

"Are you free tomorrow?" Tanong niya at sinuklay ang buhok ko gamit ang kanyang mga daliri.

"Hindi po." May lakad ako bukas e.

"Rochelle."

"Po?"

"Kapag sinabi kong free ka, dapat free ka." May halong pagbabanta nito.

"Yes, free ako bukas baby. Date ba tayo?" Sabi ko nga free ako. Wala naman akong sinabi na may gagawin ako ah.

"Mhm," hala si baby nag-aya makipag date!

"Talaga?! Legit na 'yan? Lagi nalang kasi nauudlot date natin baby, baka bukas maudlot na naman." Napalakas pa boses ko dahil sa excitement.

"Yes," nagpakawala ako ng mahinang tawa at mas lalong hinigpitan ang pagyakap sa kanya.

"Okay, saan mo gusto pumunta bukas?"

"Up to you, I don't care as long as I'm with you." May oras pa naman ako upang mag prepare today. May naisip ako at kailangan ko ang tulong ng mga baliw!

"Sure kitten, hindi ka na ba galit sa akin?" Mabilis siyang umiling at ngumiti.

"Peace na tayo?" Tanong ko while she's busy cupping my face. Gigil naman masyado ang pusa sa akin.

"Are you leaving now?" Tanong nito bago pupugin ng halik ang labi ko.

Tumango lang ako bilang sagot sa kanya. Napasinghap ako nang buong lakas n'yang kagatin ang labi ko.

"Ahh baby." Pambihira at mapapa-ungol ka na lang bigla. Jusko naman Ziallyn, bakit ka naman ganyan at binuhay mo ang pagiging manyak ko!

"Hmm," humiwalay siya at dumila sa kanyang labi. Ngumisi ito nang makitang ngumuso ako pagkatapos dilaan ang sugat sa labi ko. Grabe ang hapdi.

"Take care." Malanding bulong ni Zia. Hindi ko na kakayanin kung mananatili pa ako rito. Baka talaga kung ano na magawa ko sa kanya.

Mabilis akong tumayo at inayos ang sarili.

"Bad kitten." Sabi ko at tumalikod.

Bago tuluyang umalis ay muli kong isinuksok ang ulo sa pinto at tinawag si Zia. "Bye baby kitten, see you tomorrow. I love you!" Sigaw ko at nag flying kiss sa kanya.

"Leave, donkey." Tumawa ako ng mahina at kumindat sa kanya.

Si Ziallyn lang po ang tatanggapin kong bipolar sa buhay ko.

CHAPTER 33

-

"BAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA."

"HOOOOOOOOOOOOOOOOOOOO!"

"HAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA."

"I kenat hinga-hinga HAHAHAHAHA."

Para na silang mga nasisiraan ng ulo sa sahig dahil sa kakatawa. Kahit ako ay hindi talaga makapaniwala. Jusko, ang sakit narin sobra nitong tiyan at panga ko.

"Hoy tangena helpndjandjkdbsknd BAHAHAHAAHAHAHAHAHAHAHA."

"Grabe si Kitten mo Aaar eeeL, sobrang layo n'ya sa Ziallyn na kilala namin noon HAHAHAHAHAAHHAHAHA." Kulang nalang kabitan si keybold ng oxygen tank sa sitwasyon nito ngayon.

"Gulat ako kasi pagtingin ko kanina iba na HAHAHAHAAHAHAHAHAHAHA." Sunod namang hagalpak ni Iris.

"Ibang tama na ng ferson." Doraemon namumula ang mukha.

Paano naman kasi, nag grocery kami kanina at hinanap ko talaga 'yong pancit canton na original flavor. Then nagtanong kami sa isang clerk kung saan ang section ng pancit canton, sabi ko kung pwede ikuha nalang ako nito nang original flavor. Nagulat nalang kami nang dinala nito pabalik ay ang chili mansi flavor.

Nakipagtalo pa nga kami sa kanya kasi hindi naman 'yon ang original. Hanggang sa sinabi nito na pinapalitan na raw ang original kagabi at ang chili mansi na ang new original flavor.

Then nakatanggap ako ng message from Zia, tinatanong kung gusto ko ba raw ang bagong original flavor ng pancit canton. Literal na pinalitan n'ya!

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Mas malala pa pala si Zi kay pie, tangena talaga ang lakas ng tama sa'yo donkey BAHAHAHAAHAHAHAHAHA."

Si kitten naman nagpaghahalataan na obsessed masyado sa akin. Baka pag sinabi ko ipasara ang factory ay baka gawin n'ya nga talaga.

"Haaaaaaay Jisaaaaaaaaaaaas yawa tama na please huhuBAHAHAHAHA."

"Tangena n'yo may date pa pala kami ni kitten!" Nataranta ako nang makita ang oras sa relo ko. Kasi naman, nawala sa isip ko dahil sa chili mansi na original flavor na ngayon huhu.

"Hala tanga! kami rin pala ni mommy ko may date!" Bulaslas ni S at nagkatinginan kaming dalawa.

"Sabaok lahat all."

"Paano naman kami? hindi kami mabubuhay kung mawawala kayo." ang drama talaga kahit kailan ni keybold.

"Bakit hindi pa kayo nag aayos?" Si doraemon naman na kahit alam na ang dahilan magtatanong pa.

"Hoy pwede ba sumama nalang kami? chopper lang." tanong ni keybold na nagpagulo saglit sa utak ko.

"Chopper?"

"Ou 'yong ano, basta 'yong susundan namin kayo. Chopperon?" pambihirang chopperon 'yan.

"Ahhh chaperone bobo BAHAHAHAHAHAHAHAHA." hindi nalang sana n'ya tinama at alam naman namin na hindi nagpapatalo ang keybold.

"Same lang 'yon okay? sige na sama kami." ayaw ko sila isama dahil alam kong manggugulo lang sila.

"Kay Sj kayo sumama, gusto kong kami lang muna ni Kitten. Mamatay muna kayo kahit isang araw lang, may 7 lives pa naman kayo diba?" tanong ko sa kanila dahilan upang magsimula na naman ang tawanan.

"Hoy wag sa akin! Oo nga, mamatay na muna kayo isang araw. Basta ay gusto ko kami lang din muna ni pie." Sunod na sagot ni Sj. Kawawa naman sila, bakit hindi na lang nila e-invite ang demogons?

"Bahala na kayo." Sabi ko at umakyat na ng kwarto.

May pinadala si kitten kanina at nakalimutan ko lang tignan. Kinuha ko agad ang paper bag upang tignan kung ano ang laman. I bit my lip when I saw a black shirt na may print na I'M TAKEN. Grabe ang kitten, bakod na bakod pati sa damit.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." lakas ng tawa ko at nagpagulong-gulong sa kama. Kinilig kasi ako, possessive much.

Inabot ako ng halos limang minuto bago natigil sa kakatawa. Meron din kaya s'yang ganito? excited na tuloy akong makita kung ano ang sa kanya. Bumangon ako at pumasok ng banyo, kailangan ko na maligo at magbihis dahil baka ma late pa ako sa first date namin.

Black jogger pants ang pinares ko sa black shirt na bigay ni kitten, then 'yong regalo ni S sa akin na puma white sneakers. Nagsuot narin ako ng white cap dahil mainit sa pinas! Simple lang basta comfortable sa katawan at igalaw.

Lunch time usapan namin magkikita. May balak nga talaga sana sumama ang tatlo at mabuti nalang nakatakas ako. Nandito na ako sa labas ng unit ni Zia upang sunduin sya, sabi ko isang sasakyan na lang gamitin namin at wag na sya magdala ng sasakyan.

"Kitten," tawag ko after kong mag doorbell. Tagal naman ni pusa, 5 minutes na akong nakatayo sa labas. Wala bang balak pagbuksan ako?

Hindi na ako nag abala ulit, hinintay ko nalang si kitten na buksan ang pinto. Baka hindi pa tapos sa

ginagawa n'ya sa loob.

Lumipas pa ang ilang minuto ay bumukas rin ang kanyang pinto. Agad ako napangiti nang makita ang suot nito na damit. She's wearing a white shirt na may print na THE GIRLFRIEND omg how cute.

"Kitten ang sexy mo naman." naka black blazer and high rise shorts ang pusang 'yan! ang ikli naman sobra at hindi ko kaya na makitang minamanyak s'ya ng mga tao. Chick boss vibe ba tawag sa ganyan?

Pero ano pa nga ba ang magagawa ko, ayaw ko pangunahan si Zia sa mga gusto n'ya kaya support nalang ako. Kasama niya naman ako kaya safe s'ya sa mga manyak kung may magtangka man na lapitan s'ya.

"Gusto mo ata ako mabaliw ng maaga baby." Lumapit ako at yumakap sa kanya.

"Ready ka na?"

"Yes, thanks for waiting.” Lambing naman today, tapos baka mamaya bigla na naman s'ya magtanong tapos kasalanan ko ulit kapag hindi ko nasagot ng tama.

"Tara na, anong gusto mo gawin today kitten? kahit ano 'yan ay gagawin natin." Mas maganda 'yung gusto ni kitten ang masusunod sa first date para mas memorable ang moments.

"Wait, It's a double date." Napakunot ako dahil sa sinabi nito. Anong ibig n’yang sabihin?

"Double date?"

"Yes, kasama natin sila Pie,” pambihira at bakit kailangan kasama silang dalawa? Sabagay at double date naman ang magaganap.

"Hindi mo naman ako sinabihan agad, nasaan na ba sila?" Tanong ko at inagaw sa kanya ang hawak na paper bag, ano kaya ang laman nito?

"Let's have lunch first, sinabihan ko si pie sa Haliya tayo magkikita." Haliya? ano 'yun at ngayon ko lang narinig ang lugar na 'yan.

Agad kami nagtungo sa tinutukoy nitong haliya. So it's a restaurant pala, akala ko naman may gagawin na kabalbalan dito. Sounds like kahalayan kasi.

Sabay pa kami ni Sj nagulat nang makita ang isa't-isa na nakasuot ng same shirt at si pie na same rin ng suot ni kitten. Pambihira ngayon ko lang namalayan na couple shirt pala 'to.

"Hala donkey BAHAHAHAHAHAHAHA." salubong nito sa akin pagkalapit namin sa table nila.

"Na budol tayo do'n ah." sabi ko naman sa kanya habang pinaghila si kitten ng upuan.

"Hindi ko alam na double date pala, si pie kasi hindi ako sinabihan." Sagot niya. Tiningnan ko si pie na kausap si kitten ngayon, sa tingin ko close naman talaga silang dalawa na mag pinsan.

"Pie ikaw na pumili para sa akin lahat naman masarap, kahit nga ikaw e." bibig ni Sj dinaig pa ang tren.

"Love."

"Yes kitten?"

"Hold my phone for me. You're free to check." napapangiti n'ya talaga ako kahit wala naman itong ginagawa. Hindi ko na kailangan pakialamanan ang phone n'ya dahil alam ko naman wala sa vocabulary n'ya ang magloko.

"Okay, ikaw nalang din mag order for me kitten. Hindi ko alam mga pagkain dito, kung ano nalang sa'yo." sabi ko at kinuha ang phone nito saka ibinulsa.

"Ano gusto n'yo unang gawin after lunch?" tanong ni S sa dalawa. Maganda sana mag bike ride kaso mainit pa, siguro mamayang hapon nalang.

"Hot-Air-Balloon ride." natawa ako sa naging reaksyon ni Sj. Fly high bakla at bawal tumanggi sa dragon mo.

"Pie naman, ang daming pwede na gawin sa outdoor dates. Bakit naman kailangan pa ang ganyan, naniniwala na talaga ako na gusto mo akong mamatay ng maaga." Takot lang n'ya pero no'ng tumalon ng rooftop humirit pa ulit ng isa pa.

"I want to try the rooftop bar." ako naman ang nagulat sa sinabi ni kitten. May balak pa ata maglasing ang pusa ko tonight.

"Pie naman iba nalang kasi." Kawawang Sj pero deserve rin naman n'ya ang takutin minsan.

"Wag ka na nga pumalag Sj, sanayin mo na kasi ang sarili mo. Tapos mamayang gabi punta tayo sa rooftop bar, gusto ata maglasing ni pusa ko." Sabi ko sa kanya. Matagal narin no'ng huli naming walwalan kasama sila Zia,

"After HAB natin punta tayong marikina river park. Picnic nalang tapos pwede rin mag bike do'n." sumang-ayon naman silang lahat sa plano, except lang kay Sj na ayaw sa HAB. Kung takot sa HAB, mas matakot s'ya sa dragon dahil baka mas malala pa ang maisip na gawin n'yan.

"By the way ZB, have you heard the news?" tanong ni pie.

"About?"

"The owner of black enterprises will return to the Philippines."

"Black enterprises? one of the popular multinational companies across the world?"

Sj and I remained silent and stared at each other while listening to them.

"Yes. Nobody has spotted him in public yet. There are no current images of him available online." Sagot ni Pie kay pusa ko.

"Ahem, kumain muna tayo. Gutom na kami, Pie." Putol ni Sj sa usapan nila.

Tumigil muna kami sa kwentuhan nang dumating ang mga pagkain. Mabilis talaga tumahimik si Sj kapag may pagkain sa harapan. Ang dami nila inorder na dalawa, alam na alam mga patay gutom kami, lalo na 'tong alaga ni pie.

Hindi rin kami nagtagal at after kumain ay umalis din kaagad, ayaw namin sayangin ang oras.

So HAB, picnic, bike ride, rooftop bar ang gagawin namin today. Mahaba pa naman ang araw kaya paniguradong mag eenjoy kami.

"Kitten, sino ang nakaisip sa inyong dalawa ni Pie sa mga suot natin?" Tanong ko sa kanya pagkapasok namin ng sasakyan.

"Me,”

"Naisip mo 'yon? galing mo naman pusa, cute ntin tingnan." Ayaw na mawala ng ngiti sa labi ko.

Kaya naman pala gusto ni Pie mag HAB dahil festival ngayon. Papunta kaming cavite, sa San Lazaro park daw kasi ginaganap ang HAB festival every year.

"Okay lang sayo na kasama natin sila?" nagdududa na ako sa tanong na 'yan. Isa na naman ba sa pa test n'ya?!

Kung sabihin kong oo ay alam ko magagalit na naman 'yan, pero kapag sinabi ko naman hindi, panigurado na magagalit pa rin 'yan. Lord help me po kung ano ang tamang sagot sa tanong n'ya.

"What?" Hinihintay n'ya pala sagot ko. Pinagpapawisan ako kahit malamig naman sa kotse.

"Rochelle, are you seriously ignoring my question?"

"Ano naman kasi baby, nag iisip ako sa tamang sagot para sa tanong mo. Nakakatrauma ka naman kasi masyado dahil sa mga tanong mo na nakakabaliw." Hindi madali ang sitwasyon ko kapag si Ziallyn na ang nagtanong!

"Just answer me." Pambihira.

"Oo na, sasagot na nga. Okay lang kasama natin sila since double date naman at magpinsan pa, o diba goals tayo?" Kabado bente baka may palad lumipad sa ulo ko.

"I see. I thought you didn't like it." Nakahinga ako ng maluwag dahil hindi naman s'ya galit.

"Plano nyo ni Pie, baby?" Tanong ko, feeling ko lang kasi.

"Yes," tama nga ako. Kaya pala bigla nalang nag-aya si baby kahapon dahil planado na nila ni Pie ang paglabas namin.

"Love."

"Yes baby?"

"I'm leaving the country next week." bigla kong naapakan ang brake matapos n'ya sabihin sa akin na aalis s'ya.

"Rochelle!"

"S-Sorry kitten, pabigla-bigla ka naman kasi. Teka anong aalis ka? iiwanan mo 'ko?" saan s'ya pupunta? Ni hindi pa nga kami nag m-monthsary simula no'ng naging official kami tapos sasabihin sa akin na aalis s'ya?!

"States, for vacation." pambihira at bakasyon lang naman pala.

Akala ko tulad sa teleserye na napapanood ko. Papasayahin ka ngayon tapos kinabukasan hihiwalayan ka at mangingibang bansa.

"Vacation lang pala baby, tinakot mo naman ako. Ikaw lang ba mag-isa?"

"No,"

"Kasama sila mommy?"

"No," maghuhulaan ba kaming dalawa hanggang sa tumama ang sagot ko?

"Eh sino?"

"You." nabigla ako sa sinabi nito, seryoso isasama n'ya ako?! hindi na siguro mabubuhay si kitten pag wala ako sa tabi n'ya hays.

"You don't want?" 'yong tanong n'ya na may halong pagbabanta. Sino naman ang tatanggi kung ganyan s'ya magtanong.

"Syempre baby sasama ako! miss ko narin si dada. Tawagan ko s'ya mamaya at sasabihin ang balita. Ipapakilala kita sa kanya pagdating natin do'n." sakto at matagal na ako kinukulit no'n na bumisita.

"Dada?"

"Yes baby, asawa ni Mimi. Matagal narin kasi ako kinukulit ni dada mag bakasyon. Next year pa sana talaga balak ko, but since gusto mo akong isama ay ipapakilala na kita sa kanya. Mabait naman 'yun kaya wag kang mag-alala." Paninigurado ko sa kanya.

"Alright," madali pala kausap ang pusa.

“Opo,”

Ang daming tao! sakto lang pala pagdating namin at magsisumula na. Medyo nakakaagaw atensyon rin kami sa mga tao, may dalawang dyosa ba naman kasi kaming kasama. Hinubad talaga ni kitten ang suot na blazer para lang makita 'yong the girlfriend sa suot n'ya haha cute.

Ayaw din nila bitawan ni pie ang mga kamay namin ni Sj. Parang mga ina na takot mawala ang kanilang mga anak.

Papunta kami sa balloon na sasakyan namin at may nakita akong buntis na gusto sana ayusin ang dalawang sintas kaso hindi n'ya magawa. Asan ba ang asawa nito?

"Kitten, wait lang." Bulong ko at seninyasan na kung pwede bitawan muna ako.

"Pie, saglit lang."

Sabay pa kami ni Sj nagsalita. Gulat pa kaming dalawa nang parehas pala ang gagawin namin. Nilapitan namin 'yong buntis at agad na inayos ang sintas. Tig isa kami ni Sj sa pag ayos.

"Okay na po." sabi ni S pagkatapos namin ayusin.

"Salamat sa inyo."

"Welcome po." Sabi ko. Nagpaalam kami sa kanya at binalikan ang mga bebe namin na ngayon nakatingin sa amin.

"Sorry kitten, kawawa naman kasi baka maipit ang baby." kamot ulong saad ko.

"I don't see any problem with that, good job love." aw she praised me for the first time! marunong din naman pala mag consider ang pusa.

"Tara na kitten, ang dami nakatingin sa inyo. Tusukin ko mga mata nila e." hinawakan ko ang kamay nito at kinaladkad na palayo.

Ang laki pala talaga ng HAB sa malapitan. First time ko 'to makasakay sa ganito ngayon, mabuti nalang at naisipan nila kitten gawin 'to. Dalawang HAB gamit namin dahil ang isa ay kina Sj.

"Ang ganda tingnan sa ibaba kitten, ang daming tao tapos maganda rin tingnan ang mga nagkalat na HAB." Ang liit ng mga tao kung titingnan sa ibaba. Tapos ang sarap ng hangin dahil sobrang sariwa.

"Is this your first time?" Tanong niya.

Ang cute tingnan ng position namin dahil nasa likod lang ako ni Zia at nakayakap sa bewang n'ya habang ang baba ko naman ay nasa kaliwang balikat ni baby, pwede na pang k-drama.

"Oo first time ko. Akala ko nga hindi ako makakasakay sa ganito. Thank you, kitten." Bulong ko at pinaulanan ng halik ang kanyang leeg, bango ng baby ko.

Dahil sa gigil ay bigla kong kinagat ang leeg ni baby at sinipsip ng buong lakas. To my surprise, she didn't stop me, instead tilting her head to give me full access. Mas diniinan ko pa nang marinig ang soft moans ni baby. Ayos, at nagawa ko pa mag ganito sa himpapawid.

"Love," bulong niya . Tinigil ko na at baka kung saan pa humantong.

"Nakakagigil ka naman baby, sarap mo kasi masyado. Lasang strawberry." Sabi ko at humagkhik.

"Kitten, may tanong ako."

"Hmm?"

"Hindi ba sinabi mo na minahal mo rin naman ang pinsan ko? kailan at paano mo nalaman na ako ang mahal mo?" Gusto ko kasi talagang malaman.

"When I finally gave up on her, I slowly killed my feelings for her as well. And then you came back into my life, disturbing me every day. Then I realized that it's you that I've been searching for all along," she turned to me and continued. "I loved her, or perhaps it was just a passing infatuation. But my love for you is sincere, Rochelle. I hope you don't doubt it." I could feel her love, but I was just asking out of curiosity.

"Alam mo ba inggit na inggit ako sa kanya no'ng panahon na sa kanya ka lang ngumingiti? Tanong ko pa sa sarili, kailan n’ya ako ngingitian tulad ng binibigay n'yang ngiti sa pinsan ko? Una si pie na minahal ko pero si Sj ang pinili, tapos ikaw na si Sj din ang nagustuhan." Naramdaman ko nalang ang mahigpit na pagyakap niya at pagkatapos ay pinunasan ang mga luha ko.

Ayaw ko na sana sabihin pero gusto ko rin mailabas kahit ngayon lang ang lahat ng hinanakit na matagal ko nang tinatago sa sarili ko.

"Awang-awa ako sa sarili ko kasi...isa akong talunan. Pati sa mga kapatid namin si Sj lagi ang inuuna. Palagi rin nila ako nakakalimutan, ang sakit lang kasi kitten. Parang hindi ako mahalaga sa kanila."

"Hindi ako galit sa kanila, at never din ako nagtanim ng sama ng loob. Galit ako sa sarili ko dahil wala man lang akong magawa upang may maipagmalaki sa kanila." ang iyakin ko talaga kapag s'ya na ang kaharap ko.

"Stop crying. I'm all yours, baby, and your sisters love you. You may look like a bunch of lunatics and clueless people, but I sense that you value and care for one another." She stated, followed by a warm kiss on my eyes. Her sweetness, even with such simple gestures, managed to soothe me instantly.

"Rather than being envious and comparing your journey with the progress of others, focus on what is within your power to achieve your dream. From now on, I will always be by your side, offering my unwavering support in every way possible." Malambing n'yang salita, I am feeling incredibly fortunate to have this wonderful woman in my life. Just a smile from her was enough to dissolve any anger or resentment in my heart.

"You're my favorite distraction, love." At binigyan niya ulit ako ng isa pang halik.

"I love you, kitten!" Ang laki ng pinagbago n'ya. Ang layo na sobra sa Ziallyn na nakilala ko. I love her old self pero mas mahal ko ang Ziallyn na kasama ko ngayon.

Nag enjoy kami sa magandang tanawin mula rito sa himpapawid hanggang sa oras na para bumaba kami. Sobrang saya ko, panalangin ko lang maging akin noon, pero ngayon ay minamahal ako.

"Hoy donkey ayusin mo, do'n ka sa kabila." Ako pa pinagsasabihan, s'ya naman 'tong mali.

Nandito na kami sa second location for picnic. Hindi kami nagtagal sa festival at agad din umalis pagkatapos ng ride.

“Bobo, usog ka nga." Ganti ko sa kanya.

"Love, come here." Tawag ni kitten sa akin at gusto n'yang ipatabi ako sa kanya. Buti pa nga at baka magkasakitan pa kami nitong ni Sj.

"Ang bobo mo donkey, wala tayong foods." Napatampal ako sa noo dahil wala nga pala kaming pagkain.

"It's okay, just wait for my secretary." Sagot ni pie sa kanya.

"Let's play a game while waiting." sabi ni kitten at may inilabas na lie detector test?!

"Halaka patay tayo d'yan BAHAHAHAHAAHAHHAHAHAHA." Patay talaga kami, legit ba 'yan? baka kasi kahit hindi totoo ang magiging resulta kabaliktaran!

It's a trap!

"You first." Sambit ni kitten at agad na isinuot sa kamay ko ang machine.

"T-Teka lang, dapat una na muna si Sj." Pag pigil ko sa kanya kaso si tinaasan lang ako ng kilay.

"Tanga ikaw daw una bahala ka BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Jusko sana naman hindi ako mamamatay sa mga itatanong nila lalo na si kitten! ramdam ko na ang mga pawis ko sa katawan!

"Do you trust me?" Unang tanong palang ni Zia kinabahan na ako.

"Of course! 100%." Agad na sagot ko. Kinakabahan talaga ako sa mga itatanong n'ya.

Nagsimula na tumunog ang letcheng lie detector na 'yan. Habang hinihintay ang resulta ay mas lalong lumalakas ang pintig ng puso ko.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAAHHA." Tawa ni Sj nang makitang huminga ako ng malalim. Hindi ako nakuryente so ibig sabihin nagsasabi ako ng totoo!

"Zi, pwede ako naman magtanong?"

"Ayoko! baka kung ano itatanong mo, siraulo ka." Agad na kontra ko sa kanya.

"Okay Ja." Kumunot ang noo ko sa naging sagot ni Kitten. Traydor si kitten at pumayag pa talaga s'ya sa gusto ni Sj.

"Tanong ko donkey, total tayo lang naman nandito at mananatiling sekreto. May nangyari na ba sa inyo?" mabilis ang naging kilos ko at sinapak ang ulo nito. Tangena naman nito!

"BAHAHAHAAHAHAHAHHAAHHAHA."

Tinignan ko si kitten to ask her for help ngunit iniwasan lang ako nito! baby naman, kailangan ko ba talaga aminin ang totoo?!

"Wala." agad na sagot ko. Maniniwala na talaga ako sa lie detector na 'to kapag na kuryente ako!

"Tentenenen." sabay pindot ni Sj sa button.

Please lang sana sumabay ka sa rason ko hayop kang lie detector ka, at baka mapatay ako ni kitten!

Napaigtad at mura ako nang bigla nalang makuryente ang kamay ko, dahilan upang humagalpak ang kapatid ko.

"Sinasabi ko na nga ba." kung may baril lang sana ako na dala.

Si baby naman na kagat ang labi nito habang namumula naman ang kanyang mukha sa kahihiyan. Don't worry kitten at babawian ko s'ya mamaya.

"Mamaya ka sa akin." banta ko sa kanya.

"Pie next question na, para si Sj sunod." baling ko sa kanya.

"Have you ever ogled another girl's butt while you're with ZB?" Tanong niya.

Kumunot ang aking noo at kinuha ang cellphone.

“What are you doing?” Tanong ni kitten.

“Wait lang, search ko ano meaning nong ogled at hindi na sakop ng dictionary ko.” Sagot ko kay kitten.

"Langya BAHAHAHAHAHAHAHAHA." Tawa ng demonyong Sj.

“Its similar to ‘stare at’” Sagot naman ni girlfriend ko.

"Of course no!" Bulaslas ko. Confident ako sa sagot kaya wala dapat ipangamba, pwet lang kaya ni Ziallyn tinitingnan ko.

Pinindot ni Pie ang button at nakahinga ulit ako dahil safe!

"Loyal ang mga mata ko sa pwet ni kitten ko." pagmamayabang ko.

"Dapat lang." Taas kilay na babala sa akin ni kitten.

“Sana all,” sambit ni Sj at pumalakpak sa tuwa.

Agad ko tinanggal ang machine sa kamay at isinuot kay Sj. It's my turn! akala mo palalampasin ko ang ginawa mo kanina ha.

"Excited naman donkey BAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Kitten ikaw una magtanong, tapos sunod ako. Last ka na pie para intense." Sabi ko sa kanila.

"Have you ever cheated on her emotionally?"

"No?"

Natawa ako kasi patanong 'yung sagot, si pie naman naningkit agad ang mata. Lagot kang loko ka, ako na ang pumindot sa button. Kalmado lang s'ya ha.

"Teka anong cheated emotionally ba kasi ang tinutukoy, time out. Be specific naman Z-ahh!"

"Hala pie oh HAHAHAHAHAHAHAHA." Si pie na pinaghahampas s'ya ng unan. Oo at may pillows din kaming dala.

"Pie! teka sandali lang naman, kasi naman mapapaisip talaga ako. Diba nawala ala-ala ko, mameeeh naman." 'yun sigurong time nalilito s'ya kung sino kina Zia at Pie ang mahal. Sabagay may point din naman katwiran n'ya at hindi na maitatanggi pa.

“Kanino ka lang? Sino nagmamay-ari sayo?” Seryosong tanong ni Pie. Lagot.

"Syempre ikaw! ikaw at ikaw lang talaga ang sagot ko. Walang halong joke 'yan, mamatay pa ako ngayon kung mali ang lumabas sa pisting lie detector na 'yan."
sinamaan naman ito ng tingin ni pie bago pinindot ang button.

Naghintay kami ng ilang segundo saka lumabas ang resulta at tama nga ang sinabi n'ya.

"See? 'yong tanong kasi ni Zi. Ba namang laro 'to at nakakasira ng relasyon langya."

"HAHAHAAHAHAHAHAHAHAHAH." Ako naman ang tumawa sa kanya, bilis talaga ng karma.

"Hoy ako na, akala mo makakatakas ka." Sabi ko at mas idiniin ang kamay nito sa machine.

"May nangyari na ba sa inyo ni pie?" Tanong ko, parang baliw to at tatawa na lang bigla.

"Ou meron, maraming beses na. Diba mommy? BAHAHAHAHAAHAHAHA sa office n'ya namin ginawa." walang halong kaba o pagdadalawang isip na sinabi nito. Proud na proud ang kapatid ko sa kamanyakan n'ya.

"Tangena office." sambit ko at pinindot ang button.

Sabay kami nagtawanan dahil tama ang resulta. Si pie na nagkibit balikat lang, proud ang mommy n'ya. At sa office pa talaga, maganda ba experience ang office?

"BAHAHAHAHAHAAHAHHAAHAHHA."

"Grabe kayong dalawa at sa office pa talaga." sabi ko saka umayos ng upo sa tabi ni kitten.

“Try nyo,” sabay kindat niya sa akin.

Sunod na gagawa ng test ay si kitten, ano kaya ang magandang itanong sa kanya.

"Do you still have feelings for Sj?" natigil kami sa pagtawa ni S dahil sa seryosong tanong nito kay kitten.

"None." kalmadong sambit ni kitten. Ngumisi si pie bago n'ya pinindot ang button.

Napangiti ako nang malaman na tama ang sagot n'ya. Nilingon ko s'ya at nakitang nakangiti sa akin. I love this kitten so much.

"Ako naman Zi. Totoo ba na ninakawan mo ng halik si donkey no'ng natutulog ito sa tent?" kumunot ang noo ko sa tanong ni Sj. Anong ninakawan ng halik ang sinasabi n'ya?

"Yes," agad na sagot ni baby, curious tuloy ako sa tanong ni S.

"Hoy anong nakaw halik?" Tanong ko.

"Remember inatake ka ng migraine no'ng nasa probinsya tayo at natulog ka sa tent? nakita ko si Zi ninakawan ka ng halik." Paliwanag nito.

Nanlaki ang mga mata ko at napalingon kay Kitten, tapos sabay napatingin sa machine dahil totoo ang kanyang sinabi. Hala, magnanakaw pala ng halik ang pusa ko.

"Sinasabi ko na nga ba kitten." Aasarin ko pa sana kaso hindi ko na lang ginawa at baka masampal ako.

"Whatever, Rochelle."

"BAHAHAHAHAHAHAAHAHAHAHA."

"Ako naman, ako lang ba ang nakikita mong kasama sa future mo?" Diretso kong tanong sa kanya. Si kitten matamis na ngumiti muli bago ako sinagot ng YES.

"Yeeeeee ang donkey kinilig, sobrang pula mo na BAHAHAHAHAHAHAHA." Panunukso ni Sj after ng resulta.

"Manahimik ka nga, of course dapat ako lang talaga hanggang sa pagtanda namin." Sagot ko kay Sj at niyakap si kitten sa harap nila.

"O edi congratulations. Pie ikaw na last, halika maameeeeh." baling ni Sj sa kanya.

"Alright,"

"Are you bottom?" gulat kami ni Sj sa tanong ni baby. Tangenang tanong 'yan pambihira.

"Yes." agad na sagot ni pie at nagpakawala ng malalim na hininga sabay paikot ng kanyang mata.

"BAHAHAHAHAHAHAAHAHHAAHAH."

Gusto siguro ni pie mag top kaso ayaw pumayag ni Sj, kawawa naman s'ya.

"Ako sunod, na experience n'yo na ba sa kotse?" Curious ako kasi ang wild ni Sj, baka lang naman nagawa na nila? Si Kitten at Pie nanlalaki ang mga mata dahil sa naging tanong ko, samantalang mauubusan na ng hininga kapatid ko sa kakatawa.

"No, that's very....No." hindi n'ya tinuloy ang sasabihin hahaha.

"Gago ka donkey BAHAHAHAHAHAHA."

"Wow, hindi pa nga talaga?" Ulit ko.

"BAHAHAHAAHAHAHAH mommy may tanong ako, if ever lang ha. Papayag ka ba sa kotse?" ako ang nahihiya sa pinaggagawa ni Sj.

"Tangena." sambit ko.

"Yes, why not?" omg ang wild nila tangena.

"BAHAHAHAHAHAAHHAAHAHAHAH."

Gusto ko rin sana tanungin si kitten, pero mas maganda 'yung surprise nalang para mas intense.

"Grabe na kayo. Wild n'yo naman masyado." Napailing ako bago tumayo.

"Hoy, saan ka pupunta?"

"Bike muna tayo. Tara baby." Baling ko kay kitten at pumayag naman ito.

Kaming dalawa lang ang umalis upang mag bike ride dahil binantayan nila Sj ang mga gamit namin.

"Kitten, marunong ka mag bike?" Napansin ko kasi na hindi s'ya gumagalaw at nanatili lang nakasakay sa bike.

"N-No." sagot nito.

Bumaba ako sa bike na sinasakyan at lumapit sa kanya. Hinawakan ko ang manibela at ang bandang pwetan ng upuan nito.

"Halika baby turuan kita, marunong ka naman mag balance diba?" Tumango naman s'ya sa tanong ko.

"Pedal ka lang kitten at hawakan mo maigi ang manibela tapos ayusin mo lang pag balance..." Binigyan ko lang s'ya konting instructions. Hindi naman mahirap turuan si pusa dahil fast learner ito, hanggang sa kaya na n'ya mag bike mag-isa.

Umikot-ikot lang kami sa plaza hanggang sa napagod s'ya kaka-pedal.

"Kamusta naman ang pag bike n'yo?" Tanong ni Sj pagbalik namin sa kanila.

"It's fun." Tipid na sagot ni kitten.

"Is there a toilet here?" Tanong ni kitten.

"Yes. Let's go ZB, kailangan ko rin mag cr." Sagot ni Pie sa kanya.

Sasamahan sana namin sila dahil baka may mga manyak lumapit sa kanila. Hindi naman pumayag si Pie at sila nalang daw dalawa at bantayan nalang namin ang mga gamit.

"Pie, blooming natin masyado ngayon ah?" Napansin ko lang na iba ang presensya niya ngayon, parang may nagbago pero hindi ko matukoy.

Napansin ko ang bigla niyang pamumula. "Namumula ka? Hindi ako magsasawa na sabihin sayong ang ganda mo." Mahina akong natawa sa ginawa niyang marahan na pag sampal ng pisngi ko.

"Quit teasing me. Where were you? Were you flirting with other girls again?" Puno ng pagdududa ang

kanyang tingin sa akin.

"Hindi kaya, kasama ko mga kaklase ko. Why? Nagseselos ka pie?" Tanong ko at mahina siyang siniko kasunod ang pagtaas-baba ng mga kilay.

Tinaasan niya ako ng isang kilay at pinaikutan ng mga mata. "Kapal," sambit niya rason upang humagalpak ako ng tawa.

"Pie, free ka bukas? Nood tayo sine?" Bulong ko.

"No, I'm not free tomorrow, and I have plans." Napanguso ako matapos malaman na hindi na naman siya pwede, lagi na lang ganito kapag inaaya ko siya, sasabihing may lakad o di kaya ay busy ang dahilan niya.

"Are you upset?" She moves in close to me and gently taps my cheek with her delicate fingers.

"Kinda, parang ayaw mo sa akin at iniiwasan ako." Amin ko at tipid ngumiti.

"It's not like that. I've just been really busy." Paliwanag niya, trying to reassure me.

"Sige, next time." Sabi ko."Pie, may tanong ako sayo." Sunod kong salita.

"Hmm?"

Bigla ako kinabahan, nagdadalawang isip kung itutuloy ko pa ba ang sasabihin o hindi nalang. Pero ito lang ang pagkakataon ko at isa pa walang mawawala kung magtanong ako.

"Love?" Tawag niya.

"A-Ano, wag ka ma off sa itatanong ko ha? Sa tingin mo, may chance na magkagusto ka sa kapwa mo babae? A-Alam kong straight ka, pero tanong ko lang kung minsan ka ng nagkaroon ng atraksyon sa babae." Utal-utal kong tanong at hirap lumunok, bigla nag iba ang ekspresyon sa kanyang mukha at lumalim ang pag-iisip.

"P-Pie?" Kabadong bulong ko.

"Yes," sagot niya.

"Ha? Anong yes?" Tanong ko.

"There's a girl I like." My throat suddenly runs dry as I notice her gaze shifting downwards to my lips, and a sweet smile spreads across her face.

"L-Like? Romantically?" Awang ang labi ko nang makita ang kanyang pag tango at tumingin muli sa aking mga mata. Nararamdaman ko pabilis nang pabilis ang tibok ng puso ko, ayaw ko mag assume pero may kakaiba sa mga titig niya.

"Mhm," she grows flushed, nodding shyly and flashing a smile, as I watch her engross herself in her reading, her cheeks turning a delicate shade of pink.

"I like her so much." She whispers once more, placing her chin on her knuckles and turning to face me.

Mabilis ko iniwasan ang kanyang mga mata. Naudlot ang usapan namin at napatingin sa direksyon kung saan may narinig kaming mga nabasag. Dalawang babae ang magkaharap, ang isa ay nakaluhod at umiiyak habang ang isa naman ay nakatayo- wala itong ginawa kundi pagmasdan lang ang babaeng nagmamakaawa.

"Ano kaya nangyari? Wait, puntahan ko la-"

"Stay here, there's nothing you can do to help anyway. There's no point in wasting your time." Pagpigil ni pie sa akin at hinawakan ako sa kamay.

Tiningnan ko muli ang direksyon ng babae at biglang kinabahan dahil sa daming taong nanonood sa kanila, sa amin ito nakatingin- o sa akin? Ngayon ko lang siya nakita sa campus, may ganyang student pala dito? Ang ganda sobra, kaso halatang masungit na babae.

"Love,"

"Yes?" Baling ko muli kay Pie.

"I'm leaving, I have a meeting with the committee." Sabi niya.

Inagaw ko kaagad sa kanya ang dalang bag at mga libro. "Hatid na kita at baka may mga engkanto lalapit sayo." Kahit siya ay gulat sa sinabi ko at hinayaan ako sa gusto, sanay na siya at ganito naman kami lagi- minsan nga napagkakamalan kaming may relasyon.

Palabas na kaming dalawa nang bigla may nakabanggaan si Pie, kusang gumalaw ang aking katawan at sinalo siya ng yakap bago pa man ito tuluyang mawalan ng balanse.

"I-I'm sorry, miss Pixie." Takot na humingi ng tawad ang babae matapos makita kung sino ang binangga.

"Sa susunod mag dahan-dahan ka, hindi mo ba alam bawal tumakbo rito?" Sermon ko bago inalalayan si Pixie.

"Love, it's okay. Let's go." Saway ni Pie sa akin at nauna maglakad, hindi ko nalang pinansin ang babae at kaagad sumunod sa kanya.

Hinatid ko ito sa meeting room at tinukso na naman kaming dalawa pagkakita nila sa amin. Minabuti ko nalang ang magpaalam kaagad at baka naiilang si pie kahit pa sabihin nating hindi niya ito sinasaway.

"Bye, I'll see you later."

Just as I'm about to close the door, a hand quickly grabs my wrist, stopping me from shutting it fully. Paglingon ko ay napaatras ako sa gulat nang makita ang babaeng hindi ko kilala, 'yung babae kanina sa canteen, 'yung maganda na suplada.

Her presence is so intimidating that I find myself unable to speak, and my knees are shaking involuntarily. I slowly step aside, giving her space to enter. My eyebrow subconsciously twitches as she scans me from head to toe, sizing me up. I can't help but feel that she's judging me. I remain silent, speechless until I realize tuluyan na itong nawala at nakapasok ng meeting room.

"Sino 'yun?" Tanong ko sa sarili at umalis.

-

"Goodbye, everyone."

I quickly grab my bag and run out of the classroom as soon as we're dismissed. I head towards Pie's building and breathe a sigh of relief when I see that their class has just ended as well.

"Pie!" Tawag ko at inagaw sa kanya ang mga dala.

"What the hell? Did you run here all the way from your building again?" Tanong niya at kumuha ng panyo saka pinahid ang pawisan kong mukha.

I huff and puff, trying to catch my breath. "Yeah, I ran here from my building." Hinihingal kong sagot habang nakangiti dahil sa ginagawa niya.

"Ang sweet ng lovers," sabay kaming dalawa napalingon sa professor niya.

"Good evening po." Nahihiya kong bati sa guro, sasabihin ko sana magkaibigan lang kami ni Pie kaso wala naman itong reaksyon.

"We're friends." Sagot ni Pie. Medyo kumirot ang dibdib ko at dismayado sa kanyang sagot, pero sino ako para magdamdam? Totoo naman na magkaibigan lang.

"M-Mauna na po kami." Sabi ko nalang at tipid ngumiti kay Pie.

Tinatahak namin ang daan patungo kung saan nakaparada ang kanyang sasakyan. Nanatili akong tahimik hanggang sa naramdaman ko ang paghawak niya sa aking braso.

"Pie?"

"You seem rather quiet, like you're lost in thought. Is there something troubling you?" Tanong niya ng diretso, tipid akong ngumiti at umiling.

"Wala, may naalala lang. Gusto mo hatid na kita-"

"No, It's getting late. I wouldn't want you to stay out too late. Thank you." She replies, offering a small smile.

"Okay, wag mabilis ang pagpapatakbo." Paalala ko bago buksan ang pintuan ng kanyang sasakyan.

"Take care, love." Sagot niya.

Tumango ako bago isinarado ang sasakyan, umatras at kumaway sa kanya bago ito tuluyang umandar. Hinintay ko muna mawala ng tuluyan sa paningin ko ang kotse ni Pie bago umalis, ngunit sakto pagliko ko ay siya namang sulpot ng isang kotse, sa sobrang gulat ko sa busina at silaw ng liwanag ay napasalampak ako sa sahig.

"Fuck! Bulag ba siya para hindi makitang may tao!" Nasuntok ko pa ang sahig dahil sa sakit ng pagbagsak ko.

Dahan-dahan akong tumayo at hinarap ang isang mamahaling sasakyan. Sisipain ko sana ang headlight kaso mas pinili kong kumalma at pigilan ang sarili lalo na nong makita ko ang logo ng kanyang sasakyan, pasalamat siya hindi ko afford ang maintenance niyan.

Sinubukan ko silipin ang driver ngunit hindi ko naman makita dahil tinted glass ang sasakyan, imbes na makipag away at humantong pa sa gulo ay ako nalang ang umiwas at lumisan.

"Karmahin sana kung sino man ang nagmamaneho ng sasakyan na 'yun." Sabi ko habang himas-himas ang pwet ko.

-

Kinabukasan ay hindi ko nakita si Pie, nagtanong-tanong ako pero ang sabi hindi ito pumasok at naalala ko ang sinabi niya kagabi na may mahalaga itong lakad ngayong araw. Akala ko sa susunod na araw ay makikita ko na ito ngunit mali ako, hindi pa rin bumabalik si Pie at nag-aalala na ako dahil kahit calls and texts ko ay hindi man lang niya sinasagot. Ngayon, ikatlong araw at mukhang hindi na naman ito papasok.

"Hays, nasaan ka na?" Bulong ko sa sarili at binaba ang cellphone dahil kahit anong gawin ko ay hindi ko pa rin ma-contact si Pie.

Sumandal ako sa pader at nagpakawala ng malalim na buntong hininga. Abala ang isipan ko tungkol kay Pie nang mahagip ng mga mata ko ang babae sa kabilang building, pamilyar ang mukha niya. Tahimik ko itong pinagmasdan at lihim pinuri ang kanyang kagandahan, side profile pa lang ay panalo na.

"Nagpipinta ba siya? Anong kurso ulit itong katabing building namin?" Tanong ko sa sarili at inalala ngunit hindi ko matandaan.

"Roch, bakit nandito ka?" Biglang tanong ng kaklase ko na bagong dating.

"May dahilan ba para wala ako dito?" Balik kong tanong.

"Oo, kasi himala hindi mo pinuntahan si Pixie?" Kumunot ang aking noo, alam naman nila na ilang araw na 'yun hindi pumapasok.

"Absent nga." Sabi ko.

"Absent ba? Sino pala 'yung nakita namin sa canteen? Kambal niya?" Nanlaki ang mga mata ko at diretsong napatakbo pagkabanggit pa lang na nakita nila ito sa canteen.

Mas binilisan ko ang takbo pababa ng building at dumiretso sa canteen, hingal na hingal man ay wala akong pakialam dahil gusto ko makita si Pie at miss ko siya ng sobra.

"Pie!" Tawag ko ngunit natigilan ako sa bigla niyang paglingon sa akin. Hindi ko alam ang totoong nararamdaman ngayon, basta ay nakaramdam ako kaagad ng kirot sa nakita ko. Nakita ko ang kanyang buhok- she cut her hair short, letting it rest gently on her shoulders.

She looks absolutely stunning, even more beautiful than before. There's definitely something different about her, but I have a feeling I know the reason behind her decision to cut off her hair. Could it mean she's already taken?

I take measured steps, closing the distance between us gradually. My heart pounds faster with each step, my mind filled with thoughts and overthinking. I'm hoping I'm wrong, hoping she's not taken and just decided to cut her hair short. Hoping she was talking about me... Hoping it's me.

"P-Pie," I muster a weak smile, trying to hide the tears threatening to fall. Just from the way she looks at

me, I can already sense a change, but I manage to keep my composure and hide it from her.

"I'm sorry I haven't been around lately." She apologise.

"Y-You cut your hair." Sagot ko imbes isipin ang dahilan kung bakit nawala siya.

Umupo ako sa kanyang tabi at nakita ang matamis niyang pagngiti habang sinusuklay ang buhok gamit ang kanyang mga daliri.

"R," My throat suddenly feels tight as she calls me. Now she's calling me R.

"Pie," bulong ko. "I have something to confess to you..." I take a deep breath, bracing myself for what I'm about to say.

"Me too." Sabi niya.

"Okay, Ikaw muna." Sagot ko at tipid ngumiti, hindi ko na kaya itago at handa ako harapin ang magiging sagot niya. Gusto ko na umamin na may nararamdaman ako sa kanya, matagal na-

"I'm already taken by your cousin." I freeze, taken aback by her unexpected confession.

"Y-You're taken? By my cousin?" I stutter, the revelation catching me off guard.

My fingers fumble as I quickly unbutton the top button of my shirt, feeling a sudden need to loosen it. My hands tremble slightly, but I hide it before she can notice. "You're in a relationship with my cousin...?" I repeat, trying to wrap my mind around her revelation. I've only introduced her to one cousin.

"Shara," I exhale heavily as she mentions Sj. I clench my fists and bow my head, unable to keep eye contact any longer.

"R, thanks to you, I've found the person I'll cherish and love for the rest of my life. If you hadn't introduced us to each other, I might still be holding myself back." Tears stream down my face as I can no longer hold them back. Why did it have to be my cousin? It's painful to think that I played a role in bringing them together.

"W-Why?" Sambit ko, hindi makuha ang mag angat ng ulo.

"Why?" I choke back a sob. "Why did it have to be my cousin, Pie?" Malungkot kong tanong at this time at nag angat ng paningin sa kanya.

I notice a look of surprise in her eyes as she sees the tears streaming down my face, one after another. "B-But, ako ang nauna. H-How about me? Ang tagal ko itinago dahil ayaw ko masira ang meron tayo." I spoke, my voice shaking and strained as I tried to keep it low so as not to attract the attention of the people in the canteen.

"L-Love, you're not saying-"

"Gusto kita, matagal na." I confess to her right then and there, feeling the weight of my words pressing down on my heart and making it hard to breathe.

"Rochelle, I see you only as a friend." She replies, clear and firm.

Tumango ako at ngumiti pa rin kahit masakit tanggapin, akala ko hindi ganito ang magiging epekto pero nagkamali ako. Ang sakit pala malamang mahal niya lang ako bilang kaibigan, hanggang doon lang ba talaga? Wala ba akong pag-asa? Anong meron sa pinsan ko na wala ako?

"I'm sorry." Sabi niya at hinawakan ako sa kamay.

"I-I know, a-akala ko may pag-asa ako, akala ko ako ang tinutukoy mo. I assumed, kaya nagpasya akong magtapat sayo- matatanggap ko naman kaagad kung iba ang sitwasyon, pero Pie, bakit ang pinsan ko pa? W-Wala ka ba talagang nararamdaman sa akin kahit konti man lang?" Sunod-sunod ang pagpahid ko sa aking mga luha, gusto ko humagulgol ngunit hindi pwede kaya minabuti ko nalang kagatin ng diin ang aking labi.

"R, I've never seen you as anything more than a friend. Why your cousin? I can't control my heart." She begins to explain at ang kalmado ng boses niya. I don't say anything anymore and let the tears fall silently, my body continuing to shake until I eventually manage to quell the trembling.

"I'm sorry, Pie, kalimutan mo na lang ang sinabi ko. Congratulations sa inyo ng pinsan ko at masaya ako para sayo." Kahit na ang totoo ay hindi, hindi ako masaya at parang sinaksak ako ngayon sa puso ko.

Tumayo ako at tipid ngumiti. "K-Kailangan ko na umalis, may pasok pa ako." Sabi ko at tipid ngumiti.

"Love," tawag niya sa akin at kita ko ang konsensya sa kanyang mga mata.

"See you later." Sabi ko bago tuluyang umalis.

Nagsimula akong tumakbo pagkalabas ng canteen, tumakbo nang tumakbo hanggang sa hindi ko na alam kung saan ako dinala ng mga paa. Ang bigat sa pakiramdam, hindi ko na rin pinansin ang mga taong nakakita sa aking umiiyak at tuloy lang sa pagtakbo.

Ang tagal kong naghintay ng pagkakataon para aminin sa kanya ang nararamdaman. Kung noon pa sana ako umamin may pag-asa kaya ako kahit konti? Kung hindi ko lang pinakilala si Sj sa kanya, magkakagusto kaya sa akin si Pie kapag naging matapang lang ako sa nararamdaman ko sa kanya?

Hihigit kaya sa pagiging magkaibigan ang pagtingin niya kung inamin ko noon na mahal ko siya? Gage, ang sakit at parang daig ko pa ang pinagtaksilan ng partner. Huminto ako, pawis na pawis, hingal na hingal at napansing nasa rooftop na ako.

I take a deep breath and make my way to the pile of chairs, sitting down with a heavy heart. The memories of what happened earlier flood my mind once more, and I hang my head in frustration, gripping my hair tightly.

"Fuck! Fuck! Fuck! Ang tanga mo! Ang tanga-tanga mo!" I berate myself, giving myself a firm slap across the face to snap out of my delusional thoughts.

Ano na lang ang mangyayari sa amin ngayon matapos kong umamin? Alam kong may magbabago lalo na ngayon na may relasyon sila ng pinsan ko. Hindi ko rin kaya humarap ngayon kay Pie, pagkatapos ng mga salitang pinakawalan ko kanina, pagkatapos kong ipaalam ang nararamdaman sa kanya- malabong walang magbago sa pagitan naming dalawa.

Simula sa araw na 'yun naging mailap na ako kay Pie, dumistansya at ginawa ang lahat para maiwasan lang siya. Akala ko may mababago kapag napansin niya ang pag-iwas ko, umasa akong maghahabol ito, pero ako lang pala ang umasa sa sarili. I'm so delusional, hindi ako kawalan sa kanya.

Dumaan ang mga araw, linggo at ilang buwan naging gano'n kami hanggang sa tuluyang hindi nagpapansinan. Nasasaktan ako sa tuwing nakikita siyang masaya, na parang wala lang sa kanya ang mahabang panahon naming pagsasama pero sino ako para isumbat yan sa kanya kung ako naman ang unang lumayo sa aming dalawa.

Nagdesisyon akong harapin si Pie, hindi ko alam kung tama ang desisyon ko. Kahit ngayon lang ay gusto ko sundin ang puso at isipan, nahihirapan na rin ako at hindi ko magawang tuluyan pakawalan ang nararamdaman ko sa kanya.

"Hi, nakita mo si Pie?" Tipid kong ngiti sa estudyanteng kaklase ni Pie.

"Pie? Si Pixie? Nakita ko papunta sa classroom." Sagot niya.

"Salamat," sabi ko at tinahak ang daan patungo sa classroom niya. Ang totoo ay nagpadala ako ng mensahe sa kanya, kung pwede mag-usap kaming dalawa.

Pabigat nang pabigat ang nararamdaman ko sa bawat hakbang na ginagawa. Pilit ko sinasabi sa sarili na mali, pero gusto ko rin umasa na may pag-asa kahit konti. Pagtingin ko sa nakabukas na pinto ay nakita ko ito sa loob ng classroom, mag-isa at mukhang naghihintay.

Humugot ako ng malalim na hininga bago kumatok at pumasok.

"Pie," sambit ko sa kung paano ko ito tawagin.

She turns back to me, and my eyes tear up as I see the cold, unfeeling expression on her face. There's none of the excitement I used to see in her eyes when she looks at me anymore. Dahan-dahan akong humakbang palapit at huminto sa kanyang tapat.

"Pie-"

"What? After ignoring me and brushing me aside, why are you suddenly approaching me again? For what reason?" Parang may bumara sa lalamunan ko matapos marinig ang kanyang boses, galit at walang gana humarap sa akin.

"I-I was hurt. H-Hanggang ngayon nasasaktan pa rin ako." Mahinang paliwanag ko.

"Why? You're blaming me? Kasalanan ko kung nasasaktan ka?" Sarkastiko niyang salita.

Ikinuyom ko ang mga kamay at mahigpit siyang hinawakan sa magkabilang balikat. "Yes, kasalanan mo, I'm sorry pero hindi ko pala kaya." Sabi ko at marahas siyang hinila palapit sa akin at hinalikan sa labi niya.

Buong lakas niya akong itinulak at sa unang pagkakataon, nakita ko itong galit na galit, sa unang pagkakataon ay isang malakas na sampal ang natanggap ko bilang sagot.

"Fuck you! How dare you!" Malakas na sigaw niya sa akin, puno ng poot at galit habang pinapahid ang kanyang labi- tila nandidiri sa akin.

"P-Pie, I'm sorry, nabigla lang ako." Paliwanag ko.

"Shut up, RL!" Muli niyang sigaw at pansin ko ang panginginig ng kanyang kamay.

Hindi ko na napigilan ang mga luha at tuloy-tuloy sa pagbagsak mula sa aking mga mata. "Bakit kasi hindi nalang ako, Pie? Ako ang laging nandyan para sayo, p-pero bakit pinsan ko pa? Ako ang nauna pero siya ang pinili mo." Tahimik akong lumuluha habang pinapaabot sa kanya ang hinanakit ng aking puso.

"Hindi porket ikaw ang nauna ay ikaw na ang pipiliin. It's not the brain that makes decision, it's the heart!" She yells at me na mas lalong nagpadurog sa aking puso.

"Is this the reason why you asked me to come here?!" She approach me, namumula ang mukha sa galit.

"P-Pie, I'm sorry, noon pa man ay gusto na kita. Natakot akong umamin dahil baka layuan mo." Kinagat ko ang ibabang labi, dahil alam kong kahit anong paliwanag ko ay mukhang wala lang sa kanya.

"Kahit pa umamin ka noon, walang magbabago dahil hindi kita gusto. I didn't ask you to love me." Malamig niyang salita. Para ba akong sinaksak ng paulit-ulit sa puso hanggang sa tuluyan akong mamatay, ang sakit pala malaman ang katotohanan mula sa mismong labi niya.

Tipid akong ngumiti, pilit lumapit sa kanya at buong lambing na yumakap sa kanya. "I'm sorry." Bulong ko at tuluyang humagulgol ng iyak. Alam ko mali, mali ang nagawa ko kanina, nadala lang ako sa emosyon at pinagsisihan ko kaagad.

Pero kahit ngayon lang, kahit isang beses lang, gusto ko sabihin sa kanyang mahal ko siya. "Pie, I love you." Bulong ko bago ipinikit ang mga mata at hinigpitan ang yakap sa kanya.

Alam kong hindi niya ako mapapatawad sa ginawa ko at malaki ang nagawang pagtataksil ko dahil girlfriend ito ng pinsan ko, nagmahal lang din ako, nasaktan at nakagawa ng kasalanan. Kahit konting oras lang, gusto ko manatiling ganito kami.

Nadurog ang puso ko lalo nang bigla niya akong itulak ng malakas, nakita ko ang kanyang mga matang lumuluha kaya nataranta ako at hinabol siya. "Pie!" Tawag ko ngunit isang malakas na sampal ang natamo ko.

"Fuck you! Bitawan mo ako! Hindi kita gusto!" Sabay tulak niya ng malakas at tumakbo palayo.

Ilang segundo akong natulala, hindi alam ang gagawin. Buong lakas kong sinuntok ang sarili, dahil sa kagaguhan ko ay pati ang kaibigan ko mukhang mawawala sa akin. Tumakbo ako palabas upang sundan si Pie, hindi ko alam ang dahilan kung bakit siya tumakbo at mukhang may hinahanap at doon ko napagtanto kung sino.

"Pie!" Tawag ko upang sana sabihin na ako ang magpapaliwanag sa pinsan ko. Sinundan ko ito hanggang sa makarating kami sa labas ng campus.

"Pie," tawag kong muli sa kanya nang tumigil ito.

"J," sambit niya at nakita ko si Sj.

Nagyuko ako ng ulo, hindi matingnan sa mga mata ang pinsan ko dahil nakokonsensya ako sa ginawa at mukhang nakita niya lahat ang nangyari sa aming dalawa ni Pie kanina. Dapat harapin ko dahil kasalanan ko to, ngunit bago pa man ako mag angat ng ulo ay narinig ko na ang malakas na sigaw ni Pie.

"J-J! Stop!"

"Jane!"

Hindi ako nakakilos sa kinatatayuan ko, para akong naging bato sa aking pwesto, nanigas nang masaksihan kung paano mabundol at tumilapon ang katawan ni Sj palayo. Pinilit ko ang mga paa at tumakbo upang tumulong ngunit puno ng galit akong ipinagtabuyan ni Pie at sinabing wag lalapitan silang dalawa. Tumawag ako ng ambulansya habang nanatili sa isang tabi, umiiyak na pinapanood ang pinsan kong nag-aagaw buhay habang si Pie ay ginagawa ang lahat.

-

Slap

"Anong pumasok sa ulo mo?! That's your sister's girlfriend! For fucking sake, Rochelle Love!" Iniyuko ko ang ulo matapos makatanggap ng sampal mula kay Krystal.

"Stop, kumalma ka at walang magagawa ang away ninyo sa sitwasyon ngayon. Kasalanan niya at mali siya, pero hindi mo madidiktahan ang puso. Nagmahal lang si R," pumagitna si Iris sa aming dalawa at inilayo ako kay Krystal.

"So what?! Dahilan ba 'yun para halikan ang babaeng alam mong girlfriend ng kapatid mo?! Nasa tamang pag-iisip pa ba ang taong gumagawa no'n, ha?!" Bulyaw nito at ngayon si Iris naman ang kinakalaban.

"I-I'm sorry, alam ko at aminado akong kasalanan ko lahat. N-Nadala lang ako, matagal ko ng mahal si Pie at hindi n'yo alam kung gaano kahirap at sakit sa akin nong nabalitaang sila na ni Sj. Akala n'yo ba ginusto ko ang mga nangyari? Sising-sisi ako, sinisisi ko ang sarili ko, dahil sa akin muntik na mawala si Sj! I-I'm sorry, patawarin n'yo ako." Lumuluhang paliwanag ko, hindi ako nagpapaawa sa kanila dahil totoong nagsisisi ako sa mga maling desisyong nagawa. Nilalamon ako ng konsensya, hindi ko alam ang gagawin kung lumala ang problema.

"Nakakainis ka, lahat ng mga gusto mo simula pagkabata ay nakuha mo kaya ganyan ka. Lahat pinaubaya ni babe sayo dahil gusto niya ang sumaya ka, kahit mga gusto niya na gusto mo ay sinuko niya para sayo- pati ba naman girlfriend niya, balak mo agawin sa kanya? Ngayon lang naging selfish si babe pero ipagkakait mo pa?" Malaking sampal sa akin ang katotohanan na sinabi ni Krystal, mas naging triple ang sakit sa puso ko.

"Kb, hindi mo kailangan isumbat kay R ang nakar-"

"No! Wag n'yo ako sasabihan na hindi kailangan isumbat ang mga bagay na 'yan dahil ang totoo, minsan, para magising ka sa reyalidad ay kailangan mong masampal sa katotohanan." Hindi ako nagsalita, tinanggap lahat ng mga masasakit na salitang binitawan ni Krystal, walang mali sa sinabi niya.

Tipid akong ngumiti at umiling kay Ag para ipahiwatig na huwag makialam dahil baka pati siya madamay sa away. "I'm sorry." Hindi na ako muling nagsalita, humingi nalang ng tawad paulit-ulit sa kanila dahil kahit anong paliwanag ko ay hindi na mababago ang nangyari na.

Umalis ako, hindi nagparamdam ng ilang araw hanggang sa nakatanggap ako ng tawag mula kay Mimi at sinabing lilipad ako pa Amerika. Mukhang nalaman na nila ang nangyari kaya ngayon gusto akong ilayo sa iba, sabagay at para rin sa ikabubuti ng lahat. Alam ko na kapag nandito ako ay mas lalo akong mahihirapan, kailangan ko bisitahin si Sj, gusto ko magpaalam sa kanya bago ako umalis.

Kinagabihan ay nagpunta ako sa hospital, pagpasok ko ay nakita ko si Pie, matiyagang binabantayan

ang babaeng walang malay. Kahit likod niya lang ang nakikita ko ay halatang pumayat ito, marahil sa walang tamang tulog at hindi kumakain ng tama.

"Pie," sambit ko. Hindi ito lumingon at tuloy lang sa paghaplos ng kamay ni Sj.

Nagbabadya na naman ang mga luha kong pumatak. Tanggap ko na, wala talaga akong pag-asa at laban sa kanya. "Gusto ko lang mag sorry, Pie... at magpaalam, pupunta akong states at doon na rin siguro ako mag-aaral." Salita ko at hindi umaasang sasagot ito.

"Okay," malamig niyang salita.

I bite my lower lip, tipid ngumiti at sa huling pagkakataon ay tumingin sa mukha ng aking kapatid. I'm sorry S, sana mapatawad mo ako sa nagawang pagtataksil, ipapanalangin ko ang mabilis mong paggaling at sana maging masaya kayong dalawa.

"Please forgive me, and take care always." Mahina kong salita at tuluyang lumabas nang kwarto.

I feel lost as I continue walking in the pouring rain, not knowing where I am. I've ended up in a long alleyway. Nandito pa rin ang bigat sa aking dibdib kahit na humingi na ako ng tawad sa kanila, mukhang ito na ang huling gabi ko dahil bukas wala na ako.

"Kailangan ko na umuwi at mukhang hindi titigil agad ang ulan." Sabi ko sa sarili.

As I walk down the dark alley, I hear a woman's cry for help. I look down the alley and see four men surrounding a woman, trying to force her into a van.

"H-Help!"

Without hesitating, I step in and confront the men. The first man lunges at me, but I dodge and deliver a quick jab to his stomach, knocking the wind out of him. The other three men charge towards me, but I'm ready for them. I duck and weave, dodging their blows and counter attacking with a series of punches and kicks.

One of the men manages to land a punch, connecting with my jaw. I stagger back, but quickly recover and retaliate with a powerful kick to his chest, knocking him to the ground. The other two men come at me in a coordinated attack, but I use their momentum against them, tripping them up with a swift leg sweep and then following up with a roundhouse kick to each of their heads. They drop to the ground, unconscious.

With the men down, I hurry over to the woman, who's been shoved onto the ground. I help her up gently, making sure she's not hurt. She's shaking and terrified. "Are you okay?" I ask her. "Are you hurt?" Tanong ko sa babae na tulala at nanginginig sa lamig.

"Excuse me." Paghingi ko ng permiso at binuhat siya. "It's fine, you're safe now." Sabi ko at tumingin sa paligid dahil baka may mga kasama pa sila. Paano ba ako napunta rito? Pero salamat na rin dinala ako ng mga paa sa lugar na ito dahil may natulungan ako.

Gusto ko sana alamin ang dahilan kung bakit pilit siyang tinatangay pero mas mabuting manahimik nalang ako at wala rin naman akong kinalaman sa buhay niya. Pero ngayon ko lang pansin sa malapitan, nagkita na ba kami? Sobrang pamilyar ng mukha niya at pakiramdam ko ay minsan ko na itong nakita kaso hindi ko lang maalala kung saan at kailan.

Pinara ko ang isang taxi, maingat siyang isinakay bago ako pumasok at umupo sa kanyang tabi. "Manong, sa malapit po na police station." Saad ko sa driver.

Gusto ko sana i-offer ang suot na jacket kaso pareho kaming basa at mas basa pa nga ako kaysa sa kanya. Tahimik kong nilingon ang babae at napaisip, itong anggulo na ito ay talagang pamilyar.

"Excuse me, minsan na ba tayong nagkita? O nagkausap?" Tanong ko at hinintay ang kanyang sagot ngunit nanatili itong tahimik.

"Pamilyar ka kasi." Sunod kong salita at tipid ngumiti bago muling tumahimik. Napansin ko ang kanyang malalim na pagtitig sa aking kamao at mabilis ko itong itinago mula sa kanya.

"Wala lang to." Sabi ko. Marahil nakuha ko kanina noong sinangga ko ang pamalo ng lalaki.

Makalipas ang ilang minuto ay narating namin ang police station, hindi pa man kami nakakapasok ay may mga sumalubong ng mga police at base sa obserbasyon ko ay mukhang kilala nila ang babae dahil tinawagan nila kaagad ang pamilya nito. Hindi ako tumuloy, ligtas na siya at walang mananakit sa kanya dito kaya minabuti ko na umalis ng tahimik. Hindi ako nagpaalam sa babae, wala naman dahilan at isa pa hindi na kami magkikita. Ang mahalaga ay ligtas ito at walang nangyaring masama.

Sa muling pagkakataon ay lumingon ako bago tumingala, malakas pa rin ang ulan pero sana bukas sumikat ang magandang araw.

"At least bago ko lisanin ang bansa ay nakagawa ako ng mabuti sa kapwa." Bulong ko sa sarili at ngumiti.

Salamat sa magandang alaala, pinas.

CHAPTER 38

-

Maaga pa lang, gising na ako. Excited at medyo kinakabahan. Ngayon ang graduation ni Ziallyn, fiancée ko at ang babaeng pinapangarap ko habangbuhay. Sa kusina, hawak ko ang tasa ng kape, iniisip kung may nakaligtaan ba akong ihanda. Suot ko na ang paborito kong polo at maayos na slacks, hindi masyadong bongga, pero sapat na para sa espesyal na araw na ito. Sa tabi ng mesa, naroon ang bouquet ng white roses na may halong baby's breath, alam kong paborito niya 'yun.

Sinilip ko ang gift box na may bracelet sa bulsa ko. Napakasimple nito, pero espesyal dahil may nakaukit na 'Forever Yours'

Bigla akong napatigil nang marinig ko siyang tawagin ako mula sa itaas. "Are you ready?" tanong niya. Napangiti ako, saglit na napaisip siya ang bida ngayon, pero pareho kaming kabado.

"Oo, kitten! Tara na't baka ma-late tayo!" Sinagot ko siya. Pagbaba niya, napahinto ako. Suot niya ang toga niya at ang simpleng puting dress sa loob. Hindi ko maiwasang humanga. Sobrang ganda niya, at parang tumigil ang mundo ko.

"Do I look okay?" Tanong niya dahil seryoso akong nakatingin.

Hinawakan ko ang kamay niya at tinitigan siya sa mata. Hindi ko napigilang sabihin, "More than okay. Ang ganda-ganda mo." Napatawa kami pareho, pero alam kong emosyonal na rin siya.

Habang nasa byahe kami papunta sa venue, hindi ko maiwasang magmuni-muni. Ang tagal naming pinangarap ito, at ngayon, andito na kami. Hindi lang siya nagtapos sa kolehiyo, nagtapos din kami sa isang mahirap pero masayang pinagdaanan ng buhay namin. Ngayon, simula na ng bagong kabanata, at mas lalo akong nasasabik sa mga darating na araw kasama siya.

Pagdating namin sa venue, agad akong bumaba para pagbuksan siya ng pintuan. Ngumiti siya, at kahit simpleng bagay lang iyon, ramdam kong mahalaga para sa kanya. Habang naglalakad kami papasok, mahigpit ang kapit niya sa braso ko, at ramdam kong may halong excitement at kaba sa bawat hakbang.

Puno na ang lugar ng mga tao-mga estudyante, magulang, at kaibigan na lahat ay sabik makita ang tagumpay ng kanilang mahal sa buhay. Nakahanap kami ng upuan malapit sa harap para mas makita ko siya sa stage.

"Thank you love, for everything." Bago siya tumayo para pumila, hinawakan niya ang kamay ko at bumulong.

Ngumiti ako at sinagot siya, "Ikaw ang naghirap para dito. Ako lang ang cheerleader mo." Tumawa siya nang mahina, pero kitang-kita ko ang saya sa mga mata niya.

Habang naghihintay ako sa upuan, nakuha kong pagmasdan siya mula sa malayo. Kita ko kung paano siya magiliw na bumabati sa mga kaklase niya. Parang ang liwa-liwanag niya, iba na talaga si Kitten ngayon, ang taong dati'y walang pakialam sa iba at focus lang sa sarili niya, ngayon ay nakangiti na sa ibang tao.

Mahabang oras akong naupo, hindi ko inalis ang paningin ko sa babaeng umaapaw ang kagandahan sa di-kalayuan. Pagkatapos tawagin ang pangalan ni Ziallyn bilang summa cum laude, halos sumabog ang

puso ko sa saya at pagmamalaki. Lahat ng tao sa auditorium ay nagbigay ng masigabong palakpakan. Hindi ko maiwasang ngumiti nang malaki habang tinitingnan siya, na para bang siya lang ang tanging tao sa paligid. Hindi lang ako ang proud sa kanya, nandito rin ang mga kapatid ko, kapatid niya at parents.

Dahan-dahan siyang lumapit sa mikropono. Kita kong bahagya siyang kinakabahan, pero hindi ko rin maiwasang humanga sa kung paano niya ito tinakpan ng isang tiwala at eleganteng ngiti. Nang magsalita siya, ang boses niya ay malinaw, puno ng emosyon, at dama mo agad ang sinseridad.

"Good day to everyone," panimula niya at biglang tumahimik ang buong lugar.. "Today, we are not just celebrating the culmination of our academic journey. We are also honoring the hard work, sacrifices, and hopes that have brought us here." Napatingin siya saglit sa direksyon ko, at naramdaman kong parang espesyal na mensahe ang susunod niyang sasabihin.

"For me, this success is not solely my own. It is also the result of the unwavering support and love of those who stood by me, believed in me, and never left my side, even in my darkest moments. To them, I say thank you. Because of you, this achievement feels even more meaningful." Nararamdaman ko na nanlalabo ang paningin ko dahil sa mga luhang hindi ko maipaliwanag. Ang bawat salita niya ay parang tumatama sa puso ko.

"To my fellow graduates," nagpatuloy siya "let us remember that this milestone is just the beginning of a new chapter. Let us face the challenges ahead with courage, and never forget to look back and honor the people who lifted us up. Let's continue to dream, not only for ourselves but for the people we love." Pagtapos niyang magsalita, masigabong palakpakan ang bumalot sa paligid. Tumingin siya muli sa direksyon ko, ngumiti ng bahagya, at parang sinasabi sa mga mata niya 'Para ito sa atin.'

Habang bumalik siya sa kanyang upuan, hindi ko mapigilang isipin kung gaano ako kaswerte. Siya ang dahilan kung bakit naniniwala akong kaya kong maging mas mabuting tao, at ngayon, nasa harap ko ang isang babae na hindi lang matalino at magaling, siya rin ang pinili kong makasama habangbuhay.

Makalipas ang mahabang minuto ay ito na ang hinihintay ko. Nang tawagin na ang pangalan niya parang tumigil ang mundo ko. Tumayo siya, hinarap ang audience at tinanggap ang diploma niya. Palakpakan ang lahat, pero para sa akin, siya lang ang nakikita ko. Pumalakpak ako ng malakas kahit alam kong namumula na ang mga palad ko.

Pagkatapos ng seremonya, agad ko siyang sinalubong. Hindi na ako nakapagpigil, niyakap ko siya nang mahigpit. "I'm so proud of you." Bulong ko habang nakayakap pa rin sa kanya. Napansin kong nangingilid na rin ang luha niya.

"Thank you, love, I'm so proud of us." sagot niya, at doon ko na naramdaman na hindi lang ito tagumpay niya, kundi tagumpay naming dalawa.

Pagkatapos ng seremonya, agad na dumagsa ang mga tao para batiin si Ziallyn at sa mga kambal niya. Halos lahat ay puno ng papuri at paghanga sa kanilang tagumpay, lalo na kay Ziallyn bilang summa cum laude, yung tatlo ay nakatanggap ng magna cum laude. Nakatayo lang ako sa tabi niya, tahimik na ipinagmamalaki ang lahat ng narating niya.

Sa gitna ng kaguluhan, saglit siyang lumingon sa akin, ngumiti, at bumulong, "Thanks for being here." Bulong niya.

"Palagi." Sagot ko at hinawakan ang kamay niya.

Pagkatapos ng mga pagbati, dumiretso kami sa isang pribadong party na inihanda ng kanilang pamilya para ipagdiwang ang tagumpay ng magkakambal. Simple pero elegante ang lugar, puno ng magagandang dekorasyon, masasarap na pagkain at ngiti ng mga mahal sa buhay.

Nagsimula ang party sa isang toast mula sa mga magulang nina Ziallyn. "Para sa aming mga kambal, hindi namin makakalimutan ang araw na ito. Napuno ninyo kami ng pagmamalaki. Cheers sa inyong kinabukasan!" Masiglang salita ni Mommy Shirley.

Sabay-sabay naming itinaas ang aming mga baso at napuno ng masigabong palakpakan ang buong silid. Nakangiti ang kambal habang nagbibiruan at si Ziallyn naman, bahagyang nahihiya pero halatang masayang-masaya. Habang lumalalim ang gabi, naging mas masaya ang selebrasyon. Nagkuwentuhan ang bawat isa, nagtawanan at sinulit ang mga inihandang pagkain. Umupo ako sa tabi ni Ziallyn, pinagmamasdan siya habang nakikipag-usap sa pamilya at mga kaibigan.

Nang magkaroon kami ng saglit na sandaling magkasama, iniabot ko sa kanya ang maliit na kahon. Nandoon ang bracelet na may nakaukit na 'Forever Yours' nang makita niya ito, napangiti siya at bahagyang namasa ang kanyang mga mata. "It's so pretty." Sabi niya nang mahina.

"Bagay sayo ang lahat, kitten," sagot ko. "Salamat sa pagiging inspirasyon ko araw-araw." Bulong ko.

Natapos ang gabi na puno ng tawanan, kwentuhan, at pasasalamat. Habang papalabas kami ng venue, mahigpit kong hinawakan ang kamay niya, alam kong ang araw na ito ay hindi lang tungkol sa kanyang tagumpay, kundi pati na rin sa aming kwento at sa mga susunod pang tagumpay na magkasama naming haharapin.

Pagkatapos ng graduation, nagdesisyon kaming magbakasyon ni kitten sa isang tahimik at napakagandang lugar, malayo sa ingay ng syudad. Narito kami ngayon sa isang bundok, sa isang wooden cabin na may balcony na tanaw ang dagat at berdeng kagubatan. Nasa balkonahe ako, humihigop ng mainit na sabaw habang si kitten ay abala sa pagkuha ng litrato ng tanawin. Suot niya ang isang simpleng flowy dress na umaagos kasabay ng hangin. Hindi ko mapigilang titigan siya, mas lalo siyang gumaganda sa liwanag ng araw.

Lumapit siya sa akin, ngumingiti at naupo sa tabi ko. "It feels strange here, doesn't it? Like a different world." Sabi niya habang tinatanaw ang paligid.

"Oo nga," sagot ko, hindi inaalis ang tingin ko sa kanya. "Pero mas maganda kasi kasama kita."

Bahagya siyang namula, pero pinipilit niyang magmukhang seryoso. "You're already being cheesy so early in the day." Sagot niya, pero halata sa tono niya na kinikilig siya.

Pagkalipas ng ilang oras, naglakad-lakad kami sa bayan sa paanan ng bundok. May nakita kaming maliit na café sa gilid ng kalsada, puno ng mga turista. Habang naghihintay kami ng order, may isang babaeng turista ang biglang lumapit sa akin. Mukhang may ibang intensyon.

"Excuse me," sabi nito, iniabot ang cellphone niya. "Can you help me take a photo? You look like someone who knows how to get a good angle."

Tumango ako, pero bago ko pa maabot ang phone niya, bigla akong nilapitan ni kitten. Naramdaman ko agad ang kamay niya sa braso ko habang tinitingnan niya ang babae nang matalim.

"Sorry, but she's a little busy right now." Sabi ni kitten, may lambing sa ngiti pero may halong lamig ang boses. Nagulat ang babae at agad na umalis. Napatawa ako nang bahagya habang tinitingnan si pusa,

na hindi pa rin inaalis ang kunot sa noo niya.

"Jealous much?" Nakangiting tanong ko.

"Should I slap you?" Iritado niyang sagot kaya napalunok ako. Naupo siya sa tabi ko at tumingin sa malayo. "I just don't like other people thinking they can take what's already mine." Malamig niyang salita.

Hinawakan ko ang kamay niya at ngumiti. "Hindi mo kailangang mag-alala. Walang ibang makakakuha ng atensyon ko, ikaw lang."

Bahagya siyang huminga nang malalim, tapos ngumiti nang matamis. "Good. Kasi kung hindi..." Tumigil siya at ngumiti nang makahulugan.

"Anong 'kung hindi'?" Tanong ko.

"Do I still need to let you know?" Sagot niya sabay kurot sa tagiliran ko.

"Hindi na po, hehe." Sagot ko.

Patuloy ang araw namin na puno ng tawanan, kwentuhan at mga simpleng sandaling naging espesyal dahil magkasama kami. Sa pagtatapos ng araw, habang magkatabi kaming nanonood ng paglubog ng araw sa may cliffside, tahimik kaming nagpapasalamat sa isa't isa, sa araw na ito at sa bagong simula sa buhay.

Habang magkatabi kaming nakaupo sa damuhan sa gilid ng bangin, nararamdaman ko ang init ng kamay ni kitten na nakahawak sa akin. Pareho kaming nakatingin sa araw na unti-unting nilalamon ng dagat. Ang paligid ay tahimik maliban sa marahang ihip ng hangin at tunog ng mga ibon na tila nagpapaalam na sa araw.

"Alam mo," sabi ko, binabasag ang katahimikan, "ang dami nating pinagdaanan para makarating sa puntong ito. Pero sa lahat ng iyon, ikaw ang pinaka-highlight ng buhay ko."

Tumingin siya sa akin, kunot ang noo pero may bahagyang ngiti sa labi. ""Highlight, huh? Am I not being too demanding or intimidating?"

Ngumiti ako. "Intimidating? Siguro. Pero 'yun ang dahilan kung bakit ako humanga at nagkagusto sayo. At demanding? Oo, pero gusto ko 'yun. Ginawa mo akong mas mabuting tao." Malambing kong sagot.

Hindi siya agad sumagot. Sa halip, tumingin siya sa malayo, sa dagat na tila naging salamin ng kulay ng kalangitan. "I'm not the kind of woman who's expressive, but I want you to know that I love you in the way I know how."

Hindi ko inaasahan ang ganitong tono mula sa kanya, kaya hinigpitan ko ang hawak ko sa kamay niya. "Alam ko naman. Kahit hindi mo sabihin, nararamdaman ko." Sagot ko. Ngumiti siya, at naramdaman ko ang pagsandal ng ulo niya sa balikat ko. Tahimik naming pinapanood ang nalalabing liwanag ng araw.

Bigla ay tumayo siya at hinila ako. "Come on, let's walk. I don't want this day to end just like that."

"Anong plano mo?" Tanong ko, natatawa habang hinahatak niya ako pababa ng trail.

"None," sagot niya, pero ang ngiti niya ay nagsasabing mayroon siyang iniisip. "Gusto ko lang sulitin ang bawat segundo ng bakasyon natin."

Habang naglalakad kami, naramdaman ko ang lamig ng hangin na bumabalot sa amin. Tahimik ang buong paligid at ang tanging tunog ay ang mga yabag namin at ang alingawngaw ng mga tawa niya sa bawat biro ko. Nang makarating kami sa isang open clearing na may malawak na tanawin ng kalangitan, huminto siya at tumingin sa akin.

"Love," sabi niya, tinuturo ang kalangitan na ngayon ay puno ng bituin, "Sometimes, I forget to stop and just look around. Thank you for bringing me here. I can't remember the last time I was this happy."

Ngumiti ako at hinawakan ang magkabilang kamay niya. "Walang anuman. Gusto ko lang na sa araw na ito, wala kang ibang alalahanin kundi kung paano ka magiging masaya."

Tumingala siya, tinitingnan ang mga bituin, bago muling tumingin sa akin. "I'm happy now. As long as I'm with you, I'm good."

Sa mga sandaling iyon, naramdaman ko kung gaano ka genuine ang pagmamahal ni kitten sa akin at walang ibang kailangan kundi ang presensya ng isa't isa.

-

Kinabukasan, nagdesisyon kaming pumunta sa beach Si kitten ay nagsuot ng isang simple pero sexy na swimsuit, isang one-piece na may open back, na sa kahit anong anggulo ay hindi mo maitatanggi na siya ang pinakamaganda sa buong paligid. Habang nagpapahinga kami sa ilalim ng isang payong, hindi ko maiwasang mapansin ang mga lalaki sa paligid na hindi na yata nakakapagpigil ng mga titig nila. Minsan, may mga patagilid na tingin o sadyang titingin sila nang diretso sa kanya. Nakita ko pa nga ang isang lalaki na hindi na makapigil ng ngiti habang titig na titig sa kanya.

Tumingin si kitten sa akin at tila napansin ang tensyon sa mukha ko. "Why? What's wrong?" Tanong niya.

"Wala," sagot ko, ngunit halata sa mukha ko na hindi ako kontento. Sa halip na magpatuloy sa pagtitig sa kanya, pinili kong ilihis ang tingin ko at sabay hawak sa kamay niya. "Gusto ko lang mag-relax tayo, okay?"

Ngunit hindi ko talaga mapigilan. Habang patuloy ang mga lalaki sa paligid na nagnanais ng pansin mula kay kitten, naramdaman ko ang isang uri ng selos na hindi ko kayang itago. Hindi ko gustong makita siyang tinititigan ng ibang tao at hindi ko kayang ipakita na komportable ako na ang mga mata ng iba ay nakatutok sa kanya.

Kaya't walang kalabit-labit, kinuha ko ang beach towel na nasa tabi at dahan-dahang tinakpan ang katawan ni kitten, mula sa kanyang balikat pababa. "Naiinis na ako" Sabi ko ng may diin sa tono. Alam ko naman normal lang ang ganito, hindi ko pinagbabawalan si kitten, pero hindi ko rin kaya, lalo na at harap-harapan nila kung pinagpapantasyahan ang katawan niya.

Nagulat siya sa aking ginawa, at agad na nagtaas ng kilay. "Are you jealous? I don't care if they're looking at me, because my body is all yours anyway." Sabi niya.

"Pero ako may pakialam," sagot ko, hindi nagbago ang ekspresyon ko. "Hindi ko kayang makita kang tinitingnan ng ibang mga lalaki na parang... gamit nila."

Habang nararamdaman ko ang tensyon sa pagitan namin, nag-angat siya ng ulo at tinignan ako nang seryoso. "I know you want to protect me, but I don't need that kind of protection. If people are looking at me, it's fine. I won't pay them any mind. But if you keep acting like this, I don't know how we'll ever be

able to relax." Kalmado niyang tanong at hinila ako saka binigyan ng yakap.

Kinain ako kaagad ng konsensya sa sinabi niya at huminga ng malalim. "Sorry," sabi ko, napansin ko na hindi ko na yata ito dapat gawing isyu. "Basta...."

Ngumiti siya at tinanggal ang towel na tinakip ko sa kanya. "I know, and I'm glad that you want to protect me. But you also need to learn to trust me, not just in situations like this, but in everything." Saad niyang muli.

Tahimik kong tinitigan si kitten at pagkatapos ay binigyan ko siya ng isang malambing na halik sa noo. "I love you." Bulong ko.

Ngumiti siya at sunod humalik sa aking labi, hindi ko 'yun inaasahan kaya bigla akong nanigas, lalo na at sa harap ng maraming tao. "I love you... so much." Sagot niya.

Nagdesisyon kaming maglaro sa dalampasigan. Nagtampisaw kami sa tubig, ang malamig na alon ay dumadampi sa aming mga katawan habang tumatawa. Si kitten na karaniwang seryoso, ay ipinakita ang kanyang likas na saya sa mga sandaling ito. Tumakbo siya papuntang malalim na bahagi ng dagat at sinabayan ko siya, naglalakad sa buhangin na parang walang pakialam sa mundo.

Nagtagisan kami sa paghagilap ng buo-buong seashells at nagtatawanan sa tuwing natutumba kami dahil sa mga alon. "Hala, ikaw na, matagal ko na yatang hinahanap 'yang shell na yan!" Lumangoy ako palapit sa kanya at kinuha ang seashell na nakuha niya.

"Yeah, because you don't know how to look." Napanguso ako sa kanyang sinabi.

"Marunong kaya ako, sadyang swerte ka lang ngayon pusa." Sagot ko. "Ang saya, tayong dalawa lang, tama talaga desisyon natin hindi isama ang iba dahil manggugulo lang sila- lalo na mga kapatid ko." Hinila ko ito at yumakap sa kanya.

"I don't want any distractions on this special day. I just want to be with you, with no interruptions in our moments together." Matamis niyang salita, tiningnan ako sa mga mata bago ibinaba ang tingin sa aking labi.

"Ang bilis ng panahon, kitten no? Parang kahapon lang 'yung panahon na tinataboy mo ako palayo. Tapos ngayon, heto na tayo, masaya at nagmamahalan na dalawa." Gusto ko sana mag moment kami ngunit panira ang alon, bigla ba naman humampas sa katawan namin kaya natangay kaming dalawa.

"Pft, hahaha." Natulala ako sa ipinakita niyang ekspresyon habang tumatawa, ang ganda-ganda talaga ni mahal ko, sobrang rare ko lang makita ang ekspresyon na 'yan sa kanyang mukha.

"Tara mahal at lumalaki na ang mga alon." Hila ko sa kanya at umahon sa dagat.

Dumating ang gabi at sumali kami ni Ziallyn sa isang bonfire party sa tabing-dagat. Ang liwanag mula sa malalaking apoy ay sumasayaw dahil sa hangin, ang mga tao sa paligid ay abala sa pagsasaya at pag-awit. Habang nakaupo kami sa gilid ng bonfire, nag uusap kami tungkol sa mga kwento ng nakaraan at mga plano sa hinaharap. May mga tao sa paligid na nagsasayaw at nagtatawanan.

"Look at them, it's like everyone here has no problems." Ziallyn said, her eyes reflecting pure joy. "I wish I could be like that too, with no worries to think about."

Napangiti ako at sumunod sa kanyang tingin. "Oo nga, ang saya ng vibe ng lugar na 'to."

Nagpatuloy kami sa pagkukwento, pero tila ang mga mata ni Ziallyn ay naging mas maliwanag. May nararamdaman akong kakaiba at halatang ito ang pinakamasaya sa buhay niya. Bigla siyang tumayo mula sa upuan at tinitigan ako nang may malalim na ngiti.

"Wanna see something fun?" tanong niya, at bago pa ako makapagsalita, nagsimula na siyang sumayaw sa harap ko. Hindi ko inaasahan ang bigla niyang galaw, ang mga tao sa paligid ay tila hindi na mahalaga sa kanya, ang kanyang katawan ay sumabay sa malakas na tugtog ng musika.

Si Ziallyn ay hindi lang basta sumasayaw, ang bawat galaw niya ay puno ng enerhiya, masaya at malaya. Napansin ko ang paraan ng kanyang mga galaw, hindi katulad ng karaniwang sayaw. Hindi siya nag-aalangan, sa tuwing titingin siya sa akin, may kilig at lambing na hindi ko inaasahan.

Habang pinapanood ko siya, parang tumigil ang oras. Ang hangin, ang mga tao at ang mga tunog ng party ay nagiging malabo. Ang tanging malinaw ay siya, ang bawat piraso ng galaw niya at ang mga mata ko na hindi matanggal sa kanya.

"You know, parang mas magaan ang pakiramdam ko ngayon." Sabi niya at huminto sa sayaw.

Tumingin ako sa kanya, nagulat sa kanyang biglaang pagbabago ng mood. "I told you, you know how to enjoy the moment."

"Well, I only enjoy it when I'm with someone who knows how to appreciate it." She just smiles, looking directly into my eyes.

I realize that there's more to this playful side of Ziallyn than just fun and games. It's like she's opening up a different part of her, one that's light and carefree, but also has something deeper behind her laughter.

"Kitten, tara lakad tayo." Sabay kuha ko sa kanyang kamay.

"Sure." Sagot niya at ngumiti.

Ang dagat ay tahimik at ang mga bituin ay kumikislap sa kadiliman ng kalangitan. Ang malamig na simoy ng hangin ay bumabalot sa amin habang naglalakad kami ni kitten sa baybayin. Ang mga alon ay malumanay na humahampas sa buhangin.

"I wonder what I should do next," sabi niya, bumasag sa katahimikan. Nakatingala siya sa langit, ang mga mata niya ay punong-puno ng pagtataka sa napakaraming bituin na nakakalat sa itim na kalawakan. "I'm torn between accepting the offer about the school or just giving it to Cassandra."

"Ano ibig mong sabihin, kitten?" Sagot ko, sinusundan ang tingin niya.

"Well, Grandpa wants to give me the authority over PU, but I don't want it. I want to focus on my business, and besides, Cassy is more suitable for it." Sagot niya.

"Kung saan mo gusto, mas mahalaga opinyon mo." Sabi ko at tumango.

Pinagmamasdan ko ang paraan ng paggalaw niya, natural, malaya at laging parang nasa sarili niyang mundo. Nakapulot siya ng maliit na bato at hinagis ito sa tubig. Tumalbog ito nang ilang beses bago lumubog.

"Teka," sabi ko, pinulot ang isa pang bato. "Kaya ko rin yan."

"Are you sure?" Hamon niya, nakataas ang kilay habang nakangiti.

Hinagis ko ang bato, ngunit sa halip na tumalbog, diretso itong lumubog. Tumawa si Ziallyn nang malakas, halos hindi makahinga sa kakatawa.

"You're good." Sarkastiko niyang salita sa gitna ng kanyang tawanan. "It's like you're the only one with that kind of talent."

"Pambihira ka," sagot ko, natatawa rin sa sarili. "Sige, turuan mo nga ako."

Tinuruan niya akong ihagis nang tama ang bato. Itinaas niya ang kamay ko, maingat niyang itinuro ang tamang anggulo. Sa sandaling 'yun ay napansin ko kung gaano siya kalapit.

"Okay, like that," sabi niya, hindi pansin ang titig ko sa kanya. "Now, throw."

Hinagis ko ulit ang bato at sa wakas, tumalbog ito ng dalawang beses bago lumubog. Tumalon siya sa tuwa, sabay sigaw ng, "Ayun! Finally!"

"Thanks sa coaching," sagot ko na tumatawa.

Tinitigan ko siya, ang liwanag ng buwan ay nagre-reflect sa kanyang mukha at sa sandaling 'yun ay parang siya na mismo ang pinakamaliwanag na bagay sa paligid.

"Napaka-swerte ko at ako ang minahal mo." Mahinang salita ko.

Pansin ko na lumalim ang kanyang pag-iisip. "You seem distracted. Anong iniisip mo?" Tanong ko.

She sighs at tiningnan ako sa mga mata. "I have something important to tell you. I've been keeping it to myself, but I think you deserve to know." Sabi niya at kinabahan ako bigla dahil mukhang seryoso.

"Okay, pinapakaba mo ako, ano 'yun?" Tanong ko at umabante sa kanya.

"I'll be leaving the country soon. Pupunta ako ng States, and I'll be staying there for a few months... for the company." Diretso niyang salita na nagpatulala sa akin.

"Wait, what? You're moving to the States? For how long exactly?" Nalilito kong tanong.

"I'm not sure yet. It depends on the project timeline. But the minimum is three months, maybe even longer if things go well." Sagot niya. Binigyan niya ako ng matamis na ngiti bago kinuha ang aking kamay at hinaplos ang aking palad.

Napakagat labi ako at tingin sa aming mga kamay. "Kailan alis mo?" Nakakalungkot isipin.

"End of the month. It's all happening so fast, and I didn't know how to bring it up." Mabilis niyang sagot bago ako niyakap ng mahigpit.

"I-I get it. This is a huge opportunity for you, and I'm happy for you. But I won't lie, it's going to be strange not having you around." Pabulong kong salita at dinampian ng halik ang kanyang noo.

Nag angat siya ng ulo at binigyan ako ng isang ngiti, ngiting malungkot."I know, and I'll miss being here, too. But this is something I need to do for my career."

"Naiintindihan ko, kitten. Just promise me one thing... huwag mo kalimutan mag update sa akin, ayaw ko mag-alala." Sabi ko at hinigpitan ang yakap sa kanya.

"Of course. You won't even notice I'm gone with how often I'll be calling or messaging." Para akong natutunaw sa kung paano niya ako bigyan ng assurance, lalo na kung paano kalambing ang tono ng pananalita niya.

"Good. Then go chase your dreams. You've got this." Sabi ko.

Sa totoo lang mahirap tanggapin, ayaw ko malayo sa kanya kahit isang araw lang dahil namimiss ko kaagad siya, pero wala akong magawa dahil mahalaga ito para sa kanya. Ang kailangan ko ngayon ay ibigay sa kanya ng buo ang aking tiwala at suporta- maghihintay ako, hihintayin ko ang pagbabalik niya.

"I love you, Love." Putol niya sa malalim kong pag-iisip at naramdaman ang mainit niyang haplos sa aking pisngi.

"I love you, Kitten." Sagot ko kasunod ang pag ngiti namin sa isa't-isa at nagtagpo ang mainit na labi naming dalawa.

-

"Hoy! Tumigil ka nga sa kakaiyak mo!" Sermon sa akin ni Sj at pilit akong hinihila.

Ngayon na kasi ang alis ni Kitten, ang bilis ng araw at parang kailan lang nong nagbakasyon kaming dalawa after ng graduation niya. Napapaluha ako dahil nalulungkot ako, miss na nga kaagad ang pusa ko.

"Aaar eeeL, ano baaaaaa! Umalis ka na at talaga bang hindi mo ihahatid si Ziallyn sa airport? Paano kung hinihintay ka niya?!" Sigaw naman ni Krystal at tumulong na rin upang hatakin ako.

"Ayaw ko nga, paano kung bigla magbago desisyon ko at hindi siya paalisin? Okay na 'yung ganito-"

"Naknampucha! Ang tagal nyo!" Biglang bumukas ang pinto ng aking kwarto at pumasok si Iris.

"Ayaw ko nga!" Pagmamatigas ko.

"Gago kang donkey ka! Umalis ka na at baka maiwan ka sa flight mo!" Mabilis akong napatingin kay Iris dahil sa sinabi nito.

"Ano sinasabi mo?" Kunot noo kong tanong.

Bigla niya inilabas ang aking passport, kasunod ang pagpasok ni Ag dala ang aking maleta. "Ano na? Hindi ka pa ba kikilos? Hahayaan mo mag-isa bumiyahe si Ziallyn?" Salita ni Ag.

Mabilis akong bumangon at tumakbo sa kanila. "H-Hatid nyo ako!" Sigaw ko, inagaw ang maleta saka passport at tumakbo palabas ng bahay.

"Tangena BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Hoy sandali! Sasama ako!" Sigaw ni Krystal habang hinahabol kami.

Paglabas ko ay nakahanda na pala ang sasakyan, pumasok ako kaagad at sumama naman ang apat.

Napansin ko ang sarili, nakasuot lang ako ng slippers tapos naka suot pa ng pajamas. Hindi na mahalaga ang itsura ko ngayon at gusto ko makaabot sa tamang oras, naligo naman ako bago matulog kagabi!

"Naku, mukhang di tayo aabot ah." Napalunok ako sa kaba dahil sa sinabi ni Sj.

"Ako bahala, aabot yan." Sabi ni Iris at mas binilisan ang pagpapatakbo ng sasakyan.

Nagpapasalamat ako at walang traffic sa daan, himala kasi dapat sa mga oras na ito ay mahaba na ang traffic sa kalsada pero bakit parang kami lang ang sasakyan na dumadaan ngayon dito?

"Pasalubong ko ha!" Kalabit ni Krystal sa akin.

"Plano nyo ba to?" Tanong ko sa kanila.

"Plano ba natin?" Nalilitong tanong ni Krystal sa kanila, wala rin pala siyang alam at nakikisabay lang sa trip nila.

"Hindi, plano ni Ziallyn to- kanina lang din kami sinabihan at gusto niya isama ka para ihatid siya." Agad na sagot ni Sj. Pambihirang kitten, akala ko kasi kasama niya pamilya paalis. Isa pa, pwede naman ako sabihan at bakit mga kapatid ko pa? Naalala ko marami siyang missed calls kanina na hindi ko nasagot.

"Pambihira." Pailing-iling na sambit ko.

20 minutes narating namin ang airport, may natitira pa akong oras at makakahabol pa. "Salamat!" Sigaw ko sa mga kapatid pagkababa ko ng sasakyan at tumakbo.

"Ingat ka! Pasalubong ha!" Sigaw nila habang kumakaway.

Ang dami ko pang pinagdaanan pagpasok ng airport , halos hindi na ako mapakali at kada minuto nakatingin sa aking suot na relo. Nakakailang din ang tingin ng mga tao dahil naka pajamas lang ako, kulay pink pa. Nasa departure area ako, nakita ko si Ziallyn habang pumapasok siya sa boarding gate. Tahimik akong nakatayo, hinahabol ang bawat hininga ko bago tumakbo papunta sa kanya.

"Ziallyn! Sandali!" Malakas na tawag ko. Nilingon niya ako at halatang nagulat, pero tumigil siya sa paglalakad.

"You actually came, I thought you weren't going to show up. But yeah... I hoped-hoped that, at the last minute, you'd come." Sabi niya, may halong lungkot at tuwa ang kanyang mga mata.

I stop just a few feet from her, breathing heavily but never taking my eyes off her. "Hehe, hello, kitten- sama ako." Humugot ako ng malalim na hininga at nginitian siya.

"Just woke up? You're still in your pajamas. You didn't answer my calls earlier, so I thought you weren't coming." Mabilis akong umiling sa kanyang sinabi at mas lumawak pa ang ngiti sa aking labi nang bigla niya yakapin ang aking braso.

"Ang hirap kapag wala ka, hindi ako makahinga." Pagbibiro ko ngunit inikutan lamang ako ng mga mata.

"Thank you for coming with me." Bulong niya bago ibinaba ang kanyang kamay at mahigpit humawak sa akin.

"Syempre naman kitten, lahat gagawin ko para sayo at isa pa bakasyon. I will spend my vacation there, kasama ka." Sagot ko sa kanya, hinila ko na ito dahil nakakaabala kami sa daan.

"Sounds good and works in my favor. Much better, so I can keep a close eye on you." Aniya sabay ngisi sa akin. Pareho kaming natawa ng mahina habang hawak kamay na naglalakad.

"Dapat bantayan ka rin no, mas ikaw ang dapat bantayan sa ating dalawa at maraming mga kokey ang umaaligid sayo." Napanguso akong bigla sa sinabi ko. Ganda-ganda ng mahal ko, hindi ba niya alam na maraming nakatingin sa kanya kanina pa?

Nagpakawala siya ng mahihinang tawa. Seryoso kaya 'yung sinabi ko sa kanya. Kung alam niya lang, wala ako balak humiwalay sa kanya.

Mahal na mahal ko itong pusa ko.

EPILOGUE

-

Late evening na, pero abala pa rin ako sa pag-sketch ng design para sa bahay ng client. Tahimik lang akong nagtatrabaho nang biglang bumukas ang pinto ng opisina. Si Ziallyn, halatang may inis sa mukha, lumapit sa akin.

"There are so many professionals with more experience, but why did that client choose you? And she's a woman, too? What's going on?" Taong niya, halatang hindi niya mapigilan ang inis.

Napabuntong-hininga ako at tumigil sa pagguhit. "Kitten, hindi ko naman kontrolado 'yun. Tinawagan lang ako, sinabing gusto nila 'yung approach ko sa design. Tsaka hindi naman porket hindi pa ako graduate, hindi na ako capable."

Lumapit siya, naka-cross arms, at mas lalo pang bumigat ang tingin niya. "I know you're good at what you do, but why couldn't she wait until you finished school? And the fact that she's a woman-don't you see why that bothers me?"

Tumayo ako at hinarap siya. "Kitten, trabaho lang 'to. Wala akong ibang iniisip kundi matapos 'yung project nang maayos. Ano bang ikinaseselos mo? Wala naman 'yun."

Napansin kong humina ang boses niya at umiwas siya ng tingin. "It's not jealousy... I just don't want people to take advantage of you or pressure you. It feels like they're dismissing all the effort you've put into your studies."

"Alam kong iniisip mo lang ang kapakanan ko, at na appreciate ko 'yun. Pero kaya ko 'to, promise. Wala kang dapat ipag-alala sa client ko. Sa'yo lang ako." Hinawakan ko ang kamay niya, tinitigan ko siya nang seryoso bago ito dinampian ng halik.

"I hope so. But you did say it yourself... you're mine. That's why I can't help but worry sometimes." Napabuntong-hininga siya pero tumingin din sa akin, mas kalmado na.
Ngumiti ako at hinila siya sa isang yakap.

"Ikaw lang naman ang mahalaga sa'kin, Kitten. Trabaho lang 'to, pero ikaw ang pahinga ko. Okay na ba 'yun?"

Narinig ko ang mahinang tawa niya bago siya umiling. "You're something else. Fine, I'll let it go. But if another woman calls, you better tell me right away, okay?"

"Yes, General Ziallyn. You're the boss." Natawa ako sa ginawa ko at hinila siya upang yakapin.

"Just so we're clear, I'm not saying I don't trust you. It's them I don't trust." Nanatili siyang nakayakap sa akin nang saglit bago siya umatras, pero nagbalik ang seryosong tingin niya.

Tinaasan ko siya ng kilay, natatawa. "Sila? Parang lahat ng babae, gusto mo nang kalabanin."

"Well, you're talented, you're hardworking, and you're... let's just say you're easy on the eyes. People might get ideas." Sabi niya habang naka krus ulit ang mga braso.

Hindi ko napigilan ang tumawa. "Kitten, sobra kang mag-isip. Hinahire nila ako dahil sa mga design ko, hindi dahil sa mga ini-imagine mo."

"Oh, really? And what about that time your classmate... what's her name-kept asking for your HELP with her assignments just so she could sit next to you for hours?" Tumingin siya sa akin, nagtaas ng isang kilay.

"Iba naman 'yun. Hindi siya kliyente, at saka, ikaw nga ang tumapos sa isyu na 'yun, di ba?" Napakamot ako sa ulo, pilit na pinipigilan ang ngiti. Paano niya alam 'yun? Si Kitten, palihim akong binabantayan.

"Exactly, and I'll do it again if I have to."Ayaw niya talaga magpatalo.

"Hindi ka talaga magpapatalo, ano? Sige na nga, para lang hindi ka mag-alala, update kita sa bawat hakbang ng project na 'to. Masaya ka na?" Umiling ako, natatawa.

Kunwari pa siyang nag-isip bago tumango. "Fine. But don't forget, you owe me dinner for making me worry like this."

Nagtaas ako ng dalawang kamay, hudyat na sumusuko sa kanya. "Deal. I'll even cook. Just promise me you'll stop worrying about this client, okay?" Sagot ko.

"No promises. But I'll try." Inikot niya ang mga mata niya, pero ngumiti.

I watched her as she sat down on the couch, scrolling through her phone, and I couldn't help but smile. She may be overprotective, but that's just her way of showing she cares.

Bumalik ako sa trabaho, naramdaman ko ang tingin niya sa akin. "By the way," sabi niya, casual kunwari pero halata ang tono niya, "what's the client's name?"

Napahinto ako saglit bago sumagot. "Mia ang pangalan niya."

"Mia, huh? Cute name. I think I'll join you the next time you meet her." Tinaasan niya ako ng kilay.

I sigh, shaking my head. "Here we go again."

Tumawa siya nang malakas, at kahit na pinagalitan niya ako kanina, napatawa na rin ako. Ganyan si Ziallyn-overprotective, pero sa totoo lang, kaya ko siya lalong minamahal.

-

Kinabukasan, nakipagkita ako sa aking kliyente pagkatapos ng klase. Habang tinatalakay namin ang mga detalye ng design, hindi ko maiwasang mag-isip tungkol sa nangyari kagabi. Ang mga salita ni Ziallyn ay patuloy na umiikot sa aking isipan, at kahit na alam kong wala siyang masamang intensyon, may bahagi sa akin na nag-aalangan.

"Okay lang ba sa'yo kung magdagdag tayo ng konting modern touch sa bahay?" Tanong ng kliyente, na nagpapaalala sa akin na kailangan ko rin mag-focus sa trabaho.

"Oo, pwede nating gawing mas contemporary ang mga linya ng design, kung gusto mo." Sagot ko, tinatanggal ang mga alalahanin mula sa aking isipan at muling tumutok sa proyekto.

Biglang dumating si Ziallyn ng hindi ko inaasahan. Umupo siya sa tabi ko at tinaasan ng isang kilay ang

kliyente ko. Halatang may hindi magandang nararamdaman, ngunit sinubukan niya itong itago sa pamamagitan ng pagpapanggap na hindi siya interesado.

"Zia,"

"Zia?" Taas kilay na sabi niya

Nagulat ako at napalunok ng biglang dumapo ang paningin ni Ziallyn sa akin. Tinanong ng kliyente kung sino ang dumating, at sasagot na sana ako nang biglang naging mas mataray ang pakikitungo ni Ziallyn sa kliyente ko.

"I am her fiancee." Sabi ni kitten, sabay tingin sa kliyente na may kasamang matalim na ngiti.

Ang kliyente ko ay parang naguguluhan, tumingin sa akin at nag-aalangan. "Oh, I see." Sabi nito, ngunit halata ang pagka-tense sa tono.

Ngumiti ako at pinagaan ang pakiramdam. "Ah, sorry, this is Ziallyn Ponferrada, my girlfriend. Sorry sa abala," sabi ko sa kliyente, sabay hiling ng maliit na ngiti kay Ziallyn upang ipakita na kontrolado ko ang sitwasyon.

Tumingin si Kitten sa akin, medyo matigas pa rin ang ekspresyon, pero hindi na ganoon kabigat ang tensyon sa pagitan namin. Ang kliyente ko naman ay napangiti ng konti at nagbigay ng isang magalang na pagtango.

"Nice to meet you, Ziallyn," sabi ng kliyente, halatang gustong pagaanin ang usapan. "Naisip ko lang kung may kailangan ka." Aniya nito kay kitten.

"I don't need anything. I'm here for my donkey." Medyo strikta na pagkasabi ni Ziallyn, at napakagat ako ng labi. Ngayon lang ulit niya ako tinawag na donkey, at hindi ko maiwasang makaramdam ng konting hiya.

"Pasensya na, saan na nga ulit tayo? Ah, may kailangan ka pa bang gusto na idagdag ko sa design?" Tanong ko, medyo kinakabahan na, para matapos na ang meeting namin.

Tumitig si Ziallyn sa akin, pero hindi siya nagsalita. Ang kliyente naman, medyo nag-aalangan, pero nagpatuloy sa pagsusuri ng mga detalye ng design ko. "Wala na naman siguro, mukhang okay na lahat. Salamat." Sabi ng kliyente, halatang natutuwa na matutuloy na rin ang pag-uusap.

Huminto ako saglit, huminga ng malalim, at tinulungan siyang magdesisyon. "Okay, kung walang ibang changes, I'll finalize this design and send it over." Sabi ko.

Si kitten, nakatingin pa rin sa akin, biglang ngumiti, at tumango. "Nice . I'm just here to make sure no one gets in your way." sabi niya, at medyo nagpapakita ng kabiguan sa tono.

Napailing na lang ako at sabay ngumiti. "Now, can we please wrap this up?"

"Thank you."

Umalis ang aking kliyente at naiwan kaming dalawa ni Kitten, matamis ko itong nginitian at yayakapin sana nang bigla niya ako tinapunan ng masamang tingin.

"K-Kitten,"

"You told me she's a woman in her mid-30s, but wow, she looks like she's in her 20s." Sarkastiko niyang salita at mas lalong nagdilim ang ekspresyon sa kanyang mukha.

"Totoo naman po ang sinabi ko, 35 years old na si Mia-"

"Mia? No Miss? Too casual. Is that how you address your clients?" Humugot ako ng malalim na hininga at napapikit ng mga mata ng ilang segundo.

"Baby Kitten naman, huwag tayo rito mag-away please at maraming tao." Sinusubukan ko itong pakalmahin, pero mukhang mas lalo itong naiinis sa akin.

"Is that how working with peopl-"

"I love you! Okay?! Wala akong ibang gusto, ikaw lang!" Sa lakas ng boses ko ay napatingin na sa amin ang ibang mga tao.

Kinagat ko ang ibabang labi at nagyuko ng ulo, puro nalang siya duda sa akin, naiinis na ako, nagtatampo na ako. Papatak na sana ang luha ko dahil sa tindi ng inis nang marinig ko ang mahina niyang tawa kaya napaangat ako ng ulo sa kanya.

"Ha, hahahaha." Tuloy-tuloy siya sa pagtawa, tawa na halatang nag eenjoy siya. Nanatili lang ako sa aking pwesto, ilang sandali pa ay pinahid niya ang mga luha- luhang dahil sa sobrang tuwa.

"Hahahahaha, alright, come here." Tawag niya at hinila ang kamay ko palapit sa kanya.

Ngumuso ako at dahan-dahan siyang niyakap, panay parin ang kanyang tawa hanggang sa tuluyan na kaming magkayakap. Nakakainis, pero anong karapatan ko mainis kung kasiyahan ni Kitten ang kapalit? Wala nga pala sa dictionary ko ang salitang inis pagdating sa kanya.

"Why is my donkey pouting?" Tanong niya at hinagod ang aking likuran.

"Kasi inaaway mo ako, nagtatrabaho lang naman ako Kitten eh." Pabulong kong sagot at ibinaba ang mukha sa kanyang balikat.

"Fine. Fine. I'm sorry, stop pouting already." Sabi niya at naririnig ko parin ang mahinang tawa.

"Let's go, I'm here to pick you up. Did you forget that we have a gathering?" Umiling ako, hindi ko naman nakalimutan at balak ko nga siya sunduin after ng meeting ko sa client kaso dumating siya.

"Alis na tayo kitten, nahihiya na ako sa mga tao." Muli kong bulong.

Tumikhim siya at tinulak ng bahagya ang aking balikat. "I love you." Malamyos niyang salita bago ako halikan sa aking labi.

Bigla akong natulala, hindi alam kung ano ang magiging reaksyon lalo na at ginawa niya 'yun sa harap ng maraming tao. Namalayan ko nalang ang ngiti na gumuhit sa aking labi habang hatak-hatak ako ni Kitten palabas.

Pumunta kami sa rooftop bar, kung saan kami nag-inuman noon. Pagdating namin, kumpleto na ang mga kapatid ko at nandito na rin ang mga pinsan ni Kitten. Ang pamilyar na tunog ng tawanan at kwentuhan ay nagsimula, ang mga ilaw ng siyudad ay kumikislap sa ibaba. Tiningnan ko ang paligid, ini-enjoy ang masarap na pakiramdam, at naramdaman ko ang excitement na dahan-dahang namuo sa

dibdib ko. Matagal-tagal na rin mula nang magtipon-tipon kami ng ganito.

Nakatayo si Kitten sa tabi ko, ang kamay niya ay dahan-dahang dumaan sa kamay ko habang naglalakad kami patungo sa grupo. Binati kami ng mga pinsan ni Kitten ng mga malulugod na ngiti, at hindi ko maiwasang mapansin kung gaano siya ka-comfortable sa lahat ng tao.

"Akala namin hindi na kayo darating!" Biro ni Sj habang tumatayo para salubungin kami. "Kanina pa kami naghihintay!" Dagdag pa niya.

Tumawa ng bahagya si Kitten, at kumikislap ang mga mata. "Not this time." Sagot niya, habang tumingin sa akin ng may pilyang ngiti.

Pumunta kami sa table, at agad nila kaming pinaulanan ng mga tanong. Kaka-uwi lang kasi namin ni Kitten galing States, kaya halatang sabik silang makibalita. Habang nagkukwento ako tungkol sa mga nangyari doon-lalo na kung gaano ka-selosa si Kitten sa lahat-hindi naman ako tinantanan ng kantyaw ng mga kapatid ko.

"Grabe ka naman, Zi! Baka pati waiter pinagseselosan mo." Biro muli ni Sj habang tumatawa.

"Hayaan mo na," sagot ko, tumatawa rin. "At least alam mong mahal na mahal niya ako."

Napailing na lang si Kitten habang bahagyang namumula, pero alam kong gusto niya ang atensyon. Ang lahat ay nagtawanan habang tuloy-tuloy ang kwentuhan, at sa kabila ng kantyawan, ramdam ko ang saya at init ng pagtanggap sa aming dalawa.

Habang masaya ang tawanan at kantyawan, biglang tumahimik si Everleigh at seryosong nagtanong. "So, is it true? Are you really planning to go back to school as criminology students?" Tanong nito at bigla nalang umikot ang kanyang mga mata.

"Uy, kontra ka lagi sa gusto namin ah. Hayaan mo nga kami at trip ni- aray! Aray!" Hindi na natuloy ni Iris ang sasabihin dahil sa malakas na pagpisil ni Everleigh sa tenga nito.

Biglang lumapit si Kitten, mukhang may ibubulong kaya inilapit ko sa kanya ang aking tenga. "There's definitely something going on between them." Mahina niyang salita.

Marahan akong tumango. "Yeah, but they're so weird. Parang aso at pusa." Sagot ko at humagikhik ng patago.

Habang tuloy ang asaran nina Everleigh at Iris, napansin ko ang maliliit na tingin nila sa isa't-isa. Natawa na lang ako. Kahit na nagkakagulo, masarap pa rin sa pakiramdam na makita silang ganito ka energetic.

"Hey, wanna play ball?" Biglang aya ni Lorelei sa kanyang mga pinsan.

"I'll go. Stay here and have fun with your sisters." Sabi ni Kitten at tinapik ang aking balikat.

Tumango ako at nanatili sa table namin habang sumama si Kitten sa laro. Ang mga Demogons lang ang naglaro, habang kaming lima ay naiwan sa lamesa.

"Blooming na blooming ang donkey, inlove na inlove sa pusa niya HAHAHAHAHAHAHA." Biglang hagalpak ni Iris, parang siraulo to.

"Matagal na kayang ulol yan sa pusa niya BAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAH." Segunda naman nitong

isa.

"Pero masaya ako para sayo Aaar eeeL, kasi nahanap mo na 'yung para sayo. Halatang mahal na mahal ka ni Ziallyn, malaki nagbago sa kanya at ngumingiti na rin." Paglalambing ni Krystal at niyakap ang aking braso.

"Kasal nalang kulang." Patango-tangong salita ni Ag.

Mahina akong natawa dahil sa kanila, at nawala rin kaagad ang ngiti ng maalala ko muli ang isang tao.

"Shuta, lungkot na ulit siya." Sabi ni Sj.

Huminga ako ng malalim. "Naalala ko lang si Nerdy, hindi ko parin kasi matanggap ang lahat. Hindi man lang ako nakapag-paalam sa kanya." Mahina kong salita at kinuha ang inumin.

"T-Tara na nga! Sunod tayo sa kanila!" Nagpakawala ako ng isang buntong hininga dahil sa sunod-sunod silang umalis at pinuntahan ang demogons.

"R, may mga bagay talaga na mahirap tanggapin, pero alam naman natin na 'yun ang mas makabubuti." Nagulat ako, nandito pa pala si Ag.

Tipid akong ngumiti. "Alam ko, salamat sa inyo." Sabi ko.

Sumunod na rin kami sa kanila at nakita ang kitten kong may hawak na tako, nagulat ako at napangiti kasi hindi ko alam marunong pala itong maglaro ng billiard. Kinuha ko ang cellphone at palihim itong kinunan ng litrato mula sa kanyang likuran.

"Ganda talaga ng pusa ko kahit likod lang." Bulong ko sa sarili.

"Kitten, galingan mo!" Pag cheer ko sa kanya at saktong paglingon ay nakunan ko ulit siya.

Nagpatuloy sila sa paglalaro, kaming lima naman ay nanonood lang sa kanila- hindi mawawala ang pustahan kasi mga sugarol 'tong mga kapatid ko, syempre kay Kitten ako pumusta kaso natalo sila ni Lorelei.

"Ayos lang kitten, magaling ka parin para sa akin." Sabi ko nang makalapit siya.

"Let's go back." Aniya at itinabi ang tako.

Bumalik kami sa table namin matapos nilang maglaro, nagpatuloy sa kwentuhan at inuman hanggang sa lasing na ang halos sa kanila. Si Pie ayaw na lumayo kay Sj at panay na ang yakap sa kapatid ko.

Si Kathlyn naman ay abala sa pag-aalaga kay Krystal kasi panay na ang suka nito, loko-loko kasi si Iris, pinainom niya ng rum tapos ginawang chaser beer- ending biglang nalasing.

Si Iris? Ayun, ayaw na tantanan si Everleigh at kanina pa siya binubugbog. Ang lakas kasi mang asar, tapos ang kapal ng mukha para isigaw na may gusto ito sa kanya, ako 'yung nahiya.

Si Ag naman at Lorelei ay tahimik lang, minsan nag-uusap sila, but most of the time ay may mga sariling mundo lang sila.

"Gage, uy, uwi na tayo at mag aalas kwatro na ng umaga." Tawag ko sa kanila na may kanya-kanyang pinagkakaabalahan.

Hindi ko napansin ang oras, parang kanina lang ay alas onse pa tapos ngayon pagtingin ko ulit sa relo ay quarter to 4am na. Hindi naman kasi ako inaantok, hindi rin kami na bored dahil sa dami ng mga pinag-usapan at nag enjoy din talaga kaming lahat.

"Ughhh, nashushuka ako bleeeergh." Nasampal ko ang aking noo dahil si Krystal, hindi ko na mabilang pero nakakaraming suka na siya- malala pa dahil sa skirt ni Kathlyn sumuka.

"Ewwwwwwwww, Jeeeeey, look at your sister." Isa pa 'tong si Pie na lasing.

"Waaaaa, tubig!" Pambihirang Krystal, kumuha ako ng tubig at inabot kaagad kay Kathlyn.

Napansin ko na tahimik si Kitten, paglingon ko ay seryoso siyang nakatingin sa mga kasama namin at biglang ngumiti. Ang ganda-ganda ng pusa ko kahit sa anong anggulo tingnan, hindi halata sa mukha pero binalak ako sagasaan niyan. Hindi ako sigurado, pero malaki ang kutob ko na siya 'yung sa parking lot before.

"K-Krystal, stop moving. Let me wipe your face." Stress na si Kathlyn sa kapatid ko, halos mag lupasay ba naman si Krystal kaya nahihirapan ito.

"Pie, wet lungs naman at nahuhubaran na ako shuta."

"Maaaaaaaa'am, tulong, umiikot ang earth huhu." Pailing-iling nalang ako.

"Miss, ihahatid ko na si unggo-"

"NO." Halos sabay na sagot nila Everleigh at Kathlyn kay Iris.

"Hoy Miss, anong no? Unggoy ko yan oh, pagseselosan mo? Sabi ko na eh, may gusto ko sa ak- ah shit! Oo na, hindi na!" Napabuntong hininga ulit ako, ano pa ba? Edi nakatanggap ulit siya ng suntok kay Everleigh.

"Let me." Sabi ni Kathlyn, hindi naman siya lasing, hindi nga siya uminom sa pagkakatanda ko at panay bantay niya sa iniinom ni Krystal simula kanina.

"Uwi mo na yan sa bahay mo Athy, wag mo na ibalik BAHAHAHAHAHAHAHAHA."

"Hays, tara Kitten, alis na tayo at baka madamay tayo sa gulo nila d'yan." Sabi ko kay Kitten at kinuha ang gamit bago tumayo.

"Alis narin kami, umuwi na kayo ha!" Paalala ko sa mga kapatid at nag thumbs up lang sila.

"Duda ako, pero sige." Sagot ko bago binalingan si Kitten. "Tara? Alis na tayo hehe." Sabi ko sabay hawak sa kanyang kamay.

Paalis na sana kami ni Kitten mula sa party nang bigla siyang magsalita, "Gusto ko ng balut."

Napatingin ako sa kanya, litong-lito. "Balut? Ikaw? Hindi ka naman kumakain ng balut, di ba?" Gulat kong tanong.

Ngumiti siya nang bahagya, parang may alam siyang ako lang ang hindi nakakaalam. "Eh, gusto ko eh. Let's find some."

Alas kwatro ng madaling araw, bumaybay kami ng daan, hinanap ang bawat sulok kung saan may nagtitinda ng balut. Tahimik ang kalsada, ang lamig ng hangin ay humahampas sa mukha namin habang nakababa ang bintana ng sasakyan.

"Sigurado ka ba dito?" Tanong ko habang nagmamaneho, hindi mapigilang tumawa. "Baka wala namang balut ngayon." Sabi ko.

"May tiwala ako sa mga tindero ng balut," Sagot niya nang may kumpiyansa, sabay turo sa isang kanto. "Let's ask there."

Pumara kami sa isang maliit na pwesto kung saan may kaunting ilaw, at sa wakas, nakita namin ang hinahanap niya.

"See?" Mahina akong natawa dahil sa pagngisi niya.

Bumili kami ng apat na balut at bumalik sa sasakyan. Akala ko uuwi na kami, pero malapit na mag sunrise kaya dinala ko siya sa alam kong magandang spot kung saan matatanaw ang pagsikat ng araw.

"Kitten, dito ka- wait suotin mo jacket at malamig." Sabi ko sa kanya pagkababa namin ng sasakyan. Halos kalahating oras din byahe namin bago marating ang lugar.

"My balut?" Tawag niya.

"Oh here hahaha." Sabi ko at dali-daling kinuha ang kanyang balut na naiwan sa loob ng sasakyan.

Habang hawak niya ang isa, tiningnan ko siya, nagtataka. "So, paano mo ito kakainin? Sigurado ka ba?" Tanong ko.

Tumawa siya nang mahina, tinanggal ang shell, at sinimulan ang kanyang unang karanasan sa balut- ay una nga ba?

"I can do this." Pagpapalakas niya sa kanyang kalooban.

"Go, go, kaya mo yan!" Pag cheer ko sa kanya at palakpak.

Una niya hinigop ang sabaw, pero nang makita na niya ang kakainin ay bigla siyang napalunok ng pilit. Gusto ko tumawa pero pinigilan ko talaga ang sarili, baka masapak ako ng wala sa oras. Habang kinakain niya ito, ay may pagkakataon na gusto niyang isuka pero pinilit parin, hindi ko mapigilang mapangiti nang makita ang kanyang luha. Hindi dahil sa balut, kundi dahil sa mga simpleng moment tulad nito na pinapaalala sa akin kung gaano ka-espesyal si Kitten.

Habang ngumunguya si Kitten, napapangiwi siya pero pilit na ngumingiti. "Not as bad as I thought," sabi niya, kahit halatang nagpipigil isuka.

Napailing ako, natatawa. "Hindi mo kailangan pilitin kung ayaw mo talaga. Ano bang pumasok sa isip mo at bigla kang naghanap ng balut?" Tanong ko.

Tumingin siya sa akin, hawak pa rin ang balut, at ngumiti. "I don't know. Maybe I'm just curious. I always hear people say it's delicious, so I thought, why not try it with you?" Nagpapakilig pa si Kitten, hays.

Tumawa ako, sabay kuha ng balut mula sa kanya. "Hay nako, next time, sabihin mo agad para di tayo maghanap sa dis-oras ng gabi. Pero sige, titikman natin 'to together." Sabi ko.

Binuksan ko ang balut ko at sabay kaming kumain. Sa bawat kagat, panay ang tawa ko habang iniirapan niya. "Don't laugh at me! At least I'm trying!" Sabi niya habang umiinom ng soft drink para mabawasan ang lasa.

Matapos naming ubusin ang balut, napansin ko ang saya sa mga mata niya, kahit pa medyo pilit ang pag-kain niya kanina.

"It turns out that our early morning ride was worth it after all." Sabi niya, sumandal sa akin at tumingin sa dagat.

"Oo, worth it kasi kasama kita," sagot ko, nginitian siya.

Sa simple at unexpected na moment na 'yun, parang naging mas espesyal ang gabi. Minsan talaga, ang mga hindi planado ang nagiging pinaka-memorable.

"It's yucky." Maarte niyang sabi pero tapos na, nalunok na niya lahat eh.

"Isuka mo nalang." Natatawa kong sagot.

"Silly, no."

"Ganda no? Tahimik pa tapos maganda ang tanawin." Sabi ko bago isandal ang aking ulo sa kanyang ulo.

"Kitten, naiisip mo na ba ang future kasama ako? Pangarap mo ba magkaroon ng anak sa akin? Kasi ako, gusto ko, naiimagine ko ang isang pamilya kasama ka at mga anak natin, kahit hindi perpekto, basta masaya." Malambing kong salita at nilaro ang kanyang mga daliri.

"Well, I haven't really thought about it fully," sagot niya, tumingin sa akin at ngumiti. "But when I'm with you, I start to believe that some things could happen. I want that too, but I'm scared of things I'm not ready for yet."

Napansin ko ang pag-aalangan sa boses niya, kaya't sinubukan kong magbigay ng kasiguruhan. "Hindi kita pipilitin, Kitten. Gusto ko lang malaman kung gano'n ka rin. Hindi ko rin alam lahat ng magiging hirap, pero ang alam ko lang, gusto ko itong subukan. Gusto ko maging pamilya tayo."

Huminga siya ng malalim bago sumagot. "Sometimes, I wonder if I can give everything a family needs, especially when it comes to kids. I want us to help each other, but I'm scared of making mistakes."

Hinawakan ko ang kamay niya, at pinisil ng maingat. "Hindi natin kailangan ang maging perpekto. Ang mahalaga, magkasama tayo, magtutulungan, at matuto sa bawat hakbang. Hindi ko kaya mag-isa, pero sigurado akong kaya nating dalawa."

Tumahimik siya saglit, ngunit kitang-kita ko sa mga mata niya ang pagninilay. "Maybe I can too, as long as you're with me. I might be scared, pero hindi ko kayang hindi subukan."

Ngumiti ako, at naramdaman ko ang gaan ng pakiramdam. Ang mga salitang iyon ni Kitten ay sobrang halaga sa akin. Pinisil ko ang kamay niya bilang pag-kumpirma.

"Nasa tabi mo ako, Kitten. At magiging kasama mo ako sa lahat ng bagay. We don't have to have it all figured out now, we just have to take it one step at a time, together." Sabi ko.

Tumango siya at ngumiti ng bahagya, may munting saya sa kanyang mga labi. "Yeah... one step at a time. As long as we're together, I think we can handle anything." Sabi niya.

Ang katahimikan na sumunod ay naging komportable, 'yung klase ng katahimikan na nararamdaman mo lang kapag lubos kayong nagkakaintindihan..

"Masaya akong napag-usapan natin ito," sabi ko pagkatapos ng ilang sandali. "Mas magaan na 'yung pakiramdam ko, knowing na pareho tayo sa nararamdaman."

Ngumiti si Kitten ng malumanay, ang mga mata niya ay malambot. "Me too. And no matter what happens, we've got each other's back, right?" Tanong niya.

"Palagi." Sagot ko, at dinampian ng halik ang kanyang palad.

"Hala, wait, ayan na." Sabi ko sa kanya at excited na bumalik sa loob ng sasakyan upang kunin ang camera. Bago ako bumalik ay kinunan ko ulit ng litrato si Kitten, napangiti ako habang tinitingnan ang litrato, may maitatago ulit akong treasure mula sa kanya.

Makalipas ang mahabang oras ng paghihintay, unti-unting umangat ang araw, at ang ganda ng tanawin. Ang mga unang sinag ng araw ay dahan-dahang sumilip mula sa likod ng mapayapang karagatan, habang ang kalangitan ay unti-unting nagiging kulay ginto at kahel. Habang tinitingnan ko ang tanawin, naramdaman ko ang katahimikan at ang lamig ng hangin na dahan-dahang humahaplos sa aking balat.

"It's so beautiful," bulong ni Kitten sa tabi ko, ang mga mata niya ay naglalakbay sa malawak na kalangitan.

Ngumiti ako at tumingin sa kanya, "Oo, parang lahat ng problema at pagod ay nawawala kapag ganito ang tanawin."

Tahimik kaming nagmamasid sa umaga, nagkakaroon ng mga sandaling hindi kailangan ng maraming salita, dahil sa mga simpleng bagay tulad nito, natututo kaming magpasalamat sa bawat pagkakataon at sa bawat saglit na magkasama kami.

"You know what, when I first met you, hindi ko inakala na ikaw pala ang magiging end game ko. But here we are, and now I know-I am exactly where I'm meant to be. You are my heart, my home, my forever. Every day with you is a gift, and I vow to never take that for granted. I promise to love you through the quiet mornings and the wild nights, through laughter and tears, through everything that life brings. I will always be here, loving you more than I ever thought possible. With you, forever isn't long enough." Malambing kong salita, walang nagbago at sa tuwing kasama ko ito ay mas lalong lumalakas ang tibok ng aking pusa.

Her eyes soften, and I can see the love reflected in her eyes. Her hand reaches up to touch my cheek, and she speaks tenderly and full of emotion.

"From the very first moment I met you, I felt something change inside me. You've filled my heart in ways I never knew it could be filled. I never imagined a love like this, so pure and so deep. I vow to love you endlessly, to cherish every moment we share, to hold you when you're afraid, and to laugh with you when you're happy. I promise to always put you first, to build a life with you filled with kindness, laughter,

and love. I'll be your safe place, your home, just as you are mine. With you, I've found everything I've ever wanted, and more. I'll love you, today, tomorrow, and for all the days of our forever." Buong lambing niyang sagot sa sinabi ko.

Bigla akong naluha sa harap niya kaya agad niya pinahid ang aking mga luha. Sino ang mag aakala na ang babaeng inakala ko na malabong mamahalin ako- ngayon ay mahal na mahal ako.

"Why are you crying?" Tanong niya, ngunit nakikita ko ring lumuluha na siya. Ang kanyang mga mata ay puno ng emosyon, at ang mga luha na dumadaloy sa kanyang pisngi ay tila nagsasalita ng hindi niya kayang ipahayag na salita.

"Hindi ko alam... siguro, dahil natatakot ako na mawala ka. O baka dahil sa sobrang saya ko na nandiyan ka pa. Ang dami kong nararamdaman, at hindi ko kayang ipaliwanag." Sagot ko habang pinapahid ko ang luha sa aking mga mata.

Napakunot ang noo niya at hinawakan ang aking mga kamay. "I won't leave you. I can't lose you. I don't know what's going to happen to us, but as long as we have the chance, I won't waste it." Puno ng lambing na sabi niya.

A flashback filled my mind, remembering the hardships I endured just to have her by my side. Every obstacle, every challenge we faced together, replayed in my thoughts-the moments of doubt, the tears, and the sacrifices. But through it all, we stood strong, and now, looking at her, I realized that every struggle was worth it. We've come so far, from the very first moment we met, until now, and I knew deep in my heart that everything we went through only made us stronger, and our love even more unbreakable.

"I love you, Kitten." Bulong ko at dahan-dahang hinalikan ang labi nito.

Naramdaman ko ang pag ngiti niya sa pagitan ng aming mga labi bago marinig ang salitang kay sarap pakinggan sa tenga.

"I love you so much, Love." Buong puso niyang salita at muling sinakop ang labi ko.

And with those simple yet profound words, the journey continued, a love story sealed in the quiet moments between the two of us. The end-yet, in reality, it was just the beginning of everything.

THE END.

Author's Note:

And so, the story of Ziallyn and Rochelle comes to an end. I am beyond grateful for every moment of this journey we've shared. I did consider extending it further, but I truly believe this ending is the best for them. I didn't want to risk ruining the flow of the story, and sometimes, it's better to leave things as they are when they feel right.

A huge thank you to everyone who supported and loved the Donkey and Kitten couple. Your love and encouragement have meant the world to me, and I'm so thankful for all of you. This isn't the end of our bond, just the end of this particular chapter. I hope Ziallyn and Rochelle will continue to hold a special place in your hearts.

Thank you for being part of this beautiful journey! ?